??2 : ????? ??? ??? (?x?)

by Mastah_K

Completed


MASTAH_K
Light The Way
A WATTPAD NOVEL

Table of Contents

1. HELLO!
2. CHAPTER 1
3. CHAPTER 2
4. CHAPTER 3
5. CHAPTER 4
6. CHAPTER 5
7. CHAPTER 6
8. CHAPTER 7
9. CHAPTER 8
10. CHAPTER 9
11. CHAPTER 10
12. CHAPTER 11
13. CHAPTER 12
14. CHAPTER 13
15. CHAPTER 14
16. CHAPTER 15
17. CHAPTER 16
18. CHAPTER 17
19. CHAPTER 18
20. CHAPTER 19
21. CHAPTER 20
22. CHAPTER 21
23. CHAPTER 22
24. CHAPTER 23
25. CHAPTER 24
26. CHAPTER 24.1
27. CHAPTER 24.2
28. CHAPTER 24.3
29. CHAPTER 24.4
30. CHAPTER 24.5

31. CHAPTER 24.6
32. CHAPTER 25
33. CHAPTER 26 - LIGHT ?
34. CHAPTER 27
35. CHAPTER 28
36. CHAPTER 29
37. CHAPTER 30
38. CHAPTER 31
39. CHAPTER 32
40. CHAPTER 33
41. CHAPTER 34
42. CHAPTER 35
43. CHAPTER 36
44. CHAPTER 37
45. CHAPTER 38
46. CHAPTER 39
47. CHAPTER 40
48. CHAPTER 41
49. CHAPTER 42
50. CHAPTER 43
51. CHAPTER 44
52. EPILOGUE

HELLO!

Kindly read first:
FAVORITE GIRL (COMPLETED)

PU SERIES:
LIVE,LOVE,LAUGH (COMPLETED)

- - -

This is a work of fiction. All names, events, places, and everything included in this story are purely the product of the author's imagination. Any resemblance to any real names, places, or events are purely coincidental. Please excuse any grammatical errors, spelling mistakes, typos, and other errors that may have been unintentionally included.

PS: tambay tiktok ako kaya wag na magtaka kung nakikisabay sa trend.

? Thank you.

- - -

CHAPTER 1

AN: Salitan pagbasa nito sa (PU3) hindi ko rin alam ano pumasok sa utak ko, pero okay lang din naman kung tuloy-tuloy since mababasa nyo naman kay Iris,

*

Krystal Bern

-

CCB

SJ
Na enroll na kayo mga tanga?

IRIS
Tapos na.

AG
Done?

TANVI
Today, hindi man lang kayo naghintay.

RL
Mamaya pagkatapos ko maihatid si kitten sa office n'ya.

SJ
Congrats new CEO na bebe mo, pa burger ka naman donkey!

IRIS
Ou nga! hala what if ano kaya no. Baka may mahanap na bagong boylet si Ziallyn tapos iwanan ka? ?

TANVI
Balita ko nililigawan s'ya nong anak ng S&K clothing line. Ang pogi pa naman no'n R, baka talaga isang araw wala ka nang kitten na mabubungaran.

SJ
BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.

RL
Tangena n'yo. Hindi ako ipagpapalit ni kitten sa mukhang palaka no. Mas pogi ako do'n!

AG
Pogi ka because?

LOUIS
Feel n'ya lang maging pogi.

RL
Gusto mo barilin kita ulit louis?

SJ
Bahahahahaha goods yan! btw, asan ba si keybold ha? Hello horsey ko, where is you? Here is me, yes we happy.

IRIS
Me speak no english, bleeding is my nose.

AG
???

TANVI
HAHAHAHAHAHAHAHAHAA.

KB
Hindi pa ako nakapag enroll.

SJ
Kakausapin namin bukas parents mo, don't worry my horsey. ?

KB
Gusto ko na umalis sa pamamahay na 'to. ?

SJ
Yan lang ba? tara na at dito ka na tumira sa amin, kulang kami maids.

AG
? Go kb.

IRIS
Wala naman alam yan! ?

KB
Manahimik ka Iris, baka sugurin kita jan sa inyo. Ngayon nyo na kausapin dahil aalis sila bukas.

SJ
Ay talaga? sige wet mo kami jan.

IRIS
Okay cumming na ako keybold.

AG
Almost climax na.

TANVI
Mga gago! ?

LOUIS
Sige ingat kayo. ????

Pinatay ko na ang cellphone at bumaba sa sala. Stress na masyado ang beauty ko sa pamamahay na 'to. Lahat ng gusto kong gawin kailangan pa ipaalam sa kanila. Sayang lang talaga ganda ko at ang unfair ng treatment sa akin.

Why are you wasting your time.
Huwag mo ako ma english-english Bern, kasalanan mo na naman kaya napagalitan ako. Ubos na talaga ang brain ko sa'yo.
You're so stubborn.
Alam ko okay? stubborn na maganda at sexy, huwag kang makikialam mamaya ha. Mouth your shut up okay?
Shut your mouth.
Alam ko! same lang naman sila duh.
Your fiance is here, I don't like him. You know what, why not just kill him?
At talagang gagawin mo pa akong killer?
You have already killed tons of people.
Ikaw 'yon at hindi ako.
I ***am you.***
Shut up ka nalang please my brain is lagging.

"Krystal, Troy is here." ano bang pakialam ko kung nandito sya? Gusto nila magpadasal ako sa kanya? Hindi ko ito pinansin at naupo malayo sa kanya, sinisira talaga nila mood ko kaloka.

"Okay, so?" ayaw nila akong tigilan, bakit pinipilit nila ako magpakasal sa lalaking hindi ko lubos na kilala. Dahil lang sa negosyo at pera nagagawa nilang ibenta anak nila? Kung alam ko lang sa ganitong magulang ako mapupunta ay mas pipiliin ko nalang ang mag-isa.

"Krystal! umayos ka sa bisita-" naririndi ako sa boses ng ina ko, gusto ko na lumayas sa pamamahay na to at walang kwenta mga tao.

"Bisita nyo, hindi ko bisita. Kung ang pag uusapan ulit natin ay tungkol sa kasal, huwag mo na ituloy. Wala akong balak at mag-aaral ako ulit." Araw-araw nalang ako mababadtrip dahil sa kanila. After graduation hindi na nila ako tinatantanan sa marriage proposal na sila lang ang masaya!

"Hindi ka na mag-aaral ulit!" bakit ba sila pa ang naging parents ko. Sa daming mabubuting tao sa mundo, bakit sa mga taong katulad pa nila.

Simula pagkabata ni hindi ko naramdaman ang salitang pagmamahal sa kanila. Ou, binibigay nila sa akin ang lahat ng mga gusto ko. Pero kahit na salitang *I love you* o *I'm proud of you* ay wala akong natanggap mula sa kanila.

"Pag aawayan ulit natin ang bagay na yan? Tinanggap ko ang gusto nyo na maging fiance ang taong hindi ko kilala. Tapos kahit 2 years course lang ayaw nyo pa ibigay sa akin?!" kaloka, stress na masyado beauty ko sa pamamahay na ito.

"Krystal hindi pwede dahil kasal na natin next year." ang kapal ng pagmumukha nitong torotot na 'to. Naririndi ako sa tuwing nakikita ang pagmumukha n'ya.

"Walang kasal na magaganap, at hinding hindi ako magpapakasal saiyo!" bulyaw ko sa kanya at marahas na tumayo. Nakakainis! sira na agad ang araw ko dahil sa mga bwesit na bagay na 'yan!

"Where are you going Krystal?!"

"Nandito na mga kaibigan ko, gusto ka kausapin. Paalisin mo na ang bisita mo at kahit anong pilit nyo sa akin ay hindi ako magpapakasal!" sa sobrang inis ay nasigawan ko na sila at isang malakas na sampal ang natanggap ko mula sa aking magaling na ina.

"Ayan ba ang nakuha mo sa mga kaibigan mo?!" at talagang dinadamay n'ya pa sila sa gulong ito?

"Kung tatanungin mo ako, mas gusto ko pa sila maging pamilya kaysa pamilyang Miller na walang ginawa kundi ang pahirapan ako! Ugh, fuck you!" galit kong sigaw at tumakbo paakyat ng kwarto habang nagpupumas ng mga luha ko. Ang malas ko sa lahat, wala na yata magandang mangyayari sa buhay ko.

Isang oras na akong nagkukulong sa kwarto hanggang sa narinig ko ang mga boses nila sa labas, mabilis akong tumayo upang pagbuksan ang mga bruha.

"Hoy horsey, magbihis ka na at pupunta tayong school." biglang naglaro ang inis ko kanina ag napalitan ng tuwa, mabilis ko niyakap si babe at pinaulanan ng halik ang kanyang mukha.

"Waaaaaaaa thank you babe, kayo talaga guardian demons ko." sabi ko at sabay na nakipagtawanan sa kanila.

"Oh, kalma ka lang horsey, sabi ko naman sayo na kami ang bahala sa kanila." sabi ko na eh, lahat magagawan ng paraan pag sa kanya ako humingi ng pabor.

"Dalian mo na keybold hoy, o gusto mo bihisan pa kita?" nanindig balahibo ko sa pagpresenta ni Iris. Pangit hmp.

"Yuck no, over my gorgeous body!" sinarhan ko na sila ulit ng pinto. Nakaligo na ako kanina kaya magpapalit nalang ako ng damit.

Are you seriously gonna wear that?
Bakit ba? ano na naman ba ang mali?
You have no taste in fashion.
Anong mali sa suot ko? saan ba ako pupunta at sa school lang naman ha.
Maganda naman ako kahit naka sweater, trousers, slip ons at bag lang ako!
Whatever.

Isa pa 'tong si Bern, dagdag din sa problema ko dahil minsan hindi kami nagkakasundo tulad nalang ngayon sa suot ko. Kalerkey!

"Hoy keybold ang tagal mo!" atat masyado ang mga bruha hindi pa nga ako tapos sa pagpapaganda!

"Dalian mo na! wag ka na mag make up, wala ka nang pag-asa gumanda horsey!" maganda ako kahit walang make up no. Nag apply nalang ako ng foundation at ginamit ang favorite kong pink lipstick. Ayoko ng heavy make up at okay na light lang.

"I'm here na mga bruha." tawag ko pagkabukas ng pinto.

"Naks, bagay ang wolf cut mo sa suot mo ngayon horsey. Pwede ka na maging top." anong top sinasabi ni babe? top sa pagiging payaso n'ya?

"Duh of course! dapat ako ang top sa lahat. Tara na at baka sumulpot na naman ang mga asungot." sagot ko bago e lock ang kwarto ko.

Pagtingin ko mula sa second floor ay nasa living room parin ang mother ko at si troy na walang lawit. Makakalayas narin sa bahay na 'to. Ramdam ko ang matatalim na tingin nilang dalawa sa akin habang pababa ng hagdan.

Maganda ako kaya dapat lang wala akong pakialam sa kanila, baka ma haggard na naman ang beauty ko kapag pinansin ko pa silang dalawa.

Galante akong bumababa ng hagdan kasunod ang ccb hanggang sa makarating na ako sa baba nang bigla akong nadulas. Punyeta at kamuntikan na naman ako mapahiya!

"May nakakatawa?" tanong ko sa kanila nang makarinig ng mahihinang tawa.

"Pft BAHAHAHAHAHAAHAHAHAH." inirapan ko nalang sila babe at agad na lumabas ng bahay. Alam at narinig ko na tinawag ako ni mommy pero duh, magsama sila ni torotot.

Kung gusto naman pala na masunod lahat ng mga gusto nila edi sana gumawa sila ulit ng anak para hindi ako ang binubwesit nila sa punyetang marriage na yan. Buti nalang walang traffic kaya mabilis kaming nakarating sa canpus. Ang daming late enrollees, sana hindi pa puno ang block nila babe para makasama ko parin sila palagi. Ayow ko mahiwalay sa kanila at nagkakasakit ako.

"Hoy may plano ako." tawag ni babe sa amin habang hinihintay ang schedule ko.

"Ano na naman plano mo ha babe?" baka ako na naman gusto n'ya pagtripan, kainis at ako nalang palagi.

"Gawa tayo club, diba sinabi ko na sa inyo before na may balak akong gumawa? But it needs 10 members, so kailangan natin ng teka..." putol n'ya sa sinasabi at nagsimulang mag bilang.

"Dalawa nalang pala kailangan, isasali natin sila hell, tanso at loli." loli? sinong loli ang tinutukoy n'ya.

"Loli? Pedo? hindi ko gets?" naguguluhang tanong ko. Kung anu-ano nalang kasi iniisip ni babe kaya nakakalito.

"Bobo ka horsey si Louis." sagot n'ya kasabay ang malakas na tawanan nilang apat. Mga baliw na siguro at tumatawa nalang ng walang dahilan.

"Krystal Bern?" tawag ni miss registrar sa loob.

"Present po." itinaas ko ang kamay kahit na kaharap ko lang pala s'ya.

"Nandito na ang schedule at subjects mo." kinuha ko naman ito agad at tinignan. Yaaaay! classmates ko parin sila!

"Ang saya mo horsey ah, ang ingay mo! yang bunganga mo." ang kj talaga ni babe, napasigaw kasi ako dahil sa sobrang tuwa.

"Ano ka ba babe, syempre masaya ako dahil magkakasama parin tayo!" nanggigil ako sa kanya kaya nahampas ko na naman ang balikat n'ya.

"Ou na horsey! tigilan mo kakahampas sa akin at masakit!" pinisil pisil ko nalang ang pisngi nito at pinalupot ang mga kamay sa kanyang braso.

"I'm done na, saan tayo pupunta?" tanong ko while resting my head on her shoulder.

"Mall tayo, kailangan ko bumili ng mga gamit. Ou nga pala at uuwi na ang kambals next week, may welcome party na magaganap tapos sabi ni lolo pumunta tayo." akala ko next month pa sila uuwi. Bakit napaaga naman yata ang pagbabalik nila?

"Excited ang Iris dahil makikita na n'ya ulit ang matagal na n'yang hinihintay." Napataas ang kilay ko nang makita kong nakatitig sa akin si Iris.

"Malandi." iritado ko s'yang sinagot at sinipa ang likod. Naiinis ako sa tuwing tinitignan n'ya ako bigla, tapos ngingiti na parang may binabalak na masama.

"Ano ba keybold! masakit ka manipa ha, baka nakakalimutan mo na isa kang kabayo!" Nag ngingitngit ang paningin ko sa kanya.

Pwede bang ipatumba mo nalang si Iris?
Now you want to kill your sister.
Hindi ka naman mabiro, kaya wala kang friends!
Why do I need a friend if I have you.
Sige na nga at kawawa ka naman walang nagmamahal sa'yo.
I don't need other people to love me. I'm an independent woman, unlike you.

"Pwede ba manahimik ka?!" kainis.

"Sinasabi mo keybold?" napalakas pala ang sabi ko?

"Kainis kasi si Bern!" sumbong ko sa kanila.

You started it, not me.

"Oh kailan n'yo pa nagawang makipag communicate sa isa't isa?" tanong ni babe, hindi ko nga pala nasabi sa kanila na malaya ko na s'yang nakakausap ngayon.

"Last year, stress na ang beauty ko sa kanya babe. Paano ko ba papatayin si Bern?" tanong ko sa kanya. Banta ko lang kay Bern yun dahil naiinis ako sa kanya.

"Hindi mo mapapatay 'yan, baka nga ikaw pa ang mawala dahil ang weak mo." wala man lang ba kakampi sa akin dito?!

"Sige magkampihan kayong lahat mga gago." bumitaw ako sa kanya at malakas na itinulak, sayang at hindi sumubson si babe.

"Alam mo keyboard, stress lang walang beauty. Wala ka naman no'n." alam ko na mahal nila ako pero hindi talaga maiiwasan na kamuhian ko sila panandalian dahil sa mga ginagawa nila sa akin.

"Lumayo ka nga sa akin Iris! pangit mo bwesit ka." bakit kaya mabilis akong mainis ngayon. Baka siguro malapit na naman ang monthly period ko. Daig ko pa naman buntis kapag nireregla.

"Ang init ng ulo mo horsey, gusto mo tanggalin natin 'yan para hindi ka na ma stress?" ayaw ko na, suko

na ako sa kanila at pinagtutulungan ako.

"Tantanan nyo nga si kb, stress na nga sa buhay binubully nyo pa." pagtatanggol ni R sa akin.

"Aaar eeeL, ikaw lang talaga kakampi ko sa grupo." sabi ko at lumipat sa kanya upang yakapin ang braso. Break muna kami ni babe, dito muna ako kay donkey today.

"Balik tayo sa topic kanina, may isa parin pala akong plano." anong topic ba tinutukoy ni babe.

"Teka mamaya na sa mall, nandito na tayo." nandito na pala kami sa parking lot.

Krystal, Dad wants to meet us tonight.
Bakit daw?
I don't know the reason yet.
Pwede taympers muna tayo sa spokening america mo pwede? ubos na braincells ko sa'yo kaloka.
Akala ko matalino ka?
Of course! pinagpahinga ko kasi muna pansamantala ang aking braincells.
Well, just don't forget tonight. I have to take your place.
Ha? anong place ba sinasabi mo, condo ko ba ang tinutukoy mo?
...
Hoy! Sumagot ka.
I mean we need to swap tonight.
Ay gaga ka, hindi mo naman sinabi agad. Wag na at gusto ko rin makausap si dad. Ako na ang bahala tonight, you just ano... hindi ko alam ang english no'n, basta stay put ka lang jan.

Papasok na sana ako ng sasakyan nang mapansin ko si ma'am, nakalimutan ko isauli sa kanya ang hiniram kong libro.

"Babe, una nalang kayo at susunod ako. May kailangan ako ibalik kay ma'am Kath," tawag ko sa kanya.

"Ganun ba? Sige, chat ka nalang pag nasa mall na mamaya." sagot nya at tumango ako.

Pinaalis ko muna sila ng tuluyan bago kinuha ang libro at tumakbo upang habulin si ma'am Kath, kaloka at bakit ako naghahabol sa kanya para lang sa isang libro kung pwede ko naman isauli sa kanya sa susunod naming pagkikita.

"Ma'am Kath!" sigaw ko sa pangalan nya nang makita ko ito.

"Ma'am!" hindi ba sya makarinig!

"Mommy!" kaloka, kailangan pa sya tawaging mommy para lang tumigil. Paglingon nya ay nagsalubong agad ang aming mga mata, malawak akong ngumiti habang papalapit sa kanya.

"Good morning, ma'am." bati ko at inabot ang libro. "Thank you po pala sa book, ibabalik ko na oh." dagdag ko saka inabot sa kanya ang makapal na libro.

Ang ganda niya talaga kapag ngumiti, tapos ang lambing ni ma'am. Hindi siya tulad sa ibang Ponferrada na bigla ka nalang tataasan ng kilay, hindi ko sinasabing sila ma'am Everleigh yun ha pero parang ganun na nga.

"Good morning, Krystal, why are you alone?" matamis nyang ngiti at kinuha ang libro.

"Kasi po ako lang mag-isa hehe." hindi naman yun pamimilisopo, sinagot ko lang ng tama.

"Where are your friends?"

"Umm, nagpunta po ng mall, susunod din ako kaagad after maibalik ang libro sayo." sagot ko at sinilip ang taong nasa likuran nya.

"Where's Smith?" napatingin na rin si ma'am Kath dahil bigla nalang sumulpot ang pinsan nya at hinahanap sa Iris, bakit niya hinahanap? Omg! don't tell me nilalandi rin ng manyakis na yun ang professor namin?!

"Si Iris po ma'am? Ah, nakita ko sa nursing department kanina at may kausap na babae. Siguro isa na naman sa mga nilalandi nya?" sabi ko at napaisip dahil pansin ko agad ang pag-iba ng ekspresyon nito sa mukha.

"Oh?" she scoffed.

Tumango ako. "Opo."

Bigla nalang itong umalis ng walang paalam at tinahak ang direksyon patungong nursing building. Halaka, paano nya makikita e wala naman don si empakta? Joke lang yun eh, pero mukhang susugurin nya? Patay kang Iris ka!

"Krystal?" nagising ako sa malalim na pag-iisip dahil sa pagtawag ni ma'am Kath,

"Po?"

"Umm," I tilted my head at naghintay sa sasabihin ni ma'am, may gusto ba syang sabihin sa akin?

"May kailangan ka ma'am, Kath?" tanong ko.

Para siyang hindi mapakali at hindi alam kung sasabihin o hindi. Haler, nahihiya ba sya? Sabagay at hindi naman kami ganun ka close ni ma'am Kath at ako lang tong palagi nangungulit sa kanya kapag nagkita kaming dalawa.

"Hmm, are you free?" yun lang ba? Akala mo naman may malaking problema sa tagal nya kung isipin.

"Ako po?" tanong ko at lumingon sa likod dahil ayaw ko maging assuming no. Wala naman tao sa likod ko kaya ako siguro?

"Yes, I'm asking you, Krystal,"

"Free naman po ma'am pero hindi po ako pwede magtagal dahil susunod pa ako sa mall para bumili ng libro." sagot ko.

"Oh, what a coincidence that I'm going to the mall as well. You want to go together?" tinignan ko sya ng nakakaduda, hindi naman sya mukhang pupuntang mall dahil may dala syang mga libro?

"Sige po, wala rin ako dalang kotse kaya ikaw nalang po sasakyan ko." nakita ko agad ang pagpula ng kanyang mga pisngi at kagat ng labi.

"Bakit ka namumula, ma'am? May nasabi ba akong masama o may masakit sayo?" tanong ko at sinuri

ang noo nya ngumit mas lalo itong pinamulahan.

"I-It's fine, pwede mo ba ako hintayin sa sasakyan?" sabi nya at marahan inalis ang aking kamay.

"Sige po, wag mo tagalan ha. Mauna na ako ma'am, bilisan mo po." sagot ko at agad umalis upang mauna sa sasakyan nya.

Ang sabi ko maghihintay sa sasakyan nya pero saan dito ang kotse nya sa daming nakaparada na magagandang mga sasakyan? Hindi ko kasi alam kung ano kotseng dala ni ma'am dahil araw-araw iba ang sasakyan niya. May schedule nga yata mga gingamit nyang sasakyan from monday to saturday.

"Krystal, what are you doing there?" napalundag ako dahil sa biglang tawag ni ma'am,

"Hinahanap ko sasakyan mo kanina pa ma'am kaso hindi ko naman alam kung saan dito ang kotse mo." sagot ko at itinuro ang mga nakaparadang sasakyan.

"Right here." awan ang labi ko matapos niya buksan ang pintuan ng kanyang sasakyan na nasa likod ko lang pala, kaloka at hindi ko alam tesla gagamitin niya ngayon.

Mabilis akong umikot sa kabila upang buksan na sana ang pintuan pero hindi ko alam kung paano? Kailangan ko pa ba sumigaw ng open sesame para lang pagbuksan ako?

"Ma'am, hindi ko alam paano buksan ang pintooooooooo." tawag ko at mahinang kinatok ang bintana, kapagkuwan ay bumukas ito ng kusa kahit wala akong gingawa.

"I'm sorry, get in." ngumiti lang ako at kaagad sumakay at nagsuot ng seatbelt. Pansin niya sigurong naiinis na ako dahil pati seatbelt hirap ako sa pagsuot.

"Let me help you." ngumuso ako at tumango saka sya hinayaan sa gustong gawin. Langhap na langhap ko ang mabangong pabango ni ma'am sa sobrang lamit ng mukha nya sa akin.

"Ang bango mo po, hindi masakit sa ilong ang pabango mo. Gustong-gusto ko ang amoy, ma'am." sabi ko at ngumiti sa kanya, pansin ko rin ang pagngiti nya pero saglit lang yun at mabilis din naglaho.

"Done."

"Salamat po."

Ayos namin ang naging byahe namin at tahimik lang kaming dalawa, siguro nag enjoy lang ako masyado sa musikang pinatugtog niya at hindi namalayang nakaidlip na pala. Ginising lang ako ni ma'am pagkarating namin ng mall, nakakahiya at nagawa ko pa matulog sa sasakyan nya.

"Krystal, can you wait for me for a little while? I'll just buy something inside." paalam nya sa akin.

"Sige po ma'am, dito lang ako maghihintay." sagot ko sa kanya bago ito tuluyan pumasok sa mamahaling brand na make-up.

Habang naghihintay sa kanyang paglabas ay nag chat na rin ako sa iba at tinanong kung saan sila banda kasi kanina pa ako tanong nang tanong wala naman sumasagot sa akin! Nakakainis, pag kalokohan ang bilis nila mag seen pero pag ako nag chat ayaw nila tignan!

Mahina kong tinapik-tapik ang aking noo dahil napagtanto ko na wala pala ako dalang pera, balak ko

lang sana manghiram kay Iris pero ang bruha! Bwesit siya at ayaw e seen message ko sa kanya!

OMG! muntik pa ako mapasigaw at talon dahil sa babaeng bigla sumulpot sa aking gilid. Hindi ko siya kilala at ngayon lang din kami nagkita pero bakit ganyan sya makatingin sa akin? Para bang may binabalak na hindi maganda.

"Excuse me, are you alone?" umiling ako at napalunok kasunod ang paghakbang paatras.

"May kasama ako nasa loob." turo ko sa pinasukan ni ma'am,

"Boyfriend?" mabilis akong umiling.

"Friend?" friend ba kami ni ma'am? Hindi ko alam kaya umiling nalang ulit ako.

"Alright, I have a favor, please?" she's like a puppy, begging for me. Kaloka, sa daming tao rito bakit ako pa nilapitan at anong favor? Duh, walang libre sa panahon ngayon.

"Ano yun?" tanong ko.

Biglang gumuhit ang mapanuksong ngiti sa labi nito bago ako niyakap sa isang braso. Kaloka, sa bilis ng kilos nito ay di ko na nagawang tumanggi. Ngayon ko lang din napansin ang mga babae nitong kasama, halaka oooo eeeem geeee ang gaganda!

"Girls, this is my girlfriend." naubo ako sa sarili kong laway at nanlalaki ang mga matang nilingon ang babaeng hindi ko naman kilala.

Kaya bago paman sila mauto nitong kaibigan nila ay umiling na ako kasunod ang pag angat ng dalawang kamay. "I am not her girlfr-" naputol ang aking pagsasalita nang bigla humarang ang babae sa aking harapan at hinawakan ako sa magkabilang pisngi.

"Dear, please? Just pretend to be my girlfriend. Ibibigay ko lahat ng gusto mo." napaisip ako bigla. Bakit niya kailangan magpanggap?

"Anything na gusto ko?"

"Yes." mahinang bulong niya.

"Okay, pero isang beses lang ha? Ngayon lang ako magpapagamit sayo. Wala ako dalang pera kaya bilang bayad bigyan mo ako, deal?" may anghel na pinadala si Papa Jesus kaya hindi dapat tanggihan ang grasya, hindi na rin masama ang deal namin.

"Deal." ngumiti siya at pinagsiklop ang kamay naming dalawa.

Hihilahin na sana ako patungo sa mga kasamahan nito nang biglang may malakas na sampal ang nagpatigil sa amin. I mean, may tumampal sa kamay nito kaya nabitawan ako. Pag angat ko ng ulo ay nakita ko si ma'am, madilim ang mukhang nakatitig sa babaeng girlfriend ko kuno.

"What are you doing to my student?" palipat-lipat ang tingin ko sa kanilang dalawa, bakit galit si ma'am at ang lamig ng boses nya huhu.

"Student?" tinuro ko kaagad ang sarili ko.

"Ako, hehe, professor ko kasama ko." sagot ko sa kanya at hindi naman ito mukhang gulat sa nalaman.

"YOU'RE HER PROFESSOR? Why do you care what I do with MY GIRLFRIEND? Who has more right to her - you or me?" haler, bakit pati kay ma'am sinabi nya ang tungkol dyan e labas na yan sa usapan!

"Girlfriend?" taas kilay na tanong ni ma'am sa babae bago ako tinignan. Ayaw ko na nga, sa kanya nalang yung pera at baka magalit pa si ma'am sa akin dahil sa pinagsasabi ng babaeng to.

"Alis na tayo ma'am, kailangan ko pa bumili ng books." hinawakan ko sya sa kamay at sobrang lamig ng palad niya. Hinatak ko na ito palayo bago pa lumala ang gulo, lilingon pa sana ulit ako dahil narinig kong tinawag ako nong babae pero hindi ako hinayaan ni ma'am at mabilis kinaladkad hanggang sa tuluyan ng nawala sa paningin ko yung mga babae.

"Ma'am, saan tayo? Bibili pa po ako libro?" pigil ko sa kanya dahil tuloy-tuloy lang ito sa paglalakad at nalagpasan na namin ang bookstore.

"Oh, I'm sorry."

"Ayos lang po, gusto mo sumama sa loob?"

"Alright." Wala kasi akong pera, kasalanan nya kung bakit naging bato yung pera na offer sana kanina kaya sa kanya nalang ako manghihiram.

Nauna ako pumasok at agad naman nya akong sinundan, hinanap ko ang RPC at ROC dahil required sa amin bumili nito. Kung hindi lang pala desisyon parents ko edi sana busy na ako ngayon sa pag review para sa nalalapit na board exam.

"Ma'am," tawag ko kay ma'am na abala sa pagtingin ng bagong release na libro.

"Yes?" lumapit ako sa kanya para bumulong, nakakahiya naman pag sinabi ko ng malakas at maraming makakarinig.

"Wala po ako dalang pera, baka pwede pahiram kahit 2k lang?" sabi ko at bahagyang umatras upang tignan ang reaksyon niya. Akala ko papagalitan ako ni ma'am pero bigla itong ngumiti ng pagkatamis sa akin.

"No need. I'll buy the books for you."

"Hala, totoo po? Bigay yan ha? Hindi utang?" pagklaro ko at mabilis siyang tumango.

"Yay! Thanks ma'am," sabay lahad ng isang palad ko ngunit sa halip na pera ay card ang inabot sa akin.

"Hehe, thank you po, wait lang." paalam ko at mabilis binayaran ang mga libro dahil baka magbago pa isipan niya.

Pagkatapos magbayad ibinalik ko rin sa kanya ang card, palabas na sana kami nang bigla namin nakasalubong ang mga hudas na hindi pinansin mga chats ko kanina pa. Nakakainis at ang mga mapang-asar agad na ngiti sa labi nila babe ang sumalubong sa akin.

"Shuta, nauna ka pa sa amin horsey. Wow, kasama mo pala si Athy," panandalian akong nag loading, omg! muntik ko na makalimutan Athy tawag nya kay ma'am.

"Duh, kung marunong ba naman sana kayo tumingin ng chats sa gc!" iritado kong sagot sa kanya at inirapan si Iris,

"Ano kasalanan ko sayo at nagtataray ka?" hindi ako sumagot sa walang kwenta nitong tanan at inikutan lang ng mga mata.

"Ay, keyboard, may sasabihin ak-"

"Ayaw ko makinig! Busy ako, tara na ma'am at hayaan mo yan sila." putol ko kay babe at hinatak palayo si ma'am. Ayaw ko sila makasama, dito nalang ako sasama kay ma'am at nililibre pa ako.

"Are you sure hindi ka sasama sa kanila?" tanong sa akin nong nakalayo na kami sa bookstore.

Binitawan ko ang kamay nya at huminto. "Sige, balik na ako sa kanila ma'am salamat sa libre." mabilis naman ako kausap no.

"N-No, wait!"

"Bakit po?" baling ko.

"Are you hungry?" ngumiti ako at tumango.

"Opo, libre mo ako?" haler, sino tatanggi da pagkain at libre.

Nginitian nya akong muli bago tinapik sa ulo at kinurot ang aking pisngi. "Alright, my treat."

"Hehe, syempre, wala akong pera eh." sabay pa kaming dalawa natawa. Ang baet ni ma'am, magkapatid sila ni ma'am Pixie pero medyo malayo ang ugali nila sa isa't-isa. Mabaet din naman kapatid nya pero mas mabaet ang kasama ko ngayon.

Dinala niya ako sa Starbucks at sya na rin ang nag order para sa akin habang ako matiyagang naghihintay at abala sa cellphone.

"Dear, you're here." tumigil ako sa paghinga nang may yumakap sa leeg ko mula sa aking likuran.

"Hello, nagkita ulit tayo, pero pakitanggal ng kamay mo at baka kung ano isipin ng professor ko." saway ko sa kanya, mabilis nya inalis ang kamay at tumabi sa akin.

"Why? May relasyon ka ba sa professor mo?" umiling ako.

"Wala naman pero mukhang ayaw nya sayo kaya lumayo ka nalang. Ikaw lang mag-isa? Asan mga kasama mo kanina?" itinuro nito kaagad ang mga kasamahan na nasa kabilang table lang pala namin.

"Ah, hello po." bati ko sa tatlo at kumaway sa kanila. Tinignan lang nila ako at hindi man lang nag-abala kumaway pabalik, hmp!

"What's your name? And saan ka nag-aaral?" tanong nito at sinundot ako sa ilong, kaloka.

"Krystal, sa PU ako nag-aaral." umarko ang mga kilay nito at tinignan ako una sa mata saka bumaba sa labi mo.

"PU, huh."

"Ikaw? Anong pangalan mo at nag-aaral ka pa ba?" tanong ko balik sa kanya.

"Krystal." sabay kami napalingon kay ma'am Kath, hindi ko namalayan nakabalik na pala ito.

"Ay ma'am-" bigla akong hinila sa ulo ng babaeng katabi ko.

"My name is Kathrina, Kath for short. Alright, I'll see you again soon, dear," bulong nito at ikinagulat ko ang mabilisan nitong pagnakaw ng halik sa pisngi ko.

Omg! Bakit ako hinalikan sa harap ng maraming tao?! Anong sabi nitong pangalan? Kathrina? Kath for short? Halakaaaaaa! Same name sila ni ma'am Kath! Napaigtad ako sa lakas ng pagkabagsak ng tray sa table namin. Wala na pala si Kathrina at nakabalik na sa table nila pero nakakatakot si ma'am Kath, bigla ulit nag-iba presensya nya.

"Ma'am, ayos ka lang po? Tignan mo oh, muntik na masayang mga pagkain."

"Yeah." bakit may pagka sarkastiko sagot nya sa akin?

Hindi nalang din ako kumibo at mukhang badtrip si ma'am, pero kahit ganun ay kumain parin ako no at sayang naman kung hindi ko uubusin tong mga binili nya para sa akin. Nag eenjoy ako sa pagkain pero pansin ko hindi nya ginalaw ang sa kanya, I asked her kung may problema o busog ba sya pero hindi naman ako sinagot at nanatili lang tahimik hanggang sa natapos kaming dalawa at pasya syang umalis na.

Dahil sa badtrip si ma'am sabi ko nalang mauna na sya at sasabay nalang sa mga bruha kong kasama. Ayaw ko rin itong abalahin masyado at mukhang nagmamadali na itong umalis. Kahit hindi ako pinapansin ay hinatid ko parin ito pabalik sa kanyang sasakyan at nagpasalamat sa ginawa nyang kabutihan.

After that hinanap ko ang mga baliw, kanina pa ako naiinis sa kanila dahil hindi man lang binuksan ang message ko sa groupchat! Kung hindi ko lang tinawagan si Ag ay di ko malalaman kung nasaan sila!

*

Kinagabihan ay nagtipon kami upang salubungin si dad, sabi kasi may bago siyang ipapakilala sa amin na kasamahan kaya medyo excited sila babe.

"Ano ulit gusto mong sabihin kanina babe?" tanong ko habang hinihintay ang paglapag ng eroplano ni dad,

"May balak ako, isa sa AKRIS ang tatakbo as student council." nahihibang na si babe at pati role ni Ziallyn noon ay gusto narin subukan.

"Sino naman ang isasali natin? Ikaw?" tanong ni Ag, ayaw ko tumakbo si babe as SCP at baka ano ang ipagawa sa mga estudyante kapag sya nanalo. Wala pa naman itong awa, si lolo nga palagi na nya dinodogshow.

"Si Keybold."

"What?!" napasigaw kaming apat sa sagot ni babe, ako na naman ang nakita nya para gawing katatawanan! kainis pwede naman si Ag total bagay sa kanya role na yan.

"Bakit ako? No! Never! stress na nga ang beauty ko sa buhay ko tapos ngayon gusto mong tumakbo ako as SCP?!" hindi rin naman ako mananalo kung magkakatotoo ang sinabi ni babe.

"Sige na keybold ayaw mo? experience din kaya yan tapos ikaw ang batas." alam ko mahina ang utak ko, anong batas sinasabi ni Iris? wala akong kakayahan sa mga ganyan.

"Kung gusto mo ikaw nalang Iris, gamitin mo pagiging malandi para sa campaign mo, gorabels." sila ang nakaisip dapat sila ang gumawa.

Why don't you try?
Busy ako na tao, no time, no time.
Busy? Aside from being a clown, what else do you do?
Basta busy ako! wag ka na kumontra okay? Kontrabida ka na masyado.
...

"Ayaw ko babe, si Iris nalang. Bahala kayo at ayoko sumali sa mga ganyan. Pwede rin na ikaw nalang sumali, mas maganda yun." suggestion ko sa kanya. Hindi siguro naisip na pwede rin naman sya tumakbo kung trip nya.

"Ay bobo ka horsey, tama tama! ako nalang ang sasali BAHAHAHAHAHA." nahihibang na talaga sya, walang duda.

"Ou ikaw na sumali, tapos bantaan mo mga students na hindi boboto sayo." ang ganda naman sobra ng payo ni Ag,

"Pwede! Pwede! BAHAHAHAHAHA."

"Hoy keybold, alam mo ba kung ilan nagkalat na mga bantay?" wala siguro magawa si babe kaya may binabalak nanaman.

"50, bakit? ano binabalak mo this time? Umayos ka nga at papalapag dad."

"Plano? Wala! may plano ba ako? wala no." walang plano pero kabaliktaran naman ang pinapahiwatig ng kanyang mga mata.

"Tumigil ka sa binabalak mo at baka makurot ni dad." ang lakas manermon ni donkey, isa rin naman sya sa mga nagpahabol last year.

"Wala nga BAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Nandito na." tawag ni Ag sa amin at itinuro ang papalapag na eroplano.

"Tara na."

Nasa baba kami habang hinihintay ang paglabas ni dad, sa likod naman namin ay ang mga bantay na dala. Napangiti ako nang makita ang paglabas nito, may kasunod syang dalawang babae at sino naman ang mga yan?

"Daaaaaaaaaad!" nag unahan kami sa pagtakbo palapit sa kanya.

"My children!" malakas na tawag nito at sinalubong kami ng mga yakap. Nakakamiss, ngayon lang siya ulit umuwi ng pinas!

"Tabi Iris!" sinipa ni babe si Iris kaya napaluhod ito bigla.

"Sj naman!"

"Nakaharang ka, dapat ako ang una yumakap sa kanya, don ka sa dulo gago." spoiled talaga masyado kaloka.

Pinauna ko na sila at wala ako balak makipag bardagulan sa kanila. "Krystal, anak ko." malawak ang ngiting nilapitan ako ni dad at niyakap ng mahigpit.

"Welcome back, Dad, we missed you."

"Hindi parin kayo nagbabago, may ginawa na naman ba kayo sa mga tauhan ko?" tanong nito sa amin na agad naman namin ikinailing.

"Sino sila?" tanong ni Ag, napalingon kami sa dalawang babaeng tinutukoy niti.

"Oh, come here." tawag nito sa dalawa.

"This is Maddyn and her twin sister, Naddyn. Makakasama n'yo na sila simula sa araw na 'to at sa paaralan n'yo narin sila mag-aaral." Infairness magaganda ang kambal.

"Halaka BAHAHAHAHAHAAHHAHAH."

"Wooooooooow ganda nila dad ha, galing mo talaga." umaandar na naman pagiging babaera ni Iris.

"Huwag tayo rito mag usap at may mahalaga akong ipapagawa sa inyo. Dumiretso tayo kaagad sa bahay." sabi ni dad kaya hindi na kami kumontra at mukhang mahalaga ang sasabihin nito.

Mukhang may mangyayari na naman.

CHAPTER 2

-

"So, anong dahilan umuwi ka?" tanong ni babe, himala isinantabi nya ang pagkain.

"May gusto ako ipagawa sa inyo."

"Kaming lahat po ba?" makapal na si tansan kung magsalita ngayon. Naalala ko nong una nya nakaharap si Dad, bigla sya nahimatay dahil sa takot.

"No, lima lang kailangan ko." Madali lang yan kung lima lang kailangan, pero bakit kami kailangan gumawa kung marami naman syang mauutusan na iba?

"Kaya na nila tanso tapos nong kambal yan dad," paladesisyon talaga si babe kahit hindi pa alam kung anong mission.

"Ano po gagawin?" tanong ni Louis.

"I need you to get something for me, a flashdrive. Tapusin nyo muna pagkain, mamaya natin pag-usapan." Yun lang pala gusto nya makuha at bakit kami pa kailangan gumawa? Sino kaya kalaban at bakit kinailangan pa bumalik ng pinas.

"Kaloka, dad, alam mo ba may sikretong tinatago sila Aaar eeeL at babe?" Kulang nalang matunaw ako sa mga titig nilang dalawa, pero oras na para malaman ni dad at ang tagal na nilang tinatago duh!

"Tinatago?" I nodded.

"May mga fiancee na po silang dalawa. Gulat ka no? opo hindi lalaki at babae ang mga kasintahan nila." diretso kong sagot dahilan upang mabulunan sya.

"Panira ka naman keybold! surprise nga sana tapos ibubulgar mo sa kanya bobo." inis na saad ni babe. Hindi naman ako na inform, sana sinabihan nila ako. Mga tanga!

"Wala na, hindi na surprise, thanks keyboard. " sabi ni R at isinandig ang likod sa upuan. Si Daddy hindi makapaniwala dahil sa gulat na rumehistro sa kanyang mukha. Akala nya siguro straight mga anak nya. Pwes nagkakamali sya dahil mga bakla sila.

"Mga bakla kayo?!" halos mabilaukan kaming lahat dahil sa pagsigaw nito.

"Ou Dad, hindi ko lang alam kung kilala nyo po ang family nila. Apo po ni Steve Ponferrada ang mga fiancee namin." walang halong kaba sagot ni babe.

"Steve Ponferrada?"

"Yes po." Si Ag sumagot sa kanya.

"I want to meet them ngunit hindi sa ngayon. Do you have any pictures? patingin ng mga fiancee nyo kung papasa sa taste ko." nag unahan naman silang dalawa sa paglabas ng kanilang mga cellphones.

"Actually dad, Ponferrada talaga surname ni H. Tapos kapatid n'ya at kapatid ng fiancee ni R ay may

gusto sa akin." pag singit ni Iris sa usapan.

"Ang kapal ng mukha mo Iris, binaliktad mo pa talaga ang sitwasyon." ang sarap ibato sa kanya nitong hawak kong tinidor.

"Wala na yata mas kakapal sa mukha mo I." sabi ni hell.

"Talagang magkadugo pa ang mga target nyo ha?"

"Opo family goal tayo diba." proud ang Iris sa kakapalan nya.

"Dad look, this is my pie," agad inabot ni babe ang phone upang ipakita ang picture ni Pixie,

"And this is my kitten," segunda ni R.

"Wow! Ang gaganda naman pala ng mga magiging in-laws ko hahaha." sinasabi ko na nga ba at walang magiging problema kay daddy ang bagay na 'to.

"Naghahanap kasi sila sugar mommy," papansin talaga tong empaktang Iris kahit kailan.

"Hindi ba sapat ang monthly allowance na binibigay ko sa inyo at kinailangan nyo pa maghanap ng sugar mommy?" best actor din talaga kung mag drama si Dad, as if masakit ang puso nya sa natuklasan.

"Ano ba ginagawa nyo sa pera at hindi kasya?" tanong nito. Wala naman kaming ginagawa sa pera at hindi rin namin nagagastos dahil nga sa demogons. Sila halos gumagastos para sa amin.

"Wala naman dad, dino-donate kasi namin monthly ang kalahati sa charity." sagot ni A.

"Hmm good choice, mga anak ko nga kayo. Kumain na kayo at may dapat pa tayong pag-usapan."

Matapos kumain ay ang lima lang pinatawag ni Dad sa office nya upang pag-usapan ang kanilang mission. Hindi narin naman kami kailangan at kaya na nilang lima yun. Pinauwi rin kami nito dahil aalis din ulit sya pagkatapos makausap ang lima. Babalik na agad ulit ito ng HongKong dahil may mga kailangan pa syang ayusing problema.

Hindi narin pala kami sa campus uuwi simula sa pasukan dahil ang boring at wala kaming time mag walwal. Kaya ang ginawa namin ay bumili ng villa at do'n kaming lima nakatira. Magiging 7 na pala kasi dumagdag ang kambal. Dumiretso kami sa villa at hindi na ako bumalik sa mga magulang ko. Kasi kung uuwi ako do'n ngayon, alam ko na hindi nila ako titigilan lalo na ang papa ko.

Pasukan na pala bukas, excited na ako dahil sawakas marami na namang panibagong kalokohan gagawin 'tong mga gaga. Ayaw ko na isipin problema ko sa pamilya at nag iinit ulo ko.

"Finaaaaaaaally nakauwi rin! kapagod shit BAHAHAHAAHAHAHAHA." anong ginawa nya liban sa pagkain at napagod sya?

Tumambay muna kami sa rooftop kung saan may billiards, hindi pa inaantok kaya napagpasyahan muna mag bonding.

"Hoy kuha nga kayo alak, inom tayo. Pasukan na bukas mga bakla." may balak pa na maglasing si babe.

"May naisip ako, tayong lima nalang ang tumakbo as SCPC para patas. Tapos may gagawin tayo sa speech keme kuno na yarn, ooo diba talino ko?" sariling puri ang show ni babe.

"Tangena iniisip ko palang natatawa na ako, disaster ang resulta HAHAHAHA." may tama si donkey sa bagay na 'yon.

"Gorabels payag ako basta tayong lima." sagot ko

"Sino kaya kalaban ni Dad at ano laman ng flashdrive na tinukoy nya kanina?" biglang tanong ni Ag.

Ou nga at talagang umuwi pa sya rito sa pinas para lang dyan.

"Hmm hindi natin alam, hintayin nalang natin sabihin nya kapag naging maayos na lahat." sagot ni babe sa kanya.

"Pero feeling ko ano, ito 'yong involve ang mga bata na tinukoy nya. Child sexual exploitation. Child pornography. Last year naalala nyo sinabi nya sa atin? na may isa sa 5 families ang sangkot sa isang illegal activity." sabi ko naman sa kanila.

Kung ito nga talaga ang dahilan kung bakit gusto ni dad makuha ang flashdrive, ibig sabihin naka-save lahat ng mahahalagang informations na kailangan namin para sa mga ebidensya.

"No wonder at kinailangan pa na tayo ang gumawa-ay hindi pala tayo at ang lima lang. I see, kaya naman pala napasugod nalang bigla." seryoso si babe ngayon, himala.

"Kung ganon, hindi ako sure kung kaya nila tanso yun. Mahihirapan sila lalo na't marami mga bantay." Sumang-ayon ako sa sinabi ni R, hindi basta-basta ang papasukan pero bahala na sila sa mga bubay nila.

"Kung hindi nila kaya, edi tayo ang papalit. Batak na batak na si Iris sa mga ganyan." Baling ni Ag sa empakta,

"Saan ba na computer? sa chairman?" nakakainis talaga 'tong babae na 'to. Kung saan na naman napupunta ang isipan.

"Ou nga, nakikinig ka ba? bobo mo kahit kailan tanga." ang sarap nya ibitay sa labas ng pinto.

"Ba't ba mainit ulo mo keybold! lagi mo nalang ako kinonontra, may gusto ka sa akin no? incest gusto mo?" kapal ng pagmumukha, magkakagusto nalang ako hamak naman na hindi sa isang katulad nya.

"Ewwww hindi ko lang alam Iris ha pero sa tuwing nakikita kita, gusto ko talaga balatan ang pagmumukha mo.-"

"Stahp stahp, aaway na naman kayo mga gago. Oh horsey gusto mo saging? meron sa refrigerator bumili ako kanina." isa pa 'tong si babe! ako nalang palagi ang nakikita at pagtripan!

"Alam mo babe bwesit ka talaga kahit kailan!" bulyaw ko at binato sya nang unan. Tatawanan na naman ako ng mga bruhang 'to.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Oh ba't galit, ay teka diba 7:30 unang klase natin ngayong lunes? may gagawin tayo mga bobo.

Mamaya ko nalang sasabihin sa gc." Another kalokohan nanaman binabalak nya? sa unang araw ng skwela?

"Bahala kayo sa mga buhay nyo. Aakyat na ako't matutulog." kaya siguro mainit ang ulo ko dahil kanina pa ako inaantok.

Matutulog na lang ako, goodnight!

*

"BAHAHAHAHAAHHAHAHAAHHAHA."

"Heto na, heto na, heto na waaaaaaa!"

Lunes at unang araw ng klase pero nasa rooftop kami ng main building. Sinasabi ko na nga ba at isa na naman sa kalokohan ni babe. At talagang sinakto nya sa morning assembly. Tanaw namin mula rito ang maraming mga estudyanteng nasa ground floor. Kumpleto kaming lahat ng CCB ngayon.

"Gaga ka babe ano binabalak mo?" sabi ko habang nakatanaw sa baba.

"Sige na sino ang mauuna BAHAHAHAHAHAHAHAHA simulan na natin bago mag start ang morning prayer mga tanga!"

"Sigaw nyo sa mga tao na nasa baba ang best line nyo na mga kasabihan BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHHA." dagdag pa nito.

Ayan ulit kami sa kasabihan na yan. Mapapaisip ulit ako kung anong kasabihan sa akin. Unang araw stress agad hatid ni babe.

"Hoy keybold ikaw mauna!" sabay tulak ni Iris sa likod ko.

"Anong ako?! kayo naman mauna, palagi nalang ako bwesit!" ihulog ko 'tong Iris na 'to eh. Hindi na sya mag rerespawn pag bumagsak sa baba.

"Hoy Iris ikaw ang mauna total ikaw pinakamakapal ang mukha sa ating lahat." turo ni babe sa kanya. Lahat naman kami makakapal ang mukha.

"Ako? what the. Sige na nga HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH." mabilis kausap ang Iris. Nasa mood sya today ha, bwesitin ko nga mamaya para makaganti naman ako sa kanya.

"Ou sige na go, the stage is yours BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA." mapapasubok ang kambal dahil sa kagagawan ni babe.

Umatras kami at iniwan si Iris sa unahan. Natatanaw pa naman kami rito mula sa baba. Huminga sya ng malalim at itinaas ang dalawang mga kamay, anong meron sa pagtaas ng dalawang kamay aber?

"GOODMORNING LADIES AND GENTLEMEN! I'M IRIS SMITH AT NANINIWALA AKO SA KASABIHANG: AANHIN MO ANG ISANG GWAPO KUNG ANG GUSTO LANG NAMAN AY HUBARIN ANG PANTY MO!" malakas na sigaw ni Iris dahilan upang makuha nito ang atensyon ng mga tao mula sa ibaba.

"Tangena mo ka Iris gago!" singhal ko sa kanya bago humagalpak ng tawa.

"Gago amp BAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ang gago mo Iris, unang kasabihan panty agad HAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak na saad ni hell.

Si Iris palang ang una pero halos mamatay na kaming lahat sa kakatawa. Anong klasing kasabihan 'yon bwesit sya.

"Hindi na ako makahinga, umagang-umaga mamamatay na ako sa kakatawa tangna HAHAHAHAHAHAHA." natatawang saad ni RL habang hawak ang kanyang tiyan.

"Ano ba, ako lang 'to. Tignan nyo at nasa baba rin pala ang demogons HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAH." baling ni Iris sa amin at itinuro kung nasaan sila.

"Hitsura ni pie parang sinasabi na *really? First day of class kalokohan nyo agad maaabutan ko?* BAHAHAHAHAHAHA." galing talaga mag mimic ni babe at kuhang kuha pati expression ni miss pixie.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH."

"Tabi, ako na nga next!" sabi ko at tinabig ang pagmumukha ni Iris. Haharang-harang kasi sa daan.

"No bayan keyboard!"

"Gandahan mo K, dapat mas malupit pa kaysa kay Iris ang kasabihan mo HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAA." makapag utos ang tansan!

"Shadap please." sabi ko at nagtaas ng isang kamay.

Ano ba magandang kasabihan? napapaisip na naman ang brain ko!

Bumwelo muna ako at humugot ng malalim na hininga bago isigaw ang aking kasabihan.

"I'M KRYSTAL BERN MILLER AT NANINIWALA AKO SA KASABIHANG: HUWAG MONG IPAGSIKSIKAN ANG SARILI MO SA TAONG AYAW SAYO. TANDAAN MO, HINDI KA SARDINAS. ASO KA KAYA LAPLAPIN MOOOO!" sigaw ko rin ng malakas at rinig ko agad ang tawanan na nagmumula sa baba.

"Potangena BAHAHAHAHAHAHAHA."

"HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAH."

Umatras na ako at bumalik sa pwesto ko kanina. "Easy, easy. Hindi man lang ako pinagpawisan." sabi ko at nagkibit balikat.

"Yabang naman ng monkey na 'yan HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAH."

"Aaaar eeeeL ikaw na sunod dali AHAHAHAHAHAHAHAHAYAHAHA." tulak ko kay donkey sa gitna.

"Galingan mo at naka live si Ag, nanonood ang baby kitten mo HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHA." tinignan ko naman si Ag dahil sa sinabi ni Louis. Aba't true nga at hindi false, naka live ang doraemon.

"ROCHELLE LOVE, AT NANINIWALA SA KASABIHAN NA: PAG INIWAN KA NG MAHAL MO,

NEVER SAY DIE. TOMORROW IS ANOTHER GUY!" Ang lakas ng sigaw ni donkey kaloka.

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA."

"Hoy aaaar eeeeL hindi ka nag iisip! tignan mo mamaya at aawayin ka na naman ni mommy kitten mo dahit jan sa kasabihan mo gaga HAHAHAHAAH." sabi ko sa kanya at bigla nalang sya namutla. Takot naman pala ang gaga sa fiancee nya.

"BAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA."

"Halakaaaa maghahanap talaga 'yon ng hotdog, iyak malala R." ang lakas din talaga mang asar ni hell.

"Ihulog ko kaya kayo?! next na, at mahal ako no'n mga ulol!" galit naman si donkey agad.

"Hoy Ag ikaw na." tulak ko sa kanya.

"EHEM EHEM, NANINIWALA AKO SA KASABIHAN NA: KUNG HINDI AKO PARA SAYO, KAWAWA KA NAMAN DAHIL HINDI MO MATITIKMAN ANG ISANG KATULAD KO!" Ano raw?!

"Potangena HAHAHAHAHAHAHAHA."

"Hoy gago ka HAHAH."

"Doraemon is that you? BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Tignan nyo sa baba mas dumami ang mga tao kalerkey naman ang pa show na ito. Okay next? Hoy babe ikaw na!" at hinampas ko ang balikat nya, tatakas ka pa ha!

"Tabi tabi, dadaan ang poganda. " mayabang na saad ni babe at pinagtutulak kami.

"Asan ba mommy ko, teka nga. Saan na 'yon--aha ayon ang gaga BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." agad na kumaway ito nang matagpuan ng mga maya nya si miss Pixie sa ground.

"AHEM, GOODMORNING PEOPLE OF THE PHILIPPINES. YES YES! THIS IS SHARA JANE, ANG NAG IISANG KASINTAHAN NI MISS PIXIE PONFERRADA. YES PO, I'M THE OWNER OF MISS PIXIE AT KUNG MAY LUMANDI MAN SA KANYA AY MAGTAGO KA NA. NANINIWALA AKO SA KASABIHAN NA, AKITIN MO MAN SYA SA AKIN PARIN ANG BAGSAK NYA! BANG!" Omg! hindi ko alam ang magiging reaksyon ko sa ibinulgar nito!

Agad kaming dumungaw at sinilip ang mga tao sa baba na todo sigaw na sa kilig at ang iba ay pinagtinginan si miss pixie na nakangiti. Proud ang mommy ni babe! matagal na kaya nya hinihintay na e public nila ang relasyon nila.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Wow finally finally finally!"

"Sabaok lahat all wooooooooo."

"Kilig na naman pwet ni mommy ko hays, oh sino susunod? the stage is yours. Ay tansan ikaw na BAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH." iba kutob ko sa mangyayari after nitong kabalbalan naman ngayong umaga.

"Hoy Hell ikaw ang mauna, ikaw una nila nakilala diba? una ka tapos ako sunod." ay kalerkey meron palang gano'n ma rule sa barkada, hindi ako na informed.

"Ako ba?" itinuro nya naman ang sarili.

"Bobo kakasabi lang na ikaw, dali na hell maabutan na tayo ng gabi!" oa ang Iris.

"Sure, 'yon lang naman pala. Ano ba magandang bati sa kanilang lahat." ang yabang tapos wala naman naisip na sasabihin hmp.

"Isipin mo may utak ka naman diba?" duda ako sa sinabi ni babe kung meron ba talaga.

"Okay game! Aheeem!"

"AHH AHH-"

"Pota ka ba't ka naman umuungol!" hampas ko sa batok nya. Kalokang babae 'to at nakalive pa naman si Ag.

"Ano ba! wag ka nga umepal keybold! magsisimula na ako okay?!" may anger issue rin talaga ang babae na 'to.

"BAHAHAHAHAHAAHHAHAHAHA."

"Hoy bilisan mo at magsisimula na ang morning prayer!" bulyaw ni Iris sa kanya bago sinipa ang pwet.

"Bwesit ka!"

"GOODMO-"

"You there!" natigilan kami dahil sa lalaking sumigaw sa likuran namin. Sinasabi ko na nga ba at hindi ko na lock ang pinto!

"Pambihira sino ba ang huli? Bobo nyo naman at hindi nilock ang pinto." mahinang boses na saad ni RL.

"Si Louis." sambit ko.

"Paanong ako?!" gulat na tanong nya kasabay ang pagturo sa sarili nito.

"Ou ikaw, bobo mo L. Kung kailan nag eenjoy na e." kinagat ko ang pang ibabang labi dahil naniwala ang dalawang baliw sa sinabi ko.

"Kayo na naman? unang araw ng klase kalokohan nyo agad ang mababalitaan ko? pumunta kayo sa Dean's office ngayon din!" gigil masyado ang kalbo. Pamilyar sya sa akin, at sa tingin ko ay sya 'yong ninakawan ni babe nang wig last festival.

"Kj naman ni panot pft. Tara na nga, hoy kayo hindi pa tayo tapos." sabi ni babe sa limang pa naming kasamahan.

Pagbaba namin ay may mga estudyante na nagtatawanan at nagpupuri sa kagagahang ginawa namin sa rooftop.

"Iris maganda 'yong kasabihan mo kanina."

"Sayo rin Krystal."

"Wala nang tatalo sa sinabi ni Shara."

"Chill lang kayo, kami lang 'to." pagmamayabang ni babe sa mga estudyante na nakakasalubong namin habang tinatahak ang daan patungong Dean's office.

Hindi naman kami napagalitan at pinagsabihan lang. Ang Dean pa ang natakot sa amin lalo na kay babe, pinagbantaan ba naman nya na isusumbong nya kay lolo nakakaloka talaga. Imbes na pagalitan ay pinalayas nya nalang kaming lahat dahil sa takot.

"BAHAHAHAHAHAHAAHHAHAAHA."

"Kapal ng mukha mo babe gaga ka. Ginamit mo pa talaga si lolo." kinuha ko ang braso nito bago sumandal sa kanyang balikat.

"Grabe na kayo at pati si lolo hindi nyo pinalampas! bilib na talaga ako sa kakapalan ng mga pagmumukha nyo." napaka sarcastic naman ng hell na 'to.

"Pwede ba wag ka nalang kumontra? pwede ka na mag apply bilang artista hell, tapos ang role mo mananangggal na kontrabida." kumawala ang isang malakas na tawa sa bibig ko dahil sa sinabi ni Iris.

"Kung ikaw kaya gawin kong mananggal ha?!" sagot nito sa kanya.

"Ingay nyo mga bobo, parehas lang naman kayo mga tanga. Na e stress ang beauty ko sa inyo." pinaghiwalay ko na silang dalawa at pumagitna sa kanila.

Baka mag away na naman sila at mauwi sa sakitan, ganyan ang bonding nilang dalawa simula noong matoto si hell kung paano lumaban.

"Wala ka naman no'n!" sabay na singhal nila sa akin.

"BAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHHA."

"What are you doing?" isang boses na nagpatigil sa bardagulan naming tatlo.

"Mommy Kathlyn!" tinulak ko ang mukha no'ng dalawa at tumakbo palapit sa kanya.

"First day of class nag aaway na kayo." sabi nito nang makalapit ako. I really like miss Kathlyn especially ang personality nya.

She's cold at strict sa mga students pero pag dating sa amin nailalabas nito ang iba't ibang side nya. Actually she's one of a kind, caring at malambing. Hindi man sya showy pero mararamdaman mo naman kapag naging close mo na ito.

"Athyyyyyyyy." tawag ni babe at yayakapin sana si miss Kathlyn pero inunahan ko ito. Mabilis kong niyakap si mommy Kath ng mahigpit dahilan para matigilan ito.

"Halaka BAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Inaaway po nila ako." sumbong ko sa kanya. She pats my head at mahinang itinulak ang noo ko gamit ang index finger nito.

"Goodmorning ma'am." bati ng ccb sa kanya.

"Morning, wala ba kayong mga pasok?" hindi nya man lang ako pinagtanggol hmp!

"Meron po." agad na sagot namin.

"Go to your classes." sabi nito.

"Teka keybold at Iris mauna na kayo sa classroom sunod nalang kami." utos ni babe sa amin at ano naman ang gagawin nila? bakit kami lang?!

"Ano gagawin nyo? hindi pwedeng kasama kami? at si Iris pa talaga kasama ko?!" iritado kong salita.

"Anong problema kung ako kasama mo ha monkey?!" inikutan ko nalang sya ng mga mata at hindi na nag aksaya ng laway ma sagutin sya.

"Let go of me Krystal. I still have class to attend." bulong ni miss Kathlyn. Nakayakap pa pala ako sa kanya kaya hindi nya magawang makaalis.

"Ay sorry po, ingat mommy Kathlyn." bago ko sya pinakawalan ay binigyan ko muna ito ng isang halik sa kanyang pisngi.

Nakita ko ang pagkagulat sa kanyang mga mata ngunit hindi ko na ito binigyang pansin. Hinila ko na si Iris at nagsimulang tumakbo patungong criminology building.

"BAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA." rinig ko pa ang malakas na tawa ni babe bago tuluyang makalayo sa kanila.

"Hoy keybold ang kapal ng mukha mong halikan si Miss Kathlyn sa harap ng napakaraming estudyante!" sermon ni Iris sa likod ko.

"Manahimik ka at normal lang naman humalik sa pisngi lalo na pag kilala o kaibigan ko 'yong tao!. Huwag mo akong itulad sa'yo na hinalikan si miss Everleigh sa labi! mas makapal ka pa sa pwet ko hayop ka." nanggigigil ako sa Iris na 'to at ang sarap nya ipatapon ulit sa island.

"Syempre krass ako ni mommy eh."

"Crush na ikaw lang ang nakakaalam yuck bwesit ka!" hindi na ako nakapagtimpi pa at sinabunutan ang buhok nito.

"Keybold gago ka masakit ha!" hindi ko talaga alam kung bakit mabilis mag init ang ulo ko sa kanya ngayon.

Binitiwan ko na ang buhok nya at naglakad mag-isa.

Ano naman kung hinalikan ko sya? normal lang naman 'yon!

-

Kanina pa ako naiinis, hindi ko alam ang dahilan basta ay sa tuwing nakikita ko pagmumukha ni Iris biglang umiinit ulo ko. Feeling ko tumaas dugo ko kaya patungo ako ngayon sa clinic upang magpatingin, magkakaroon ata ako ng highblood dahil sa demonyong empakta na yun!

"Are you okay?" Habang hinihilot ang aking batok ay may tumawag sa bandang gilid ko, kaloka at siya pa talaga.

"Ag," sambit ko habang tuloy-tuloy lang sa paglalakad.

"Mag-isa ka lang? Hindi mo yata kasama sila Iris?" Tanong nya na muling nagpainit ng ulo ko.

"Pwede wag mo ma mention pangalan ng demonyong Iris na yun at tumataas sungay ko?" Bahagyang tumaas boses ko at tinaasan ito ng isang kilay. Hindi ko alam kung maiinis ako sa reaksyon nya o ano dahil sa tila mukha pa itong natatawa habang nakatitig sa akin.

"Okay chill, clinic?" Tanong nya kung patungo ba akong clinic.

"Ou."

"Alright, sabay na tayo at may kailangan akong ipasa kay nurse," hindi ko nalang pinansin at patuloy sa paghakbang hanggang sa tuluyan kaming makarating.

"Maaaaaaam nurse," malambing kong tawag sa nurse pagkatapos buksan ang pinto. Nakita ko itong nakaupo sa sofa kaya agad akong pumasok at isinandal ang ulo sa kanyang balikat. Normal na to sa amin kasi suki na kami ni nurse, lalo na yung demonyong empakta.

"Dito ko nalang ilagay sa table mo," boses ni Ag,

"Thanks," pasalamat ni nurse sa kanya.

"Layas na Ag, ayos na ako rito." Sabay taboy ko sa kanya at pikit ng mga mata.

"Okay." Yun lang narinig ko kasunod ang pagbukas at sarado nang pinto.

"Krystal," bulong ni Bernadette,

"Masakit ulo ko, mataas dugo ko. Check mo nga blood pressure ko please? Kasalanan talaga ni Iris pag namatay akong maaga." Paglalambing ko, malambing ako sa lahat at walang pinipili liban nalang kung ayaw ko talaga sa isang tao.

"Pumasok ka sa kwarto, may kausap pa ako." Bulong nya kaya agad ko iminulat ang mga mata. Medyo malabo paningin ko kaya naghintay ako ng ilang segundo hanggang sa tuluyan kong napagtanto kung sino ang babaeng kausap nya.

Lumawak agad ang ngiti sa aking labi. Tumayo ako ng mabilis saka lumipat sa kaharap naming pwesto kung saan nakaupo ang magandang babae na seryosong nakatitig sa akin, suot ang kanyang paboritong salamin, may hawak na iPad at krus ang mga benta.

"Hello, ma'am Kath," tawag ko sa kanyang pangalan kasabay ang matamis na ngiti saka dahan-dahang umupo sa kanyang tabi. Nagkatitigan kami, tinitigan nya ako mula mata pababa sa aking leeg bago ulit ito tumingin sa mga mata ko. Buong ingat hinubad ni maam ang suot na eyeglass at isinantabi ito kasama ang iPad. Kahit sa pagtanggal lang ng eyeglass ay talagang kaakit-akit si ma'am Kath,

"Here," umayos siya sa pag upo at tinapik ang kanyang legs, nalito ako kaya nagtaasan ang mga kilay ko. Magsasalita pa sana ako nang bigla nya inalalayan ang aking ulo pababa hanggang sa tuluyan akong makahiga sa kanyang legs. Narinig ko pagtikhim ni Bernadette at pansin na tila gusto na nya umalis, edi umalis sya?

"We can continue this later. Would you mind stepping out for a moment?" Sabi ni ma'am kay Bernadette,

"Sure, take your time." Matamis na ngiti nito kasunod ang mabilisang nakaw tingin sa akin at kumindat bago tuluyang lumisan.

"Why do you feel unwell on the first day of school? You seemed perfectly fine just a moment ago, didn't you?" Pumihit ako paharap sa kanya at nakababa na pala ang paningin ni ma'am sa akin.

"Sino hindi mababadtrip kung si Iris lage kasama ko ma'am?" Medyo sarkastiko kong sagot.

"Instead of focusing on negative thoughts, why don't you try finding something that will bring you peace of mind?" Kaloka at mauubusan pa ako ng dugo kakaintindi ng english nya.

"Hindi na kailangan. Bakit ako maghahanap ma'am? Nandyan ka naman? Duh." I rolled my eyes. Buti pag si ma'am kasama ko hindi pinapainit ulo ko. Kung saan-saan nanaman lumipad isipan ko kaya saglit nawala atensyon ko kay ma'am.

"Ha? Ano ulit sinabi mo ma'am?" Tanong ko nang makabalik na kaluluwa ko. Nagkibit balikat ito at ngumiti ng matamis. Alam ko may sinabi sya pero lutang ako!

"Ngek, daya."

She shook her head at magsasalita na ulit sana nang bigla lumagabog ang pintuan ng clinic.

"Keybold!" Deputa.

Mabilis akong bumangon at ibinato kay Iris ang bagay na napulot ko ngunit mabilis talaga reflexes ng demonyetang to.

"Ano nanaman?!"

"Hala, gago ka keybold! Alam mo ba yung binato mo?" Nakangisi pa sya nyan? Nang aasar talaga.

"Hindi? Pakialam ko?"

"Talaga? Paano kung sabihin kong iPad ni ma'am yung lumipad?" Sagot nya at itinuro ang wasak na iPad na nasa may corridor. Nanlaki ang mga mata ko at binalingan si ma'am.

"H-Halaka! Ma'am sorry, kasalanan ni Iris kasi." Paano pag andun lahat ng files nya? May backup naman siguro sya?

"Halaka keybold, sinira mo!" Hindi ko pinansin si Iris at sinuri ang reaksyon ni ma'am. Hello? Tititigan mo lang ako? Wala kang sasabihin ma'am?

"Bayaran mo yan keybold, sobrang laki ng kasalanan m-" Hindi na nya naituloy ang sasabihin dahil pasugod na ako sa kanya at handang saksakin sya nitong hawak kong ballpen.

"Hoy! Waaaag!" Sigaw ni Iris,

Papalabas na sana ako ng clinic nang bigla kong maalala kaya huminto ako saglit. Nilingon kong muli si ma'am na nakasunod pala sa akin ang atensyon.

"Ma'am, utang nalang muna po yung bayad ko sa iPad." Mabilis ko itong pinulot at inabot sa kanya. Wala parin itong sinasabi na kahit ano, o masama sa akin at patuloy lang sa pagiging tahimik.

"Sorry po ulit, bye-Ay wait!" Paalis na sana ngunit bumalik akong muli sa kanya at mabilis itong ninakawan ng halik sa pisngi.

"Hehe bye ma'am!" Tuluyan akong nagpaalam at kumaripas ng takbo upang habulin ang demonyetang sasaksakin ko nitong hawak kong ballpen!

Kaloka, baka ano isipin ni ma'am at nakadalawang halik ako sa kanya today. Duh, bahala siya.

AN: Read next > MMH CH2

CHAPTER 3

-

"Maaaaaaaaaaaaaa'am, hanggang kailan po ako dadapa? Hindi po talaga ako 'yong nakasagi nang pwet mo kanina. Ang ibig ko pong sabihin, tinulak kasi ako ni babe kaya sa ano mo nag landing ang kamay ko." salita ko mula rito sa labas ng classroom habang nakadapa at ang mga kamay ay nasa likod.

Si babe naman kasi! nakita na nga nya na kasunod lang ako ni miss Kathlyn, bigla nya nalang ako tinulak kaya sa pwet ni miss ako nakahawak. Kanina pa ako nakadapa rito samantalang silang lahat nasa loob at nag didiscuss.

"Maaaaaaaaaaaaaa'am." tawag kong muli. Nakikita ko ang iba mula rito, nasa tapat lang kasi ako nitong pinto. Ang lawak pa talaga ng mga ngiti nila nakakainis! hindi ko naman kasalanan 'yong nangyari, that was an accident duh.

"Krystal, shut up." ngumuso nalang ako dahil parang galit si mommy Kathlyn. Kung hindi rin naman pala ako papapasukin, mas mabuti pang umidlip nalang ako.

Unang araw palang nga ay ang dami ng mga nangyayari. Stress agad ang salubong sa akin ng first day of school year hmp. Bahala sila at matutulog nalang ako.

-

"Krys..."

"Krystal..."

Naalimpungatan ako dahil sa lamig at kamay na tumatapik sa ulo ko. Ang tigas naman yata nitong kama ko? parang nasa semento ako nakahiga tss.

"Krystal!"

Agad akong napatayo mula sa pagkakadapa nang marinig ang sigaw ng isang babae. Si miss Kathlyn lang naman pala, akala ko kung sino na.

"Ma'am bakit nandito kayo?" tanong ko at luminga pero bakit walang ibang tao liban lang sa aming dalawa?

"God, why did you sleep here?" naalala ko na, pinadapa nga pala nya ako kanina at nakatulog.

Nakakatampo si miss Kath, talagang tinanong pa nya ang bagay na yan. Aware naman sya sa nangyari.

"Why are you frowning?"

"Nakakatampo ka kasi ma'am, nag explain naman ako kanina na hindi ako ang may kasalanan. Okay lang sana kung kaming dalawa ni babe ang binigyan ng punishment." ang sakit tuloy nitong dibdib ko. Baka umurong na 'tong boobs ko sa tagal kong nakadapa kanina.

"Alright,I'll make it up to you. Do you still have class?" tanong nya.

"Wala na po." nasan ba ang mga bruha at iniwan nila akong mag-isa! hindi man lang ako ginising ng mga traydor!

"What do you want?" okay nalilito ako ng very very light sa tanong ni ma'am.

"What I want?"

"Yes, anything? Food?" Agad ako tumango pagkabanggit nya ng pagkain. Ang galing mag timing ng mga alaga ko sa tiyan.

"Let's go."

"Bakit ako nalang naiwan ma'am? nasan po sila babe?" mamaya talaga sila babe sa akin at sasabunutan ko silang lahat!

"I don't know. What do you want to eat Krystal?" tanong nya. Hindi ko alam saan kami pupunta.

"Gusto ko kumain ng chocolate cake. Wala ka na po bang pasok? do'n nalang tayo sa cake shop, malapit lang dito." sagot ko sa kanya at tinignan nya ang kanyang relo. Baka may klase pa si ma'am.

"Alright, accompany me first to the office."

Inihatid muna namin ang kanyang mga gamit sa office bago umalis ng campus. Nag chat si babe at hinahanap ako, matapos nila iwanan ngayon ay bigla ako hahanapin? hindi ako marupok kaya bahala sila sa mga buhay nila. Basta ako kakain ng cake with my ma'am.

"Why did you decide to study crim?" kakasubo ko palang ng cake nagtanong na agad si ma'am. May interview na magaganap?

"Kasi may iniiwasan ako ma'am." Infairness masarap ang chocolate cake nila. Hindi rin gano'n karamihan ang mga tao na kumakain.

"Hmm?"

"Opo, kaso 'yong iniiwasan ko ay mangyayari parin sa taong 'to." okay lang na sabihin kay ma'am, wala narin naman magagawa kahit itago ko pa.

"What do you mean?"

"Ikakasal na po ako." diretso kong sagot. Gano'n ba ka shocking ang balita at bigla nalang nasamid si ma'am?

"Ang clumsy mo naman ma'am, napkin oh." kinuha ko kaagad ang table napkin at inabot sa kanya.

"You? Getting married? when?" ang bongga naman ng reaction nya dahil nanlalaki parin ang mga mata at tulalang nakatitig sa akin. Mahirap ba paniwalaan na ikakasal na ang magandang katulad ko.

"Opo. 3rd year college palang kami no'n nang mabalitaan ko na may kasintahan na ako, at ang mas nakakatakot ay hindi ko naman kilala. Tapos pinakilala kami sa isa't-isa after graduation ko. Ayaw ko po talaga ikasal sa taong hindi ko naman gusto. Pero wala naman akong magagawa dahil wala akong kapangyarihan upang kontrahin ang mga magulang. Kung kaya ko lang mag teleport tulad ni son goku ay matagal ko nang ginawa at nanirahan sa planet mars." paano ba mag kwento na hindi ko ginagawang

payaso ang sarili? kasalanan kasi 'tong lahat nila babe!

"I don't know if you're joking or telling the truth." natawa ako sa sinabi nito. Kahit sya mismo ay ayaw akong paniwalaan.

"Why are you laughing?" nakataas kilay na tanong nya.

"Natatawa lang sa reaction mo ma'am. Kahit nga ikaw ayaw maniwala kahit nagsasabi naman ako ng totoo." iling kong sagot sa kanya bago ulit isinubo ang cake.

"It's hard to believe, especially when the word comes from you." binitawan ko ang tinidor at inilagay ang dalawang palad sa dibdib ko. Ouchy ha!

"Grabe na yan ma'am, para mo narin sinabi na sinungaling ako." sad na ako everyday and night.

"It's not like that. I'm just used to you always joking." Hindi ko sya masisisi sa part na yan. All true and no false ang sinabi nya.

"Oh..."

"Is that the reason why you jumped off the rooftop?" ako? tumalong ng rooftop? hindi ko natatandaan.

"Tumalon? ako po?" confusing pero parang totoo naman sinabi nya.

"Yes, have you forgotten? tumalon ka kasama ang mga kaibigan mo." ah! naalala ko na.

"Hindi po ako tumalon, nahulog talaga ako dahil namali ang pag apak ko. Silang apat ang tumalon." hindi naman same ang nahulog at tumalon kaya nalito ang brain ko sa tanong.

"So it's a fix marriage huh." sarcastic ba 'yon? feeling ko sa lang kasi dahil sa tono nya.

"Opo." sabi ko at tipid na ngumiti.

"Ayaw ko po talaga ikasal, kaya ginagawa ko lahat para hindi matuloy."

Why don't you just tell Dad?
Bakit ko sasabihin kung kaya ko pa naman gawan ng paraan?
When do you plan to tell him? On the day of the wedding?
Basta, hindi rin naman papayag mga kapatid ko. Alam ko naman may gagawin ang mga gaga na 'yon.

"Krystal?"

"Yes po?" sagot ko sa kanya. Bigla nalang kasi sumisingit si Bern kaya nawala atensyon ko kay ma'am.

"I'm asking kung ano ang pangalan nya." pangalan ng pangit kong fiancé ba?

"Troy po." hindi ko matapos-tapos ang pagkain ko. Ang daming tanong ni ma'am Kathlyn.

"Troy?"

"Troy vendez."

Tumahimik na sya at hindi na muling nagtanong o salita. Hinayaan ko nalang muna si ma'am dahil gusto ko muna tapusin kainin at ubusin 'tong cake ko.

"Krystal?" napatigil ako sa pagsubo nang marinig ang boses ng isang lalaki. At papaano sya napadpad sa lugar na 'to?!

"You're here." Hindi ko man lang napansing nasa tapat ng table na pala namin ito nakatayo. Ganda na sana ng araw ko tapos bigla nalang susulpot ang Troy na 'to! stalker ba sya? ang creepy nya sa part na 'yon. Nakakawala ng gana at bakit nagpakita pa sya! ano kailangan nya!

"What are you doing here?"

"I'm here upang sunduin ka. You need to go home, pinapauwi ka ni Dad." Fucker.

"Do you really have to gang up on me like this every day because of that marriage? Can't you just leave me alone for one day? It's getting annoying."

"Come on Krystal, huwag mo na suwayin ang utos ni Dad." sabi nya at hinawakan ang braso ko.

Nagulat kaming dalawa dahil bago paman nya ako mahila patayo, may lumipad ng cake sa mukha nito. Mabilis kong inalis ang kamay nya sa braso ko, at lumapit kay ma'am Kathlyn na kalmado lang umiinom ng tubig.

"Aww." Nakangiting reaksyon ko at umikot sa likod ni ma'am upang yumakap.

"Don't you have respect?" iritado na tanong nito kay ma'am habang pinupunusan ang kanyang mukha.

"Respect is only given to those who deserves it." she fired back and crossed her arms.

"I'm her fiancé at nandito ako upang sunduin sya. Wait, who are you? look miss, problema namin 'to kaya wag kang makialam." paulit-ulit sa fiancé na 'yan, nakakabwesit!

"Kathlyn Jamila Ponferrada." sagot ni ma'am kath at inilagay ang kamay sa taas ng ulo ko.

"P-Ponferrada?" bakit namumutla ang torotot.

"Are you deaf?" tumayo si ma'am kaya napabitaw ako sa pagkakayakap.

Nilapitan nya si Troy. Hindi ko alam kung ano ang binulong ni ma'am sa kanya dahil bigla nalang ito namulta sa takot?

"Let's go Krystal." tawag nya sa akin.

Hindi na ako nag aksaya ng oras. Mabilis kong kinuha ang mga gamit at sumunod kay ma'am palabas ng shop.

"Miss Kathlyn wait lang po." habol ko sa kanya. Nagmamadali ba sya at ang bilis nya maglakad?

"Maaaaaaaaa'am." huhu buti tumigil din sya.

"What?" ay ano 'to damay damay at pati ako susupladahan nya? bakas kasi sa boses ang pagkairita.

"Ma'am 'yong cake ko po, hindi ko pa nauubos." hindi ko pa nga nakakalahati 'yong cake ko tapos iniwan lang namin. Sayang kaya at ang sarap pa naman masyado.

Narinig ko sya bumuntong hininga, pagkatapos ay sinuklay ang kanyang buhok gamit ang kamay. Oh my gee ang ganda ni miss! bagay sa kanya ang short hair pero ang ganda nya lalo sa long hair, long eyelashes, pointed nose, small red lips. Maputi sya at maganda ang shape ng katawan. May mole rin sa bandang mata na nakapagpadagdag ng atraksyon sa kanya.

"Krystal."

"Po?" nalunod ako saglit sa kagandahan ni ma'am kaloka.

"What are you waiting for? Let's go."

"Saan po?"

"Back to the shop? Let's just take out the cake instead, and I still have a class to attend." Napaka considerate talaga na tao ni miss, isa sa nagustuhan ko sa ugali nya.

*

Kakabalik lang namin ng campus, kotse nya ginamit namin kanina kaya kinailangan ko rin sumabay pabalik. Ang dami ng mga chats nila babe na hindi ko nasagutan dahil busy ako kanina.

"I have to go, take care Krystal." sabi ni ma'am at aalis na sana.

"Ma'am sandali po." tawag ko at hahalik na sana sa pisngi nya nang bigla syang lumingon sa direksyon ko kaya tumama ang labi ko sa labi nya! omg omg omg!

Ako lang yata ang nagulat sa nangyari dahil kalmado lang ito matapos ang aksidente.

"M-ma'am sorry po, hindi ko sinasadya. Bakit ka kasi lumingon. Sorry po talaga." pag hingi ko ng paumanhin sa kanya.

"I'm sorry." ulit ko.

"I'm not."

"Ha?" tanong ko kasi hindi ko gets ang sagot nito. Ngunit nginisihan lang ako at tuluyan ng iniwan na mag isa sa parking lot.

I'm not? I'm not? I'm not sorry?. Napailing ako at kung anu-ano nalang ang naiisip ko. Kinuha ko ang phone to message my sisters. Ang sabi nakauwi na sila, kailangan ko narin umuwi dahil may pag uusapan daw kami.

"Haleeeeeeer mga gaga I'm home!" masiglang bati ko nang maabutan silang lahat sa living room.

"At saan ka galing bobita? anong oras na, sino kasama mo? hindi ba pinagsabihan kita na huwag na huwag kang makikipagkita sa babae mo?!" anong ka dramahan na naman ni babe 'to?

"My God Krystal Bern! nagpapakahirap kami para makapag-aral ka lang ng maayos. Tapos ito ang igaganti mo sa lahat ng mga paghihirap namin ng mama mo?! simula sa araw na 'to, hindi ka na

makikipagkita sa babaeng 'yon! nagkakaliwanagan ba tayo ha?!" anong company ang gusto nila salihan ni babe? infairness at ang gaing mag acting ni Aaar eeeL ha.

"Nakita ko 'yan si ate kanina mom and dad, may kahalikan na babae sa parking lot. Grabe hindi na talaga nahiya at sa skwelahan pa sila naghalikan." sumabay narin ang Iris sa kadramahan nila.

Galing ha, napapalibutan nila akong tatlo. Nakataas ang mga kilay at krus ang braso. Pasado na sila kung ako tatanungin.

"Manahimik kayong tatlo, hindi bagay sa inyo! tabi nga at kanina ko pa gusto uminom ng tubig!" hindi ko pinansin ang drama nila at malakas binangga ang mga balikat. Kanina pa ako nauuhaw, nakalimutan ako ibili ni ma'am ng panulak.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Ano ba pag uusapan?" tanong ko nang makabalik ulit ng living room.

"Sasama tayo mamayang midnight kina tansan." sagot ni RL.

"Okay?" 'yon lang naman pala, akala ko kung anong seryosong topic ang pag uusapan.

"Kaya mag inuman tayo hanggang umabot ang midnight." naubo ako bigla. Required ba lahat uminom? kaloka mga babaeng 'to.

"Kayo nalang uminom at ayaw ko malasing. Ano nalang mangyayari sa inyo kapag nalasing kayo?" ang hirap pa naman nila awatin kapag mga lasing lalo na si babe!

"Oh sige, edi don't." ang bilis makakuha ng mga alak ni Iris ha.

Nagsimula silang mag inuman, sabi ko nga at hindi ako iinom kaya kumain nalang ako ng mga pulutan. Red horse pa talaga ininom nila, si babe ayaw paawat kahit alam hindi nya kakayanin ang tama sa kanya.

"Naalala nyo last year sa island? no'ng nag deathmatch tayo, tapos kalaban natin sila tansan BAHAHAHAHAHA." tatlong baso palang nga nainom nyan pero namumula na mukha.

"Pota naalala ko, muntik pa mamatay si tanso dahil natamaan ng bala ni RL HAHAHAAHAHAHAHAHAHAHHA." pagbabahagi naman ni Iris. Naalala ko rin, grabe iyak ni tansan no'n dahil sa takot mamatay.

"Tapos si Louis at Hell na nahulog sa
Booby trap? buti at hindi sila natusok sa mga tubo HAHAAHAHAHAHAHAH." binato ba naman kasi nito ni Iris ng Molotov 'yong dalawa kaya nag unahan sa pagtakbo, tapos ayon nahulog sa trap. Ang sasama ng mga ugali, halos ikamatay na nong tatlo pero pinagtawanan lang nila.

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA."

"Mga gago ba naman kayo, training palang nga gusto nyo na patayin. Hindi na kayo naawa at baka nakakalimutan nyo na Ponferrada si Hell mga bobo!" singit ko sa usapan nila. Hindi naman talaga sana kasali si Hell pero nagpumilit ito para raw may experience sya. Hindi nya siguro inasahan na experience ni kamatayan ang sinalihan nya.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Tapos no'ng pag uwi natin, halos isumpa na kami ni donkey nila pie at zi kasi bigla tayong naglaho na parang babooools BAHAHAHAHAHAHAHA."

"Pambihirang babols yan HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAH."

"Sino naman ang hindi magagalit? isang linggo tayong nawala. Balita ko nga pina missing na kayo tapos nagpa billboard pa sila mahanap lang kayo tangena HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHHA." hagalpak na saad ko. Sobrang nakakatawa talaga ang nangyari noon, umabot pa nga ang paghahanap nila sa tv news.

"Isang linggo rin ako natulog sa labas ng bahay no'n BAHAHAHAHAHAAHHA."

"Buti ka nga tulog lang sa labas ng bahay, ako pinatapon sa bundok pota HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." proud naman ang babe at Aaar eeeL sa mga mommy nila.

"Nakakatakot naman pala ma in love mga Ponferrada. Grrr, mabuti nalang talaga at wala akong nilalandi. I mean, walang may gusto sa akin na kalahi nila miss pixie. Enjoyin ko nalang pagiging single ko duh." pailing-iling kong salita.

Natatandaan ko parin ang mga sinabi nila na gagawin sa oras na magselos sila. Ibibitay sa ilalim ng tulay, at ipapahabol kay gege!

"Di mo sure keyboard." sabi naman ni Ag. Sure ako d'yan no.

Napuno ng ingay, tawanan, kwentuhan, sigawan ang buong bahay hanggang sa umabot na ang oras na kinailangan na namin umalis.

"Ayan na nga sinasabi ko babe! paano tayo aalis ngayon kung mga lasing na kayo!" kainis naman mga 'to. Ayaw kasi paawat kahit ilang beses ko na sila sinabihan kanina!

Mabuti nalang at hindi lasing si Ag, itong tatlong bruha lang talaga ang problema! Omg, sa lahat ng pwede malasing bakit silang tatlo pa talaga!

"Irisxh ikhaw mahg drive!" nataranta ako dahil binato ni babe ang susi kay Iris. Gusto pa ba nya kami mabuhay?!

"Hoy! ako na mag d-drive! akin na ang susi Iris!" sigaw ko at pilit na inaagaw ang susi pero ayaw ibigay.

"Nhanah sabhi ni Esje akho mag dadrayb!" ugh bwesit naman na mga babae 'to!

"Hoy keyvold! shumakay kahna!" napasigaw ako sa malakas na paghila ni RL sa akin papasok ng sasakyan! bigla nya naman kasi ako hinila kaya nauntog ang ulo ko punyeta.

"Ano ba RL! isa ka pa!" singhal ko sa kanya habang hinihimas ang ulo ko.

"Usohg horshey!" haynako suko na ako at hindi naman ako mananalo sa kanila.

"Alam nyo ba kung saan sila ha?" tanong ko kasi hindi ko alam.

"Alam na ni Iris kung saan. Mag seatbelt ka na Kb." paalala ni Ag sa akin kaya agad ko na isinuot ang

seatbelt. Sa lahat ng ayaw kong driver ay si Iris!

"Letshgoowwww yohooooooo!" sigaw nilang tatlo. Halos humiwalay ang kaluluwa ko nang bigla pinaandar ni Iris ang sasakyan at pa zigzag ang takbo at sobrang bilis, bwesit!

"Iris ano ba! bagalan mo naman ang takbo! Over speeding ka na bwesit ka!" singhal ko ngunit nag tawanan lang sila. Si Ag parang walang problema at nagpatugtog pa!

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Omg omg omg! Iris slow the fuck down! Mababangga tayo sa building!" sigaw ko nang makita na papalapit kami sa isang malaking gusali, bwesit ayaw ko pa mamatay!

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHAH."

Nagsisigaw na ako sa loob para lang huminto si Iris pero kabaliktaran ang nangyar dahil mas binilisan nya pa!

"Hala banggain banggain! AHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH."

"Iris stooooooop!" malakas na sigaw ko nang babangga na kami.

Bigla nya inapakan ang preno kaya lumipad sina babe at Aaar eeeL sa unahan. Mga gaga at hindi nag seatbelt!

"Ano ba! gusto mo na ba mamatay tayong lahat ha!" sigaw ko ngunit hindi ako nito pinansin at mabilis na lumabas ng sasakyan.

Jesus! sumasakit ang ulo ko sa kanila. Daig ko pa ang may mga anak!

"Sheyts ang sahkiyt ng ulo ko hayop kha Iris!" buti nga tigas kasi ng mga ulo.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Saglit lang nawala ang Iris at bumalik din kaagad ng sasakyan. Para syang baliw na tumatawa mag-isa.

"May nakakatawa ba ha?!"

"Tahnga hindi naman kahsi bhuilding yowng mababangga natheyn. Itsh a billboard nha sa tingin ko hindi pa nakakabit sa taas HAHAHAHAHAHA." kaloka billboard lang pala, pero kahit na delikado parin!

"Palit tayo at ako na magmamaneho Iris! umalis ka d'yan bilisan mo!" hindi na pwede sya ulit mag drive at baka sa susunod totoong building na kasalpukan namin.

Hindi ko alam ang daan kaya si Ag nalang ang ginawa kong google map. Umabot kami sa makati at nagpaikot-ikot, hanggang sa matagpuan na namin ang sasakyan na pinagtataguan ni Louis.

"Lhabas dhali pohtangena shukang suka na ako!" nag unahan silang tatlo lumabas. Ayan napapala ng mga lasinggera.

Dumiretso kami ni Ag sa white van, kakatok pa sana ako nang biglang bumukas ang pintuan. Alam na siguro ni Louis na pupunta kami.

"Kayo lang ba?" tanong ni Louis pagkasakay namin.

"Kasama ang tatlong lasing. Ayon sa kalsada at nagsusuka." agad na sagot ko.

"Kumilos na ba sila?" tanong ko. Na hacked na ata ni Louis ang cctv system ng SK corp.

"Yes, tignan nyo at maraming bantay sa labas ng office no'ng chairman." sabi nya at ipinakita sa amin ni Ag ang screen.

"Sa tingin ko hindi lang flashdrive ang nasa loob ng office na 'yan. Imagine, it's only a usb flashdrive pero bakit ganyan karami mga bantay? something's wrong tama?" tanong ko kay Ag.

"Malalaman natin 'yan kapag napasok nila." sagot nito.

Maraming monitors kaya madali ko lang nakikita ang mga kilos nila tansan. Nakasuot sya ngayon ng suit, sa tingin ko hindi sa kanya ang black suit na 'yan. Hindi narin masama at may napatumba na agad si tansan, pero saan nya naman kaya tinago ang katawan nito.

Si Maddyn at Naddyn nag disguised naman as receptionist. Natawa ako nang makita si hell na nakasuot pang Janitor ahaha.

"Hindi bagay kay hell ang suot nya HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAH." tawa ko sa loob ng sasakyan.

"Hindi raw bagay sa kanya dahil sa'yo raw nababagay K." sagot naman ni Louis at ibinigay sa akin ang earpiece na suot nito.

"Hoy hell, bagay na bagay pala sa'yo ang suot mo. Ampon ka lang siguro no HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHHA." pang asar ko kaagad sa kanya pagkasuot ko sa earpiece.

"Tangena mo, may mga nakita akong armadong lalaki kanina." sabi nito.

Nasa 11th floor sya ngayon naglilinis. Natatawa talaga ako isipin na ang isang tulad nya pinaglinis lang.

"Ayon lang ba? marunong naman siguro kayo umilag sa bala diba?" tanong ko sa kanila.

"Hoy gago report report, test test, mic check 123. May mga bata akong nakita sa isang kwarto. What the fuck, anong klasing building 'to." bakas sa boses ni tansan ang pangamba.

"Chill ka lang tansan at wag ka magpapahalata." paalala ni Ag sa kanya. Walang mapapala kung magpapadala sya sa emosyon ngayon.

"Hoy anong ginagawa nilang tatlo?!" biglang bulaslas ni Louis kaya napatingin ako sa monitor na itinuro nya.

"Sinasabi ko na nga ba at may mangyayari." inasahan na pala ni Ag ang pangyayari na 'to?!

What the hell?! anong ginagawa nila babe sa mismong tapat ng building! Omg don't tell me?!

"Krystal, may tumatawag sa phone mo." Nagising ako sa kalabit ni Ag, pagtingin ko sa caller ay si ma'am Kath kaya agad ko itong sinagot.

"Hello?"

"..."

"Ma'am?" Tawag kong muli dahil hindi ako sinagot sa unang tawag.

"Krystal." Ha? Lasing ba sya o ano? Hindi ko ma explain dahil ang sexy ng boses nya na medyo husky.

"Ma'am, bakit po? May kailangan kayo? Ay paano nyo nalaman number ko?" Tanong ko kasi hindi ko maalalang binigay ko sa kanya ang numero ko.

"Are you busy?" Tanong nya nang marinig ang mga boses nila A at L, agad ako sumenyas sa kanilang lalabas muna para makausap ko ng maayos si ma'am,

"Hello, ma'am?"

"Are you outside?"

"Opo, may nilakad lang kami."

"Did I disturb you?"

"Slight lang po pero ayos lang naman, may kailangan po ba kayo?" Prangkang sagot ko.

" I really appreciate your straightforward demeanor." Demo? Ha? Ano raw yun?

"Lasing ka po ba? Bakit ganyan boses mo?" Tanong ko. Sasagot na sana ito nang biglang may umagaw nang phone nya at nagulat ako sa taong nagsalita, si ma'am Everleigh,

"Kathlyn is intoxicated, and there's no one to drive her home. She doesn't want any of us to accompany her, so she might prefer you to pick her up. I'll send you the address." Bakit ako inuutusan nya?

"Lasing din mga kasama ko ma'am at walang titingin sa mga toddlers ko." Magalang kong sagot.

"Toddlers?" Nagtatakang tanong nito.

"Opo, sila Iris." Mabilis kong sagot, pero mas ikinagulat ko ang bigla nyang pagpatay nong tawag.

"Keyboard." Tawag ni Ag,

Binalingan ko ito at lumabas na rin pala siya. "Ag, sorry pero pwedeng umalis muna ako? Kaya mo naman siguro silang bantayan diba? Babalik din ako kaagad." Paalam ko sa kanya.

"Saan ka pupunta?"

"May kailangan lang ako sunduin."

"Si ma'am Kath?"

"Paano mo nalaman?" Kunot noo kong tanong.

"Instinct?" Duda kaya tinaasan ko ito ng kilay.

"Sige, umalis ka na at bumalik kaagad." Tumango ako at nagpasalamat.

Hindi na ako nag aksaya ng oras at kaagad umalis, pasalamat talaga ako sa sarili at mas pinili ko ang hindi uminom sa gabing to. Dumiretso ako sa address na binigay ni ma'am Everleigh sa akin, hindi lang pala ang grupo namin ang nag inuman at pati pala sila. Wow, nagpaalam ba mga bebe nila babe at Aar eeL sa kanila? Kakasimula palang nga ng klase ay inuman agad.

Hindi kalayuan ang lugar at wala rin traffic since late na kaya sampung minuto lang ang binyahe ko at narating ang club. Napakadaming tao pagpasok ko pero agad nahagip ng mga mata ko si ma'am Kathlyn, dali-dali akong naglakad palapit sa kanila. Kailangan ko na maihatid si ma'am dahil baka nagwawala na mga alaga ko.

"Ma'am!" Tawag ko kay ma'am Kath,

"Krystal?" Tumango lang ako kay ma'am Pixie, at mukhang hindi rin nito inaasahan ang pagdating ko. Nandito rin sila Zia at ma'am Lor,

"Good evening po, susunduin ko lang si ma'am Kath," Magalang kong paalam sa kanila.

"Are you alone?" Tanong ni ZB,

"Yup, bakit kayo nag iinuman? Alam ba nila babe at R na lumabas kayo?" Tanong ko sa kanila.

"Oh." Tsk, mukhang di alam nila babe pero naiintindihan ko naman. Hindi sa lahat ng oras kailangan nila sabihin ang mga kinikilos dahil wala na masyadong privacy yun.

"Sige, hindi ko kayo isusumbong pero umuwi na rin po kayo. Kailangan ko na ihatid si ma'am Kath," Sabi ko kay ma'am Pixie. Baka hindi rin nila alam na mga lasing bebe nila kaya shut up nalang tayo. Alam ko may gusto pa silang itanong sa akin pero mas minabuti nilang tumahimik nalang dahil kailangan ko na maiuwi si ma'am Kath,

"Ma'am, uwi na po tayo. Bakit ka kasi nag lasing?" Mahinang tapik ko sa pisngi ni ma'am Kath, lasing na lasing talaga sya dahil nakasandal ito at pikit ang mga mata tapos yung buhok nya nagkalad na sa kanyang mukha.

"Ma'am..." Tawag kong muli at sa oras na ito at nagmulat na siya.

"Krystal?" Ngumiti ako at tumango. Naalimpungatan ata si ma'am dahil mabilis itong umayos ng upo at kumurap ng dalawang beses para siguraduhing hindi nananaginip.

"Uwi na tayo ma'am, lasing ka na." Sabi ko at inalalayan siyang makatayo. Hindi sumagot si ma'am, bagkus ay agad itong sumunod sa gusto ko. Kinuha ko ang gamit nya kay ma'am Everleigh na kanina pa tingin nang tingin sa akin na para bang may gustong itanong.

"Ako na po maghahatid kay ma'am, umuwi na rin po kayo at mag iingat sa pag drive." Paalam ko sa apat pang mga dragon.

Inalalayan ko si ma'am palabas hanggang makapasok ng sasakyan at suotan ng seatbelt. Lasing na lasing talaga siya at amoy ko ang alak na ininom niya.

"Ma'am, saan po address ng bahay mo?" Tanong ko pagkatapos magsuot ng sariling seatbelt ngunit paglingon ko sa kanya ay tuluyan na itong nakatulog.

Kaloka?

"Ma'am, psst ma'am, maaaaa'am... Hindi ko alam saan bahay mo? Paano kita maihahatid po? Sabihin mo muna bago ka matulog." Mahinang tapik ko sa kanyang balikat, hindi parin ito nagising kaya sa pisngi ko na tinapik.

"Hmmm."

"Ma'am naman, sabihin mo kas-" Hindi ko man lang natapos ang sasabihin. Bigla nya ako hinila palapit sa kanya at ipinalupot ang mga braso sa aking leeg.

"K... I-"

"Ha?" Di ko maintindihan sinasabi nya.

"I want-"

"M-Ma'am!" Oh em gee! Bigla nya akong sinukahan sa leeg!

Nagmadali akong lumabas at umikot sa kanya upang ilabas ito panandalian. Akala ko kung ano sasabihin nyang mahalaga, yun pala ay susuka lang sya.

"Ma'am labas mo lang po lahat yang sama ng nararamdaman mo." Haplos-haplos ko ang likod niya habang siya panay ang suka.

"W-Water."

"No, hindi po pwede muna uminom ng tubig. Ilabas mo muna lahat yan, bakit ka po kasi naglasing?" Tanong ko ngunit hindi sumagot.

"Okay ka na po ba?"

"I'm sorry."

"Ayos lang po, maliligo nalang ako ulit mamaya. Mas mahalaga po ngayon ay maihatid kita ng ligtas." Sagot ko dahil mukhang guilty sya sa pagsuka sa akin.

Sobrang late na masyado at mag iisang oras na rin nong iniwan ko sila Ag, kailangan ko na makabalik. "Ma'am, late na po masyado. Kung okay lang sayo, doon ka nalang matulog sa villa namin? May sarili naman kaming mga kwarto. Doon ka nalang po matulog sa room ko at tatabi nalang ako kay Iris," baka kasi malayo bahay nya. My god! Baka nagwawala na yun sila babe!

"No, it's fine. I can drive-"

"Ay hindi po, sabi ko sa kanila iuuwi kita ng ligtas. Baka kung ano pa mangyari sayo, wag ka na po magmatigas ng ulo at hindi ka naman ibang tao para sa amin." Kontra ko sa kanya.

"But-"

"No buts buts buts, tara na po." Sinugurado ko munang okay na siya bago ipinasok muli ng sasakyan. Hindi ko na kayang tiisin ang amoy kaya hinubad ko na ang damit ko at itinapon bago tuluyan bumalik sa loob ng kotse.

Akala ko gising pa si ma'am pero tulog na ito agad. Sobrang bilis niya naman makatulog at akala ko may

pagkakataon pa akong makausap sya kahit saglit, pero hayaan na natin at kailangan nya magpahinga.

Pinaandar ko na kaagad ang sasakyan at tinahak ang daan pauwing villa, mabilis lang din kami nakarating. Wala sana ako balak gisingin si ma'am pero mukhang hindi ko siya kayang buhatin?

"Ma'am, gising na po... Nandito na tayo." Bulong ko, akala ko talaga matatagalan ako ng paggising sa kanya pero himala at nagmulat agad siya ng mga mata. Napansin kong masakit ang kanyang ulo dahil sa hinihilot niya.

"Pasok na po tayo." Sabi ko at inalalayan sila. Dinala ko kaagad si ma'am sa kwarto ko, wala na siya maraming tanong at tahimik lang sumama hanggang sa tuluyan kaming makapasok na dalawa.

"Ma'am, pwede ka po maligo kung gusto mo o mag ayos sa banyo. May mga gamit ako na hindi pa nagagamit at sa tingin ko sakto lang yun sayo."

"Thank you, Krystal,"

Ngumiti ako at tumango. "Welcome po ma'am, kulang pa yan sa kabutihan mo sa akin hehe. Sige, pasok ka na at kukuha kita ng maiinom." Sagot ko bago tuluyang lumabas ng kwarto.

Dali-dali akong kumuha ng tubig at pabalik na sana ako sa kwarto nang makatanggap ako ng tawag mula kay Ag,

"Ag?"

"Keyboard, bumalik ka na please lang at hindi ko kaya kontrolin ang tatlo." Seryosong tono nito, bakit? May magagawa ba ako pag andon ako? Ni ayaw makinig ng mga yun sa akin!

"Please, bilisan mo." Bumuntong hininga ako.

"Sige, wait lang."

Pinatay ko ang tawag at binalikan si ma'am, pagpasok ko ay nasa banyo na ito at mukhang naliligo dahil nakabukas ang shower. Kumuha muna ako ng masusuot ni ma'am bago magpasyang umalis. Hindi ko na nagawang magpaalam s kaya nagpadala nalang ako ng mensahe kasi nga nagmamadali ako. Kailangan ko na balikan sila Ag, at baka kung ano na nangyari sa kanila.

Kaloka, sbrang busy ko tonigh, pwede na akong mag sideline as babysitter.

"Sino nanaman tong tumatawag?!" Inis kong kinuha ang phone at tinignang ang caller, nasa byahe pa ako tapos tawag nang tawag!

Pagtingin ko ay ayad din natigilan dahil si ma'am pala.

"Ma'am?"

"Where are you?"

"Umalis po muna ako at susunduin ang iba ma'am. Magpahinga ka na at safe ka po kahit mag-isa lang sa bahay. May mga damit akong inihanda for you tapos uminom ka ng tubig at matulog po." Paalala ko sa kanya kaagad.

"Hello?" Tawag ko dahil hindi nanaman ito sumago.

"Krystal."

"Po?"

"Take care, and thank you." Asus, yun lang pala.

"Salamat, goodnight po." Sagot ko at nagpaalam sa kanya.

Pagbalik kina Ag ay halos salubungin nito ang sinasakyan ko, papasagasa ba sya? Anong meron at natataranta?

"Hoy! Papakamatay ka?!" Bulyaw ko pagbaba nang sasakyan.

"Dalian mo! Kailangan natin silang pigilan bago-" Hindi natapos ni Ag ang sasabihin dahil sa biglang may malakas na pagsabog at dinig namin ang tila mga nasasaniban ng demong mga tawanan nila Iris,

"Shit! Takbo Ag!" Sigaw ko at nakipag unahan ng takbo sa kanya patungong building.

Nababaliw na ba sila?!

CHAPTER 4

-

"Ag, give me your earpiece." I think they are planning to disrupt this mission.

"What do you think you're doing?" I asked them after putting on the earpiece.

Security guards are approaching them, and they just kept standing and laughing in front of the main entrance.

"Woah Woah Woah it's Bern." good thing and I understand the language of drunk people.

"Bern bored kami, hindi ba pwede na sumali narin kami?" I have no problem with them participating in this mission. My only problem is that they are not wearing any masks or anything to hide their faces.

"You are only putting yourselves in danger. If you plan to join, why didn't you even bring any masks? your faces have been exposed so don't plan to do anything that will ruin this mission." I massaged my temple as I stared blankly at the monitor.

See? they believe Bern, was the one they were talking to if you were just serious.

Ewww hindi bagay sa akin, kinikilabutan ako sa ginawa ko.

You must train yourself. What if I'm gone? What are you going to do in life, you can't even defend yourself to our parents.

Hindi ka mawawala okay?! Tatanda tayo ng sabay at mamamatay na sabay!

You are smart Krystal, just use your brain properly.

Ginagamit ko naman ng maayos utak ko!

Susugod sana kami ni Ag ng building kanina pero mas magiging delikado kaya bumalik kami sa van upang tignan ang mga nangyayari sa loob. Pagtingin ko sa monitor ay pabalik na ang tatlo, hindi ko alam kung sila ba dahilan nang biglang pagsabog kanina pero sa tingin ko sila nga kasi hinahabol sila!

"Tao po!" bwesit na Iris at sinisipa ang sasakyan.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHHAHA."

"Sinowndan kahmi!" sigaw ni RL sa labas. Ayan na nga ba ang sinasabi ko!

"Umuwi nalang tayo at baka mabulilyaso pa lahat! sana hindi nalang tayo pumunta." Kung hindi kami aalis ngayon siguradong mahuhuli kaming lahat.

"Kayo ba rason ng malaking pagsabog kanina?" Tanong ko.

"Noooooo!" Sabay iling ng tatlo.

Hindi rin namin pwede galawin ang mga kalaban dahil unang paghihinalaan ay sila babe. Kung bakit kasi ginawa pa nila 'yon! hindi rin sila maniniwala na napadaan lang ang tatlo, sinong tanga ang maniniwala na may tatlong lasing napadpad sa liblib na lugar at sa alas dose pa ng gabi?!

"Pasok, dali. Dito na tayo sa kabila dumaan." Pumarada si Ag, may kalayuan konti kung saan ang van,

"Louis, mag iingat kayo at balitaan nyo kami kung may 5050 sa inyo." bago lumabas ay tinignan ko pa ang mga kalagayan nila. Sana lang walang mangyaring masama at walang mapahamak sa kanilang apat.

"Louis earpiece mo oh, wag mo kalimutan bigyan sila ng instructions since ikaw ang may mata sa buong building." paalala ko sa kanya at inabot ang earpiece nito.

"Yes, ako na bahala. Mag iingat kayo."

"Tara na, bago pa nila makita ang van!"

Paglabas ko ng sasakyan ay nagpapatayan na ang tatlo. Nakita ko rin na may apat na tauhan ng SK ang nakatago sa di kalayuan.

"Hoy! Ayos na ang sasakyan! Ano ba at kung saan kayo pumupunta!" malakas na sigaw ko na sa tingin ko ay narinig naman noong apat. Hindi na siguro kami paghihinalaan dahil sa rason na ginawa ko.

"Ahy okhay nah ahng sashakyan? tara uwi nah tayo at natataeh na akho!" matalino kahit lasing ang babe, na gets agad sinabi ko.

"Dali at ang lamig na." hinatak ko si Iris dahil walang plano umalis. Alam ko gusto nila pumasok pero may tamang pagkakataon at panahon para jan.

"Aaar eeeL isa ka pa! halika na!" stress na stress na ako sa kanilang tatlo, mga bwesit na babae 'to at ang hirap pasunurin!

Naghahabulan pa talaga sila, paano kami makakaalis nito kung puro sila ganyan. Sumasakit ang brain ko.

"Will you stop?" seryoso na sabi ko sa dalawa na agad naman tumigil sa paghahabulan.

"Get in the car right now." malamig at malalim na boses na utos ko sa kanila. Ay haleeer agad na sinunod nila babe at Aaar eeeL.

Akala siguro nila ako si Bern dahil habang nasa byahe hanggang sa makauwi ng bahay ay walang nagsalita kahit isa sa kanila. Takot lang talaga sila sa kanya at hindi sa akin. Mukhang tama sinabi ni Bern, kailangan ko sanayin ang sarili para agad mapasunod ang mga gaga.

Pagkabalik namin ng villa ay umakyat ako agad sa kwarto, pinabayaan ko na sila sa mga gagawin nila sa kani-kanilang mga buhay at nasa villa naman na kami. Nagtaka ako bakit lock ang aking kwarto? Kaloka, buti dala ko ang susi at pag bukas ay halos mapatili ako ng makita si ma'am Kath... mahimbing ang kanyang tulog. Naalala ko na, dito ko nga pala siya pinatulog bago umalis kanina.

Dahan-dahan akong umatras at isinarado ang pinto saka tumakbo patungong kwarto ni Iris. Hindi na ako kumatok at diretso pumasok, kaso si gaga nakahubad at ngayon kitang-kita ko flat chest niya.

"Ano ba keybold! Walang kamay? Hindi marunong kumatok?!" Pinaikutan ko siya ng mga mata at humiga sa kanyang kama.

"Walang makikita sa dede mo, akala mo blessed ka? Same lang tayo bobita. Dito ako matutulog at sira aircon ng kwarto ko." Dahilan ko sa kanya kasabay ang pag talukbong ng makapal na comforter.

"Naknampucha, bakit sa akin? Doon ka nga matulog sa kwarto ni Sj o di kaya ni donkey! Mamamatay ako sayo ng maaga. Naka aircon ka na tapos nag fa-fan ka pa!" Dahil sa puro reklamo ang empakta at naririndi ako sa boses ay ginawa ko nalang sinipa siya kaya nahulog sa sahig.

"Pucha! Sus! Kung pwede lang manakal ng unggoy, pasalamat ka may awa ako sa mga hayop." Bumangon ako at kinuha ang kanyang libro na nasa gilid ng small table.

"Gusto mo isampal ko tong libro sayo ha? Wag ka panay reklamo at magpatulog ka." Talak ko at aksyon ibabato sa kanyang mukha, takot naman pala.

Bago matulog ay sinigurado kong naka max volume both aircon at fan, bahala siya mamatay sa lamig jan basta ako comfortable sa ganyan.

"Night, empakta." Bulong ko sa sarili at tuluyang pumikit.

*

Maaga akong gumising para sana tignan si ma'am kaso wala na siya at maagang umaling. May note siya iniwan sa kama ko, sinasabing nagpapasalamat sa ginawa ko kagabi.

"Pota! sakit ng ulo ko. Bumili ka nga kape, tansan." utos ni babe kay tansan habang hinihilot noo nito. Gumulong ba naman silang tatlo kagabi sa hagdanan.

"Jusko ang sakit ng likod ko." Isa pa tong si Aaar eeeL.

"Anonangyari kagabi? wala ba nasaktan sa inyo?" Tanong ni babe.

"Here." Inabot ni Maddyn ang flashdrive na nakuha nila kagabi. So, successful ang naging mission. Duh, dapat lang no.

"Nandito ba lahat ng informations na kailangan ni Dad?" Tanong ko sa kanila.

"Sino pumasok sa office? ikaw ba Maddyn?" Tanong naman ni Ag,

"Tanvi."

"Tanso bilisan mo!" tawag ni RL sa nang makitang may bitbit itong dalawang tasa ng kape.

"Bakit?" Tatanong pa talaga kung bakit, alam niya naman dahilan kaya sila pinatawag.

"Paano mo nakuha ang usb at anong meron sa loob ng office bakit maraming bantay?" Hindi na nagpaligoy-ligoy si babe at agad nag tanong.

"Diba nagpanggap ako bilang security? Nilapitan ko sila at sinabi may nakapasok na intruder kaya hindi sila nag aksaya ng oras umalis. Pero bago yun ay pinaiwan nila ako para may isang mag bantay. Mga tanga diba? hindi man lang nila alam hindi ako isa sa kanila." Ou nga naman. Anong klasing security

sila? mga bobo.

"Tapos?"

"Pagpasok ko ng kwarto ay agad ko tinungo ang computer nito at hinanap ang flashdrive sa drawer. Tapos may nakita ako na limang malalaking maleta, alam nyo ba kung anong laman?! mga dolyar." Ito pala ang dahilan kung bakit maraming bantay.

"Ay hindi kayo nagulat?" may dapat ba ikagulat sa sinabi nya?

"Patuloy mo tanga." sabi ni babe at binatukan sya.

"Hindi ko mahanap ang pakay don kaya sa tingin ko wala doon sa office nya, kaya kinuha ko nalang mahahalagang impormasyon sa computer."

"Eh ano 'tong binigay ni Maddyn?" Tanong ko naman at pinakita sa kanya ang hawak ni babe.

"Yan ginamit ko kagabi, maraming video clips 'yan. Hindi ko na nagawang panoorin dahil sabi ni Louis pabalik na sila." kung wala sa office, ang ibig lang sabihin ay hawak ito mismo ni chairman na hindi ko kilala ang pangalan.

"Tanga bakit wala, bobo naman. Sige tawagan ko nalang si Dad mamaya. Ano gusto nyo kainin. Ngayon lang ako manlilibre kaya ayusin nyo mga desisyon sa buhay." true yan at hindi false ang sinabi ni babe. Sobrang kuripot ba naman nya na kahit piso ayaw ka bigyan.

"Mamayang hapon nalang, mauna na kami at may pasok pa kami." sagot ni Maddyn. Magtatanong pa sana ako kung ano ang course na kinuha nila pero ng bilis nila nakalayo.

Sunod umalis sina Hell at Louis dahil may mga pasok din.

"Oh mga tanga tayo na naman ang natira. Ano magandang gawin? 9:30 pa klase natin. Ay tara punta tayo sa cake shop, nag crave ako bigla." bilis talaga mag desisyon ni babe.

"Kayo nalang at pupunta akong clinic." kanina pa masama pakiramdam ko.

"Luh gago may sakit ka? gusto mo rin landiin si nurse ha? tanga akala mo hindi kita nakita kahapon na hinalikan si ma'am kath sa labi?" anong ibig sabihin nya?

"Hoomaygas!! kaya pala nawala ka kahapon dahil nakipaglaplapan ka kay Athy?! wait what? si Athy?!" bulaslas ni babe, ang oa ha.

"Kaya pala sabi ni Iris nakita ka nya may kahalikan ha. Kailan ka pa natoto lumandi keybold?"

"Wala daw syang nilalandi pero may kahalikan lang."

Sunod-sunod mga tanong nila, ang oa ng mga 'to at aksidente lang naman 'yong nangyari kahapon! kung ano nalang ang mga naiisip.

"Sa pisngi sana ako hahalik okay? nasakto lang lumingon si ma'am kaya sa lips ko na kiss. Oa nyo naman masyado kahit wala naman dapat ikagulat." ako na naman nakita nilang pag tripan, wala na bang bago.

Naiinis ako sa mga mukha nila, baka may masabunutan ako ngayon kung hindi nila ako titigilan.

"Hoy saan ka pupunta? hindi pa tayo tapos mag usap." Tanong ni babe nang tumayo ako.

"Sa clinic nga! kainis, ayaw nyo lumayas? edi ako lalayas!" masakit puson ko mga bwesit.

"Keybold nooooooo." sigaw ni Iris habang papalabas ako ng cafeteria.

Plano ko talaga dumiretso sa clinic, ang problema nga lang ay nakita ko si miss Kathlyn sa cottage na madadaanan lang sa quadrangle kaya nilapitan ko na ito.

"Ma'am." tawag ko pero hindi ako pinansin o sadyang mahina lang ang pagtawag ko kaya hindi nya narinig.

"Maaaaaaaaaaaaaa'am." tawag kong muli sa malapitan.

"Krystal." salamat naman napansin nya rin ang beauty ko.

"Ano ginagawa mo ma'am?" tumabi ako sa kanya at sinilip ang laptop nito.

"It's my novel."

"Novel?"

"I'm writing a novel about a serial killer." writer pala sya? ang tagal ko na sya nakakasama at hindi ko man lang alam na writer sya.

"Sa dami na pwede ma'am bakit serial killer?" hindi ba pwede romance, comedy or fantasy?

"I just want to try." sagot nya habang nagtitipa.

"Parehas pala kayo ni babe mahilig sa mga ganyan. Ano po plot ng story?" tanong ko sa kanya. Maganda rin naman serial killer kasi may thrill.

"I'm not gonna spoil you." pero gusto ko e spoil nya ako?

Mahangin naman sana pero pinagpapawisan ako. Ang sakit kasi masyado ng puson ko, kailangan ko na talaga pumunta sa clinic upang makahingi ng gamot.

"Alis na po ako ma'am." saka lang nya ako tinignan pagkatapos ko magpaalam sa kanya.

"Wait, why do you look so pale?" concern na tanong ni ma'am.

"Masakit po kasi puson ko." ang hirap pag may dysmenorrhea kasi hindi mo alam ang gagawin pag may cramps ka!

"May gamot ka ba?" si ma'am Kathlyn lumilipad yata ang isipan. Kaya nga ako pupunta sa clinic para makainom ng gamot.

Tipid akong ngumiti at umiling sa kanya. "Sa clinic nalang po." sagot ko.

Bigla nya isinara ang laptop at iniligpit ang mga kagamitan.

"Come to my office, I have medicine for cramps there." ang thoughtful talaga ni ma'am Kath kahit kailan. Tumango ako at sumunod patungong opisina nya.

Pinaupo nya ako kaagad sa malambot na sofa, ikinuha ng tubig at gamot pagdating sa opisina.

"Krystal, drink this."

"Thank you ma'am." I really hate it. Pero wala akong choice kundi pilitin ang sarili kong uminom ng gamot.

"Wala ka po bang klase?" nakita ko kasi sya na nag aayos ng table. Hindi naman magulo at maayos naman ang mga ito, hindi ko alam bakit inaayos nya.

"Meron." sagot nya at bumalik sa akin upang kunin ang baso.

"Alis na po pala ako, may klase ka pa pala. Salamat po ma'am." magpapaalam na sana ako nang bigla nya akong pinigilan at sinalat ang aking noo.

"You stay here Krystal. I have a room, you can sleep there." mahinang bulong nya at itinuro ang isang pinto.

Lahat ba sila ng demogons may mga kwarto ang opisina? pwede rin naman doon nalang ako sa clinic o 'di kaya sa rooftop.

"Dito nalang po ako ma'am sa sofa matutulog." sa huli ay napagdesisyonan ko nalang ang manatili.

Tinitigan nya ako ng ilang segundo bago bumalik sa kanyang table. Tahimik lang kaming dalawa, hindi ako sanay sa tahimik at hindi rin ako makatulog kahit anong pilit ko sa pagpikit ng mga mata.

"Ma'am ilang taon ka na po?" putol ko sa katahimikan.

"25." isang taon lang pala agwat nila ni miss pixie.

"Kailan birthday mo ma'am?" sunod na tanong ko.

"December 5." matagal pa pala.

December 5?! yan din ang araw ng kasal ko. Pero hinding hindi mangyayari, mamamatay nalang ako na matandang dalaga kaysa maikasal sa Troy na 'yon.

"May boyfriend ma'am?" Ngayon ko lang na solo kasama si ma'am kaya susulitin ko ang pagkakataon magtanong.

"None."

"Girlfriend?" baka tulad din sya nila ma'am Pixie at Ziallyn na mga bakla.

"Krystal."

"Po?" baling ko sa kanya dahil sa pagtawag nito.

"Nothing." okay single si ma'am? ang ganda nya ha tapos walang jowa kalerkey.

"Ma'am, bakit wala kang boyfriend? Sa sobrang baet at ganda mong yan, wala? Hindi ako makapaniwala." Talagang unbelievable masyado na ang tulad niya ay nanatiling single.

"Do I have to rush?" Nag loading ang aking brain pero na gets ko rin.

"Hindi naman po sa ganun, may hinihintay ka ba? O kaya gustong tao ngayon?" Kaloka ka Krystal, pero curious talaga ako kay ma'am Kath,

"Yes."

"Meron?!" Di ko napigilan at bahagya tumaas ang boses.

"Yes."

"Omg!" Bulaslas ko at takip ng bibig.

"Don't tell me, may gusto ka rin kay babe ma'am?" Kaming dalawa ang nagulat sa naging tanong. Kahit ako ay hindi inaasahan ang naging tanong, bakit nasali si babe sa usapan?

"No." Tumango ako. Sumagot naman siya pero inabot nga muna ng ulang segundo.

"Ah okay, akala ko lang kasi sobrang concern mo lage sa kanya tapos pansin ko dati sa tuwing nakatingin ka sa kanya malungkot mga mata mo." Paliwanag ko.

"I can assure you, Krystal. She's my bestfriend." Wow ha si ma'am, kung makapag bigay ng assurance akala mo naman ako yung taong tinutukoy na gusto.

"Hehe, sige po." Tigil na at baka kung saan mapunta mga tanong ko.

Pagtingin ko muli sa kanya ay may ginagawa na ito. Baka pinagpatuloy na nito ang novel na sinusulat kanina. Effective ang gamot na pinainom ni ma'am sa akin, medyo nabawasan na kasi ang sakit ng puson ko. Kinuha ko ang phone sa bulsa at chineck ang twitter account ko. Napansin kong hindi ko pa pala na follow si ma'am, at ang dami nyang followers pero ang mga pinsan lang ang finollow back nya.

"Ma'am bakit po ayaw nyo mag follow back sa twitter? ang dami mo kayang followers." tanong ko habang ini-stalk ang mga tweet posts nya.

"I don't follow back." agad na sagot nya.
Baka sa relatives lang sya nag fa-follow back?

Pero bakit naka follow sya kay babe? baka rin dahil magiging part of the family na sila soon? Naka follow na ako sa ibang demogons at si ma'am nalang ang hindi ko pa na follow. Sa huli ay nag desisyon akong mag follow narin sa kanya.

"I need to go, just stay here and rest. I'll be back after class." tumango ako sa sinabi nito. Nakaramdam din ako ng antok dahil yata epekto sa gamot.

"Ingat po ma'am, bye poooo." paalam ko at nag wave sa kanya bago paman ito makalabas ng opisina.

Ipipikit ko na sana ang mga mata nang makatanggap ako ng isang notification from Twitter.

"Oh my!" nakangiting sambit ko nang makita ang nilalaman ng notifications ko.

Kathlyn Jamila Ponferrada *followed you*

Nag follow back si ma'am! ang saya ko lang kasi sya palang ang nag follow back sa akin sa kanila ng demogons. Nawala bigla ang antok ko. Message ko nga si ma'am, hindi pa naman siguro sya nagkaklase ngayon?

Krystal
Mommy Kathlyn, bakit ka nag follow back. ?

Kakasend ko pa nga lang sa kanya may reply na agad sya.

Kathlyn Jamila Ponferrada
Because you followed me.

Krystal
Ah gano'n po ba.

Kathlyn Jamila Ponferrada
You don't like?

Krystal
Gusto po! sige na ma'am at may klase ka pa.

Kathlyn Jamila Ponferrada
Masakit parin puson mo?

Hindi ko namamalayan na napapangiti na pala ako sa bawat palitan namin ng mensahe.

Krystal
Hindi na po gano'n kasakit, effective ang gamot mo ma'am. Pero baka umalis ako kasi nagugutom na ako.

Hindi kasi ako nakakain kanina dahil nga sa sobrang sakit ng tiyan ko. Ngayon naman nangangalam dahil sa gutom.

Kathlyn Jamila Ponferrada
Stay there.

Gusto ko manatili para matulog pero gutom din ako. Food first ang goal ko before sleep. Nakatanggap ako muli ng message galing kay mommy Kathlyn.

Kathlyn Jamila Ponferrada
10 minutes.

10 minutes? after 10 minutes pwede na ako umalis gano'n?

Dahil sabi nya maghintay ako kaya nanatili ako sa office hanggang sa lumipas ang sampung minuto. Aalis na sana ako nang biglang may kumatok sa pinto. Mabilis akong tumayo at pinagbuksan ang taong kumakatok.

"Miss Krystal po?" tanong ng lalaki na may dalang paper bag?

"Yes it's me, the one and only pretty girl around the world." kaloka sya at tinawanan lang beauty ko?

"Para sayo po, pinapabigay ni ma'am Kathlyn." kinuha ko kaagad ang inabot nito.

"Salamat."

Sinarado ko ang pinto pagkaalis nya at agad na tinignan ang laman ng paper bag.

"Wow!" nanlaway ako sa mga pagkain na pinadala ni mommy Kathlyn.

May chocolate cake na favorite ko, spicy chicken, hungarian hotdog, beef steak, pork adobo at marami pang iba. Ang dami naman nito?

Kinuha ko ulit ang phone at nagpadala ng mensahe sa kanya.

Krystal
Waaaaa ma'am Kathlyn! Thank you po sa foods. ?

Kathlyn Jamila Ponferrada
You're welcome, enjoy Krystal.

Halos umabot ako ng isang oras bago matapos sa pagkain. Ang dami naman kasi ng mga pagkain pinadala ni ma'am Kathlyn. Nahihirapan na ako huminga sa sobrang kabusugan.

"Hala!" sigaw ko.

Naalala ko may pasok pa pala ako! si ma'am Lorelei pa naman daw Professor namin sa CDI. Mabilis kong iniligpit ang mga kalat, baka magalit pa si ma'am sa akin kapag nakita nya pagbalik magulo ang office.

"Okay, malinis na!"

Lumabas na ako at bago umalis ay sinigurado ko munang nakalock ang pinto. Makakalimutin kasi ako minsan kaya dapat na mag double check. Masaya akong naglalakad sa corridor nang makita si ma'am Kathlyn na kakalabas lang ng classroom na katabi lang no'ng room namin.

Kasunod nya ang mga lalaking estudyante na kulang nalang hubaran si ma'am kung makatingin sa legs nito. Ewwww, bakit nag crim pa kayong mga hayop kayo.

Mas binilisan ko pa ang paghakbang nang makita na hahawakan sya nito sa braso.

"Krysta-" hinila ko si ma'am at itinago sa likuran ko.

"You shouldn't do that. What's the reason why you took a criminology course? You are all university students, yet here you are showing unpleasant behavior." I spoke coldly and glared at them.

"What do you mean Krystal?" tanong ni ma'am kaya seninyasan ko nalang ang mga lalaki na umalis. Next time mahuli ko pa sila ulit ay hindi ko na sila papalampasin.

Huminga ako ng malalim bago hinarap si ma'am.

"Ah wala po ma'am, nakita ko kasi sila na hahawakan ka sana sa braso mo. Ayaw mo pa naman ang

may humahawak sayo, sorry din po kung nahatak nalang kita bigla." paghingi ko ng paumanhin sa kanya.

Tulaley si ma'am kath?

"Ma'am?" tawag ko.

"Oh it's okay and thank you. For a moment, I thought you weren't Krystal because of your tone." kaya ko rin pala gawin ang ginagawa ni Bern? pero hindi naman ako brutal na katulad nya.

Pilit at mapakla akong ngumiti sa kanya.
"Ano ba sinasabi mo ma'am, syempre ako 'to si Krystal. The one and only po, walang false sa akin at lahat true." pagbibiro ko sa kanya.

Nakatitig lang sya sa akin na para bang may gusto malaman.

"Did you enjoy the food?" tanong nya.

"Yes po, inabot ako halos ng isang oras maubos lang ang pagkain na pinadala mo ma'am. Thank you, masarap lahat at paborito ko." sagot ko at hinimas ang tiyan sa sobrang busog.

Mommy just smiled and patted my head.

"Good for you. Go to your class, nasa loob na ang mga kaibigan mo." tumango ako at nagpaalam na sa kanya.

May klase pa raw sya sa 4th year at kailangan na nya umakyat. Hindi lang pala kami ang hinahandle nila dahil pati narin seniors namin.

"Hoy horsey! pinuntahan ka namin sa clinic tapos malalaman namin hindi ka naman nagtungo doon!" gandang salubong ni babe sa akin pagpasok ng classroom.

"Goodmorning pres." bati ng iba naming mga kaklase. Ako president sa klase dapat matuto silang gumalang.

"Excuse me treasurer!" sagot ko sa kanya at pinaalis sa upuan ko. Ba't ba ang hilig nila umupo sa hindi naman nila upuan!

"Saan ka galing keybold ha?" sarap tusukin nitong mata ni Iris.

"Nakipagkita kay San Pedro, dapat nga sana isasama kita pero nakalimutan ko hindi ka pala tanggap do'n!" singhal ko sa kanya. Hindi ko ba alam bakit naiirita ako kay Iris, basta bwesit sya.

"Bakit ka na naman galit, nagtatanong lang 'yong tao e." kung ngumuso akala mo cute, para namang pwet ng manok.

"Tao ka pala? hindi ko alam, akala ko kasi empakta ka." pambabara ko sabay paikot ng mga mata.

"Saan ka nga kasi galing kb?" tanong ni Ag. Bakit ba gusto nila malaman kung saan ako galing, ano naman sa kanila?

"Kumain, nagpakasarap." ayoko sabihin na galing ako sa office ni ma'am at aasarin na naman nila ako.

"Wow, nagpapakasarap ka samantalang kami nag-aalala sayo?! ganyan ka na ba talaga keybold?!" drama ang donkey

"Pwede ba tigilan nyo ako?! wag nyo 'ko binubwesit pag meron ako!" napasigaw na ako sa sobrang inis.

Dinukot ko ang phone nang maramdaman na nag vibrate ito at agad na tinignan kung sino ang nag chat.

Kathlyn Jamila Ponferrada
Gaano kalakas ang boses mo at umabot hanggang dito sa 4th floor?

Gano'n ba kalakas ang pag sigaw ko?

Krystal
Nakakainis kasi sila ma'am, palagi nalang ako pinagtitripan. ?

"Hoy horsey sorry na wag ka na magalit." tawag ni babe habang sinusundot ako. Hindi ko sya pinansin, manuyo ka mag isa mo.

Kathlyn Jamila Ponferrada
Stop shouting. You're distracting everyone's class.

"Sino ka chat mo unggoy, bakit nakasimangot ka na naman. kaya ka siguro badtrip dahil basted ka na." sa sobrang inis ko sa sinabi ni Iris at sa kadahilanang ayaw nya ako tigilan ay naibato ko na sa mukha nya ang RPC ko na libro.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ayan sapol sa mukha."

"Potangena KB! tignan mo ginawa mo, dumudugo ilong ko." singhal nito sa akin aba't talagang kasalanan ko pa.

"Pakialam ko sayo! gusto mo ihulog pa kita sa building ha?!"

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Pambihira."

"Sino makikipag pusta? Pres. vs V-Pres. akin ma mga pera nyo." sinamaan ko naman ng tingin si tansan.

"Panget mo keybold! kaya walang nagmamahal sayo e." at dahil sa sinabi nya ay hindi na ako nakapagpigil kaya sinugod ko na ang bwesit na Iris.

"Kahapon pa ako naiinis sayo!" singhal ko sa kanya at sinabunutan ang buhok.

"BAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH."

Mga kaklase namin nataranta na dahil walang pumupigil sa aming dalawa, kahit na sila babe ay tuwang-tuwa pa sa away namin ni Iris.

"Keybold potangena bitawan mo ang buhok ko, masakit na hayop ka!" napangiwi ako dahil bumaon ang

kuko ni Iris sa kamay ko.

"Diba sabi ko sayo wag mo akong ginagalit punyeta ka. Gusto mo bang kalbuhin kita ha Iris?" hindi ko talaga binitiwan ang buhok nya at mas inalog ko pa utak nya.

"Aray aray! tama na, keybold isa! matatamaan ka na talaga da akin. Masakit na sab-"

"Krystal!"

"Iris!"

Rinig kong sigaw nila ma'am Kathlyn at Everleigh pero hindi parin kami tumigil na dalawa sa pagsasabunutan. Alam ko naman na wala akong laban kay Iris kung seseryosohin nya ako, hindi naman nasasaktan 'to at mas natutuwa pa sya kapag ginaganito.

Dinampot ko ang makapal na RPC book at pinaghahampas ang ulo nito.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Hindi pa ako nakontento at kinagat ko ang braso nya hanggang sa inawat na kami nila ma'am.

"Krystal stop!" yakap ni ma'am Kathlyn mula sa likod ko at inaalis ang kamay ko sa buhok ni Iris.

"Iris let go of her!" si ma'am Everleigh din na gano'n ang ginagawa.

"Bwesit ka!" malakas na sigaw ko sa kanya nang mabitawan ko ang buhok nya.

"Potangena mo keybold, ano ba problema mo ha!" ramdam ko ang pag init ng mukha ko.

"Hindi ba sabi ko huwag mo akong bwesitin lalo na't alam mong masama pakiramdam ko! Bobo ka ba ha?!" nanggigilait sa galit na sigaw ko sa kanya.

"BAHAHAHAHAHAHAHAAHHAHAHA." malakas na tawa ni babe at nagpalakpakan naman ang tatlo pa. Naiinis ako, imbes kay riri lang ako dapat mainis ay ngayon parang sa kanilang lahat na kumukulo ang dugo ko. Masaya ba sila kapag ganito lage sitwasyon ha?

"Nagtatanong lang naman ako ha!" sigaw na naman nito sa akin.

Susugurin ko na sana sya ulit ng maramdaman ko ang mahigpit na yakap ni ma'am, at gano'n din si ma'am Everleigh na todo rin ang yakap sa kanya mapigilan lang sya sa pagsugod sa akin.

"Krystal I said stop shouting!" galit na sigaw ni ma'am Kathlyn bago ako pwersahang hinarap sa kanya.

Hindi ko talaga ma explain ang nararamdaman ko ngayon. Feeling ko sasabog ako sa sobrang galit na hindi ko naman alam ang rason kung bakit. Ganito talaga ako pag may dysmenorrhea, kaya mas lalo akong inaasar ni Iris para masaktan ko sya.

"Ma'am Kathlyn." tawag ko at nagsimulang humikbi.

"My Gosh, stop crying! Let's go to the clinic." sabi nya at hinila na ako papalabas ng classroom.

"Keybold! hindi pa tayo tapos!"

"Iris shut up!!" bulyaw sa kanya ni ma'am Everleigh. Bago tuluyang makalabas ay tinaasan ko sya ng middle finger at narinig ko pa ang malalakas na tawanan nila babe.

"Pota BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Nice action, pambihira."

Hindi ko na kayang pigilang at tuluyang lumuha habang hatak-hatak ni ma'am patungong clinic. I tried not to make some noise pero nakakainis yung singhot ko! Naramdaman ko ang kanyang pagtigil at lingon sa akin.

"Krystal." Mas lalo akong umiyak nang marining ang boses niyang napaka kumportable.

"Sorry po. Naiinis lang ako, gusto ko magalit sa lahat ng mga tao. Hindi ko maintindihan ang sarili ngayon dahil sa dysmenorrhea ko. Ganito lang po talaga ako, paiba-iba ang emotions kaya sana wag ka magalit ma'am." Paliwanag ko at humawak sa laylayan ng kanyang damit.

"I'm not mad. I'm sorry for shouting at you, I was just worried about you. Come on, may sugat ka ba?" Hinawakan niya ako sa magkabilang pisngi at tinignan kung may natamo akong mga sugat.

Umiling ako. "Wala po sa mukha, pero sa leeg at mga braso meron. Masakit ma'am, hindi parin nawawala inis ko." Sumbong ko. Sa kanya ko lang talaga nailalabas ganitong side ko, dahil alam kong hindi rin naman ako seseryosohin pag sinabi ko kina Iris,

"Shh, stop crying. Let's go to the clinic, okay? I need to treat your wounds." Suminghot akong muli saka pinahiran ang mga luha.

"Okay." Sambit ko.

"Alright."

Kinuha niyang muli ang isang kamay ko at hinawakan ng mahigpit. Mainit at sobrang lambot ng palad ni ma'am, gustong-gusto ko hawakan at sa tuwing magkahawak kamay kami ay mas lalo napapanatag kalooban ko.

"Thank you, ma'am." Bulong ko.

Pero...

Saan nga ako ulit balak dalhin ni ma'am?

CHAPTER 5

Kathlyn Jamila

-

"What happened?" I asked while applying first aid to her scratches that she received from Iris. This is the first time I've ever seen them hurt each other.

I'm not sure why I feel comfortable around her. Even when she occasionally appears foolish, she remains content with what she does. Although her friends may tease her, she will continue to do it simply to make them happy. She is a cheerful, considerate, and humorous person, and I am not used to seeing her cry. It's her personality that drew me in.

Sometimes I get irritated by her friends, particularly Ara, as they seem to care little if the two of them argue. They simply watch from the sidelines and laugh at their fights

"Because we want to fight?" my forehead furrowed because of the sudden changes in her tone.

I also noticed something about her. Sometimes she suddenly becomes serious and cold, as if her eyes have no emotion, like now. It's as if I'm not talking to Krystal, but someone else entirely.

"Krystal."

"Bern." She said, feeling a shiver run down my spine as her cold, authoritative tone cut through the air. She took my hand and held it firmly, her gaze never leaving mine. She repeated her instruction with a commanding and unyielding tone, leaving no room for argument.

"Call me Bern."

"Why? I'm used to calling you Krystal, and now you want me to call you by a different name." I asked, a bit confused and surprised by her abrupt change.

"Yes, I know, but can you call me Bern just for now?"

"Alright."

"You know, miss, you mentioned that you're single, so why don't you just make me your girlfriend?" My eyes widened in shock. I couldn't believe what she was saying.

It was clear that she was being serious about her question. I was frozen in place, completely shocked and at a loss for words. Yes, I admired her personality, but did I actually have romantic Feelings for her? I wasn't certain.

"Are you sick?" I attempted to change the subject, as I was unable to think of how to respond. She leaned back and crossed her legs, and I felt a sudden heat in my body as I took in the sight before me.

"I'm not?" I couldn't help but wonder if she needed something to eat.

"Food?" I said, standing up to call my secretary, but I was taken aback when she suddenly pulled me

back down onto her lap and wrapped her arms around my waist.

"Krystal," I said in a disapproving tone, "Krystal," I continued, my frown deepening as I felt the firmness of her grip around my waist. "What kind of behavior is this?"

"I don't need food. This is all I need."

Krystal pulled me towards her chest and did something unexpected. She slammed her lips against mine, kissing me hungrily but passionately. My eyes widened, and I wasn't sure what to do. My thoughts whirled in confusion as I considered whether to push her away, slap her, or simply give in to the tempting sensations flooding my brain.

To my surprise, I reached out and cupped her cheek. In a quick and decisive move, I bit her lip hard, causing her to gasp and break the kiss.

"Aww." She smirked and licked her lower lip, and I couldn't deny that she was attractive when she acted this way.

"I'll pretend nothing happened," I declared, removing her hands from my waist.

I stood up and smoothed out my crumpled skirt, glancing at her once more. Her mischievous smile was still present, so I raised an eyebrow in response.

"Bye, honey," she said, flaunting her flirty demeanor.

Not bad either, she has soft lips and is good at kissing.

-

Krystal Bern

Feeling ko sasabog tiyan ko sa sobrang pagkabusog. Buong araw wala akong ginawa kundi ang kumain kaloka. Kakabalik lang namin ng school galing sa bahay ni lolo kasi nakauwi na ang mga kambal. Nagulat nga kami ni Iris kanina sa biglaang pagsulpot nila dito sa school.

Hahabol na sana ako kina babe nang may tumawag sa aking pangalan.

"Annallyn." balik na tawag ko sa kanya, kasunod lang din nito si ma'am Kathlyn.

"Do you still have class?" Hindi ako sure kung meron pero sa tingin ko meron na wala? ou, meron ata.

"Wala? ay wait isipin ko muna kasi hindi ako sure pero baka meron." parehas kami naguluhan sa naging sagot ko.

Sinungaling talaga si babe, sabi nya may boyfriend si Annallyn tapos malalaman ko ngayon na wala pala.

"Anna, let's go." Singit ni ma'am sa usapan.

"Where to?"

"My office. I also need to talk to you." haler? nandito pa ako at bakit kayo lang ang nag uusap na

dalawa?

"Mauna na po ako." paalam ko sa kanila. Maghahanap ako ng lugar na pwede ko idlipan kasi antok na antok ako, dahil siguro sa naparami ang pagkain ko.

"Bern." tawag ni ma'am kaya't napatigil ako sa paglalakad. Ako ba tinatawag nya?

Nagpalinga-linga pa ako baka kasi ibang Bern tinatawag nya at hindi naman 'yan ang tawag nya sa akin?.

"Ako po?" turo ko sa sarili ko.

"Who else?" bakit sya pa ang nakakunot ang noo sa aming dalawa e ako 'tong naguguluhan sa kanya.

"Bakit bern? diba Krystal tawag mo sa akin?" wala naman akong natatandaan na sinabi kong Bern itawag nya? unless kung na meet nya na si Bern habang tulog ako.

"You told me to call you Bern?" Baka nga talaga nag usap na silang dalawa ni Bern.

"Pero ma'am mas gusto ko Krystal ang itawag mo sa akin?" sabi ko naman sa kanya. Mas gusto ko kasi kapag Krystal ang binabanggit nya at hindi ako sanay na tawagin sa pangalan na Bern.

"Bakit ang gulo mo?" hindi ako ang magulo, si Bern kaya 'yon.

"Sorry po ma'am sa tingin ko kasi nilamon narin ng pagkain ang isipan ko." Rason ko nalang sa kanya kasi hindi ko alam ang isasagot.

Nakakailang ang mga tingin ni ma'am, para kasing kinikilatis nya talaga kung ano ang problema sa akin. Ano ba kasi ang ginawa ni Betn sa kanya?

"May nagawa po ba akong kasalanan?" tanong ko sa kanya kasabay ang isang malalim na hikab. Inaantok na talaga ako, ang weird ko lalo kasi kapag sobrang busog ko ay bigla nalang ako aantukin.

"Don't assume you don't know what you did." pumipikit na ang mga mata ko at naluluha narin ako. Ano ba ang sinasabi nya, wala naman akong alam sa nangyari.

"Ma'am inaantok na po ako. Punta lang po ako library, do'n nalang ako matutulog. Alis na po ako at baka makatulog na naman ako sa daan." paalam ko na sa kanya habang kinukusot ang mga mata.

Para akong walking zombie na naglalakad mag isa patungo sa library. Gusto ko sana hanapin sila babe pero hindi ako makakatulog kapag sila kasama ko, ngunit hindi pa man ako tuluyan nakakalayo ay biglang may naramdaman akong mainit na palad humawak sa braso ko.

"Let's go to my office." Aniya kaya nagulat ako.

"Pero sabi mo mag uusap kayo ni Annallyn?" Tanong ko at humikab muli.

"Yes, and so?"

"Hehe sige po." Sagot ko at niyakap ang kanyang braso.

"How are your wounds?" Malambing niyang tanong at tinapik ako sa ulo. Nakapikit ako ngunit agad

nagdilat ng mga mata dahil sa ginawa niya at nakita ang iilang estudyante na nakatingin sa aming dalawa. Wala si Anna at mukhang may dinaanan pa sa opisina ni Ziallyn,

"Okay na po at hindi na masyado masakit. Magaling po kasi nurse ko." Sagot ko at nilingon siya ngunit agad iniwas ni ma'am ang kanyang ulo.

"Thank you po." Bulong ko at mabilisan siyang ninakawan ng halik sa pisngi bago pa man may makakita.
Masaya ako sa ginawa at nagtaka dahil si ma'am biglang huminto.

"Ma'am?" Tawag ko. Nakatingin siya sa akin pero mukhang malalim ang iniisip niya.

"Ma'am? Haler? Ma'am?" Pukaw ko at kumaway. Kaloka, bakit bigla siya naging ganyan.

"Krystal." Lumundag yung puso ko sa kaba dahil mukhang nagalit ko si ma'am!

"Po?" I tilted my head, naghihintay ng sagot niya.

Bigla niya tinakpan ang kanyang labi gamit ang likuran ng kanyang palad at ngayon namumula ang pisngi. Ako na walang alam sa kung ano nangyayari sa kanya ay biglang nataranta dahil baka may sakit o lagnat si ma'am.

"Ma'am Kath, sobrang pula ng mukha mo... May lagnat ka po?" Inosente kong tanong at tinangkang lapitan si ma'am ngunit napahinto ako nang makita siyang humakbang paatras.

"Bakit po?" Tanong ko at humakbang muli paabante ngunit ganun din sya paatras.

"Ma'am, may nagawa po ba akong kasalanan?" Sunod-sunod ang mga naging tanong ko sa kanya pero si ma'am ewan ko kung anong nangyayari sa kanya, nakakaloka.

"I-I forgot that I still have somewhere to go. Just rest at the clinic. We'll see each other later, Krystal." Mautal na salita ni ma'am bago ako tinalikuran at nagmamadaling humakbang palayo.

Ako na walang alam, nagtataka sa bigla niyang naging reaksyon. Napakamot ako sa aking ulo habang pinagmamasdan si ma'am na papalayo. Mukhang wala akong choice kundi sa library nalang talaga matulog, makaalis na nga at baka makita ako nila babe.

"Horsey kooooooooooo!" Kakasabi ko lang ayaw ko muna sila makasama kasi gusto kong matulog.

"Bakit?" Kanina pa ako hikab ng hikab, malas at nakasalubong ko pa sila.

"Punta tayo sa library."

"Ano gagawin nyo do'n?"

"Bobo, matutulog." hindi nya naman kasi sinasabi ng maayos.

Napansin ko wala si Iris. Saan na naman nambababae ang empakta? "Hindi nyo kasama si Iris?" tanong ko sa kanilang tatlo.

"Akala ko ba magkasama kayo? diba kayong dalawa ang nahuli kanina sa parking lot?" tanong ni Ag. Hindi ko naman sya nakita do'n kanina.

"Hindi no, akala ko nga kasama nyo, wala akong nakitang Iris sa parking lot." Bigla nalang nawawala ang malanding yun.

"Hoy, anong course nga ulit ng kambal at Louis?" hindi ko kasi alam kung anong department sila.

"Hindi rin namin alam, ikaw doraemon alam mo?" tanong naman ni babe sa kanya.

"Hindi rin." parehas pala kami mga walang pakialam.

Nagkibit-balikat nalang kaming lahat at nagtungo ng library. Hindi ako sigurado kung papapasukin kami as a group ni madam librarian kasi suki kami sa sermon. Nakahinga kami ng maluwag dahil pagpasok namin ay wala ang librarian, walang bubunganga sa amin ngayon.

"Hoy hoy! dali dito!" mahinang bulong ni RL at seninyasan kami na lumapit sa kanyang pwesto.

May sinisilip sya sa likod ng bookshelves kaya agad kaming lumapit sa kanya.

"Ano yan?" bulong ni Ag bago sumilip sa itinuturo ni RL.

"Umusog ka nga Aaar eeeL at hindi ko makita." sabi ko sa kanya at bahagya itong itinulak at sumilip sa likod ng mga libro.

Ang empakta! kaya naman pala nawawala dahil kasama si ma'am Everleigh dito sa library! at talagang sa pinakasulok sila ng bookshelves nagtatago.

"Hala wow, date 'yarn?" bungisngis ni babe sa gilid ko.

"For the kabet ang ferson." pailing iling na salita ni Ag.

"BAHAH--" mabilis kong tinakpan ang bunganga ni babe dahil tatawa na naman ng malakas! kaya nga nagtatago kami para hindi malaman tapos ipapahamak pa kami.

"Tara na at kanina pa ako inaantok. Isang oras nalang at klase na natin." Mahinang bulong ko bago hinatak si babe habang tinatakpan ang bibig.

Malanding empakta at nagkakalat dito sa library, kaloka at bakit pinatulan ni ma'am yun eww. Gaya nga ng usapan ay natulog lang kami sa library hanggang sa umabot ang oras ng klase. Pag gising namin nakabusangot na mukha agad ni librarian ang tumambad sa amin. Napagalitan na naman kami, kung bakit daw sa library kami natutulog. Kahit ano talaga gawin namin ay kontra sya lalo na kay babe, feeling ko tuloy may gusto sya sa kanya. Umuwi nalang sana kami kung wala naman palang klase. Bakit kasi hindi e inform ng maaga mga students!

"Umay alam pala ni tansan na walang pasok tapos ngayon lang sinabi tangena no'n." kanina pa nagdadabog 'tong si babe.

"Asan ba si Iris? hindi pa ba sya tapos makipaglandian sa library?" Bakit ba kami ang tinatanong ni Ag e magkasama kami simula pa kanina.

"Aba't itanong mo sya doraemon. Tara nalang nga sa department ng kambal at nakalimutan kong hindi pa pala natin sila nabibinyagan." akala ko pa naman wala talaga sya plano binyagan ang kambal. Mahina na talaga memorya nya baka bukas makalimutan na nya kaming lahat.

"Paano natin malalaman? eh hindi nga natin alam course nila?" tanong ko sa kanila.

"Ay tanga ou nga pala BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHHA." ang bobo ni babe.

"Si Louis nalang, tara sa engineering." alam naman pala ni Ag at ngayon pa sinabi.

"Ou nga hindi ko pa rin sya nabibinyagan. Tara!" ano naman kaya ang ipapagawa nya.

Palabas na kami ng building nang bigla sumulpot si empakta na may malawak na ngiti sa kanyang labi. Enjoy na enjoy siguro nya pakikipaglandian kay ma'am Everleigh sa library kanina.

"Tanga kamusta nag laplapan kayo sa library?" walang preno na tanong ni babe, si Iris tumawa lang. Nagpatuloy na kami sa paglalakad at tinahak ang daan patungong building ni Louis.

"Nakita nyo kami? HAHAHAHAHAHA."

"Hindi, wala kaming nakita. Hindi namin nakita na nakakandong sya sayo." pasimpleng sagot ni RL sa kanya.

"Pota HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA galing nyo naman maghanap sa akin." kapal ng mukha para sabihin na hinahanap sya.

"Hoy excuse me! hindi ka namin hinanap, nagpunta kaming library para matulog. Feeling kang empakta ka." pagtataray ko ulit sa kanya.

"Nagagalit ka na naman keybold, seselos ka no? HAHAHAHAHAHAHA."

"Yuck! gusto mo e pukpok ko ulit sayo 'tong libro?" tanong ko at itinaas ang librong dala.

"BAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHHA."

Tumahimik narin ang empakta, hindi ako nagbibiro at ipupukpok ko talaga sa ulo nya ulit ang libro kapag nainis na naman ako sa kanya.

"Bakit ba nagpapakahirap tayo na hanapin ang classroom ni Louis kung pwede naman sya e chat sa gc? My god mga tanga! nahahawa na ako sa kabobohan nyo." pangangaral ko sa kanila. Hindi ginagamit ang utak.

"Bobo, hindi mo naman sinabi kaagad horsey!" kasalanan ko pa kung tanga sila?

"Chat mo Ag, sabihin mo sa quadrangle nalang natin sya hintayin. Tapos na siguro klase no'n ngayon." Habang hininintay si Louis dumating ay nag usap lang kami sa kung ano ang maganda na ipagawa sa kanya.

"Bakit pa tayo mag iisip, ikaw na ang mag binyag kay Loli bunso." baling ni babe sa akin. Bakit ako pa? sumasakit na nga brain ko dahil sa marami na akong iniisip tapos dadagdagan pa nila.

"Sure, 'yon lang naman pala." papayag din naman ako kasi gusto ko rin makaganti minsan.

"Hoy loli!" tawag ni babe kay Louis na tumatakbo palapit sa amin. Wala akong maisip na pwede ipagawa sa kanya kaya luminga-linga ako, hanggang sa may nakita akong mag jowa sa kabilang side ng bench.

"Loli bibinyagan ka na namin BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAH."Kumunot ang noo ni Louis. Hindi nya siguro alam dahil wala naman nag inform sa kanya.

"Binyag?" ulit na nya.

"Ou, ako mag bibinyag sayo. Don't worry lollipop at hindi naman gano'n ka heavy ang ipapagawa ko sayo." paninigurado ko sa kanya.

"Dare ba 'yan?"

"Ou HAHAHAHAAHAHAHAHAHAH."

"Nakikita mo 'yon Louis? 'yang mag jowa na nasa harapan natin. Tumabi ka do'n sa babae and then after sumandal ka sa balikat. Tapos agawin mo ang kamay nito sa bf nya at mag holding hands kayo." seryoso talaga akong nagsasalita sa kung ano ipapagawa ko sa kanya.

Wala pa naman ginagawa si Louis pero todo na ang tawanan namin. Magaling din kaya mag drama ang lollipop na 'to?

"Tangena mas malala BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Magsabi ka lang kapag game na Louis at mag rerecord ako." sabi ni Ag at ipinakita sa kanya ang hawak na cellphone.

"Kaya mo 'yan Louis, hindi lang naman ako ang nag iisang babaera sa CCB. Tahimik ka lang pero alam ko marami kang kalandian HAHAHAHAHAAHHA." support na nagmumula galing sa isa pang malandi.

"Godbless you L."

"Gorabels na Louis, chair up. O baka gusto mo magbitbit ng upuan tapos do'n ka sa mismong tapat nila umupo HAHAHAAHAHAHAHAHAHAH." tanong ko sa kanya.

"Yan lang ba? sige hawakan nyo muna bag ko." sabi nya at pinahawak kay Iris ang bag na dala. Matapang ang Lollipop.

"Game!" sambit nya at nagsimula na maglakad sa direksyon no'ng mag shota.

May karamihan pa naman ang mga tao na nakatambay dito sa quadrangle.

"Hoy pustahan tayo, mag w-walkout ang lalaki." hindi na mawawala kay babe ang pusatahan sa mga ganitong pangyayari.

"Pusta ako hahalikan ni Louis ang babae." laban ni Iris sa pusta ni babe.

"Ako naman hindi sya itutulak ng babae at feeling ko matutuwa pa sya na nilandi sya ni L." sunod naman si Aaar eeeL.

"Ako naman masusuntok sya sa mukha. Ano mga pusta nyo?" baling ko sa kanila.

"Hindi ko sinasabi ang ak-"

"Hindi ka kasali Doraemon!" sabay na bulyaw namin sa kanya. Banned na sya sa mga ganito kasi alam

naman namin na mananalo ang Ag.

"Ayan na ayan na baklaaaaaaa!" kinikilig na bulong ko saka hinampas ang ulo ni Iris.

May earpiece kami na mga suot para marinig din namin ang pag-uusap nila. Masayang nag uusap ang dalawa nang biglang dumating si Louis at tumabi sa babae. Talagang dumikit pa sya lalo sa babae, nagtaka naman ang lalaki sa naging kilos ni Louis kaya kumunot ang noo nito.

"Sino ka?" iritado na tanong ni guy.

"Ako?" tawa lang kami ng tawa habang nanonood at nakikinig sa kanila.

"Ou ikaw."

Hindi pa muna sumagot si Louis at hinaplos ang pisngi ni girl. Kasabay ng paghaplos ay kinuha nya ang isang kamay ni girl at nakipag-holding hands sa kanya.

"Ako 'to, si Natoy na mahal na mahal sya." sagot nya sa lalaki at walang pag aalinlangan na hinalikan ang girlfriend nito sa labi.

"Omg BAHAHAAHHAAHAHAHAHAH."

"Aray keybold! maaway ka naman sa ulo ko!" kinilig kasi ako sa ginawa ni Louis kaya napasabunot ako sa ulo ni Iris.

"Tangena hindi ko alam pero kinilig ako HAHAHAHAAHAHAHAHAHA." panay na padyak ang paa ko sa kilig, malanding Louis!

"Hitsura no'ng babae tulaley HAHAHAAHAHAHAHAHAHAHAH." hagalpak na saad ni RL habang si Ag nakangiti lang habang nag rerecord.

Nagdidilim na mukhang tumayo ang lalaki at mabilis na kwinelyohan si Louis saka inambagan ng suntok sa mukha.

"Potangena mo!" bulyaw nito kay Louis at akma na ulit nya susuntukin mabuti nalang at napigilan sya no'ng babae.

"Stop! why did you punch her?!" sigaw naman ni girl sa kanya.

"Haleeer! it's bery bery shockening!" nakakagulat naman si girl at si Louis and dinefend nya instead na ang boylet nya haha.

Si Louis feel nya siguro umupo sa lupa kaya wala sya balak na tumayo.

"Louis! tumayo ka tapos halikan mo ulit ang babae sa harap nya BAHAHAHAHAHAHAHAAHHA." utos ni babe sa kanya na agad naman sinunod ni Lollipop.

Mabilis syang tumayo saka hinatak ang babae palapit sa kanya at hinalikan ito ulit sa labi.

"What the fudge bar AHAAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Hala lumayas na ang lalaki, tangena walang talo sa pustahan at lahat panalo. Sabaok lahat all." Patuloy

lang kami sa tawanan nang marinig namin nagsalita si girl.

"Are you okay?" worried sya kay Louis at hindi sa bf nya, iba rin si girl.

"Yes. I'm sorry, it was just a dare. Baka maghiwalay pa kayong dalawa." Bakit nya naman sinabi bobo.

"Hiwalay?"

"Boyfriend mo 'yon diba?"

"Oh no, he's just a friend. Does it hurt?" tanong nya kay Louis at chineck ang mukha nito.

"Sabaok may caring na stranger." puntahan nya ang mommy Everleigh nya tapos magpaalaga sya do'n.

"Loli!" panira si babe sa moment at tinawag ng malakas si Louis.

"Sorry again, I have to go." paalam ni Louis sa babae at hinalikan muna muli ang pisngi bago bumalik sa amin.

"Kamusta ang suntok loli?" agad na tanong ni babe.

"Hindi naman masakit?" sagot nito.

"Mabuti kung gano'n BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA, tara sa cafeteria at nagutom ako bigla."

Gusto ko chocolate cake.

Papasok palang kami ay nakita ko na kaagad si Annallyn at ma'am Kathlyn sa table nila, nandito pa pala si Anna?

"Hoy mga gaga! sunod nalang ako sa inyo, akyatin ko muna silang dalawa sa taas." sabi ko sa mga kasama at itinuro ang dalawang babae na nag uusap sa taas.

"Sige horsey, goodluck nalang sayo." goodluck? para saan naman.

"Keybold I will pray for you. Baba ka kaagad kapag feeling mo may sasabog na." may alam ba sila na hindi ko alam? ano pinagsasabi nitong empakta.

"Mahirap 'yan kb." sambit ni Ag. Hindi ko nalang pinansin ang mga walang kwentang sinabi nila at agad umakyat sa table nila ma'am.

"Annallyn, ma'am Kathlyn." tawag ko ngunit si Annallyn lang ata ang masaya, kasi si ma'am taas kilay agad ang isinalubong sa akin?

"Kb, tapos na ba ang klase mo?" umusog sya ng konti at seninyasan ako na maupo sa tabi nya.

"Wala kaming pasok, natulog lang kami sa library. Tapos nagutom na naman ngayon." sagot ko at tumabi sa kanya.

Tinignan ko ang table ngunit wala naman silang kinakain?

"What are you looking at?" napansin siguro ni ma'am na nakatingin ako sa lamesang wala naman

kalaman-laman.

"Wala kayong pagkain? umakyat talaga ako rito kasi akala ko may pagkain kayo?" ang demanding no'ng pagkakasalita ko pero bahala na sila kung ano iisipin nila na dalawa.

"Ma'am gutom na naman po ako." pag demand ko sa kanya pero wala man lang syang reaksyon? feeling ko tuloy may nagawa akong kasalanan sa kanya na hindi ko alam.

"What do you want to eat, Kb?" tanong ni Annallyn.

Ipinagpahinga ko naman ang ulo ko sa table habang nakatitig sa kanya. Ang ganda ni Annallyn, mas lalo pa syang gumanda ngayon. Matagal ko na talaga na crush si Annallyn pero pinatay ko rin kaagad ang feelings na 'yon kasi sabi ni babe na may boyfriend ito.

"I want my favorite food." sambit ko.

"All right, what's your favorite food?" ang sweet nya talaga kahit noon paman. Nginitian nya ako at nagsimula na tapik-tapikin ang pisngi ko.

"Chocolate cake." hindi ako ang sumagot kundi si ma'am Kathlyn.

Magsasalita pa sana si Annallyn kaso may biglang tumawag sa kanya kung kaya't nag excuse muna ito saglit sa amin at bumaba.

"Ma'am Kathlyn." tawag ko sa kanya habang marahan na tinatapik ang table. Hindi nya parin ako pinapansin.

"Mommy Kathlyn, galit ka po ba? hindi ko alam ang nagawa kong kasalanan?" tanong ko ulit sa kanya pero waley parin ako natanggap na sagot.

"Ma'am?" wala parin at patuloy lang sa pagbabasa ng libro si ma'am Kathlyn.

"Mommy?"

"Hello?"

"Nice talking Krystal?"

"Maaaaaaaaaaaaaa'am pssst woi." ayaw nya talaga ako pansinin.

I heaved a sigh.

Lumipat ako sa tabi na ma'am at niyakap ng mahigpit ang bewang nito kasabay ang pagpatong ko ng baba sa balikat nya.

"What are you doing Krystal?" kunot noo na tanong nya sa akin at ginamit ulit ang daliri upang itulak ang noo ko.

"Hindi mo kasi ako pinapansin?" ano ba kasi ang ginawa ni Bern sa kanya kanina at bakit nagkaganito si ma'am.

"Go back to your seat." ang cold naman nya bigla sa akin.

"Ay hindi po, dito lang ako at hindi kita bibitawan kapag hindi mo sinabi sa akin ang dahilan kung bakit ka nagkakaganyan." ngumuso ako kaagad pagkatapos kong sinabi sa kanya ang saloobin ko.

"Let me go. I'm just tired." napangiwi ako kasi si ma'am pinitik ang noo ko bigla.

Ayon lang naman pala ang dahilan tapos idadamay nya pa ako kung wala sya sa mood.

"I already ordered your cake. Just wait for 10 minutes." one of the reasons why I like ma'am Kathlyn kasi ini-spoil nya ako ng mga pagkain.

"Yaaaay thank you mommy Kathlyn." masiglang pasasalamat ko sa kanya at mabilis na binigyan ng halik ang kanyang pisngi bago bumalik sa katabing upuan ni Annallyn.

"Krystal."

"Po?"

"What are you doing?" nag lag ang aking brain at hindi gumana dahil sa kanyang tanong.

"Po?"

"Come back here." sabi nya at seninyasan ako gamit ang kanyang ulo na bumalik sa tabi nito.

"Balik ako sa tabi mo ma'am?" paninigurado ko lang at baka magalit ulit si ma'am kapag nag assume ako.

"Sit next to me." ayon naman pala. Hindi na ako kumontra at bumalik kaagad sa kanyang tabi.

Hindi na kami masasabayan ni Annallyn sa pagkain ng cake dahil kinailangan na nitong umalis, pinatawag daw kasi sila ni Ziallyn.

"Ma'am bakit hindi ka pa nag b-boyfriend?" tanong ko sa kanya. Kaming dalawa nalang ang natira at hindi na ako bumalik sa table nila babe, ayaw ko kasi iwanan si ma'am na mag-isa.

"I don't need a boyfriend." napatango naman ako sa naging sagot nya bago isinubo ang cake sa kanya.

"Kung gano'n ano po kailangan mo?" ngumiti ako matapos nya kainin ang sinubo ko.

"Krystal."

"Po?"

"Why don't you have a boyfriend yet?" sya naman ang nag tanong. Hindi ko inasahan na magtatanong din si ma'am ng ganito.

"Kasi po ayaw ko sa mga lalaki." prangka kong sagot.

"You're into girls?"

"Yes po." kung magkakaroon man ako ng relasyon mas gusto ko nalang siguro sa babae.

"You like Annallyn?" ang dami naman tanong ni ma'am.

"Opo." agad na sagot ko bago ulit sumubo.

"Tapos gusto rin po kita ma'am." dagdag ko pa at napansin na biglang natigilan si ma'am. May nasabi ba akong mali?

"Ma'am?" Nagtaka ako dahil bigla nalang itong tumayo.

"Restroom." Sambit niya kaya tumango ako.

Nagpatuloy ako sa pagkain ng aking cake. Tinatawag na ako nila babe pero ayaw ko bumaba, mas gusto ko rito sa taas kasama si ma'am at may peace of mind ako tuwing kasama siya. Ang tagal naman ni ma'am bumalik? Mag sasampung minuto na pero wala pa rin ito.

"Krystal." Natawa akong muli nang makita si ma'am, akala ko kasi iniwan ako tulad ng ginawa niya kanina sa hallway.

"Ma'am, tagal mo po hehe na miss kita agad." Sabit ko at hinintay siya makabalik sa upuan bago mas idinikit ang upuan ko sa kanya.

Kumuha ako ng cake at isinubo sa kanya. "Cake po, gusto mo? Madamot ako sa paborito ko pero pagdating sayo ibibigay ko." Offer ko at matamis nginitian si ma'am.

Nagtaas ang kanyang mga kilay bago dahan-dahan ibinuka ang bibig. Mas lalo lumapad ang ngiti sa aking labi nang tuluyan niya itong nakain.

"Sarap no?" Tanong ko at dinilaan ang kutsara na gamit bago ulit kumuha at sumubo.

Sarap talaga! ayaw ko gumamit ng fork at nahuhulog ang cake. Parang sumasayaw ang ulo ko habang ninanamnam ang tamis ng cake. Pagtingin kong muli kay ma'am siyang pagbaba niya ng ulo, hehe gusto ko tuwing namumula pisngi niya.

"Alam mo anong gusto ko ma'am aside sa ugali mo?" Tanong ko. Hindi siya sumagot at nanatiling tahimik.

"Liban sa ugali ay gusto ko rin po tignan ang mukha mo lalo na kapag namumula, tulad nalang po ngayon." Dagdag ko at nagulat sa kanyang biglang ikinilos, sumandal saka nag angat ng ulo at itinago ang mukha sa likod ng kanyang mga palad.

"Oh God." Rinig kong bulong niya.

"Ma'am?" Tawag ko. Bigla siya sumilip sa pagitan ng kanyang mga daliri kaya nagtagpo ang aming mga mata. Nagtaas ang aking mga kilay habang naghihintay sa kung ano ang kanyang sasabihin.

"Stop it." Sambit niya.

"Stop? Ang alin po ma'am?" Tanong ko.

"Stop being overly innocent. You don't know the effect of the things you say." Ako na walang alam sa ibig sabihin ni ma'am ay nagtataka. Sinabi ko lang naman kung ano gusto ko sa kanya?

"Eh? May mali ba ako sa sinabi? Sinabi ko lang namam po na gusto kita?" Bakit? Kahit si babe sinabi sa akin gusto niya si ma'am dahil sa sobrang baet nito.

"Sige po, shut up na ako." Sabi ko at mukhang hindi na nagugustuhan ni ma'am mga pinagsasabi ng bibig ko.

"Pero ma'am Kath, hindi po ako nagbibiro sa sinabi sayo. Gusto po kita lalo na kapag bini-baby mo ako at inaalagaan. Naalala mo pa po nong una kayo pinakilala ni Babe sa amin? Ikaw talaga una nakakuha ng atensyon ko kasi bukod sa maamo mong mukha ay sobrang lambing mo rin po. Tignan mo, mas inaalagaan mo pa ako kaysa kina babe na lagi lang ako pinagtatawanan. Kaya ma'am, thank you po at sana hindi magbago the way mo ako tratuhin kasi masasaktan talaga ako kapag nangyari yun." Hindi ako pala open na tao pero pagdating kay ma'am ay nagagawa ko ang mga bagay na akala ko hindi ko kayang gawin.

Muli akong sumubo ng cake at tumingin kay ma'am, natigilan ako nang makita na halos mag kulay apple na ang mukha ni ma'am sa sobrang pula tapos hindi na shoot sa bibig ko ang cake.

"Look at yourself, Krystal." Kahit namumula ang kanyang mukha ay nakuha niya parin kumuha ng tissue at pinunasan ako sa aking labi.

Hindi ko na napigilan ang sarili at inilagay ang palad sa kanyang noo upang suriin kung may lagnat si ma'am pero mukhang normal lang naman.

Ibinaba niya ang kamay ko at tinignan sa mga mata. "I'm not sick, but if you continue what you're doing, I might actually get sick." Malambing niyang salita at ngumiti ng matamis.

"Po?"

"Saan ka na naman pupunta ma'am?" Tanong kong muli dahil mukhang aalis na naman siya.

"Restroom."

"Again?" Kunot noo kong tanong ngunit si ma'am umalis kaagad, akala mo hinahabol.

"Ano ba nangyayari sa kanya?" Tanong ko sa sarili.

Krystal.

Bakit?

Sleep for a while.

Ha? Wait! teka lang at hindi ko pa nauubos ang cake k-

"Hey, san punta?" SJ called after I walked past them.

"Bathroom," I replied.

I immediately locked the door as soon as I closed it. "Honey." Kathlyn was surprised when I suddenly appeared.

"Krystal, what are you doing?" she asked as I approached her.

"I said I'm into girls," I said, gently stroking her cheek with my index finger.

"Let me rephrase that." I brought my face close to her ear to whisper. Her scent was intoxicating.

"I'm completely and utterly into you-a hundred percent and beyond. " I whispered softly, lightly biting her earlobe.

"A-Are you kidding me?" she said, her eyebrows furrowing. I couldn't help but smile at her cute reaction.

I cup her cheek and gently caressed her warm and blushing cheek.

"I'm serious. I like you, ma'am." I confidently responded until I completely took over her warm lips.

I think I need to act for Krystal.

CHAPTER 6

-

Nandito kami ngayon sa gym, tumatambay at nanonood ng basketball P.E ng mga taga BA. Sila lang ang nanonood dahil may inaabangan ako na gustong-gusto ko makuha.

"Ano tinitignan mo Kb?" tanong ni Aaar eeeL sa gilid ko.

"Gusto ko 'tong limited edition ng bvlgari watch. Serpenti Seduttori, rose gold. Meron din dalawang special edition, octo finissimo." sagot ko sa kanya habang nag e-scroll sa isang website.

"What's that horsey?" biglang sulpot ni babe sa tapat ko kasama ang dalawa pa. Instead na ulitin ko na naman ang sasabihin ay pinakita ko nalang sa kanila ang phone ko.

"Gage limited-run of just 100 pieces worldwide. 100 lang? today pala release nito, magkano yong serpenti?" hawak na nga ni babe ang cellphone ko, magtatanong pa talaga kung magkano.

"€31,100." bored na sagot ni Ag.

"Magkano naman 'yong octo finissimo?" tanong no Aaar eeeL sa tabi ko.

"€19,200 titanium."

"Ano pa hinihintay mo? mag order ka na at baka maubusan pa tayo! Hoy ano gusto nyo?" nagmamadaling salita ni babe at ibinalik sa akin ang phone.

"Ayoko sa Serpenti at sobrang girly, order mo 'ko octo keybold." kapal ng mukha nito ni Iris, akala mo naman may pinatabing pera.

"Ako rin octo." sunod na pili ni babe.

"Ano sayo keyboard?" baling ni Aaar eeeL sa akin.

"Serpenti." sambit ko.

"Sige 'yon nalang din amin ni Ag." tumango ako bago sila tinawag muli.

"Dalawang finissimo at tatlong serpenti. Final na ba 'yan?" tanong ko sa kanila, baka magkamali na naman kasi ako.

"Dali na keybold mag order ka na!" atat naman masyado si babe!

Napatingala ako dahil inagaw ni Ag ang cellphone ko. "Ako na."

"Luh libre mo?" tanong ni RL sa kanya.

"Ikaw talaga siguro ang panganay Ag, tapos si Aaar eeeL ang middle child. Hindi ka kasi mukhang middle child HAHAHAHAHAHAHAHAAHHAAH." sabi ko sa kanya at nagtawanan kasabay ng iba.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Gaga mamaya pa 12pm ang official release." mahinang saad ni Ag, kaya nga sabi ko inaabangan ko eh.

"12pm? Ng gabi?" Tanong ng bobong Iris.

"Bugok deputa, 12 noon! Midnight na pag gabi, naiirita ako sayo." Umiinit talaga ulo ko lagi kay Iris ay ewab.

"Bilisan mo keybold ha! 100 lang 'yan compare sa daming gusto at mag uunahan na makakuha nyan." binato ko nalang ng hawak na ballpen si Iris, baka nakakalimutan nya na may regla parin ako ngayon.

"Ako na mag aabang at baka makalimutan na naman ni Kb." singit ni Ag sa bardagulan namin na dalawa ni Iris. Nagpasalamat naman ako kay Ag bago isinandig ang likod sa pader, at tinignan ang mga babaeng naglalaro ng basketball.

"Anong subject ni ma'am Lorelei?" tanong ko sa kanila. Hindi ko kasi alam dahil nag cutting kaming dalawa ni Iris no'ng klase nya.

"CDI." sambit ni Ag.

"Hoy Iris tangena ou nga pala at muntik ko na makaligtaan! bakit ang dami mong chikinini?!" bulaslas ni babe. Nakita ko rin kahapon 'yon, ang wild naman kung sino man ang gumawa no'n sa kanya.

Pinaningkitan ko ng mga mata si Iris dahil sa nakakalokong ngiti na ibinigay nito. Proud sya masyado sa kalandian nya, karmahin ka sana.

"May wild beast na nagwala kahapon at kinorner ako, hindi ako nakatakas kaya pinaubaya ko nalang ang sarili ko." sagot nya na ikinairita ko at ikot ng mga mata. Kung sino-sino nalang ang babae nya.

Nagpasya na kaming pumunta ng classroom dahil tumunog ang bell, nakasalubong pa namin sila ma'am Everleigh at Kathlyn. Nagtaka ako dahil may kasama silang babae na hindi namin kilala at sa tingin ko ay close sila ni ma'am Kathlyn dahil nakayakap ito sa braso nya.

"Goodmorning po." bati namin sa kanila.

Infairness maganda ang babae at bagay sila ni ma'am kung magiging sila man. Hindi na ako magtataka kung isang araw malaman kong sila na.

"Morning." balik na bati ni ma'am Everleigh.

"Athy." tawag ni babe sa bestfriend nya at pasimpleng itinuro ang babae na nakayakap dito gamit ang kanyang mata.

"She's-"

"Kb." naputol ang kanyang sasabihin dahil sa pagtawag ni Annallyn.

"Anna." sambit ko at sinalubong sya ng yakap. Ang aga nya naman napadpad dito sa school, para ko lang kaharap si Ziallyn ngayon at nakakailang isipin! Humalik sya una sa pisngi ko bago ito tinapik, ang hilig nya masyado tapikin pisngi ko.

"Ang aga mo naman dumalaw, ano ginagawa mo sa school?" tanong ko at kinuha ang kamay nya na nasa pisngi ko.

"To visit you." malamyos na saad nito.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." napalingon kami sa likuran ko dahil si babe bigla nalang tumawa. Nakatingin na pala silang lahat sa amin pati sila ma'am Kathlyn.

"Ay sorry, ang sweet mo kasi Annallyn. Muntik ko na tuloy mapagkamalan na may gusto ka kay keybold." napalingon naman ako kay Annallyn, sya? magkakagusto sa akin?

"Hoy, may gusto ka sa akin Annallyn?" prangka kong tanong sa kanya.

"Gage keybold HAHAHAHAHAHAHA."

"What if yes?" ang blunt ni Anna kung sumagot. Hindi ako prepared at natulaley ang aking beauty.

"Si horsey nanigas na, grabe ka naman kasi Anna. Alam mo naman na crush ka ni keyboard." pinagsasabi ni babe? napatingin ako sa kanya at nginitian lang ako nito. Ou nga pala, naging crush ko sya.

"Hoy! ayokong matulad sa inyo no. Baka mas malala pa gawin sa akin kaysa ginawa nila ma'am Pixie at Ziallyn sa inyo." iba nalang wag lang isa sa mga Ponferrada, mahal ko pa naman ang buhay ko.

"At isa pa alam nyo naman may malaking problema ako." kunot noo na salita ko sa kanila bago muli hinarap si Anna.

"May klase pa kami Anna, nag chat ka sana una at 11:30 pa out namin." sabi ko sa kanya saka tinignan ang oras sa relo.

"It's okay. I'll wait for you." kasabay ng pagtango ko, ay ang pagpisil nito sa pisngi ko.

"Okay, bili mo ko cake ha?" sagot ko naman sa kanya.

"Sure."

Pagbalik ko kina babe ay napatingin ako kaagad kay ma'am Kathlyn, hindi ko rin alam kung bakit. May nagawa na naman ba akong kasalanan? the way she looks at me kasi parang hindi maganda ang nakikita nya?

"Tara na baka ma late pa tayo." sabi ko at hinila ang isang braso ni babe.

"Una na kami Athy, bye."

"Bye mommy uno!" paalam naman ni Iris kay Everleigh?

"Anong tawag mo kay ma'am Everleigh, Iris?" taas kilay na tanong ko kaagad sa kanya pagkalayo namin sa mga guro.

"Mommy?" sagot nya.

"Mommy uno?" itatanggi pa nya ang uno.

"Ou uno ko sya, tapos dos ko si Helari, tres ko naman si Bernadette." alam ko naman na babaera sya pero hindi ko inasahan na mga Ponferrada at nurse pa talaga ang kinakaringking nya!

"Tangena AHAHAHAHAHAHAHA." halakhak ni RL. wala na talagang pag asa si Iris na tumino.

Nakahinga naman ng maluwag pagpasok ng classroom dahil wala pa si ma'am Lorelei. Sa dami namin dito sa classroom ay wala pa kaming nakikilala na mga kaklase.

"Hoy wag na tayo tumakbo lahat as President. Horsey ikaw na ang mag apply as President, tapos ikaw Iris sa VP ka. Ikaw Ag as secretary, ikaw RL as historian, tapos ako nalang sa treasurer." hindi ako natutuwa sa idea ni babe. Bakit ba gusto nya ako gawing president kung nandyan naman si Ag o 'di kaya si RL!

"Bakit ba gusto mo ako tumakbo as president? bakit hindi nalang si Ag? pwede rin naman si RL." pagkontra ko sa sinabi nya at itinuro ang dalawa.

"Hindi, dapat ikaw. Wala ka man lang bang utang na loob keyboard? matapos kitang tulungan para lang makapag-aral ulit." kumati tenga ko dahil sa naging rason nya, at talagang nangongonsensya sya?

"Teka pwede pala tumakbo ang first years?" tanong ni tansan na kakarating lang, bilis nya naman maka catch up sa topic.

"Hindi tatakbo, gagapang lang." wala talagang sense kausap si Iris kahit na kailan.

"Pota BAHAHAHAHAHAHHAHA."

"Ina mo." sambit ni tanso bago umupo sa kanyang upuan.

Binalingan ko si babe at sinimangutan."Babe! hindi ka pwede maging treasurer dahil mauubos mo kakabili ng mga pagkain ang pera!" kahit kasi may pera sya, ang gagastusin nya ay 'yong hindi sa kanya.

"Daming pera tapos buraot." makapagsalita ang Iris, same lang naman silang dalawa.

"Hoy hoy hoy! nandyan na si ma'am." bulong ni RL kaya napatingin kami sa magandang guro na papasok ng classroom.

"Goodmorning ma'am." bati namin sa kanya.

Hindi na nag aksaya ng oras si ma'am at agad na nag discuss. Kakasimula palang ng klase pero puro na RA ang topic, ang sakit sa ulo at ang dami kailangan e memorize.

"Krystal stand up." ako na naman ang tinawag ni ma'am, pang tatlong beses na nya ako tinatawag huhu.

"What's the original component of heroin and morphine?" ang dami nagtataas ng mga kamay pero bakit ako palagi ang tinatawag.

"Opium po."

"Tell me the most common form of stimulants." ang tahimik sa buong classroom, tanging boses lang ni ma'am ang aming naririnig.

"Shabu ma'am."

"And who was the German pharmacist who discovered the morphine drug?" ulit na tanong nito saka dinampot ang marker sa kanyang table.

"Friedrich Serturner po?" nagdadalawang isip ako kung tama ba ang sagot o hindi.

"Good." sambit nya at seninyasan akong umupo.

Nagpalakpakan pa sila nang masagutan ko ang mga tanong ni ma'am, at ang mga kapatid ko na sabay nag thumbs up.

Pagkakamalan ko na talaga 'to si ma'am na nagpapapansin sa akin kapag tinawag nya pa ako ulit. Nagpatuloy na ito ulit sa pag didiscuss at may tanong na naman sya na hindi nasagutan ng mga kaklase kaya ako ang tinawag.

Patayo na ako nang tumunog ang bell, salamat naman at hindi na nya ako matatanong.

"Dismissed."

"Tara na tara na! kainan naaaaaa." tawag ko sa kanila matapos ayusin ang mga gamit.

Palabas na sana kami kaso may humabol pang tawag sa akin kaya napalingon ako.

"Po, ma'am?" balik ko sa kanya.

Nagulat ako kasi bigla nya nalang tinapik ulo ko at nilampasan. Sinundan ko nalang sya ng tingin, ano 'yon?

Walang tao sa table ng demogons pagkapasok namin ng cafeteria, walang vacant table kaya umakyat na kami sa table nila.

"Tangena naalala ko na naman kagabi." salita ni Iris pagkaupo. Nauna na kami dito sa taas, sina RL at Ag na ang pinaorder namin.

"Bakit nyare? anong meron kagabi? nanood ka scandal?" puro nalang talaga sya scandal kaya pati fiancee nya nagiging manyak na.

"Hindi, kasi nakitulog ako sa kwarto ni keybold. Nasira aircon ko kaya pinasukan ko sya sa kwarto. Nagising ako mga alas tres ng umaga sa sobrang lamig. Pag tingin ko naka 19 'yong aircon nya tapos pota! naka number 3 fan pa sya!" kapal ng mukhang pumasok sa kwarto ko na walang paalam.

"Langya BAHAHAHAHAAHAHAHAHA."

"Kulang nalang magkaroon ng snow sa kwarto nya AHHAAHAHAH." pakialam ba nila e sa gano'n ako matulog!

Dinampot ko ang napkin at itinapon sa mukha nya. "Pakialam mo ba ha?! ikaw na nakitulog ikaw pa magrereklamo?" iritado na saad ko ay inikutan sya ng mga mata.

"Stahp stahp! aaway na naman kayo. Nakausap ko na si dad regarding sa flashdrive, next month pa uuwi ng pinas yung chairman at gusto nya tayo ang kumuha no'n sa kanya, sa bahay nila." pagpapatigil

sa amin ni babe at bakit kailangan kami pa? kalerkey naman si dad.

"Ayon lang ba? sige walang problema. Next month pa naman pala, ay may chika ako lapit kayong dalawa habang wala pa si RL." tawag ni Iris sa amin at hinila ang mga braso palapit sa kanya.

"Ano?" kunot noo ko na tanong.

"Naka score ka na kay miss Everleigh?" tanong naman ni babe sa kanya.

"Tanga hindi! at hindi ako naka score dahil si mommy ko ang naka score sa akin." haynako wala na mapaglalagyan ang kamanyakan nilang dalawa.

"So, ano sasabihin mo?" ulit ko.

"Nakita ko si R sa hospital no'ng isang linggo. Hindi ko alam kung ano ginawa nya kaya hinintay ko sya makalabas. Napansin ko na umiiyak at malungkot sya." hindi naman siguro sya nagbibiro dahil sa seryoso nitong pananalita. Si RL? may sakit ba sya?

"Baka pinatingnan ulo nya? may migraine sya." sagot naman ni babe sa kanya.

"Ou nga pala, baka 'yon talaga dahilan." gulo kausap ni empakta.

"Oh bakit ka napadpad sa hospital? pinacheck up mo kung may pag-asa ka pang tumino at magamot pagiging babaera mo?" taas kilay na tanong ko sa kanya bago isinandig ang likod sa upuan.

"Pota BAHAHAHAHAHAHAHA, wala na pag-asa 'yan." isa ka pang manyak ka.

Napatingin kami sa baba dahil sa ingay ng mga tao.

"Ayan na sila mommy uno at baby ko, may kasama sila na bagong chikas. Who's that sexy lady? kung makakapit sa braso ni miss Kathlyn parang mawawala ah. Hindi ba Sj?" napatingin ako kay Iris, 'yong boses nya kasi parang iba ang dating sa akin. Parang nang-aasar.

"Horsey kung ano man ang sabihin namin, sumabay ka nalang okay?" paalala ni babe sa akin na ikinalito ko.

"Bahala kayo." yumuko ako at inilapag ang ulo sa lamesa bago ipinikit ang mga mata.

"Goodmorning mameeh and demogons." rinig kong bati ni babe sa mga babaeng alam kong nasa likod ko.

"Goodmorning po." marunong pala gumalang si Iris? hindi ako na inform.

"What happened to her?" tanong ni miss Kathlyn sa kanila. Tahimik lang ako na nakikinig, sumasakit na naman kasi ang puson ko kaya wala ako sa mood dumaldal.

"Masakit puson, Athy."

"Mga kaibigan mo, Kath?" tanong ng isang hindi pamilyar na boses, siguro yung babae na kasama nila.

"Our students, my bestfriend, and Pixie's fiancee." pagpapakilala nito kay babe.

"Ako naman po baby ni miss Everleigh at Helari." walang preno na bibig ni Iris dahilan upang humagalpak sa tawa si babe.

"Shut up kid."

"Sino sya Athy?"

"A frie-"

"I'm courting Kathlyn." putol nya sa sasabihin ni ma'am. May manliligaw palang babae si ma'am, sabagay at sino ba naman ang hindi mababaliko sa kanila ng mga pinsan nya.

"Sabaok sabaok. Maupo na po kayo, Sj lipat tayo sa tabi ni Kb." sabi naman ni Iris sa kanya.

Nagulat ako sa kamay na humaplos ng ulo ko kaya tinabig ko ang kamay nito. Bwesit na Iris 'to!

"Wag mo 'kong hawakan, baka hindi lang sabunot at kagat ang matanggap mo Iris." babala ko sa kanya at ibinaling sa kabilang side ang ulo.

"Kb, wake up. I brought your cake." napamulat ako kaagad ng mga mata dahil sa sinabi ni Annallyn.

"Yaaaaay!" pagbubunyi ko at umayos ng upo, may cake na pala sa harapan ko.

"Thank you Anna." pasalamat ko at niyakap sya.

Ngayon ko lang napansin na nasa tapat ko pala sila babe at katabi si Annallyn, napalingon ako sa kabilang side at nakita na si ma'am Kathlyn pala ang nakaupo.

"Goodmorning po ma'am." bati ko sa kanya ngunit hindi man lang ako pinansin.

Mas una pa dumating ang mga pagkain nila ma'am kaysa order namin! nasan na ba ang dalawang 'yon.

"Nalunod na ba sila Ag ng mga pagkain? nauna pa foods nila ma'am kaysa pagkain natin." tanong ko kay babe at saka ngumuso.

Napansin ko na hirap si ma'am Lorelei na abutin ang pagkain kaya tumayo ako upang ilapit sa kanya.

"Ma'am ano po una mong gusto kainin sa dalawa? salad or steak sandwich?" tanong ko kay ma'am Lorelei

"You." napanganga ako sa sagot nito.

"Ako gusto mong kainin ma'am? sure po." pagbibiro ko sa kanya.

"Kb."

"Krystal."

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Tawag ng dalawang katabi ko, hindi ko alam kung kanino lilingon kaya inabot ko nalang kay ma'am Lorelei ang salad at steak sandwich nya bago bumalik sa pag-upo.

"Hoy ang tagal nyo naman na dalawa!" buti naman at hindi sila nalunod sa mga pagkain na dala.

"Paano naman kasi si tanso! sa akin nya ipinasa mga babae nya, siraulo masyado baka gusto nya ipabitay ko sya kay kitten ko." speaking of tansan, binasted sya ni Jemama kasi maraming babaeng kalandian ang gaga. Manliligaw tapos lalandi pa sa iba kaloka.

"Kaya hindi sinasagot ni Jemama kasi ang daming babae pft." sagot ko at kinuha ang tray na hawak nito.

Hindi ko pa pala alam ang pangalan nitong manliligaw ni ma'am. Nilingon ko sila sa kanan at nakita na maasikaso masyado si girl, bakit naman may pasubo pa syang ginagawa kay ma'am?

"Ano po pangalan mo?" pambubulabog ko sa ginagawa nilang dalawa.

"Me?" malamang ikaw, ikaw lang naman ang hindi ko kilala bobita.

"Opo." sagot ko at kinain ang sinubo na cake ni Annallyn.

"Trisha, and you are?" balik nyang tanong, hindi ko na sya sinulyapan muli dahil ayaw ko maabala sa pagkain.

"Krystal Bern po."

"What a beautiful name, nababagay sa kagandahan mo." napangiti ako sa pagpuri nya sa akin at agad din nawala nang biglang tumawa ang mga kapatid ko.

"Maganda ka pala keybold HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAA." mas maganda naman ako kumpara sa Iris na malandi no!

"Name lang po maganda sa kanya BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHHA."

"Baka po abnormal." anong klasing sagot 'yan Aaar eeeL.

"Sino pala 'yong nakita kong babae na humalik sayo kanina sa cr kb?" biglang tanong ni Ag na nagpagulat sa akin. Anong babae na humalik sa akin ang sinasabi nya?!

Magsasalita na sana ako nang bigla sipain ni babe ang paa ko sa ilalim ng lamesa at pasimpleng nginitian. Naalala ko 'yong sinabi nya kanina na sabayan ko nalang ang sasabihin nila, 'yan ba ang ibig nya ipahiwatig?

Umayos ako ng upo bago inagaw kay Annallyn ang tinidor na hawak at tinusok ang cake.

"Manliligaw ko." tipid ko na sagot at sumubo ulit.

"What?" sabay na tanong nila Annallyn at Ma'am Kathlyn.

Okay, since sinimulan naman nila ang trip na 'to, sayang naman kung hindi ko papatulan ang kalokohan nila.

"Manliligaw ko po." hindi ba nila ako narinig? pero sa totoo lang may mga manliligaw talaga ako, hindi ko lang sila sinasabihan. True at walang false 'yan.

"Kilala ko 'yong manliligaw ni keybold." sunod na salita ni Iris. Dapat ayusin nya kung sino man 'yang manliligaw ko na sinasabi nya.

"Who?" kumunot ang noo ko sa sabay na tanong nila ma'am Kathlyn, Annallyn at ma'am Lorelei?

Si babe na biglang nabulunan, mabuti hindi nya naibuga sa mukha ni ma'am Pixie ang iniinom na kape. Goodbye universe talaga ang mangyayari kapag nangyari 'yon.

"Si ano po..." seryoso naman nila masyado kung ituon ang atensyon kay Iris. Anong meron at parang may hindi ako magandang nararamdaman.

"Hala!!" malakas na sigaw at hampas ko sa table, dahilan upang magulat ang mga tao sa cafeteria.

"Gosh, krystal stop shouting!" sermon ni ma'am Kathlyn kaya napabalik ako sa upo.

"Ba't ka ba bigla naninigaw horsey!" tanong ni babe pero hindi ko na sya pinansin at binalingan si Ag.

"Ag Ag! 12 o'clock na, na order mo na ba?" tanong ko sa kanya na ikinatigil nya sa pagkain. Kalerkey! huwag nyang sabihin na nakalimutan nya!

"Gage nakalimutan ko." mahinang sagot nito.

Hindi ko alam pero bigla nalang akong nainis! sabi ko naman na ako nalang! gustong-gusto ko pa naman ang relo na 'yon. Hindi ko na pinansin ang mga salitang naririnig at agad na kinuha ang phone ko upang tignan kung pwede pa. Bagsak balikat at napabuntong hininga nalang ako, sold na lahat at walang natira kahit man lang 'yong finissimo nalang sana. Kainis!

"Bwesit." sambit ko at sa sobrang inis ay marahas akong napatayo, rason upang matumba ang upuan ko.

"Didn't I tell you to watch the time?" I said wearing my cold expression.

Alam kong nagulat ko sila lalo na ang demogons sa biglang sinabi at pagbabago ko. Akala siguro nila si Bern na ang kaharap ngayon kaya tumahimik sila.

"You have always been like that to me. Bullshit." malamig kong salita saka kinuha ang mga gamit.

"Excuse me." sambit ko at nilayasan na sila.

Ang dami kasing alam, last year ko pa inaabangan makakuha lang no'n. Dagdagan pa nitong regla ko kaya ang bilis ko magalit.

"Bern!" tawag nilang apat habang pababa ng hagdanan.

Isa pa 'yan kinaiinisan ko, titino lang kapag si Bern ang kaharap. Hindi ba nila ako kayang tratuhin na tulad ng pagtrato nila sa alter ko.

"Sandali lang naman Bern!" letse na Axel Grace kung makahatak! muntik pa tuloy akong matumba.

"Ano na naman?! Gusto nyo dito tayo sa gitna ng cafeteria mag sakitan?" game talaga ako kung yan ang gusto nila. Pakialam ko sa mga taong nakatingin sa amin, total ginawa naman nila akong payaso sa buong buhay ko.

"Puro kayo Bern!" singhal ko.

"Keybold wag ka na magalit, hindi naman sinadya ni Ag." mahinang bulong ni Iris at hinawakan ang braso ko.

"Alam nyo naman na gusto ko 'yon at matagal ko na hinihintay diba? Wala ba talaga kayong pakialam kahit konti sa feelings ko, o sinasadya nyo talagang ubusin ang pasensya ko?" naiyak na ako sa sobrang inis sa kanila...

"Halaka Ag, pinaiyak mo 'yan. Manalangin kang hindi magising ang isa." singit ni babe sa usapan. Gusto ko sana magpahinga pero hindi sumasagot si Bern sa lahat ng pagtawag ko sa kanya.

"J." tawag ni ma'am sa itaas.

"Wag kayong sumunod kung ayaw nyo si Bern ang makaharap nyo." banta ko sa kanila at lumabas na ng cafeteria.

Hindi ko alam kung saan tutungo kaya umakyat nalang ako sa rooftop upang kunin ang aking gitara. Bumaba rin ako kaagad at tumambay sa cottage.

(GRIND by Suggi)

I strummed the guitar and bowed my head to see the strings. I'm not familiar with the patterns yet.

"When you don't wanna lie
Why, then why do they look away?
When I'm slower than the rest
Then it's all 'cause I am stupid." natawa ako dahil sa pagpalit ko ng stupid sa lyrics.

"Like a bird in your head in my world, I'm on ground again. Born to ask how to learn then you learned how to graduate."

"I don't even know somebody happy to love me. I don't wanna be someone that works all day until they die." naalala ko na naman ang mga ginawa nila sa akin. Hindi pwede na forever nalang nila ako gawing payaso no!

"And I wish that I could stop the time,
I just wanna be home. And I wish that I could pause the grind, come give me somethin' to hold. And I never wanna waste the time asleep. Then I realize, how am I gonna dream? And I wish that I could stop the time. I just wanna be home."

"When you're feelin' kinda stressed, kinda tired, you should walk away. When's the last break you gave, listened to what your body say? When you run, do you run, or you run to the bigger pay? All I want in my life is to live like I'm outta frame." bagay na bagay sa akin ang kantang 'to. Stress na sa pamilya, stress pa sa mga kapatid na walang ginawa kundi gawin akong katawa-tawa.

"I don't even know somebody happy to love me. I don't wanna be someone that works all day until they die."

"Hmmm." kasabay ng pagkanta, sinasayaw ko rin ang ulo ko.

Hanggang sa natapos ako ay napalingon ako sa aking likuran dahil sa may taong tumikhim.

"Hello po." bati ko sa kanya bago ibinalik ang atensyon sa gitara.

"May I?" tanong nya sa akin. Nag angat ako ng ulo at gusto lang pala tumabi sa tabi ko.

"Sure po."

"What's wrong? what's the reason at nag away kayo?" lumapit lang siguro sya upang mag interview sa akin.

"Kung sa kanila mababaw lang ang dahilan, iba po sa akin at big deal na yun, 'yong inabangan ko kasi na relo since last year nag release kanina kaso 100 lang po limited edition. Sabi kasi ni Ag sya na ang kukuha tapos ayon, nakalimutan nya." sumbong ko sa kanya. Total tinanong nya naman ang dahilan edi sasabihin ko na.

"Stop frowning. Give me a smile." utos nya sa akin.

Hinawakan nya ang magkabilang pisngi ko at iniharap sa kanya ang mukha ko. Pero bakit nga pala nandito sya?

"Bakit ka nga po pala nandito?" naningkit na ang mga mata ko dahil sa pagpisil-pisil nya sa magkabilang pisngi ko. Nawala nalang bigla 'yong inis na nadarama ko kanina.

"May kinuha ako sa office, then I saw you." pwede naman lampasan nalang nya ako.

"Iniwan mo manliligaw mo ma'am? kawawa naman 'yon at baka isipin na pinagpalit mo sya sa akin kapag nakita nya tayong dalawa." pagbibiro ko at marahan na inalis ang mga kamay nya. Gigil yata sya sa kagandahan ko at ayaw tigilan ang mukha ko.

"Krystal, I don't like seeing you sad or hurt." Bigla pumatak ang luha sa gilid ng aking mata ngunit mabilis ko rin pinahiran.

"Do you wanna come with me tomorrow?" ilag sya masyado sa tanong ko ha at tinanong nalang din ako pabalik.

"Saan po?"

"Hmm basta, you will know tomorrow." saan nya ako binabalak dalhin? Gusto ko pa mabuhay ng matagal at magkaroon ng sariling pamilya.

"Sige po, hindi mo naman ako ibibitay sa ilalim ng tulay?" tanong ko ngunit kumunot ang noo nya. Nag lalag din pala ang brain ni ma'am.

"No." tipid nitong sagot at tinapik ang ulo ko. Sya nga siguro 'yong tumapik sa akin kanina kaso tinabig ko lang.

"Okay mommy, sama ako hehe." sagot ko at saka niyakap ang gitara na hawak.

"Sweet." tipid na sagot nya at tumayo na. Teka anong sweet? sweet corn? sweet potato? Ay aalis na sya? kung kailan nagugustuhan ko na ang makasama sya ngayon sa tabi ko.

"Alis ka na po ma'am?" nakangusong tanong ko.

"Yes, I need to get my things." sabi nya at tinapik ulit ako. Ang hilig naman nila dalawa ni ma'am Lorelei tapikin ang ulo ko.

"Sige po, babye." paalam ko sa kanya nang tumalikod na ito at magsimulang humakbang.

Yumuko ako upang ayusin ang gitara, kakanta nalang ako ulit.

"See you later, sweetie." malambing na boses nito.

Agad napaangat ang ulo ko. Tulala akong sinundan sya ng tingin habang naglalakad papalayo ng cottage.

"Sweet--sweetie? me?" turo at bulong ko sa sarili.

Hindi ko alam pero may biglang pumitik sa dibdib ko?

CHAPTER 7

-

Slap

"You're a disgrace to our family!" galit na sigaw ng ama ko pagkatapos akong sampalin.

I received a call galing sa kanya, pinauwi nya lang ako ng bahay para sampalin at pagalitan. Just because of Troy kaya nagkakaganito sya.

"Edi sana pinatapon nyo nalang din ako nong bata palang ako diba?" ayaw kong umiyak sa harap nya. Kailangan kong tatagan ang sarili ko dahil ayaw kong mag mukhang kaawa-awa sa mga mata nila.

"At kailan ka pa natotong sumagot?! saan mo natutunan yan?! sa mga kaibigan mo?!" namumula na ang mukha nito dahil sa galit. Hindi ko alam kung ano ang sinabi ni Troy at nagkakaganyan sya.

Blangko lang ang mukha kong tinitigan sya. Sabi nga ni Bern kailangan kong lumaban para sa sarili ko.

"Wala kang kwenta! ilabas mo si Bern ngayon din! Mabuti pa ang alter mo, may pakinabang sa pamilya lalo na pagdating sa business ko!" Bern ba talaga? simula umpisa ako ang nagpakahirap at tumulong sa kanila.

"Walang Bern." nakakawala ng gana ang pamilyang ito. Bakit ba kasi sila pa ang naging magulang ko.

"At huwag mong idamay ang mga kaibigan ko dahil sila ang tumayong mga pamilya ko!" sigaw ko at sa ikalawang pagkakataon ay nakatanggap na naman ako ng malakas na sampal.

"Wala kang utang na loob, lahat ng mga gusto mo at luho binigay ko para sayo! sila ang pamilya mo?! sige lumayas ka at huwag ka na babalik sa pamamahay na ito! lahat ng meron ka ay babawiin ko! I'm gonna cut your allowance, confiscate your car at huwag kang uuwi sa condo na binili ko para sayo!" I gritted my teeth in anger. Punyetang pamilya at pera lang ang mahalaga para sa kanila.

"Kahit anong gawin mo ay matutuloy parin ang kasal nyo sa ayaw at sa gusto mo. Lumayas ka na ngayon din!" maawtoridad na utos nito at itinuro ang pinto.

"Subukan mo lang humingi ng tulong sa mga kaibigan mo at pati sila mapapahamak dahil sa katigasan ng ulo mo." pagbabanta nito na mas lalo pang ikinagalit ko.

"Fuck this family!" hindi ko na kaya pang tiisin ang init ng ulo at sakit na nadarama. Mabilis akong tumakbo palabas ng bahay habang pinapahid ang mga luhang kusa nalang rumaragasa.

Mag isa lang akong naglalakad sa madilim na daan. Naka paa, hindi ko na nagawang isipin pa ang sapatos sa pagmamadaling makalabas ng bahay. Pakiramdam ko hindi ako makahinga kapag nanatili pa ako doon ng matagal.

Iyak lang ako ng iyak sa sa sobrang takot at sakit nitong puso ko. Hindi ko alam kung saan ako ngayon pupunta, wala akong dala ni kahit na ano dahil naiwan lahat sa bahay ang mga gamit ko.

Ang hirap ng buhay ko, meron ka nga lahat ng mga gusto mo pero kahit kaunting pagmamahal sa

pamilya ay hindi man lang maipadama sayo. Lahat naman ng gusto nila sinunod ko simula pagkabata. Nasasakal ako palagi sa mga gusto nilang ipagawa kahit hindi ko naman gusto. Punyetang buhay at sobrang napakapait ng kalagayan ko.

"Bwesit ugh."

kanina pa ako palakad lakad at hindi ko na alam kung saan ako dinala ng mga paa. Ang sakit na ng mga paa ko at nanlalabo narin ang mga mata sa sobrang pagod at walang tigil sa pag iyak.

"Punyeta at sumabay ka pa." mariin kong salita sa kalangitan habang pumapatak ang ulan.

Wala akong mahanap na masisilungan kaya nagpatuloy nalang sa paglalakad hanggang tumigil nalang ng kusa ang mga paa sa paghakbang.

Lumalakas na ang ulan at ang hangin. Napaupo ako at niyakap nalang ang sarili. Nanginginig na ang buo kong katawan at ramdam ko narin ang panginginig ng aking labi.

Para akong isang bata na nawawala at naghihintay muli sa pagdating ng kanyang mga magulang. Pero ano pa ba ang aasahan ko sa pamilya ko ngayon? hindi naman ako mahalaga at walang pagmamahal na pinadarama.

"Excuse me?" tawag ng isang babae. Ayaw ko iangat ang ulo ko dahil baka mapahiya ako.

"Miss?" tawag nya muli at saka hinawakan ang balikat ko.

Sa pagkakataong to ay nag angat na ako nang ulo. Mabilis akong tumayo at niyakap ng mahigpit ang babae nang makita ko ito. I felt warmth in her embrace. I couldn't stand it anymore and started crying. Ang daming tao sa mundong to, hindi ko inasahan na sya pa ang makikita ko.

"Ma'am Kathlyn." I sobbed and called her name before fainting.

*

Nagising ako dahil sa masamang panaginip. Sa panaginip na 'yon ay unti-unti akong nilalamon ng kadiliman, ang weird ng panaginip ko na 'yon.

Bumangon ako sa kama at pagmulat ng mga mata ay nagtaka ako kung bakit nandito ako sa kwarto? hindi ko naman kwarto to. Biglang bumalik sa aking memorya ang kaganapan kagabi bago ako mag collapse.

"Kwarto ba to ni ma'am?" tatayo na sana ako ngunit bigla akong nahilo. Pinakiramdaman ko ang sarili at pag minamalas ka nga naman, may lagnat pa ako.

Kinuha ko ang kumot at binalot ang sarili. Ang lamig masyado kahit nakapatay naman ang aircon nito.

"Krystal?" sabay pa kami nagulat na dalawa nang magtagpo ang aming mga mata.

"Ma'am." matamlay at namamaos na boses na sagot ko.

May dala syang pagkain at inilapag muna ito sa katabing lamesa bago ako nilapitan.

"Nasan po ako?" mahinang tanong ko sa kanya.

"My house. What happened to you? what were you doing outside my house last night?" so nasa bahay nga nya talaga ako. Hindi ko naman alam na bahay nya ang nahintuan ko kagabi.

"Hindi ko po alam ma'am na bahay mo to. Kusa nalang ako dinala ng mga paa sa lugar na to kagabi pagkatapos kong lumayas ng bahay." tipid ko syang nginitian bago iniyuko ang ulo.

"Lumayas?" may pagtatakang tanong sa kanyang boses.

Hinila ko sya palapit sa akin at niyakap. Hindi kasi ako kontento sa comforter at pakiramdam ko tumatagos ang lamig sa aking katawan.

"Opo." Sagot ko.

Mas lalo ko pa hinigpitan ang yakap nang simulan nya ang pagtapik ng ulo ko. Gustong gusto ko talaga na ginaganito nya ako.

"Why?"

Dapat ko bang sabihin sa kanya? wala naman sigurong problema as long as hindi nya ipaalam sa mga kapatid ko.

"Pinalayas ako ng ama ko ma'am at binawi lahat ng mga ibinigay. So basically isa na akong homeless ngayon." hindi ko nalang sasabihin ang naging dahilan kung bakit ako pinalayas.

"Why didn't you call your friends?" kasi hindi ko dala ang cellphone at mas lalong hindi nila pwede malaman.

"Ayaw ko silang mapahamak at idamay sa gulo ko. Ang dami na nilang naitulong sa akin, okay lang po at maghahanap nalang ako ng trabaho." kaya ko naman maghanap ng trabaho at may tiwala naman ako sa kakayahan ko.

"Ma'am please po, huwag mo nalang sabihin sa kanila ang nangyari sa akin." pakiusap ko sa kanya. Pag angat ko ng ulo ay binigyan ko sya ng ngiti, hindi ko alam na kanina pa pala nya ako pinagmamasdan.

"I can help you. Just tell me." patuloy nalang ako sa pagngiti sa kanya. Nakikita ko ang pag-aalala sa kanyang mga mata.

Umiling ako bilang isang tugon.
"I appreciate your offer ma'am, but no thanks. Ayaw ko pati ikaw madamay sa gulo ko, ang dami mo ng nagawa para sa akin kaya okay lang ako, kaya ko na po." hindi muna ito sumagot at tahimik lang akong pinagmasdan bago bumuntong hininga.

"Are you sure?" ulit nya at tumango ako ng dalawang beses.

"Alright, eat first and drink your medicine." kaya gusto ko ugali ni ma'am Kathlyn dahil palagi nya nirerespeto ang desisyon ko.

Binitawan ko na sya upang kunin ang pagkain. Wala kasi akong lakas at pakiramdam ko ang bigat ng katawan ko. Mabuti nalang at mamayang hapon pa ang klase ko kaya may oras pa akong magpahinga.

"Kaya mo ba kumain mag isa?" nag malfunction saglit ang aking brain sa naging tanong nito. May sakit

lang ako at hindi naman putol ang kamay ko?

"Yes po."

"Ma'am diba sabi mo isasama mo ako today?" tanong ko bago humigop ng sabaw. Marunong pala sya magluto? at masarap ang chicken soup nya.

"It's okay, just rest. What's your schedule today?" tanong nya. Nakabihis na pala ito at ready na umalis, baka may klase pa sya at naabala ko pa.

"Math and polsci po. Mamayang hapon pa naman ma'am." sagot ko. She checked her wrist watch bago muli tinapik ang ulo ko.

"Papasok ka mamaya?" isang tango lang ang naging sagot ko at narinig ko na naman syang bumuntong hininga. May problema ba sya at kanina pa ito panay ang buntong hininga.

"Alright, I'll be back later before lunch. Matulog ka para may lakas ka mamaya sa klase." hindi ko na magawa ang sumagot kaya panay nalang ako tango.

Aalis na sana ito nang hawakan ko ang kamay nya. "Yes?" may pagtataka sa kanyang mukha na tanong nito.

"Thank you po mommy Kathlyn." sabi ko at hinila ito palapit sa mukha ko saka sya binigyan ng halik sa pisngi. Hindi na sya nagulat sa ginawa ko at parang nasanay na sa palaging paghalik ko sa pisngi nya.

"Ma'am?" tawag ko. Nakatunganga nalang kasi itong nakatitig sa akin.

"Ah yeah, you're welcome."

"Ingat po." pahabol ko at kinawayan ito bago tuluyang isarado ang pinto.

Hindi ko na naubos ang pagkain dahil feeling ko masusuka na ako sa kabusugan. Isinantabi ko na ito bago bumalik sa paghiga ng kama at ipinikit ang mga mata. Si ma'am lang ba mag isa sa malaking bahay na to? hindi ba sya nalulungkot at mag isa lang itong naninirahan sa napakalaking bahay na to?

Sumasakit ang ulo ko. Hindi ko na kasi ininom ang gamot na binigay nya at hindi ko magagawang lunukin. Ewan ko ba bakit hindi ako makalunok ng gamot pero kapag mga pagkain kahit buo pa ay kaya kong lunukin. Kailangan ko narin pala ang mag umpisa na maghanap ng trabaho. Actually, malaki naman ang savings ko pero ayaw ko itong galawin. Gusto ko rin matuto kung paano tumayo sa sarili kong mga paa na hindi umaasa sa kahit na sino.

First, kailangan ko muna maghanap ng bagong matutuluyan dahil binawi ni dad ang condo ko. Second, I need to find work kahit anong trabaho basta huwag lang maging stripper. Gusto ko sana e chat ang mga kapatid ngunit nakalimutan ko na wala pala akong cellphone na dala. Kailangan ko narin pala ang bumili ng bagong phone. Alam kong sinira na ng ama ko ang mga gamit na naiwan sa bahay. Sirain nya at wala naman akong pakialam, wala namang halaga ang mga yon sa akin.

Sana maging maganda naman ang panaginip ko ngayon at hindi na nakakatakot. Palagi nalang kasi akong nananaginip tulad nong panaginip ko kanina.

Hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin ng panaginip na yon. Sa panaginip ko na yon ay nasa may isang kwarto lang ako, nakakulong at hindi makalabas. Kahit anong pilit kong gawin para mabuksan lang

ang pintong yon ay paulit-ulit lang din ang resulra, pagkabigo.

Ang weird talaga kasi napapanaginipan ko lang yon sa tuwing malungkot ako o di kaya pag sobrang pagod ako, minsan din kapag nakatulog ako na ang daming gumugulo sa isipan ko. Tinanong ko rin si Bern kung nangyari na ba yon sa kanya at ang sinabi lang nya ay hindi.

Bakit ko pa ba iniisip yon, siguro dahil lang talaga sa pagod kaya ganon palagi ang nasa panaginip ko.

Nakarating na kaya si ma'am ng school? sayang naman at hindi kami natuloy sa lakad namin ngayon. Bakit kasi nilagnat pa ako, hindi naman ako sakitin na tao. Pero bakit kaya wala parin boyfriend si ma'am Kathlyn? ay oo nga pala at sinabi nyang hindi nya kailangan ng nobyo. Sabagay at may point naman ang sinabi nito. Kaya na nyang buhayin ang sarili dahil may stable work na at kahit pa nga yata na hindi na ito magtrabaho ay magiging maayos at maganda parin ang pamumuhay nito.

Hays ang dami kong iniisip. Matutulog nalang ako at kailangan ko mag beauty rest. Papasok ako mamaya at sana sa paggising ko ay okay na ako.

*

"Kb." nilingon ko si Ag sa likod. Okay na kami at nag sorry narin sya, siguro ang babaw ko lang talaga na tao dahil nagalit ako dahil lang do'n. Kami palang ang nasa classroom dahil wala pa sila babe.

"May sakit ka ba? bakit ang tamlay at putla mo?" Taong nya bago ako hinawakan sa noo.

"May lagnat ka, uminom ka na ba ng gamot?" tumango lang ako bilang sagot.

"Hindi ka sumagot sa tawag namin. Nag-aalala na kaming lahat sayo kagabi dahil bigla ka nalang umalis ng walang paalam." umalis kasi ako kaagad kagabi matapos kong makatanggap ng tawag mula sa ama ko.

"Sorry, pinauwi kasi ako ng ama ko. Tapos nawala ko ang cellphone kaya hindi ko nasagot ang mga tawag nyo." dahilan ko sa kanya.

"Nasan pala sila babe? bakit ikaw lang mag-isa?" tanong ko at umayos ng upo. Ang sakit ng ulo ko at para akong nahihilo.

"Nagpasa ng application form. Nakapagpasa ka na ba? ikaw ang tatakbo as president ng SC." akala ko pa naman nagpasa na sila kahapon.

Ang sama talaga ng pakiramdam ko, sana pala hindi nalang ako pumasok at nagpahinga nalang. Sinundo ako ni ma'am kanina gaya nga ng sinabi nya na babalikan ako.

"Oo tapos na, kailan magsisimula ang campaign?" hindi ko alam bakit pinipilit nila na tumakbo ako as president. Wala rin akong tiwala sa sarili ko sa posisyon na yan.

"Next week."

Napatingin kami sa pinto dahil sa mga boses na naririnig mula sa labas. Kahit malayo palang ay alam na namin na sila ang mga tao na paparating. Ang lakas naman kasi ng mga tawanan nila.

"What the... My horsey nandito na pala si you." bulaslas ni babe nang makita akong kausap si Ag.

"May lagnat sya." sumbong ni Ag.

Nagulat nalang ako sa ginawa nila, mabilis nila akong pinalibutan at pinag-agawan ang mukha ko na parang isang bata.

"Ano ba, sumasakit lalo ang ulo ko dahil sa ginagawa nyo." nasusuka na tuloy ako! kung makahila naman kasi sa ulo ko parang bola lang, masakit sa leeg!

"Bakit may lagnat ka ano ba nangyari kagabi?" nag-aalalang tanong ni babe. Uulitin ko na naman ang sinabi ko hays.

"Nabasa ako ng ulan kagabi, oo nga pala at hindi muna ako uuwi sa villa. Sabi ni dad sa bahay na ako uuwi simula ngayon." inalis ko ang kamay nito at yumuko sa desk. Hindi ko kasi kaya tignan ang mga mata nila na parang nangongonsensya at may pag-aalala.

Good at dumating na si ma'am Pixie, hindi na nila ako makukulit sa ngayon pero alam kong guguluhin na naman nila ako mamaya pagkatapos ng klase.

"Good afternoon, ma'am." bati namin sa kanya habang inaayos ang gamit sa lamesa.

"Afternoon. Get one whole sheet of paper for our long quiz." anong sinabi nya? one whole? hindi pa nga sya nag d-discuss.

"Miss, long quiz? wala ka pa naman tinuturo sa amin? anong quiz ang gaganapin?" tanong ni babe sa magaling nyang fiancee na bigla nalang nagpapa-quiz kahit first meeting palang namin.

"Stop asking questions." ayan napapala, ayaw nalang kasi tumahimik at nasungitan tuloy ng mommy nya.

Mag excuse nalang ako total may sakit ako kaya pwede nya naman siguro ang e consider?

"Krystal." tawag ni ma'am kaya napaangat ako ng ulo.

"Po?"

"Go to the clinic and rest." napaisip ako sa sinabi nito. Hindi pa nga ako nagsasalita ay naunahan na nya ako.

"Ma'am may lagnat din po kami!" taas kamay na saad ni Iris. Akala nya siguro mauuto si ma'am sa sinabing dahilan nya.

"Unfair naman, sana pala nilagnat nalang din ako para excuse ako sa long quiz na walang topic." reklamo naman ni babe at nagpaparinig sa kanyang kasintahan.

"You two, shut up." Saway nito sa dalawa, buti nga.

"You may go now, Krystal." utos ni ma'am kaya iniligpit ko agad ang gamit.

Tinignan ko muna sila bago tuluyang lumabas ng classroom. Nakanguso at busangot ang mga mukha, minsan talaga may magandang naidudulot din ang sakit. Pero paano kaya nalaman ni ma'am na may sakit ako?

Pagliko ko ng hagdanan ay nagkasalubong kaagad ang mga mata namin ni ma'am Lorelei. Galing itong 3rd floor, siguro kakatapos lang ng klase nya.

"Good afternoon po." matamlay kong bati sa kanya. Until now nagtataka parin ako kung bakit nya ako tinawag kahapon? tapos wala palang sasabihin.

"Are you okay?" tanong nya nang muntik na naman akong matisod.

Na stress talaga ako sa kanila kahapon. Bigla kasi silang sumulpot na tatlo at sinabing kailangan kong sumama dahil may ibibigay sila? ayaw ko naman mamili edi do'n nalang ako sumama sa manliligaw ko. May manliligaw ako, hindi ko nga lang sinasabi sa mga kapatid ko.

"Okay lang po ma'am, nahihilo lang kasi masama ang pakiramdam." sagot ko at nagpatuloy na sa paghakbang pababa.

"Wait." nilingon ko naman ito nang hawakan nya ako.

"Po?" napaigtad ako sa bigla nyang paghaplos sa pisngi ko.

"You're burning, uminom ka na ba ng gamot?" wala naman akong nararamdaman na bakas ng pag-aalala sa boses nya, pero kitang kita ko naman sa mga mata nito.

"Papunta palang po sa clinic para makahingi ng gamot at pahinga..."

"Samahan mo ko?" kaswal na tanong ko, baka lang kasi gusto ni ma'am.

Nagulat ko yata si ma'am Lorelei, natameme nalang kasi bigla tapos bakas sa kanyang mga mata ang gulat.

"Ayaw mo po? sige ako n-"

"Let's go." Nagtaas ang mga kilay ko kasunod ng marahan na paghila niya sa braso ko. Hindi ako nagsalita at nagpatianod nalang pababa ng hagdan.

Wala ba balak si ma'am bitawan ang kamay ko? kanina pa nya kasi hawak ito. Halos mga nakakasalubong namin ay sa magkahawak kamay namin nakatingin. Required pala holding hands pag nagpasama ka sa clinic?

"Krystal." natigilan kaming dalawa ni ma'am. Bigla akong kinabahan, hindi ko alam? ano ba nangyayari sa akin.

Nilingon ko ito at nasilayan ang isang malamig na ekspresyon ng kanyang mukha at nakatitig sa magkahawak kamay naming dalawa ni ma'am Lor.

"Ma'am." sambit ko.

Palipat-lipat lang ang tingin ko sa kanilang dalawa. Magtititigan nalang ba sila? kung gano'n pwede na siguro ako umalis?

"Mag uusap po ba kayo o magtititigan lang? pwede na ba akong umalis? nahihilo na po ako." ako na ang una nagsalita at winasak ang katahimikan.

Aalis na sana ako kaso pinigilan naman nilang dalawa ang magkabilang braso ko. Ano ba ang problema nila at baka mahimatay na naman ako.

"May kailangan pa po kayo?"

Nagtaka ako dahil sabay silang may inabot sa akin na isang paper bag. Aanhin ko to?

"Ano po yan?" tanong ko at tinuro ang mga hawak nito.

"Serpenti Seduttori." napaawang ang bibig ko at palipat-lipat ang tingin sa dalawang paper bag dahil sa sinabi nila.

Paano nila nalaman ang bagay na ito? dalawa pa talaga sila ang nagbigay sa akin?

"Don't you like it?" unang tanong ni ma'am Lorelei.

"Isn't this what you want?" kay ma'am Kathlyn naman ako napatingin.

Gusto ko! kaya nga hinintay ko ng isang taon at nag away pa kami ni Ag dahil lang sa relo na yan. Pero bakit nila ako binibigyan?

"Isa lang po ang kailangan ko? at wala akong pera pambayad sa ngayon kaya okay lang po, may susunod pa naman na pagkakataon." mabilis na sagot ko at bahagyang umatras.

"I don't need your money Krystal. Accept it because it's my gift." matagal pa naman birthday ko para bigyan ako ng regalo ni ma'am Lorelei?

"This is why I asked you to accompany me, but you got sick." so planado na talaga ang lahat simula pa kahapon. Kumuha sya nito para lang sa akin?

"Pero isa lang naman po kailangan ko. Hindi naman pwede dalawang relo ang isuot ko." may nasabi ba akong masama? magkatitigan na kasi silang dalawa ngayon na para bang nag uusap sa pamamagitan ng kanilang mga mata.

"Take mine." sagot ni ma'am Lorelei at kinuha ang kamay ko upang ibigay ito.

"Krystal, use it." banat ulit ni ma'am Kathlyn.

Ang sakit na nga ng ulo ko mas lumala pa yata ng dahil sa dalawang to. I heaved a sigh at sabay na kinuha sa kanila ang mga ito para magtigil na silang dalawa.

"Libre na po to ha? walang maniningil okay?" tanong ko sa kanila.

Napatingin ulit ako sa mga kamay nila. Sabay na naman kasi sana tatapikin ang ulo ko, kaya ang ginawa nalang nila sa magkabilang side hinaplos ito.

"Thank you po." nagpasalamat ako syempre at nginitian sila.

Isang malaking deja Vu. Ganito kasi ang ginagawa nila ma'am Pixie at Ziallyn nong panahon na may kaagaw sila sa atensyon ng mga kapatid ko. Pero mabuti at hindi sila nagbabangayan na dalawa? unlike do'n sa kapatid at pinsan nila.

"Ma'am diba ikaw din po sa polsci namin? pwede po bang excuse nalang muna ako?" tanong ko kay ma'am Lor habang abala kakahaplos ng ulo ko.

"You don't have to ask for permission. Let's go to the clinic." may pagkairitado sa tono ng pananalita ni ma'am Kathlyn bago marahan inalis ang kamay ni ma'am Lorelei sa ulo ko.

Akala ko magagalit ngunit nakita kong nginitian lang nya si ma'am Kathlyn bago ulit ibinalik sa akin ang paningin nito.

"Sure dear, rest well." pipisilin pa sana nya ang mukha ko nang bigla akong hatakin ni ma'am Kathlyn, at walang paalam na iniwan ang pinsan nito na mag-isa.

Kung maka kaladkad si ma'am Kathlyn parang wala akong sakit. Napapangiwi na ako sa higpit ng kapit nya sa wrist ko. Galit ba sya?

"Ma'am, dahan-dahan lang naman po at masama ang pakiramdam ko. Pakiluwagan din ang hawak sa pulso ko kasi ang higpit po." reklamo ko sa kanya.

Hindi nya ba ako narinig? multo ba ako para hindi pansinin?

"Mommy." saka lang sya tumigil sa paglalakad matapos ko sya tawaging mommy sa malambing na tono.

Na sorpresa ako nang humarap ito sa akin, bakit namumula ang kanyang mukha. Galit ba sya? pero hindi naman halata sa kanyang maamong mukha.

"May problema po? ang pula ng mukha mo e." nandito na pala kami sa labas ng clinic. Akala ko pa naman tawag ko ang nagpatigil sa kanya.

"None." bored nyang sagot at binuksan ang pintuan.

"Good afternoon, nurse." bati ko kay Bernadette nang makita kaming dalawa ni ma'am.

"May schedule ba kayong dalawa ni Iris kung kailan susugod ng clinic?" pailing-iling na tanong nya. Kumunot naman ang noo ko dahil hindi ko alam kung ano ang tinutukoy nito.

"She has a fever." sagot ni ma'am sa kanya at pinapasok ako una sa unang room.

Pabagsak akong dumapa sa kama, ang sarap sa pakiramdam matulog ngayon lalo na at ang lambot ng kama. Sa tingin ko ay makakapagpahinga ako ng maayos dito.

"Krystal." oh akala ko umalis na sya. Kumuha lang pala ito ng gamot.

"Drink this." ilang beses ba ako kailangan na uminom ng gamot.

Bumangon ako at kinuha sa kanya ang gamot, pipilitin ko nalang ang sarili para mapabilis ang paggaling ko.

"Thank you po."

"Saan ka uuwi mamaya?" marahan kong sinuntok ang dibdib, bwesit na gamot at bumara sa lalamunan ko. Pabigla-bigla kasi kung mag tanong si ma'am.

"A-Are you okay?" haynaker ma'am bakit mo tinatanong ang obvious.

"Ahem, okay na po. Bumara lang kasi 'yong gamot." bumalik na ako sa paghiga at gusto ko na matulog.

"So?"

So?

"Po?"

Bumuntong hininga siya bago nag krus ng mga braso. "You haven't answered my question yet." ano nga ulit yon? kung saan ako uuwi mamaya?

"Hindi ko po alam, siguro mag check-in nalang ako tapos bukas maghahanap ng trabaho." pahikab-hikab na sagot ko. Ang bilis talaga umepekto ng gamot at inaatake na ako ng antok.

"You can stay in my house while you are looking for a job at lugar na pagtutuluyan." napatulala ako habang pinagmamasdan sya.

Nakakagulat kasi ang offer ni ma'am at willing akong patuluyin sa bahay nya. Ang lungkot siguro nya masyado kasi mag isa lang sya.

"Hindi na po ma'am a-"

"Tatanggapin mo offer ko o sasabihin ko sa mga kaibigan mo?" putol nya sa sinabi ko at pinagbantaan na isusumbong ako.

Ito na ba yong sinabi nila babe at Aaar eeeL na pagbabantaan ka kapag tinanggihan mo sila?. Seryoso lang itong nakatitig sa akin at naghihintay ng sagot.

Napabuntong hining ako dahil wala naman ako matutuluyan at ayaw ko rin na malaman nila babe ang sitwasyon ko ngayon. Hindi naman siguro masama kung tanggapin ko ang alok nya?

"Sige po payag na ako, wag mo lang sabihin sa kanila ang sitwasyon ko." mahinang bulong ko ngunit sa tingin ko naman ay narinig nya ang sinabi ko?

Unti-unting gumuhit ang ngiti sa kanyang labi bago ako nilapitan at sinimulan haplusin ang ulo ko.

"Good." my eyes widened as she leaned down and kissed my forehead.

"I'll come back later after class. Take a rest." pigil hininga ako nang bumulong ito sa aking tenga.

Pakiramdam ko sasabog na ako sa sobrang init ng katawan lalo na ang mukha ko. Ang weird kasi parang may kumikiliti sa tiyan ko at unti-unti bumibilis ang pintig ng puso ko.

"Krystal."

"A-ah ha? Y-yes po?" napukaw ako sa malalim na pag-iisip. Ano yon!

"Are you okay? your face is so red." kunot noo na tanong nito. Bwesit hindi ko alam ang tinutukoy ni ma'am.

"O-okay lang po, ang init lang ng katawan ko. Hindi ko po alam kung bakit bigla ako naging weird." parehas yata kami naguluhan sa naging sagot ko. Bakit ba e sa hindi ko nga alam anong nangyayari!

Mabilis kong kinuha ang kumot at nag talukbong. Naramdaman ko pa na hinawakan nito ang ulo ko.

"Sleep well, Krystal." ma'am please lang umalis ka na at mukhang delikado na ako kapag nanatili ka pa ng matagal sa kwartong to.

Hindi nagtagal ay nakarinig ako ng pagbukas at sarado ng pinto. Agad akong bumangon nang makita na wala na ito. I cupped my both cheek at ang sobrang init!

Unti-unti narin ulit kumakalma ang puso ko.

What the hell was that?!

*

Nagising ako dahil sa gutom, nagtungo ako kaagad ng cafeteria at bumili ng makakain. May klase pa ang iba kaya mag-isa lang ako ngayon, akala ko bumaba na lagnat pero mukhang wala naman pinagbago.

"Hi." Biglang may nagsalita kaya agad ko itong nilingon. Sino nga ulit siya? Yung babae na nanliligaw kay ma'am Kath,

Tipid akong ngumiti, "Hello po." Sagot ko, nagulat ako kasi hindi ko naman sinabing umupo siya ngunit tumabi sa akin.

"Nakita mo si Kathlyn? May klase ba siya ngayon?" Bakit sa akin siya nagtatanong?

Nagkibit-balikat ako. "Hindi ko alam, di po ako pumasok dahil may lagnat." Sagot ko.

Nakita ko ang kanyang kamay na aksyon akong hahawakan sa noo ngunit may kamay na pumigil sa kanya. Nagulat siya nang makita si ma'am Kath, hindi na ako nagulat at ngumiti nalang.

"Kath, kanina pa kita tinatawagan hindi mo sinasagot." Biglang tumayo ang katabi ko at hahalik sana kay ma'am ngunit kaagad umiwas si ma'am at sa akin lumapit.

"How are you feeling?" Tanong niya at muli akong chineck sa noo.

"Your fever still hasn't gone down." Tumango ako at napansin ang kanyang bitbit na maliit na box.

"Ano po yan?" Tanong ko at itinuro ang hawak niya.

"Your favorite." Sumigla ako matapos marinig ang sinabi at niyakap ang kanyang bewang.

"Thank you po, tabi ka." Masaya akong umusog at hinila si ma'am paupo sa aking tabi bago binuksan ang box ng cake.

"Kath, may klase ka pa ba?" Bigla ulit tanong nong manliligaw niya at umupo sa tapat.

"No more." Sagot ni ma'am.

"Kung ganun wala ka ng gagawin? Nagpa reserve ako ng table sa bagong bukas na Italian restaurant-"

"I'm sorry Trisha, but I can't today because I have something more important I need to prioritize." Putol ni ma'am sa kanya, nag uusap sila ngunit abala naman si ma'am sa pag aasikaso sa akin.

"Ah? May mahalagang lakad ka? It's fine at sa susunod na lang." Sagot nong Trisha, yan pala pangalan at nakalimutan ko na.

Hindi siya sinagot ni ma'am at patuloy akong inasikaso, kaya ko naman sana mag slice ng cake pero sadyang ayaw magpatalo ni ma'am.

"Ganyan ka pala ka maalaga sa estudyante mo, ang swerte ko pala sayo." Bigla akong napanakaw tingin kay Trisha at si ma'am natigilan sa kanyang ginagawa.

"Ma'am?" Pukaw ko sa kanya.

Nilingon niya ako at ngumiti. "Do you prefer to eat this at my office? It's better there and you can watch a movie you like." Offer ni ma'am sa akin at hindi man lang binigyan pansin ang manliligaw.

Pilit akong ngumiti, ako kasi ang nahiya para kay Trisha at di naman siya pinapansin ni ma'am. Tignan mo at naging hilaw bigla ang ngiti niya, pahiya kasi siya sa ginawang move kay ma'am.

"Ayos lang po?" Tanong ko kay ma'am Kath, ngumiti siya at tumango bago ako hinaplos sa ulo.

"Yes."

"Kath, pwede ba akong sumama?" Tanong muli ni Trisha, si ma'am hindi ko alam kung napipilitan lang ba siya pakisamahan itong babaeng to kasi di naman siya makasagot.

"Bawal po tumambay sa opisina ni ma'am kung hindi related sa trabaho." Ako nalang mismo ang sumagot.

Nagsalubong ang mga kilay ni Trisha, "Anong kaibahan non sayo?" Tanong niya.

"Excuse ako kasi may lagnat." Sabi ko kahit alam kong nonsense yung dahilan ko.

Tumayo ako at kinuha ang box ng cake at kamay ni ma'am. "Tara na ma'am, nakalimutan ko po pala na may kailangan ako ipasang application." Sabi ko at marahan siyang hinila.

Malaki pasalamat ko at hindi sumunod yung Trisha sa amin, sasabihan ko na talaga siyang aso kung pinilit niya pa ang sarili kahit wala naman siyang lugar.

"Thanks."

"Hmm? Para saan po?" Tanong ko at inagaw ang lollipop na kanyang binuksan.

"For staying." Nalilito ang aking brain sa sinabi ni ma'am, anong pinagsasabi niya? Ako tong may sakit pero sa kanya yata umepekto.

Kinuha ko ang lollipop sa aking bibig at sinubo sa kanya. Haler, mabango hininga ko at mas lalong fresh na fresh ang oral ko.

"Gusto mo?" Biro ko.

Babawiin ko na sana at isusubong muli nang bigla ako hawakan sa braso ni ma'am upang pigilan at isinubo niya sa kanya ang lollipop kong may laway. Omg! Omg! Omg! Bigla akong nataranta, napalunok ng laway nang magkatitigan kaming dalawa. Kaloka, anong nangyayari at bigla akong kinabahan?

"Krystal?" Pukaw ni ma'am.

"H-Ha? Po?" Utal kong sagot.

Matamis niya akong nginitian at pinisil ang magkabilang pisngi.

"Sweet..."

"I love it." Parang lumundag ang puso ko sa sobrang lambing ng boses ni ma'am kahit ang ibig niya naman sabihin ay ang lollipop.

"He...hehe, sayo na po." Sabi ko at muling itinuon ang atensyon sa daan. Pakiramdam ko lumala lagnat ko dahil pati mga mata ko ngayon ay sobrang init na.

Kaloka, ang init!

CHAPTER 8

-

"Ma'am Kathlyn ano pong ginagawa natin dito? may bibilhin ka?" tanong ko sa kanya habang papasok ng Louis Vuitton.

Nagtaka ako na napalingon sa entrance kasi bigla nila pinaalis ang mga mamimili at closed ng store. Bongga si ma'am at VIP.

"Goodevening ma'am. This way please." salubong ng manager at pinapasok kami sa isang room.

"Show me your new sets of collections." utos nya sa manager bago ako hinarap.

"Come here Krystal." she called and reached for my hand. Si ma'am ginagawa na talaga akong baby nya.

Naupo kami sa sofa habang hinihintay makabalik yong inutusan nya. Sana kumain nalang muna kami kasi kanina pa tumutunog ang tiyan ko.

"Ma'am nandito na po." ang bilis nya makabalik ha, at ang dami naman nilang dala na mga damit tapos ang gaganda pa!

"Krystal."

"Po?"

"Go." hindi na nga gumagana ang utak ko tapos si ma'am kung ano-ano pa ang sinasabi na hindi ko maintindihan.

"Saan?" tanong ko.

Hindi sya sumagot ngunit seninyasan lang ako at tinignan ang mga damit. Gusto nya akong suotin at sukatin ang mga yan? sa dami ng dala nila paniguradong mas matatagalan kami.

"Ako? para sa akin ba ang mga damit?" tanong ko muna sa kanya bago itinuro ang naguguluhan kong sarili.

Ou nga pala at wala akong dala na kahit na ano. Cards and ID's ko naiwan sa bahay lahat. Kaya pala parang may nakalimutan talaga ako. Kung bakit ko naman kasi naiwan!

"Yes. You don't have to wear them all. Isa lang para malaman ang sukat." ayon naman pala at isa lang ang bibilhin, nag-alala pa tuloy ako sa wala.

Ang pinili ko nalang na kunin ay yong shirt na may golden LV logo para hindi na ako matagalan. Pumasok ako kaagad sa dressing room. Akala ko maluwag sa akin pero sakto lang pala at fit na fit.

"Ma'am okay na po at sakto lang ang damit." abala sya sa cellphone kaya tinawag ko na.

"Small size nalang ma'am." dagdag ko bago lumapit sa kanya. tinignan nya lang ang manager saka

tinanguan at tumayo upang salubungin ako.

"I want you to send all those clothes to my house later. Swipe it." kaswal na salita nya at pasimpleng inabot ang bc.

"Hindi mo man lang susukatin una ma'am?" ano bibili sya ng hindi man lang sinusukat ang damit.

"It's yours, Krystal." napaawang ang bibig ko. Para sa akin pala ang lahat ng mga yan? tinignan ko ulit ang mga damit na nasa clothing rack. Ang dami naman nyan!

"Sure ka akin lahat ng mga yan ma'am?" hindi ako makakatanggi kasi hindi rin ako makaka-withdraw ng pera. Kapag umiwi naman ako sa bahay namin ng ccb para kumuha ng mga damit ay malalaman din nila.

"Yes. Let's go to the next store." sagot nya bago ako hinila palabas ng LV. Saan naman nya ako balak sunod dadalhin.

Dinala nya ako sunod sa apple store at binilhan ng mga bagong magagamit na gadgets. Hindi na ako nagreklamo kasi kailangan ko rin naman? mindset ba mindset.

"Ma'am wala po akong pera pambayad sa ngayon. Gusto mo bayaran ko nalang ng kiss?" offer ko sa kanya pagkalabas ng store.

Napahinto ako sa paglalakad dahil sa biglang pagtigil nito sa paghakbang. May nasabi na naman akong mali?

"Ma'am?"

She turned to me before patting my head. "I didn't ask you to pay me but okay. I wont refuse your offer." I was stunned when she pressed her cheek.

Tumalikod ako at tumakbo palayo sa kanya. Ano bang problema ko?!

"Krystal?"

"H-ha? Po?"

"Are you okay?" hinabol nya pala ako.

"Ha?" ang init ng mukha at pakiramdam ko. May lagnat parin ba ako?

"You just ran out all of a sudden." hindi ko rin alam kung bakit ako tumakbo?

"M-ma'am, my heart rate was really high." sabi ko at hinawakan ang dibdib ko.

"Huh?" hindi ko rin na gets ang sinabi ko.

"Kahit na hindi kita nahawakan, my heart was beating very fast. So I think..." may sakit ba ako sa puso? bigla nalang bumibilis ang tibok ng puso ko sa hindi alam na kadahilanan.

"What?"

"I think kailangan ko na magpatingin sa doctor?" sabi ko na ikanakunot ng kanyang noo. May nasabi na naman ba akong masama?

Tapos bigla nalang sya tumawa. Wala naman nakakatawa sa sinabi ko?

"How cute." ang ganda nya talaga kung tumawa. Ano ba problema ng puso ko, bakit ba nagkakaganito to.

"Ma'am naman tinatawanan pa ako, baka talaga may sakit na ako sa puso." nakangusong salita ko bago nya pisilin ang pisngi ko.

"Don't worry, wala kang sakit sa puso. Are you hungry?" wala ba talaga akong sakit? pero dapat parin ako magpatingin. Tumango ako kaagad sa tanong nya dahil kanina pa ako nagugutom.

Kumain kami sa Jollibee, favorite kasi namin ng mga kapatid ko sa bubuyog. Mas pipiliin ko ang kumain dito kaysa sa mga mamahalin na restaurant.

"Krystal, face me." sabi nya habang pinapapak ko ang chicken joy.

Pumikit ako nang hawakan nya ang baba ko at marahan na pinunasan ang labi ko gamit ang tissue.

"Thank you ma'am." ngiti-ngiting pasalamat ko bago ulit sinimulan ang kumain.

"Ma'am, kung tatanungin kita saan mo gusto mag spend ng time mo?" wala kasi kaming topic kaya ako na mag oopen topic.

"I wanna spend my chapter 1, article 13 of the civil code of the Philippines with..." nalito ako sa sinabi nya, hindi ko pa kasi nabasa ang article na yan.

"With ano po?" paborito ko talaga ang spicy chicken ni fat bee. Ang sarap lang at ang hirap tumigil sa kakakain.

"Krystal."

"Ha?" bigla nalang talaga sya ngingiti ng walang dahilan. Baka talaga sya ang may kailangan ng doctor at hindi ako. Pero ang ganda talaga ni ma'am, walang halong false yan.

"Ma'am ikaw talaga siguro ang may kailangan magpatingin sa doctor. Bigla ka nalang kasi ngingiti ng walang dahilan." natatawang salita ko sa kanya at nagkibit balikat.

She shook her head and smiled. Itinukod nya ang siko sa lamesa at ginamit ang mga daliri upang takpan ang kanyang bibig.

"Stereo hearts starting at 2:40 to 3:00." mahinang salita nya. Hindi ko na narining ang huli nitong binigkas.

"Stereo hearts what ma'am?" ulit ko sa sinabi nya. Hindi nya siguro inasahan na narinig ko ang sinabi nito dahil sa gulat ng kanyang mata.

She chuckles, "Nothing, finish your food at may pupuntahan pa tayo." sagot nya, ngeee ano kaya yon.

Nakakaloka si ma'am, akala ko kung saan ako dadalhin, dinala niya pala ako sa mga sikat na brand

upang bilhan ulit ng mga gamit. Hindi siya nasasayangan ng pera at kahit isa wala siyang binili para sa kanya?

"Krystal." Tawag niya sa akin at lumapit habang inaayos ko ang bagong damit na sinukat.

"Po?" Tanong.

"Do me a favor." Nagtaas ang mga kilay ko sa kanyang sinabi, hindi alam kung anong pabor ang hihilingin.

Tumango ako. "Ano po?" Marahan niya akong tinapik sa balikat at muling ngumiti ng matamis.

"Spend money with me." Hindi ko alam ngunit bigla akong natawa sa kanyang pabor, halos lagpas milyones na nga nagastos sa akin tapos ngayon lang niya hihingin ang pabor na yan?

"Why are you laughing?" Confused niyang tanong.

"Kasi po ma'am, kanina ka pa po bili nang bili ng mga gamit for me at millions na nga nailabas mo tapos ngayon mo lang yan sinabi." Hagikhik kong sagot at muling tinignan ang sarili sa salamin.

Nakita kong namumula ang pisngi ni ma'am sa repleksyon ng salamin kaya mabilis ko siyang ninakawan ng halik sa pisngi, hindi naman ito nagulat sa aking ginawa at mukhang nasasanay na.

"Bayad ko po, kiss muna kasi wala pa akong pera." Bulong ko bago umalis at kinuha ang sunod na isusukat na damit.

Hindi ko na namalayan ang oras at pasado alas nuwebe ng gabi kami nakauwi ng bahay ni ma'am. Pagod din yata si ma'am, napansin ko na nahihirapan sya maglakad papasok ng bahay, ang taas naman kasi ng takong nya.

"Ma'am ako na." nagmadali akong umikot sa harapan nya pagpasok ng bahay at iniluhod ang isang tuhod.

"Krystal."

"Ako na magtatanggal, alam ko naman pagod ka. Hehe, paki angat po yong paa." sabi ko at tinanggal ang stiletto na suot nya.

"Wait." sabi ko saka kinuha ang slippers at isinuot sa kanya.

"Okay na po."

"Thank you Krystal."

"Follow me. I'll take you to your room." para lang akong tenant ni ma'am sa bahay nya.

Umakyat kami sa second floor at katabi lang pala ng kwarto nya ang kwarto na gagamitin ko.

"Just knock on my door if you need anything else." sabi nya bago naglakad patungo sa pintuan ng kwarto nya.

"Goodnight po, ma'am."

Sinulyapan nya ako sa huling pagkakataon bago pumasok ng tuluyan sa kanyan kwarto. "Goodnight, Krystal."

Hindi ako makatulog, kanina ko pa pinipilit ang sarili na matulog ngunit ayaw ako dalawin ng antok. Nauhaw ako bigla kaya nagpasya akong bumaba upang kumuha ng tubig ngunit nagulat ako nang makita si ma'am sa kitchen.

"Ma'am." Mahina akong natawa dahil napalundag siya sa bigla kong pagtawag.

"Krystal." Tinignan ko ang suot ni ma'am at kaagad nag takip ng mga mata.

Kaloka si ma'am, bakit ganyan suot niya? Lingerie ba tawag dyan? Nakasuot kasi siya ng sexy lingerie naka flower lace bra tapos garter belt underwear. Kung si Iris pa ako baka kanina pa ako sumugod kay ma'am pero kasi si ma'am eh! Bakit kasi ganyan suot niya. Napansin niya siguro na sa suot niya ako biglang nailang kaya agad niya kinuha ang lingerie robe at tinakpan ang katawan.

"Why are you still awake?" Patay malisya niyang tanong.

"Hindi po ako makatulog." Sagot ko bago tuluyan lumapit at kinuha ang tubig na kanyang inabot.

"You should sleep, you have work tomorrow." Kaloka, kakasabi ko lang di makatulog.

Tumago nalang ako. "Opo." Sabi ko at babalik na sana sa aking kwarto nang bigla niya akong tawagin muli kaya napalingon ako.

"Po?"

"What do you think of what I'm wearing?" Napalunok ako sa kanyang tanong at hindi kaagad nakasagot.

"You saw it, right?" Marahan akong tumango.

"So?" Bumibilis na naman tibok ng puso ko, kailangan ko na talaga magpatingin sa doktor!

"M-Magandan po, b-bagay na bagay sayo ma'am." God! Bakit nauutal ako pagdating kay ma'am e sanay ako kakatalak.

"Thanks, goodnight." Tumango ako at iniwasan ang kanyang mga mata saka nagmamadaling tumakbo paakyat at kaagad ni locked ang pinto ng aking kwarto.

Napahawak ako sa aking dibdib at hinga nang malalim ng paulit-ulit.

"Ano ba! Anong nangyayari sa akin?" Ibinaba ko ang baso at ibinagsak ang katawan sa malambot na kama at pinagsisipa ang kumot.

"Aaarg! Kaloka, baliw ka na Krystal!" Sabi ko sa sarili.

Makakatulog pa kaya ako ngayon?

*

Puyat ako, wala masyadong tulog at halos isang oras lang yata naging tulog ko dahil sa ayaw mawala ng imahe ni ma'am suot ang kanyang lingerie kagabi. Omg! Krystal! Nahihibang ka na talaga!

"My horsey! Bwakinangsheyt! naka LV attire ang monkey ko!" salubong agad ni babe sa akin pagpasok ng locker room upang magbihis.

"Hoy babe bakit kayo lang? wala si babaerang Iris?" ayaw ko sagutin ang tanong nya at baka tuksuhin na naman ako at isa pa tinatago ko nga sa kanila ang sitwasyon ko.

"Baka napagod sa uno nya?" anong pinagsasabi ng babaeng to.

"Bakit? may chika ba na hindi ako updated?" kaloka halfday lang ako nawala kahapon may nangyari na naman?

Kinuha ko kaagad ang inabot ni Ag sa akin na damit namin for water survival. Maganda rin naman ang kinalabasan ng logo na napili ni ma'am Everleigh.

"Tanga sinundo sila kagabi ng mga bebe nila HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." pag singit ni tansan sa usapan namin. Anong meron kagabi? mga bruha ako lang yata ang walang alam!

"Ano ba nangyari kagabi ha?" nag uusap kami habang abala sa pagpapalit ng mga damit.

"Nag aya mag bar tapos hindi nagpaalam sa mga fiancee nila kaya ang nangyari sinugod sila kagabi." pagpapaliwanag ni Ag.

Mga babaeng to nag bar at hindi man lang ako inaya? traitors traitors!

"At talagang hindi nyo man lang ako inaya ha?" iritado kong tanong. Gusto ko rin sana uminom kagabi kaso nga lang sinundo ako ni ma'am 5pm sa clinic.

"Paano ka naman namin masasabihan e diba sabi mo nawala mo selpon mo ha?" sagot naman ni babe. Kaloka naman at nakalimutan ko pa.

"Duh! kamusta naman kagabi? ano ginawa ng dragon at demon nyong mga asawa?" tanong ko sa kanilang dalawa na agad naman bumusangot ang mukha.

"Ayaw ko nalang mag talk at galit si mommy ko. Hanggang ngayon hindi nya parin ako pinapansin."

"Pusa ko naman pinagbantaan ako na itatapon sa disyerto huhu." sabay na sabi nilang dalawa at bumuntong hininga.

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAH." malakas na tawa ko sa kanila. Ayan na nga sinasabi ko, at kung bakit hindi nagpaalam.

"Kasalanan nyo rin, papayagan naman kayo uminom ng mga yon at baka nga sinamahan pa kayo kung sinabi nyo e. Mga bobo, deserve nyo yan at ponferrada minahal nyo." kantyaw ko sa kanilang dalawa.

Mabuti pa ako behave lang at happy kasi single. Hindi pala ako happy dahil marami akong problema na kinakaharap, pero sige na nga happy nalang din para hindi na ako sad.

"Bilisan nyo naman magbihis! pinatawag na ang lahat sa pool area." tawag ni tansan sa amin mula sa labas ng pinto.

"Excited amp."

Kakarating lang namin sa pool at wala parin ang Iris. Saan na naman naglalandi ang empakta na yon at until now wala parin.

Nag uusap lang kami habang hinihintay ang pagdating ni ma'am Everleigh. Ngunit laking gulat nalang namin nang makita na magkasama sila ni Iris at nakaposas ang mga kamay?!

"Pota BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Pambihira ano na naman kaya ang nangyari kagabi."

"Laki ng ngiti ni empakta. Daig pa nanalo ng lotto." kulang nalang mapunit ang labi nya sa lawak ng ngiti e.

"Kagagawan na naman yan ni Iris siguro." sabi naman ni Ag.

"Wassap mga bobo!" tawag nya sa amin at tatakbo na sana nang hilahin sya pabalik ni ma'am. Bobo at may balak pa na kaladkarin ang guro.

Kami nalang ang lumapit sa kanila. Mukhang wala sa mood si ma'am? what kind of kabalbalan ang ginawa nitong empakta na to.

"Bakit nakaposas kayong dalawa BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Stop with the chitchats. Let's start and Krystal, hindi ka kasali." tawag nya sa akin nang tatalon na sana ako ng pool. Anong hindi ako kasali?!

"Ma'am bakit naman po hindi?" confused ko na tanong, okay naman na ang pakiramdam ko so bakit hindi ako kasali!

"Kakagaling mo lang sa sakit. Stay there." malamig na utos nito at pinaupo lang ako sa gilid.

Sana hindi nalang ako pumasok kung hindi rin pala ako kasali? naghanap nalang sana ako ng trabaho.

So ayon nagpapakasarap at saya silang lumalangoy at gawa ng activity sa pool. Ako na mag isang pinapanood ang mga kalokohan nila. Hindi ko alam kung lecturing ang nangyayari o bardagulan dahil kina ma'am at Iris na kanina pa nagbabangayan.

"Iris, you're next."

Si tansan kunyari nalunod ito at kailangan mag perform ng urgent cpr.

"Tansan don't die maderpaker! huhu." pagdadrama ni Iris habang pinapump ang center chest ni tansan.

"No! No! No!" tapos bigla nya sinapak ng malakas ang ulo ni tansan.

"Tangena HAHAHAHAHAHAHAHAHA."
malakas na tawa ko dahil sa daing ni tansan matapos sya nito sapakin sa ulo.

"Gago BAHAHAHAHAHAHAHAAHAH."

"Ina mo Iris!"

"Iris!" singhal sa kanya ni ma'am bago ito piningot sa tenga.

"Kung ganyan nalang din naman ang magliligtas sa akin, okay na palang pumanaw nalang ako." sabi ko at nagtawanan naman silang lahat liban lang kay Iris na namimilipit sa sakit sa tenga.

"Ma'am bitawan mo na, okay naman ang ginawa ko ah? kita mo nga na nagising si tanso--tama na aray po!" buti nga sa kanya, para kasing tanga at bakit sasapakin ang ulo bobo.

"Hindi ka makakatakas tanga dahil nakaposas kayo hangal ka." pasigaw na sabi ko. Alam naman sana nya tanggalin ang posas na yan, ang dami nyang arte sa buhay at ayaw pa tanggalin.

"Krystal." nilingon ko kaagad ang babaeng tumawag. Na miss ako ni ma'am? anong ginagawa nya rito.

"Hello Athyyyyyyyy!" kumakaway na tawag ni babe sa kanya mula sa pool.

"Goodmorning, ma'am." bati ng mga kaklase ko.

Naalala ko halfday lang pala ang pasok namin ngayon tapos mamayang hapon lilipad kami pa palawan! Hindi rin kami makakasali sa pa welcome party nila Annallyn bukas dahil sa monday ng umaga daw ang balik namin.

"Hi ma'am, tabi ka." sabi ko sa kanya paghinto nya sa gilid ko.

Nakita ko naman ang hawak nyang papel kaya inagaw ko ito sa kanya.
Sumakit ang brain ko pagkakita ng numbers.

"I (5+5) vey (5-5) u?" kunot noo na sambit ko.

"Pahiram saglit ballpen ma'am sagutan ko lang." sabi ko sa kanya at inagaw ang pen na hawak nito.

Hindi naman sya nagsalita at tahimik lang pinagmasdan ang papel na hawak ko.

"Hmm ito ma'am I, tapos 5+5 l0, then ito naman VE lagay ko nalang dahil hindi ko alam. Then y value lagay ko narin. 5-5 zero(0) sabay ibaba yong U. Ma'am! I love you!" masayang bulaslas ko nang masagutan ang papel nito.

"W-what?" utal na sambit nito dahilan upang mapalingon ako. Ha? may nasabi ba akong mali para pamulahan ng husto si ma'am?

"Omg keybold potangena ka HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"My horsey! Did you just confess?! BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHHA."

"Pambihira keybold hindi ko inaasahan na ganyan ka. Napaka straightforward na monkey."

"Hindi nya ata maalala ang sinabi nya?"

Sunod-sunod na salita ng mga kapatid ko at nagtawanan kasabay ang hiyawan ng mga kaklase.

"Ang sabi ko lang naman I love you?" kasi yon ang sagot ko sa problem!

Pero teka, I love you? I said ma'am I love you? awtomatikong napalingon ulit ako kay ma'am.

"M-Ma'am yong sagot ko po kasi I love you." ulit ko at yumuko kaagad ito. Ang pula ng tenga nya!

"Tangena ka horsey kailangan ba ulitin ang pag confess? BAHAHAHAHAHA."

"I-I mean yong sagot ko sa problem nitong papel na hawak ko! ano ba pinagsasabi nyo!" ang init ng mukha ko sa kahihiyan na sumigaw sa kanila.

"Yeeeeeeeee." panunukso nilang lahat sa amin.

"Ang pula ng mukha mo keybold HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." hindi ko na kinaya ang pang aasar nila kaya mabilis akong tumayo at tumakbo palayo sa kanilang lahat.

Hinihingal na nakarating ako sa cafeteria. Ang bilis ng takbo ko makalayo lang sa kanila. Kaloka at bumibilis na naman heartbeat ko dahil sa kakatakbo.

Umorder ako kaagad ng maiinom at umupo sa usual table namin ng ccb.
Marahan kong tinapik tapik ang mga pisngi dahil ramdam ko parin ang init sa aking mukha.

"Kb." napangiti ako at angat ang tingin sa babaeng tumawag.

"Annallyn nandito ka. Hinahanap mo ako no?" tanong ko bago sya hinila paupo sa tabi ko.

"Yes, I have something for you." sabi nya naman at inilapag sa lamesa ang isang paper bag.

"Hala ano yan?" masiglang sabi ko at mabilis na binuksan ang ibinigay nya.

"Hindi ko na nakuha yong gusto mo kaya yan nalang ang binili ko." napanganga ako nang buksan ko ito. It's a serpenti secret watch! with brilliant-cut diamonds and brilliant-cut emeralds along with eyes set in malachite.

"Hoy hala, seryoso ka? akin to? ang mahal nito." pero ang dami ko ng mga relo. Hindi ko pa nga alam kung kanino ang gagamitin ko sa dalawa tapos si Annallyn binigyan din ako ng relo.

"Yup, it's yours Kb." binigyan ko kaagad sya ng isang mahigpit na yakap. Hindi naman ako humingi sa kanila pero kusa nalang nagbibigay. Hindi ko dapat tanggihan ang grasya sabi ni babe.

"Thank you, Annallyn."

"Keee-beee." napalingon ako sa likod ni Annallyn.

Omg bakit nandito si Bern. Sya nga pala ang manliligaw ko. Ayaw ko talaga magpaligaw sa kanya dahil sa past issues nya kay babe at sa pagtatangka nya noon ng masama sa kanya. But she told me na si ketwee ang nag utos na lagyan ng pampatulog ang inumin nito at guluhin sya. May gusto kasi yong pinsan nya kay babe at alam naman namin yon since day 1.

Actually she's sweet, caring at sobrang lambing. Mabaet at kalog din katulad ko kaya madali kaming nagkasundo. She's also a student here at nagulat nalang ako last year sa bigla nyang pag amin sa akin. Kung pwede hayaan ko nalang sya na manligaw and she's not asking something in return din naman.

"Nandito ka lang pala, nakita kitang tumakbo kanina. May humahabol sayo na multo?" tanong nya ngunit ang kanyang mga maya at nakatingin kay Annallyn.

"Ou tumakas ako sa PE namin dahil inaasar nila akong lahat. May pasok ka pala?" tanong ko naman sa kanya. Umupo ito sa kabilang side ko at ngayon napapagitnaan na nilang dalawa.

"Kb, your friend?" tanong ni Annallyn.

"Ah no, manliligaw ako ni Krysral. My name is Bern." pakilala nya at inilahad ang kamay para makipagkamay.

"Oh great, I didn't know that my rivals weren't just my cousins." naguluhan ako sa isinagot ni Annallyn. Anong ibig nyang sabihin?

Palipat lipat lang ang tingin ko sa kanilang dalawa hanggang sa sumulpot nalang bigla sa cafeteria sila ma'am Kathlyn at Lorelei. Blangko ang ekspresyon ng mga mukha na palapit sa amin.

I mentally celebrated dahil dumating na ang pagkain na inorder ko. Hindi kasi ako nakakain kanina dahil sa pagmamadali. Tapos hindi rin pala ako pinasali sa PE.

"Thank you manang pokwang! I love you po mwua." pasalamat ko sa kanya at nag flying kiss.

"Naku kang bata ka. O sige na at kainin mo na yang cake, ginawa ko talaga yan para sayo." baet talaga ni manang.

"Krystal." sabay na tawag nilang apat. What the hell, kanino ako una titingin?

"Are you done with your class Lorelei?" tanong ni Annallyn.

"Yes, and may I know who you are?" direktang tanong ni ma'am Lorelei kay Bern.

"Goodmorning ma'am, I'm Bern."

"And what's your business with Krystal?" sunod na tanong ni ma'am Kathlyn. Interview lang ang ganap?

"Manliligaw nya since last year." masiglang sagot nito bago ako niyakap sa leeg at mas lalo pang idinikit sa kanya.

Gusto kong kumain!

"Remove your hands." banat ni Annallyn at saka marahas na inalis ang mga braso nito sa leeg ko at ipinalit ang kanya. Nahihilo ako sa ginagawa nila!

Napalingon ako kay Bern dahil sa mumunting tawa nito. "Let me guess. The three of you like her?" tanong nya sa tatlong Ponferrada.

"Yes/and so?/aren't we all?" sabay na sagot nilang tatlo.

Hindi na ako nagulat dahil marami naman ang nagsasabi sa akin nyan. Kahit si miss Pixie at Ziallyn sinabihan ako ng ganyan dahil joker daw ako. Tanggap ko na ang pagiging full time payaso ko sa grupo.

Yong cake ko!

"Sandali yong cake ko." tinanggal ko ang kamay ni Anna at sinimulan na kainin ang cake.

"Hmm sarap, gusto nyo?" sambit ko bago inangat ang ulo. Okay? nakakailang ang mga tingin nilang apat sa akin.

"Ayaw nyo? sige akin nalang." walang sumagot sa kanila kaya nagpatuloy nalang ako sa pagkain.

Nagulat ako nang agawin ni ma'am Lorelei ang tinidor ko. Isinubo nya una sa kanyang bibig bago kumuha ng cake?

"Masarap ma'am no?" tumango naman ito bago ibinalik ang tinidor ko. Kukunin ko na sana kaso hinablot naman ni ma'am Kathlyn at sya naman ang kumain.

"Kung gusto nyo naman po pala, edi mag order kayo? balak nyo pa yata ubusin cake ko." nakangusong reklamo ko. Malapit na kasi maubos dahil sa kakaagaw nila at hindi na naibalik ang tinidor ko!

"Keyboooooooold kooooooo!" ayan na at dumating na sila babe! mauubos na talaga ang cake ko nito!

"Hoy hala! What is this. The battle of ano... Ano nga tawag do'n Iris?" tanong niya kay Iris na nakaposas parin.

"Wives? AHAHAHAHAHAHAHAAHHA." parang tanga bigla nalang tatawa.

"Wassap Bern. Gaga hindi ko alam na nililigawan mo pala si horsey ko. Bagay naman kayo, wala kang balak sagutin si Bern, horsey ko?" bakit pakiramdam ko may ibang meaning ang tanong nya? denidemonyo na naman ako nito ni babe.

"Malay ko sa kanya, sabi ko naman tigilan na nya dahil wala akong balak pumasok sa relasyon." agad na sagot ko at inagaw kay ma'am Kathlyn ang tinidor na hawak nito. Ako naman ang kakain no!

"Ano yan hoy, nag aagawan kayo sa isang cake?" sabat ni donkey sa usapan. Hindi ko nalang pinansin at isinubo agad ang pagkain.

Napasulyap ako kay ma'am Kathlyn at nakitang nakangiti ito habang nakatitig sa akin. Okay? hindi ko ma gets ang mood swing nya.

"Nag chat na si lolo, sabi nya kung tapos na ang klase ay aalis na raw tayo!" makasigaw naman ang Iris akala mo mga bingi ang kausap.

"Paano ka makaalis kung nakaposas ka? ano, bibitbitin mo si ma'am papuntang palawan?" tanong ni Ag sa kanya.

"Hindi no." may kinuha syang isang paperclip at ginamit ito sa posas.

It didn't take long at malaki ang ngiti nitong tinanggal ang posas mula sa mga wrist nila.

"Y-you!" nagulat kami sa sigaw ni ma'am Everleigh sa kanya at ginamit ang bag nito upang ihampas sa mukha nya.

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHHA." abnormal na Iris at tumatawa pa.

"Tara na! HAHAHAHAHAHAHAHA bye uno!" sigaw na tawag nya sa amin at tumatawa sa labas ng cafeteria.

Ubos narin pala ang cake ko. Hindi man lang ako nabusog, kung bakit naman kasi inaya ko pa silang kumain.

"Bakit nakasimangot ka na naman?" tanong ni Bern.

"Gutom ako e, hanggang lalamunan ko lang yong cake." sagot ko at tumayo na, sabihan ko nalang si lolo mamaya na maghanda ng pagkain.

"Goodbye sa inyo. Salamat sa pag ubos ng cake ko." paalam ko sa tatlong mag pinsan bago si babe nilapitan.

"Bakit nyo naman inubos ang cake nya, masama pa naman kapag gutom to at bigla nalang mahihimatay BAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH." daldal naman ni babe.

"Tara na, gusto ko na maligo at feeling ko ang lagkit ko na." sabi naman ni Ag bago sinulyapan si ma'am Lorelei at nginisihan.

Wala pa yata plano si babe umalis kaya hinila ko na! ano ba at bakit panay ang mga ngiti nila. May binabalak na naman ba silang masama sa akin? tss.

Gusto daw nila muna maligo kaya dumiretso kami sa shower room. Bongga at ako na naman ang naiwan sa labas upang hintayin sila!

"Krystal." walking cctv ba si ma'am? bakit alam nya palagi kung nasaan ako.

"Po?"

"Bring this." bumaba ang tingin ko sa hawak nito na cake box. Hala! yong paborito kong cake!

"Awww thank you po ma'am." ngiting pasasalamat ko. Ang dami na nya binibigay sa akin tapos ako wala parin naibibigay sa kanya.

"Ma'am ano po gusto mong kapalit? wag lang muna pera kasi wala pa ako no'n ngayon." tanong ko at kinuha ang box of cake na hawak nya.

"Anything?"

"Yes po." agad na sagot ko.

"Hmmm." kailangan pa ba pag isipan ng maigi? kung gusto nya sayawan ko sya ngayon din ay gagawin ko talaga. Bakit pa ako mahihiya kung palagi naman nya nakikita ang lahat ng aking ginagawa.

"Call me."

"Ha?"

"Call me as soon as you arrive in palawan. Give me your phone." inilahad nya ang kanyang palad kaya agad ko itong kinuha.

Hindi ko pa pala alam ang number nya. Tahimik ko lang sya pinagmasdan at hinihintay na matapos sa pag save ng kanyang numero.

"Here." balik nya sa akin.

"Okay ma'am yon lang naman pala."

"And also..." pahabol nya. Nagdadalawang isip pa yata si ma'am kung sasabihin nya o hindi?

"Ano ma'am Kathlyn?"

"Stop calling me ma'am when it's just the two of us. Call me Jami." sabi nya sabay hakbang ng mga paa palapit sa akin.

"Alright?" she whispered with a smile on her face before patting my head.

Ngumiti narin ako kasi nakakagawa ang ngiti ni ma'am, ay Jami na pala.

"Okay Jami. Thank you for the cake." malambing na pasalamat ko at niyakap sya. Sweet ni ma'am, ganito rin kaya sya noon kay babe?

"Take care." bulong nya, akala ko babawiin na nya ang mukha mula sa tenga ko.

Hindi ko naman alam na hahalik sya sa pisngi at saktong lumingon ako kaya dumampi ang labi nya sa gilid ng labi ko!

Parehas yata kaming nagulat? mabilis itong umatras at inayos ang kanyang suot na damit kahit hindi naman magulo?

"Bye." paalam nya at iniwan akong nalilito.

Nagpakawala ako ng malalim na hininga at agad na nagtakip ng mukha pagkalayo nya.

Ang init ng mukha ko. Krystal nakakahiya ka!

"Unggoy!" Sa sobrang gulat dahil sa panggugulat ni Iris ay bigla akong napatalon. Naiinis talaga ako sa kanya, baka gusto niya ulit punuin ng mga kalmot mukha niya?

"Ano?!" Bulyaw ko at tinignan ang cake na bigay ni ma'am at baka nahulog, pasalamat siya at safe ang cake.

"Nakita ko yun. Keybold ha, may namamagitan sa inyo ni ma'am no? Palihim lang kayo ha." Nagsalubong kaagad ang aking mga kilay dahil sa sinabi nitong empakta, anong palihim na relasyon? Kung saksakin ko nalang siya?

"Wag mo ako ma bwesit Iris at tatamaan ka ulit sa akin." Banta ko sa kanya at naunang maglakad ngunit hinabol ako kaagad.

"Keybold, wala naman masama kung aaminin mo sa akin na may gusto ka kay ma'am. Hindi mo ba halata ha?" Inikutan ko siya ng mga mata.

"Nonsense ka masyado empakta, close friend lang kami ni ma'am at alam mong may manliligaw siya... Isa pa, anong laban ko sa model na yun ha?!" Hindi ko alam pero bigla akong nairita, bakit kasi nagtatanong pa bwesit!

"Uy uy uy, nagseselos siya." Pang-aasar niya at sinusundot ako sa tagiliran.

"Pwede ba tigilan mo ako bago pa uminit ng tuluyan ulo ko sayo ha? Bakit hindi si ma'am Everleigh bwesitin mo at ako ginagago mo ngayon? Miss mo na masaktan? Magsabi ka at babarilin kita." Wag niya ako subukan at gagawin ko talaga yan pag ubos na pasensya ko.

"Bakit ka ba galit? Luh, guilty your honor... May feelings na kay ma'am kat-Aray!" Hindi ko na pinigilan ang sarili at malakas sinipa ang kanyang binti at sinapak sa mukha.

"Sabing hindi!" Sigaw ko bago tuluyang tumakbo palayo kay empakta.

Bakit ba pinagpipilitan sa akin na may gusto ako kay ma'am, porket close kami masyado ganun na agad iisipin sa akin?!

Hindi at malabong mangyari, kainis!

CHAPTER 9

-

Nasa isang island kami ngayon, hindi ko alam anong tawag dito. Basta nasa palawan parin naman kami.

Hindi ko natawagan si Jami pagdating namin dahil nakalimutan ko. Kakabalik ko lang sa cabin ngayon galing sa paglilibot sa isla at kain ng cake.

May nakilala rin kaming bagong mga kaibigan na apo ng ka business partner ni lolo. Savinah, Zane, Xiliary, Keshley at hindi ko matandaan yong isang pangalan kasi mahirap bigkasin!

Napagpasyahan ko na muna ang matulog total may oras pa naman bago mag 8pm. Mag b-beach party daw kasi kami mamaya kasama nong lima. Mamaya ko nalang tatawagan si Jami at tinatamad akong bumangon, naka-charge kasi yong phone sa may lamesa.

*

Pikit mata at marahan akong naglakad palapit sa pintuan. Nagising kasi ako dahil sa mga katok na kanina pa ayaw akong tigilan. Para lang akong nag e-sleep walking ngayon.

Nagulat nalang ako nang may humawak sa magkabilang braso ko at pagmulat ng mata ay naguguluhan akong tinignan ang mga kamay kong nakaposas na? hindi lang isa o dalawa, kundi tatlo pa? dalawa sa kaliwa at isa sa kanan?

I closed my eyes for seconds at pagmulat ko ulit ay hindi nga talaga ako namamalikmata. My eyes widened in shock when I saw the three Ponferradas.
Nakatayo sa harapan ko na nakaposas ang mga kamay sa kamay ko.

Teka anong ginagawa nila sa isla at bakit nandito sila? what's with the handcuffs? si Annallyn at ma'am Lorelei sa kaliwa ko samantalang nag iisa naman si Jami sa kanan ko.

"Goodevening? anong meron at nakaposas tayong apat? at hala sinundan nyo kami?" nakangiting sabi ko sa kanila pero hindi man lang sila nag react? ano cold stone kumbaga?

"Pota?"

"BAHAHAAHAHAHAHAHAHAHAHA." narinig ko na sambit ni Iris at tawa ni babe kung kaya't napalingon ako sa kabilang kwarto.

Pagtingin ko ay hindi lang pala ako ang nasa ganitong sitwasyon kundi pati silang dalawa. Bumukas narin ang pintuan nila Ag at Aaar eeeL at pati sila mga nakaposas na. hindi lang pala kaming tatlo at kami pa talagang lima?

"Oyaaa what is this? may palaro na naman ba na magaganap? bakit naman tatlo ang sa akin?" confused kong tanong sa kanila ngunit panay lang ang tawanan nila babe.

Palipat lipat ang tingin ko sa tatlong kaharap ko. Wala ba silang balak kausapin at ako tititigan lang buong magdamag?

"Grabe ka na horsey ko BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA."

"Kakain na ba tayo? gutom na kasi ako." tanong ko ulit sa kanila bago hinimas ang tiyan ko. Mukhang ang kanan ko lang ang madaling magagamit ko since kamay lang ni Jami ang nandito.

Napaangat ako nang aking ulo sa sabay nilang tatlo sa pag tapik ng ulo ko. May contest ba silang tatlo na sinalihan?

"Let's go, lolo is waiting." sabi ni Ziallyn.

Para talaga kaming prisoners habang naglalakad at pinagtitinginan ng mga tao. Hindi naman mahirap maglakad pero kawawa ako dahil hindi ko man lang maigalaw ang dalawang kamay ko.

Pumasok kami ulit do'n sa restaurant na pinasukan namin kanina at nakitang nandito na pala sila lolo at iba pa. Nagulat pa sila lalo na ang lima ng makita ang kalagayan namin habang papalapit sa table nila.

"Lolo!" tawag ko at tatakbo sana ako kaso nakalimutan ko may tatlo pala akong kasama.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA." tinawanan lang ako ni lolo. Ang sama ng ugali hays.

"Hindi ko alam na susunod kayo. Hindi nyo man lang ako sinabihan." sya pa talaga ang may gana na magtampo sa mga apo nya.

"By the way, these women." sabi nya at binalingan ang lima na tahimik lang kami pinagmamasdan or should I say, ang mga kamay namin na may posas?

"Sila ang mga apo ni Adrian." pakilala ni lolo ngunit wala man lang ang ni isa na nagsalita sa magkabilang panig?

"Lolo gutom na po ako." sa pinakadulo ako umupo tapos sa harapan namin sila Annallyn at Lorelei since mahihirapan sila kapag sa tabi ko. Ang tanging nagawa ko lang ay e extend ang braso ko para maabot sila.

Tawa lang ng tawa ang mga kapatid ko samantalang ako nahihirapan na sa ginagawa nila.

"How's your sleep K?" tanong ni Zane at nilagyan ng chocolate cake ang plato ko.

"Maayos din naman pero masakit ang ulo ko dahil kulang sa tulog." sagot ko.

Kakainin ko na sana kaso wala akong kamay na magamit!

"Waa." sambit ko bago ngumuso.

"What's wrong Kb?" tanong ni Annallyn kahit obvious naman kung ano ang dahilan, hindi ba nila pwede tanggalin ang posas?

"Hindi ako makakakain ng maayos. Wala akong kamay na magagamit." sagot ko bago sinulyapan ang magkabilang kamay.

"Here Krystal." tawag ni ma'am Lorelei at sinubuan ako ng lobster! hindi na ako nag inarte at agad na kinain ito.

"Taste good?" tumango ako kay ma'am bago pinasadahan ng tingin ang iba't ibang pagkain.

Napatuwid ako ng upo sa biglang pagtayo ni Annallyn at pinunasan ang labi ko gamit ang thumb nito at pagkatapos dinilaan nya sa harapan naming lahat.

"Pambihira."

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." tinaasan ko ng kilay si Iris dahil bigla nalang ito tatawa na parang baliw.

"Krystal." wow at nagsalita narin si Jami.

"Po?" humarap ako sa kanya.

Pasimple nyang inalis ang buhok sa mukha ko. Hindi ko alam kung sinadya o coincidence lang na napahiran nya ang labi ko gamit ang kanyang palad.

"Thank you ma'am." abot tenga na ngiti ko kaya napangiti narin ito. Akala ko galit si Jami kasi nakalimutan kong tawagan sya.

"Hoy paano tayo mag b-beach party kung mga nakaposas tayo?" tanong ni Iris na ikinasama naman agad ng mukha ni ma'am Everleigh.

"Bahala kayo basta ako kakain at iinom lang do'n." sabi ni babe. Behave sya kasi nandyan ang dragon nya.

"Same here." mas lalo naman si Aaar eeeL na nakakatakot ang kitten nya.

"I think ako rin? hindi naman pwede na rumampa ako na nakaganito?" sabi ko rin sa kanila at itinaas ang dalawang kamay.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Hindi nalang ako umimik. Ginawa na talaga nila akong bata na tatlo. Sila ba naman tatlo ang panay subo ng mga pagkain sa akin.

Habang naglalakad patungo sa beach party ay nag iisip ako. Iniisip ko kung tatanggalin ba nila ngayong gabi ang mga posas na to. Dahil kung hindi mahihirapan kami matulog at mas lalong hindi ako makakatulog! May nadaanan kaming ice cream store kaya pinauna na namin ang iba at sinabing susunod nalang. Kung anu-ano nalang kasi ang hinahanap nitong tiyan ko.

"Hello po magkano?" tanong ko kay kuya na nagtitinda.

"Saan po dito ma'am?"

"Selecta po, rocky road." aside sa chocolate cake ay ito rin ang paborito ko.

"99 pesos po."

Kinapa ko ang bulsa to check at napasampal nalang ng aking noo. Wala nga pala akong pera.

"Ah sino po may one hundred sa inyo?" tanong ko sa tatlong kasama na kanina pa ako hinihintay.

"A hundred?" sabay na tanong nila kaya tumango ako kaagad.

"I don't have a hundred." unang sagot ni Lorelei.

"Same kb." sunod ni Annallyn.

"I don't have either." napanguso nalang ako sa naging sagot ni Jami. Ang yayaman nila tapos walang isang daan!

"Sige po kuya next time nal-"

"Wait." putol nila sa sasabihin ko at may dinukot sa kani-kanilang mga wallet.

"Use this/take it/here." sabay nilang tatlo na salita. Gusto ko lang naman ng isang daan at hindi black cards!

"What's wrong?" tanong ni Jami nang makita na nakanguso parin ako.

"Ma'am hindi ko po kailangan ng black cards nyo." sagot ko at akala ko meron na silang nahanap sa wallet.

"Not black? okay." sabi ni ma'am Lorelei.

Akala ko tapos na pero napapikit ako nang bigla nilang inilabas ang mga gold and platinum cards. Napatingala at pikit nalang ako ng mga mata.

"Choose krystal." sabay ulit na abot nang tig tatatlong cards na hawak nitong tatlong Ponferrada. Aanhin ko nga kasi ang mga gold, platinum at black cards nila kung isang daan lang naman ang kailangan ko!

Pati so kuya stress na dahil sa ginagawa namin. Wala rin naman syang magnetic strip card kaya wala talagang silbi ang cards nila tonight.

"Ma'am hindi ko rin po kailangan ng mga gold and platinum cards nyo. Isang daan lang po talaga. Wag na lang nga, tara na po." sabi ko at inaya na sila maglakad.

"Dapat talaga kailangan nyo maghanda palagi ng mga cash for emergency. Tulad sa nangyari ngayon, wala kayong mga pera na dala at puro cards lang. Paano kung napunta kayo sa lugar na walang magnetic strip card?" pangangaral ko sa kanila habang naglalakad patungong dalampasigan.

"Okay." sabay na sagot nila pssh.

Medyo maraming tao pagdating namin sa dalampasigan. May mga tables, disco lights pero ang nasa stage ay isang banda.

"Horseeeey kooooooooo." sigaw ni babe at kumaway kaya agad rin namin sila nakita. Ang bilis nila makahanap ng available table ha.

"Hala!" bulaslas ko nang makita ang ibang ccb. Kaloka nandito rin pala sila Tanvi, Maddyn, Naddyn, Louis at Hell. Ang dami namin!

"Hoy mga tanga nandito rin pala kayo!" tawag ko sa kanila nag tatawanan at kausap ang limang babae.

"Tangena keybold sa kanila iisa lang, bakit sayo tatlo HAHAHAHAHAHAHA." hagalpak na saad ni Hell. Aba malay ko sa tatlong to.

"Good evening ladies and gentlemen. Our stage is open for those who want to sing tonight. Sa mga gusto kumanta, pumunta lang po kayo dito." naputol ang pag uusap namin dahil sa nagsalita.

"Hala hala! tara kumanta tayo, ang tagal narin nong huling akyat natin sa stage." sabi ni babe sa amin.

"Paano makakakanta kung nakaposas tayo?" tanong ko agad sa kanya.

"Aalisin nila posas, may mga susi naman sila na dala BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." sagot ni babe at tumawa. Oh meron pala? so bakit pinatagal pa nila at pinahirapan pa ako kanina sa pagkain!

Inilabas naman nila ang mga susi at agad na pinakawalan kami. Kaloka para lang talaga kaming mga prisoners.

"Thank you po." pasalamat ko sa kanilang tatlo.

"Goodluck kb."

"Have fun Krystal."

"Enjoy the performance Krystal." sunod sunod na salita nilang tatlo.

Nagpaalam muna kami sa kanila at pumunta ng stage. Matapos nilang kausapin yong lalaki kanina ay agad na kaming umakya.

"Sinong kakanta?" tanong ni Iris habang inaayos ang gitara ko.

"Hoy keybold ikaw ang kumanta!" tawag naman ni babe sa akin na ikinakunot ko ng noo.

"Bakit ako? si Iris nalang." tulak ko sa kanya. Sabi nila pangit boses ko edi sila ang kumanta.

"Ikaw na keybold." pag kontra naman nya at ako naman ang itinuro.

"Ano ba kakantahin?" kaming apat lang kasi at hindi kasama si Aaar eeeL. Hindi pinayagan ni Ziallyn at baka makahakot na naman ng babae.

"Match made in heaven by mohombi. Tanda mo pa ba lyrics?" sagot ni Iris. It's one of our favourite songs kaya alam ko parin naman.

"Sige ayan nalang kantahin natin, bagay din yan sa inyong dalawa ni Iris." singit ni Ag na ngayon may hawak ng stick of drums.

"Sa akin lang nababagay ang match made in heaven, sa kanya naman match made in hell. Sa demonyo nyang yan." sabay paikot ko ng aking mata na ikinatawa nila.

Nagkibit balikat nalang ako and adjusted the mic stand. "Check, check." pag t-test ko sa mic at marahan itong tinapik.

"Okay na."

"Sige position na mga tanga, let's start." nakangiting sabi ni babe at tumingin sa akin saka ako binigyan ng may kahulugan na ngiti?

Nag signal na si Ag kaya inihanda ko na ang sarili. I don't know why but suddenly my eyes searched for Jami. She smiled when our eyes met.

Match Made In Heaven by: Mohombi

(AN: It's a good song and you won't regret listening to it.)

?*"You became mine on the first night*
We became lovers at first sight
Funny how a blink of an eye can turn your life around."

May nagpapalakpakan na kaagad kahit kakasimula palang.

?*"Wanna spend every tomorrow.*
With you baby nothing is impossible.
Fly you to the moon at the front row
There's no limit, let's go."

Napapansin ko na talaga sa sarili ko na napapangiti ako kapag ngumingiti rin si Jami. Okay pa ba ako?

?*"Sometimes we simply fall out*
But that don't change the fact
I'm tied to your love like heaven's chains... Always."

Ngayon lang ulit ako kumanta sa loob ng napakaraming taon na lumipas. Hindi narin masama ang come back ko sa stage.

?*"If you go, I go. If you stay, i'll stay*
When you cry i'll try to put a smile on your face. If you fall, we fall. I will hear you call. Always know that baby I am yours and you're mine, mine, mine. We're a match made in heaven. Mine, mine, mine we're a match made in heaven."

Bumibilis na naman ang tibok ng puso ko. Wala ba talaga akong sakit? hindi naman ako ganito kapag sila babe ang kasama ko?

?*"People turn around when we walk by. You is so fly from a bird's eye. We got the whole universe on our side from the very first night."*

Ang ganda talaga ni Jami kahit na sa malayo. Ayaw na yata alisin ng mga mata ko ang paningin sa kanya. Ang weird talaga dahil sa tuwing kasama ko sya bigla nalang ako mag iinit at parang kinakabahan.

?*"Every day we do is a love scene*
We were born february the 14th. Baby you're the reason why i'm falling never felt so right."

Ganitong ganito rin yong naramdaman ko kay Annallyn. Pero mas iba to ngayon kasi kahit hindi ko sya hawakan bigla nalang nagiging abnormal ang puso ko.

?*"Sometimes we simply fall out. But that don't change the fact. I'm tied to your love like heaven's chains*

always."

Ang ibig bang sambihin may crush din ako kay Jami?

?"If you go, I go. If you stay, i'll stay
When you cry i'll fight to put a smile on your face. If you fall, we fall. I will hear you call. Always know that baby i am yours and you're mine, mine, mine. We're a match made in heaven. Mine, mine, mine we're a match made in heaven."

Pero ayaw ko muna pumasok sa isang relasyon dahil natatakot akong masaktan. Lalo na ngayon na malaki ang problema ko sa family at sa kinakaharap kong kasal namin ni Troy.

?"When it's written in the stars. There's nothing that can take our love apart. You were sent from up above. That's the reason you beat in my heart, oh baby."

I hope the time will come when someone will give light to my path in life. My world is so dark, and I think I need someone to Light The Way.

?"If you go, I go. If you stay, i'll stay
When you cry i'll fight to put a smile on your face. If you fall, we fall. I will hear you call. Always know that baby i am yours and you're mine, mine, mine. We're a match made in heaven. Mine, mine, mine we're a match made in heaven."

Hindi ko namalayan na tapos na pala ang kanta. Sa sobrang lalim ng iniisip ko mabuti at tama parin ang bawat salitang binigkas ko.

"Wooohooo galing naman pala ng horsey ko. Hala bakit umiiyak ka?" tanong nya at agad nila ako pinalibutan.

Ako umiiyak? hindi ko na napansin. Hindi ko rin alam kung bakit? dahil siguro bigla kong naalala ang kabataan ko?

"Hindi ko alam babe." bulong ko at saka pinahiran ang mga luha.

"Tara na balik na tayo sa table." tumango naman ako at nagpatianod sa paghila ni Iris sa akin pababa.

Sinabihan ko nalang sila na mauna nalang sa table at gusto ko muna magpahangin. Gusto ko lang muna mapag-isa at umiwas dahil alam kong tatanungin at kukulitin na naman nila ako kung anong dahilan bakit ako umiyak. Nagpasya akong tumambay at umupo sa tabing dagat. Mabuti at may dala akong coat kaya hindi naman ganon kalamig.

"Hays, sarap ng hangin at sobrang sariwa." niyakap ko ang mga tuhod at itinukod ang baba.

Nagtaka ako kasi may biglang mga paa na huminto sa gilid ko. Pag angat nang ulo ki ay nakita ko si Jami.

"Jaaaaami." nakangiting tawag ko bago sya hinila paupo sa tabi ko.

"What are you doing here alone?" Tanong nya at sinimulan na tapikin ang ulo ko.

"Papahangin lang at baka kulitin na naman ako nila babe." sagot ko bago itinuon ang atensyon madilim na karagatan.

"Sorry po, hindi kita natawagan kanina kasi sa pagod tapos lowbat yung phone." Paliwanag ko dahil deserve ni Jami yun.

"It's okay, Krystal." Nakangiti niyang sagot at marahan ako hinaplos sa ulo. Nakakagaan sa pakiramdam presensya ni ma'am.

"Kita mo yan Jami? ganyan kadilim ang mundo ko." turo ko dito at tipid na ngumiti.

Hindi naman sya sumagot, siguro pinapakiramdaman nya muna ako. Ganyan kasi sya sa akin kapag magkausap kami.

"My world is so dark. It's hard to get out because there's no light in my life." I bit my lip and forced myself to smile.

Hindi ko ba alam kung bakit bigla nalang ako nanlambot at naging emosyonal pagdating nya. I tried my best upang labanan ang mga luha ngunit mahirap na pigilan. Hindi ko na kasi kaya itago sa sarili ang tunay na nararamdaman.

I find it ironic that I can get so used to the tears and the pain.

"Hey, why are you crying?" nagsisimula na sya mag alala. Bakit ba ang baet nya sa akin at mapag-alaga.

Inangat ko ang ulo ko at nakitang puno ng pag-aalala ang kanyang mga mata, habang pinupunusan ang mga luhang walang tigil sa pagragasa.

I'm still forcing myself to smile even though i'm dying inside.

"If you need someone to talk to, I'm here. I'm all ears." ibinalik ko ulit ang paningin sa karagatan.

Kailangan mo rin siguro to.

"May gusto po akong e share sayo ma'am, pinagdaanan ko sa nakaraan. Akala ko kasi okay na at nakalimot na ako, pero kahit anong pilit ko gawin at binabalikan parin ako ng madalim na nakaraan." Pagbabahagi ko at pinipigilan ang sariling humagulgol.

"I'm listening." Tipid akong ngumiti at iniyuko ang ulo.

"Bata palang ako palagi na ako sinasaktan, inaabuso, ginugulpi, ginugutom, ginagapos, pinapaso ng sigarilyo. Walang araw na hindi naging tahimik ang buhay ko..." ang hirap nga pala balikan ang nakaraan. My past still haunts me, pilit kong pinapatay sa sarili ang nakaraan ngunit sobrang hirap.

"Araw-araw puro pasa ang buong katawan at mukha, kinakadina at nilalatigo." ang hirap huminga, ang bigat sa pakiramdam.

Tinignan ko ulit sya na ngayon may gulat sa kanyang mga mata at bahagyang nakaawang ang bibig nya. Hindi nya siguro inakala na mapait ang nakaraan ko dahil sa pagiging payaso ko.

"Hanggang isang gabi nakahanap ako ng pagkakataon upang tumakas. Nanghihinang naglalakad sa madilim na kalsada, mag isa. Kahit takot ay tinatagan ko ang sarili makalayo lang sa kanila. Lahat gagawin ko makatakas lang kahit ikamatay ko pa." ito ang unang pagkakataon na nagbahagi ako ng nakaraan sa ibang tao liban sa mga kapatid ko.

"Akala ko katapusan ko na talaga sa gabing yon dahil ramdam ko sa sarili na hindi ko na kakayanin pa ang mabuhay..." bago ako tuluyan mawalan ng malay ay nakahiga na ako sa tambakan ng basurahan.

"Hanggang sa muli akong nagkamalay at nakita sa unang pagkakataon ang mga kapatid ko... Kilala mo sila."

"Y-You mean?"

"Kapatid ko ang akris. Hindi namin tunay na mga magulang ang kinikilala naming parents ngayon." her lips parted ngunit walang salita ang lumabas. She's totally speechless right now.

"Jami, isa lang kaming mga ampon. Sila ang mga batang nakapulot sa akin sa basurahan nong muntik na akong mamatay. Mga bata sila babe na inabandona sa kalsada at kami naman ni Iris ay tumakas sa mapanakit naming mga pamilya." I breathe out and lift my head. Ang hirap huminga pota.

"H-How?"

"Gusto ko man sabihin ang lahat pero hindi pa sa ngayon. Akala ko magiging masaya ako sa pamilyang kumupkop sa akin, akala ko dito ko na mararamdaman ang salitang pagmamahal ng isang pamilya. Pero mali pala ako, sa aming lima ako ulit ang napunta sa mapanakit na pamilya. Ang malas ko Jami, gusto ko lang naman maranasan ang pagmamahal ng isang magulang..."

"Alam mo yon, yong gusto at pilit mong kinakalimutan ang madilim, mapait at masakit mong karanasan. Tapos hindi mo aasahan na sa ikalawang pagkakataon ay mauulit lang pala ang nakaraan..."

"T-They hurt you?" Mapait akong ngumiti at saka tumango.

"Pero nasanay na ako at sinasabi sa sarili na okay lang. Kakayanin ko at panibagong pagsubok lang to ng buhay. Basta ang alam ko may mga kapatid ako na nagmamahal sa akin ng tunay. Kahit hindi ko man sila kadugo, tinuring na namin ang mga sarili bilang isang magkakapatid."

"C-Come here." bigla nya ako kinulong sa kanyang mga bisig.

"I'm grateful for your determination to overcome all the pains you have gone through in life. You're brave, strong, kind, generous, considerate and sweet Krystal. I'm proud of you. Always remember that you have your sisters. You have me." medyo napanatag ang kalooban at puso ko dahil sa sinabi nya. Niyakap ko sya ng mahigpit at ibinaon ang mukha sa kanyang dibdib habang marahan nyang hinahaplos ang aking ulo at likod.

Nagpapasalamat ako kasi hinayaan nya lang ako maglabas ng saloobin at hindi na nagtanong pa. Iniisip nya siguro na masasaktan na naman ako kung may maitanong sya na konektado sa past ko.

"Salamat Jami. Isa ka na sa magandang nangyari sa buhay ko." ang init nya kahit na malamig naman sana. Sa mga yakap niya lang talaga ako nakakahanap ng kapayapaan.

"Wait lang." Pinunasan ko ang mga luha at may dinukot sa bulsa.

"Pwede mo ba itago to para sa akin?" sabi ko at inilahad ang palad nya.

Her eyes widened when she saw the ring. The ring that dad gave me.

"W-What's this?"

"Ehehe hawakan mo for me? baka kasi maiwala ko. Ang clumsy ko pa naman sobra. Mahalaga sa akin ang singsing na yan." kinuha nya ito at tinignan.

"Akin na." bulong ko at kinuha ito sa kanya saka isinuot ang singsing sa daliri nya.

"K-Krsytal."

"Ayan, bagay naman pala sayo mommy." nakangiting sabi ko habang pinagmamasdan ang singsing sa kamay nito.

"Jami may gusto akong ipagtapat sayo."

"What is it?" she smiled and caressed my cheek.

"Hindi ko alam kung alam na ba ni miss Pixie o kung sinabi na ba ni babe sa kanya ang buong katotohanan." nag usap na kami ni babe kung pwede ako na ang magsabi sa kanya. Pumayag naman ito at hindi ko alam bakit sya pumayag na ako ang magsabi kay Jami

"Hindi talaga nagka amnesia si babe, hindi sya nawalan ng ala-ala. Pinalabas lang namin na nawalan ito dahil sa galit nya noon sa kanila ni tita Irene." yan ang katotohanan, pinalabas lang namin ang lahat para protektahan si babe.

"Nalaman kasi nito ang ginawa ni tita Irene at ang pagbili nito sa kanya sa halagang sampung milyon layuan lang ang anak nya." ou mahalaga ang pera pero hindi sa lahat ng bagay ay pera ang solusyon sa problema.

"Sinabi rin ni tita na si Pixie mismo ang nag utos noon kaya mas lalong nanlumo at nawasak ang kapatid ko. Hindi nagtagal ay nalaman namin na may mga lalaki na palihim sinusundan at bantayan ang bawat kilos nito. Akala namin mga tauhan yon ni tita." wala naman kaming magawa noon dahil sobrang makapangyarihan ang pamilya nila.

Bata palang din kasi kami noon at sa tingin ko tama lang din na ginawa nya yon dahil sa mga sumunod na araw ay may nag iba.

"Nalaman din nya na magkapatid kayo bago paman sya na aksidente at ang buong akala nya magkasabwat kayong lahat kaya mas lalong nadurog at parang gumuho ang mundo nya. Jami, sana huwag mo kamuhian ang kapatid ko. Nagawa nya lang yon dahil akala nya pinagtaksilan at binili ang pagkatao nya."

Tahimik lang syang nakikinig sa bawat salita ko. Hindi ko alam kung ano ang nasa isipan nya ngayon. Alam kong kamumuhian nya si babe pagkatapos nito.

"Alam namin na may mga tao na palihim syang pinagmamasdan at sinusundan araw-araw. Isa ka na sa mga tao na yon, sinabi namin sa kanya na aminin at harapin na kayo pero ayaw nya na madamay kayo sa kung anong gulo ang paparating sa buhay nya."

"Akala ko nga talaga si Ziallyn na ang pipiliin n'ya pero sadyang mahirap talaga labanan ang puso at tadhana. Mahal na mahal kasi ng kapatid ko ang kapatid mo. Sinabi rin sa amin ni babe ang naging dahilan ni tita Irene kaya nagawa nya ang lahat ng yon dahil sa ama nyo."

"Doon lang nalinawan si babe ng aminin ni tita ang lahat sa kanya. Alam mo bang malaki ang pagsisisi ni babe sa kanyang ginawa? pero thankful parin naman sya dahil parang na protektahan nya narin kayo

ni Pixie no'n mula sa ama nyo sa loob ng maraming taon na pagtitiis at pangungulila sa isa't isa."

"I-I know." nanginginig ang boses nito kaya napalingon ako sa kanya.

"Alam mo po?" tumango ito saka ako nilingon at nginitian.

"We already know everything, and Ara has already told us everything. Neither Pixie nor I are angry about what your sister did. She was justified in her actions because it is not easy to go against our father. He didn't even hesitate to kill the woman that our mother loved the most." Ngumiti ako ngunit agad din nawala nang marinig ang huli niyang sinabi tungkol sa kanyang ina. Gusto ko sana tanungin si Jami pero ayaw ko pilitin lalo na at mukhang apektado siya, hihintayin ko nalang siya ang kusang magsabi sa akin.

"Thank you for trusting and telling me your past, Krystal." Mahinang salita nito na sakto lang upang marinig ko. Sumandal ako sa kanyang balikat at muling pinagmasdan ang mga bituin sa kalangitan.

Nagsisimula na naman bumilis ang puso ko. Nababaliw na yata ako?

"Ma'am, hindi ko po talaga alam kung bakit bumibilis ang tibok ng puso ko sa tuwing magkasama tayo. May sakit po bang gano'n? yong bigla magiging abnormal ang heart beat ng isang tao?" kumunot ang noo ko at bahagyang lumayo sa kanya upang tignan sya. Narinig ko kasi ang mahihinang tawa nya kahit wala naman nakakata sa sinabi ko.

"May nakakatawa ma'am?"

She shook her head bago ako nilingon at nginitian. "Gosh Krystal, you're so pure and innocent." she utters while giggling.

"Alam ko po, kaya nga nagtataka ako?" kamot kilay na sabi ko.

"Do you speak and understand spanish?" I nibble my lip while shaking my head.

Mas inilapit nya ang mukha sa akin kaya napaatras ako. Sasabog na talaga ang puso ko nito!

"Quiero morin en tu interior que me perdon dios." *(I want to die inside you, I swear to God forgive me)*

Pigil hininga ako nang magsalita sya at wala akong naintindihan sa mga sinabi ni Jami. Amoy na amoy ko ang mabangong hininga ni ma'am. I like the scent of mint.

"Si estar contigo es un delito, hago me mil años en prisión." *(If being with you is a crime, I do a thousand years in prison)*

Wala akong naiintindihan pero pabilis ng pabilis ang tibok ng puso ko. Hindi ko alam ang isasagot dahil wala akong naintindihan sa sinabi nito!

Say me gustas.
H-ha?
Just tell her me gustas.

"M-me gustas Jami." mautal-utal na sambit ko. Hindi ko alam kung ano ang sinabi ko upang mapatulala sya?

"Jami?" tawag ko sa kanya at marahan na hinaplos ang pisngi nya.

"Y-Yes?" bakit parang natataranta si ma'am at pilit kung lumunok. Ano ba ibig sabihin nong sinabi ni Bern sa akin.

"Okay ka lang? bakit ang init ng mukha mo?" ramdam ko kasi ang biglang pang init ng mukha nya sa palad ko.

"D-Did you understand what I said?" bakit kinakabahan si ma'am? umiling naman ako at nakita na parang nakahinga sya ng maluwag?

Nagtaka ako kasi bigla syang tumayo. Aalis na sya?

"L-Let's go back." sabi nya. Nagpasya narin akong tumayo at sumunod sa kanya. Hindi man lang ako hinintay ni Jami at nauna na.

Nawala lang kami saglit marami na ang nainom nila. Isa nalang ang bakante na upuan, yong nasa gitna nila ma'am Lorelei at Jami. Ang bilis nakasundo nila tansan sila Savinah ha, makapal kasi ang mga mukha kaya walang hiya-hiya.

"My horsey! You're back, kantahin natin kay tansan yong kanta na sinabi mo." tawag ni babe sa akin at inabutan ng maiinom.

"Asan do'n?" ang daming kanta kaya no'n at hindi ko alam kung ano ang tinutukoy nya.

"Basta yong version na TANGA BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." oh okay bagay nga talaga kay tansan yon.

"Hoy Louis hiramin mo yong gitara sa stage dali habang wala pang kumakanta." tawag ko sa kanya na masyang nakikipag usap kay Keshley.

"Sino mag gigitara? ikaw na hell." sabi ko sa kanya na panay ang bulong kay Xiliary.

"Ako? si Naddyn nalang!"

"Ayoko, si Maddyn na." mga bwesit na babae to at pinagpasahan pa ang gitara.

"Ako na nga! akin na." inagaw ko kay Naddyn ang gitara.

"Anong kanta yan hoy?" tanong ni tanso habang inaayos ko ang sarili sa pag upo.

"Basta, bagay sayo to." sabi naman ni Ag. Ay nakaposas na sila ulit ni Cassandra?

"Go na Keybold go go HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA." excited ang donkey namin!

Ang dami na pala namin kung dadagdag pa sila Zane sa circle of friends. Kaloka mabuti nalang ay hindi ako nalilito sa pagtawag ng mga pangalan.

Nagsimula na akong kuskusin ang gitara at sila babe naman ay mahinang tinatapik ang lamesa upang lumikha ng isang beat.

"Walang iba pang tatanga jan sa kaibigan namin." natawa kami sa biglang pagsimangot ni tansan

matapos namin syang ituro habang kumakain ng dried squid.

"Kahit na nasasaktan na, bumabalik lang palagi." kaming ccb lang ang kumakanta habang ang demogons at hindi ko alam kung anong itatawag ko sa grupo nila Zane. Tahimik lang na nakikinig at umiinom ng mga alak.

"Minsan nga rin, gusto namin syang kalimutan." patango-tango na kanta namin.

"Ina nyo."

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"At mag advice ka man, hindi ka rin pakikinggan." kahit nakailang ulit na advice na sila babe sa kanya na tigilan na si Jemama ay patuloy parin sya sa katangahan.

"ANG TANGA TANGA LAAAANG." sabay turo naming lahat ng ccb kay tansan. Ang demogons at limang babae napailing nalang.

"Feeling matiisin. Nabubulag bulagan. At tanga tangahan. Kaya sa aming awit dapat ikaw, umiyaaaak." malakas na kanta namin at nagtawanan matapos ang kanta.

"Ang tanso sad na yan HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." ang sama ni donkey porket may Ziallyn na sya.

"Kinarma yarn? BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ikaw Iris kailan?" tanong ni Ag sa kanya.

"Ako? Sus, never." mayabang na sagot nito bago nagtaas baba ng mga kilay. Sige sabi nya yan ha, kapag kinarma talaga ang Iris na yan ako una ang tatawa.

"Krystal." kinalabit ako ni ma'am Lorelei at nakita na may hawak na syang ice cream!

"Hala ma'am, akin po?" tanong ko at palipat-lipat na itinuro ang ice cream at sarili ko.

"Yes. Open your mouth." utos nya kaya agad ko naman sinunod. Sinubuan nya ako at pagkatapos pinisil ang pisngi.

"Lorelei." malamig na tawag ni Jami sa kanya ngunit nginisihan lang nya si Jami bago ako hinila at yakapin ni ma'am Lorelei.

"Hala BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"What do you think you're doing?" tanong naman ni Annallyn sa kanya.

Tahimik lang ako at inagaw ang ice cream na hawak ni ma'am Lorelei saka sinimulan kumain.

"Are you testing my patience, Lorelei?" bakit kakaiba ang dating sa akin nong tanong ni Jami? para kasi syang galit o ano, ay basta hindi ko ma explain.

"What? is it bad to hug Krystal?" nakayakap parin sya sa akin.

To be exact naka back hug si ma'am Lorelei sa akin at patong ang baba sa balikat ko habang ako abala sa pagkain nitong ice cream.

"Krystal come here." tawag naman ni Jami.

"Aww may pumasok sa mata ko." napakusot ako ng mata dahil bigla akong napuwing!

"Let me see. Face me Krystal." tatalikod na sana ako upang humarap kay ma'an Lorelei nang bigla ako hatakin ni Jami kaya napatayo at upo ako sa lap nya habang kusot parin ang isang mata.

"Stop Lorelei." malamig na salita ni Jami bago nya hinawakan ang magkabilang pisngi ko at tinignan ang mata.

"Stop rubbing your eyes. Let me do it." sabi nya at inalis ang kamay ko.

Sabi nya kumurap ako ng ilang beses at hayaan dumaloy ang luha para matanggal ang sanhi ng puwing. Tapos nagulat ako nang hipan nya ang mata ko. Effective yata ang ginawa nya kasi nawala na yong sakit sa mata.

"Thank you ma'am." pasalamat ko at aalis na sana kaso kinulong nya ang katawan ko sa mga braso nya.

"Ano na Athy, ginagawa mo na talagang baby si keybold BAHAHAHAHAHAAHH."

"Ou, baby naman ako ni ma'am matagal na?" sagot ko sa kanya, bakit sinasabi pa ang obvious. Dapat may mommy din ako no.

Pagkatapos kumain ay nakisali na ako sa inuman hanggang sa palalim na ng palalim na ang gabi. Mag mimidnight na at patuloy parin sa kasiyahan ang mga tao. Nahihilo narin ako dahil ang daming binigay na alak ni babe sa akin!

Nagsasayawan na sila sa gitna, syempre behave lang sila babe at donkey. Itong Iris at Maddyn parang mga boldstar kung gumiling. Hindi talaga namin kapatid o ka anu-ano ang kambal. Baliw kasi si babe at sinabing pinsan daw nya ang kambal sa demogons, na lag din siguro ang brain nya that time.

"Keybold sayaw ka dali! HAHAHAHAHAAHHAAHAHAHAH." tawag ni tansan. Sabay nila ako nilapitan ni hell ay kinaladkad sa gitna.

Ang sinasabi kong gitna ay gitna ng demogons at grupo nila Zane. we formed into big circle kasi tapos ang makakapal na mukha ng mga ccb nasa gitna. Sumasayaw, nakakahiya pero sige immune naman sila sa kalokohan namin.

Pinaikutan nila ako at gumiling pababa, tawa ng tawa lang sila babe kasi hindi naman sila pwede sumali sa amin. Sinabayan ko narin sila at gumiling paaibaba habang dikit sa mga katawan nila.

"Pwede na maging part time strippers ang ccb AHAHAHAHAHAHA." sigaw ni Aaar eeeL. Agree talaga ako sa sinabi nyang yan.

Ang demogons and group of Zane nakatingin lang sa aming lahat na sumasayaw sa gitna. Kaloka, hala sige igiling at kembot natin yan.

Hindi nagtagal ay nag excuse ako kasi hilong-hilo na ako! umiikot na ang planet earth sa aking paningin.

"Aaysh." namimilipit sa sakit na sambit ko nang nauntog ang ulo ko sa isang puno.

Shit asan ba ang daan patungong cr. Ramdam ko narin sa sarili na pa zigzag na ang lakad ko.

"Krystal." tawag ng isang pamilyar na boses sa aking likuran ngunit hindi ko na makilala. Pilit ko nalang binubuksan ang mga mata dahil sa pagkalasing.

Hindi ko sya masyado maaninag dahil sa madilim at walang masyadong ilaw dito sa pwesto namin. Dagdag pa na umiikot ang paningin ko sa tuwing imumulat ko ang mga mata.

"Annallyn." tawag ko sa kanya at pa zigzag na naglakad. Sinalubong nya naman ako kaagad ng yakap.

"You're drunk." itanong nya kaya sila babe kung bakit nila ako nilasing.

"Annallyn do you like me?" hindi ko ma control ang mga salitang kusa nalang lumalabas sa aking bibig.

"I used to like you. If only you had told me the truth then. Even now I'm confused about my true feelings. I think...I like your cousin." hindi ko na talaga alam ang mga pinagsasabi ko. Kinabukasan wala na naman akong matatandaan nito. Ano ulit yong sinabi ko sa kanya? Tangena hindi ko na matandaan, so fast so fast.

Hindi naman ako ganito kung malasing, dapat nga nagtatakbo na ako ngayon katulad noon.

Gusto ko nalang matulog.

Wala akong narinig na sagot ngunit naramdaman ko ang isang mainit na halik na dumampi sa labi ko. Ang lambot ng labi nya, buong ingat nya ako hinahalikan na parang takot syang masaktan ako.

Nagsimulang gumalaw ang labi nya kaya sumabay narin ako. Hindi ko alam pero unti-unti akong nalulunod at mas lalong nalalasing sa mga halik. Niyakap ko ang ulo nya habang nakikipag palitan ng halik sa kanya.

Naramdaman ko ang pagyakap nito sa bewang ko. Bahagya kong iminulat ang mga mata ngunit hindi ko parin maklaro kung sino ang babaeng kahalikan ko. Si Annallyn ba to? ah bahala na ayoko na mag isip.

She bit my lip and gently slipped her tongue dahilan upang makalikha ako ng mahinang ungol. Nag iinit na ang katawan ko, ano bang nangyayari sa akin.

Pinutol nya ang halikan naming dalawa at marahan na hinaplos ang pisngi ko.
Napangiti ako nang mahawakan ko ang daliri nya at kinuha ang kamay nito upang bigyan ng halik ang kanyang palad.

Niyakap ko sya nang mahigpit bago tuluyang mawalan ng malay sa kanyang mga bisig.

I'm glad it's her.

CHAPTER 10

-

Kanina pa tunog ng tunog ang phone ko dahil sa mga tawag ni ma'am Kathlyn. Magkasama parin kaming dalawa ni Iris at kasalukuyan na tumatambay sa seaside kasabay ang konting inuman.

"Hoy! muntik ko pa tuloy makalimutan. Saan kayo nagpunta ni miss Kathlyn nong nawala kayong dalawa ha?" para naman tong shunga bigla nalang sisigaw. Anong saan nagpunta?

"Pinagsasabi mo bobo." kunot noo na sagot ko bago lumantak ng pagkain.

"Tanga ka! si miss kaya ang nagdala sayo pabalik sa amin. Himbing pa ng tulog mo sa likod nya! di ka na nahiya ang bigat-bigat m-" hindi ko na sya pinatapos at sinabunutan na ang ulo. Bakit ba nya ako sinisigawan!

"Bakit ka ba naninigaw ha hayop ka. Gusto mo lunurin kita sa dagat Iris?" uminom muna ako bago ko ulit inalog ang ulo nya.

"Tama na, joke lang! hindi na ako sisigaw." binitawan ko narin sya at baka tuluyan na syang ma bobo kapag pinagpatuloy ko pa.

"Pero seryoso, saan kayo galing?" paano ko sasagutin kung wala akong matandaan.

Basta ang huli ko lang naaalala ay umalis ako para mag cr? tapos may babae akong nakausap na hindi ko kilala kasi madilim. Tapos bigla akong nakatulog?

"Wala akong matandaan gaga. Lasing nga kasi ako no'n, hindi ko rin alam paano ako nahanap ni ma'am. Basta pag gising ko medyo okay na utak ko." matagal din siguro kaming nawala do'n sa party.

Nanaginip pa ako na sinasaktan na naman at pagkatapos ikinulong sa isang madilim na kwarto.

Then may biglang lumitaw na ilaw kaya sinundan ko ito. Takbo lang ng takbo hanggang sa nakapasok ako sa ilaw na yon tapos ayon, bigla nalang akong nagising at nakita ang nag aalalang mga mukha nila Jami.

"Hoy keybold sagutin mo na nga yan si miss." paano sasagutin?

"Hindi naman sya nanligaw? at isa pa ayaw ko nga pumasok sa relasyon ngayon! kanina ka pa paulit ulit!" sagot ko at hinampas ulo nya.

"Bobo, yong tawag kasi sagutin mo tanga!" sagot nya kaya napatingin na naman ako sa phone ko.

Ou nga at tumatawag na naman si ma'am, baka pagalitan na ako at hindi parin ako nakakauwi. Mag aalas otso na pala ng gabi.

Kinuha ko ang phone at seninyasan si Iris na wag mag ingay bago sinagot ang tawag.

"Hello ma'am?"

"Where are you?" galit ba sya? sa tono kasi ng pananalita nya parang galit.

"Bakit po?" binalingan ko si Iris na tahimik lang umiinom at nakikinig.

"Just tell me where you are."

"Huwag mo na po akong hanapin ma'am, hindi ko rin sasabihin sayo na magkasama kami ni Iris sa seaside at nag iinuman." narinig kong tumawa si Iris.

Napakunot ang noo ko sa biglang pagpatay nito ng tawag. Ayon lang pala ang gusto nyang malaman? hindi naman ako bata para hanapin.

"HAHAHAHAAHAHHAAHHAAHAHAH."

"Tinatawa mo jan bruha?" taas kilay na tanong ko sa kanya bago kinuha ang isang can ng beer.

"Para ka namang tanga keybold. Sinabi mo rin kung nasaan ka HAHAHAHAHA." pagkasabi nya ay napagtanto ko na mali ang naging sagot ko kay Jami!

"Ay hala! kasalanan mo to Iris!" bulyaw ko sa kanya.

"Umalis na tayo at baka pagalitan na ako ni ma'am." sunod na salita ko bago tumayo at pinagpag ang pwetan.

May nahanap na rin kaming trabaho na dalawa. Yup, kaming dalawa kasi ayaw nya akong mag isa. Alam ko naman na worried sya kaya pinipilit nya akong samahan. Mabuti nalang at tinanggap kami kaagad ni ate Niks na magtrabaho sa sekong.

"Krystal!" nanlaki ang mga mata kong napalingon sa likod. Anong ginagawa nya rito at bakit ang bilis nya nakarating?

"Ma'am." agad akong lumapit dahil napansin ko na hinihingal sya. Tumakbo ba sya?

"Ano pong ginagawa mo rito? sinasabi ko na nga ba at may balak ka na sunduin ako." I clenched my fist at mahinang sinuntok ang aking palad saka tumango tango.

"May date kayo? sige una na pala ako. Ayokong maging third wheel no." my eyebrows furrowed and glared at Iris. Anong pinagsasabi nya?

Bigla nalang kumaripas ng takbo si gago, bakit naman iniwan nya kaming dalawa ni ma'am dito.

"Jami bakit napasugod ka? pauwi narin sana ako." para syang hinabol ng aso, tinakbo ba nya bahay patungong seaside?

"I-I thought you left the house." bakit parang nag aalala sya? ayaw ko naman guluhin ang bebe time nilang dalawa nong manliligaw nya.

"Opo, kaya nga nandito ako ngayon?"

"I mean, I thought you went back to your house." oh dahil siguro sa sinabing dahilan ko kina babe kanina sa cafeteria.

"Hindi po, naghanap lang ako ng work. Pasensya na at hindi kita nasabihan, pinag alala pa yata kita." dinukot ko ang panyo at pinunasan ang noo nya.

"Iniwan mo manliligaw mo ma'am? actually nakita ko kayo kanina sa labas ng gate. Kaya hindi ako tumuloy at sumama nalang muna kay Iris. Ayaw ko kasi abalahin ang date ninyo." direktang salita ko.

She heaved a sigh and patted my head.

"Let's go home." sabi nya at ngumiti kaya napangiti narin ako saka sumunod sa kanya.

"Pero Jami hindi ko alam, nakaramdam ako ng inis kanina. Kung nong nakaraan na araw ang pagbilis ng tibok ng puso ko, kanina naman bigla ako nakaramdam ng kirot. Sigurado ka ba talagang wala akong sakit sa puso ha? punta nalang kaya muna tayo sa hospital?" dire-diretso kong salita sa kanya.

Kumunot ang noo ko kasi bigla nalang itong tumigil sa paglalakad at tinignan ako. May dapat ba ikagulat sa sinabi ko?

"When."

"Ha?" anong when tinutukoy nya. Ay alam ko na!

"Kailan kumirot yong dibdib ko?" tanong ko bago nagpatuloy sa paglalakad kasunod nya.

"Yes."

"Ahmm nong nakita kong hinalikan ka sa pisngi nong manliligaw mo? I'm not exactly sure tho." sagot ko at sumabay sa paglalakad sa kanya.

I saw her smile from the side and shake her head before looking back at me.

"Oh gosh Krystal, I like you." nakangiting sabi nya bago ginulo-gulo ang buhok ko.

"Thanks po." agad na sagot ko at ginantihan sya ng ngiti.

"That's all?" tumaas ang dalawang kilay nya at kinagat ang ibabang labi upang itago ang ngiti.

"Thank you po."

"No more?"

"Thank you very much po." ano ba gusto ni Jami na sagot. Alam ko naman na gusto ako ng lahat.

"Pft." Napaawang ang labi ko nang marinig ang kanyang magandang tawa.

"Bakit ma'am?" naguguluhan na tanong ko bago kami pumasok sa sasakyan nya.

"You're so unique Krystal." ngiti-ngiti parin sya hanggang sa loob ng sasakyan.

Ang saya yata ni Jami ngayon? dahil siguro nakasama nya yong manliligaw nya kanina.

"Have you ever felt jealous?" biglang tanong nya habang nagmamaneho.

"What kind of jealousy po ba? may window jealousy din kasi." maraming klasi ng pagseselos malay ko ba kung saan do'n tinutukoy nya.

Her giggles are tingling me inside.

"That's called jalousie window Krystal." tinama nya ba ako? tama naman sagot ko. Parehas lang naman yon.

"Ge."

"Pft." wala naman nakakatawa sa sinasabi ko, ang saya ni Jami ha.

"Do you like someone?" seryoso na tanong nito.

Ou I like someone? ou marami, especially mga kapatid ko.

"Yes po ma'am. I like you." nagulat ako sa biglang pag preno nya! mabuti nalang naka seatbelt ako kung hindi talaga lumipad na ang mukha ko sa unahan.

"Jami wag ka naman pabigla bigla kung pumreno." nakangusong saway ko sa kanya habang inaayos ang nagulong buhok.

"Sorry, I was just surprised." sagot nya at ibinalik muli ang atensyon sa daan.

Hindi na sya nagtanong pa muli at tumahimik nalang. Wala rin naman akong maitanong sa kanya kaya ini-on ko nalang ang stereo nito upang makinig ng music.

Oh gusto ko ang kantang to. Its you ba title nito?

Ipinikit ko ang mata at isinandal ang ulo sa bintana. Hindi nagtagal ay narinig ko ang pagkanta ni Jami. Ang ganda at lambing pakinggan ng boses nya. Masarap at himbing siguro ng tulog ko kapag kinantahan nya ako.

"Met a lot of people, but nobody feels like you."

I just listened to her quietly, pretending to be asleep.

"So, please don't break my heart. Don't tear me apart."

Bakit pakiramdam ko may ibang ipinapahiwatig ang pagkanta nya?

"I know how it starts. Trust me i've been broken before."

Kanino naman sya na broken? may naging jowa na ba si ma'am? tsk bakit ko ba iniisip e lyrics lang naman yan.

"Don't break me again, I am delicate. Please don't break my heart. Trust me i've been broken before."

Kaloka at bumibilis na naman ang tibok ng abnormal na puso ko. Muntik akong mapatili sa biglang paghaplos nya sa pisngi ko!

Hays mukhang makakatulog talaga ako nito.

*

"Krystal." napamulat ako dahil sa mahihinang tapik ni Jami sa pisngi ko.

Ugh bwesit ang sakit ng leeg ko, nabigla ko yata pagkilos.

"We're home." tumango naman ako sa sinabi nya.

Bumaba ako ng kotse habang hinihilot ang leeg at papasok ng bahay. Nakatulog ako habang kumakanta si Jami kanina walangya.

"Are you tired?" tanong nya kaagad sa amin pagkapasok ng bahay kaya tumango ako.

"Are you hungry?" ulit nya kaya tango ulit ako. Baet naman ni Jami, pwede na nya ako tuluyan na gawing baby.

"You want me to cook for you?" nagdududa ako sa cook na sinasabi nya. The last time I checked sunog ang chicken joy na niluto nya.

"Order nalang Jami." sabi ko at tinungo ang sofa sa kanyang living room at pasalampak na umupo.

Agad naman sya nag order ng pagkain. Ayaw ko lang talaga sya magluto dahil sa tingin ko pagod din sya galing sa work.

"Jami matagal ka na ba nililigawan nong manliligaw mo?" tanong ko sa kanya habang abala sya sa kanyang cellphone.

"Almost 4 years." ang tagal na nga!

"Bakit hindi mo pa sinasagot? ang tagal na pala no'n nanliligaw sayo." e bakit ayaw pa nya sagutin?

"I'm waiting for a certain person." hindi pa ba sya tiyak sa babaeng yon? feeling ko napaka consistent nya sa tagal ba naman nanligaw.

"Bakit hindi mo nalang sya sinabihan na hindi mo nakikita ang sarili mo na kasama sya sa pagtanda? at bakit nagpapahalik ka pa sa kanya?" hindi ko na napansin na medyo parang iritado na pala yong way ng pananalita ko.

Nailang ako biglang sa pagtitig nya kaya agad ako nag iwas ng mga mata. Para kasing sinusuri nya ako ng mabuti. Hindi ko alam ang dahilan pero bigla nalang ako nainis.

"Ano po ibig sabihin kapag bigla kang nainis?" tanong ko.

"Elaborate."

"Like may isang tao na gusto mo sayo lang ang atensyon nya. Tapos maiinis ka nalang bigla kapag nakita mo syang may kasama na iba? parang ganon po." seryoso akong nagtatanong dito tapos ngingitian lang nya ako? am I a joke to her?

I swallowed hard when she suddenly crossed her legs and propped up her elbow, and rested her chin on top of her palm. Nag iinit ang mukha ko, ang sexy ni Jami.

"You're jealous?" direktang sagot nya.

Ako? nagseselos?

"Ou mommy Jami, ako lang baby mo diba? so dapat wala akong kahati sa atensyon." agad na sagot ko sa kanya at mabilis na ngumuso.

Hindi yata inasahan ni ma'am ang naging sagot ko? bakit tulala na naman sya kung kailan nagsasabi ako ng totoo.

"Do you like me Krystal?" ako naman ang natigilan sa naging tanong nito. Paulit-ulit nalang kami sa ganito, sabi ko nga sa kanya na I like her.

"Opo."

"In what way?"

"Tuwid na daan po." agad na sagot ko.

She bit her lip to suppress her laughter and hid her face behind her hand.

"Palagi mo nalang ako pinagtatawanan Jami kahit wala naman nakakatawa sa sinabi ko." sabi ko.

Totoo naman na I like her, sino naman ang hindi hahanga sa isang katulad nya?

Tumayo ito at lumipat sa tabi ko.
"Bakit Jami?" tanong ko dahil sa sobrang titig nya sa akin.

Kumunot ang noo ko dahil sa doorbell, panira naman masyado kung sino man yan. Baka yong manliligaw na naman nya?

"The food is here." sabi nya at sya na mismo ang nagtungo upang kunin ito. Pagkain lang pala, akala ko pa naman yong manliligaw na naman nya na hindi ko kilala.

Kumain na kami kaagad at pagkatapos pinaakyat na nya ako ng kwarto upang magpahinga. Ako na nga sana maghuhugas pero ayaw naman nya. Si ma'am, anong binabalak niyang gawin kanina kung hindi dumating yung inorder na food?

*

"Hoy keybold! bakit namumula ang mukha mo, may sakit ka na naman?!

Kaunti palang kami na naririto sa classroom at si Iris palang ang unang dumating.

May nangyari kasi kaninang umaga pag pasok ko sa banyo ng first floor. Nakita ko lang naman si Jami hubot hubad habang nag s-shower! bakit naman kasi do'n pa sya naligo kung meron naman sa kwarto nya!

"Kamusta? hindi ka ba nabugbog ni miss kagabi?" sinamaan ko sya kaagad ng tingin. Itulad pa nya si Jami sa uno nya na sadista.

"Ano akala mo kay ma'am Kathlyn redflag? kung ihampas ko tong libro sayo Iris?" pagbabanta ko sa kanya na agad naman nya ikinaatras.

"Wala naman akong sinabi ah! ang aga galit ka na agad."

"Goodmorning president and vp." bati ng mga kakapasok lang na k-klase.

"Goodmorning." balik namin sa kanila at kasunod lang din nila ang iba pa naming kapatid.

"Yo!"

"Hoy keybold! yong fiancé mo nasa labas!" asar na sabi ni R dahilan upang mag iba ang mood ko.

Anong ginagawa nya sa school? pati ba naman dito guguluhin nya buhay ko.

"Bakit nandito sya tsk." sabi ko at agad tumayo.

Paglabas ko ay nakita ko sya sa may bandang hagdanan, nakatayo at may dalang bulaklak. Aanhin ko yan? pakain ko yan sa kanya.

"Krystal."

"What are you doing here? pinadala ka na naman ba ni dad?" I asked before crossing my arms.

Baka nakakalimutan nya na sya ang dahilan kung bakit pinalayas at confiscated lahat ng mga meron ako. Itulak ko nalang kaya sya sa hagdan?

"Krystal, sinabi ni dad sa akin na umalis ka ng bahay. I'm here to help you, hindi naman ako sa penthouse umuuwi kaya pwede do'n ka muna mag stay." worried na ba sya sa lagay na yan?

Akala ba nila mauuto nila akong dalawa ng ama ko? alam kong sinadya akong palayasin upang gipitin at humingi ng tulong sa kanya. Pwes nagkakamali sila dahil hinding hindi mangyayari yon!

Umatras ako at tinabig ang kamay nito. Hahawak hawak pa sya sa akin nyan? baka magkagerms ako dahil sa kanya.

"I don't need your help tho? kaya kong mabuhay ng wala kayo." direktang sagot ko at tinalikuran na ito.

"Krystal please, hindi mo ba pwede bigyan ng pagkakataon ang relasyon natin?" kumati ang tenga ko at agad na tinapunan ng masamang tingin ito.

"Naririnig mo ba ang sinasabi mo Troy? hindi mo ba talaga kayang intindihin ang salitang hindi kita gusto at mas lalong hindi ako magpapakasal sayo?" sino ba first subject namin! bakit ang tagal dumating bwesit.

"No krystal! matutuloy ang kasal nating dalawa, and that's final!" paladesisyon sya sa buhay ng iba?

"Troy, sana lang wag maubos ang pasensya ko sayo." bumuntong hininga ako saka hinilot ang aking batok.

"Kr-"

"Will you please shut up? and don't block my way." biglang sulpot ni Jami sa likod ni troy.

My guardian angel is here.

I snorted and quickly hid behind Jami and hugged her waist before burying my face in her neck.

"Mommy." sambit ko at naramdaman ko ang pagtapik nito sa pisngi ko.

"Y-You again?"

"So what? why do you have to force yourself on someone who doesn't like you?" go Jami awayin mo ang tukmol na yan!

"Pwede ba wag ka makialam sa problema naming dalawa? away ng magkasintahan to." ang sarap nya ihulog sa rooftop, pakidnap ko nalang kaya sya kina babe at ipataon sa balon?

"Fiancé?" gusto yata ni Jami maghanap ng gulo.

"Kailangan ko pa bang ulitin?"

"Where's the ring?" she said coldly at mas idiniin ang salitang singsing.

Hindi nakasagot si Troy. Wala kasi syang singsing na suot dahil hindi ko tinanggap ang proposal nya. Sila lang naman ng parents ko ang ipinipilit na may relasyon kaming dalawa.

"What kind of fiancé are you if you haven't received a ring from her?" mas lalo ko hinigpitan ang yakap kay Jami.

"Oh, do you mean this." she proudly said and raised her hand at saka itinuro ang singsing ko na suot nya!

Nanlaki ang mga mata at naguguluhan na tinignan ako ni Troy. Ano ba pwede kong gawin upang tuluyan na syang mawala sa buhay ko.

Mabuti nalang at kami lang ang tao sa corridor dahil may mga klase na ang mga estudyante.

"Krystal? Ano to?" Gulat na tanong ni Troy at hindi makapaniwala sa kanyang nalaman.

Nagulat ako dahil biglang kumilos si Jami. Nilapitan nya ito at pagkatapos sinampal ng malakas ang kanyang mukha. What the hell?

Pero mas ikinagulat ko ang sunod nyang ginawa. She cupped my face and kissed me sa harapan mismo ni Troy.

Para akong naging bato sa kinatatayuan at hindi makakilos sa sobrang pagkagulat. Ang lambot ng labi ni Jami, nanlalambot ang mga tuhod ko.

Tulala lang ako hanggang sa humiwalay sya at muling hinarap si Troy na nakaawang ang labi.

"She's mine so back off." ma awtoridad nyang salita dahilan upang bumilis na naman ang tibok ng puso ko.

Oh my god! S-she claimed me?!

Naramdaman ko nalang ang paghila nito palayo kay Troy. Hindi parin ako makapaniwala sa ginawa ni Jami. She kissed me as if she was already used to kissing me.

Magsasalita sana ako pero napansin ko na namumula ang tenga nya. Galit ba sya sa akin?

Buong araw lutang ako sa klase. Hindi ko alam kung saan lumipad ang utak ko basta ang alam ko lang hindi na mawala sa isipan ko yong halik ni ma'am!

"Hoy horsey ko! wala ka pa ba balak lumabas ha? tangena anong nangyayari sayo at bakit para kang tanga at tulala dyan?" pukaw ni babe sa akin.

Tinignan ko ang relo upang tignan kung anong oras na, mabilis akong tumayo at kinaladkad si Iris palabas ng classroom. Sa kakalandi nya sa classmate namin, nakalimutan narin ng bruhang to na may trabaho pa kami!

"Babe! kailangan ko na umuwi, papahatid lang ako kay Iris. See you tomorrow!"

Ang bilis ng oras, 5pm na pala. Tinatahak na namin ang daan patungong parking lot at pag minamalas ka nga naman, nakasalubong pa namin ang dalawa.

"Mommy vixen!" malakas na sigaw ni Iris rason upang mapatingin sa amin ang ibang estudyante.

"Hoy tangena ka! yang bibig mo!" saway ko at hinampas ang batok nito.

Sa daming pwede itawag, vixen pa?!

"Stop shouting kid. Where are you going?" tanong ni ma'am Everleigh sa kanya.

"Pupunta ng sekong." sagot ko sa kanya tapos bigla nalang umarko ang mga kilay nila. Anong meron at nagmamaldita ang dalawa?

"What are you gonna do there Krystal? and it's too early to drink." sabi ni Jami bago tinignan ang oras sa kanyang relo.

"Ay hindi po kami iinom. Pupunta kami sa sekong upang magtrabaho. Kailangan na namin umalis at baka mapagalitan kami ni ate Niks." agad na sagot nitong malandi na katabi ko.

Hinawakan ko na ang braso ni Iris upang umalis. Kailangan pa kasi namin bumyahe at baka talaga ma late kami sa unang araw ng trabaho.

"Wag nyo nalang po sabihin sa iba. Kami lang kasi ang nakakaalam na dalawa at baka sugurin kami sa sekong. Mauna na po kami ma'am, bye po." paalam ko sa kanilang dalawa at kinaladkad na ang malanding Iris palayo.

Hindi ko nga pala nasabi kay Jami ang tungkol do'n. Bahala na, at least ngayon alam na nya diba. So far wala naman naging problema sa unang gabi namin ni Iris sa sekong. Ang problema nga lang lahat ng mga babae na hinahatidan nya ng drinks ay nilalandi nya! Muntik pa makahanap ng gulo ang gaga dahil isa sa mga hinarot nya ay may jowa palang kasama. Haynaku, kailan ba magbabago ang babae na to.

"Keybold nandito na tayo." nasa tapat na pala kami ng bahay ni ma'am.

"Sige pasok na ako, thanks! ingat ka gago." sabi ko bago pinisil ang pisngi nya at bumaba ng sasakyan.

Hinintay ko muna na mawala sa paningin ko ang sasakyan nya bago pumasok ng bahay.

Hindi naman mahirap makapasok dahil binigay nya sa akin ang duplicate key. Just in case of emergency daw pero parang kailangan ko na gamitin to gabi-gabi simula ngayon.

Tulog na yata si Jami? patay na kasi ang ilaw pagpasok ko. Malamang tulog na yon at anong oras na, almost 11pm na kaya ng gabi.

Dumiretso ako sa kitchen upang kumuha ng maiinom na tubig. Uhaw na uhaw ako kanina, yong feeling na gusto ko rin uminom ng alak pero hindi pwede! Pag akyat ay nakita kong bahagya na nakabukas ang kwarto at ilaw ni ma'am kaya lumapit ako upang silipin sya. Tatawagin ko na sana sya nang biglang bumukas ang pinto at sabay pa kaming nagulat na dalawa.

"Jami."

"Oh, you're home." she whispered and patted my head.

"I'm home po." malambing na tugon ko at niyakap ito.

"Mommy Jami I'm tired." nakaramdam ako agad ng antok pagkayakap ko sa kanya.

Kapag talaga sya kasama ko feeling ko walang masamang mangyayari sa akin. At mas lalong napapanatag ang loob ko sa tuwing nasa malapit lang sya.

"Go to your room and sleep. May pasok ka pa bukas." sabi naman nya.

Panay na ang hikab ko, antok na antok na talaga ako. Akala ko madali lang ang pagiging barmaid pero hindi pala. Mas pagod pa ako sa trabaho na to kaysa mga walwalan namin ng kapatid ko.

"Goodnight Jami." sabi ko at huli na ng mamalayan ko na nakahalik na pala ako sa pisngi nito.

"Goodnight Krystal." nakangiting sagot nito.

Akala ko galit sya dahil sa nangyari kanina. Nag-alala lang pala ako sa wala.

*

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.'

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Ang aga mga tawanan agad nila ang bumungad sa akin pagpasok ng cafeteria.

"Nandito na pala ang horsey ko!"

Oh wow! himala at napadalaw si Ziallyn sa school. Miss na siguro ang donkey nya at chineck kung may lumalandi sa kanya.

"Kb." salubong ni Annallyn kaya niyakap ko na sya.

Napansin ko na nandito rin pala yong manliligaw ni ma'am. Bakit nakikisama sya sa grupo? part of the group ba sya? hindi naman pft.

"Krystal, come here." tawag ni ma'am Lorelei. Nag excuse muna ako kay Anna at agad na lumapit sa

kanya.

Saan ako uupo? wala na akong lugar dahil inagaw mong manliligaw ni Jami ang spot ko.

"Po ma'am?"

"Sit down." utos nya pero saan nga kasi ako uupo?

"Ma'am wala na akong lugar na mauupuan?" naguguluhan na tanong ko. Saan ba nya ako balak ipaupo.

I gasped when she suddenly pulled my hand and buried my face in her chest.

"What the. BAHAHAHAHAAHAHAHA."

"Langya respeto sa single please lang."

"Hmm." hindi ako makaalis dahil mahigpit nyang niyakap ang ulo ko.

"No chair? no problem, sit on my lap." bulong nito at ramdam ko ang agaran pagtayuan ng mga balahibo ko nang bigla nya kagatin ang tenga ko.

"Lorelei, what are you doing to the kid?" Si ma'am Pixie mukhang nainis konti kay ma'am Lor.

"What did you expect about her." sunod naman na sabi ni Ziallyn.

"Horsey ko, ihahanda ko na ang libingan BAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHHA."

"Mommy uno, kagatin mo nga rin ako sa leeg. Dali dali!" napapikit nalang ako ng mga mata. Bakit ba pinapalala nila ang sitwasyon!

"Shut up kid."

"Mameeh I want you to roor roor me as well." ugh bwesit na mga kapatid to.

"Lorelei stop doing that in public!" inis na saad ni Annallyn at hinila ako palayo kay ma'am Lorelei at sa kanyang dibdib naman ibinaon ang mukha ko.

Omg! gusto ko lang naman sana ang kumain ng pagkain at hindi boobs!

"Grabe, pakainin nyo naman si keybold at baka mahimatay yan." huhu Ag help me.

"Leave her alone and let her eat." malamig na saway ni Jami sa kanilang dalawa.

"Come here Krystal." hila ulit ni ma'am Lorelei sa akin at pinaupo sa kanyang lap. Ano ako nito, laruan na pilit pinag aagawan?

I surrendered and leaned back my head sa balikat ni ma'am Lorelei. Ako yong nahilo sa ginawa nilang dalawa ni Annallyn.

"Anything you want Krystal?" bulong ni ma'am.

"Okay na po to ma'am." sagot ko at kinuha ang kutsara at tinidor nya. Wala naman akong iba na

magagamit kaya sa kanya nalang.

"Ano ba namang topic to. Ang sakit ng ulo ko!" pagdadabog ni babe at ibinigay kay Aaar eeeL ang libro na hawak.

"Pambihira, hindi ko alam sagutin yan." sunod nyang ipinasa kay Iris.

"Hoy keybold! sagutan mo nga to total naman dapat lahat ng sagot mo ay tama." sabi ni Iris bago ipinakita sa akin ang problem.

Bakit ba puro nalang math ang problema namin ngayon. Bakit pa kasi may math sa criminology kaloka.

"log5 ³?100 + ?/log5 5/4."

"1 ang sagot bobo." seryosong sabi ko at bigla nalang sila nagtawanan. Kung batuhin ko kaya sila nitong hawak na tinidor ko?

"Why are you laughing at her when her answer was correct?" natigilan naman ang mga bruha dahil sa sinabi ni ma'am Pixie.

"Oh diba tama ako? mag aral kasi kayo babe para may alam kayo hays." pagyayabang ko at iniling ang ulo.

"Hala awee, di nga? totoo? BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAH."

"Yes." sabi naman ni ma'am Kathlyn.

"Sige nga keybold, paano naging 1 ang sagot?" wala talagang tiwala ang Iris sa akin.

"Ilan ba sagot sa 5-4? diba 1? mindset ba. Work smarter not harder." I shrugged and winked at them.

"Pota BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Jusko HAHAHAHAAHHAHAAHAHHA."

"Solve mo nga solution kb, hindi ko kasi gets." isa pa tong doraemon na to.

"Ay basta tama ang sagot ko. Puro kayo math problems! wag nyo akong guluhin at gusto ko kumain." sabi ko nalang sa kanila at kinain ang kalahating natitira na pagkain ni ma'am Lorelei.

So ayon hindi na nga nila ako kinulit at si tansan naman ang napagtripan nila. Itong si tansan parang nong nakaraan lang broken sya kasi ayaw talaga syang sagutin ni Jemama.

Tapos ngayon malalaman ko na si Xiliary na naman ang nilalandi nya. Goodluck nalang talaga sa kanya and hopefully this time ay hindi na sya ma broken. Dapat talaga tigilan na nila yang kakalandi sa maraming babae, ano ba makukuha nila sa ganyan.

Para lang akong bata na sinusubuan ni ma'am Lorelei. Ano ba ang trip nya at hindi naman sya ganito dati sa akin? tapos napapansin ko pa ang nakaw tingin nya kay Jami then bigla nalang ngingisi.

"Ma'am may chocolate cake po ba?" sabi ko kay ma'am. Nag crave nalang kasi ako bigla ng matamis.

My eyebrows furrowed when she suddenly snorted. Gaga ang cute ni ma'am.

"Ano ma'am? gusto mo humalik?" tanong ko na mas lalong ikinalawak ng ngiti nya.

"Yes." mabilis na sagot nito at hahalikan na sana ako nang may isang palad ang pumagitna sa mga mukha namin.

"Aguy BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA."

Nilingon ko ito at ang walang ekspresyon na mukha ni Jami ang nasilayan ko.

"Bakit ma'am?" tanong ko.

"What are you doing Kathlyn? remove your hand." utos sa kanya ni ma'am Lorelei.

"Didn't I warn you Lorelei?" bakit kinabahan ako bigla? ang hirap naman yata lumunok sa sitwasyon ko ngayon.

"Warn what? what's wrong if I kiss Krystal? isn't that normal?" rebat ni ma'am Lorelei sa kanya at inalis ang kamay ni Jami bago ako niyakap ng mahigpit.

Pabilis ng pabilis ang heartbeat ko. Ano na ba tong nararamdaman ko? nanlalamig din bigla ang buong katawan ko dahil sa bangayan nilang dalawa.

"T-Teka lang po, kailangan ko mag cr." sabi ko kay ma'am Lorelei at inalis ang kamay nito na nakayakap sa katawan ko.

What's wrong with you?

Hindi ko alam! sasabog yata puso ko.

Are you in love?

Ha? in love sinasabi mo. Sasabog sa kaba ang ibig kong sabihin, at hindi ko alam ang dahilan.

Hmmm.

Agad akong naghilamos ng mukha pagkapasok ng cr. Napapadalas na talaga ang ganitong sakit sa puso ko, kainis naman at hindi ko alam kung ano ang dahilan!

"Ang daming problema sa earth dumagdag pa tong puso ko." bulong ko sa sarili.

At tumigil ang mundo ko sa biglang kamay na yumakap sa bewang ko.

"Krystal." potangena.

"Ma'am." sambit at pilit ang paglunok ko.

"Are you okay?" kailangan ba talaga itanong ang obvious.

Tumalikod ako upang harapin ito at nakita ang pag-aalala sa kanyang mga mata.

"Ma'am, pakiramdaman mo po." nagtaka sya sa pagkuha ko ng kamay nya at inilagay ito sa bandang dibdib ko.

"See? ang bilis no? pabilis ng pabilis pa yan lalo na ngayon na nakayakap ka Jami. Nababaliw na yata ako? kaunti nalang talaga at sasabog na ako." bigla akong na stress sa nararamdaman ko kaloka naman at si Jami tinatawanan lang ako!

"What am I going to do with you, Krystal? you're too cute and precious." inikutan ko nalang sya ng mga mata habang patuloy parin nya akong tinatawanan.

"Ganyan ka naman palagi Jami, kapag seryoso ako sa ganitong topic tatawanan mo lang ako. Ikaw talaga siguro ang may saltik sa ating dalawa." sagot ko sa kanya at bumuntong hininga bago pinahiran ang nangingilid nitong mga luha dahil sa kakatawa.

She took my hand and placed it on her chest. Ramdam ko rin ang pagbilis ng tibok ng puso nya.

"Do you feel it? the feeling is mutual." matamis na ngiting salita nya.

"So tayong dalawa ang may saltik? sakit sa puso?" kunot noo ko na tanong.

"Oh gosh, pft hahaha." umalingawngaw sa cr ang masarap sa tenga na tawa nyawa.

Natawa narin tuloy ako dahil nakakahawa naman kasi masyado si Jami!

"Jami naman tama na kakatawa, tara balik na tayo at baka kung ano na naman isipin ng mga kapatid ko." ang dudumi pa naman ng mga utak nila lalo na kapag pagdating kay ma'am Kathlyn.

"Pft alright, let's head back."

I was about to step out when she suddenly pulled and kissed me on the cheek at pinisil ang kabilang side.

"Para saan po yun?" Si ma'am, bigla ako susundan para lang nakawan ng halik.

"Don't be jealous." she whispered and smirked bago ito naglakad pabalik.

Don't be jealous? at saan ako nagselos?

CHAPTER 11

-

"Keee-beee!!"

Na sorpresa ako sa biglang pagyakap ni Bern sa akin habang pabalik ako ng counter. Kaloka siya at bigla nalang akong susunggaban kahit nasa trabaho.

"Omg ikaw nga! why are you working as a barmaid now?" hindi lang pala ako ang na sorpresa at pati rin pala sya.

Ang sakit na nitong paa ko sa kakalakad. Marami na kasing tao dahil pasado alas otso na.

"Kailangan ko ng work, pinalayas ako sa bahay at confiscated lahat ng mga gamit pati cards." sagot ko sa kanya bago inilapag ang tray at hinanap ng mata si Iris. Ang gaga at na stuck na naman sa isang table dahil sa pakikipaglandian sa mga customers, baka nakakalimutan nya na trabaho ang sinadya nya rito at hindi landi?

"What? for real? saan ka tumutuloy ngayon?" ang dami naman tanong ni Bern.

"Sa bahay ako ni ma'am Kathlyn panandalian nakatira. Naghahanap narin nga ako ng apartment para hindi na ako makaabala sa kanya."

"Alam mo keebee, pwede ka sa condo ko mag stay total ako lang naman mag isa at kailangan ko rin ng makakasama. Ang lungkot ko kaya do'n, kailangan ko ng payaso na katulad mo." kung payaso lang pala ang hanap nya ay mali sya ng nalapitan.

"Mahal ang talent fee ko Berna, afford mo ba ha?" nakangising sagot ko.

"Ou naman! but seriously, pwede ka sa condo ko kahit yanigin mo pa ang mundo ko araw-araw okay lang. Ano ha?" napangiti narin ako dahil nakakahawa ang ngiti nya.

Hmm pwede rin naman ang offer ni Bern since both naman kami students at para hindi na ako pabigat kay Jami.

"Sige pag isipan ko. Sino nga pala kasama mo?" tanong ko sa kanya at bahagyang inilayo ang mukha. Ang lapit ba naman kasi masyado, akala mo talaga hahalik.

"My friends. Balikan ko muna sila, call me pag may desisyon ka na okay?" sabi nya at ginamit ang kamay na para bang isang telephone.

"Okay! shoo shoo."

Kakaupo ko palang nga may panibagong order na naman, si Iris tinawag ko narin dahil wala yata balak ang empakta bumalik sa trabaho. Ang dami ng mga tao kaloka, kahit na isang minuto hindi ko nagawa ang magpahinga hanggang sa matapos ang shift namin. Agad kaming nagpaalam kay ate Niks at sinabing uuwi na, sakit ng buong katawan ko lalo na ang paa dahil sa walang pahinga kakalad kanina.

"Keybold nandito na tayo." rinig kong salita ni Iris bago ibinuka ang mga mata, nakaidlip yata ako sa

sobrang pagod. Tinignan ko ang labas ng bintana habang kinukusot ang mata at nakitang nasa tapat na pala kami ng bahay ni Jami.

"Sige, alis na ako. Ingat ka empakta." humihikab na paalam ko at bumaba ng sasakyan.

"Matulog ka na kaagad. Goodnight bunso!" tipid ko lang sya nginitian bago isinara ang pinto.

Gising pa kaya si Jami? siguro naman tulog na yon? mukhang kailangan ko sya kausapin tungkol sa offer ni Bern. Malapit lang din kasi ang condo nito sa sekong. 10 minutes lang daw ang byahe sa condo nya kumpara kay ma'am na mahigit isang oras.

Nagtaka ako pagpasok ng bahay dahil nakabukas ang tv sa living room. Laking gulat ko nalang nang makita na gising pa pala si Jami at ngayon nanonood mag isa ng netflix.

Nakatalikod ito mula sa akin kaya hindi ko na sya tinawag. Lumapit ako sa kanya at padapa na humiga sa kanyang legs.

"K-Krystal."

"Hello Jami, bakit gising ka pa?" tanong ko ngunit nakapikit ang mga mata. Ngumiti ako dahil sa paghaplos nya sa ulo ko. Bakit gising pa sya? hinintay na naman ba nya ako ulit?

"I can't sleep." mahinang sagot nya.

"Ang sakit ng buong katawan at paa ko Jami, ang dami kasing tao sa sekong at walang oras upang magpahinga." sabi ko at nagpakawala ng malalim na hininga.

"Umakyat ka na at matulog." umiling ako sa naging sagot nito. Mas comfortable ako matulog sa kandungan nya.

"May nahanap na akong lugar na tutuluyan Jami." bigla syang natigilan sa paghaplos ng ulo ko matapos kong sabihin ang bagay na yon sa kanya.

"Really?" tumango lang din ako sa naging tanong nya.

Tumahimik na naman sya, wala ba syang itatanong sa akin kung sino at saan ako mananatili?

"Ma'am bakit ayaw mo nalang patigilin ang manliligaw mo kung wala ka naman pala balak na sagutin sya?" tanong ko ngunit wala syang imik.

"Kung tutuusin po ang swerte nyo kasi may manliligaw kayo na umabot sa halos apat na taon. Mahal ka siguro talaga no'n Jami." habang sinasabi ko ito sa kanya ay nagsimulang bumigat ang pakiramdam ko.

"I did but she doesn't want to stop." persistent din naman pala masyado ang babae na yon. Parang si Troy lang din pala kung maghabol.

Iminulat ko ang mga mata inikot ang katawan upang tignan sya. Heto na naman ang puso ko at parang may nagkakarera! ang lapit kasi masyado ng mukha ni Jami!

I looked at her lips at naalala ko na naman yong halik nya. Gusto ko ulit maramdaman ang malambot na labi ni Jami.

"Jami, I like your lips. It was soft and sweet, gusto kong maramdaman muli ang labi mo. Hindi na talaga nawala sa isipan ko ang paghalik mo." direktang salita ko na nagpagulat sa kanya. Meron ba dapat ikagulat sa sinabi ko?

Hindi sya nagsalita at tulala parin na pinagmamasdan ako. Wala naman siguro masama kung ako naman ang humalik sa kanya?

I slowly raised my hand and placed it on the back of her head then gently pulled it down to me.

Pigil hininga at pakiramdam ko naririnig narin nya ang lakas ng tibok ng puso ko.

"Jami." sambit ko.

Krystal go to sleep.

As soon as I took control over Krystal's body, I immediately stood up and sat on her lap. She was slightly surprised by my action, but I ignored it. Every time I see her face, the desire to be with her and kiss her lips once again becomes stronger. I can't get this woman out of my mind, and I think I'm slowly becoming interested in her, too.

"K-Krystal what are you doing?" she stuttered.

"Honey, I missed you." I whispered in her ear before biting her earlobe.

I know she likes Krystal and is taking advantage of her stupidity. Maybe Krystal doesn't know about her confessions but I am aware of all the events.

Yes, I've said that I'll find a way to help her realize that Kathlyn has always liked her, but something is also pushing me to spend more time with her while I still can.

"I dare you to kiss me." I said authoritatively. Let's see if she will follow what I ask her to do.

I couldn't help but smirk when her hands firmly grabbed my waist, pulling me closer to her. I wrapped my arms around her neck and eagerly pressed my lips against hers, meeting a fierce passion. Our kiss evolved from slow and wild to hot and intense. She gasped for air as she pulled away. I proceeded to her neck, licking and biting, causing her to let out soft moans as she tilted her head, granting me greater access.

I don't know what's happening to me whenever I'm with her. I want to release all my desires with her, but I don't want to do anything that might hurt Krystal. I need to control myself, but how can I do that when my own body doesn't want to listen to me?

She gasped and gripped my hair when I cupped both of her breasts. "K-Krystal."

"Yes honey?" I whispered while continuing to suck her neck.

"Ahh...S-Stop, it's l-late." I stopped because she suddenly cupped my cheek.

"That's enough, okay?" I let out a soft chuckle, noticing the panicked look in her eyes. She's really cute when I tease her. I like her, and I think Krystal does too. We both have the same heart, so I know.

"Alright, honey." I whispered.

I gently fixed her disheveled clothes and sat next to her. My heart was racing like crazy, knowing how close we were. I wanted to kiss her for the second time, but I stopped myself and gently caressed her cheek instead.

I swallowed when she suddenly held my hand and kissed my palm. If it were Krystal in this situation, she would've already run upstairs to her room by now.

"I missed you..." I was slightly shocked, her voice filled with worry and sadness, and I felt a pang in my chest as I saw that she looked like she was going to cry.

"I'm here. Did something happen at work?" I asked.

She shook her head and slowly hugged me. "If you're having a bad day and you need someone to rely on, please remember that I'm always here for you. I don't like it when you keep your problems to yourself, and it hurts me to see you sad." The gentleness in her voice and her assurance immediately put my mind at ease. I'm thankful for her and how she takes care of Krystal.

"Thank you." I whispered.

I gently stroked her hair until I didn't hear any more words from her. I realized she had fallen asleep in my arms, probably already tired from earlier but still managed to wait up for Krystal. I carried her carefully and took her to her bedroom, laying her down comfortably before giving her a kiss on her lips and leaving her room.

"Goodnight, hon."

*

"Goodmorning Jami." bati ko sa kanya.

Halos magkasunod lang pala kaming bumaba ng bahay. Akala ko nauna na sya since kanina pa naman sya natapos sa pag aayos at medyo late na akong nagising.

Hindi ko alam kung ano ang nangyari kagabi dahil bigla nalang lumabas si Bern. Tinanong ko sya kung may nangyari ayaw naman sumagot ni bruha. Ayaw ko rin tanungin si Jami dahil natatakot ako, hayaan ko nalang nga at hindi naman siguro natuloy yong paghalik ko kagabi.

"Goodmorning." salubong nya at marahan na tinapik ang ulo ko.

"Krystal, eat this." sabi nya at inabot ang sandwiches. Dami naman yata nito? ayaw nya siguro talaga ako magutom.

Tinanggap ko naman kaagad ito at kinain ang isang piraso, sakto gutom na rin ako, pero hindi naman ako nabubusog nito? sa cafeteria na nga lang.

"Jami may tanong ako." hindi pa ba sya aalis?

"Yes?"

"What's your type?" napaisip yata sya sa naging tanong ko. Baka tawanan na naman ako nito dahil seryoso ako.

"I..."

"Ha?" di ko narinig sinabi nya. I raised my eyebrows while waiting for her answer.

"When are you going to ask me out?" sagot nya at sa pagkakataon na to ay ang pisngi ko naman ang pinisil nya.

Nginitian ko ito at hinawakan ang kamay. "Tara na."

"Where?"

"Out." sagot ko. Sabi nya lumabas na diba.

She bit her lip at agad na tinakpan ang kanyan mukha upang pigilan ang tawa na gusto kumawala.

"You make me laugh early in the morning." pigil tawa na sabi nito. Alam ko naman na payaso ako, hindi na kailangan pa na ipamukha.

"Ay wait lang mommy kunin ko lang yong arnis ko." binitawan ko sya at hinila ang isang upuan. Hindi ko kasi abot at kung bakit sa ibabaw ng kitchen cabinet ko pa nilagay.

Pumatong ako sa upuan at kinapkap ang ibabaw ng cabinet. Asan na ba yong arnis na yon at hindi ko mahanap!

Tumingkayad ako at muntik na ma out of balance. Mabuti nalang nakahawak kaagad ako sa cabinet, kung hindi talaga nahulog na naman ako dahil sa katangahan.

"K-Krystal!" nagtaka ako dahil sa pag panic ni ma'am kaya mabilis ko syang nilingon.

"Jami, anong ginagawa mo?" naguguluhan na tanong ko ng makita ang position nya. As if she was ready to catch me.

"Just in case you fall? I'm ready to catch you." agad nyang sagot habang namumula ang mga pisngi.

Naramdaman kong nahawakan ko na ang stick kaya agad ko na itong kinuha at bumaba.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH." hagalpak ko dahil sa ginawa ni ma'am, ang cute nya lang tignan kanina.

"Ang sweet mo Jami, pero kung mahulog man ako. Sisiguraduhin kong sayo ang bagsak ko." ngit-ngiting saad ko at binigyan sya ng halik sa pisngi bago hinila palabas ng bahay.

"What time is it na po?" tanong ko habang palabas ng bahay.

"It's time to love me." I was stunned at nanlalaki ang mga mata na humarap sa kanya.

"Anong sabi mo Jami? ano bang ginawa mo kagabi?" kunot noo na tanong ko sa kanya. May nangyari ba talaga kagabi?!

"I thought about you?" ano ba pinagsasabi nya at hindi ko ma gets.

"That's good mommy Jami, I like it." pero gusto ko ang idea na inisip nya ako. Dapat talaga ako lang at

hindi yong manliligaw nya.

"Yeah, I like it too." she smiled before getting into the car.

Ginawa ko na talagang personal driver si ma'am, ayaw nya naman ako ang mag drive at hindi ko alam kung bakit. Tahimik lang kaming dalawa na nakikinig ng music hanggang sa makarating ng PU.

"Krystal, who'd be the lucky person to have you?" tanong nito pagpasok ng sasakyan sa parking lot.

"Jami." sambit ko habang nakatulala sa labas ng bintana. Kusa nalang sinambit nitong bibig ko ang pangalan nya.

Blaag!

We were both surprised and looked ahead when we suddenly heard a sound. Hala! si ma'am naibangga ang kotse nya sa poste.

"M-Ma'am, ayos ka lang?" nag aalala na tanong ko sa tulala nyang mukha.

"H-Huh?" anong ha. Hindi ba nya alam na nabangga ang kanyang kotse.

"Nabangga kaya ang kotse mo Jami, teka lang tignan ko lang kung malaki ang damage." sabi ko at tinanggal ang seatbelt. I was about to open the door when she stopped me.

"No, it's okay. Don't mind it." sabi nito kaya hinayaan ko nalang din. Sabagay at barya lang naman sa kanya yan.

After she parked the car bumaba na ako kaagad. Baka late na ako, medyo late narin kasi ako nagising tapos bumyahe pa kami ni ma'am ng 20 minutes.

"Krystal." habol nya sa akin kaya napatigil ako sa paglalakad.

"Po?" hinintay ko syang makalapit sa akin. May sasabihin pa ba sya o may nakalimutan?

She stopped in front of me.

"Let me fix your bangs for a sec." akala ko pa naman kung ano. Ang sweet talaga ni ma'am kahit na bangs lang ay aayusin pa.

"You have a fatal look." she smiled before gently patting my head.

"Alam ko na po yan ma'am, ako pa?" pagmamayabang ko sa kanya tapos bigla na naman syang tatawa na mag isa. Share nya rin kaya kung ano nasa isip nya para kaming dalawa ang tatawa.

"You will be the cause of my death. Seriously, you're so innocent." ako naman tong nag loading ang utak sa sinabi nya. Ako? cause of her death? i'm innocent?

Sa sobrang lalim ng iniisip ko, hindi ko napansin na wala na pala si Jami sa harapan ko. Iniwan ba naman akong mag isa matapos nya guluhin ang utak ko. Aalis narin sana ako kaso may tumawag na naman sa pangalan ko, aa dami naman ng pwede na makakaharap ko bakit itong manliligaw pa ni ma'am.

"Hello po." bati ko sa kanya at sinabayan ako maglakad. Bibisitahin na naman siguro si Jami.

"Ang aga mo naman po bumisita." sayang sya kasi sabi ni Jami walang pag asa sa kanilang dalawa, ngunit patuloy parin ito sa panliligaw.

"Good morning." maganda talaga sya. Balita ko she's a well known model sa isang sikat na clothing brand dito sa bansa. Hindi ko lang alam kung ano dahil wala naman akong pakialam sa kung anong meron sya.

"Morning po. Miss may tanong ako, bakit ayaw mo pa tigilan ang panliligaw mo kay ma'am Kathlyn?" seryoso kong tanong sa kanya.

"What do you mean?" biglang nagbago ang tono ng pananalita nya at kunot noo ako na tinitigan.

"Hindi ka naman nya mahal, kaya bakit mo pa sya hinahabol? balita ko may hinihintay syang certain person. Baka kilala mo?" hindi ko rin kasi alam kaya itatanong ko nalang sa kanya.

Ba't parang galit pa sya kung makatingin sa akin? nagtatanong lang naman ako kasi curious ako. Chismosa lang talaga ako pagdating sa buhay ni ma'am.

"Yes, she told me pero hindi ko kilala ang taong tinutukoy nya. Pero susubukan ko parin hanggang sa ako na mismo yong mapagod at sumuko." grabe naman kung magmahal tong manliligaw ni ma'am.

"Ah gano'n po ba, sige goodluck at sana dumating yong pagkakataon na hinihintay mo. Dito na po, baka late na ako sa klase." tipid kong nginitian ito at dali-dali na umakyak ng hagdanan.

Feeling ko talaga late na ako kasi naman ang daming obstacles na kailangan pagdaanan sa daan!

So ayon at tama nga ako ng hinala. Late ako ng 15 minutes at hindi na ako pinapasok ni ma'am pixie. Grabe naman at wala man lang consideration! tapos pinadapa pa ako sa labas kaloka.

"Yo, wassap my horsey! kamusta ang dibdib mo humihinga pa ba? ay malamang hindi na dahil wala ka nan no'n?" pinaningkitan ko kaagad ng mata si babe. Nagawa pa nya talaga akong asarin.

"Hoy may chika ako!" bulaslas ng chismosa naming kapatid.

"Ano na naman yan Iris? maganda ba ha?" tanong ni tansan. Kung anu-ano nalang ang mga chismis na nahahagilap nya. Ang dami nya kasing source na mga babae kaya hindi talaga sya mahuhuli sa balita.

"Ay potangena wait lang! nakalimutan ko ang sasabihin ko ugh!" pagdadabog nya at pilit iniisip kung ano yong chismis na nakalimutan nya.

"Tangenang utak yan, walang kwenta. Hoy Ag libre mo nga kami ng lunch. Bumili ka na, gutom na ako." kawawa naman si Ag at palagi nalang ginagawang wallet ni babe.

"Bakit nakasimangot ka keybold?" tanong naman nitong empakta na katabi ko.

"Problemado ako sa speech ko, bwesit naman kasi bakit ako pa pinatakbong president." walang pumapasok sa utak ko at wala akong maisulat na kahit isang word sa papel na hawak ko!

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAH."

"Easy lang yan keybold. Ilagay mo lang jan, vote me or die painfully?" seryoso ba ang donkey sa sinasabi nya? naririnig ba nya ang sinasabi nyang kahibangan?

"Pota pwede HAHAHAHAAHAHAHAH." pagsang ayon naman ng empakta sa sinabi ni donkey.

Bakit ko pa ba sila tinatanong, alam ko naman na wala akong matinong sagot na makukuha sa kanila.

"Stress na ang monkey natin, chocolate cake mo kb oh. Wag mo na alalahanin yan ay may plano na si Sj." biglang salita ni Ag na kakabalik lang.

"Gusto nyo saksakin ko kayo nitong ballpen na hawak ko donkey? sabihin mo lang para ipatawag ko na si miss Nurse kaagad." banta ko sa kanila.

Natigil lang kami sa kalokohan nang makita ang demogons na papasok ng cafeteria. Of course kasama rin jan yong manliligaw ni ma'am.

"Hoy unggoy! kulang nalang papatay ka sa mga tingin mo."

"Baka paglamayan na bukas yang manliligaw ni Athy ko langya."

"Huwag mo tignan at kumain ka nalang."

"Nagseselos ka ba keybold?"

Ako yong nahilo sa sabay-sabay na sinabi nila. Bawal na pala ang tumingin sa isang tao ngayon? anong meron at normal lang naman kung tumitig ako.

"Pieeeeeeee!"

"Mommy uno!"

"Kitten!"

"Oh edi sanaol! sinasadya talaga nila akong asarin. Kapag ako sumabog na naman sa sobrang inis, baka silang tatlo ipatapon ko sa island.

"Why are you frowning, Krystal?" tanong ni ma'am Lorelei at hinaplos ang ulo ko.

Ngunuso ako at pinakita sa kanya ang blangko ko na papel, sya nalang kaya ipagawa ko sa speech? mabaet naman si ma'am Lorelei at alam kong tutulungan nya ako hehe.

"Hindi ko po alam ang gagawin sa speech ko next week ma'am. Help mo ko?" sabay abot sa kanya ng hawak na ballpen ko.

"Okay sure."

"Yeheeey! thank you po!" napalakas pa yong boses ko but I don't care. Hinila ko ang bewang ni ma'an Lorelei at niyakap ito ng mahigpit.

"Hala! patay ka BAHAHAHAAHHAHAH."

"Okay ka pa ba kb?" tanong no Ag kaya napalingon ako sa kanya habang yakap-yakap parin si ma'am

Lorelei.

"Bakit? bawal ba? e sa masaya ako! buti pa si ma'am Lorelei tumutulong ng walang kapalit samantalang kayo mga walang silbi." pagtataray ko sa kanilang apat. Wala si tansan at pakialam ko sa tansan na yon.

Naramdaman ko ang isang kamay na inalis ang braso ko na nakayakap kay ma'am Lorelei. Nagtataka akong sinilip yon at nakita si Jami na nakataas ang isang kilay na nakatitig sa akin.

Ngunit agad na niyakap ni ma'am Lorelei ang ulo ko at itinago ang mukha sa kanyang dibdib. Mahilig ba talaga silang mag pinsan ng ganito?

"Such a tease." dinig kong salita ni ma'am Pixie.

"Childish Lorelei." sunod naman si ma'am Everleigh.

"What are you doing Kathlyn? will you please leave us alone?" hindi ko sila makita dahil ayaw bitawan ni ma'am Lorelei ang ulo ko!

"M-Ma'am hindi ako makahinga." kakapusin na yata ako sa sobrang diin nya sa mukha ko.

"This is the last time i'm warning you." ang lamig ng boses ni ma'am Jami. Daig pa nya ang arctic ocean sa sobrang lamig.

Dahil doon ay binitawan ako ni ma'am Lorelei. Sawakas nakahinga rin ako ng maluwag, jusko hindi ko yata kakayanin kung ganito palagi ang mangyayari sa buhay ko.

"Krystal follow me. I have to give you something." utos nya at nauna na maglakad palabas ng cafeteria.

"Hoy lumabas ka na! baka yong assignment na sinabi nya kanina sa atin." sabi ni babe kaya nag excuse na kaagad ako sa kanila at sinundan si Jami.

Worried ako sa manliligaw nya kasi palagi nalang sya iniiwanan ni ma'am Kathlyn. Hindi ko rin naman pwede sisihin si Jami dahil alam ko na ang sitwasyon ng relasyon nila dalawa.

"Maaaaaa'am!" tawag ko nang makahabol ako sa kanya. Ang bilis naman nya makalayo, parang tulad lang nong sinundo nya ako sa seaside.

Sinabayan ko sya sa paglalakad at sinilip ang mukha nya. Kung kanina parang mananakit sya sa mga tingin, ngayon naman namumula ang kanyang mga mata.

"Jami, galit ka ba? bakit namumula ang mata mo? umiyak ka ba? mommy nagseselos ka ba?" sunod sunod na mga tanong ko para maguluhan sya, at upang hindi na isipin kung ano yang gumagambala sa kanya.

"Nope." tipid nyang sagot bago ako inikutan ng mga mata. Napanganga nalang ako dahil sa biglang pag iiba nya ng ugali?

"Ma'am naman ano nga kasi ang problema?" habol ko sa kanya habang papaakyat ng hagdan patungo sa office nya.

She quickly turned around and raised an eyebrow. So? magtititigan lang kaming dalawa at hindi nya sasabihin kung ano ang problema? Humakbang ako paakyat at niyakap ang kanyang bewang. Parang

kanina lang ang ganda pa ng mood ni Jami tapos ngayon magsusungit.

"Bakit ka nga po kasi galit Jami?"

"Have you forgotten what you did last night Krystal?" iritado na tanong nito. May ginawa ba ako? bwesit na Bern kasi yon!

I scratched my nape at agad nag iwas ng tingin. Hindi ko kasi alam ang isasagot sa kanya since wala akong malay no'n.

"A-Ano po ba?" may pagdadalawang isip na tanong ko dahilan upang mas lalong kumunot ang kanyang noo huhu.

"You kissed me." Jami answered my question without hesitation. My eyes widened and my mouth formed an 'o'. Did I really kiss her last night?!

I immediately covered my face in embarrassment and ran away from her. Me? And her? Oh my god! Why did she have to say that in front of me?

"Krystal!" rinig kong tawag nya ngunit hindi ko sya nilingon. Feeling ko kasi hindi ko kayang harapin si ma'am dahil sa kahihiyan.

"I said stop!" huhu ma'am stop chasing me at gusto ko nalang maglaho na parang bula.

Para kaming nag papatintero na dalawa. Tumatakbo ako makalayo lang sa kanya, sya naman tumatakbo upang habulin ako.

Patuloy lang kami sa habulan hanggang sa natapilok na naman ang paa ko, dahilan upang una sumubsob ang baba ko. Shit!

"Huhu bwesit." daing ko kasi masakit!

"K-Krystal!" tawag nya ngunit hindi ako kumilos. Nanatili akong nakadapa at itinago ang mukha ko.

"Goodness! You're so clumsy. Lift your head." utos nya ngunit umiling lang ako. Ayaw ko, bahala ka dyan Jami.

Nagsimula akong humikbi dahil sobrang hapdi nong baba ko. Bakit kasi ang tanga ko at palagi nalang ako nadadapa!

"Mommy." sambit ko bago inangat ang ulo at ngumuso.

Her eyes widened as she saw my chin and she immediately knelt down, cupping my cheek.

"Why are you so clumsy!" mas lalo tuloy akong naiyak dahil sa pagsigaw nya. Ako na nga tong nasaktan dahil sa kakahabol nya!

"Bakit mo kasi ako hinahabol, ayan tuloy nadapa na naman ako." sagot ko.

Para akong tanga na nakadapa habang sya nakaluhod at hawak ang magkabilang pisngi ko.

"Bakit ka kasi tumakbo?" hindi ko rin alam bakit ako tumakbo. Itanong mo sa paa ko huhu.

"Ikaw kasi e! bigla ka nalang magtataray tapos--ay basta hindi ko rin alam kung bakit ako tumakbo. Ayan tuloy ang sakit ng baba ko." kasalanan nya talaga kung bakit nasaktan na naman ako.

"I-I'm sorry, we need to treat your chin. Get up and let's go to the clinic." marahan nya inalos ang mga buhok na nakaharang sa mukha ko bago ako inalalayan na tumayo.

Mabilis lang din kami nakarating ng clinic dahil hindi naman kalayuan yong lugar kung saan ako nadapa. Wala kaming nurse na naabutan pagpasok kaya si Jami na mismo ang umasikaso sa akin. Saan na naman kaya nagpunta ang Bernadette na yon.

"Aww Jami, dahan-dahan lang naman. Masakit kasi kapag idiniin mo mabuti huhu." bakit ba alcohol ang inapply nya.

Pansin ko na parang pagod ang kanyang mga mata. Hindi ba sya nakatulog ng maayos kagabi? naalala ko na naman yong sinabi nya na hinalikan ko sya. Akala ko hindi natuloy dahil kay Bern ngunit hindi ko naman alam na ginawa nya talaga!

"Jami you're tired, aren't you?" mahinang tanong ko.

She looked into my eyes at napakagat labi ako nang bumaba ang mata nya sa labi ko.

"I'm fine that you're here," she whispered softly. I couldn't explain it, but my face suddenly felt hot.

"You're so cute Krystal." sabi nya at ngumiti. Palagi na nya akong sinasabihan ng ganyan ngayon.

"You're so pretty Jami hehe." ganti ko sa kanya at ngayon sya naman ang napakagat labi bago iniyuko ang ulo.

"Jami please confess to me." joke ko rason upang mapaangat muli ang kanyang ulo.

"W-What?" natawa ako sa mukha nya na kulang nalang maging apple. Ang pula sobra nya haha.

"Sabi ko po mag confess ka sa akin." direktang sagot ko.

Napatanga at tulala nalang ako nang bigla itong tumayo at umalis ng walang paalam. Si mommy iniwan akong mag isa? hindi pa nga nya natatapos ang pag gamot sa sugat ko.

So ano ang ibig sabihin no'n?

-

Kaloka si Jami, ni hindi man lang niya tinapos ang pag gamot ng sugat ko at agad umalis. Nagbibiro lang naman ako kanina nong sabihin kong mag confess siya sa akin. Kakaalis ko lang ng clinic at ngayon tinatahak ang daan ng hallway, sa hindi kalayuan ay nakita ko si ma'am na kausap ang kanyang manliligaw. Hindi mo maintindihan at naiirita talaga ako kapag magkasama silang dalawa. Nakita ko ang paglapit ng babae sa kanyang mukha kaya bigla akong napasigaw sa kanila.

"Jami!" Tawag kong muli sa kanyang pangalan at tumakbo palapit sa kanila.

Kaya niya ako iniwan dahil sa babaeng to? Sinabi niya ayaw niya ako nasasaktan tapos iniwan niya akong nagdurusa kanina dahil sa sugat ko para lang sa babaeng to? Biglang namuo ang inis sa aking dibdib at blangko ang ekspresyon huminto sa kanilang tapat.

"Krystal, what's wrong?" Tanong ni ma'am.

"Wala." Sarkastiko kong sagot at inikutan siya ng mga mata bago tumalikod at naglakad palayo sa kanila.

Kainis! Kainis! Kainis! Bwesit!

"Krystal!" Narinig kong tawag at hinahabol niya ako. Hindi ako lumingon at nagpatuloy lang sa paglalakad na para bang walang narinig na tawag.

"Krystal, wait." Bumalik ka don sa manliligaw mong pangit.

"Krystal." Naabutan na niya ako at ngayon hawak ako sa isang braso at hinarangan ako sa dadaanan. Sa taas ng takong niya ay nagawa niya pang makahabol sa akin? Well, tumakbo yata siya.

"Ano?" Malamig kong tanong at nakita ang kanyang paglunok.

"Are you upset?" Bumuntong hininga ako at inalis ang kanyang kamay.

"Iniwan mo ko sa clinic mag-isa, inisip ko kung may nagawa akong kasalanan kasi bigla-bigla ka nalang tatakbo palabas tapos ngayon makikita kita masayang nakikipag kwentuhan sa manliligaw mo?" Hindi ko na napigilan ang sarili at talagang nasabi ko sa kanya ang dahilan kaya ako naiinis.

"Sige tumawa ka, wag mo akong kausapin at wala ako sa mood." Babala ko at nilagpasan siya nang makitang tinangka niyang ngumiti.

Bwesit! Gusto ko manakit.

Sa unahan ay nakita ko si Iris at Tanvi nakaupo sa may hagdanan, agad ko silang nilapitan at sinuntok sa ulo ang empakta.

"Aray! Naknampucha, ano ba problema mo?!" Bulyaw ni Iris at tumayo upang harapin ako. Sobrang badtrip ako kaya sinapak ko siya ulit sa ulo. Gaganti sana ang empakta kaso pinigilan agad ni Tanvi,

"Krystal, stop!" Muling sumulpot si ma'am.

"Kainis! Tabi!" Bulyaw ko kay Riri, binangga ang kanyang balikat at tuluyan silang iniwan.

"Miller! I said, stop!" Umalingawngaw ang boses ni ma'am sa buong hallway, pati ibang students ay napatigil sa kanyang pagsigaw ng aking apelyido. Huminto ako at huminga ng malalim bago tumalikod upang harapin siya.

Hingal na hingal man ay pinilit niya parin akong mahabol hanggang sa tuluyan niya akong mahawakan. Sa sobrang higpit ng kanyang pagkakahawak sa kamay ko ay pakiramdam ko magkakapasa ako.

"I-I'm sorry. Please, stop running away." Ipinikit ko ang mga mata, pilit sinasabi sa sarili na walang dahilan para tratuhin ng ganito sa ma'am.

Imbes na sagutin ay hinubad ko ang suot na sapatos at inalalayan siyang hubarin ang kanyang heels. Marahan kong isinuot sa kanya ang sapatos ko para hindi na siya magtiis at mahirapan pa. Kinuha ko ang heels bago tumayo at muling hinarap si ma'am.

"I'm hungry." Sabi ko at buong ingat kinuha ang kanyang kamay at hinawakan saka hinila pahakbang. Wala akong sagot na nakuha kay ma'am pero ramdam ko kaagad ang higpit ng kanyang kapit sa aking palad.

Ayaw ko magalit sa kanya at nanlalambot ako pag nakikita si Jami nasasaktan.

CHAPTER 12

-

"Sir nandito na po si ma'am."

Napaikot ako ng mga mata nang makita ang aking ama, nakaupo sa may veranda habang nagbabasa ng newspaper at inom ng kape. Bakit nandito na naman ako sa pamamahay na 'to? Ano kailangan n'ya at pinatawag ako, nakakainis!

"What?"

"Maupo ka." Hindi ako umupo at nanatiling nakatayo sa kanyang harapan. Bakit ako uupo? Baka madumihan damit na bili ni Jami para sa akin

"Pinatawag mo 'ko?" Nakakawala ng gana sa umaga, kinailangan ko pa umabsent dahil sa utos nya!

"Hindi ba binalaan kita na huwag kang hihingi ng tulong sa mga kaibigan mo?" Awtomatikong tumaas ang isang kilay ko, kailan ako humingi ng tulong? Wala akong natatandaan.

"Umalis ka sa tinutuluyan mo, sasama ka kay troy sa penthouse nya." Umuwang ang aking labi at nag-iiba ulit ang nararamdaman sa katawan. Nag-init kaagad ang aking ulo pagkatapos banggitin ang pangalan ni Troy at mas lalo na sa sinabing sasama ako sa penthouse nito.

"Hindi ako sasama sa kanya, kaya ko buhayin sarili ko kahit wala akong pera. Hindi ko mapipilit ang sarili mahalin ang isang lalaki na hindi ko naman mahal!" Di na nakapagpigil at nasigawan ko siya. Wala akong pakialam total wala naman siyang pakialam sa kung ano nararamdaman ko.

"Hindi naman lalaki ang gusto ko!"

Napapikit at halos matumba ako sa kanyang ginawag pagtapon ng hawak na newspaper sa mukha ko at marahas na tumayo saka binigyan ng malakas na sampal.

"Mag impake ka ng mga damit mo at sasama ka kay Troy sa ayaw at sa gusto mo!"

"Wala ka na ngang silbi sa pamamahay na to tapos sasabihin mong hindi lalaki gusto mo?! huwag mo akong subukan Krystal, sinasabi ko sayo na huwag mo uubusin ang pasensya ko."

Halos ibuhos ko lahat ng lakas sa kamao at nalalasahan ang dugo ng aking labi dahil sa sobrang diin ng pagkagat ko. Hindi ko na kaya kontrolin ang sarili, hindi ko alam magagawa pag tuluyan kong inilabas lahat ng sakit at poot na nadarama ngayon.

"Kahit pa dalhin nyo ako sa kahit na saang lugar hindi nyo parin mababago ang isipan ko! ganito parin ako at wala kayong karapatan na pangunahan ang desisyon ko!" naluluhang sigaw ko sa kanya at nanlilisik ang mga matang tinitigan sya.

Marahas niya akong hinila papasok at kinaladkad paakyat nang hagdan, pwersahan kong inalis ang kamay niya ngunit hindi ko magawa dahil pati kanyang kuko ay nakabaon na. Halos matumba na ako sa ginagawa niyang pagkaladkad, mga luha na nagsimulang pumatak.

"Bitawan mo ko! sabing hindi ako sasama kay Troy!" sigaw na ako ng sigaw habang lumuluha. Yung

puso ko parang sasabog na sa sobrang sakit, sana hindi nalang ako bumalik sa bahay na to kung alam ko lang na ganito mangyayari.

"Hindi kita binihisan at pinakain para maging suwail na bata!" Sinuntok-suntok ko ang kanyang braso para lang bumitaw ngunit bigo ako dahil mas lalo pa hinigpitan ang pagkakahawak sa akin.

"Gusto mong itakwil kita bilang anak?!" kahit may mga maids at security na nakakakita wala naman silang magagawa kundi ang manatili at tumahimik habang pinapanood akong inaabuso ng aking ama.

"Edi itakwil mo! hindi ko kailangan ng kayamanan mo! bitawan mo ang kamay ko! bakit kasi hindi nyo nalang tanggapin ang desisyon ko!" Hindi ko parin maalis kaya ang tanging ginawa ko nalang ay ang kagatin ang braso nito.

"Hudas kang bata ka!" sigaw nya.

Napasigaw ako sa gulat nang marahas nyang itinulak ang balikat ko dahilan upang mawalan ako ng balanse.

Huli narin ng mapagtanto ko ang kababagsakan ko. Shit!

*

Kathlyn

I didn't know why I felt unsettled since this morning. When I woke up, Krystal was gone and she didn't come to school either. I was getting really worried because I couldn't get in touch with her even on her cellphone.

"Athy, hindi mo ba alam kung saan nagpunta si horsey ko? kanina ko pa kaso tinatawagan pero hindi ko ma contact. Nakapatay din ang kanyang phone." Ara asked worriedly.

I also tried to call her but I couldn't contact her earlier. Did something bad happen?

"I-I don't know. She wasn't there when I woke up this morning."

I quickly called my secretary on my phone, needing to know where Krystal was and if she was okay. We were fine last night and everything was going well, but then she suddenly disappeared this morning. I didn't like this, she had me really worried... I felt like I was going to go crazy thinking about her.

I had nearly finished dialing, but my secretary picked up the call before it could even ring twice.

"Ma'am?"

"I need you to find someone for me," I ordered firmly.

"Who, ma'am?"

"Krystal Bern Miller. I'm giving you ten minutes to find her," I said firmly before hanging up the call. I had a bad feeling, she wouldn't leave without saying goodbye unless it had something to do with her family. I swear, if something bad happens to Krystal, I won't let them get away with it.

"Athy, sa tingin ko umuwi sa bahay nila si horsey ko. Paano kung saktan na naman nila yon." I almost

forgot that they are sisters.

I quickly grabbed my phone the moment I received a call from my secretary. That was surprisingly fast.

"M-Ma'am nasa St.Luke hospital po sya, vip room 101 and according to my source nahulog daw po sa hagd-" I didn't let her finish speaking and immediately ended the call.

"I've got to go," I said urgently, quickly standing up and heading to the parking lot. I heard Ara calling out to me, but I didn't want to waste any time. Damn it, what the hell happened to you, Krystal!

The hospital wasn't far from the school, and I almost sprinted to Krystal's room as soon as I entered the hospital. I immediately started looking for her room, and I didn't hesitate to open the door as soon as I reached the hallway outside her room.

My eyes widened in shock at the sight of her condition. I suddenly felt a shudder run through my body as I slowly approached her. She was alone, peacefully sleeping by herself. There was a bandage around one of her hands and her foot. I took a deep breath and bit my lower lip as I gently caressed her cheek.

How clumsy are you to fall down the stairs? Why are you torturing yourself Krystal?

I told you that I'm ready to help you with any problem, you just have to tell me..

"Krystal," I whispered, wiping the tears that fell involuntarily.

"Why are you so stubborn?" I was about to kiss her forehead but she suddenly opened her eyes.

"M-Ma'am?" she asked, as if she couldn't believe I was really here.

"Hi." I whispered and smiled.

I was surprised when she suddenly started crying and hugged me tightly. "J-Jami ayoko dito, alisin mo ko dito please, uwi na tayo." she said, sounding like she wanted to get away from someone.

"Jami, please I'm begging you," I cupped her cheeks and wiped her tears. I couldn't bear to see her cry because it really affected me.

"Okay, stop crying," I whispered and immediately called my secretary to handle everything that needed to be sorted out.

"Let me call your sister first. She's been worried since earlier," I said before stepping out, only to find that she didn't want me to leave. I just stayed by her side while waiting for Ara to answer my call.

-

Krystal

Paano nalaman ni Jami na nandito ako? natatakot ako na baka maabutan s'ya ng ama ko. Gusto ko na umalis, kailangan na namin makaalis sa hospital na to.

Mabuti nalang hindi ulo ko ang naapektuhan. Ginamit ko kasi ang mga kamay upang maprotektahan ito habang gumugulong pababa ng hagdanan.

May mga lalaking nurse na may dalang wheelchair ang biglang pumasok ng kwarto at kinausap ni Jami. After nila mag usap ay hindi na sila nag aksaya ng oras at marahan akong binuhat upang mailipat sa wheelchair.

"Krystal, are you okay?" tawag ni Jami bago tapikin ang ulo ko.

"Tell me if you're uncomfortable." dagdag pa nya. Tumango ako bilang sagot at kinuha ang kamay nito sa ulo ko.

"Jami, alis na tayo please." kanina pa ako kinakabahan at hindi mapakali, baka madamay pa si ma'am kapag nahuli kami.

"Wait." nagulat ako sa biglang pagluhod nya sa harap ko at isinuot ang sumbrero saka mask sa mukha ko.

"I'm here, don't be scared Krystal." bulong nya bago tumayo at umikot sa likod ko upang itulak ang wheelchair na gamit ko.

Habang tinatahak ang daan palabas ng hospital ay mas palala nang palala ang tibok ng puso ko.

Laking gulat ko nang paglabas ng hospital ay nakasalubong namin ang aking ama kasama ang kanyang mga tauhan. Agad akong nagbaba ng ulo at mas itinago ang mukha sa suot ko na sumbrero.

Sa dami kong iniisip namalayan ko nalang ang sarili na buhat-buhat ng isang lalaki para sana ipasok sa sasakyan ngunit mabilis itong pinigilan ni Jami at siya na mismo ang bumuhat sa akin at inilagay ako sa komportableng posisyon.

"Jami, paano mo nalaman na nasa hospital ako?" agad na tanong ko bago isandal ang ulo sa balikat nito.

"I was worried because I couldn't contact you. You didn't come to school either, so I looked for you." ang bilis naman nya akong nahanap. Hindi ko na kasi nagawang magpaalam sa kanya kaninang umaga.

"What happened? I want an honest answer." seryoso nyang tanong at hinawakan ang kamay ko. Ayaw ko sana sabihin sa kanya pero alam kong malalaman din naman kahit anong tago ko pa.

"Pinauwi ako sa bahay, nag away na naman kami ni dad at pilit akong pinapasama kay troy. Hindi ako pumayag kaya kinaladkad nya ako paakyat ng hagdanan. Dahil sa galit nakagat ko ang braso nya, dahilan upang maitulak at mawalan ako ng balanse kaya nahulog ako sa hagdan." naramdaman ko ang paghigpit ng hawak nya sa kamay ko.

"Jami, ayaw ko na bumalik do'n at wala akong pakialam kahit itinakwil na ako. Gusto ko lang mamuhay ng payapa, masaya, at malimutan ang nakaraan. Gusto ko na makalaya sa kadiliman na pilit hinihila ako pabalik sa kawalan." paulit ulit ko na sinabi sa sarili ko na hindi na ako iiyak pero hindi ko naman mapigilan ang mga luha na kusa nalang talaga pumapatak.

I closed my eyes when she suddenly caressed my cheek at dinig ko ang pagbuntong hininga nito.

"I don't like seeing you cry. Don't worry, I won't let them hurt you again." she whispered while patting my head.

"Thank you, Jami."

Thankful ako dahil minor sprain lang ang nangyari sa ankle ko. I have to rest for two weeks at sa tingin ko mahihirapan din ako kung gagamit ng saklay. Umuwi kami sa bahay ni Jami, nagulat nalang ako pagbalik dahil may mga maids at securities na ang nakaabang sa labas ng bahay?

"Jami bakit maraming tao?" kunot noo na tanong ko habang papasok kami ng gate.

"I hired them to watch and take care of you when I'm not around." napatanga at nganga ako sa sinabi nito.

Grabe at talagang napaghandaan na nya kaagad ang mga to sa isang araw lang? hindi ko alam kung bakit ganito ako kung e-trato ni Jami. Sobra-sobra rin sya kung mag alala sa akin. Huminto na kami at agad na bumukas ang pinto. Dahan-dahan akong inalalayan buhatin pababa ng sasakyan at muling isinakay sa aking wheelchair.

"Good evening, ma'am." bati ng mga kasambahay kay Jami habang tulak-tulak ako papasok ng bahay.

"Your room is now on the first floor, so you won't have any trouble if you want to go around." Speechless na talaga ako sa mga ginagawa niya, lahat yata at kahit kaunting details ayaw nya palampasin.

Ipinasok nya ako sa kwarto at sya narin mismo ang umalalay upang makahiga sa kama at inayos ang comforter ko. Ang ganda at super baet po ng personal nurse ko!

"Jami may tanong ako." salita ko rason upang mapatingin ito.

"Hmm?"

"Sabi mo hinalikan kita? may nangyari ba?" tanong ko ngunit kumunot ang noo nya.

Napalunok ako nang inilapit nya ang kanyang mukha sa tenga ko. "I don't know if you are slow or just pretending to be ignorant Krystal. Yes, you kissed me not just once but many times." bulong nito dahilan upang manlaki ang mga mata ko.

Ako? hinalikan sya ng maraming beses?! wala akong matandaan. Wait, omg! baka si Bern ang tinutukoy nya?

May gusto ba si Bern kay Jami? kaya ba bigla syang lalabas tulad nong nangyari sa gabing yon?

Ramdam ko ang pagkunot ng noo habang iniisip ang mga bagay na yon. Alam na rin kaya ni Jami ang tungkol sa kanya? kung gano'n hindi ako ang dahilan kung bakit ganito sya kundi ang alter ko na si Bern?

"Krystal?" pukaw ni Jami kaya naputol ako sa malalim na pag iisip kahit wala naman ako no'n.

"Jami paano kung may nalaman ka tungkol sa akin? lalo na sa personality ko?" sasabog sa kaba ang puso ko habang nagtatanong sa kanya.

Hindi sya umimik at tahimik lang akong pinagmasdan. Hindi ko mabasa ang mga mata nya pero sa tingin ko sinusuri nya ako ng husto.

"What do you mean?" sagot nya at nag iwas ng paningin…

"Wala po ma'am, sige na at baka may kailangan ka pang gawin." sabi ko at ipinikit ang mga mata

habang nakasandig sa headboard.

Naiinis ako, bakit nga ba bigla nalang ako nakaramdam ng ganito matapos kong malaman ang katotohanan na lagi na syang nahahalikan ni Bern.

"Krystal."

"Give me alone po." gusto ko na mapag-isa sa ngayon.

"What the hell are you talking Krystal?" pikit mata parin akong nakikipag usap sa kanya at naramdaman ko nalang ang paghawak nito sa kamay ko.

"Wrong grahams, leave me alone po." pagtatama ko sa kabobohan ngunit mali parin naman. But since ako mismo ang nagsabi, dapat tama yan.

"You need me." kailangan kita pero si Bern ang gusto mo.

Ano nalang kaya ang mangyayari kapag nalaman mo ang totoo? mananatili ka parin kaya sa tabi ko o mas pipiliin mo ang lumayo sa piling ko.

"Ma'am nagseselos po ako." sagot ko at iminulat ang mga mata.

"W-what?" bakit parang nagulat pa sya sa sinabi ko.

"Nagseselos ako sa sarili ko." direktang salita ko sa kanya. Naguluhan yata sya sa sinabi ko dahil tulala lang at bahagyang nakaawang ang kanyang bibig.

"As far as I know, only your hands and feet were affected and not your head." she said using her monotone voice.

Grabe naman kung makainsulto si ma'am. Sabagay at totoo naman ang sinabi nya, sino ba naman ang taong pagseselosan ang sarili.

"Jami."

"Yes?"

"Kiss me?"

"H-Huh?" she stuttered?

"Ha?" Parehas kaming nagulat sa biglang kumawala na salita sa bibig ko. Paano ko nasabi yon? bakit kusa nalang kung magbitaw ng mga ganong salita tong bibig ko.

"Ayaw mo po? ou nga pala at hinihintay mo si certain person." sunod kong salita dahil hindi na ito sumagot at kumilos sa pagkabigla.

"Hindi na po ako kakain at matutul-"

Napamulat at kurap ako ng maraming beses nang bigla nya nalang halikan ang labi ko kaya naputol ang sasabihin ko.

It was just a long, deep kiss, but she suddenly broke it off.

"G-gutom na ako Jami." bulong ko at nag iwas ng mga mata. Pakiramdam ko sasabog ang mukha ko sa sobrang init.

Narinig ko ang mahinang tawa nya ngunit hindi ko parin ito pinansin.

"So cute." sambit nito at ninakawan na naman ako muli ng halik sa labi bago tuluyang tumalikod at lumabas ng kwarto.

Nagising ako sa marahan na mga tapik sa aking pisngi. When I opened my eyes si ma'am kaagad ang nasilayan ko na nakaupo sa gilid ng kama. Nakatulog pala ako?

"Ma'am bakit po?" antok na tanong ko habang nagkukusot ng mata.

"Come on, let's eat and use this." mahinang bulong nya at itinuro ang isang electric wheelchair? kailan pa nandito ang wheelchair na to.

"Grabe ka naman Jami at hindi naman ako habang buhay na baldado." natatawa kong saad sa kanya habang nakatitig sa wheelchair.

"You need that so you don't have to struggle with pushing the wheel." tama rin naman ang sinabi nya lalo na at isang kamay lang ang magagamit ko.

"Okay, please hug me at alalayan akong makatayo." nakangusong utos ko sa kanya. Akala ko magagalit sya dahil sa inasta ko pero hindi naman at sinunod naman nya.

Madali nalang sa akin ang gagawin dahil may controller ang wheelchair na gamit ko. Pagdating sa dining table ay todo alaga si Jami at sya narin mismo ang nagsubo sa akin ng makakain.

"Pwede ka na pala maging housewife ma'am." sabi ko habang ngumunguya.

"You think so?" mabilis akong tumango at nginitian sya, nasa kanya na yata ang lahat at wala ka ng ibang hihilingin pa.

"Then, gusto mo ba?" I stopped chewing at piniproseso kung ano ang ibig nyang sabihin sa kanyang sinabi.

"Gusto ko?" Ulit ko kasabay ang pagturo sa sarili.

Tignan mo tong si Jami, nagtatanong ako ng maayos tapos iiling lang at tatawanan ako.

"Here," sambit nya at sinubuan akong muli ng hotdog.

Habang kumakain ay napaisip na naman ako bigla. Paano nalang kapag dumating yong certain person na hinihintay nya? magiging ganito pa kaya kaalaga at lambing si Jami sa akin?

Parang ayaw ko yata mangyari yon dahil sobrang attached na ako sa kanya.

"Jami." tulalang sambit ko.

"Yes?"

"Hindi ba may hinihintay kang tao? ayon ang dahilan kung bakit hindi mo pa sinasagot ang manliligaw mo diba?" natigilan ito sa paghiwa ng pagkain at tinignan ako.

"Yes, why?" saglit lang nya ako tinignan at muling itinuon ang atensyon sa pagkain. Ang ganda ni Jami, halata sa kanyang mukha ang pagod ngunit nandito parin sa aking tabi, inaalagaan at pinagsisilbihan kahit marami naman sana siya kinuhang katulong.

"Paano kung dumating na yong tao na tinutukoy mo. Anong gagawin mo?" kainis bakit ko ba tinatanong to tapos makakaramdam ako bigla ng kirot.

"Dumating?"

"Opo."

"Matagal na, she's just not aware." tumango ako at magsasalita na ulit sana ng mapagtanto ko ang huling sinabi nya!

"S-She?" paubo ubo kong sambit.

"Yes and you know the person I'm talking about." nakakagulat naman si ma'am! aside sa ccb at mga pinsan nya may iba pa ba akong kakilala na kilala din nya?

"Sino po? yan ba yong nahulog sa building na sinabi mo noon?" naalala ko may binanggit pala syang ganito before.

May saltik din talaga si Jami.

"Jami palala ka na talaga, tatawa ka ng walang dahilan." I shook my head and heaved a sigh.

"That's not true. Sinabi ko lang yon para ibahin ang reason instead of car." anong ibig nyang sabihin? ako na naman tuloy ang naguguluhan dahil sa mga sinasabi nya!

"Hala!"

"Gosh Krystal, why are you shouting?" ay nasamid pa tuloy sya dahil sa biglaang pagsigaw ko.

May naalala kasi ako!

"Jami hindi ako makakapasok sa trabaho, baka pagalitan ako ni ate Niks." hindi ko pa kasi na chat si ate Niks baka magulat nalang yon mamaya walang keybold ang dumating.

"It's okay and you don't have to worry about that. Nasabihan ko na sya." pwede na talaga maging girlscout ng demogons si Jami sa sobrang advance nya mag-isip.

"Oh salamat po."

After kumain tumambay muna ako sa veranda kasi hindi rin naman ako makatulog. I don't know kung tulog na si Jami, dumiretso na kasi sya umakyat kanina matapos naming kumain.

"Alam kong gising ka, kausapin mo ako." tawag ko kay Bern.

What?

"Gusto mo si Jami?" mabuti at walang tao sa paligid.

Yes. We only have one heart, I'm not the only one who likes her. You too.

"Paano mo nasabi?"

Krystal, I've known you since childhood, so I know how you feel. I know everything.

"Alam m-"

"Krystal?"

Natigilan ako sa pagsasalita nang biglang sumulpot si Jami. Narinig ba nya ang lahat?

"J-Jami?"

Napatakip ako ng mukha dahil sa suot nito na nightgown. Hindi ko kaya tignan at feeling ko magkakasala ako dahil sa mga images na bigla nalang pumasok sa isipan ko.

"Who are you talking to?" tanong nya pagkalapit sa akin.

"W-Wala po ma'am, kausap ko lang sarili ko. Huwag mo na po isipin, akala ko tulog ka na?" sana paniwalaan nya ang sinabi ko. Totoo naman na kausap ko lang ang sarili ko.

Kinuha ko ang isang kamay nya at hinalikan. Hindi ko na talaga alam ang aking nararamdaman.

"Jami, do I like you?" direktang tanong ko sa kanya.

Her eyes widened in shock dahil sa naging tanong ko na pati ako ay hindi sigurado.

"Y-You like me?" bakit parang sya pa ang kinakabahan sa aming dalawa.

"Hindi ko po alam ma'am? naguguluhan din ako sa nararamdaman ko?" I whispered and gave her palm wet kisses. Bakit ang lamig at nanginginig ang kamay nya?

"Jeez." she smiled and used her other hand to caress my cheek.

"Such an innocent girl." pati ako natawa sa sinabi nya. Totoo naman kasi ang sinabi nya, pati ako na mismong feelings ko hindi ko alam.

"Basta po ma'am ang alam ko kapag kasama kita masaya ako. Kapag nandyan ka pakiramdam ko walang masama ang mangyayari sa buhay ko. Kapag pinoprotektahan mo ako mas lalo akong na aattached sayo. Katulad nalang po sa ginagawa mo sa akin ngayon, palagi kang nandyan para sa akin kapag kailangan ko ng isang tao na masasandalan." basta ang alam ko panatag ang loob ko kapag kasama sya.

Napangiti ako pag angat ko nang ulo dahil namumula ang pisngi nito. Hindi naman madilim dahil sa ilaw kaya kitang kita ko.

"Ikaw ba ma'am, do you like me po?" isang tanong mula sa akin na hindi nya inasahan.

Marahan ko syang hinila at pinaupo sa kandungan ko. Hindi naman sya mabigat kaya walang problema.

"Ano mommy? Do you like me po?" ulit na tanong ko dahil hindi ito sumagot at nakababa ang ulo nito.

Naghintay ako ngunit wala parin akong sagot na natanggap hanggang sa makarinig ako ng mahinang pagbuntong hininga.

"What am I gonna do with you Krystal. Seriously, you're driving me crazy." bulong nya ngunit hindi ko narinig ang hulig nitong binanggit.

"Po?"

I raised my eyebrows ng mag angat ito ng ulo. Natawa ako sa sobrang pula ng mukha ni Jami! hindi ko alam kung bakit pero natutuwa talaga ako kapag nahihiya sya.

She leaned closer and I allowed her to kiss my lips. She started moving her lips, and I immediately reciprocated. She gently wrapped her arms around my nape as we passionately kissed. She slowly moved to my neck, sending shivers down my spine, and continued kissing until she reached my sensitive spot on my neck, which made me let out a weak moan.

Napangiwi ako nang bigla nya nalang kagatin ang leeg ko at gigil muli na sinipsip ito. My God! it's turning me on!

"J-Jami." bulong ko at marahan na hinaplos ang ulo nito.

Napatigil ito at tuwid na umupo saka nakipagtitigan sa akin. Kagat labi nalang ang tanging nagawa ko nang ngumiti sya bago muling bigyan ng malalim na halik ang labi ko.

"I'm sorry Krystal. I just can't stop myself from kissing your lips." ang prangka ni Jami, para akong nakikiliti sa loob ng tiyan ko.

Bumaba ang tingin nito sa leeg ko at sumilay muli ang isang magandang ngiti sa kanyang labi.

"Marked." sambit nya at hinaplos ang leeg ko.

"Po?" yong love bites ba?

Hindi nya ako sinagot at dahan-dahan na tumayo mula sa kandungan ko.

"Get some rest, krystal." malambing na bulong nito bago tinapik ang pisngi ko.

"Mauna ka na Jami at susunod na ako." sagot ko.

Hindi naman kami naging awkward sa isa't isa matapos namin maghalikan na dalawa? parang mas gumaan pa lalo ang pakiramdam ko lalo na't sya ang kahalikan ko.

"Alright, goodnight Krystal." tumango ako at nginitian sya matapos nyang mag goodnight at pisilin ang ilong ko.

"Goodnight Jami! sweet dreams po."

Pumasok na sya kaagad at naiwan akong mag-isa. Ngayon lang yata tumalab sa akin ang hiya pagkaalis nya!

I quickly covered my face habang inaalala ang halikan namin kanina. Potangena huhu bakit ko ba nasabi ang gano'n. Pero mas nakakagulat ang ginawang paghalik ni Jami.

Does it mean she likes me?

*

Makalipas ang ilang minuto ay nagpasya na akong pumasok, pabalik na sana ako ng kwarto nang makita kong bukas ang pinto ng kwarto ni Jami. Instead sa kwarto ko ay sa kanya ako dumiretso at sumilip, pagsilip ko sa loob ay hindi ko siya makita kaya tinawag ko kaso wala naman sumasagot.

"Jami? Nasaan ka? Bukas kwarto mo." Tawag ko sa kanya. Naisip ko baka nasa banyo at nakalimutan e-locked ang pinto? Di ko na inabala at agad itong sinarado.

"Krystal."

"Ay palaka!" Sigaw ko dahil sa gulat at napalingon sa aking likuran. Nakahinga ako ng maluwag ng makita si Jami, akala ko nasa loob na siya ng kwarto.

"Sorry, akala ko kasi nakalimutan mo isarado ang pinto kaya tinawag kita." Paliwanag ko.

"Bakit po?" I asked and tilted my head, feeling ko may gusto siya sabihin ngunit nagdadalawang isip lang.

"I-I have something to say." Naghintay ako kung ano ang kanyang sasabihin. Masakit na salita ba? Masasaktan ba ako? Bakit hirap siya mag open up sa akin tungkok dyan?

"Sure po." Para hindi siya kabahan at hinawakan ko ang kanyang kamay.

"Your sister... Iris, hinuli siya ng mga pulis kanina." Natulala ako sa kanyang ibinahagi, akala ko kung gaano ka importante ang kanyag sasabihin.

"Yun lang po?" Tumango siya.

"Ah okay, akala ko kung ano." Sagot ko.

Tipid niya akong nginitian bago lunuhod upang mag pantay ang aming mga mata. "Aren't you worried about your sister?" Tanong ni ma'am, mabilis akong umiling at nagpakawala muli ng buntong hininga.

"Walang dahilan para mag-alala, malaki na siya... Pero anong dahilan hinuli siya?" Curious ako, di naman makukulong empaktang yun kahit pa ilang kaso isampal sa mukha niya.

"She beat up Brenton." Tumango ako.

"Buhay pa naman po? Kung buhay pa wag ka mag-alala Jami, kaya na ni empakta yan at sa tingin ko hindi naman siya pababayaan ni ma'am Everleigh?" Kasi sa nakikita ko mas may pakialam pa si ma'am Eve kay empakta kaysa mismong jowabels niya.

May bigla akong naisip kaya pinisil ko ang pisngi ni Jami, "May tanong ako, gusto ko sagutin mo ng maayos." Sabi ko.

"Go ahead."

Tumango ako, "Kapag ba napatunayan ang ginawa kong krimen at nakulong ay magpapatuloy ka parin ba sa ginagawang pagmamalasakit sa akin? Tutulungan mo rin ba ako? Gagawin lahat para makalabas sa kulungan?" Seryoso kong tanong at nagulat dahil hindi man lang ito nag-isip tapos wala pang isang segundo ay tumango kaagad ito.

"Of course, Krystal. Even if you do something beyond imagination, something that can't be forgiven, I'll support you, I'll follow you wherever you go." Parang pinapahiwatig lang din ni Jami na kahit makapatay ako ay susuportahan niya pa rin ako kaloka.

"What if makapatay ako?" Sabi niya kasi something beyond imagination, e yan lage naiisip ko dahil sa walang kwentang pamilya ko.

Hindi ako sinagot ni Jami, sa halip ay hinaplos lang ang pisngi ko bago tuluyan tumayo at umikot... Akala ko kung ano gagawin, tutulak lang pala ako papasok ng kwarto. Marahan niya akong binuhat at inihiga sa kama, inayos ang kumot at inalalayan paa ko para hindi mahirapan pa.

"It's late, you need rest." Sabi niya habang inaayos ang aking comforter sa bandang dibdib.

Tumango ako, "Matulog ka na rin po at may pasok pa bukas. Hindi ako makakapasok, ikaw nalang bahala sa kanila magpaliwanag Jami kung kinakailangan." Ayaw ko harapin mga yun lalo na sila babe kasi mangungulit lang din sa akin.

"Don't worry." Sagot niya bago ngumiti at dinampian ako ng halik sa noo. "Goodnight, Krystal." Bulong niya.

"Goodnight." Tipid akong ngumiti bago tuluyang ipinikit ang mga mata.

Salamat kasi hindi niya ako pinabayaan mag-isa. Hindi ko alam ano magiging sitwasyon ko kung walang Kathlyn Jamila Ponferrada sa buhay ko, kaya malaki talaga ang utang na loob at pasasalamat ko sa kanya kasi wala na itong ginawa sa akin kundi puro kabutihan nalang.

Konti nalang talaga, mahuhulog na ako ng tuluyan kay ma'am pag tuloy-tuloy siyang naging ganyan tapos palagi ako binibigyan ng assurance, kaso nangangamba pa rin ako dahil paano pag dumating yung taong matagal na niyang hinihintay? Edi kawawa ako, iyak malala ako.

"Krystal, what are you thinking?" Nandito pa pala siya at akala ko lumabas na ng kwarto. Napansin niya siguro dahil nasisira ekspresyon ko kahit nakapikit.

"Ma'am, may sasabihin ako." Hindi ko ibinuka ang mga mata kasi baka hindi ko masabi sa kanya.

"Hmm?"

"Nalilito ako, kasi may hinihintay kang tao diba? Tapos hindi ko na po alam kung anong status ko sa buhay mo... I mean, kung ano ako sayo? Kasi ano, paano ko ba ipapaliwanag at kay hirap." Kaloka, nababaliw na ako at mukhang kulang sa tulog.

"What do you mean?" Tanong niya.

I heaved a sigh.

"What if nagbalik siya? Tapos po, ano.. ano nalang mangyayari sa akin pag bumalik siya sa piling mo? Gagawin mo rin akong kabet tulad ni Iris?" Omg! Ano tong mga pinagsasabi ko! Mabilis kong itinago ang

mukha sa makapal na comforter. Ilang segundo ngunit wala akong narinig kay ma'am kaya akala ko lumabas na, pagsilip ko ay halos ibaon ko na ng tuluyan ang sarili dahil sa labis na pamumula ni Jami!

"J-Jami?" Tawag ko sa kanya. Feeling ko dudugo na yang labi niya sa sobrang diin kung kumagat.

"Krystal."

"P-Po?" Gulped.

Binigyan niya ako ng matamis na ngiti. "No te preocupes, mi corazón te pertenece desde el principio." Ako na walang maintindihan ay nagsalubong ang mga kilay.

"Goodnight." Hindi man lang ako hinintay at bigla nalang siya kumaripas palabas ng kwarto.

Bern, nandyan ka ba? Ano ibig sabihin ni Jami sa sinabi niya?

Hello?

Kaloka, ayaw sumagot ng bruha!

Gusto ko sana mag google kaso nakalimutan ko agad kung ano sinabi niya. Ang bobo mo talaga Krystal!

"Argh! Makatulog na nga!"

CHAPTER 13

AN: Himlay malala
Pigilan ang kilig mga sabaw.

-

"Good afternoon po." Binati ko si manang na abala ngayon sa kanyang ginagawang trabaho, mukhang masarap ang mga inihanda.

"Magandang hapon po miss, ibinilin sa akin ni madam na kung may kailangan daw po kayo tawagan mo lang sya. Maaga sya umalis kanina." Paliwanag sa anin ng kasambahay na kinuha ni ma'am,

Miss ko si Jami, hindi man lang nya ako ginising at nagpaalam bago umalis.

"Salamat po." Sagot ko at ngumiti. Kukuhanin ko na sana ang kutsara't tinidor nang mapagtantong hindi ko pala kaya kumain ng mag isa dahil sa bandage ko.

"Manang mamaya nalang po ako kakain, hindi pa naman ako gutom." Sabi ko sa kanya at pinaandar ang electric wheelchair pabalik sa kwarto, pero ang totoo ay talagang gutom na ako kaso lang ayaw ko naman humingi ng pabor dahil baka maabala ko sila.

Hihiga na sana ako upang matulog muli nang biglang bumukas ang pinto at iniluwa si Jami na may dalang food tray.

Bakit nandito siya? Diba ang sabi ni manang sa akin ay umalis na si Jami? O bagong dating lang siya ngayon at dumiretso sa akin? Ay kaloka, bakit ko ba iniisip yan at dapat nga mas matuwa ako dahil binalikan ako.

"Jami." sambit ko sa pangalan nya.

"Hey, how are you feeling today?" tipid na ngiting tanong nito bago inilapag ang bag sa sofa at umupo sa tabi ko hawak-hawak ang tray.

"Okay na, bakit umuwi ka? kakasabi lang ni manang sa akin maaga ka raw umalis. Maaga ba klase mo kanina?" tanong ko.

"Yes, I didn't wake you up because you were sleeping. I went home, remembering that you can't eat alone with one hand." bahagyang nakaawang ang bibig ko dahil sa sobrang maalalahanin at lambing nito.

"Jami bakit ganyan ka?" tanong ko at kinagat ang ibabang labi. Kapag talag nagpatuloy pa siya sa pagiging ganito ay baka tuluyan na ako mabaliw at hanap-hanapin siya.

"Hmm?" nakangiti ito habang sinusubuan ako.

"Hindi ko talaga ma explain ma'am, lalo na kapag malapit ka o todo ang pag-aalala sa akin katulad ngayon. Bigla lumalakas ang tibok ng puso, hindi naman ito ganito kanina nong hindi ka pa dumating?" ito siguro 'yong tinutukoy ni Bern sa akin kagabi. Baka nga talaga totoo at may gusto ako kay ma'am?

She bit her lower lip and slightly lowered down her head.

"Jami?" tawag ko ngunit napansin ko ang namumulang magkabilang tenga nito.

Nakita ko ang dala nitong plastic folder kaya kinuha ko ito at tinignan kung ano ang laman.

"I just want ___ to be with me for the rest of my life?" basa ko sa unang nakasulat.

"Assignment ba namin to ma'am?" tanong ko at sa pagkakataon na ito ay nag angat na sya ng kanyang ulo.

Medyo mapula rin ang pisngi nya at hindi masyado makatingin ng direkta sa aking mga mata. Bakit pakiramdam ko iniiwasan nya magkatitigan kaming dalawa?

"Anong kulang dito ma'am?" sunod na tanong ko bago kainin ang isinubo nito.

"You, para makumpleto." mahinang bulong nya pero malinawnang narinig ko.

You?

"Ako?" I asked innocently while chewing my food.

Willing naman ako sa offer ni ma'am kung ako. Kung tatanungin ako ang isasagot ko talaga sa kanya ay kahit araw-araw pa kami magkasama na dalawa, walang problema.

Sa pagkakataon na ito ay nagkatitigan kaming dalawa, pero napansin ko na puno masyado ng pag-aalala ang kanyang mga mata? Makalipas ang ilang segundo ay nahihiya siyang kinagat ang ibabang labi.

"Look at the time Krystal." mahinang bulong nya kaya agad ko na dinampot sa gilid ng kama ang cellphone.

"1:43pm Jami." agad na sagot ko at ngumiti naman sya bago muli ako sinubuan.

"Do you want some pasalubong 3:29 - 3:39 Krystal?" biglang tanong nya ngunit naguluhan ako sa numero na binanggit nito.

Dapat talaga magpagaling na ako kaagad dahil ayoko maging pabigat kay Jami. Tignan mo at umuwi pa talaga sya ng bahay para lang subuan ako.

"Wala akong kailangan, pero pwede ba ako mamasyal mamaya? nababagot kasi ako sa bahay, magpapasama nalang ako kay manang mamaya." I snorted and scratched my eyebrow.

"Pero sa totoo lang, hindi ko kailangan ng pasalubong. Ikaw po sapat na." Pag-amin ko at humagikhik.

"W-Where do you want to go?" Ngumusuo akong muli, di man lang pinansin yung sinabi ko kaloka.

"Sa malapit lang na park." Walang gana kong sagot, hmp.

"Let's go after you eat, wala na akong klase." sagot naman nya

Si Jami sinungaling, anong walang klase e may subject sya mamayang 3pm sa amin. Pwede naman si manang nalang ipasama nya kung nag-aalala sya.

"By the way, I will not allow you to leave the house and live with your manliligaw. Stay here and I don't want anything bad to happen to you again." seryoso at maawtoridad nyang salita. Hindi ako kumontra at tumango nalang sa kanya.

After kumain at toothbrush ay nagpalit na ako ng damit, kaya ko naman magbihis na mag-isa kahit isang kamay lang ang gamit ko.

Lumabas ako ng kwarto at dumiretso sa living room kaso napansin ko na may kausap si Jami sa kanyang cellphone. Hindi ko sya tinawag at ayaw ko rin maging bastos kaya tahimik lang ako na lumapit sa kanya.

"I'll see you tonight baby. Yes, I'll be there. I love you bye." mahina ngunit sakta lang ang distansya upang marinig ko ang sinabi nya.

Bigla akong nawalan ng gana, sino 'yong kausap nya? manliligaw nya? sila na ba? Letche. Since nakatalikod naman ito mula sa akin at abala parin sa kanyang phone pumasok nalang ako muli pabalik sa kwarto.

"Krystal?" tawag nya pagbukas ng pinto.

"You ready?" blangko ko lang sya tinignan at tinanguan pero parang nakaramdam yata sya sa pag iba ko ng mood.

Lumapit sya at tahimik ko lang itong pinagmasdan. "You okay?"

"Opo, tara na ma'am." sabi ko saka pinaandar ang wheelchair at nauna na lumabas.

Buong byahe hanggang sa makarating kami ng park ay tahimik lang ako. Hindi nya rin naman ako kinausap kaya ano pa ba ang magagawa ko.

Medyo maraming mga bata ang naglalaro ngayon sa park, nakasakay ako sa wheelchair habang si Jami nasa tabi ko at sinasabayan ang bilis nitong sasakyan ko. May dala rin kaming snacks, syempre hindi mawawala ang paboritong kong cake na talagang sinadya namin sa uptown.

"Dito nalang po para hindi na masyadong malayo." sabi ko sa kanya at itinuro ang isang bench na nasa gilid lang namin.

Napatingin ako sa mga bata na masayang naglalaro at habulan. Bigla kong na miss ang mga kapatid ko, hindi ko pa sila nakikita simula kahapon. Miss ko na sila, masaya ako kasama si Jami ngunit nalulungkot din ako kasi walang mga siraulong gumugulo sa paligid ko.

"Ma'am sinagot mo na ba ang manliligaw mo?" salitang kusa nalang lumabas sa bibig ko habang nakatuon parin ang atensyon sa mga bata.

"What do you mean?"

Nilingon ko sya at nakita ang nakakunot na noo nito. Bakit parang bad news 'yon para sa kanya?

"Narinig kasi kita kanina, hindi ko naman sinasadya na marinig ang usapan nyo." agad na sagot ko.

Bigla akong nagutom kaya inagaw ko sa bibig nya ang lollipop na kanina pa nasa bibig nya. Napakurap pa sya ng ilang beses at bahagyang nganga.

Walang pagdadalawang isip kong ipinasok sa bibig ko ang lollipop na inagaw ko mula sa kanya.

"Jami? may nakakagulat ba?" pukaw ko at ikinaway ang kamay sa kanya.

"H-Huh?"

"Sabi ko bakit tulala ka?" Tanong ko at nilaro ang lollipop sa loob ng bibig ko.

"I saw butterflies." sambit nya kaya agad akong luminga-linga upang tignan ang paligid kung may butterflies nga ba syang nakikita.

"Wala naman?" May nakikita ba siyang hindi ko nakikita, may multo bang butterfly?

"N-Nevermind." she whispered and tucked the strands of her hair behind her ear, ang cute nya kapag nahihiya.

"About your question, it was my niece." dahil sa sagot nya ay biglang naging magaan ang aking pakiramdam.

"May pamangkin ka pala Jami?" confused na tanong ko, ngayon ko lang alam kasi ngayon lang naman nya sinabi.

"Yes, my cousin and her daughter just arrived from the states." my eyes widened in shock. Shock ako kasi hindi ko naman inasahan na may pinsan pa pala sila na hindi namin kilala.

"Oh, aalis ka pala sana si manang nalang ang ipinasama mo sa akin." sabi ko kasabay ang pagtango nang ulo.

"It's okay Krystal and besides, I want to spend more time with you." bulong nito bago matamis na ngumiti.

Palala na yata tong puso ko. Kapag nagtagal pa talaga ang ganito hindi ko na alam kung ano ang magagawa at masasabi ko.

"Krystal."

"Po?"

"What if I told you that I've fallen and I like the way you say my name? my heart skips a beat when I hear you calling and I like that it won't go away."

"But never mind, don't wanna give you any trouble. Never mind, never mind. I'm okay with being by your side for as long as I can hide. What if I told you that I've fallen?"

"What if I told you that I've fallen?
The heart shaped arrow through my chest.I'll make your breakfast every morning, and pick you up when you're a mess."

"But I know that it won't ever stop. You know I'll be there when you call me whether you like it or not. Without a warning, now I'm falling for this picture on my phone. But don't mind me, I'm just falling, I'll be back up on my own."

Napanganga nalang ako sa biglang pag strum ni Jami ng gitara at magsimulang kumanta. Para akong nakalutang sa ibabaw ng ulap dahil sa sobrang lambing at ganda ng boses nya.

"You like it?" tanong nya na nagpabalik ng kaluluwa ko sa lupa.

"Jami ang ganda at lambing ng boses mo, bagay sayo. Gusto ko ang kanta mo pero mas gusto ko mismo ang taong kumanta nito." dire-diretso kong salita.

Speechless na naman sya, lagi nalang namumula ang mukha nya kapag binigyan ko sya ng compliment.

"Are you hungry?" tanong nya ngunit nakasubo na sa bibig ko ang cake. Ang bilis naman kumilos ni Jami.

"Yes." malawak na ngiting sambit ko bago inalis ang lollipop sa bibig ko at kinain ang cake na isinubo nito.

Napalingon ako sa kanya nang hablutin nya ang lollipop sa kamay ko at muling ipinasok sa bibig nito.

Halaka! Si Jami! Dirty na kaya yan kasi galing sa bibig ko tapos nilaro-laro ko pa! Omg! Ayos lang sa kanya? Ngeee, sabagay at nagawa nga niya lunukin laway ko nong naghalikan kaming dalawa.

"Jami, alam mo ba na indirect kiss ang ginawa mo?" tanong ko habang patulot sa pagnguya.

Ay, ako pala ang una kumuha ng lollipop niya kaya kasalanan ko.

"Yes and I don't see any problem with that." palagi nalang ako nito nasosorpreso sa mga binibitawan nya na salita.

Nag patay malisya nalang din ako katulad ng ginawa nya. Hindi rin naman isang beses lang to nangyari pero iba kasi yong last time at ngayon.

"May tanong po ako aside sa certain person na hinihintay mo, may tao ka na bang minahal noon?" gusto ko lang malaman kung umibig na ba si ma'am noon.

Tahimik ko lang syang pinagmamasdan habang kumakain ng cake. Pansin ko lang pero parang nagdadalawang isip sya kung sasabihin ba nya o hindi?

"You really wanna know the whole truth?" bakit naman worried ang hitsura nya? may dapat ba akong ipag-alala?

"Opo."

"Yes, I regretted not confessing to her before but now that I see her happy with the person she loves, masaya na rin ako para sa kanilang dalawa." sa tingin ko masaya nga sya dahil walang halong pait, sakit o galit yong salita nya. She's so genuine.

"Sayang naman kung gano'n, kung nag tapat ka lang sana noon Jami siguro ikaw 'yong kasama nya ngayon. Sa ugali mo po kasi hindi ka naman mahirap mahalin." Sagot ko.

Haler! Kung ako tatanungin masasabi kong si Jami ang ubod ng berde sa kanilang magpipinsan, hindi ko na kailangan isa-isahin ang mga dahilan at aabutan tayo ng isang taon pag pinag-usapan yan.

"But it's okay, I'm happier now lalo na't alam kong mahal ako ng taong hinihintay ko. Hindi nya maamin ngayon pero maghihintay ako." grabe si Jami kung magmahal, siguro lahat gagawin nya para lang sa taong mahal nya.

"Sino ba kasi yang certain person na yan ma'am? baka siguro ako yan?" nakangusong tanong ko, curious ako. Hindi ba pwede na sabihin nalang.

"Secret." secret pa nga.

"You know what Krystal. I have never experienced these kinds of feelings until now. This truly has been an unusually pleasant day." sobrang vocal and open na nya masyado sa akin. Hindi kasi sya madaldal kapag kasama namin ang iba.

"Anong klasing feelings po ma'am? hindi ba yan katulad kung paano namin kayo napapasaya at ngiti ng mga kapatid ko?" tanong ko saka kinuha ang lollipop sa bibig nya at sinubuan ng cake.

Ngumiti sya at umiling, ayaw nya sabihin? bakit naman gano'n? gusto ko lang naman malaman.

"Are you okay? You seemed really sad earlier when I saw you. Well, it seems like I don't have to worry anymore." She caressed my cheek and patted my head.

Baka yong napagkamalan ko pamangkin nya na jowa nya. Akala ko naman kasi kung sinong baby ang tinutukoy.

"Krystal?" pukaw nito.

"Ha? sorry po, I dozed off. Akala ko kasi Jami na nobyo mo yong tinawag mong baby kanina. Nagselos po kasi ako, diba dapat ako lang baby mo?" sagot ko sa kanya bago kinuha ang kamay nito at marahan na pinisil-pisil. Ang lambot ng palad nya at ang init, ang sarap hawakan buong araw.

"Ye-"

"Ate." tawag ng isang bata kaya naputol ang sasabihin ni Jami.

Hala ang cute nila, tatlong babae at dalawang lalaki. "Hello." bati ko at dinampot ang bola na nasa paanan ko.

"Sa inyo ba to?" tanong ko.

"Opo, sorry po kasalanan ni Jay ang lakas po nyang sumipa. Hindi po ba masakit ang paa mo?" tanong nong sa tingin ko ay matanda sa kanilang lima.

Hindi naman natamaan ang paa ko, ang cute nila at inaalala pa talaga ako kahit wala naman silang kasalanan. Kung ganito lang siguro ka cute si empakta siguro hindi tataas sungay ko sa tuwing nakikita siya.

"Okay lang, hindi naman natamaan ang paa ko. Kunin nyo na." sagot ko saka inabot ang bola.

Napansin ko na nakatingin yong iba sa pagkain namin ni Jami. Hindi namin mauubos ang snacks na dala, ang dami kasi nitong hinanda ni ma'am.

"Gusto nyo?" nag unahan naman silang tumango.

"Sige kumuha lang kayo, dahan-dahan lang para hindi masayang ang pagkain." aalalayan ko sana sila pero si Jami na mismo ang nag asikaso sa kanilang lima at binigyan ng pagkain.

Ang gaan sa pakiramdam at ang saya ko ngayon kahit na ganitong simpleng bagay lang.

Habang pinagmamasdan ang mga batang kumakain ay nakikita ko ang sarili namin ng mga kapatid ko sa kanila. Lalo na yung mga panahon na wala kaming makain at tanging pagkain lang sa basurahan ang nakakain namin.

Ang layo na pala ng inabot namin, kung ano yong pait ng kapalaran namin noon ay kabaliktaran naman ngayon. Except sa pamilya ko.

Huminga ako ng malalim.

"Jami."

"Hmm?"

"I wouldn't have been able to come to this kind of conclusion on my own. For my sister's sake, for your sake and most of all, for my own sake. Hindi madali pero kahit na paunti-unti, kailangan ko na palayain ang sarili ko sa madilim na nakaraan at sundan ang nagbibigay liwanag sa aking kinabukasan. That's why i'm going to change, kailangan kong lumaban para sa sarili at kalayaan ko." sabi ko at tipid na nginitian ito. Inabot nya ang aking ulo at muling marahan na tinapik.

"You don't have to carry all the burden all by yourself anymore. It's time for you to stop worrying all by yourself. You have me, and no matter what happens, you can always count on me. If it becomes painful or difficult, just tell me and rest assured, kahit nasaan pa ako sa oras ng pangangailangan mo, darating ako." I bit my lower lip as she wiped my tears away.
My heart is going to explode any minute soon.

"You've already done so much for my sake Jami. If you continue to be like that baka…" hindi ko magawang sabihin, natatakot ako.

"Baka?"

"B-Baka magsisi ka." Mahina kong bulong at hindi ko alam kung narinig ba ito ni Jami,

"Ate tapos na po kami, maraming salamat po." singit ng mga bata sa usapan naming dalawa.

"You're welcome." sabay na sambit at ngiti naming dalawa.

Nagpaalam na sila dahil baka hinahanap na ng mga magulang. Hindi narin kami nanatili ng matagal at inaya ko si Jami na umuwi. Gusto ko kasi makapagpahinga sya kahit kaunting oras bago sya umalis mamaya. Pagdating ng bahay nagpaalam akong matutulog nalang muna. Napagod ako sa lakad namin kahit naka wheelchair lang naman sana ako.

Bandang 9pm nagising ako, ang haba pala ng tulog ko at hindi man lang ako ginising ni manang. Sabi ko kasi gisingin ako kapag nakauwi na si Jami.

Lumabas ako ng kwarto at napansin na walang tao. Sinabi ko kanina sa kanya na huwag na ako gisingin for dinner dahil gusto ko hintayin si Jami. Kaso hindi ko na yata sya mahihintay dahil gutom na gutom na ako huhu.

Biglang tumunog ang phone na hawak at feeling ko may gyera sa notifications ko.

-CCB-

SJ
Potangena horsey ko ano na lumpo ka na ba? magsabi ka lang putulin natin paa mo.

Message agad ni babe sa gc ang nabasa ko. Ang sama talaga ng ugali wala man lang concern sa kapatid.

RL
Pambihira ka Sj.

IRIS
Potangena nasa kulungan ako, hindi pa ako nilalabasan ng chief inspector ko! makalabas lang ako keybold at susugurin kita! gaano ka katanga at nahulog ka sa hagdan animal ka.

Natatawa ako habang nagbabasa ng mga mensahe nila. Lumabas ako sa may veranda upang magpahangin at hintayin si Jami na makauwi.

Tinupad nga talaga nya ang sinabi na hindi nya ipapaalam sa kanila ang totoong nangyari.

SJ
Nilalabasan ampota BAHAHAHAHAHAHAHHAHAHAHAHA

TANVI
Kawawa ka naman at pinakulong ng mismong mga kapatid mo.

Kumunot naman ang noo ko, nasa kulungan ang empakta? ano na naman ang ginawa nya.

RL
HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

SJ
BAHAHAHAHAHAHHAHAAHAHAH kamusta Iris?

HEAVEN
Hoy tangena sumugod ang parents ni benten dito sa bahay, kinausap si ate
HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

IRIS
Tangena mas inuna pa nya ang parents ng kabet nya kaysa baby nyang nakakulong?

LOUIS
Anong ganap ba kahapon?

MADDYN
Nakakulong ka pero may cellphone ka?

NADDYN
Privilege.

SJ
Pota BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH

AG
Option ka lang Iris.

KB
Gaga anong ginawa mo kay bentong?

RL
Binugbog nya gamit ang brass knuckles ayon, sira ang mukha dinala sa hospital HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

IRIS
Aba syempre! hindi ko nga pinagbubuhatan ng kamay ang mommy vixen ko. Ang kapal ng mukha nya.

SJ
Yandere ba tawag d'yan?

AG
Inaatake sa pagiging killer mode ang ferson kapag nasaktan ang kanyang police chief inspector.

KB
Chief inspector?

SJ
Si uno n'ya, pulis pala ang gaga BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

Langya seryoso?! paano nya nagagawang hatiin ang oras nya sa serbisyo at tuturo sa PU? idagdah pa na may business din sya. Grabehan na ang mga people.

KB
Ano yan? isang kriminal at isang pulis na mag iibigan? ?

IRIS
Mag?

TANVI
Baka nag?

KB
Pakialam nyo ba, hindi pa naman nangyayari kaya "mag" mga bobo.

AG
May point din naman sinabi nya.

SJ
BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

KB
Alam nyo ba na may pinsan na kakauwi lang ng pinas ang demogons?

Share ko narin sa kanila at baka hindi nila alam.

IRIS
Maganda ba?

TANVI
Ina mo, akin yan.

KB
May anak mga tanga.

SJ
Sad

RL
Saddening

IRIS
Saddeninger

AG
Saddeningers

KB
HAHAHAHAHAHAHAHAHHAAHAHHA

HEAVEN
Kawawa ka naman tanso.

LOUIS
Pray for tansan. ?

MADDYN
(2)

NADDYN
(3)

TANVI
??

Naramdaman ko ang pangangalam ng tiyan ko. Tatawagan ko na sana si Jami nang may narinig akong sasakyan na huminto sa tapat ng gate.

Si Jami na kaya?

Ibinulsa ko na ang cellphone at agad na pinaandar ang wheelchair patungo sa gate upang salubungin ito.

Napangiti ako pagkakita na bumukas ang gate at pumasok si Jami, pero ang ngiting yon bigla rin nawala nang makita ang taong naghatid dito.

I automatically clenched my fist at ramdam ang pag iba ng ekspresyon sa mukha ko. Lalo na nong hinalikan nya sa pisngi ang mommy ko.

"Goodbye and sweetdreams." malambing na paalam sa kanya nong manliligaw nya na potangena hindi ko kilala.

"Thank you, take care." nakaramdam na naman ako ng kirot at sakit sa puso ng marinig ang malambing na boses na tugon nito.

Akala ko ba sa pinsan nya ang lakad? kailan pa naging pinsan ang manliligaw nya? Bakit hindi niya nalang sinabi kaagad sa akin kanina? Kailangan talaga magsinungaling? Para saan? Sa anong dahilan? Punyeta talaga, kaya gusto ko nalang itago sa sarili tong nararamdaman ko at baka tuluyan akong mabaliw dahil lang din sa mga nakikita ko.

"Krystal?" sa lalim ng iniisip ko ay hindi ko napansin na kaharap ko na pala ito.

Hindi ko sya pinansin at tinalikuran ito.

You're jealous

Alam ko.

You love her

I like her.

That's love

Hindi ko alam kung ano ang gagawin Bern.

Let me handle this

No.

Okay, you better talk to her

"Krystal." tawag nyang muli pagkapasok ko ng bahay.

Bakit kailangan pa nya magsinungaling sa akin, dapat sinabi nalang ang totoo na may lakad sila ng manliligaw nya kaysa pagmukhain akong tanga kakahintay.

"Krystal!"

Huminto ako at umikot upang harapin sya. Bakit parang sya pa ang nasasaktan sa aming dalawa?

"Po?" sagot ko ngunit hindi parin nag iba ang ekspresyon ng mukha ko. Binigyan ko lang sya ng blangko at malamig na awra.

"You saw us?"

"Obviously, are you done? I'll head back to my room and sleep." bwesit.

"W-Wait." nagdadalawang isip pa yata kung lalapitan ako o hindi.

"What?"

"Have you eaten yet?" ayos! ganda naman ng tanong na yan.

"I waited for you but I lost my appetite. Goodnight." naiinis ako na nasasaktan, hindi ko na gusto tong aking nararamdaman.

"You said you were going to your cousin's. You didn't have to lie but if you had told me you had a date, I would have congratulated you earlier." I followed with a sigh.

Napatigil ako nang harangan nya ako at lumuhod sa harapam ko upang pumantay sa bandang baba ko.

"It's not what you think. My car broke down a while ago on the way home and she saw me on the road, so she offered to take me home." malumanay na paliwanag nito bago hinaplos ang pisngi ko.

Napakagat labi nalang ako dahil sa sobrang guilty.

"Tapos ang lambing ng goodbye mo sa kanina, ano ba Jami? Naiinis ako, kahit ako di ko na alam ang dahilan bakit nagkakaganito ako... Ano ba ginawa mo sa akin?" Naiiyak ako, naiiyak ako kasi frustrated ako masyado dahil sa pisting nararamdaman ko na hindi ko alam kung anong tawag dito.

"I'm sorry." bakit ikaw pa ang humihingi ng tawad kung wala ka namang kasalanan.

"I don't like anyone to kiss you, Jami. I alone only have the right to kiss you." her eyes widened in shock but I don't care anymore.

I held the back of her head and gently pulled her closer to me and kissed her lips. Ah, ang lakas ng kabog ng puso ko.

Tama si Bern, I don't like Jami.

I love her.

Isang malalim na halik ang ibinigay ko at ako narin mismo ang lumayo pagkatapos halikan ito.

"Krystal." sambit nya na may gulat sa mga mata.

"I'm jealous." I nibble my lips at yumuko. Sa sobrang kaba ay hindi ko na alam ang gagawin, kaya nilaro ko nalang ang mga daliri ko.

Hinintay ko ang sagot ngunit wala akong natanggap. Pigil hininga akong inangat ang ulo at laking sorpresa ko nang bigla nya yakapin ang bewang at ibinaon ang mukha sa tiyan ko.

"I'm sorry." bulong nya.

She's so sweet, hindi ko na yata magagawa na pakawalan si ma'am.

I gently patted her head and smiled.

"Nagseselos ako, kaya please lang, sa akin mo lang ibuhos lahat ng atensyon at oras mo." Pag amin ko

dahilan upang mag angat ito ng ulo.

"I-I will." Tignan mo to at mukhang hindi na gunama ng maayos ang isipan.

"Gutom na po ako, hindi ako kumain kasi hinihintay kita." Sabay nguso sa kanya.

"What do you want?" wala pa ba sya balak tumayo?

Hindi ako makapaniwala na napaluhod ko ang isang Ponferrada. Naalala ko ang sinabi ni babe at Aaar eeeL sa akin noon.

Yung prank ni babe na nauwi sa proposal tapos si Aaar eeeL dahil sa ice cream? hindi ko alam kung anong trip ng mga kapatid ko.

"I'm craving for you adobo po."

"Huh?"

"I mean, I'm craving for adobo." ano ba tong lumalabas bigla sa bibig ko.

"Alright."

"Mommy, masakit na pwet ko. Kanina pa ako nakaupo sa wheelchair na to." gusto ko sana maglakad kaso wala naman akong saklay.

She looked at me for a while before extending her arms. "Come." she mumbled.

"A-Ano po?"

"I will carry you." napakurap pa ako ng ilang beses habang pinoproseso kung tama ba ang narinig ko.

"Wag na, okay na p-"

Hindi nya ako pinatapos at mabilis na niyakap ang bewang ko at inangat mula sa wheelchair ko. Wala na akong nagawa kundi ipinulupot ang mga braso sa leeg at mga binti ko sa bewang nito.

"Mabigat ako Jami?" bulong ko habang karga-karga nya patungong kitchen.

"No, you eat a lot but you are too light." narinig ko ang mahinang tawa nito kaya napanguso ako.

Kahit talaga anong kain ko hindi ako tumataba, malakas kasi kumain ang mga bulate ko sa tiyan.

Hinarap ko sya at nakitang nakangiti ito. Hindi ko maiwasan na hindi mapatingin sa malambot na labi nito.

Dahan-dahan kong inilapit ang mukha ko sa mukha nya hanggang sa magtagpo ang aming mga labi. Naadik na ako sa mga halik ni Jami, baka araw-araw ko na hanapin ang matamis na labi nito simula sa gabing to.

Huminto sya sa paglalakad at bahagyang inangat ang ulo upang tugunan ang mga halik ko. Karga-karga parin ako habang nakapulupot sa kanya ang mga braso at binti ko.

She's kissing me slowly and gives me moist kisses full of passion and desire. We continued to kiss until her kiss trailed down my jaw down to my neck.

Lunod na lunod na ako, gusto ko nalang halikan sya kaysa isipin ang pagkain naming dalawa. She planted wet kisses on my neck before gently licking and sucking it. Reason for me to let out a soft moan.

"Krystal." bulong nya sa leeg ko.

Ibinaba ko ang ulo at hinawakan ang magkabilang pisngi nito. I love her, I love her, I love Kathlyn Jamila Ponferrada. I really am irrevocably in love with her.

I gave her a sweet smile bago muli binigyan ng malalim na halik at nagpatuloy na tahakin ang daan patungong kitchen.

Pagdating sa kitchen ay pinaupo nya ako sa countertop bago inasikaso ang sarili upang maghanda ng makakain.

Isa paring palaisipan sa akin yong sunog na fried chicken nya. Marunong at masarap naman sya magluto pero bakit sunog ang naging resulta noon?

"Jami bakit sunog yong manok mo noon?" tanong ko habang nagluluto ito.

"It was Everleigh's..." sambit nya bago hipan ang kutsara na may sabaw at pinatikim sa akin.

"Oh, kasi nagtataka ako. Masarap ka naman magluto tapos resulta nong manok mo sunog hehe." sagot ko at saka nag thumbs up, masarap ang adobo.

Napailing nalang ito at ngumiti. Kawawa naman si Iris hindi marunong magluto ang mommy nya.

Kwentuhan nalang kami ng mga kung anu-ano hanggang sa maluto ang adobo nito. Sya narin mismo ang nagpakain sa akin kasi nga baby ako. Sabi niya ay kumain na siya kasabay ang kapatid pero kumain pa rin siya ulit for me kasi mas gusto talaga pag kasabay kami kumain.

After kumain at toothbrush ay hinatid na nya ako sa kwarto.

"Jami pwede tabi ka sa akin matulog? pakiramdam ko kasi hindi ako mananaginip ng masama kapag katabi ka." tawag ko sa kanya nang palabas na sana ito ng kwarto.

Ngumiti ako nang bumalik sya at tumabi sa higaan ko. "Alright." bilis nya kausap.

"Let's sleep, I'm tired Krystal." hinalikan nya ang noo ko bago humiga sa braso at niyakap ang bewang ko.

"Goodnight Jami." sagot ko.

Paglingon ko ay mahimbing na kaagad ang tulog nito. Ang bilis nya naman nakatulog, ang ganda at sobrang inosente ng mukha nya.

"Jami, hindi ko na yata kayang pakawalan ka." mahinang bulong ko sa sarili at hinalikan ang ilong nito bago ipinikit ang mga mata.

Unti-unti na akong nilalamon ng kadiliman pero bago tuluyang makatulog ay narinig ko pa ang

pagbulong nito.

"I love you." ngunit hindi ko naklaro dahil sa sobrang hina ng boses at antok na antok na ako.

CHAPTER 14

-

Pag gising ko kinaumagahan na stress ako bigla sa litratong ipinadala ni Iris, sinasabi ko na nga ba at may gagawin sila. Sinunog nila ang bahay namin. Kaloka pero karma na nila yun kaso dahil sa ginawa nila mas lalo akong guguluhin ng magulang ko. Sigurado akong pinapahanap na nila ako ngayon para ibenta kay Troy. Mga bwesit talaga at hindi nag iisip bago gumawa aksyon.

Agad ko itinago ang phone nang bumukas ang pinto, akala ko nakaalis na sya papuntang school.

"Hi, good morning." bati niya at may dalang pagkain, good mood yata sya today?

"Good morning Jami, akala ko umalis ka na." Sabi ko at hinintay makaupo sya sa aking gilid.

"I cooked for you first before going to school." nginitian nya ako saka tinapik ang ulo ko kaya napangiti narin ako. Ang lambing nya kay aga-aga.

"Thank you po, ay ou nga pala ano yong binulong mo kagabi Jami? hindi ko narinig kasi ang hina at antok na antok na ako." tanong ko bago ibinuka ang bibig dahil sa pagkain na isinusubo nito.

Bahagya syang natigilan at hindi mapakali ang kanyang mga mata, ano ba kasi yon at gusto kong malaman.

"I said SI-LI." awtomatikong napakunot ang noo ko sa sinagot nito.

"Sili? gusto mo sili?" Naguguluhan kong tanong.

Bakit feeling ko na stress sya bigla? napahugot kasi ito ng malalim na hininga at pikit ng mga mata.

"Ano nga kasi? Math ba yan? hindi ako magaling sa math Jami, but I will give you the value that you deserve." sabi ko bago inagaw sa kamay nito ang kutsara ko.

Muntik pa mahulog ang pagkain ko dahil bigla itong tumayo. Pag angat ko ng ulo ay namumula na naman ang mga pisngi nito.

"Jami?" tawag ko.

"Just leave the tray on the table when you're done eating. I have to go, see you later Krystal." dire-diretso nyang salita at nagmamadaling makalabas ng kwarto.

"Jami!" sigaw ko bago pa ito tuluyang makalabas.

"Yes?"

"Ingat ka, wala akong pampalit sayo." paalala at kasabay ang isang matamis na ngiti ko sa kanya

Naiwan akong nakakunot ang noo, hindi man lang nya sinagot ang pag-aalala ko at bigla nalang ako nilayasan.

Matapos kumain inihatid ko na kay manang ang pinagkainan ko. Nakabukas ang TV sa sala at naibalita

ang pagsunog sa bahay namin which is kagagawan ng mga kapatid ko.

"Kawawa naman ang pamilyang Miller, napakasama ng mga taong nagsunod sa bahay nila." biglang salita ni manang.

Kung alam mo lang kung gaano ka walang puso ang mga Miller manang, hindi ko alam kung dapat mo pa ba silang kaawaan. Bumalik nalang ako sa kwarto kaysa panoorin ang wala namang makabuluhan na balita.

Nagkulong ako sa kwarto at nanood ng netflix hanggang dumating ang tanghalian. Uuwi kaya si Jami ngayon? Kinuha ko ang phone upang e-chat sya, tatanungin ko lang kung uuwi ba o hindi, pero bigla akong nag crave ng cake.

Mag sesend na sana ako ng mensahe ngunit naunahan niya ako at malaki ang ngiti ko nang makita ang kanyang mensahe.

KATHLYN
Have you eaten your lunch already?

KB
Hindi pa Jami, gusto ko kumain ng cake. Lalabas ako at bibili.

Ang bilis nya maka seen, kakasend ko pa nga lang seen na agad.

KATHLYN
NO.

KB
Gusto ko nga kasi cake ?

Pinatay ko nalang ang cellphone at nagpatuloy sa panonood, puro lang mga crime documentaries dahil mas exciting kasi ang mga ganitong cases. Nagtaka ako bakit wala akong notification na narinig kaya tinignan ko ang cellphone, ang boba at pinatay ko nga pala.

Nag eenjoy na ako sa pinapanood tapos biglang bumukas ang pinto. Napaawang ang bibig ko nang makita si Jami na may bitbit na box.

"Jami bakit umuwi ka? Hindi ka ba busy?" nagtataka na tanong ko.

"I was in the middle of a meeting when I received your message." kaswal na sagot nito at inilapag sa katabing table ang cake box.

"Meeting sa school ma'am?" Tanong ko saka kinuha ang sa tingin ko ay cake na hawak, wala naman ako ibang hiniling kundi cake.

"Business." Sagot niya. Nagulat ako kasi bigla niya itinuro ang pisngi, wala ako ibang naisip na gusto niya gawin ko kaya mabilis ko siya binigyan ng halik.

"Halaka, so paano ang meeting mo?" gulat na tanong ko. Si Jami pinapataas pa lalo ang standard ko.

"I cancelled it." grabe na talaga si ma'am! iniwan ang meeting para lang ibili ako ng cake.

She could have asked someone else to do it instead, but I found this gesture sweet, and she's also thoughtful and attentive. I felt guilty for what I said earlier, because she even took the time to buy and bring me a cake..

"Jami, you're so sweet." hinila ko sya at niyakap ng mahigpit. Paano ko pa mapipigilan ang nararamdaman ko kung ganito ako ka swerte na tao.

"But I can't stay long, I still have class." bulong nya at napanguso ako. Well, ang mahalaga makasama ko sya kahit saglit.

Ang panatag talaga ng loob ko kapag kasama sya. Nawawala yong mga negative thoughts ko kapag kapiling ito.

"Alam mo ba ang swerte nong taong hinihintay mo. Kung ako siguro yon panigurado matutuwa ako, dahil sa sobrang daming tao sa mundo, ako ang napili mo." sana nga ako nalang.

Naramdaman ko ang paghigpit ng yakap nito at baon ng mukha sa leeg ko.

"Krystal." Nagtaasan ang mga kilay ko at randam ko talaga ang pagtayo ng mga balahibo dahil sa mainit niyang hininga.

I gasped in surprise as she began sucking on my neck and gently bit it. The most unexpected thing was when she suddenly climbed onto the bed and sat on my lap.

"M-Ma'am?" heto na naman ang puso ko at nagsisimula ang pagbilis ng tibok habang pinagmamasdan ang magandang babae na nasa kandungan ko.

"Krystal," pangalan ko palang nga sinambit nya pero kinakabahan na ako. Nanlamig ako bigla na dapat sana mainit ang katawan ko!

"H-Ha?"

"Do you like me?" seryosong tanong nya habang titig na titig sa aking mga mata.

"No, let me rephrase that. Do you love me?" hindi ko alam ang isasagot ko. Dapat ba na umamin na ako? natatakot ako lalo na't hindi pa nya alam na may isang pagkatao pa ako.

Gusto kong aminin pero paano kung masaktan ako? paano kapag nalaman nya ang totoo at iwanan ako? ayaw ko na maiwan, ayoko na bumalik sa kadiliman.

"H-Hey, why are you crying?" napapahid ako nang maramdaman ang mga luhang kusa nalang dumaloy sa pisngi ko.

"J-Jami, I'm scared. Please don't leave me." nanginginig na boses ko.

"I'm sorry, don't cry." bulong nya at niyakap ako.

Siguro saka ko na aaminin kapag nasabi ko na ang lahat sa kanya. Paano kung malaman nya na ang isang katulad ko ay mamamatay tao? Natatakot ako, hindi ko alam ang gagawin kung pati sya mawawala sa buhay ko.

"Stop crying, I'm not gonna leave you." sana nga hindi sa oras na malaman mo.

Kainis, ayaw magtigil sa pagpatak ng mga luha ko. Ngayon lang ulit ako nakaramdam ng takot, takot na baka pati ang babaeng kung kailan natutunan kong mahalin ay kasuklaman ako.

Iyak lang ako ng iyak hanggang sa napagod at nakatulog sa kanyang mainit na yakap.

Nagising ako wala na si Jami sa tabi ko, umalis na ba sya? Naalala ko ang nangyari kanina, kailangan ko na siguro sabihin sa kanya ang totoo, na hindi lang si Krystal ang nag mamay-ari ng katawan na to.

"Yup!" buo na ang loob ko, sasabihin ko sa kanya na may isang Bern na nakatago sa katawan ko.

Tinignan ko ang orasan at hapon na pala, medyo mahaba rin ang naging tulog ko. Anong oras kaya uuwi si Jami?

May narinig akong ingay-Malayo naman sana ako sa main gate ngunit sobrang lakas talaga ng mga sigaw kaya rinig ko talaga. Biglang may kumatok sa aking pintuan at pumasok si manang.

"Miss, may mga tao po sa labas. Kanina pa hinahanap si madam." tawag ni manang.

Kaya ko na mag isa kaya hindi ko na kailangan ng tulong. Lumabas ako ng kwarto at boses ni babe agad ang narinig ko. Ang lakas ng boses kasi rinig ko hanggang dito sa labas ng kwarto ko.

"Athy! open the gate! babawiin ko horsey namin!" Parang nagwawala lang sya sa labas.

Pagbukas ko ng gate ay nakita ko ang mga kapatid na sobrang miss ko na, two days ko din ata sila hindi nakasama? Akala ko pumunta sila upang dalawin ako, gusto lang pala makikain ng mga to. Huli na ng napagtanto ko kung paano nila nalaman na nandito ako kay ma'am. Ang empaktang Iris, nadulas na naman siguro kaya nasabi nya.

Dumiretso kami sa garden at sinabihan si manang ihanda ng pagkain ang mga patay gutom kong bisita.

"In love ka ba kb?" biglang tanong ni RL sa kalagitnaan ng tawanan namin.

May napansin na naman sila.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Si Athy ba keybold? akala ko ba mahalin mo na lahat wag lang isa sa mga ponferrada BAHAHAHAHAHAHAHAHA." kainis to si babe nang aasar pa. Hindi ko rin naman inasahan na mahuhulog ako kay ma'am, kasalanan ko ba kung sobrang genuine nya na babae kaya na in love ako.

"Akala ko ba si Annallyn gusto mo?" sunod na tanong ni RL.

Hindi ko nga alam kung gusto ko nga ba si Annallyn, aaminin ko na naging crush ko ito pero dahil sa sinabi ni babe na may boyfriend na sya kaya umiwas ako.

"Gusto ko si Annallyn, pe-"

"Athy!" biglang lumundag ang puso ko dahil sa sigaw ni babe. No, hindi dahil sa sigaw nya kundi sa pangalan na binigkas nito.

"Hindi ko alam na gusto mo pa pala until now si Annallyn keybold. Kaya ka siguro blooming dahil in love ka sa kanya." mas lalo akong kinabahan dahil sa sinabi ni RL. Ano ba ang ginagawa nila!

"Hoy bwesit! ano sinasabi nyo! kung ihampas ko tong plato sa mukha nyo ha?!" singhal ko sa kanila saka dinampot ang plato na walang laman. Ihahampas ko talaga to sa kanila!

Unti-unti kong nilingon si Jami.

"Welcome home ma'am." bati ko sa kanya ngunit hindi nya pinansin ang sinabi ko. Mas inuna pang kausapin ang mga demonyong kapatid ko.

Ngumuso ako at nanahimik sa isang tabi habang abala sila sa pakikipag-usap kay Jami, di man lang ako pinansin sa dami ng tinanong ko sa kanya. Anong dahilan at ganyan siya? Wala naman akong ginawa para dedmahin lang niya. Nawala ako ng tuluyan sa mood kaya hinayaan ko na silang lahat.

Umalis si Iris dahil kinailangan nya pumuntang school. Hindi nagtagal sunod na umalis sila babe dahil may klase pa pala ang mga gaga, nakalimutan nila may last subject pa sila kay Pixie,

Hanggang sa tuluyan silang nakaalis, wala kaming imikan ni Jami, ayaw niya ako pansinin edi gawin din natin. Umakyat siya ng kwarto kanina pa at hanggang ngayon hindi pa bumababa.

Hindi na lumabas ng kwarto si Jami simula pa kanina, nakatunganga lang ako dito sa ibaba ng hagdan. Gusto ko sana umakyat upang tawagin sya para sa hapunan.

"Krystal?" pagtingala ko ay nakita kong nakasuot ito ng black hoodie jacket at short shorts! maloloka na yata ako at kahit sa simpleng outfit umaapaw parin ang ka sexyhan ni ma'am.

"Jami, saan ka pupunta?" tanong ko pagkababa nya

"I'm going to meet Trisha." sino yan?

"Who's that?"

"Yung naghatid sa akin." gusto ko tuloy manaksak bigla, bakit makikipagkita sya do'n? Diba sinabi ko sa kanya nagseselos ako sa manliligaw niya?

"Bakit?" wala sa gana ko na tanong.

"Ay sorry po, sige ingat ka." sabi ko at tumalikod na. Hindi naman nya ako hinabol kaya hinayaan ko na.

Pumasok ako sa kwarto at nagpatuloy sa panonood ng mga crime documentaries hanggang sa nabagot ulit ako. Lumabas ako upang hanapin si manang, nagutom kasi ako bigla at gusto ko kumain ng hungarian hotdog.

"Manang, lalabas po muna ako. Punta lang ako sa malapit na 7/11." paalam ko sa kanya.

"Miss, gabi na po at baka hanapin ka ni madam pag uwi nya. Utusan ko nalang ang isang kasa-"

"Hindi na po manang, alas otso palang naman at malapit lang naman. Babalik din ako kaagad." putol ko sa kanya at lumabas na ng bahay.

*

KATHLYN

"Kath, are you okay?"

I am currently with Trisha at the park. I'm keen on having a serious conversation with her, as I want to tell her to end the pursuit.

Over and over again, I had tried to convey this message to her, but she refused to end her pursuit. However, I felt more resolute than ever before to end things between us because I was concerned about causing her further heartache. She deserves a better partner, someone who can wholeheartedly love her in return.

At ayaw kong magselos si Krystal.

"Trish, you need to stop. Please, stop pursuing me," I expressed, feeling guilty that I couldn't give her what she desired.

"Have you found her?" I nodded and smiled.

"You're aware that I'm willing to give you everything, even though I understand that I don't stand a chance,"

"I'm sorry for only thinking about my own feelings and not considering how you feel about this situation." I could feel the weight of her words.

I'm talking to her but ang nasa isipan ko ay si Krystal. This is bad, I can't get her out of my head.

I miss her.

"I am sorry, Trish-"

I was about to continue speaking, but my phone suddenly rang. Seeing Manang's number, I immediately answered it without hesitation.

"Yes?"

"M-Ma'am hindi pa po nakakauwi si miss Krystal. Kanina pa po sya umalis upang pumunta sa 7/11." Panic welled up within me, hearing Manang's words.

"Wha-what do you mean?" I blurted out, my voice quivering with anxiety.

"When did she leave? How long has it been since then?" I questioned, my mind racing with worry.

"K-Kanina pa po ma'am, mag iisang oras na."

I hastily hung up the phone and faced Trisha. My mind was consumed with worry, and I had no time to waste.

"I have to leave, I'm sorry," Urgency filled my heart as I hurried back to my car. Frustration surged within me, cursing at the thought of Krystal's stubbornness.

"She's too stubborn." I muttered, my mind racing as I stepped into the car.

"She should have just told me if she needed something!" My words were laced with a mix of anger and

concern for her. I hastily started the engine and gripped the steering wheel tightly.

"Stupid Krystal," I muttered, realizing how deeply I had grown to care for her.

*

KRYSTAL

Alas nuwebe na pala?! hindi ko namalayan kasi naaliw ako sa claw machine na nadaanan ko. Gusto kong makakuha kahit isa pero ayaw ako pagbigyan ng kapalaran!

Gusto kong kunin tong clown plush, nakikita ko kasi ang sarili ko sa kanya. Kainis nahulog na naman!

"Ugh bwesit!" paubos na tokens ko huhu.

"Hello." napatingin ako sa gilid dahil sa isang bata na bigla nalang nagsalita.

Hala! ang ganda at puti naman ng batang to. Ang sarap siguro pisilin ng fluffy cheek nya tapos ang ganda pa ng amber eyes nya! pota kaninong anak ka at kikidnapin kita.

"Hello baby, ikaw lang mag isa?" tanong ko bago luminga-linga upang tignan kung may kasama sya.

"Nowp, aym with my mommy but I wost her." I let out a soft chuckle dahil sa pananalita at accent nya.

"Naiwala mo ang mommy mo?" pagklaro ko sa sinagot nito. Ina na pala ang nawawala ngayon.

"Yup, how 'bout you?" she asked innocently before tilting her head. Kaloka, mapapasubok na naman ang broken english ko dahil sa batang to.

"I'm alone baby, what's your name?" tanong ko saka marahan na tinapik ang ulo nito.

"Ahmmm shabi ni mommy not to towk to ishtrangers." buti nakakaintindihan naman kami kahit papaano.

"But baby, you talked to me first?" sagot ko sa kanya.

Para syang girl version ni conan kapag nag iisip tapos nakarest ang chin sa pagitan ng thumb and forefinger nya. Ang cute!

"Ah yesh! Hello, pweash call me shang." pakilala nito.

"How old are you, shang?" agad syang nag angat ng kamay at pinakita ang limang daliri. Oh, 5 years old.

"Wa happwened to ya?" tanong nya at itinuro ang paa at kamay ko.

"A bad guy hurt me, baby."

"Ya want me to bweat the bad guy?" natawa ako dahil sa pag flex nya kuno sa kanyang muscle.

"Downt ya know how to pway that?" sabay turo nya sa claw machine na kanina pa ako bwesit.

"No baby pero sinusubukan ko, do you know how to play?" bakit tinanong ko ang bata, malamang wala

pang alam yan dahil 5 years old palang.

"Yup, let me get it pow ya." natawa nalang ako dahil sa sinabi nito at paglahad ng dalawang palad.

Binigyan ko sya kaagad ng tokens at kinarga upang makaupo sa lap ko.

"Up, up, down, down, left, right, left, right, left and howd the botton in 5 sweconds then insewt the coin," she gave me a demo before inserting the coin.

Hindi ako naniniwala sa hack na yan, kapag malas ka talaga at hindi marunong huwag na ipilit ang resulta.

"You wa da thing?" turo nya sa clown plush na gusto kong kunin kanina pa.

"Yes baby, pwede ba pakikuha for me?" bulong ko bago ipinatong ang baba ko sa maliit at cute nyang balikat.

Nagsimula siya at talagang nanalangin ako na sana makuha na dahil paubos na token ko!

My eyes widened in shock nang makuha nya ito!

"Waaaaa baby ang galing mo!" pagbubunyi ko at hinalikan ang magkabilang pisngi nito.

"No wowwies." ang cute nya huhu.

"Shang!" sabay kaming napalingon sa babae na tumawag ng pangalan nya.

"Am here!" taas kamay na sagot nito.

"Omg! you silly kid." bulaslas nito at nilapitan kaming dalawa.

Kung ano ang ikinaganda ni shang mas super ganda naman ng kanyang mommy. Hindi mapagkakamalan na may anak na.

"Mommy thwis is ma new fwend. Ate Kwystal." confused ko syang tinignan at ang mommy naman nya parang nagulat.

Wala akong matandaan na sinabi ko ang pangalan ko sa kanya? o baka nakalimutan ko lang.

"Nakita ko kasi sya kanina na mag isa. I mean, sya pala ang nakakita sa akin at nilapitana ako, sabi naiwala ka raw nya?" paliwanag ko sa mommy ni shang na ikinatawa nito.

"Thank you for taking good care of her. Bigla nalang sya nawala kanina pagpasok namin ng 7/11. Baby come here, baka masaktan mo pa si ate Krystal mo." sabi nito at kinarga ang anak.

"We need to go home, dumalaw lang kami sa tita ni shang pero wala ito sa bahay nya,"

"Thank you and see you again Krystal." wala naman akong masabi kaya nginitian at tanguan ko nalang sya.

"Bye, I'll see ya sown agwain." kaway na paalam ni shang.

"Ingat kayo." paalam ko sa kanilang dalawa.

Paalis narin sana ako nang makita ko ang isang pamilyar na kotseng huminto sa tapat ko at iniluwa ang babaeng kanina lang iniisip ko.

"Krystal!" anong ginagawa nya dito? akala ko ba kasama nya ang manliligaw ngayon.

"Jami." sambit ko.

"A-Are you okay?" puno ng pag-aalala na tanong nito saka marahan na hinaplos ang pisngi ko.

Naguguluhan ako sa kanya, kanina lang parang ayaw nya ako kausapin at kahit na alam nyang nagseselos ako nakipagkita parin sya sa manliligaw nya.

"Opo, nag crave kasi ako ng hungarian hotdog kaya sabi ko kay manang bibili muna ako sa 7/11." nakahinga naman sya ng maluwag matapos kong sabihin sa kanya ang dahilan.

"Bakit nandito ka pala? diba sabi mo makikipagkita ka sa manliligaw mo?" tanong ko at inalis ang kamay nito dahilan upang kumunot ang kanyang noo.

"I met her para sabihan na tigilan na ang panliligaw sa akin. Come on, stop sulking and let's go home." nagtaka ako dahil maglalakad sya? paano ang kotse nya?

Pero aaminin kong kinilig ako sa sinabi niya, nakipagkita siya para tapusin ang kung anong meron sa kanila? Omg! So, ako ang pinili ni Jami?! Aaaaaaaaaaaaa gusto ko tumalon, gusto ko sumigaw ngunit ayaw ko ipahalata.

"Paano ang kotse mo?" Tanong ko nalang sa kanya.

"You are more important than anything." ah ayan na naman, nanlalambot ang puso ko.

Pwede naman sana kami sa sasakyan nalang nya sumakay pero mas gusto nya yata ang maglakad at sabayan ako. So sweet.

Ito na rin siguro ang tamang pagkakataon upang aminin ko sa kanya ang tungkol kay Bern? kinakabahan ako ngunit kailangan, kaysa naman sa iba pa nya malaman.

I heaved a sigh before calling her name.

"Jami." tawag kong muli.

"Hmm?"

"May gusto lang sana akong ipagtapat sayo." Kabadong sabi ko at bigla itong tumigil sa paglalakad.

"Is that serious?" tumango ako at hinawakan ang kamay nya. Dinala ko sya sa isang cottage na malapit lang sa amin.

Pinaupo ko sya at sobrang lakas ng kabog ng puso ko habang nakikipagtitigan sa kanya.

"What is it? You don't need to be frightened," she reassured, puno ng pag-aalala ang boses niya.

"I'm here, and I'm willing to listen. I'm ready to understand whatever it is that's troubling you." She continued, hindi ko inalis ang mga mata sa kanya at damang-dama ko ang suporta niya.

"A-Ano kasi…" hindi ko yata kaya, umaatras dila ko bwesit.

Puro buntong hininga nalang ang tanging nagawa ko at yuko ng ulo. Mas mahirap pa ang mag confess sa kanya kaysa aminin sa parents ko na hindi lalaki ang gusto ko.

"W-Wala, sa susunod nalang." hindi ko talaga kaya.

"No, tell me." maawtoridad na sambit nito.

"Jami, paano kapag may nalaman ka tungkol sa akin na hindi maganda? paano kung ang Krystal na kilala mo pala ay masamang tao? paano kung bigla akong magbago? mananatili ka parin ba sa tabi ko?" kainis kung kasing tapang lang ako ni Bern edi sana matagal ko na nasabi to sa kanya.

"What do you mean?" paano ko ba maipapaliwanag sa kanya sa simpleng pamamaraan.

Isang malalim na buntong hininga na naman ang pinakawalan ko bago magsalita.

"Paano kung masamang tao ako?" I nibbled my lip and lowered my head. Hindi ko sya matignan sa kanyang mga mata, na g-guilty ako.

"Krystal, look at me." utos nya at inangat ang aking ulo.

"Honestly, I may not know what's troubling you." Panimula niya, malamyos at puno ng pag-aalala ang boses niya. "but I want to tell you something important. No matter who you are or what you've done, I will accept you with all my heart. If you've hurt someone or done something wrong, I know there must be a valid reason behind it." Bakit ba ang baet mo sa akin ma'am? mas lalo akong natatakot umamin sayo. Hindi mo alam na ang taong kausap mo ay isang mamamatay tao.

She smiled genuinely before wiping my tears away. Lagi nya nalang akong pinapaiyak dahil sa mga salita nya.

"I've told you before...don't carry the burden all on your own. You want to change, don't you? You don't have to be scared." Puno ng determinasyon at suporta ang kanyang boses at mga mata.

"Krystal, I'm ready to illuminate your path, to save you from your dark past. Just trust me," Her comfort and assurance were exactly what I needed at that moment. Did I truly deserve to be happy?

"M-Ma'am hindi mo kasi alam ang totoo kaya nasas-"

"Krystal, I know you're slow, but can't you see or feel why I'm like this towards you? I'm running out of patience because of your stupidity." She heaved a sigh and kissed my forehead. Napanguso nalang ako dahil sa pang iinsulto nito pero totoo naman, I'm stupid.

"Okay, I won't force you to tell me. I'll wait until you're ready and your feelings are more important. Stop crying now." tumango ako at niyakap ang bewang nito.

"Thank you mommy, for taking good care of your baby."

"My gosh, you're so dense. But it's okay, I like the way you are." frustrated na salita nito bago hinawakan

ang magkabilang pisngi at hinalikan ang labi ko.

Hindi ko na kaya, hulog na hulog na ako sa kanya. I don't want to let her go.

"Jami,"

"I love you." I whispered between our kisses. I finally said it.

Nagtaka ako dahil sa biglang pagtigil ng halik nito at ibinaon ang ulo sa leeg ko.

"Ah finally, those three words I've been dying to hear from you." she whispered into my neck ngunit hindi ko na naman narinig dahil sa sobrang hina ng bulong na tanging sya lang ang nakakaalam.

"Ano sabi mo?" Tanong kong muli ngunit umiling lang siya at mas ibinaon ang mukha sa aking leeg.

"Jami gutom na ako, hindi pa ako nakakain." sabi ko at humiwalay na ito.

Kita ko ang maluha-luha nyang mga mata at ang matamis na ngiting sa akin nya lang pinapakita.

"Let's head back home." I smiled and took her hand. Magkahawak kamay na bumalik sa aming tahanan.

-

Kinabukasan ay isinama ako ni Jami sa mall, sabi ko kasi na nababagot na ako sa bahay kaya sumama nalang ako sa kanya. Nanood kami ng sine at kumain sa Jollibee. Bumili rin sya ng mga bagong damit at ibang gamit para sa akin. Hindi ko pa nga nasusuot lahat ng mga binili nya last time para sa akin.

"Krystal, want to come inside?" tanong nya sa akin at itinuro ang chanel store. Alam ko na ang binabalak nya.

"Dito nalang ako Jami, balik ka nalang kaagad. May bantay naman kasama." sagot ko sa kanya. Hindi ko ba alam bakit nagdala pa sya ng mga bantay, para daw sa safety ko na hindi ko naman ma gets kung ano ang ibig nyang sabihin.

Payapa akong nanonood ng video sa phone ko habang hinihintay ang pagbabalik ni Jami nang biglang may isang malakas na sampal ang natanggap ko.

Pag angat ko ng ulo ay nakita ko ang namumula sa galit na mukha ng aking ama.

"Ito ba ang igaganti mo sa amin ng iyong ina?!" Nanggagalaiti sa galit na bulyaw nito.

"Dad." biglang sulpot ni Troy sa likod nito at pinipigilan na saktan ako.

"It's you." blangkong ekspresyon na sagot ko.

"Hindi ako naniniwala na wala kang kinalaman sa nangyari! sasama ka sa akin ngayon din!" hahawakan na nya sana ako nang harangan sila ng mga bantay ko.

"Aba! kailan ka pa natotong kumuha ng mga bantay?! baka nakakalimutan mo Krystal, pera ko ang pera mo!" nakakahatak na kami ng atensyon mula sa mga tao dahil sa pagiging eskandaloso nya.

"Pera mo? baka nakakalimutan mong kung hindi dahil sa babaeng sinampal mo lugmok na sa utang ang

kumpanya mo?" taas kilay na sagot ko.

Lahat ng kung anong meron kayo, pinaghirapan ko. Ang kapal ng mukha mong angkinin ang pinaghirapan ko.

"Isa kang bastos na bata ka! wala kang galang sa taong nagpalaki sayo!" sigaw nito at sasampalin na naman ako.

"Try." Nagtaasan ang mga kilay ko nang marinig ang sobrang lamig na boses ni Jami.

"Try to fucking slap her." sabay sila napalingon sa likod at nakita ang malamig na ekspresyon sa mukha ni Jami habang papalapit ito sa akin.

"Jami." nakangiting salubong ko sa kanya.

Kumunot ang kanyang noo at hinaplos ang pisngi ko. "Does it hurt?" malambing na tanong nito.

I smiled at her and shook my head. Sanay naman na ako masampal kaya immune na ang mukha ko.

"Alis na tayo." bulong ko.

She patted my head saka marahan na hinawakan ang kamay ko.

"Krystal! ito ba ang dahilan kung bakit ayaw mo magpakasal kay troy ha?!" sigaw na naman ng eskandalosong tao.

Hinarap ko ito saka tinaasan ng kilay.
"Bakit hindi nalang ikaw ang magpakasal sa kanya? at bakit kailangan pang ibenta mo ako sa pamilya nila?" rebat ko na ikinatigil nya.

Nagtaka ako dahil biglang binitawan ni Jami ang kamay ko at inilabas ang makapal na tseke na hawak nito. Ano gagawin nya?

"Jami." tawag ko ngunit hindi nya ako pinansin at patuloy parin sa pagsusulat sa hawak na papel.

Na sorpresa ako nang humakbang ito at walang pasabi na isinampal ang hawak na tseke sa mukha ng ama ko.

That's my Jami.

"Is 300M enough to pay off your debt? Stay away from Krystal if you don't want to end up in jail." maawtoridad at malamig na boses na banta nito bago tumalikod at bumalik sa tabi ko.

They were too stunned to speak.

"Thanks for waiting, let's go home." she sweetly utters with a smile.

Bago tuluyang talikuran sila ay nakita ko pa ang nanginginig na kamay nitong dinampot ang tseke. Mukhang pera.

"Krystal?" tawag ni Jami at inabot ang kamay nito.

"Ah yes."

Hindi ko inasahan na kayang gawin ni Jami ang bagay na yon sa harap ng napakaraming tao, ang hot nya tignan nong sampalin nya ito ng tseke. Dahil sa nangyari ay nawalan na ako ng mood kaya nagpasya nalang kami umuwi.

"You okay?" rinig kong bulong nito habang nasa loob na ng sasakyan at pauwi na ng bahay.

"Jami, hindi mo naman kailangan na gawin yon. Ang laki pa ng binigay mo, hindi nila babayaran y-"

"I don't care." putol nya sa salita ko.

"I told you I won't let them hurt you again." natameme nalang ako dahil sa sinabi nito. Seryoso nga talaga sya sa lahat ng mga sinabi nya.

Hindi na ako sumagot at isinandal ang ulo sa kanyang balikat. Mawala na siguro ang lahat wag lang ang mga kapatid ko at si Jami.

"Tired?" Tanong niya at inayos ang buhok ko sa likod ng aking tange.

"Hindi, iniisip ko lang na baka balikan ako. Lahat kasi gagawin nila matuloy lang ang kasal ko." sagot ko at bumuntong hininga.

"Then let's settle this." napaayos ako ng upo at hinarap sya. Paano naman naman ma se-settle ang problema ko?

"How?"

"Marry me." mabilis na sagot nito.

Sa sobrang gulat ko sa sinabi nya ay parang tumigil ang mundo. Si Jami? Nah offer ng marriage sa akin?

"J-Jami, hindi mo naman kailangan e sacrifice ang s-"

"I'm serious." putol na naman muli sa sinabi ko.

Alam kong seryoso sya dahil sa tono palang ng pananalita at the way ako titigan ng kanyang mga mata.

"Jami naman." gusto ko, pero ayaw ko naman idamay sya to the point na pati marriage nya madadamay dahil sa akin.

She heaved a sigh and gently massaged her temple before smiling at me.

"Think of it, I will wait for your answer." sabi nya bago hinalikan ang noo ko at isinandal muli ang ulo ko sa balikat nito.

Papayag ba ako sa offer nya? pero ayaw kong ipahamak sya sa gulong nasimulan ko.

CHAPTER 15

-

Umuwi akong masakit ang paa, gusto ko nalang sana ipahinga kaso makulit si manang ar gusto tignan dahil baka lumala. Hinihintay ko kasi si Jami tapos napansin niya ako na nahihirapan kaya ngayon sinusubukan ako tulungan.

"Manang dahan-dahan lang po masakit huhu." mangiyak-ngiyak na sambit ko sa kanya habang namimilipit sa sakit.

Nahulog kasi ako ni punyetang Iris kanina, alam na nga na nakapasan ako sa likod binitawan pa talaga.

Makalipas ang dalawang linggo kong bakasyon ay nakabalik na ako muli sa school, may saklay na akong gamit kaso hirap ako gamitin at mas gusto ko nalang sana yung binili ni Jami sa akin para hindi na ako mahirapan.

"Ano ba nangyari sayo miss? baka lumal tong paa at kamay mo." una ko kasi naitutok yong kamay at paa ko kanina bago ang pwet.

"Si Iris kasi manang itinulak ako." pagmukhain ko ngang masama ang empakta na yon.

"Paano kapag nalaman ni madam to ba-"

"Know what?" ayan at biglang sumulpot si Jami na kakauwi lang galing school.

Mabilis kong seninyasan si manang na okay na at pwede na sya umalis. Baka kasi tanungin pa sya ni Jami at masabi pa nya kung bakit.

"Good evening po, masakit lang kaunti yong paa ko." sagot ko at nginitian ito.

"Wait let me call my doc-"

"Jami okay lang ako." nakakaloka naman to at gusto pa tumawag ng doctor.

Hinila ko nalang sya paupo sa tabi ko tapos bigla nya isinandal ang ulo sa balikat ko.

"Pagod ka Jami?"

"I'm fully charged."

Inangat nya ang ulo at nginitian ako.

"Gi mingaw ko nimo, pangga." hindi ko maintindihan ang sinabi pero ang lamyos ng tinig nya.

Hindi ko alam, bigla ako napaiwas ng ulo. Ang lapit kasi ng mukha nya at baka mahalikan ko na naman sya.

"Ano po ibig sabihin no'n ma'am?" nakakawala ng angas si Jami sa totoo lang.

"Why are you here? Dapat nagpapahinga ka na." bakit nga ba ako nandito sa labas? ay teka yan ba ang

sagot sa tanong ko?

"Because I missed you…" direktang sagot ko.

"Gusto kita makita at makasabay sa dinner. I wanted to keep your angelic image in my eyes, Jami." nagtaka ako paglingon sa kanya dahil nakayuko na at takip ang isang kamay sa kanyang mukha.

Nagtaka nalang ako na sinundan sya ng paningin dahil sa mabilis na pagtayo nito saka nagmadaling humakbang palayo at umakyat ng hagdanan.

"Si Jami sinabi ko lang naman ang nararamdaman ko tapos bigla nalang ako iniwanan mag isa." kinuha ko ang saklay at hirap na nagtungo sa dining table.

Akala ko pa naman sasabayan ako ni Jami tonight, bakit ko pa kasi hinintay? Mabuti nalang at hindi pa naliligpit ni manang ang mga pagkain.

"Krystal." susubo na sana ako kaso bigla akong tinawag ni ma'am, bakit bumalik?

"Po? kakain ka?" tanong ko.

"Actually, I already ate dinner but sasamahan nalang kita ulit sa pagkain." kaswal na sagot nito.

Ang sarap mahalin ni Jami, nag uumapaw sa kulay berde. Hindi parin sya bihis at mas inuna pa na samahan ako kaysa asikasuhin ang kanyang sarili.

"By the way Krystal, can you sign this?" may inabot sya na isang folder at ballpen sa akin.

Ano to?

"You don't need to read it, just sign it here." sabi nya sa akin at tinapik ang papel na kung saan ko kailangan lagdaan.

Tulad ng sabii nya ay hindi ko na binasa at tamad din ako dahil kanina pa ako nagugutom. Kinuha ko ang ballpen na inabot nito at agad na pumerma sa papel.

"Okay na po." sabi ko.

"Thanks." ang weird bigla nalang ngingiti si Jami kahit wala namang rason.

Nagkibit balikat nalang din ako saka sinimulang kainin ang pagkain. Itong si Jami, sabi niya kakain at sasamahan ako pero parang di naman siya sumusubo at panay lang ang tingin sa akin? Hindi yata ako sa pagkain malulunod kundi sa mga titig niyang nakakalunod.

"Hmm alam mo ba sinabi ni Iris sa akin kanina?" pag open topic ko kasi sobrang tahimik at baka kasi ikasakit ko pa kung walang magsasalita sa aming dalawa.

"About?"

"Sinabi ko sa kanya na inamin ko sayo na mahal kita." diretsong sagot ko ngunit nabulunan ito. May nakakagulat ba sa sinabi ko?

"Tapos sabi nya sa akin kung sure na ba daw talaga ako? baka lang daw kasi nadadala lang ako sa

damdamin ko dahil ikaw palagi ang nandyan sa oras ng pangangailangan ko…" she went silent.

"Jami sabihin mo nga sa akin, kasi wala talaga akong alam pagdating sa pag-ibig. This is all new to me. Is there really an exact definition of love?" kung ano man tong nararamdaman ko, sana ito na yong tinatawag na love.

*I know that many are courting you. Maybe they're more attractive, smart, pretty, handsome at sobrang layo ko compared to them. But I don't want to compare myself to them, because I'm yours." tuloy tuloy lang ako sa pagsalita habang kumakain. Kanina pa to walang imik si Jami kaya sinulyapan ko na sya.

My eyes widened when I saw her face. Sobrang pula ng buong mukha nya, abot hanggang tenga. Kagat-kagat ang ibabang labi at tahimik akong pinagmamasdan. Nagtaas ako ng mga kilay kasi pakiramdam ko may gusto siyang sabihin, namumula rin ang kanyang mga mata at hindi ko alam kung ano ang nasa isipan niya.

"Jami?"

"Y-You what?" nag loading ako sa tanong nya.

"Ha?"

"Ah wala, ang dami kong sinabi ayan lang isasagot mo." effort pa ako mag explain tapos what lang sagot hmp.

"I mean, what did you say to Iris?" akala ko mahal ako ni ma'am dahil lahat ginagawa nya para sa akin, lagi nya rin ako hinahalikan.

"Sabi ko mahal kita." pag-uulit ko bago nilamon ang ham.

"Krystal." tawag nito at napaangat ako ng ulo sa kanya.

"Mmm?"

"You don't have to answer my marriage proposal." parang nawalan ako bigla ng gana dahil sa sinabi nito.

Kung kailan nag decided na ako na pumayag sya naman to ngayon ang aayaw. Hays, ano pa nga ba inasahan ko.

Okay na rin siguro total ito naman ang gusto ko at nirerespeto lang ni ma'am ang desisyon ko. Ayaw ko din naman sya idawit at masaktan.

"Krystal?"

Bakit ganito, nakakaramdam ako ng kirot sa dibdib at bigla nalang namumuo ang mga luha sa mata ko. Wala naman ginawang masama si Jami pero bakit nasasaktan ako.

Bumalik lang ako sa reyalidad ng nakaramdam ako ng mainit na palad at hinahaplos ang pisngi ko.

"Hey, why are you crying again?" tiningala ko sya at nakita ang mga matang puno ng pag-aalala.

Tipid ko sya nginitian at yumuko.

"Busog na po ako." sabi ko bago marahan na inalis ang kamay nito at tumayo.

Tutulungan nya pa sana ako ngunit pinigilan ko. "Kaya ko na po, babalik na ako sa kwarto."

"Krystal no, tell me what's the problem?" humarang na naman sya sa daan ko.

"Ma'an wala po talaga, gusto ko na magpahinga." kung gaano ako kasaya kanina, kabaliktaran naman ngayon. Gusto ko nalang magkulong sa kwarto at umiyak ng mag isa.

"Krystal, caro mi piaci molto e prego dio che tu non sappia l'italiano." Hindi ko pinansin ang sinabi nito at nilagpasan sya.

Ngunit bago pa tuluyan makalayo ay sinagot ko sya.

"Come tuo studente? peccato, capisco l'italiano." tipid akong ngumiti at tuluyan na syang iniwan na mag isa.

-

"Horsey ko! why is you very nakasimangot over there?" na bobo ako lalo sa tanong ni babe.

"Why you is very saddening keybold ko?" isa pa tong si Iris.

"Is what you make saddeningers?" pati ba naman si Ag!

"Oh ikaw Aaar eeeL may baon ka rin na kabobohan?" baling ko sa kanya.

"Is you okay?" punyeta.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Nananahimik ako mag isa tapos manggugulo sila. Hinihintay pa namin si ma'an makapasok, sya kasi next subject namin ngayon. Maaga rin ako umalis kanina dahil iniiwasan ko sya, wala naman syang ginawa na mali pero hindi ko rin alam bakit naiinis ako sa kanya.

"Wala ako sa mood, please lang wag mo ako simulan empakta at baka isugod ka ulit sa clinic." Babala ko at nanlaki ang kanyang mga mata bago itinuro ang sarili.

"Gago ka ba? Hindi naman kita inaano? Bakit ako gusto mo saktan e si Sj nangungulit sayo?" Kunot noo nitong tanong.

"Sa ikaw gusto ko sabunutan, may magagawa ka ba?" Mataray kong sagot sa kanya.

"Naknampucha, pigilan nyo ako at may masasaktan ako." Hamon ni empakta ngunit walang pumigil sa kanya.

"BAHAHAHAHAHAAHAHAHHA."

Tinignan ko lang ito at hinintay sa kanyang sunod gagawin ngunit wala naman at nanatili lang sa kanyang upuan.

"Wala ka pala e." Hamon ni Aaar eeeL kay empakta.

"Hoy tanso dito ka at pasayahin mo bunso namin." walang gana na tinignan ko sila na ngayon kinakaladkad si tansan palapit sa akin.

"Ano gusto mo horsey ko?" tanong ni babe.

Bumungont hininga nalang ako saka sila sinagot.

"Kumanta ka tansan." utos ko

"Ina nyo! dapat may talent fee ako!" mukhang pera rin talaga ang tansan.

"Walang problema, kapag napatawa mo si keybold bibigyan ka namin dali!" sabay tulak ni Iris sa kanya sa harapan ko.

"Sige kakantahan ko kayo." sagot nito at pumunta sa gitna upang kunin ang atensyon ng mga k-klase.

"Ahem, kakantahan ko kayo. Pakinggan nyo at sabayan nyo ako!" seryoso nga talaga ang tansan sa kanyang gagawin.

"Mas maganda yan Tanvi para naman umulan ngayon." sabi nong isang k-klase namin at nagtawanan naman ang ilan.

"Ou, hush na at kakanta ako." sagot nito at pinatahimik na sila.

"I'm going september!"

"Pota ka BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHHAH." kakasimula palang nga nya napahagalpak na ako sa tawa. Sino kasi ang hindi matatawa kung yong boses mo parang kambing!

"Ano ba! kumakanta ako." saway nya sa amin.

"Sige continue tanso." utos ni Aaar eeeL.

"I'm going september." natatawa talaga ako bwesit!

"The day you kiss my eyes, you never forever." sakit na ng tiyan ko kakapigil ng tawa.

"Drinking by plastic cup, are you neber forever and eber, of 2004." napapahampas nalang ako sa ulo ni Iris. With feelings with matching pikit mata ang tansan, feeling songerist.

"UWU!" sabay na sigaw nitong mga kapatid ko. Punyeta ang sakit tumawa kapag walang tunog!

"Pota HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Dancing in the fly, with the middle of the earth." ano yon huhu.

"In a focus state, burger steak." bwesit.

"Zombie apologize with friends!" sabay tuto nya sa amin huhu ayaw ko na.

"And I get like this!" sigaw na naman muli nila babe.

"Ops! I die, 99, 69, ba ba bye." parang tanga nagbibilang pa.

"Hold up!" ulit na naman nila Iris. Tawa nalang ako ng tawa at lumuluha na dahil sa pinaggagawa ni tansan.

"If you wanna go, hsbisbwkd ride with me and you packing my albow stay." wala na at mababaliw na kaming lahat sa tawa lalo na't nabulunan at pumiyok sya.

"Ugh!"

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Take a picture for you and me, bope to the place we belong." anong lyrics na ba to.

"Singing zjsndjbahsjspotamhidamo."

"Thank you! Thank you!" proud pa sya na itinaas ang kamay at iniwagayway.

"Wooooooooooo."

"Ngaling ngaling brabo brabo brabo! BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Pwede mo na ako palitan tansan HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Hep hep! There's mooooooore!" hirit nya pa sa amin.

"Sige go." sabi ni Ag.

"Ano ang tawag sa gulay na maputi?" agad na tanong nya sa aming lahat.

Wala parin si Jami, mukhang nakalimutan nyang may klase pa sya sa amin pero okay lang dahil nag eenjoy pa naman kami.

"Ano?" sabay naming lahat na tanong.

"Putito." sagot nito sabay kinday sa kaklase ko.

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHHAHA."

"Popcorn ka tanvi HAHAHAHAHAHAH."

"Eh ano naman ang mas maputi pa jan?" ulit nya.

"Ano?"

"Mash putito." sabay kindat na naman.

"Tangena HAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"BOOOOOOOOOOOOOOOOOO!" waley ang tansan kaya na booo ng mga ka-klase at binato ng

scratch papers.

"Ito pa, ito pa! bakit hindi mahilig sa kape ang mga pari?"

"Bakit?"

"Kasi maka-juice sila."

"Oohhhhhhhhhhhhhhhh!" sabay takbuhan nila babe sa pisara at binuhat sya.

"Mga gago HAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Meron pa, meron pa!" hirit ulit ni tansan kaya inilapag sya.

"Ano ang kinakain sa balut maliban sa balat?" dapat kainin nya nalang din pati balat.

"Ano?"

"Mga bobo, sabaw kasi iniinom yan."

"Oohhhhhhhhhhhhhhh!" sabay buhat ulit sa kanya nila babe at itinapon sa gilid, mga baliw talaga.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Are you done?" isang boses na nagmumula sa may pintuan dahilan upang mapatigil sila sa kanilang mga kalokohan.

Nandito na pala si Jami, kanina pa ba sya jan? nakasandal lang ito sa bukas na pinto at krus ang mga braso.

Napasulyap ito sa akin kaya agad ako nag iwas ng ulo.

"Good afternoon ma'am." bati nila sa kanya.

"Get one whole." napasinghap nalang kaming lahat dahil sa sinabi nya.

Ano ba, ganito ba talaga silang magpinsan kung magpa-quiz?

"Ma'am wala pa po tayong topic?" lakas loob na tanong ni tansan.

"This is just an essay." sabi nya at may isinulat sa whiteboard.

"How to prevent juvenile delinquency." mahinang pagbasa ko.

Matapos nya magsulat ay muli itong humarap sa amin at kinuha ang kanyang cellphone na nakapatong sa lamesa.

"I want a thousand words. I gotta go, I have an urgent meeting. Pass your papers to Krystal pag tapos na kayo." grabe naman sa a thousand words yan.

Pagkatapos ay lumabas na ito ng classroom. Kung alam ko lang na wala pala kaming pasok sa kanya ngayon, sana umuwi nalang ako.

"Bakit napunta na tayo sa topic na to?" rinig kong reklamo nitong katabi ko na si Iris.

"Paano mo malalaman kung puro ka lang kalandian? Kailan ka ba nakinig sa klase ha?" Pagtataray ko rito.

Hindi ko nalang ito pinansin at nagsimula sagutan ang essay ko. Malapit na akong mag 1k words, nang bigla ko naramdaman na walang tigil sa pag vibrate ang phone ko sa bulsa kaya agad ko itong kinuha, parang tinadtad yata ako ng messages.

Kinuha ko ito upang tignan kung sino at napangiti ako nang makita ang pangalan ni Jami sa screen ko.

KATHLYN
Can you..
About last night..
Nevermind..
I mean..
Can we..
Oh gosh!
Uhmm..
Right, can we..
Talk, perhaps..
You're mad..
Or..
Uhmm..
?

Bakit ganito sya kung mag chat? hindi ba pwede isahang sentence nalang para hindi na sya mahirapan.

KB
Hindi po ako galit.

KATHLYN
????

Bakit sya pa mukhang nauubusan ng pasensya? Bakit hindi nalang nya sabihin kung anong gumugulo sa isipan nya?

KB
Akala ko ba may meeting ka po?

KATHLYN
Are you mad at me? ?

Wala ako plano pansinin si Jami pero kung ganito ang bungad sa akin ay wala ako magagawa dahil kahinaan ko kapag ganito siya.

KB
Galit ba ako? Hindi naman?

KATHLYN
I don't know if I did something wrong, but I can sense that you're upset with me. I'm sorry. What can I do to make it up to you?

KB
Hindi naman ako galit? Kakausapin ba kita kung galit ako sayo?

KATHLYN
Alright then, we'll go home together later?

Pwede naman hindi na at kay Iris nalang ako magpahatid.

KB
Si Iris nalang maghahatid sa akin.

KATHLYN
NO.

Hindi ko na sya nireplyan at ibinalik na ang cellphone sa aking bulsa. Malapit na mag time at hindi ko pa natatapos tong pinapagawa nya.

Nakita ko sumisilip si empakta sa papel ko kaya agad ko sinampal pagmumukha niya.

"Essay na yan mangongopya ka pa? Napakabobo mo masyado empakta." Sermon ko at inabot sa kanya ang papel ko.

"Thank you my unggoy!" Ngisi niyang nakakaloko at niyakap ako.

"Wag mo kopyahin lahat, ibahin mo choice of words at pag nalaman ni Jami pinakopya kita papatayin talaga kita." Babala ko dahil baka kopyahin pa word to word ko.

"Aye!" Sabay salute na parang tanga.

-

"Potangena sobrang drained na ng utak ko, yung choice of words ko kanina pabalik balik nalang tapos may words din na ginawang kong double AHAHAHAHAHA." proud pa ang Iris sa ginawa nya pero aminin ko lahat naman tayo ganyan.

Akala mo talaga sya naghirap, nangopya lang naman.

"Ang broken ng english ko do'n, bahala na si ma'am intindihin yong essay ko." sabi ko.

Nakasakay ako sa likod ni Aaar eeeL dahil pababa na kami ng building. Last subject na pala yong kay ma'am today.

"Nagutom ako bigla hoy, tara cafeteria." aya ni babe, kahit ako gutom din. Naubos braincells ko kahit wala naman ako no'n since birth.

"Election na pala sa friday, pustahan o walang mananalo sa atin." ayan na naman si tansan.

"Anong sa atin, bakit nag apply ka ba?" tanong ni Ag.

"Hindi?"

"O diba, tanga ka. Paano ka mananalo hindi naman pala." sarkastiko na sagot ni babe sa kanya.

"Shunga, nakalimutan ko pala." kay babe yata nagmana si tansan.

Habang tinatahak ang daan patungo sa cafeteria ay nakita namin na nakatambay sa may inner quadrangle yong grupo kuno na ginagaya kami.

"Ano kaya trip nila ngayon, bakit feeling ko... sila nalang kaya ang dogshowhin ko?" tanong ni babe habang nag iisip.

Natigil sila sa tawanan nong papalapit na kami sa direksyon nila. Walang tingin-tingin, nakataas ang baba at blangko ang ekspresyon na nilagpasan sila.

"Wala pala mga yon, mahihina at tatameme." nakangising saad ni Iris na kasabay lang namin ni Aaar eeeL sa paglalakad.

"Gano'n talaga pag pirated, learn to respect the original BAHAHAHAHAHAH."

"True true, no false ka jan babe." pagsang-ayon ko.

Agad nag order ng mga pagkain sila Ag at Aaar eeeL, dito nalang din kami umupo sa usual spot namin at hindi sa itaas. Hindi ko nga pala alam ang number ni Bern, nakalimutan ko rin kunin nong nagkita kami sa sekong. Gusto ko lang sana ipaalam sa kanya na kung pwede itigil na nya ang panliligaw.

Walang kami ni Jami, But I myself declared that I love her.

Maintindihan din naman siguro ni Bern kapag kinausap ko lang sya ng mabuti. Hindi ko rin sya nakikita sa campus, hindi siguro sya palagi dito sa cafeteria.

"Ang lalim na naman ng iniisip mo horsey ko." pukaw ni babe at marahan na tinapik ang noo ko.

"Sinabi ko nga pala sa kanya ang sinabi mo sa akin kagabi." agad na sinamaan ko ng tingin si Iris. Hindi talaga sya pwede pagtaguan ng sikreto.

"Hindi na matutuloy, sinabihan nya ako kagabi na huwag ko nalang daw sagutin yong offer nya." sagot ko sa kanila.

"Ah kaya pala ang pangit mo today, kasi broken ka." bakit ba kasi kinausap ko pa silang dalawa.

"Tama tama." no comment nalang ako sa pagsang-ayon ni babe sa sinabi ni Iris.

"Wag nalang nga nating pag usapan yan at binabadtrip nyo akong dalawa. Gusto ko nalang matulog kaysa kumain, bigla akong inantok." sabi ko sa kanila at napahikab ng malalim.

Sa kakaisip ko kay Jami kagabi hindi na ako nakatulog ng maayos. Mag o-offer ng kasal tapos sa huli aatras lang din naman.

"Halika idlip ka nalang muna." tumayo si Iris at lumipat sa tabi ko.

"Masakit ulo ko." sabi ko bago ipinikit ang mga mata.

"Kumain ka nalang kaya muna unggoy? Hoy, wag ka muna pumukit." Kumunot ang aking noo dahil sa bigla niya pagpisil ng aking pisngi.

"Wag ka makulit Iris, gusto ko matulog at baka uminit ulo ko sayo." Inalis ko ang kanyang kamay at hinampas sa kanyang ulo habang pikit-pilit parin ang magkabilang mga mata ko.

"Pag ikaw nanguha ng pagkain ko!" Sabi niya.

Mabuti at hapon na, kaunti lang din mga tao sa cafeteria at wala masyadong nag iingay kaya mabilis lang din ako nakatulog.

-

Naramdaman ko ang malambot na kama at ang amoy na alam kong sa kwarto ko lang maaamoy. Pero bakit may eyemask na ang mga mata ko? teka sino ba ang naghatid sa akin dito. Ang alam ko nasa cafeteria lang ako?

Antok na antok parin ang pakiramdam ko, gusto ko na sana bumangon kaso tinatamad at ang bigat ng pakiramdam ko.

Napatigil hininga ako nang biglang may pumatong sa pusonan ko at ang malalambot na palad nito na hinahaplos ang pisngi at labi ko.

Amoy palang nya kilalang kilala ko na. Mabuti nalang at hindi pa ako bumabangon.

"Krystal, I know you're mad at me. I don't know where and why you got angry, but I just want to say I'm sorry." si Jami lang siguro kilala kong nag so-sorry kahit wala namang kasalanan na nagawa.

"I missed you. I can't stand you ignoring me. Sorry." yong sobrang lambing ng boses nya, parang hinahaplos pati ang puso ko.

I heard her heaved a sigh and seconds later napaawang nalang ang labi ko. Bigla nya hinalikan ang labi ko kasabay ang marahan na pagmasahe sa may bandang templo ko.

This is so sweet.

Ah, sure na talaga ako sa nararamdaman ko. Mahal ko sya hindi dahil kailangan ko sya. Mahal ko sya dahil sa buong pusong pagmamahal na ibinibigay nya.

Napasighap ako nang marahan nya ipinasok ang dila sa bibig ko, sobrang ingat at ramdam ko talaga ang pagmamahal sa mga bawat kilos nito.

Bakit ganyan ka Jami, hindi na ako makakaahon nito dahil lunod na lunod na ako sayo.

Then she started nibbling my lips habang patuloy parin menamasahe ang templo ko. Ramdam ko na ang bigat sa bawat paghinga at init ng buong katawan ko.

Gagantihan ko na sana ang halik nya nang biglang may kumatok sa labas ng pintuan.

Narinig ko ang pagbukas nito, alam ko na kahit hindi ko nakikita ay bakas sa mukha ni manang ang gulat sa mukha.

"P-pasensya po m-madam, m-may naghahanap po sa inyo, trisha ang pangalan." gusto ko tumawa dahil sa kabado at mautal-utal na salita ni manang.

Inalis nya ang mga kamay sa templo ko. Aalis na sana ito sa ibabaw ko nang bigla akong nagpakawala ng mahinang ungol, at mabilis pinulupot sa kanyang bewang ang magkabilang braso ko.

"Please tell her I'm busy and don't have time." utos nya kay manang.

"Sige po." sabi nito at lumabas na ng kwarto. Medyo nahiya ako kasi nakita ni manang ang ginawa ni Jami, nahuli niya kami sa akto!

Inalis nya ang piring sa aking mata. Ang magandang mukha nya kaagad ang nasilayan ko pagmulat ng mga mata.

"Hi, Did I wake you up?" yong mga mata ko na hindi makapag-focus na titigan sya at kung saan nalang tumitingin.

"No, si Trisha ang dahilan kaya nagising ako. Goodmorning Jami." bati ko at inangat ang upper body upang yumakap sa kanya ng mahigpit.

"Are you mad at me?" I immediately shook my head. Hindi naman ako galit, tampo lang naman kaunti.

"Please, iwasan mo na si Trisha. Sinabi mo sa akin pinutol mo na ang namamagitan sa inyo diba? Pwede ba ako nalang? Sa akin ka nalang mag focus at hindi sa kanya?" Wala na ako pakialam kung sa paningin niya ay isa akong desperada, sinimulan ni Jami kaya panagutan niya ako.

"Krystal." tawag nito kaya nag angat ako ng ulo.

"Po?"

"Can I kiss you everyday at least once?" bakit kailangan pa nya itanong yan sa akin, kahit naman hindi na sya humingi ng permission papayag naman ako sa lahat ng gusto nya.

"Gano'n ka na po ba ka adik sa labi ko?" seryosong tanong ko ngunit bigla nalang ito nag iwas ng ulo.

Napansin ko na namumula ang tenga ni ma'am. Bahagya akong umangat at dinilaan ang likod ng kanyang tenga at marahan na kinagat ito, dahilan upang magulat at singhap sya.

"Jami, mahal kita kaya ibibigay ko lahat ng gusto mo." sabi ko bago ibinaba ang labi ko sa leeg nito at sinipsip ng walang permiso.

Naramdaman ko ang paghigpit ng hawak nya sa buhok ko, matapos kagatin ito.

"Marked." bulong ko bago sya binitawan at pabagsak na humiga muli sa kama.

Hihintayin ko ang panahon hanggang sa ikaw naman mismo ang umamin sa nararamdaman mo kung mahal mo talaga ako.

"Ah ayon pala ang mga papel namin kanina, intindihin mo nalang broken english ko Jami." sabi ko at itinuro ang mga ito.

"Thank you." nginitian ko naman sya pabalik.

Nagpasya kaming lumabas upang kumain, hindi ko halos matignan sa mukha si manang dahil sa nahihiya ako. Tinangka ni Jami subuan ako kaso agad ko iniwas ang ulo dahil nakatingin si manang,

kaso biglang nalungkot ang ekspresyon ni Jami kaya hindi ko na inisip kung ano man ang iisipin ni manang sa amin at agad kinain ang pagkain.

Habang abala ako sa pagnguya ay may napansin ako...

Napansin ko sa kamay ko na may suot akong singsing? wala naman to kanina.

"Krystal."

"Po?"

"Call me if you need anything. I'll go first because I still have work to finish." tumango naman ako sa kanya dahil hindi parin ako tapos sa kakanguya.

Napansin kong sinulyapan nya ang kamay ko na may suot na singsing at ngumiti. Sa kanya ba galing to?

"Who gave you that?" tanong nya ngunit nasa kamay ko parin ang paningin.

"Hindi ko po alam, hindi ko na to huhubarin kasi gusto ko." agad na sagot ko na ikinakagat naman nya ng labi. Okay confirmed, sa kanya galing to.

"Akyat ka na po, sabay ako bukas sayo hehe." bugaw ko sa kanya.

"You want me to sleep beside you? baka managinip ka na naman ng masama." oh alam ba nya na binabangungot ako?

"Sige po."

Nag excuse muna sya saglit at kinuha ang gamit sa kanyang kwarto. Bumalik narin ako kaagad sa kwarto matapos kumain at nag toothbrush.
Habang hinihintay si Jami, nanonood lang ako ng crime documentaries. Puro lang ganito pinanood ko simula nong tumira ako sa bahay na to.

Nabuhayan ako pagbukas ng pinto at pumasok si Jami na nakasuot ng oversized shirt, hindi ko lang alam kung may suot syang short dahil hindi ko makita.

"Jami," tawag ko at umusog.

"Thanks for waiting, turn off the tv and go to sleep." utos nya nang makita na humikab ako.

Bakit kaya gano'n kapag busog ka, aantukin ka nalang bigla.

"Goodnight po."

"Goodnight."

Nakasandal lang sya sa headboard habang abala sa kanyang laptop. Mas lumapit ako sa kanya upang yakapin ito.

Mukhang mapapasarap talaga ang tulog ko nito.

-

"Krystal, hindi ka kasali." tahimik akong nagbunyi dahil hindi ako kasali sa AS namin! 8-11 pa naman, tatlong oras silang mabibilad sa araw jan.

"Ma'am lumpo rin po kami! tansan, kunin mo yong malaking bato tapos ihampas mo sa tuhod ko." bwesit talaga tong si Iris. Lahat gagawin hindi lang makasali.

"Pota ka BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Iris shut up. Now, go to the open field." kawawa naman at hindi pinayagan ng mommy nya.

"Sana nagpagulpi nalang ako kay Kitten kanina."

"CHAIR up Aaar eeeL. Galingan nyo!" pagpapalakas loob ko sa kanila at saka nagtungo sa cottage, makikita ko naman gagawin nila mula rito.

Ano ba magandang gagawin? ako lang mag isa dito sa cottage at nasa open field na silang lahat, nagsisimula na mag exercise.

Straight pa naman ang klase ni Jami ngayon until 11:30.

"Hewoo!" nanlaki ang mga mata ko sa gulat dahil nandito sya!

"Omg baby!" tawag ko sa kanya at nagsimula na tumakbo palapit sa akin.

"We mwet again." ang cute nya talaga huhu pero bakit parang may kamukha sya.

Luminga-linga ako dahil baka naiwala na naman nya ang mommy nya. Wala naman syang kasama, paano napunta si Shang dito?

"Baby, naiwala mo na naman si mommy mo?" tanong ko at kinarga ito upang ipaupo sa kandungan ko.

"Wep."

"Bakit nandito kayo sa school baby?" ang sarap talaga pag may kausap ka na bata na kasing cute ni Shang.

"To visit ma tita. Da bad guy bweat ya again?" nakangusong tanong nya at itinuro ang kamay ko.

"Yes baby."

"Ate kwystal am hungwy. Mommy didn't fwed me." I let out a soft chuckle nang himasin nya ang kanyang tiyan.

"Tara sa cafeteria, ate krystal will treat you." kakargahin ko sana sya pero mahihirapan ako maglakad.

"Pwut me down ate kwystal. I can walk." she's a smart kid.

"Hawak ka sa damit ni ate para hindi mo ako mawala." sabi ko sa kanya at agad nya naman ginawa.

"Dito ba nag-aaral ang tita mo baby?"

"Nowp, tita is tweaching here." oh, so professor pala ang kanyang tita.

Natutuwa ako dahil habang naglalakad kami hanggang sa makapasok ng cafeteria, maraming kumukuha ng litrato nya dahil sa sobrang cute ni Shang.

"Shang, how did you know my name?" tanong ko habang abala sya sa pagkain ng strawberry cake.

"I shaw ya pwoto on tita's phone." medyo nabigla ako at curious na ako sa tita na tinutukoy nito.

"And she towld me that ate kwystal is her pwartner." dagdag pa nito na mas lalong nagpaisip sa utak ko kahit walang laman.

"Tell me more baby?"

"Hmmmm."

"She hwates stoopid pweople but ate kwystal is an excweption." nakangiti lang ako na nakikinig sa kwento nya.

Sino ba ang pwede nya maging tita na may picture ko? malabo naman na si Jami dahil never ko pa nahawakan ang phone nya.

"And then?"

"She owez twells me how cwumsy ate Kwystal is, but even though you're cwumsy, you're stwill cute." sabay pa kami napahagikhik dahil sa kwento nito.

Mukhang may alam na ako kung sino.

"Baby, tell me. Did tita tell you that she loves me?" nakangiting tanong ko bago tinapik-tapik ang lamesa gamit ang daliri ko.

"We-"

"Shang!" hindi na nya naituloy ang sasabihin dahil sumulpot bigla ang kanyang ina kasama ang tita na tinutukoy nya na may gulat sa kanyang mga mata.

Si Jami.

"You're so stubborn, oh God." stress na ang ina nya sa kanya habang papalapit sa table namin.

"Hello po, naiwala ka na naman daw kasi nya kaya isinama ko na." bati ko sa kanya bago sinulyapan si Jami.

"Good morning ma'am." bati ko sa kanya.

"Do you know them?" agad na tanong nito imbes na batiin ako.

"Ou, nakilala ko si shang nong gabi na sinundo mo ako sa claw machine. Ikaw pala ang tita na tinutukoy nya ma'am." bakit bigya yata syang kinabahan?

"Yes."

"Ah baby, ano nga ulit sana yong sasabihin mo kanina? What's the answer?" baling ko ulit sa inosenteng baya na kumakain.

"The answer is wep, wight, cowwect." hindi ko na napigil ang sarili at malawak na napangiti.

"What do you mean Krystal?" tanong ni Jami.

"Secwet tita." singit ni Shang bago ako nginitian.

"Secret." sabi ko rin at kaming dalawa lang ang nagtawanan.

Thanks to Shang, the feeling is mutual.

CHAPTER 16

-

"Miss tama na, baka mapagalitan ako ni madam at hinayaan kita maglasing." Paalala muli ni manang sa akin.

Kanina pa kasi ako umiinom dito sa may bandang pool, gusto ko lang uminom at humingi ng lakas sa alak dahil hindi ko na alam ang gagawin ko. Nag usap kami ni Iris kanina at kinausap daw sya ni ma'am Everleigh. Hindi ko alam kung saan nya nalaman o nakuha ang mga litrato namin noong gabi na may pinatay daw ako.

Alam narin nya ang tungkol sa kalagayan ko. Paano kung sasabihin nya ang lahat kay Jami? iniisip ko pa nga lang natatakot na ako.

"Manang hindi po ako lasing, wag ka po mag-alala at pumasok ka na. Okay lang ako dito, iwanan mo muna ako manang." Baling ko sa kanya at pinilit na papasukin siya dahil gusto ko mapag-isa.

Kanina pa sya pabalik-balik at kinukulit ako tumigil na pero sige parin ako sa pag inom. Gusto ko nga sana maglasing pero hindi naman ako natatamaan. Almost 10pm na at hindi parin nakakauwi si Jami, baka nga kinausap na sya ni ma'am Everleigh tungkol sa pagkatao ko.

"Sige, pero wag ka magpakalasing at mapapagalitan ako ni madam." tumango nalang ako para tigilan na nya ako at bumalik sa loob ng bahay.

Nagpatuloy lang ako sa pag inom at nag iipon ng lakas dahil gusto ko na ipagtapat kay Jami ang totoo. Sana hindi nya ako husgahan kapag nalaman nya ang buong katotohanan.

"Hays, siguro pagkatapos nito babalik na ako sa mga kapatid ko." bulong ko sa sarili at naramdaman nalang ang yakap na biglang pumulupot sa leeg ko.

Lilingunin ko na sana ito kaso biglang nagsalita ang babaeng yumayakap sa leeg ko. "Krystal, why are you drinking?" mahinang bulong nito.

Tipid akong ngumiti at hinaplos ang kanyang braso, "Jami, bakit ngayon ka lang?" Sagot ko at dinampian ng halik ang kanyang braso.

"I had dinner with my family. Why are you drinking?" ulit na tanong nya bago tumabi sa pag-upo sa gilid ko.

Sasabihin ko na ba? pero kung hindi ngayon, kailan pa? dapat paniwalaan ko ang sinabi ni Iris. Kailangan ko na talagang aminin at ayaw kong sa iba pa nya malaman ang lahat.

"J-Jami." kinakabahan ako.

"Is there a problem?" marinig lang ang malamyos na boses nya na g-guilty na ako.

Saan ako magsisimula? hindi ko alam.

I heaved a sigh before facing her.

"Gusto mo makinig ng story?" tipid ko lang itong nginitian. Mga mata nya na tila ba naguguluhan ngunit pinili nya ang manahimik at tumango nalang.

Inubos ko muna ang alak na hawak bago magsimulang magkwento.

"Hindi ako marunong mag kwento pero gagawin ko ang lahat upang maintindihan mo." Sabi ko, magulo kasi talaga ako magkwento at minsan kahit ako ay hindi maintindihan ang sariling kinukwento.

"I'm listening."

"May isang bata na nakakulong sa kadiliman. Isang bata na humihiling na sana mahalin ng kanyang pamilya, isang bata na pangarap maramdaman ang pagmamahal ng isang magulang. Ngunit mapait ang kapalaran at ipinagkait ang lahat ng 'yon sa batang nahihirapan,"

"Araw gabi laging nahihirapan at umiiyak sa madilim na kapaligiran. Iyak ng iyak hanggang sa pagbuksan ngunit para lang saktan."

"Maraming taon na nagtiis at naghirap sa mapanakit na pamilya. Puro pasa at bugbog ang kanyang katawan. Isa, dalawa o tatlong beses lang sa isang linggo kung pakainin ng kanyang mga magulang."

"Iniisip ng bata na wala na syang kinabukasan dahil sa mapait na karanasan. Hanggang sa unti-unti syang nilamon ng kadiliman at doon natagpuan ang isang kasangga at kaibigan."

"Sya ang naging sandalan, takbuhan at tanging kakampi sa masalimuot nyang karanasan. Nagpatuloy ang kanilang samahan hanggang sa nagpasya silang takasan ang mapanakit na mga magulang."

"Iniisip nya na mabuti pa ang kanyang kaibigan kayang lumaban at hindi katulad sa kanya na walang kaalam-alam,"

"Nagulat nalang ito nang malaman na ang kanyang tanging kaibigan, ay isa palang Imahinasyon na kanyang natagpuan sa gitna ng kadiliman."

"Lumipas ang araw, linggo, buwan at taon ay hindi na sya nito iniwanan. Palagi syang sinasamahan hanggang sa dumating ang panahon na kaya na sya nitong palitan,"

"Krystal." natigil ang aking kwento dahil sa pagtawag nito.

Binalingan ko sya at napansin na wala man lang pagbabago sa ekspresyon ng mukha nito.

"Do you have a split personality?" direktang tanong nito.

Bakit parang hindi man lang sya nagulat?

She's staring at me intently na mas lalong nagpakaba sa akin kaya mabilis kong iniyuko ang ulo. Hindi naman sya bobo para hindi malaman na ako 'yong nasa kwento ko.

"Jami, tatanggapin mo pa kaya ako kapag sinabi kong ou?" mahinang bulong ko bago niyakap ang mga tuhod ko.

"Tatanggapin mo pa kaya ako kapag nalaman mo na masama akong tao?"

"Tatanggapin mo pa kaya ako kung sasabihin kong mamamatay tao ako?"

"Tatanggapin mo pa kaya ako pagkatapos kong itago sayo ang lahat ng to?"

"Ta-"

"Krystal!" nagulat ako sa pagsigaw at hawak nya sa magkabilang pisngi ko saka iniharap sa kanya ang mukha ko.

Naiiyak na ako dahil namumula ang mga mata nito. Sasaktan din ba nya ako?

"Jami, I'm a murderer." sambit ko bago mag unahan sa pagpatak ang mga luhang kanina ko pa pilit pinipigilan.

"Matagal ko na talaga gusto aminin pero natatakot ako. Baka iwanan at kasuklaman mo rin ako. Si Bern na kilala mo, sya ang alter na sinasabi ko. Ilang beses narin naman kayo nagkaharap nong panahon na tulog ako." I finally said it at sana walang magbabago.

Wala man lang akong nakuhang sagot mula sa kanya. Tulala lang itong pinagmamasdan ako. Iniyuko ko ang ulo at marahan na inalis ang mga kamay nito habang kagat-kagat ang labi ko.

Sabi ko na nga ba at panandaliang kasiyahan lang ang lahat ng to. Sobrang layo namin sa isa't isa at hindi nababagay sa kanya ang isang katulad ko.

I took a deep breath bago kinuha ang saklay ko't tumayo. "Alis na po ako, sorry sa lahat." mapait ko syang nginitian at tuluyan na tinalikuran.

Nakakailang hakbang palang ako nang marinig ko ang mahinang pagtawag nito at ikinagulat ang ginawang pagyakap ng mahigpit sa bewang ko mula sa aking likuran. Hindi ko na napigilan ang sarili at napahagulgol nalang, ang swerte ko at sa kanya ako nahulog ng tuluyan.

Sinubukan kong alisin ang kanyang kamay at muling humakbang...

"I'm your wife." natigilan ako sa paghakbang dahil sa narinig at dahan-dahan na napalingon sa likuran ko.

There she is, standing in front of me. She's smiling na para bang wala lang sa kanya ang lahat ng mga sinabi ko, imbes na takot at pangamba ay puno ng pagmamahal ang nakikita ko ngayon sa mga mata nito.

Anong sabi nya? She's my wife?

Ako naman ang natulala ngayon sa tapat nya mismo. Napalunok ako nang marahan nya hinaplos ang pisngi ko at malambing na niyakap ang katawan ko.

"Where are you going? Are you trying to leave me behind? You won't find a better woman than me. Stay with me and I'll take care of you." parang nabawasan ng mga tinik ang puso ko matapos kong marinig ang pahayag nito.

Dahil sa ginagawa nito ay mas lalo akong mahihirapan na iwanan at layuan ito. Hindi ko kaya kasi hulog na hulog na ako sa kanya.

"From the beginning until now, I have kept the promise I made to you. I won't let you go back to your bitter past because I won't allow it." Muli akong suminghot matapos marinig ang kanyang sinabi.

Tanggap ba nya ako kahit ganito ako? mamahalin parin kaya ako kahit alam na nitong mamamatay tao ako?

"I missed you, KB." my eyes widened in shock. She called me kb? hindi Krystal o Bern kundi kb?

"I know everything, you don't need to apologize. Hinintay ko lang na ikaw mismo ang magtapat sa akin." alam nya? kailan pa? at paano nya nalaman ang tungkol dito.

Hirap na hirap ako Kumbinsihin ang sarili ko na ipagtapat sa kanya ang tungkol sa bagay na to, tapos malalaman ko nalang ngayon na alam nya pala ang totoo?

"A-Alam mo?" gusto ko malaman kung paano nya nalaman ang tungkol dito.

Bahagya nya inilayo ang katawan at nginitian ako. "I know everything about you. Everything." naguguluhan man ay mas pinili ko nalang ang manahimik, ang mahalaga alam na nya ang totoo.

Kung alam niya lahat, kung lahat-lahat talaga, ibig sabihin alam niya rin ang tungkol kay dad? Sa mga ginawa kong pamamaslang?

"T-Tanggap mo kung ano ako?" Maluha-luha kong tanong.

"You are you. I told you before that no matter what you have done or will do, I will always be there for you. I will guide and support you through everything." Ah, ang sarap magmahal ng katulad ni Jami.

Yung takot at pangamba ko na baka mawala sya ay unti-unting nawawala at napapalitan ng saya. Hinding-hindi ko sasayangin ang pagmamahal na ibinigay niya sa akin.

"Stop crying. I am happy that you are slowly opening up to me. You have nothing to worry about because I'll still be by your side." The assurance and comfort na kailangan ko, sa kanya ko lang talaga nararamdaman to.

Binitawan ko ang saklay at mahigpit na ikinulong ito sa mga bisig ko.

"Ang akala ko kakamuhian mo ako kapag nagtapat ako. Akala ko iisipin mo na masamang tao ako. Akala ko iiwanan mo ko pagkatapos kong sabihin sayo ang totoo. Mahal na mahal kita Jami, lunod na lunod na ako sa pagmamahal ko sayo at hindi ko alam kung makakaahon pa ba ako. Pero kung ikaw ang dahilan sa lahat ng to, mas gugustuhin ko nalang ang malunod at manatili sa piling mo." ako na siguro ang pinakamasayang tao sa gabing to.

To be fully accepted by the person you love despite everything you've been through. Si Jami ang pahinga ko.

"My wife." she whispered before hugging me tightly and burying her face in my neck.

Nalilito ako pero ang sarap pakinggan at sa pakiramdam ang tawagin kang asawa ng taong mahal mo.

Hinawakan ko ang braso nito at marahan na itinulak. "Jami, tanggap mo kahit dalawa kami?" nakangusong tanong ko.

Saglit nya akong pinagmasdan bago kinurot ang pisngi at tapik ang ulo ko.

"Even if there are three of you, tanggap ko kayo." matamis na salita nito bago hinalikan ang labi ko.

Hindi ko alam kung matutuwa o magseselos ako sa sinabi nya. Gusto ko sa akin lang si Jami. Pero kung tutuusin mas nauna si Bern na magtapat sa kanya kaya wala akong karapatan na maging makasarili.

Ang mahalaga, tanggap nya kung ano kami.

Pinutok niya ang aming halikan at bigla akong kinarga kaya agad kong ipinulupot ang mga braso at binti ko sa kanya.

"May tanong ako." mahinang bulong ko habang tinatahak nya ang daan papasok sa loob.

"Hmm?"

"Nahalikan ka na ba ni Bern?" hindi ko talaga maiwasan ang hindi magselos. Ramdam ko kaagad na kumunot ang noo ko matapos ang tanong na yon.

"She kissed me. Yes." alam ko naman pero gusto ko parin malaman mula sa kanya ngunit hindi ko maiwasan ang masaktan.

"Ginantihan mo?" ulit na tanong ko at mas lakong hinigpitan ang yakap sa leeg nito.

"Yes." walang halong pagdadalawang isip na sagot nya.

Para akong siraulo at pinagseselosan ang sarili ko. Baliw na ba ako? alam ko naman na ako parin yon pero ibang personality naman ang kahalikan nito.

Hindi nalang ako muling nagsalita at tumahimik lang hanggang sa nakapasok na kami sa kwarto ko at marahan nyang inilapag.

"Why are you frowning?" nagtataka na tanong nito.

"I'm jealous, hindi pala ako ang first kiss mo kundi si Bern." pagtatampo ko at tinalikuran ito.

"Are you sure Krystal?" tanong nya dahilan upang harapin ko muli sya. Nakangisi pa talaga sya? bakit ganyan ekspresyon nya ha.

"Oo."

"Hmmm, think carefully at alalahanin mong mabuti." ang naalala ko lang naman yong hinalikan nya ako sa mismong tapat ni troy.

Wala naman kaming relasyon bakit ba ganito ako kung umasta? pero nasabi naman ni shang sa akin na mahal ako ni Jami. Problema nga lang hindi ko pa naririnig yon mula sa kanya.

"Ayaw ko mag isip at baka kung ano pa maisip ko lumala pa tong selos ko. Tatabihan mo ko matulog?" sagot ko sa kanya at iniba ang topic. Medyo inaantok narin ako dahil siguro sa alak ng ininom ko.

Mas lumawak pa yata ang ngiti nya dahil sa sinabi ko. Sinasadya nya talaga siguro na mas lalong pagselosin ako. Siguro matagal na alam ni Jami ang tungkol kay Bern dahil ang bilis nya natanggap kung ano talaga ako.

Mas lalo tuloy akong nakaramdam ng inis. Paano kung si Bern pala talaga ang gusto nya at hindi ako. Baka nga nasabihan na nyang mahal si Bern at hindi talaga ako yong tinutukoy ni shang.

"Pinagseselosan mo ba ang sarili mo Krystal?" ipamukha ba naman nya sa akin.

Inikutan ko nalang sya ng mga mata at agad na nagtalukbong ng kumot. Tulog ko nalang to at baka madamay si Jami sa inis ko.

"Wag mo nalang po pala ako tabihan, okay na ako. Goodnight Jami." sabi ko at ipinikit ang mga mata.

-

"Horsey koooooo oooooo aaaahhh." biglang sigaw at ungol ng malakas ni babe habang papasok ng gym. Nakakahiya dahil may mga estudyante na nakarinig pero si babe yan e, walang hiya yan.

Pinapanood ko kasi ang volleyball PE nila Bern. Wala talaga sana akong balak pero naisip ko na kailangan ko nga pala sya kausapin tungkol sa panliligaw nya.

"Hoy! bakit nandito kayo ha?" tanong ko sa kanila.

"Bakit wala si Ag at Aaar eeeL ko? nasaan sila?" napansin ko kasi na silang dalawa lang ni Iris at wala rin pala si tansan.

Tumabi silang dalawa sa magkabilang side ko at sabay na isinandal ang mga ulo sa balikat ko.

"Okay ka lang horsey?" biglang naging concern si babe, baka sinabihan na naman nitong empakta.

"Ano na balita keybold?" sunod na tanong ni Iris.

Napailing nalang ako at muling itinuon ang atensyon kay Bern na abala sa kakahabol ng bola.

"Alam na ni Jami at sa tingin ko matagal na nyang alam ang totoo dahil hindi man lang sya nagulat o nagtanong sa akin ng mga kung ano." may choice sya.

Actually, ang dami nya pwede itanong pero pinili nyang hindi at mas inuna ang nararamdaman ko.

"Sabi ko naman sayo keybold na magiging maayos ang lahat. Mahal ka naman ni miss kahit walang kayo." wala nga bang kami? o hindi ko lang alam na may kami dahil si Bern ang ka relasyon nito.

"Baka si Bern yon at hindi ako." kaswal na sagot ko.

"Hindi ka sure." agad na sagot ni babe sa tabi ko.

Sinugod lang yata nila akong dalawa para guluhin. Bakit hindi nalang nila sinamahan si tansan at yon nalang ang pagtripan.

"Hindi ka pa ba babalik sa amin?" tanong ulit ni babe.

"Ayaw nga ni Jami hangga't hindi pa tuluyang gumagaling tong paa at kamay ko. Baka next week maging okay na to, hindi narin naman masyado masakit." sabi ko.

Pero sabi ni Jami huwag ko raw sya iiwanan at samahan nalang ito sa kanyang bahay. Iniisip ko parin yong sinabi nya sa akin kagabi, hindi nga ako masyado nakatulog dahil do'n.

"Hala!" sabay kami nagulat ni babe nang bigla nalang sumigaw tong empakta at nanlalaki ang mga

matang nakatitig sa kamay ko.

"Gago, bakit may singsing ka?" tanong naman ni babe.

Ah, yong singsing na hindi ko alam kung saan ko nakuha pero malakas ang kutob ko na kay Jami ito nagmula.

"Hindi ko alam, nagising nalang ako na suot ko na yan." sagot ko sa kanilang dalawa.

"Hoy gago baka kasal ka na ha tapos hindi namin alam!" wala naman sanang nakakatawa sa kalagayan ko pero tong si babe bigla nalang ngingisi na parang may alam sa nangyayari.

"Umalis na nga kayong dalawa! kakausapin ko pa si Bern. Mauna na kayo sa cafeteria at order nyo narin ako ng cake please?" sabi ko kasabay ang pag nguso at puppy eyes na ikinatawa nilang dalawa.

"Para naman kayong tanga!" kainis

"BAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH sige na bibilhan kita. Sunod ka kaagad ha."

"Isang truck gusto mo keybold?" oa ang Iris hmp.

"Layas na nga at tapos na sila Bern! sho sho." bugaw ko sa kanila at sabay na itinulak ang mga ulo na nakasandal sa balikat ko.

"Sabay na tayo at baka mawala ka pa! sa labas ng gym ka nalang namin hihintayin." pagkontra ni Iris. Pumayag nalang din ako dahil dalawa sila at wala akong kalaban laban sa kanila.

Tinawag ko kaagad si Bern. Hindi na ako nagpaligoy-ligoy pa at agad sinabihan sya na tumigil na dahil may mahal akong iba.

Akala ko magagalit sya dahil isang taon din yata nya ako niligawan ng palihim? pero hindi, sa halip ay natuwa pa ito and she congratulated me dahil adult na raw ako pft.

Tinanong nya kung pwede parin kami maging magkaibigan. Pumayag ako dahil wala naman akong nakikitang problema upang hindi sya kaibiganin. Ang baet kaya nya at lambing na tao, nabulag lang talaga kami noon dahil sa pinsan nyang manipulative.

Ayun lang naman ang sadya ko kaya nakipag usap ako. Umalis din ako kaagaad at nakita ang mga kapatid sa labas ng gym na hinihintay ako. Tinawag ko sila at sabay na kaming lahat na nagtungo papuntang cafeteria.

Medyo nababagot na ako sa kalagayan ko, hindi na kasi ako nakakasabay sa trip at lakad nila babe dahil dito sa sitwasyon ko.

Pagkatapos kausapin si Bern ay dumiretso na kami kaagad sa cafeteria. Ramdam ko kaagad ang namumuong ngiti sa labi ko nang makita si Jami na tahimik kumakain kasama ang mga pinsan nito.

"They're here." salita ni miss Lorelei.

Kaming tatlo lang ng ccb ang nandito tapos apat na professors. Hindi naman nakakailang pero pansin ko ang palihim na mga nakaw tingin ni ma'am Everleigh sa direksyon ko.

"Krystal, come here." nakangiting tawag ni miss Lorelei na gusto ako ipaupo sa tabi nito.

"Krystal." tawag naman ni Jami at nginitian ako. Kaloka, isang ngiti lang ni Jami nawiwindang na mundo ko.

May bakanteng upuan naman sa gitna nila kaya agad akong umikot at doon umupo. Ayaw ko rin naman mapahiya si ma'am Lorelei.

"Sabaok lahat all."

"Iris." tawag ni ma'am Everleigh sa kanya.

"Gusto mo gulo?" agad na sagot nito. Grabe talaga ang empakta at nagagawang sagutin ng ganyan ang isang ponferrada.

"Kapal ng mukha mo tanga." sabat ko at inirapan sya.

Ang daming pagkain at hindi ko alam kung ano ang uunahin kong kainin. Kung pwede lang talaga ipagsabay ko na silang lahat ipasok sa bunganga ko.

"Here." napatingin ako kay ma'am Lorelei dahil may inilagay na syang chocolate cake sa plato ko.

"Yay! Thank you po." masiglang saad ko kasabay ang pagpalakpan ng mga kamay.

Kakainin ko na sana ito nang biglang inagaw ni Jami ang plato ko at pinalitan iyon ng kanya.

"Be mature enough Krysral, hindi ka na bata kaya samahan mo 'ko sa pagtanda." mahinang bulong, sakto lang na kaming dalawa ang makakarinig sa sinabi nito.

Napangiti narin ako dahil nakakahawa ang magandang ngiti nito. Tumango ako bago kinuha ang kutsara't tinidor ko.

"Para sa akin, hindi talaga tatalab ang mga planado na banat ma'am. Mas maganda parin yung nahuhulog ako naturally sa matatamis na ngiti mo." malakas at dire-diretso kong salita dahilan upang mabilaukan ang mga kasama ko.

"Pota BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH sandali! si horsey ko bumanat ng hindi nya alam shit!" hagalpak na saad ni babe habang nagpupunas sa kanyang labi.

Napatingin ako kay Iris dahil sa sunod-sunod na mura at nakitang basa ang pagmumukha nito. Sa kanya siguro naibuga ni babe ang iniinom na kape.

"Tangena mainit gago!"

"Are you in a relationship?" direktang tanong ni ma'am Pixie na ikinatigil ko.

Paglingon ko kay Jami ay tahimik lang itong tinitusok ang cake gamit ang tinidor at namumula ang tenga nito.

"Wala po." ako na mismo ang sumagot dahil wala yata sa sarili si Jami.

"Baka si Iris at ma'am Everleigh meron." rebat ko at napaubo naman ang guto na tinutukoy ko.

"Ou meron, alam mo miss yang pinsan mo patay na patay sa katawan ko HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." makapal na mukhang sagot ni Iris.

"Hala, true pala? akala ko joke lang yon." sabi ko.

"Langya BAHAHAHAHAHAHAHAHAAH."

"Really Everleigh? akala ko ba ayaw mo sa bata?" medyo sarcastic sa akin ang dating nong pananalita ni ma'am Pixie.

"Coming from you?" balik ni ma'am Everleigh sa kanya.

"BAHAHAHAHAAHAHAHHAAHHAHAH."

Ngayon ko lang sila nakita na mag bardagulan dahil sa mga kapatid ko. Buti pa si ma'am Lorelei at Jami tahimik lang-

"How about you Kathlyn? Didn't you say you don't want to get into a relationship?" mali ang akala ko at ngayon pa pala sila magsisimula na dalawa.

"It's none of your business and mind your own problem." grabe naman si Jami pati ako nanlamig sa pananalita nito.

"Really? So it's okay if I date Krystal, right?" malambing na bulong nito at biglang niyakap ang leeg ko. Muntik pa akong mabulunan sa biglang paghalik ni ma'am sa pisngi ko.

Pero ang mas ikinagulat ko ay ang sunod na ginawa ni Jami.

"I won't let you because she's fucking mine!" she exclaimed! dahilan para magulat kami at ang mga tao sa ibaba. Ubos na yata pasensya ni Jami?

"The night you kissed me in the living room." hindi nga kasi ako ang humalik no'n ay ako nga pero si Bern 'yon.

"Is there a problem?" umiling ako.

"Krystal, don't say you're jealous of your alter again?" napalingon ako sa kanya. Hindi naman kasi 'yon ang ibig kong sabihin.

"Ano kasi, hindi sya sumasagot kahit anong gawin ko. Hindi ko alam kung tulog ba sya o ano." sagot ko at muling itinuon ang atensyon sa labas ng bintana.

"You wa-" naputol na naman ang sasabihin nya dahil sa tawag na nagmumula sa kanyang cellphone.

"Answer it please." utos ni Jami kaya kinuha ko ito kaagad.

Kumunot ang noo ko nang makita ang panagalan ni Trisha sa screen. Wala ba sya balak tantanan si Jami?

Sinagot ko ito at nanatiling tahimik na nakatitig kay Jami.

"Kath?"

"Bakit?"

"Krystal?"

"O"

"Where's Kathlyn?" sinulyapan ko si Jami, nginitian nya ako kaya gumanti rin ako sa kanya.

"Kasama ko, bakit?"

"Pwede ba ibigay mo sa kanya ang phone?"

"Tulog, napagod." wala naman sanang ibig sabihin ang sinabi ko pero si Jami bigla nalang napakagat sa labi at namumula ang tenga.

"W-What do you mean?"

"Ano sa tingin mo ginawa namin? sige isipin mo. Akala ko ba titigil ka na? bakit parang mas lumala ka ngayon kumpara noon." naiirita na ako, tapon ko tong cellphone e.

Sa inis ay pinatay ko nalang ang tawag. Hindi ko alam at agad nag iiba pakiramdam ko kapag kausap o kaharap ang babae na 'yon... Parang nilalamon na naman tuloy ako,

Ano ba, gusto ko manaksak, gusto ko mamaril, gusto ko pumatay...

"Jamila."

"The freak … Jamila, are you trying to kill us?" baling ko sa kanya. Bigla nya nalang kasi inapakan ang brake.

"Krystal?" her eyes widened in shock.

"Ow shoot, hello my wife. You missed me?" I asked and smirked.

"What? no reaction? hindi mo ko na miss? ganyan ka pala porket may Bern at Krystal ka na—aww HAHAHA." gusto ko lang naman sana syang asarin ngunit inambagan ako ng yakap.

"I miss you so much, KB." she cried and kissed my lips.

"Haha, I missed you too, mahal,"

Such a crying baby.

-

CHAPTER 20

-

"Jamilaaaaaa! wake up, anong klasing professor ka at ang tagal mong gumising? Your student wakes up earlier than you." pukaw ko sa kanya at dinaganan ito sa kama.

Tapos na ako sa lahat. Maligo, magbihis, toothbrush ngunit sya tulog parin.

"Hmm." oh, I like her moaning.

"Jamila, jamila, jamila, jamila." tawag kong muli at pinisil ang magkabilang pisngi.

"Gosh, you're so loud." bulong nya at niyakap ang ulo ko.

Late talaga ang bagsak namin nito kung hindi pa sya babangon at uunahin ang kaharutan nya.

"Wow, hindi halatang miss mo ako ng sobra hehe." I grinned and kissed her nose.

"Will you please get up now my wife?" tumayo ako at binuhat sya papasok ng banyo. Ayaw nya talaga bumangon.

"How'd you know?" tanong nya habang kinukusot ang kanyang mata.

"Well, we both wear the same wedding ring. I'm still smart, right? hehe." agad na sagot ko na ikinangiti nya.

"I'm sorry, sana mapatawad mo 'ko sa kung ano man ang kahahantungan nitong ginagawa ko." hindi sya sumagot at nagpatuloy sa pagsipilyo.

Nang matapos na sya ay kaagad nya akong hinarap kasabay ang paghaplos sa pisngi ko.

"How many times do I have to repeat it to you? Alam kong may dahilan ka sa lahat ng mga ginagawa mo. Ikaw at ikaw parin yan kahit na anong sabihin mo, tanggap ko." isa sa mga naging dahilan kung bakit mahal ko sya ay ang pagiging supportive nito sa lahat ng mga plano ko.

"Are you enjoying it?" mabilis akong tumango at mas nilawakan ang ngiti sa labi.

"Then that's it, I'll support you." ang aga kinikilig na naman ako.

"Alam ba to ng mga kapatid mo?"

"Nope, ibibitay ako ng mga 'yon sa oras na malaman nila. Let it be, basta ang mahalaga humihinga pa ako. Maligo ka na po, hintayin kita sa labas." hindi ko na sya hinintay na sumagot at kaagad na lumabas ng banyo.

Habang naghihintay ay inabala ko ang sarili upang ipaghanda sya ng breakfast. Medyo naninibago ako dahil ilang taon din akong hindi naging host ng katawan na to.

I met Jamila when she was heartbroken because of Sj. Kakarating ko lang noon sa hospital to visit my sister pero nakita ko si Jamila lumabas ng kwarto at umiiyak.

Tinanong ko sino ang babaeng kakalabas lang ngunit ang sabi ay hindi nya ito kilala. I was the host of this body during those times…

"Kb," naputol ang pag iisip ko dahil sa pagtawag nito. I automatically smiled when I saw her coming down the stairs.

"Wife, come here. I cooked for you." tawag ko at pinaghila sya ng upuan bago umupo sa tabi nito.

Kumuha ako ng tissue at pinahiran ang gilid ng labi nya dahil sa sauce. "Instead of calling me Kb, why don't you just call me wife? lalo na kapag kaharap ang mga kapatid ko." I like teasing her kasi mabilis lang sya pinapamulahan ng mukha.

"Ang alam nilang KB ay si Krystal at wala silang alam na nag eexist ako." I shrugged.

"Call me wife— oops, nevermind. That sacred word is only for krystal." I smiled and patted her head.

"Does Krystal know you exist?" tanong nya bago sumubo.

"She knows, but I think nakalimutan na nya. I really have no interest in fronting but Bern kept calling me." nag-aalala kasi sya kay Krystal noon.

"Then why did you just show up now?" her forehead furrowed.

"Because I'm observing."

Ang dami nya pang tanong kaya sinabihan ko na muna ito na tapusin ang pagkain dahil may mga pasok pa kami.

"Do you have a particular role?" tanong nya habang nagmamaneho ako. Dumadaldal ang asawa ko ngayon.

Hindi nya siguro matanong si Krystal dahil wala naman alam 'yon liban lang sa mga masasakit na alaala ng nakaraan. Mas lalong hindi rin nya matanong si Bern.

"Hmm alters don’t necessarily need a particular role assigned, but it can help provide answers and understanding. It helps to open up communication and empathize with each other. Also, alter roles exist to help provide understanding not a guideline…"

"Alters can change functions and roles, katulad lang kung paano magpalit ng trabaho ang mga tao. Every system is unique, wife." mahabang pahayag ko at ngumiti sa kanya.

"Sinabihan ko sila noon na subukan namin ang integration/fusion but they refused. It's okay, hindi naman kami masasama kaya panatag ako na walang mangyaring masama sa katawan na to." noon nag-aalala ako kay Krystal dahil sa traumang dinadala nya, pero hindi na gaano ngayon lalo na't may kasama na syang katulad ni Jamila.

"Jamila,"

"Hmm?"

"Paano kung ganito na kami habang buhay? matatanggap mo ba? hindi mo ba gugustuhin na isang persona lang dapat ang manatili sa katawang to? hindi ka ba nahihirapan na paiba-iba kami?" sunod

sunod na tanong ko sa kanya

I stopped the car at tinanggal ang seatbelt, mabuti may space pa dito sa parking lot.

"Nandito na tayo wife, baba na po." sabi ko at nauna bumaba upang pagbuksan sya ng pinto.

"Bag please." sabi ko at kinuha ang gamit nya at inalalayan na makababa.

"Thank you, love." I was stunned. She smiled and called me love.

Sa sobrang tuwa ay napayakap ako sa kanya ng mahigpit.

"If you stay like that forever, there will be no problem. I will respect your decision and love the three of you unconditionally. If the time comes when you decide to become one, nothing will change because it's still your body. Ikaw at ikaw parin yan, ang babaeng minahal, mamahalin at mahal ko. I'll just think that you have a mood swing." she whispered and cupped my cheek. Sino naman ang hindi mahuhulog sa babaeng to?

"I love you, love." she sweetly uttered and kissed me on the lips.

"Thank you for taking good care of Krystal, wife. Wag mo naman masyado pahirapan, alam mo na ngang slow babanatan mo ng pangmatalino. You really love to tease her, don't you? magugulat nalang 'yon sa oras na malaman nyang kasal na pala sya." paalala ko at marahan na pinisil ang kanyang ilong.

"What can I do? she's too cute and pure, I love her personality." sagot nito dahilan upang mapangiti ako.

"Right, let's go at baka mahuli ka pa sa klase."

Hindi aware si Krystal mostly sa mga events 'cause she's shutting down herself mula sa system. May mga gano'n kasi lalo na kapag ayaw ng mga alters na makipag communicate sa host.

Pinauna ko na si Jamila dahil nakasalubong namin si Iris. Nag-usap kami tungkol sa sitwasyon ko at kung wala ba kaming plano na mag fuse. Tulad nga ng sinabi ko kanina, Bern and Krystal refused me before.

Hindi namin alam kung sino ang original owner. But for me, naniniwala ako na si Krystal ang core since she's the first born and experienced the most traumatic incidents sa katawan na to.

May tinanong si Iris kung meron bang imitator or impostor. Hindi ko nasagot dahil dumating si Sj.

Sinabi ko na kanina, pwede magpalit ng role ang isang alter. Walang imitator o impostor sa amin pero kung nanaiisin namin ang maging gano'n ay madali lang.

Matapos namin mag patrol dumiretso na kami kaagad sa classroom. Nakahinga after announcement na walang pasok sa subject ni Pixie pero may seatwork. I hate math!

"President! may nagkakagulo na naman sa kabilang classroom!" sigaw ng isang lalaki sa labas.

"Jake, yung totoo. Trabaho mo ba ang maghanap ng mga taong nagkakagulo? pwede ka na maging reporter BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." tumatawang salita ni Sj.

Tumayo ako at itinali ang buhok bago lumabas ng classroom kasunod ang ibang kapatid.

"Where?" nakangiting tanong ko sa kanya.

"Ayun oh, sa last room." sabi nya at itinuro ang mga nagkumpulan na estudyante.

Nilagpasan ko ito at kaagad na nilapitan ang tinutukoy nitong gulo.

"Bakit ba puro ka nalang reklamo?! wala ka na ngang ambag sa report ikaw pa ang may lakas ng loob na magalit?!" rinig kong sigaw ng babae sa kaharap nito.

Tumigil ako at pinagmasdan muna ang kanilang pagdadrama. Hindi narin masama ang manood muna bago awatin ang gulo, diba?

"Walang ambag? baka nakalimutan mo na ako ang bumili ng mga gamit para lang may magawa kayo?" sagot naman nito.

"Woooo may away, gusto ko yan." biglang sulpot ni Iris sa tabi ko at sumisipol.

"Anong magagawa ng materials mo kung hindi ka naman nag participate sa grupong to?!" she stepped forward and pushed the girl.

Then may lalaking pumagitna sa kanila at itinulak din ang babaeng kaaway nito.

"Luh, bading." sambit ni Sj at iling ng ulo.

"Pahawak nga saglit." baling ko kay Ag at inabot sa kanya ang libro na hawak ko.

I folded my jacket at inalis ang tali sa buhok ko saka inayos ng mabuti at itinaling muli.

"Hoy! tabi!" Taboy ni Iris sa mga nakaharang na estudyante at agad na tumabi nang makita kaming papalapit sa tatlo.

"P-President." namumutlang tawag sa akin ng lalaki.

Bumuntong hininga ako at mabilis na nilapitan sya saka kwinelyohan. "Pag away ng mga babae, wag kang makialam. Hayaan mong sila ang umayos sa problema nila." sabi ko.

I pulled him at malakas na iniuntog ang noo ko sa kanya, dahilan upang mahilo at upo sa sahig.

"Gago ka unggoy, wala ka na talagang utak niyan kakauntog mo." Saway ni Iris,

"Ooooooo."

Binalingan ko ang dalawang babae na nakaupo sa sahig. Bakit magkayakap na silang dalawa?

"If you don't want to receive a report card, magbati na kayong dalawa." banta ko sa kanila.

"Y-Yes, sorry po." sabay nilang salita.

"Nice, good little cuties." I smiled at binalikan ang mga kapatid ko na nanlalaki ang mga mata.

"Bwakinangsheyt my horsey! okay pa ba noo mo? BAHAHAHAHAHAAHAHAHHA." tanong ni Sj kaya napahawak ako sa noo ko. Hindi naman masakit? pero parang may kaunting bukol akong naramdaman.

"Masakit babe." I sighed and pouted.

"Kawawa ka naman, tara clinic." sabi ni Ag at hinawakan ang kamay ko ngunit umiling ako.

"Okay lang, ako nalang ang pupunta. Balik na kayo sa classroom, mabilis lang to." sagot ko at itinulak sila pabalik ng classroom.

Nagpaalam ako saglit dahil sa tingin ko lumalaki ang bukol sa noo ko. Napalakas yata ang untog ko sa lalaki kanina.

Nakita ko ang asawa ko na may kausap na babae. I'm so amaze sa paaralan na to. Suportado nila ang LGBT community at hindi rin nila pinapakialaman ang relasyon ng estudyante at guro, basta wag lang maapektuhan ang pag-aaral at pagtuturo.

Sa mga fictional books ko lang nababasa ang ganito.

"Jamilaaaaaaaaaaaaaaa." mahina lang ang pagtawag ko pero narinig nya ito dahil napalingon sya sa direksyon ko.

Kakatapos lang yata ng klase nya. Sino nga ulit ang babaeng to?

Nilapitan ko sila at kaagad na niyakap ito mula sa kanyang likuran sa harapan mismo nitong babae na kausap nya.

"Wife, tignan mo noo ko may bukol." bulong ko at mabilis itong tumalikod upang harapin ako.

Her forehead furrowed and immediately cupped my cheeks. "W-What happened to you?"

"May gulo kasi sa upper floor kaya inawat ko gamit ang noo ko. Pa kiss naman po, baka sakaling mawala ang sakit." sagot ko pagkatapos ay ngumuso.

Pumikit ako at nilawakan ang ngiti nang maramdaman ang labi nito na hinalikan ang aking noo. What a lovely personality.

"K-Kath." tawag nong babae sa kanya kaya napatingin ako sa likod ni Jamila.

She was about to pull Jamila kaso naunahan ko sya at sinakal ang kanyang leeg. Mabuti nalang nasa first floor kami at walang mga estudyante ang nakakakita.

"Who gave you permission to touch her?" banta ko at mas lalong hinigpitan ang pagsakal, dahilan upang kaagad pamulahan sya ng mukha.

"Inuubos mo ba talaga pasensya ko?" bigla ko syang nabitawan dahil sa kamay na humaplos sa pisngi ko.

Bumagsak ito sa sahig. Paubo-ubong hinawakan ang kanyang leeg at naghahabol ng hininga.

"I'm sorry, ayaw ko lang na may humahawak sayo na kung sino lalo na ang babae na yan." sabi ko at humugot ng malalim na hininga saka sya muling niyakap ng mahigpit.

"It's okay, let's go to my office." hindi nya ito pinagtuunan ng pansin at kaagad ako hinila papasok sa kanyang opisina.

Agad nya ni-locked ang pinto, dumiretso ako sa sofa habang sya ay kumuha ng icepack para dito sa bukol ko, palaki nang palaki na yata.

"Mommmmmy, mamahalin mo parin ba ako kahit may bukol na ako?" agad ko na tanong pagkabalik nya at tumawa.

"Silly, of course." napangiti ako sa biglang pagkandong nya habang inaasikaso ang bukol ko.

Malapad ang ngiti ko habang patuloy na pinagmamasdan ang asawa ko.

"Jamila, gusto ko ang makatuluyan mo ay si Krystal," nawala ang ngiti sa kanyang labi at napalitan ng pagtataka.

"Why?"

"Willing kami ni Bern mawala para sa kanya. Si Krystal lang talaga ang ayaw pumayag kaya nandito parin kaming dalawa." tipid ko syang nginitian at pinahid ang nangingilid nyang mga luha.

"Is it wrong of me to ask you not to disappear again? Is it wrong for me to love all three of you within one body? Am I being selfish? I love you so much." humihikbi at nanginginig ang kanyang boses kaya nataranta ako. Palagi nalang talaga siya umiiyak sa tuwing kasama ako.

"Baby, stop crying. Alam mo naman na yun ang mas makabubuti para kay Krystal diba?" Tipid akong ngumiti at patuloy pinupunasan ang kanyang mga luha.

"Please, don't leave me again." Nasasaktan din ako kapag nakikita siyang umiiyak, mahal na mahal ko ang babaeng ito.

"Mahal, ako pa rin naman to, katawan ko pa rin ang kasama mo. Please, ayaw ko nasasaktan ka at gusto ko lang pasayahin ka habang nandito pa ako." Paliwanag ko at dinampian ng halik ang kanyang labi.

She bit her lip and looked deep into my eyes, her eyes practically pleading. My heart melted at the sight of my beloved.

"Can you stay a little longer with me?" Puno ng pagmamakaawa ang kanyang boses at lambing. How could I deny her when I love her so deeply?

"Baka magselos si Krystal sa akin nyan." Mahina kong sagot at tumawa.

"Kidding, stop crying na po." hagikhik ko at mas idinikit ang katawan nya sa katawan ko.

"Kiss me?" utos ko at ngumuso. Wala pang 3 seconds ay magkalapat na ang aming mga labi.

Saglit lang ang halik na 'yon at agad ko rin pinutol, baka kung saan mapunta kapag lumalim pa.

"Bakit pala nandito si Trisha?" tanong ko at sinimulan na damipian ng halik ang kanyang leeg.

"She's still forcing me to join the event tomorrow." tibay naman nya at ayaw tigilan ang asawa ko.

Ano ba ang pakay nya at ayaw nya tigilan si Jamila, baka katulad din ito ng iba na pera lang ang habol sa kanya.

"I see, mabuti at ako ang host ngayon at hindi si Krystal. Galit na galit pa naman sya sa babae na 'yon. Masamang magalit ang isang Krystal, Jamila." babala ko sa kanya at dahan-dahan na ipinasok ang dalawang kamay sa loob ng kanyang damit.

"I-I know, I don't want to hurt her." Nahihiya nyang sagot at ibinaon ang mukha sa aking leeg.

"Gusto mo date tayo? Pero saka na pag hindi ka busy, papaalam din muna ako kay Krystal dahil baka pagselosan ako." Sabi ko sa kanya.

Bahagya syang lumayo at ngumuso kaya nagpakawala ako ng tawa. Natatawa ako isipin na sobrang matured niya pagdating kay Krystal at todo alaga ngunit pagdating sa akin nagpapa-baby sita, sabagay at clingy masyado si Krystal kaya need niya e balance.

"Sweet. Lunch break na! mauna ka na sa cafeteria, sunduin ko muna ang iba." tumango sya at marahan na tumayo. Kinuha ko ang icepack at binitbit ito palabas ng opisina.

Kakalabas ko lang ngunit muntik agad matumba dahil sa marahas na paghila ni Jamila ng aking damit. Akala ko kung ano ang problema, yun pala ay nanghihingi ng halik.

"Naughty," nakangiting bulong ko bago pinisil ang kanyang ilong at tuluyan nagpaalam sa kanya.

-

Kakatapos lang pala nila sa seatwork pagdating ko sa classroom, ang dami pang mga estudyante sa labas ng room namin dahil may isang guro na nakaabang sa labas.

May date pala si Iris ngayon, hindi man lang kami sinabihan na pumapag-ibig na sya.

"Keyboard gusto mo?" tawag ni Ag at ibinigay sa akin ang isang lollipop kaya agad ko itong kinuha.

"Salamat,"

"Sino ka?" Natigilan ako bigla at napatingin kay Ag, hindi naman sya parang nababanta sa kanyang tono.

"Hindi na si Krystal, mas lalong hindi si Bern,"

Ngumisi ako at marahan hinaplos ang kanyang likod. "Guess," sagot ko at itinuon ang atensyon kay Sj,

"Hoy tansan! saan ka pupunta ha?!" sigaw ni Sj matapos nito humiwalay ng daan sa amin.

"May date ako!" sagot nya at kumaripas ng takbo.

"May sasabihin daw si Iris sa atin mamaya. Siguro pagkatapos ng klase sa hapon." tahimik lang ako na nakikinig sa kanila at nilalaro ang lollipop sa aking bibig.

"Sakto at papasok na mamayang hapon si R," sagot ni Ag.

"Kb," natigilan kami sa paglalakad dahil sa isang babae na tumawag sa akin.

"Hala Annallyn, anong ginagawa mo sa school? himala at napadalaw ka." tanong ni Sj sa kanya. Oh, Annallyn.

"Just visiting kb." she replied and smiled. Itinuro ko pa ang sarili ko para lang makasiguro.

"Yes, how are you?"

"Doing great, how about you?" balik kong tanong. Sumama narin sya sa amin patungong cafeteria at dito na sya kakain.

"Feeling good." agad na sagot nya at hinawakan ang kamay ko.

May gusto rin ba sya sa akin? sa amin? hindi ko alam, wala akong nararamdaman para sa kanya. Sa tingin ko ay mabaet naman ang babae na to at mapagmahal.

Pagpasok ng cafeteria ay dumiretso kaagad ako sa table na nasa itaas kung nasaan ang asawa ko.

"Hala horsey ko! BAHAHAHAHAHAHAH."

Hindi nya parin binibitawan ang aking kamay kaya ako na mismo ang nag alis ng kamay ko at kaagad na nilapitan ang babaeng nakangiti pero alam kong nagseselos na sa loob yan.

Kinuha ko ang lollipop na nasa aking bibig at isinubo sa kanya. Rinig ko ang mga reaksyon nila sa table but I don't care.

Kakainin na nya sana ito nang bigla kong binawi saka iniyuko ang ulo at ninakawan ng halik sa harapan nila mismo.

"Hoy horsey! Omaygas yawa! BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Hello, my wife. It's been a thousand years." pagbibiro ko at mahinang natawa.

Ang cute ng reaksyon nya. Tulala si Jamila at kurap ng mga mata hanggang sa unti-unti na namumuo ang pamumula sa kanyang mukha.

"Oh gosh, what are you doing in public?" saway sa amin ni Pixie.

"Anong sabi mo horsey?!" bulaslas ni Sj.

"You mean?" patay malisya na tanong ko.

"S-She's your what?" gulat na tanong ni Annallyn.

Oh, napalakas pala ang bigkas ko at narinig nilang lahat. I didn't mean tho, si Jamila lang kasi ang nakita ng mga mata ko.

"She's my wife." direktang sagot ni Jamila sa kanilang lahat at literal na diniinan ang salitang wife.

Kulang nalang lumabas ang eyeballs ni Sj sa sobrang gulat, hindi ko na napigilan kaya napahagalpa sa tawa bago umupo sa tabi ni Jamila.

"Anong klasing mga reaksyon yan? HAHAHAHAHAAHAHAHAHAH." tanong ko sa kanila. Naging statwa na yata silang dalawa ni Ag,

"H-Hoy! nagbibiro ka ba ha?" si Sj ayaw parin maniwala.

Kinuha ko ang kamay ni Jamila na may singsing at ipinakita sa kanila ang aming wedding rings.

"What the! Hoy madaya ka! sabi ko sabay tayong lahat diba?!" singhal nito at sinugod ako kasunod ang yakap.

"Babe, luwagan mo naman yakap mo. Gusto mo bang mamatay ako ha?" sinampal ko ulo nya at kinurot ang pisngi.

"Ara, stop." kung hindi pa sya sinaway ni Jamila hindi nya talaga ako bibitawan.

Hoy! Anong sabi mo?! a-asawa natin si Jami?!

Biglang sumingit si Krystal.

Yes, she's our wife. Hindi mo alam?

Magugulat ba ako kung alam ko ha?

Okay chill, she's trying to protect us okay? hindi mo ba gusto mapangasawa ang babaeng mahal mo?

Gusto! gaga, nagulat lang ako kasi hindi ko nga kasi alam.

Hindi mo alam o nagpapanggap ka na walang alam?

Akala ko ba wala ka na?

Trying to divert the topic? Well, hindi ako nawala. Ayaw ko lang talaga maging fronter at nagmamasid lang.

Anong dahilan at nagbago ang isip mo?

I missed her. Hindi naman siguro masama kung makaharap nya muli ang una nyang nakilala, diba?
…

"Are you okay?" pukaw ni Jamila.

"Ah, yes-"

"Mameeeeeeh, payag ka no'n? naunahan tayo ng mga kapatid natin? tara sa thailand at magpakasal." nagtampo na talaga sya.

Hindi ko na pinansin ang pagdadrama nya at kumain nalang kasabay si Jamila. Bahala sila kung ano ang isipin nila, basta ay kasal kami at akin lang sya.

Hindi na sumabay si Annallyn dahil may bigla daw syang emergency meeting na kailangan habulin.

"Hooooooooy!" salubong ni Iris sa amin papasok ng classroom. Nauna pa sya makabalik sa amin.

"Gago, kamusta date nyo?" tanong ni Sj.

Nanginginig sya na para bang nilalamig at niyakap ang sarili. "Delikado! hindi ako sanay sa ugaling pinapakita ni uno ko." sumbong nito.

"Bakit? naging malambing at bumabakod na ba?" tanong ko naman sa kanya.

"Huhu keybold, paano nalang kung naging successful ang pa 7days ni uno tapos sa huli masaktan ulit ako." bakit hindi nalang nya kalimutan ang nakaraan at subukan muli kasama si Everleigh.

"Bakit ayaw mo kasing subukan? halata naman may gusto sayo si ma'am. Kung takot ka pala sa commitment edi sana hindi mo nalang nilandi, ayan tuloy at nahulog sayo. Naka-move on ka naman siguro sa ex mo? pinapahirapan mo lang ang sarili." mahabang sermon ko na ikinagulat nila.

Napasapo ako sa noo, nakalimutan ko na ako pala si Krystal sa paningin nila.

"Luh, saan mo natutunan yan ha unggoy? tinamaan ka na ba sobra ng pagmamahal mo kay miss Kathlyn ha?" nginisihan ko nalang sya at nagkibit balikat.

"Hi, I'm back." lahat kami napantingin sa pinto.

"Donkeeeeeeey koooo, shit buhay ka na. Welcome back!" bulaslas ni Sj at sinugod sya ng yakap.

"Okay na pakirandam mo R?" tanong ni Ag.

"Na miss ka namin! wag ka na ulit magkakasakit ha." nakasimangot na salita ni Iris.

Hinila ko ang mga damit nila upang bigyan ako ng space. Gusto ko rin kasi yumakap sa kanya.
"Welcome back." bulong ko.

"Thank you, okay na ako. Ayaw pa nga sana ako papasukin ni kitten pero pinilit ko na." paliwanag nya.

"Nandyan na si maaaaaaaaaaa'am!" natatawa ako sa lalaking to.

"Tangena ka jake! yang bunganga mo dinaig pa babae kung makatili!" singhal sa kanya ni Iris.

Nakakamiss din pala ang maging fronter.

"Good afternoon ma'am," bati namin sa kakapasok lang na guro, ang uno ni Iris,

Si Iris bigla nalang nanahimik at bumalik sa kanyang upuan.

"Good afternoon." sagot nito at kaagad na sinimulan ang klase.

Kanina ko pa napansin na hindi nya tinatawag si Iris kahit na nagtataas ito ng kamay upang sagutan ang mga tanong nya.

LQ yata?

Nagtaas ako ng kamay at tinignan ang guro. "Ma'am question."

"Yes?"

"What if mangyari ang ganitong scenario sa intersection. Ambulance, firetruck, police patrol car at

presidential car. Sino po ang kailangan mag give way at mauna sa kanilang apat?" tanong ko sa kanya.

"Bobo keybold malamang ang ambulance!" singhal nitong katabi ko na si Iris.

"Tanga ka, dapat ang police car!" pagtatama naman sa kanya ni Sj.

"I think dapat mauna ang firetruck." sagot ni Ag.

"Sa tingin ko ang presidential car ang mauuna." sagot ko at tinignan muli ang guro na tahimik lang kami pinagmamasdan.

"Ambulance nga! paano nalang yung pasyente na nag-aagaw buhay ha? Wala man lang ba kayong konsidirasyon?!" si Iris na parang handa na manapak dahil sa inis sa kanyang mukha.

"Paano naman kung may nagpapatayan na at kailangan na talaga ang mga police?! paano kung dahil lang jan marami pa ang mapahamak kasi natagalan sila?!" ganting banat naman ni Sj sa kanya.

"Mas dapat mauna ang firetruck, ano nalang ang mangyayari kung kumalat ang malaking apoy at may mga na trap sa kani-kanilang bahay?" mabuti pa si Ag, relax lang kung magbigay ng opinyon.

Na stress yata si Everleigh dahil sa kanila. Napahilot nalang sya sa kanyang noo dahil sa mga sigawan nila.

"Sa tingin ko dapat talaga mauna ang president. Hindi isa, dalawa o thousands of people lang ang responsibility nya. Millions of people tayo, bawat oras ay mahalaga lalo na't nakasalalay sa kanya ang kinabukasan ng mamamayang pilipino." paninindigan ko naman sa naging sagot ko.

"Alam mo unggoy, hindi nga kasi. Hindi ba sya pwede magbigay ng oras kahit ilang segundo lang?" baling naman ni Iris sa akin.

"Iris baka nakakalimutan mo na mahalaga din ang bawat segundo sa kapulisan!" singhal naman ni Sj sa kanya.

"Same lang naman sila lahat mahalaga ang oras at hindi dapat sayangin." hirit ulit ni Ag.

Nahpatuloy ang bangayan hanggang sa natapos ang klase at walang pasabi na iniwanan nalang kami bigla ni Everleigh.

Hindi man lang nya sinagot ang tanong namin at agad na nilayasan. Gusto pa yata nya na maging takdang aralin namin ang tanong ko.

"Hoy! sabi mo may sasabihin ka!" sigaw ni Sj sa kanya.

Nagmadali na kasi itong tumakbo palabas upang habulin si Everleigh.

"Sa office nalang natin hintayin si Iris," paya ni love. Hindi sya nakisali sa bangayan nila kanina at tumatawa lang ito habang nakikinig.

Dumating si Iris na magkasalubong ang mga kilay. Ano ba ang problema nya at hindi naman sya ganyan kanina.

"What's your problem?" tanong ko pagkaupo nya sa tabi ko.

"Hindi ako pinanpansin ni uno, mamaya ko nalang ulit sya kakausapin." agad na sagot nito at sumandal sa balikat ko.

"Ano pala pag-uusapan Iris?" tanong ni Sj.

Bumuntong hininga muna sya bago kami isa-isa na tinignan sa mga mata.

"Dinala ko si uno kagabi sa underground, pinakawalan ko rin ang dalawang aso na nahuli ko para ikuha ako ng mga impormasyon kay Travis…"

"O tapos?"

"Pinakita ko rin sa kanya si Loraine. Gusto ko lang kayo kausapin tungkol dito, ilang taon narin naman sya nakakulong do'n. Oras na siguro upang isuko sya sa kapulisan? kailangan din ng tamang hustisya ni Ziallyn, hindi habang buhay kailangan natin itago ang totoong nangyari lalo na sa pamilya nya. Ano sa tingin mo, R?" mahabang paliwanag nya at sinulyapan si rl na malalim ang iniisip.

"Marami naman tayong mga naitagong mabibigat na katibayan. Hinding hindi sya makakalaya, magtiwala lang kayo kay uno." dagdag pa nito.

"Hays, hindi ko alam. Kakausapin ko nalang muna si kitten tungkol dito, sasabihan kita kaagad kapag buo na ang desisyon nya." sagot nito.

This time ay sa akin naman sya humarap.

"May tinanong din sya tungkol sa red room. Keybold diba ikaw lang ang may access sa room na 'yon? sino ba ang nakakulong do'n?" direktang tanong nya.

"Wala, bakit?" duda yata sila.

"Talaga ba?"

"Ou, tapos na ba tayo dito? aalis na ako." gusto ko na umalis at kung saan pa mapunta ang usapan.

"Hoy! Saan ka pupunta?" pagpigil ni Sj sa akin.

"Sa asawa ko."

"Whaaaaaaaat?!!" napapikit ako sa sobrang lakas ng mga boses nila Iris at rl.

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA."

"H-hoy! pumayag ka pala sa alok ni miss ha?!" daldal naman talaga ng bibig nito kahit kailan.

"Keyboard k-kasal ka na?" ayaw yata maniwala ni love,

Pinakita ko sa kanila ang singsing ko at nginisihan. Akma akong babatuhin ni Iris ng ballpen kaya tumakbo na ako palabas. Mga bitter kasi naunahan sila ng bunso.

Pababa na sana ako nang makita si si Jamila na paakyat ng hagdan. Umupo ako sa handrail at nag slide pababa upang mabilis akong makarating.

"L-Love!" she opened her arms upang saluhin ako. Natawa nalang ako dahil binitawan nya talaga ang bitbit na libro.

"Wifeeeeeeee! HAHAHAHAHAHAHAHA." tawag ko matapos nya ako salubungin ng yakap.

"You silly! don't do that again." sermon nya at marahan na hinampas ang likod ko ngunit tinawanan ko lang sya.

"Hi, hinabol kasi ako ni Iris." pagdadahilan ko.

"Sorry," bulong ko at ninakawan sya ng halik.

"May klase ka pa?" pinulot ko ang mga libro na nagkalat sa sahig at hinawakan ang kamay nya.

"Yes, last subject. How about you?"

"Meron pa yata? sunduin kita mamaya. Which floor mahal ko? hatid na kita." si Jamila bigla nalang namumula ang mukha.

"3rd floor."

Tumango ako at hawak kamay kaming umakyat sa 3rd floor. Hindi ko na pinansin ang mga matang nakatingin lalo na sa magkahawak kamay namin.

"Good afternoon ma'am and pres," bati ng mga nakakasalubong namin.

"Good afternoon." nakangiting ganti ko sa kanila.

Naramdaman ko ang paghigpit ng hawak nya kaya napalingon ako sa kanya. Why is she frowning?

"Jamila?"

"Don't do that." Oh, damn cute when she pouts!

"You mean?"

Hinila nya ako kaagad sa isang classroom na walang tao. Dito na yata next subject nya?

"Jamila?"

"Don't show that smile to them, I'm jealous." napabuga nalang ako ng mahinang tawa dahil sa naging kilos nya.

I pinched her cheek and patted her head.

"Okay po, I'm sorry. Sige na at aalis na ako. Sunduin kita mamaya after class mo mahal." nagtatampo parin yata sya kasi magkasalubong ang kilay.

"My kiss?" I let out a soft chuckle and immediately kissed her lips.

Mabilis lang at baka mahuli kami ng mga estudyante.

"Are we good now, Jamila?" sumilay ang matamis na ngiti sa kanyang labi kaya alam kong okay na kami.

She pulled me in for a hug. "Yes." ang lambing nya talaga kahit kailan.

"Alright, alis na po ako." paalam ko sa kanya matapos akong pakawalan.

Tumalikod na ako at binuksan ang pinto, may mga estudyante na pala ang naghihintay sa labas.

"W-Wait." tawag nyang muli bago ako tuluyang makalabas.

"Yes?"

"See you later, I love you." may fireworks festival yata na nagaganap sa puso ko?

"HAHAHAHAHAHAHAHA Oh God, Jamilaaaaaaaaa!" sigaw ko at muling isinara ang pinto at mabilis na niyakap sya.

"Wife, mas mahal kita. You're so cute HAHAHA." yung kilig ko abot langit na.

"Pa kiss nga ulit bago ako umalis." I pouted

I cupped her cheeks and pressed my lips against her. I'm so lucky to have her as my wife.

"Thanks for the early meal, wife" napakagat labi siya matapos kong dilaan ang labi ko.

"Mwua! bye." hirit kong muli bago tuluyang lumabas at nilisan ang classroom nya.

She's my baby,

Cutie,

-

CHAPTER 21

-

"K-Krystal!"

Tumakbo ako palayo sa kanya. Hindi, hindi gano'n ang tingin na binibigay nya sa akin kumpara sa kung paano nya pagmasdan si KB.

"Krystal! stop running!"

Huminto ako at umupo sa malaking bato. Lunurin ko nalang kaya ang sarili ko para matapos ang lahat ng problema ko?

Ito na nga ba ang sinasabi ko kaya ayaw kong pumasok sa isang relasyon. Kasi masasaktan at masasaktan ako.

Pinahid ko ang mga luha habang panay ang singhot. Kahit talaga anong pilit ko sa sarili ay hindi ko matanggap.

"K-Krystal." hahawakan na nya sana ang aking pisngi ngunit umiwas ako. Hindi ko sya kayang harapin at baka kung ano pa ang masabi ko sa kanya.

"What's wrong? Did I do something wrong? Krystal, please tell me." malamyos na boses nito at hinawakan ang kamay ko.

Huminga ako ng malalim at inangat ang ulo upang harapin ito. Malabo na sya sa mga mata ko dahil sa mga luhang walang tigil sa paglabas.

"K-Kry-"

"I'm hurt, Jami." I bit my lip and forced a smile.

"W-What do you mean? Can you please tell me?"

"Mahal mo ba talaga ako dahil ako to… O mahal mo lang ako kasi nananatili sa katawan ko ang taong mahal mo?" kita ko ang gulat sa kanyang mga mata at pagkagat ng labi nito.

Mukhang hindi ko na kailangan malaman ang sagot kasi sa pinakita niyang ekspresyon ay alam ko na. Masakit, sobrang sakit, sa lahat bakit ang alter ko pa? Hindi ibang tao ang hinihintay niya, kundi si KB na matagal nanatiling tulog sa katawan ko.

"Kaya mo ba ako nilapitan dahil alam mo ang tungkol sa alter ko? Kaya mo ba ako inalagaan dahil nasa katawan ko nananatili ang taon gusto mo? Jami, paano naman ako? Sabi mo sasaluhin mo ako kapag nahulog diba? Ito na nga oh, hulog na hulog na sayo tapos malalaman ko si KB pala talaga gusto mo." Kailangan ko ilabas lahat ng hinanakit ko at pakiramdam ko sasabog puso ko sa sobrang sakit.

"Alam ko naman na ako parin to Jami, pero bakit hindi ko matanggap? Selfish ba ako kapag hiniling ko na sana ako nalang? Kapag ba pumayag ako sa gusto nila na maging isa, pipiliin mo parin kaya ako kahit na hindi ako ang kb na iyong mahal?" lumuha sya at kaagad na iniyuko ang ulo. Marahan nitong pinisil ang palad ko habang tahimik na umiiyak sa harapan ko.

"Ako yung pinakasalan mo pero sya ang ipinakilala mo sa harap ng maraming tao. Paano naman ako Jami? hindi ba mahalaga ang feelings ko?" kung nalaman ko lang sana ng maaga na edi sana napigilan ko ang nararamdaman ko para hindi na ako makihati sa mga alters ko.

"K-Krystal," Marahas kong pinahid ang mga luha dahil sa tagos sa dibdib ko ang hinanakit sa kanyang boses ng tawagin ang pangalan ko.

"Matagal kong hinintay ang salitang mahal kita mula sayo. Pero ang sakit naman marinig na sa kanya mo mismo sinabi nong oras na gising ako." ang sakit parin talaga isipin, na hindi ako.

"Ano kaya ang pakiramdam kapag tinawag kang mahal ng taong mahal mo? nakakalungkot lang dahil hindi ako mismo ang tinutukoy mo." kaya pala nagtataka ako sa mga litrato na nakita ko sa cellphone nya. Hindi ako 'yon, kundi si KB na minamahal nya.

"S-Sabi mo hindi mo ako sasaktan and you will protect me Jami? pero bakit ikaw mismo ang nagbibigay ng sakit sa akin?" daig ko pa ang pinagtaksilan sa sitwasyon ko ngayon. Nagtiwala kasi ako sa kanya na hinding hindi nya ako sasaktan. Mali pala ako dahil sya mismo ang dahilan kung bakit ako'y nahihirapan.

"Alam ko pagtatawanan lang ako ng mga tao kapag nalaman nila na pinagseselosan ko ang sarili ko. Wala kasi sila mismo sa posisyon ko kaya hindi nila maramdaman ang sakit na nararamdaman ko…" patuloy lang ako sa pagsasalita at inilalabas ang sama ng loob samantalang nanatili lang syang nakatayo sa harapan ko, tahimik na nakikinig at umiiyak.

Humugot ako ng malalim na hininga at ipinikit ang mga mata bago tumingala sa madilim na kalangitan.

"You told me you'd light the way para tuluyan na ako maging malaya mula sa madilim kong nakaraan. Alam mo ba dahil sa pinaramdam mo ay unti-unti na naman akong nilalamon ng kadiliman?"

I opened my eyes and faced her.

"You love me, but not as much as you love KB. You want to be with her forever and not me, diba?" bulong ko at ibinaba ang paningin sa magkahawak naming mga kamay.

Humagulgol sya ng iyak at buong ingat na pinahid ang mga luha kong walang tigil parin sa pagpatak.

"K-Krystal, why are you saying that?"

"Pumapayag na ako sa gusto nya na maging isa para maging masaya kayong dalawa." bigla nalang sya nagpanic kaya tipid ko syang nginitian.

"Alam ko ang pinag-usapan nyo Jami, you want to spend time with her at ayaw mo syang mawala. Kaya ako nalang mismo ang magpaparaya." I can feel at nakikita ko ang takot sa kanyang mga mata. Ito ang unang pagkakataon na nakita ko ng ganito si Jami.

Bigla akong nakonsensya. Sarili ko lang ang inaalala ko at hindi ang nararamdaman nya.

"No, please don't do that. I admit that I love her personality. She was with me when I needed someone to lean on, and she was my companion during the time I was deeply hurt. She's the reason why I learned to smile again, and she's the reason why I fell in love again…" hindi ko naman masisisi si Jami kung bakit nya mahal ang alter ko.

"I know I've been mean by making you think that I only used you because I fell in love with your alter.

Please, don't think that. It never crossed my mind to use you for my own gain." Nanginginig ang kanyang boses habang nagpapaliwanag at mas bumuhos ang mga luha.

"She told me about your condition, that she is your alter and that your real name is Krystal. In case we meet again and you don't recognize me, she told me to get to know you better and love you just as I love her…" Suminghot sya at pilit na ngumingiti, tinatatagan ang sarili pero kitang-kita ko ang sakit sa kanyang mga mata.

"At first, I wasn't sure if I could really do what she asked of me. Krystal, we've been together for so many years and I feel like I've come to know you better over time. Please believe me when I say that I am not deceiving you or trying to lie to you. I would never do such a thing to you." Nakikita ko kung gaano ka seryoso si Jami sa bawat salitang binibigkas niya.

Nahimasmasan yata ako sa ininom ko, ayaw ko sya makitang umiiyak dahil pati ako nasasaktan. Pero heto ako, binibigyan sya ng dahilan upang masaktan.

"I-I'm sorry if you think I just used you to get close to her again. That was never my intention, and I never thought that it would hurt you like this..." Kung tutuusin ay sobrang swerte ko sa kanya kasi nagpapaliwanag sya kahit hindi ko naman sinasabi.

Ang sarap mahalin ng isang katulad ni Jami. Lahat gagawin ang paraan maayos lang ang hindi pagkakaunawaan o away.

She cupped my cheek at pinagdikit ang aming mga noo.

"Y-You have no idea because you're asleep. You don't know how many times I've called you my love. Y-You don't know how many times I've told you that I love you. You don't know how many nights I've stayed up just to watch you while you sleep." Nanlalambot ang puso ko. Hindi deserve ni Jami ang masaktan ng ganito.

"K-Krystal, it's so hard because you are the same person. How many times do I have to repeat myself for you to understand? I will accept both of you, no matter what decision you make. But if you choose to become one person, I will wholeheartedly accept and support you. I didn't love you for your body. I love you because of your personality. No matter what happens, you will always be you, even if you turn the world upside down!" I'm speechless. She frustratedly shouted and smashed her lips against mine.

Napangiwi ako sa sobrang diin ng kagat nya sa labi ko bago ito muling magsalita.

"I asked her to spend more time with me because I missed her personality. You're so pure and innocent that I'm afraid of hurting you. I didn't realize that my actions were actually hurting you..." wala naman talaga syang kasalanan.

Nagmahal lang din naman sya ang kaso nga lang sa tao na katulad ko pa. Mahirap pero siguro dadating din ang panahon na matatanggap ko ang buong katotohanan.

"I-I'm so sorry, please forgive me. I beg you, try to understand me too. Give me another chance." ako tong may mali pero heto sya, nagpapaliwanag at nagmamakaawa na bigyan sya muli ng pagkakataon.

"M-Mako" tuluyan na akong bumigay at kaagad syang niyakap.

Hindi ko kayang tiisin si Jami, ang bobo ko at sya ang sinisi ko kahit na wala naman syang kasalanan.

Alam ko ang ibig sabihin ng MAKO. Bago ko pinalitan si KB kanina ay sinabi nya sa akin, sa oras na banggitin ni Jami ang salitang to. It means, Mahal ko.

Naiyak nalang ako habang yakap-yakap ang leeg nito. "I-I'm sorry Jami, natakot lang ako dahil baka kapag nawala si KB ay iwanan mo rin ako." mahigpit nyang niyakap ang bewang ko at ibinaon ang ulo sa leeg ko.

"No, That will never happen. You're my wife at mahal kita." gusto ko nalang magpalamon sa lupa dahil hindi ko maipaliwanag ang aking nararamdaman.

She called me 'my wife'

"I'm sorry if I made you feel that she's more important than you. I'm not perfect, and I make mistakes too, but I shouldn't use that as a reason to justify my wrong actions. Please don't think that I only used you because of kb. I love you because you are Krystal. The innocent, cute, and pure girl I love..." tipid syang ngumiti at dinampian ng halik ang noo ko.

Paano ko nagawang pagdudahan si Jami kung ganito sya kung magpaliwanag sa akin.

"I-I apologize for not telling you about our marriage. It was meant to be a secret because I wanted to keep it hidden for a while. I was worried that you would be angry once you found out that we were married the whole time." siguro dahil sinabi ko sa kanya na pag-iisipan ko.

Una talaga ang akala ko inalok nya lang ako ng kasal upang matulungan laban sa magulang ko. I didn't expect na may ibang dahilan pa pala sya at 'yon ay palihim na minamahal ako?

"I had no other choice but to confess in front of them because KB had already said it. Also, I just want to let Lorelei and Anna know that you are mine…" she snorted and sniffed.

She's cute, akala ko kay KB nya lang gusto ipakita ang ganitong side nya.

Pinahiran ko ang mga mata nya at muling ipinikit ang mga mata sa muling paghalik ni Jami sa aking labi.

She interrupted our kiss by burying her face in my neck and whispered, "Mako, please don't leave again without saying goodbye."

Humugot ako ng malalim na hininga at buong pagmamahal na niyakap sya. "Sorry po." sambit ko at ngumuso.

"I love you, Krystal." sasabog na puso ko sa sobrang saya. Sya lang talaga ang nagpapakalma sa buong system ko.

"Talaga?" ramdam ko ang mabilis na pagtango nito at muling hinarap ako.

"Yes, mahal kita." buong puso nyang bigkas at binuhat ako. Mabilis kong pinulupot ang mga braso at paa sa katawan nito.

"It's time to go home with me, love." tumango ako at ibinaon ang ulo sa leeg nito saka marahan na ipinikit ang mga mata.

Are you there?

Yes

KB, I'm sorry

I'm glad you're fine now

Thank you for understanding me

We're here to help you, not to destroy you. I love Jamila, sapat na ang masakit na napagdaanan nya. Sana wag mo na sya muling bigyan ng dahilan upang masaktan.

I promise.

Thanks. Now sleep and take a rest.

"Mas mahal kita, Jami." I whispered and fell asleep.

-

Jamila

"Manang, please open the door for me." I instructed her to open my bedroom door.

Krystal fell asleep.

"Okay lang ba si miss, ma'am?"

"Yes, she was just tired. Thank you." I replied and entered the room.

Earlier, I was worried about her because she suddenly left without saying anything. I knew something was wrong, so I quickly went to look for her.

I didn't know that I already hurt her because of my actions.

"I'm sorry, Krystal."

To be honest, I already knew Krystal back then. I pretended not to know about her condition. I just waited for her to open up to me about her situation, especially with her alters.

When we first met, I didn't want to get involved with her. I didn't have the time or energy and I wasn't looking for anything at all.

My heart was broken. She mended me and made me whole again. Even though I was shattered, she loved me and saved me from despair.

She saw through my brokenness and didn't give up on me. She patiently pieced me back together and filled the empty spaces in my heart. With her love and care, she healed my wounds and gave me strength to keep going. She became my anchor in the storm, and I found hope once again through her.

In her presence, I found comfort and security. Her love was like a balm, soothing my pain and bringing me peace. She became my refuge, the person I could turn to when the rest of the world failed me.

She understood my struggles and was there for me through thick and thin. She never left my side, even when I was at my lowest point. Her unwavering support was a constant reminder that I was loved and that I was not alone. Her love gave me the confidence to face my fears and to believe in myself again.

She taught me how to love and trust again. She showed me the beauty of life and how to find joy in the smallest things. With her by my side, I learned to embrace my flaws and accept myself for who I am. She was my healing, my salvation, and the reason why I could smile again.

"KB told me everything about you. I'm sorry if you think I don't love you. I do love you, and that's why I want to protect you from people who want to hurt you." I whispered and tenderly stroked her cheek.

Her eyes were swollen from crying. She still looked cute, even in this situation.

I yawned and hugged her,

"Goodnight, mako," before closing my eyes.

-

"What's wrong with you, Kathlyn? You've been spacing out since earlier." Lorelei called out, raising an eyebrow.

"My wife. That's what's on my mind." I responded, taking a cup of tea.

"Excuse me?" Lorelei looked puzzled, seeking clarification.

"I miss my wife."

I don't have any classes with them today. I haven't seen Krystal all day because I left to finish something at the company.

"Kath, are you free tomorrow?" Everleigh asked.

"Why?" I responded.

"Do you want to go on a double date?" naninibago ako sa kanya. Where is the bossy everleigh I used to know?

"You mean?"

"I'm going on a date with my kiddo. Do you want to go with Krystal?" I let out a soft chuckle. Did she just say, my kiddo?

"I thought you don't like your kiddo?" Pixie asked with a teasing look on her face.

Everleigh raised her eyebrows and rolled her eyes before shrugging her shoulders.

"What is this? I heard that you have a pure love operation with your kiddo?" I heaved a sigh and massaged my temple. Here we go again.

"Instead of bothering me, why don't you focus on your own fiancé? I heard another girl is flirting with her again." Pixie raised an eyebrow. They could never admit defeat to each other.

She leaned back, folding her arms and crossing her legs before returning Everleigh's smile.

"Why should I? Why should I waste my time when I know that my only rival is food?" I sipped my tea and nodded slowly. That was a valid point.

"Haha." Si Lorelei bigla nalang napatawa dahil sa kanilang dalawa.

"Whatever," Leigh finally gave up.

I turned my attention to Lorelei, who was laughing. "And how about you, Lorelei?"

"What about me? Why did you include me in this conversation?" she countered, placing the book she was reading on the table.

I couldn't believe there was nothing between them, especially considering Lorelei's nature was identical to Iris'.

"There's nothing between you and Axel?" I asked.

"Hmm should I tell you?" she smirked.

"Up to you." I instantly replied.

"Axel is like a…"

-

KRYSTAL

"Pieeeeeeeee!"

Kakatapos lang ng klase at kaagad kami sumugod ng cafeteria dahil gutom na mga alaga namin. Napangiti ako the moment nakita si Jami, kausap ang mga pinsan niya. Nagmadali akong umakyat at tumabi sa kanya.

May pinag-uusapan yata sila kaso naputol dahil bigla kaming sumulpot.

"Hi," Ngiting bati ko at kinain ang cake na sinubo sa akin. May cake talaga sya palagi na dala kasi alam nyang hahanapin ko ito.

Abala ako sa kakanguya nang bigla nya inilapit ang mukha sa aking tenga.

"I miss you." bulong nito dahilan upang mabilaukan ako.

Ngayon lang kasi kami nagkita at hindi kami nagsabay ng alis kanina sa bahay dahil maaga itong pumasok sa opisina.

"Hoy! may bagong bukas na mirror maze house! gusto kong pumunta!" itong si babe bigla nalang sisigaw kahit nasa harapan lang naman kami.

"Bawal si keybold do'n." sabat ni empakta na ikinakunot ng noo ko.

"At bakit?" agad na sagot ko.

"Kasi baka matakot ka sa sarili mo lalo na kapag maraming unggoy na keybold ang makaharap mo." hagalpak na paliwanag nito.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Aaar eeeL, inaasar na naman ako ni empakta." sumbong ko sa kanya na nasa kabilang side ko nakaupo.

"Okay lang keyboard, ipikit mo nalang ang mga mata mo kung sakaling papasok ka para hindi mo mabasag ang mga salamin." hahampasin ko sana ulo nya kaso wag nalang pala kaya hinarap ko muli si Jami at inagaw ang cake na kanyang hawak.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Itutuloy pa ba ang pagbuo ng ccb club?" tanong ni Ag.

Kaya nga pala kami tumakbo sa posisyon na to dahil sa goal na yan, pero kailangan pa ba gumawa kung mga officers na kami? dagdag na naman sa aalalahanin ang club na yan.

"Ou, next week na pala. Ako, Iris, Ag, R, Horsey, Tanvi, Loli, Maddyn, Naddyn… Hala! kulang tayo ng isa!" bulaslas ni babe matapos mapagtanto na hindi umabot sa sampu ang members.

"Tanga babe, nakalimutan mo si hell." sabi ko sa kanya at umiling ng ulo.

"Ay bobo, ou nga pala. Ayan! 10 na tayo at pwede na bumuo ng club!" ang saya nya ha, ano kaya unang activity na ipapagawa nito kapag na approve ang application.

"Una si R, ngayon si Heaven, sino susunod nyo makakalimutan?" Ang dark ng joke ni Ag ha.

"Presideeeeeeent!" napatingin kami sa lalaki na sumigaw sa baba at tinawag ako.

Nakakaloka tong si Jake, akala ko talaga sya yung isang lalaki na tahimik at ayaw makasilamuha sa iba. Nagkamali ako at daig nya pa ang isang babae kung makasigaw!

Seninyasan ko syang lumapit kaya agad itong nagmadali umakyat.

"Ano Jake? may nahanap ka na namang mga nag-aaway na estudyante?" tanong ni babe sa kanya.

"Good afternoon po." bati nya una sa mga guro na tahimik lang.

"Hindi, may babae kasi na pumuntang classroom at hinahanap si president." naramdaman ko ang pagpisil ni Jami sa legs ko kaya napatingin ako sa kanya.

"Hala Athy! may bagong babae na naman si horsey ko BAHAHAHAHAHAHAHAHA." pinapalala talaga palagi ni babe ang sitwasyon.

I heaved a sigh at hindi ko nalang sya pinansin. "Sino?" tanong ko kay Jake.

"Hindi ko kilala pero…" putol nya at tinignan ang sa may entrance. "Ayun sya oh." turo nito sa babae na nakatayo sa may entrance at tingin sa direksyon ko.

Ah.

"Ay ay ay, maganda sya ha. Kilala mo ba yan keybold? may jowa?" tanong ni malanding empakta. Natawa nalang ako sa biglang pagsapak ni ma'am Everleigh sa ulo nya.

"She's Caddie, sya yung babae na nakalaban ng mga babae do'n sa likod ng building." sagot ko sa kanya.

"Aha! yung nambugbug sa limang babae? lima ba o anim? BAHAHAHAHAAHAHA." ewan ko sayo babe.

Tatayo na sana ako pero hinawakan ni Jami ang kamay ko. "Where are you going?" aalis?

"And what happened then? Are you now using Brenton to get revenge on Iris?" I continued, "What if you just made a mistake? From what I've seen, it doesn't seem like Iris is playing with you, especially your feelings." All of us were clueless. Perhaps everything that had happened was just a big misunderstanding.

Everleigh took a sip of her wine before continuing. "My only mistake was falling in love with a woman who still harbors feelings for her ex-girlfriend. How would you feel if you watched them laughing and enjoying a happy conversation, and then out of the blue she pulled her and kissed her?" Her voice trembled with anger and hurt, still reeling from what she had witnessed.

Her fist tightened around the glass of wine, her knuckles turning white from the pressure. "Can you imagine how I felt in that moment?" she asked, and her voice was shaking with emotion.

"I felt like a fool, a mere pawn in their twisted game." She bit her lower lip, trying to hold back the emotions rushing through her. "I poured my heart out to her, confessed my feelings for her, and what did I get in return? A cold, hard slap to the heart. It was as if every word I said was meaningless to her. It hurt, knowing that she could so easily kiss Cherryl after hearing my confession." She paused, taking a deep breath to keep herself from breaking down

All of us sat there in silence, wrestling with our own thoughts. None of us knew what to say or do. If things continue like this, they'll never start dating and may not even be able to communicate properly. If Iris slips back into her old habits, and Everleigh takes too long to realize her own errors, will they lose each other forever?

"You're saying Iris is a mistake? Instead of making assumptions, why won't you speak with her to find out the truth?" Lorelei's calm, reasoned voice cut through the oppressive atmosphere in the room. Ziallyn and Pixie exchanged approving nods, realizing the wisdom in her words. It was true, Everleigh needed to talk to Iris and get the truth directly from her. Communication is the key.

"Think about it," I began, addressing Everleigh directly. "You were hurt and traumatized by your previous relationship, and then the girl you like unexpectedly confessed to you." I paused, giving her a moment to consider my words. "How do you think you would react if she tells you that everything she said was a mistake?" Everleigh's expression seemed to soften slightly at my words. She sighed, her shoulders slumping slightly in defeat.

"I... I don't know." She shook her head, looking down at her nowEmpty glass as she grappled with her emotions.

I understood Everleigh's fears, especially since this is her first romance. With Iris having many females interested in her, including her ex-girlfriend, it's essential for Everleigh to fight for her relationship. Now more than ever, she needs to stand up and make her love for Iris known.

She remained silent…

I've received a message from Krystal.

MY WIFE?
Jami, aalis ako. Susunduin ko sa bar si Iris at baka sa villa na ako matulog. Wala kasi syang kasama, okay lang po?

She is truly a sweet girl, and I feel fortunate to have her as my wife..

KATHLYN
All right, call me when something happens.

I turned off the phone and focused my attention back on Everleigh. "She's at the bar," I informed her, and she looked up.

"Who?" She asked.

"Your kiddo," I replied. "Krystal is on her way to keep her company." I sincerely hope they can solve their issues before she regrets it.

—

KRYSTAL

Kakarating ko lang sa labas ng bar, tinawagan kasi ako ni empakta na wala syang kasama at bantayan ko raw sya dahil baka may lumandi sa kanya kapag na lasing.

Hindi kasi sumama sa lakad nila tansan at parang hindi na rin naman sya interesado sa ibang babae liban lang kay ma'am Everleigh.

Masasabi ko lang talaga malaki ang pinagbago nya simula nung pumasok ang month of July. Lahat kasi ng mga babae na naghahabol sa kanya ay hindi na nya pinapatulan.

Pagpasok ko ay napansin ko na parang may gulo kaya agad ko itong nilapitan. Nanlaki ang mga mata ko nang makita si Iris na pinulot ang isang bote at buong lakas na hinampas sa ulo ng lalaki!

Akala ko sya lang pero nandito rin pala ang tatlo na sa tingin ko kakarating lang din. Nagkakagulo na sila at wala man lang umawat kay empakta?! duguan na ang ulo nito at baka mapatay pa nya ang lalaki.

"Iris!" sabay na tawag namin sa kanya at mabilis itong nilapitan upang pigilan. Gusto yata maging kriminal ng gaga dahil sasaksakin na sana.

Inawat namin sya at mabilis na inagaw ni babe ang hawak nito na bote.

"Iris ano ka ba!" singhal ko at pinaharap sya.

Yung mga mata nya na walang buhay na akala ko hindi ko na muling makikita. Kainins naman! bakit humantong na naman sya sa ganito.

"Ag, check mo nga kung humihinga pa." utos ni babe sa kanya upang tingnan ang lalaki na walang malay. Gaano kalakas ang ginawa nya para himatayin ang lalaki? Hinila ko sya at pinaupo sa gilid, sa tingin ko hindi naman ito lasing at sakto lang ang nainom.

Kinuha ni Aaar eeeL ang isang kamay nya at tinignan. "Keyboard may panyo kang dala?" kaagad ko na ibinigay sa kanya upang gamitin sa kamay ni empakta na puno ng dugo dahil sa sugat.

I cupped her cheeks at pinahid ang mga luha. "Ri, masakit ba? punta tayo hospital?" kaagad syang umiling at buntong hininga.

"Okay lang ako." kinagat ko ang labi ko, wala man lang pagbabago sa kanyang ekspresyon. Ayaw ko sa ganito dahil lahat kami apektado.

"Bakit mo kasi ginawa yun? paano kung napahamak ka! kainis naman to." kung sya kaya hampasin ko ng bote sa ulo.

Ibinaling nya ang ulo kay Aaar eeeL. "R, kapag ba nakulong ulit ako mapapatawad na ako ni uno?" naiiyak nalang din tuloy ako dahil sa sinabi at sitwasyon nya. Dahil kay ma'am kaya nagkakaganito na naman sya.

"Iris! Ano ba pumapasok sa ulo mo, bakit ka ba nagnakaganyan! Umayos ka nga at magiging okay din ang lahat." Inis kong saway sa kanya at pinahid ang mga luha niyang walang tigil sa pagbagsak.

"I, hindi mo naman kailangan gumawa ng ganito at saktan ang sarili. Bakit hindi mo na lang ipaliwanag sa kanya?" sagot niya habang ginagamot ang sugat ni Iris.

"Paano ko ipapaliwanag? hindi ko nga alam kung ano ang dahilan at hindi nya rin naman sinabi ang rason…" napatingin kami sa mga pulis na papalapit sa direksyon namin. Ang bilis naman nila makarating!

Uminit ang ulo ko dahil sa ginawa nilang paghila sa kamay nito at biglang pinosasan. "Pwede ba? kita na ngang may sugat, alisin mo ang posas na yan kung ayaw nyo matanggal sa serbisyo." banta ko sa pulis na hinatak si Iris.

"Sa presinto na kayo magpaliwanag." hamon nya at itinulak si Iris, babanatan sana sila ni babe kaso pinigilan ni Aaar eeeL. Kaagad kong tinawagan si Jami, sinabi ko sa kanya ang nangyari at papunta kaming presinto.

***

Nandito ako sa labas ng police station. Hinihintay ang pagdating ni Jami, nasa loob naman ang iba at sinamahan si Iris,

"Krystal," tawag ni Jami pagbaba ng sasakyan kasunod ang iba. Hinanap si ma'am Everleigh pero wala ito. Wow!

"Where are your sisters? What happened to Iris?" tanong ni ma'am Pixie,

"They detained her, nasa loob po at sinamahan sya." kaagad silang pumasok na tatlo habang kami ni Jami ay naiwan sa labas.

"Hindi nyo kasama si ma'am Everleigh?" tanong ko. Bigla yata nailang si Jami at hindi alam ang isasagot sa tanong ko.

"Jami?"

"Brenton picked her up. Magkasama silang dalawa." napahugot nalang ako ng malalim na hininga.

"Alam ba nya ang nangyari kay Iris?" ulit ko at tumango naman sya. Hindi ko alam kung dapat ba akong magalit kay ma'am o unawain nalang ito.

"Akala ko ba mahal nya kapatid ko? Bakit naman ganyan Jami, hindi nya ba alam na sobra ang epekto ng ginawa nya sa kapatid ko?" sana man lang binigyan ng pagkakataon upang maipaliwanag ni Iris ang side nya.

Kanina pa mainit ang ulo ko tapos na dagdagan pa dahil kay ma'am Everleigh. "Mako, calm down. They just need time to adjust." adjust saan?

"Sorry Jami, bumalik na naman kasi sya sa dati. Gusto ko lang sumaya naman si Iris..." kahit palagi akong binubwesit ng empakta na yun, mahal ko parin sya.

"Tara na sa loob, kailangan ko kausapin si riri," sabi ko at hinawakan ang kanyang kamay bago bumalik sa loob.

Hindi sya makakalabas at kailangan nya munang manatili dito. Actually pwede naman sya makalaya dahil kayang kaya naman gawan ng paraan, pero si Iris lang ang ayaw pumayag dahil dapat nya raw

pagbayaran ang nagawang kasalanan.

Ilalabas ko sya bukas mismo. Ayaw kong manatili syang mag-isa dito.

"Ri," tawag ko sa kanya.

Nasa isang sulok lang sya, nakaupo at yuko ang ulo habang dumudugo ang kamay nito.

"Wala ba sya?" matamlay na tanong nya.

"Bakit hindi ka sumasagot? wala ba?" paano ako sasagot kung ganyan ka.

"Ilalabas kita bukas kahit pa mag away tayo, basta lalabas ka dahil utos ko." subukan lang nya pumalag at baka ako wawasak sa ulo nya.

"Alis ka na, okay lang ako dito." gusto ko syang samahan pero pinagtatabuyan naman ako! hayaan ko nalang muna sya tonight, wala akong mapapala kung makikipagtalo ako sa kanya.

"Hintayin mo ang doctor, babalikan kita bukas." Sinulyapan ko syang muli bago tumalikod at binalikan ang iba.

Habang nasa byahe ay iniisip ko kung ano ba talaga ang ugat sa lahat ng problema nila ni ma'am. Bigla kong naalala na may pinasuyo pala ako kay Jami kaya agad ko syang tinignan.

"Jami, anong dahilan?" tanong ko habang nakafocus sya sa pagmamaneho.

Sinimulan nyang mag kwento at sinabi sa akin ang dahilan. Naiintindihan ko na ngayon kung bakit ganun nalang sya kay Iris ngayon, pero dapat ba nya talaga ang gantihan ito at sa harapan pa mismo ng kapatid ko hinalikan ang kasintahan nito?

"Pinalala lang ng pinsan mo ang sitwasyon nila ngayon Jami." inaasahan ko na ipagtatanggol nya ito ngunit hindi naman at nanatili lang na tahimik.

"Kumain ka ba?" tanong nya kaya hinawakan ko ang tiyan ko. Naalala kong hindi pa pala ako kumakain ng dinner dahil nagmadali na akong umalis kanina.

"Hindi pa po, luto mo nalang ako pagdating natin?" miss ko na luto nya e.

Simula nang maayos ang problema namin tungkol sa personalities ko ay wala na kami naging problema. Maayos at masaya ang pagsasama, sana nga ganito nalang at wala ma sanang humadlang sa pagsasama naming dalawa.

Sana nga…

"Okay, what would you like to eat?"

"Ikaw po."

"It's up to me? Okay love." anong up to me na naman sinasabi nya.

"Ikaw kasi gusto kong kainin Jami." pagtatama ko. Napasubsob mukha ko dahil sa biglang pagpreno nya. Nakalimutan ko pala magsuot ng seatbelt.

"K-Krystal, are you okay? I'm sorry." letche sakit ng noo ko.

"Jami naman, bakit palagi ka nalang ganyan." nakangusong reklamo ko habang sinisermonan ito.

"It was your fault, stop joking around." paano ko naging kasalanan, sinagot ko lang naman ang tanong nya.

Hinawakan ko ang kamay nito na hinahaplos ang noo ko. Bahagya akong tumayo at tumawid saka mabilis na kinandungan ito.

"K-Krystal, We are on the road." si Jami kinakabahan, ramdam ko ang pagtibok ng kanyang puso dahil nakalapat ang palad ko sa bandang dibdib nito.

"Saan ako nagbibiro?" subukan ko yung napanood ko sa movie.

"Y-You, eating me?" pabilis ng pabilis ang tibok ng kanyang puso. Inilapit ko ang mukha ko sa tenga niya. Napasinghap ito sa biglaang pagkagat ko sa kanyang tenga.

"Ayaw mo Jami? diba sayo na mismo galing na pwede kong gawin ang lahat sayo?" I whispered seductively bago dinilaan ang likod ng tenga pababa sa leeg nito.

She tilted her head at ramdam ko ang higpit ng paghawak nya sa buhok ko. Tama nga, total asawa at mahal nya naman ako. Hindi sya sumagot kaya buong lakas kong kinagat at sinipsip ang kanyang leeg. Rinig ko ang mahinang ungol nya na mas lalong nagbigay lakas sa akin upang magpatuloy sa aking ginagawa.

"Do things to my body. Yan ang sabi mo, ang ibig mo bang sabihin, make love to you?" gusto ko lang makasiguro kung tama ba ang nasa isipan ko.

She still didn't answer so I moved my lips down to her collarbone and squeezed her boobs.

Nagtataka ako dahil wala talaga syang sagot kaya bahagya akong umatras upang tignan ang mukha ni Jami.

Binuksan ko ang ilaw ng sasakyan at nakita ang mukha ni Jami na sobrang pula! hindi ko mapigilan ang sarili kaya napahagalpak ako sa tawa. Ganito pala sya kapag na turn on, bigla nalang hindi marunong magsalita.

Kinagat nya ang kanyang labi at biglang namuo ang luha sa kanyang mga mata kaya nataranta ako.

"Hala hala! Jami," mabilis kong pinahid ang luha sa kanyang mata.

Ngumuso ito at mahigpit na niyakap ang katawan ko bago ibinaon ang mukha sa aking dibdib.

"Jami? galit ka?" umiling ito at inangat ang ulo saka ngumuso ulit.

"Mahal na mahal kita." ang lawak ng naging ngiti ko dahil sa sinabi nya.

"Ako lang? paano naman ang dalawa?" pagtatama ko sa sinabi nya, nagulat pa sya pero mabilis lang at ngumiti rin kaagad.

"Mahal na mahal ko kayo." ulit nya bago dinampian ng halik ang labi ko.

"Hehe, tara uwi na tayo. Legit na gutom na talaga ako Jami, luto mo nalang ako spaghetti?" sabi ko at umalis sa kandungan nya saka bumalik sa dating posisyon ko.

"Alright, seatbelt please." paalala nya kaya nagsuot na ako ng seatbelt, baka lumipad na naman ako mamaya.

Pagdating ng bahay ay kaagad nya ako pinagluto ng spaghetti. Pinag usapan din namin yung natuklasan namin sa cafeteria at inireport na sa principal. Pinuri nya naman ako dahil sa nagawa kong maganda which is very very goooooood.

Medyo late na rin kaya after kumain ay dumiretso na kami sa kwarto at natulog. Ilalabas ko pa ang empakta bukas.

—

May bitbit akong sako ngayon, one week kasi yung no backpack event kaya sa sako ko nalang nilagay ang mga libro ko.

Pagpasok ko ng classroom ay nag unahan silang mag tawanan nang makita ang bitbit kong sako.

"Tangena sako amp BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak ni babe, kaagad kong tinignan kung ano ang ginamit nya.

"Para kang aalis ng bansa babe, ang laki ng maleta mo HAHAHAHAHAHAHAHA." sagot ko at dumiretso sa upuan ko.

"Hoy gago kaning grocery cart to?!" tanong ni tansan at itinuro ang pushing cart na may lamang mga libro.

"Akin." sagot ni Ag.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHA." tawanan na naman namin.

Binalingan ko naman si Aaar eeeL na ang ginamit ay oven? "Ganda naman ng sayo Aaar eeeL HAHAHAHAHAHAHAHAAHA."

"Sayo tanso anong dala mo ha?" tanong ni donkey sa kanya.

"Ayan o, timba." sagot nya at itinuro ang nasa gilid nitong timba.

"HAHAHAHAHAHAHAAHHAHAAHHA." tawanan na naman naming lahat.

Marami pang mas malala na gamit ang mga kaklase namin at puro nalang kami tawanan hanggang sa dumating ang professor.

Si ma'am Everleigh…

Tumahimik na kaming lahat, sinulyapan nya lang saglit ang upuan ni Iris bago nagpatuloy patungo sa kanyang lamesa.

"Where's Smith?" awtomatikong tumaas ang aking kilay dahil sa naging tanong nito. Aware naman sya sa nangyari bakit nagtatanong pa sya?

"Absent." tipid na sagot ko. Hindi ko magawa ang hindi mainis sa kanya.

"Why?" hindi ko nalang sinagot at baka maaway ko pa sya ng wala sa oras.

"May nangyari lang po," si Ag ang sumagot. Sa tingin ko pareho lang kami ng mga nararamdaman dahil sa mga ekspresyon nila babe at Aaar eeeL.

Hindi na sya nagtanong muli at nagsimula na sa kanyang klase. Pinipilit kong mag focus at intindihin ang lesson nya pero walang pumapasok sa utak ko. Kailangan ko pa pala sunduin si Iris after nitong klase nya. Pagtunog palang ng bell ay hindi ko na sya hinintay na mag dismiss ng klase at kaagad tumayo saka tinahak ang daan palabas ng classroom.

"Hoy horsey saan ka pupunta?" tanong ni babe bago pa man ako tuluyan makalabas ng classroom.

"Susunduin si IRIS." sagot ko at nilingon si ma'am na natigilan sa pag-aayos ng gamit.

"Okay na ba sya?"

"May doctor akong pinadala kagabi upang gamutin ang SUGAT nya." sagot ko ngunit ang mga mata ko ay nasa guro parin.

"Sama kami!"

"Bahala kayo." sabi ko at tuluyan na lumabas at sumunod naman sila kasama si tansan.

Dumiretso kami sa presinto at saktong pagdating namin ay palabas na ng presinto ang empakta. Sabi ko hintayin ako, may balak pa tumakas ang bruha.

"Iris!" tawag ko sa kanya.

Naiinis na ako ha, wala parin ekspresyon ang kanyang mukha. Ano, babalik na naman ba ito sa kung ano sya noon?!

"Sabi ko diba susunduin kita?" kunot noo na tanong ko at inikutan sya ng mata.

"Okay na palad mo?"

"Wag ka nalang kaya muna pumasok?"

"Ou, at magpahinga ka nalang."

Sunod-sunod na tanong namin sa kanya ngunit nanatili lang itong walang imik. Konti nalang talaga sasabunutan ko na tong si gago.

"Gago, nakulong ka na naman? sinong bobo na naman ang binugbug mo? HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak ni tansan. Hindi nga pala nya alam ang nangyari, sarap sipain ng mukha.

"Okay lang ako, uwi lang muna ako sa villa para maligo. Wag nyo na ako samahan, sa school nalang tayo magkita." sagot nya at mabilis na pumasok sa kanyang sasakyan.

Naiwan nalang kaming tulala habang sinusundan ng tingin ang papalayo nitong sasakyan.

"Anong nangyari sa kanya?" confused na tanong ni tansan. Inikutan ko nalang sya ng mga mata at bumalik sa sasakyan ko. Bwesit na empakta!

Bumalik kami sa school at sa opisina nalang tumambay habang hinihintay ang pagdating ni Iris, dito nalang din kami kumain ng lunch since closed pa rin ang cafeteria.

"Alis muna ako, punta muna ako kay Jami," paalam ko sa kanila.

Nasa may corridor ako nang mahagip ng mata ko si Iris na nasa ibaba at may isang babae ang nakasunod sa kanya, sino na naman tong kalandian nya? Nagmadali akong bumaba at nilagpasan nalang muna ang opisina ni Jami, mas concern kasi ako sa empakta na to, maiintindihan naman ako ng asawa ko.

Kapag problema ng isa, problema na talaga naming lahat…

"Iris sige na please? kahit isang araw lang, just pretend na you're my lover." narinig kong nagpupumilit sa kanya ang babae. I crossed my arms and raised a brow habang naglalakad palapit sa kanila.

Si Iris? parang wala lang sa kanya at walang ekspresyon pa rin akong nakikita. Dapat ganito todo landi na sya sa babae nya pero ngayon iba na talaga.

"Iris, please?" hinawakan nya ang braso nito at pinaharap sa kanya.

"Let go." malamig na utos nito sa babae, pati ako nagulat sa kanya.

"Bitawan mo sya, maghanap ka nalang ng iba." singit ko sa usapan nila at inalis ang kamay nito na nakapulupot sa braso ni empakta.

"Krystal?" tawag ni Jami sa kabilang side, sabay pa kaming napatingin sa kanya at hindi pala ito nag iisa. Kasama nya ang babaeng ayaw kong makaharap.

I looked at Iris, and her expression changed. Her face softened when she saw ma'am Everleigh.

Naglakad sya at nilagpasan ako upang salubingin ito. Napakuyom ako ng kamao nang tawagin sya ni Iris ngunit nilagpasan lang nya ito.

"I'm sorry," bulong ni Jami nang mapansin ang masamang tingin ko sa pinsan nyang pinapahirapan ang kapatid ko.

"Kita nalang tayo mamaya Jami, kailangan ako ng kapatid ko." sagot ko at tipid na nginitian ito bago nilapitan si Iris na naiwang nakatayo at yuko ang ulo.

"Ri," tawag ko sa kanya saka marahan na tinapik ang balikat.

I saw her tears fall again when she turned to face me. Her eyes are lifeless. Punyeta!

Mabilis kong pinunasan ang mga luha at tinapik ang ulo nya. "Wag ka na umiyak, nandito lang kami para sayo." hinawakan ko ang kamay nya at dinala sya pabalik sa opisina.

Nakasalubong namin si Bernadette at Helari na nag-uusap. Kaagad nila kaming nilapitan nang makita kami—hindi pala ako kundi ang kasama ko.

Tulad ng nangyari kanina ganun parin ang pinakita nya, walang interes sa kung sino man ang kakausap sa kanya liban na lang kung si Everleigh ang kaharap nito.

Napabuntong hininga nalang ako nang lagpasan nya ang dalawa. Naiwan naman ako upang humingi ng paumanhin sa kanila.

"Is she okay?" worried na tanong ni Helari.

"May nangyari na naman ba sa kanya? bakit may sugat ang kamay ni Iris?" sunod na tanong ni Bernadette. Magkaibigan ba sila? ngayon ko lang sila nakita na magkasama.

"May problema lang, magiging okay din hehe. Sige una na ako dahil baka madapa pa yun." sagot ko saka nagpaalam sa kanila at nagmamadaling hinabol si Iris.

Iniisip ko tuloy kung dapat pa ba itong isama sa gagawin naming mission kay chairman. Baka mapahamak pa kung sasama sya tapos magulo ang isipan nya.

Sumasakit ulo ko sa kanila…

Hinatid ko muna sya sa opisina bago muling binalikan si Jami, nasa restaurant daw sila ni ma'am Pixie kaya diretso na kaagad ako lumabas ng paaralan.

Pagpasok ko mas lalong nasira ang araw ko dahil sa daming pwede kong makaharap ngayon bakit silang dalawa pa na masayang magkasama samantalang may isang nahihirapan dahil sa kanya.

"Saya mo po." sarkastikong singit ko sa usapan nilang dalawa ni bentong bago sinulyapan at tinabihan si Jami.

Sana lang mapigilan ko tong init ng ulo ko ngayon at baka may professor akong makaaway.

"Mako," malambing na bulong ni Jami at hinawakan ako sa kamay.

Kaming apat lang ang nandito. Ako, Jami at ang dalawang gusto kong burahin sa mundo. Ngayon nalang ulit ako nakaramdam ng ganitong galit.

"What are you doing here?" tanong ni bentong na ikinataas ng kilay ko.

I heaved a sigh at pinilit na pakalmahin ang sarili ko bago muling tinignan ito.

"Sayo ba ang restaurant na to para pagbawalan ako? ang alam ko hindi ka mahal ng babaeng kasama mo. Ang tanong, bakit ka nandito?" kalmadong tanong ko.

Tinamaan yata sya sa sinabi ko, ang dalawang magpinsan naman nagulat din sa inasta ko. I don't give a fuck, sinaktan nyo ang kapatid ko? doble ang ibabalik ko.

"Nagtatanong ako ng maayos."

"Sinagot kita ng maayos." agad na sagot ko.

Si Everleigh na nanatiling tahimik at wala naman pakialam sa pinaggagawa ko, gusto nyo gulo? sige ibibigay ko.

"Well, sinundo ko lang ang fiancee ko. Titignan namin ang wedding dress na napili nya." sinasadya nya na yata para galitin ako.

"Ikakasal ngunit hindi sayo." malamig na tugon ko habang iniinom ang wine glass na inabot ng mahal ko.

"What do you think you're doing krystal?" my eyebrow flinced dahil sa wakas nagsalita rin ang babaeng kanina ko pa gusto sagutin.

"Ikaw ma'am, ano sa tingin mo ang ginagawa mo? masaya ka ba?" tanong ko habang nilalaro ang wineglass sa kamay ko.

"What do you mean?" kunot noo na tanong nya.

"Tanong mo sarili mo po?" nagulat sila sa paghampas ni Brenton sa lamesa.

"Don't you know how to respect your professor? ganyan ba talaga kayong magkakaibigan." namumula na sa galit ang mukha nya. May anger issues sya? mali sya ng kinalaban.

"How dare you—" pagpigil ko kay Jami at sarkastikong tinawanan ang lalaki.

Tumayo ako at inubos ang wine bago kinuha ang wineglass ni Everleigh.

"Friends? sorry bitch, she's my fucking sister. You messed with the wrong person." sabi ko at ibinuhos sa ulo ni Brenton ang wine na hawak ko.

"K-Krystal!" singhal dahil sa gulat ni Everleigh.

Sya naman ang binalingan ko. Wala naman akong nakikitang galit sa mukha o mga mata nya. Ang nakikita ko ay pag-aalala? tss, magsama sila.

"Ginagago mo ba kapatid ko? gusto nyo mag gaguhan tayo? ibibigay ko. Wala akong pakialam kung Ponferrada o kung gaano pa ka makapangyarihan ang pamilya nyo. Subukan nyo muling saktan si Iris, kakalimutan kong may pinagsamahan tayo." dire-diretso na salita ko sa pagmumukha ni Everleigh bago binalingan ang asawa ko.

Inaasahan ko na magagalit sya dahil sa Eskandalo na ginawa ko. Ngunit hindi, ngumiti sya at hinawakan ang kamay ko.

"I'm sorry, Eve."

"Why are you saying sorry? hindi nya deserve ang sorry mo. Kung marunong lang sana syang makinig at pinakinggan ang side ng kapatid ko edi sana hindi na—" hindi ko na tinuloy ang sasabihin at hinila na sya palabas ng restaurant.

Punyeta kaya ayaw kong umiinit ang ulo ko dahil nag iibang tao ako…

"Mako," tapik nya sa ulo ko kaya napalingon ako. Nandito na pala kami sa sasakyan nya.

Ngumuso ako saka sya binigyan ng mahigpit na yakap. "Jami, I'm sorry. Hindi ko sinasadya ang sinabi ko kay ma'am Everleigh. Nadala lang talaga ako sa galit kasi nasasaktan ako na nakikita syang masaya tapos nahihirapan ang kapatid ko." ang bitter ko masyado kanina.

"It's okay, I understand you. Don't worry, I'm always on your side." ang swerte ko kay Jami, hindi ko talaga hahayaan na masaktan sya.

"Baka ibagsak ako ni ma'am Everleigh waaaaaa." nagpanic ako bigla kasi na realize ko na guro ko nga pala ito.

She cupped my cheeks and smiled. "No, sa tingin ko lesson na rin sa kanya yung ginawa mo. I'm so proud of you, I love you." yung galit ko na abot langit bigla nalang nawala dahil kay Jami.

Nginitian ko sya at muling niyakap.

"Hehe thank you, okay na ako. Mahal din po kita. Balik na tayo school, may pasok pa." sagot ko sa kanya at ginantihan ng halik bago isinuot ang seatbelt.

She giggled and poked my nose.

"Crazy,"

"Hehe,"

Crazy over you…

CHAPTER 24

-

"Jaaaaaaaaaaaaaaaami!" sigaw ko habang tumatakbo papasok ng bahay. Kaagad ko syang tinungo at dinaganan pagkakita sa kanyang nakaupo sa kama.

"Krystal, what's wrong?" agad na tanong nya. Wala naman akong problema, na stress lang ako kay empakta.

"Baka talaga ibagsak ako ni ma'am Everleigh, dalawang beses ko na siyang inaway tapos kanina sinampal ko pa huhu." sumbong ko bago kinagat ang leeg nito. Nakakagigil ang amoy nya kaya mapapakagat ka talaga.

"What? you slapped her? why?" hindi rin sya makapaniwala.

Sinaniban kasi ako ng masamang elemento kanina. Sinagad kasi nilang dalawa ni bentong ang pasensya ko. Tinulak nya si Iris tapos wala man lang ginawa si ma'am Everleigh.

"Sinaniban ako ng mabuting espiritu kaya nasampal ko silang dalawa ni bentong. Tinulak kasi ni bentong si Iris tapos si ma'am Everleigh pinanood lang nya na parang wala lang sa kanya huhu save me Jami," sumbong ko at humihingi ng tulong sa kanya, baka lang naman mapigilan nya kung ibagsak talaga ako ng pinsan nya.

"Tapos pinagbantaan ko pa na ibabagsak ko kompanya nila, hala Jami! waaaaa patay na talaga ako nito, exam pa naman next week!" dagdag ko at ngumuso. Itinulak sya sa kama pahiga at pumaibabaw sa kanyang tiyan.

She stroked my hair and patted my head

"Silly. I understand you have anger issues, but I hope you can control yourself next time. Even if she makes a mistake, she is still your professor. Don't let your anger consume you, as it will not benefit you and may even harm you." pangangaral nya kaya napanguso ako.

"Sorry, hihingi rin ako ng sorry kapag okay na ulit silang dalawa ng kapatid ko,"

"Jaaaaaami I want you to be my last. I'd rather have you than three meals a day, hehe." panunukso ko at pinagmasdan ang mukha nitong bigla nalang namula.

She licked my lip and cupped my face before grinning. Jesus! my heart.

"Remember that I am always by your side, Krystal. I consider myself incredibly lucky that you became my wife, a woman who understands and expresses herself sincerely." buong lambing na salita at ikinulong ako sa mga bisig nya bago pinupog ng halik.

"Hehe," nakikiliti ako.

"Actually, Everleigh came to my office and brought up the fact that you had slapped her. She was shocked because you were the first person to ever lay a hand on her. Naturally, I was proud of what you had done, and informed her that she truly deserved the slap for the way she treated Iris."

Mabuti pa si Jami alam ang tama sa mali, hindi ko alam kung may reason ba si ma'am sa ginagawa nya o talagang sarado ang utak nya sa sitwasyon nilang dalawa.

"Hehe sorry."

"By the way, we'll be having a family dinner at lolo's house." sila lang? hindi kami kasama? family din naman kami!

"Kailan?"

"This 12." napaisip ako, birthday ni empakta yun kaya hindi nalang pala ako sasama.

"Okay, hindi nalang ako sasama at baka hindi rin sasama ang iba." sagot ko habang nilalaro ang labi nito.

"Why?"

"Kasi, birthday ni Iris." samahan ko nalang yun at baka magtampo.

"Really?" gulat sya eh, sabagay at hindi naman nila alam ang birthday nito.

"Yes po, ou nga pala Jami wala kang update tungkol kay Trisha? ginugulo ka pa rin ba nya?" nawala tuloy sa isipan ko ang babae na yun dahil okupado na lahat ni empakta ang isipan ko.

"I blocked her number." sagot nya rason upang kumunot ang noo ko.

"Diba sabi ko wag mong e block?" kaagad nyang kinuha ang kanyang phone at inunblocked ito.

Ang bilis naman kausap, nakalimutan siguro ni Jami ang sinabi ko. Wala kasi akong mapaglaruan ngayon kasi may problema ang empakta at hindi ko mapagtripan.

"I forgot. Don't be mad, I'm sorry." ngumuso sya kaya agad kong dinampian ng halik ang labi nya.

"Ang cute mo Jami, hindi ko alam may ganitong side ka." akala ko kasi kay kb nya lang balak ang maging ganito.

"Obviously, this is my side and it's exclusively for you." sabay halik muli sa labi ko, yung kilig ko hindi ko na maitago kaya niyakap ko nalang sya.

"Nakalimutan ko pinatawag ka na pala ni manang kasi nakahanda na ang hapunan. Tara na po, gutom na ako." sabi ko at bumangon saka hinila ito.

"Mako,"

"Po?"

"Piggyback me." sambit nya at kaagad na sinakal ang leeg ko at sumakay sa likuran ko.

Natawa nalang ako at hinawakan ang magkabilang legs nya at saka lumabas ng kwarto upang maghapunan kaming dalawa.

Matapos mag hapunan ay naligo sya. Biniro ko pa na sabay na lang kami pero agad niya akong

tinakasan.

"K-Krystal!" sigaw nito at biglang bumukas ang pinto ng banyo.

Mabilis kong tinakpan ang mga mata ko dahil tumatakbo ito papalapit sa direksyon ko. Nakahubad kasi sya at kita ko ang hubot hubad na katawan nya!

"J-Jami! bakit ka nakahubad! anong nangyayari sayo?" tanong ko ngunit naramdaman ko nalang ang dalawang malambot na bundok nito na unang dumikit sa katawan ko.

Omg!

"T-There's a cockroach!" sumbong nya at mas lalong hinigpitan ang kanyang yakap.

Kinapa ko ang towel ko na nasa kama habang gamit ang isang kamay upang takpan ang aking mga mata.

"S-Sandali lang Jami, suotin mo nga muna ang towel para maimulat ko na ang mga mata." sabi ko at kaagad na inabot sa kanya.

Narinig ko ang hikbi nya kaya napamulat ako ng mga mata. Nakasuot na sya ng towel kaya safe na. Mabilis kong pinahiran ang mga luha at pinaupo ito sa kama.

Jusko ang cute nya.

"I'm scared of insects." sambit ni Jami bago kinagat ang ibabang labi nya.

"Teka jan ka lang, papatayin ko lang ang nagpaiyak sayo." kaagad akong tumayo at tinungo ang banyo.

Medyo nahihirapan ako hanapin ito dahil sa laki ng banyo at malay ko ba kung saan nagtatago ang ipis na yun! Halos abutin ako ng sampung minuto bago natagpuan ito, kaagad kong dinampot ang tsinelas at pinatay ito.

"Sorry po, condolence sa pamilya mo." sabi ko sa ipis at lumabas ng banyo.

"Jami, pwede ka na magpatuloy sa pagligo. Napatay ko na at wala ng mga insekto o ano pa do'n. Labas muna ako at ililibing ko muna si Mr.Ipis."

Lumapit siya at sinilip ang ipis na bitbit ko.

"You killed it?" inosenteng tanong nito.

Inabot ko sa kanya at natarantang umatras ito. "Mako!" cute nya naman.

"Joke lang Jami HAHAHAHAHA, sige na balik din ako." paalam ko sa kanya at lumabas ng kwarto.

Kumuha ako ng box ng posporo at ginawang kabaong ito para kay Mr.Ipis, I murdered Mr.Ipis kaya deserve nya ang proper funeral.

Matapos ko syang mailibing kaagad na rin akong bumalik sa kwarto. Sakto pagpasok ko ay tapos na si Jami kaya oras ko naman para maligo. Hindi naman ako ganun katagal sa banyo pero paglabas ko ay tulog na ito. Mahimbing na natutulog habang yakap ang unan ko.

"Nakatulog na nga." lumapit ako at tinignan kung basa pa ang kanyang buhok pero tuyo na pala ito.

Ang ganda nya kahit saang anggulo.

"Goodnight Jami," sambit ko saka hinalikan ang kanyang noo.

-

JAMILA

"Someone said Krystal slapped you? What does it feel like to get slapped? Is it painful?" I'm not sure if Pixie is worrying or just trying to annoy Everleigh.

"Slap yourself to find out," she grumbled before putting down the book she was reading.

We're currently in the cafeteria, and it's finally open again following the issue caused by the chef who had been preparing food using expired ingredients on the tables.

I am proud because my wife solved the case with her group.

"I believe you deserve the slap. Your mind is too narrow. You didn't even give the person a chance to explain." Lorelei scolded her.

I'm not sure if she's simply narrow-minded or if she did it on purpose. Perhaps one slap isn't enough to make her realize her mistakes.

I let out a sigh while massaging my temple.

"Everleigh, it's not too late to fix things between you and Iris. Talk to her properly now, before it's too late and she gets tired of pursuing you," I advised, locking eyes with her.

It's possible that she will come running back to Iris once she realizes her mistake, but I hope it won't be too late for her.

"Why am I always the topic of conversation at every gathering? Can't you just focus on your own lives?" she protested, frantically running her fingers through her hair in irritation.

"I wonder why you decided to become a cop when you have this kind of mindset," Pixie expressed her annoyance at Everleigh, "And once again, I ask, do you truly love Iris or not?" Everleigh remained silent, indicating that she loves her, but we still don't know why she is causing Iris so much hardship.

"Pieeeeeeeee."

"Jaaaaaaaaami."

Their loud voices and shouts could be heard from the entrance of the cafeteria. I glanced at my wife Krystal, who was excitedly running towards our table. As I observed the three of them, I was confused to see Iris carrying Shang and my cousin Cherryl by her side. They seemed to be having a good time together, which added to my confusion.

I cast a swift glance in Everleigh's direction. Her face and eyes were strangely emotionless, and I doubted she cared whether the two reconciled or not.

Instead, they went directly to their usual table and did not go upstairs. It might have been awkwardly tense if the three of them sat on the same table together.

"Jami, recharge mo po ako. Huhu pwede ba mag resign nalang as SCP? dinumog na kami ng students sa office kanina mabuti nalang nakatakas kami." She snorted.

I swiftly ushered her to my lap and made her sit there without worrying about the curious stares of others around us.

"Pie ako rin, kiss mo ko. Grabe! wala pa ngang 5minutes after namin mag aunsyo tungkol sa ccb club ang dami ng mga applicants langya." Many students admire them, including myself.

I frowned as I noticed a small mark on Krystal's cheek. Who dared to kiss my wife?

"Jami?"

"Who kissed you?" I asked, raising an eyebrow.

She quickly touched the mark, aware of its exact location. My annoyance level soared as I couldn't believe she allowed someone else to kiss her.

"Si Bern humalik sa kanya Athy, bigla nya nalang kasi hinatak yan si keybold at humalik sa kanyang pisngi BAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH i." Ara happily answered.

The one who flirted with her before, Bern?

"Jami, wag ka sumimangot dahil hindi bagay sayo. Binati nya lang naman ako kasi nanalo ako, walang halong malisya at magkaibigan lang kami. Smile na po," she explained, drawing a smile on my lips with her hands. I couldn't be mad at her. I smiled and kissed her right on the same cheek where she was kissed.

"Sobrang PDA nyo naman masyado!" not really.

I was thrown back into the previous topic. I was surprised to see Iris and Cherryl together.

"Why are they together?" Pixie wondered.

"Okay na sila, nagkaayos na." My wife casually replied, glancing at Everleigh, who wore a frown on her face.

"They have made up? Did they get back together?" Pixie asked again, seeking clarification.

"Opo." My eyebrow flinched because of Krystal's sudden reply.

Everleigh swiftly stood up and left us, and we knew that this was the big problem I had been talking about.

-

KRYSTAL

Sinundan ko ng tingin si ma'am habang pababa ng hagdan. Akala ko lalapitan nya si Iris matapos kong

sabihin na nagkabalikan silang dalawa ni Cherryl.

"Hoy! bakit mo sinabi na nagkabalikan sila? Tignan mo tuloy at lumayas si miss," sermon ni babe sa akin.

"Wala lang." tipid kong sagot.

Tignan ko lang kung ano ang gagawin nya ngayon na ang pagkakaalam nito ay nagkabalikan sila.

Kung ipaglalaban ba o hahayaan lang nya.

"Pinapalala mo ang sitwasyon horsey." ulit ni babe.

"Okay na yun, para naman matauhan sya sa ginagawa nya." sabi ko at inagaw ang cake ni Jami.

Sinabi ni empakta sa amin ang dahilan kung bakit sa tingin nya ay niloko siya ni Cherryl. Kung ako ang tatanungin at desisyon, mas gusto ko nalang na magkabalikan silang dalawa.

Mas bagay sila...

No comment naman ang demogons kaya alam kong pabor sila. Ayaw kong maging one sided pero dahil sa pinapakita ni ma'am at hindi nya rin naman pinapahalagahan, malamang ang kapatid ko ang aking kakampihan.

Pagkatapos kumain ay bumalik din kami kaagad sa office. Tulad kanina, maraming estudyante parin ang nakaabang para magpasa ng AF nila. Wala naman kaming balak mag recruit ng members dahil kumpleto na kami upang mabuo ang club.

"Hoy, mag apply nga kayo sa ibang club! hindi nga kasi kami open for recruitment! Ang kukulit nyo ha, gusto nyo paluin ko kayo nitong walis ha?" pagtataboy ni babe sa mga estudyante.

"Bakit naman hindi? ayaw nyo ba marami kayong taga sunod Sj?" tanong sa kanya ng babae.

"Ano kayo aso? lumayas na nga kayo, mag apply kayo sa ibang clubs. Hampasin ko kayo jan e." ang baet na officer ni babe, namamalo.

"Sige na kasi! president tanggapin nyo na kasi kami. Gusto namin makisabay sa trip nyo, ang boring ng ibang clubs." ang boring naman ng mga buhay nila at gusto rin ma experience ang makaabot sa gate ni san pendro.

"Lumayas na kayo at may klase pa kami." mga pasaway din e.

"Ag, ikaw nalang mag asikaso nitong budget for clubs please? alam mo ba kung ilang students ang naka enrolled sa PU?" tanong ko at ipinasa sa kanya ang hawak na folder.

"10,679." ang dami!

"Hoy! ang dami naman nyan," sabi ko

"Hindi pa kasali ang scholars."

"Ilan ba sila?"

"Hindi ko pa alam basta marami sila."

Matapos makipag bardagulan sa makukult na students ay pumasok na kami, Si Everleigh ang next subject namin. Tinignan ko ang upuan ni Iris at wala parin ito, hinatid nya kasi ang mag ina sa school ni shang.

"Tangena ano na naman yan! kaninong balde yan BAHAHAHAHAHAHAHAHA." kaagad na tanong ni babe sa mga kaklase, 3rd day na pala to sa no backpack event.

"Kay Jake yan," sagot ng isa.

"Kaninong takuri naman yan?" tanong ko at humagakpak ng tawa.

"Gago akin yan," sagot ni tansan.

"Pota ka BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ikaw Aaar eeeL anong gamit mo ngayon?" baling ko sa kanya.

"Ayan oh, hawak ni Jake at nirarampa." turo nya sa empakto na nagmomodel sa harapan at may hawak na thermos.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." letche kung ano nalang ang mga nilalagyan nila ng mya notes.

"Sayo doraemon anong bitbit mo ngayon?" tanong ni babe sa kanya.

"Ito," sambit nya at itinuro ang kaldero huhu.

"AHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." tawanan ng buong klase.

"Tawa ka ng tawa president. Ikaw anong dala mo?" tanong ni Jake at nilapitan ako.

"Ayun oh, bagong bili pa yan." turo ko sa tabi ng bookshelf.

"ARINOLA?!" bulaslas ni empaktong Jake.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." pabonggahan talaga kami ng mga dala ngayon, may dalawang araw pa.

Puro nalang kami tawanan at kantyawan hanggang sa may biglang pumasok na hindi ko kilala.

"Good afternoon ma'am." bati nila sa kanya.

"Where's Smith?" unang salita, smith agad ang lumabas sa bibig nya.

Sakto naman at dumating si empakta. Natulala pa ako dahil nakangiti itong pumasok ngayon, anong meron?

"Why are you late?" tanong sa kanya rason para mawala ang ngiti sa labi nito.

"Hindi ako late, magkasunod lang tayo. Kung late po ako, dapat late ka rin." malamig na tugon ni Iris at hindi man lang binigyang oras upang lingunin ito.

I bit my lower lip at palihim na tinignan ang mga kapatid ko. Nakangisi at palipat lipat ang tingin sa pagitan nilang dalawa.

Hindi nakasagot si ma'am kasi totoo naman...

"Bakit ngayon ka lang ri?" tanong ko na sakto lang upang marinig ni ma'am ang boses ko.

Ngumiti sya at isinandig sa upuan ang likod nito. "Hinatid ko si Shang at nag usap kami saglit ni Che." sagot nya.

Pakiramdam ko bumiti na sya ngayon kumpara sa mga nakalipas na araw. Ngumingiti na rin sya lalo kapag kasama ang mag ina.

"Stop talking and get lengthwise of paper." saway sa aming dalawa.

Hala! nakalimutan ko na long quiz nga pala namin today! hindi ako nakapag-review, kulilat na naman ako nito.

Mabuti nalang at may mga naisagot din ako sa tanong nya since meron din naman akong natatandaan sa mga previous lessons nito.

"Pass your papers." kaagad na utos nya.

50 items!!!

"Nevermind. Smith, collect their papers and send them to my office." ulit nya at tinignan ang kapatid ko na nakangiti habang abala sa kanyang cellphone. Sino ka chat nito?

"Smith!" gulat kami sa sigaw ni ma'am, hindi naman halatang galit sya?

Nabura ang ngiti sa kanyang labi at inangat ang ulo upang harapin ang guro.

"Bakit?"

"I told you to collect their papers." wala sa ganang sagot ni ma'am.

Anong klasing bardagulan ito.

"Lagay nyo sa desk ko mga papel nyo," utos ng katabi ko at agad naman sinunod ng mga classmates ko.

Tumunog ang bell at biglang tumayo ang empakta at nagmadali na ligpitin ang mga gamit nya.

"Keybold, ikaw nalang ang magdala nyan. Kailangan ko pa sunduin si Shang at ihatid sa mommy nya." sabi nito at ipinasa sa akin ang mga papel saka nagmadali palabas.

"Smith, I haven't dismissed you yet." malamig na tawag sa kanya ni ma'am kaya napatigil ito at binalingan.

"You haven't yet pero tumunog na ang bell. It means your time is over and dismissal na kaya pwede na akong umalis." napatakip nalang ako sa bibig dahil sa naging sagot nya kay ma'am Everleigh. Omg!

"Gage amp pft." rinig kong pigil tawa ni babe sa kabilang side ko.

"Tumatapang." sunod ni Ag.

"Hindi na maipinta ang mukha ni ma'am," bulong ni donkey kaya napatingin akong muli kay ma'am Everleigh.

"Ang pula ng mukha, halatang galit." huling banat naman ni tansan sa aking likuran.

Deserve.

Pagkaalis ni Iris ay sunod din na umalis si ma'am Everleigh, nakalimutan na nga nya dalhin ang kanyang gamit. Baka siguro sinundan ang empakta.

"Hoy Ag ikaw na magdala nyan, isama mo na si tansan para may pakinabang naman" pasa ko sa kanya ng mga papel. Ayaw ko dalhin yan do'n no at baka magsagutan na naman kaming dalawa.

"Waaaaaa tapos na ang klase! bahala na yang school works jan, gusto ko muna ipahinga ang utak ko. Babe gusto ko cake!" tawag ko at inalog ang kanyang balikat.

Gusto ko sana pumunta sa cake shop pero tinatamad naman ako.

"Hingi ka sa asawa mo, wala ka namang pera na pinatabi sa akin." buraot talaga!

Inirapan ko sya at lumipat kay donkey "Aaaaaaar eeeeeeeL, bili mo ko cake please?" paglalambing ko.

"Keeeeeee Beeeeeee!" sigaw ng babae na kanina ko lang ulit nakita.

Sinilip ko ang sa gilid ni babe at nakita si Bern na malawak ang ngiting tumatakbo palapit sa amin.

"Hoy! ano na naman kailangan mo ha?" biglang tanong ni Hell sa kanya na ikinagulat ko kasi bigla rin sumulpot ang iba.

Huminto si Bern at tinaasan ng kilay si Hell bago humalukipkip ng mga braso. "Excuse me, ang tinawag ko si Kb. Hindi ka naman si Kb at mas lalong hindi ka mukhang inosente!" pagtataray ni Bern sa kanya na ikinasama din ng mukha ni Hell.

"Baka talaga kayo ang endgame?" tanong ni Ag sa kanila at may kinakain ng chicharon kasabay ang dalawang kapatid.

"Ako? Siya? Endgame?" turo ni Bern sa kanilang dalawa at parang nandidiri pa, ouchy naman sa part ni hell yun.

"Ewwwwww" maarte na pagtanggi nya at inikutan si hell ng mga mata bago lumapit sa akin at niyakap ang braso ko.

"Luh, ikaw nalang? Yuck!" maarte din tong si hell, parang tulad lang nong nakaharap namin sya at kaaway si empakta.

Hindi sila magkakasundo kung magiging sila dahil parehas silang spoiledbrat at maldita.

"Anong kailangan mo?" tanong ko.

"Wala lang, gusto lang kita makita at matagal na tayo hindi nag bonding." pagtatampo nya at mas lalong inipit ang braso ko sa dibdib nya.

"Belong ka ba sa grupo para makibonding ka ha?" singit na naman ni hell sa usapan at inis sya nitong nilapitan ni Bern.

Our eyes widened in shock when Bern suddenly pulled her and kissed her lips, causing her to panic and sit on the floor.

"Y-You bitch..." natawa nalang kami sa reaksyon ni hell. First time ba nya?

"And so if I am a bitch? "This bitch can make you moan for the entire 24 hours. Try me." direktang sagot ni Bern at ngumisi.

Omg! She'a so bold.

"Omaygas ka BAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ano na hell? namumula ka? HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHA." kantyaw ni tansan.

"Wala ka pala e." hamon ni Bern sa kanya.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." tawanan namin, mabuti nalang at walang tao ang nakakita sa paghalik ni Bern sa kanya.

"Krystal," tawag ni Jami habang nasa kalagitnaan kami ng tawanan.

Mabilis ko syang nilapitan na ngayon kasama ang kanyang pinsan. Napansin ko palagi na silang dalawa na magkasama ni ma'am Everleigh ngayon.

"What happened?" tanong nya at inilagay ang isang kamay sa likod ng bewang ko.

"Si Bern kasi hinalikan si hell dahil nag aaway sila kaya ayan, napaupo sa gulat." sumbong ko at tumawa saka muling binalingan ang mga kasama na tuloy parin sa panonood ng bardagulan nong dalawa.

"Jami,"

"Hmm?"

"Cake," sabay nguso ko.

"Alright, I'm free. Do you want us to go to the cake shop?" sabi ko tamad ako pero hindi ko naman sinabing tamad ako kapag si Jami ay inaya ako.

Mabilis akong tumango at hinila ito, tatakas na sana kami kasi ayaw kong may mga disturbo na sumama nang bigla syang tumigil at binalingan ang pinsan nya.

"What about you?" tanong nya rito.

"Okay," okay means sasama sya hays. Hindi nalang ako umimik at nanatiling tahimik, ang awkward naman nito.

Malapit lang naman ang cake shop mula sa school kaya mabilis lang din kami nakarating. Mabuti natakasan ko ang ccb, kundi talaga sasama ang mga yun.

Habang nag uusap sila ay nagpadala ako kay Iris ng mensahe, tinatanong kung naihatid na ba nya ang bata sa kanyang ina. Sinabihan ko sya na pumunta dito sa cakeshop dahil kasama namin si ma'am Everleigh at masyadong awkward, kailangan ko rin ng makakausap dahil wala naman akong maintindihan sa topic nila.

Hindi katagalan ay bumukas ang pinto at pumasok ang kanina ko pa hinihintay. "Ri!" tawag ko at kumaway.

Napatigil naman sa pag uusap ang dalawa at tinignan ang kapatid kong papalapit na. Hindi nya man lang tinapunan ng tingin ang propesora.

"Sinama mo sana si Shang, miss ko na kaya yun." agad na salubong na salita ko pagkaupo nya.

"Next time nalang, bakit mo ko pinapunta?" alam naman nya ang dahilan bakit nagtatanong pa.

"Para may makausap ako? busy silang dalawa at wala ako maintindihan sa mga pinagsasabi nila." sagot ko at itinuro sila na nakatingin pala sa aming dalawa.

Hindi nya naman inabala ang sarili upang tignan ito at minabuti nalang na ilabas ang kanyang cellphone.

"Mukhang MASAYA ka?" tanong ko na kaagad naman nyang ikinangiti.

Kung ako talaga kay ma'am, habang maaga at may pag-asa pa sa kanila ay ayusin na nya ang desisyon sa kanyang buhay.

Kapag si Iris tuluyang naka move on, kawawa at hinding hindi na ito babalik sa kanya. Lalo na ngayon, sa tingin ko may pag-asang magbalikan sila ni Cherryl kung hindi sya kikilos.

Hindi ko talaga sya tutulungan...

"Yup," tipid na sagot nito habang abala sa ka chat nya.

"Sino ka CHAT mo? si CHERRYL?" kumuha ako ng isang pirasong cake at ibinigay sa kanya.

"Yup,"

Puro yup ang empakta, sarap sampalin nitong kutsara.

"Mako," tawag nito habang abala ako sa kakasubo sa bunganga ko.

"Hmm?"

"Pwede samahan mo 'ko sa coffee shop?" suyo nito at nginitian ako. Well, okay lang total magkatabi lang naman sila ng cake shop.

"Tara," sagot ko saka sumubo muna ng isa pa bago tumayo at binalingan ang isa na abala parin sa ka chat nya.

"Balik lang kami ri." kaagad din kami umalis matapos tumango ni empakta.

Sa tingin ko sinadya ni Jami yun para mabigyan ng oras ang dalawa upang makapag-usap.

"Jami bakit mo ginawa yun, alam mo naman na patuloy lang masasaktan ang kapatid ko kung hahayaan natin ang ginagawa na pananakit ni ma'am Everleigh sa damdamin nya?" mahabang litanya ko paglabas naming dalawa.

"I don't know, gusto ko lang bigyan sila ng oras." iniwan ko ang cake ko para lang jan, as if naman makakausap ng matino yung pinsan nya.

"Nauhaw ako Jami, bili tayo drinks." sabi ko at hinila ito papasok sa milktea shop.

Ang dami naman tao sa shop na to, masarap siguro ang inumin nila kasi dinadagsa.

"Krystal," nagulat ako sa biglang paghatak nya kaya natapilok ako, mabuti nalang nasalo ako nya ako.

"Jami naman, masakit ang paa ko. Bakit mo kasi hinatak ng ganun."

"I'm sorry. The girl was about to hold you, so I suddenly pulled you away." ay akala ko trip nya lang.

"Ah ganun ba, okay lang. Wag ka na sumimangot Jami, sayo lang naman ako hehe." panunuyo ko kasi nagtatampo na naman sya.

Nagtatampo pero sya pa mismo ang nag sorry, nakakaloka naman ang asawa ko sa sobrang berde.

Hindi ko pa sya nakita na nagselos, I mean yung totally galit na galit dahil sa selos at gagawin sa akin yung ibibitay ako sa ilalim ng tulay. Pero sana naman wag dumating ang panahon na yun!

Matapos makuha ang drinks namin ay bumalik kami kaagad sa cakeshop. 20 minutes din naman ang nakalipas simula nong iniwanan namin ang dalawa.

"Mukhang hindi naman sila nag-usap?" bulong ko pagkakita sa kanilang dalawa na walang imikan.

Si Iris na abala parin sa kanyang cellphone at si ma'am Everleigh na tahimik itong ninanakawan ng tingin.

"Ri,"

"Uy, kailangan ko na umalis. May urgent na lakad si Che at kailangan nya may mapagbilinan kay shang." sagot nya at mabilis na tumayo.

"Why you? She has a maid who can watch over Shang." biglang sumabat ang isang babae na akala ko wala ng plano magsalita.

Tinignan naman sya ni Iris ngunit saglit lang ito. "Mauna na ako keybold at miss." paalam nya sa amin at nagmadaling lumabas.

Awkward...

"So, nagkausap ba kayong dalawa?" tanong ni Jami sa kanya.

"She tried..." sagot nya at kasunod ni Iris ay nagmadali rin itong umalis.

Gulo naman ng babae na to, hindi naman siguro mahirap ipaalam kay Iris kung may dahilan man sya dahil alam kong iintindihin sya ng kapatid ko. Baka nga suportahan pa sya sa plano nya kung meron man!

"Oh naiwan na naman tayo Jami, saan tayo ngayon pupunta?" tanong ko sa kanya at inubos ang milktea na dala.

"Bakit mo inubos, mako?" tanong nya na ikinakunot ko ng noo.

May paraan naman sana para lutasin ang problema sa pagitan nila Iris at ma'am, pero mas pinairal talaga ni babe ang galit at hindi na nag-isip. Isa pa tong si Ag, hindi man lang pinigilan at mas sinuportahan pa si babe kahit alam niyang mali.
Hindi ko binabalewala ang nararamdaman ni Iris, nasaktan din ako at ayaw kong nasasaktan ang isa sa mga kapatid ko, pero kasi kung may tamang paraan naman para maiwasan ang malaking problema-bakit hindi na lang ginawa?

"Hey, are you okay? You look pale." Nag-aalala na tanong ni Jami at inalalayan ako makatayo.

Mabilis akong umiling. "Hindi ako okay Jami, malaking gulo to kapag nalaman ni Iris. Hindi ko na nga alam kung anong gagawin sa mga kapatid ko ngayon tapos nangyari pa to." Sumbong ko sa kanya at ngumuso.

"What do you mean? May problema ka ba sa mga kapatid mo?" Umiling ako kaagad sa kanyang tanong, ayaw ko dumagdag sa iisipin at problema niya at isa pa kaya ko na to.

"Pagod lang po ako, miss kita. Pwede ba tayo lumabas? Gusto ko magpahangin sa dagat." Sabi ko.
"Pwede ba uminom? Please?" Pakiusap ko sa kanya at nag puppy eyes na bigla naman ikina-ngiti ni Jami.

"Alright, pwede ka uminom basta kasama ako." Sabi niya at humalik sa labi ko.

Kaloka at bigla akong kinilig tapos tumayo ang mga balahibo ko sa ginawa niya. Hindi na ako nag bihis at inaya rin kaagad na umalis si Jami, gusto ko sana mag drive pero hindi ako pinayagan ng asawa ko-princess treatment ang peg.

Nasa kalagitnaan kami ng byahe nang bigla ako makatanggap ng tawag mula ka Ag, hindi ko sinagot at kaagad itong ni-reject at pinatay ang cellphone ko. Hmp, wala akong oras makipag-usap sa kanya at naiinis ako. Imbes na siya ang umawat sa dalawa ay hinayaan lang talaga tsk.

"Mako, you're frowning again." Sabi ni Jami.

"Naiinis lang ako, hindi ko gusto makausap isa sa mga kapatid ko ngayon kaya pinatay ko na lang ang phone." Paliwanag ko habang magka salubong ang mga kilay.

"Paano kung mahalaga ang dahilan kaya tumawag sayo?" Lihim kong pinaikot ang mga mata, as if naman may magandang nangyari sa araw na to.

"Hayaan mo na Jami, gusto ko lang muna magpalamig ng ulo ngayon. Gusto ko walang disturbo at ma-solo ka lang." Seryoso kong sagot at tumawid upang humalik sa kanyang pisngi.

See, ang lawak kaagad ng ngiti niya pagkatapos kong halikan. "Okay, let's have fun tonight at wag isipin

ang iba liban sa ating dalawa." Matamis niyang salita at ngumisi.

"Yes, kota na ako sa problema at gusto ko muna ipahinga ang utak ko. Problemado na nga ko sa exam tapos dumagdag pa sila tsk." Sagot ko. Kapag ako talaga naubusan ng pasensya sa kanila, makikita nila.

"Are you sure iinom ka?" Bigla nyang tanong.

"Opo, gusto ko uminom. Ayos lang malasing ako at ikaw naman kasama ko, diba?" Sagot ko.

"Yes, it's fine." Mabilis na sagot ni Jami.

"Dunchaworeey, Jami, hindi ako nanghahalik pag lasing kaya safe na safe kahit hindi ikaw ang kasama." Hagikhik kong paliwanag sa kanya.

Nandito kami ngayon sa tabing dagat, malamig masyado kaloka at mabuti nalang laging handa ang asawa ko sa mga ganito. Inayos niya ang beach mat bago kinuha ang mga pinamiling pagkain at inumin. Kahit gabi na at marami paring tao ang mga nakatambay ngayon dito at mukhang halos ay mag partners din.

"Here," tawag ni Jami sa akin at inabot ang paborito kong cake at isang can of beer.

"Salamat, Jami. Nakakamiss ang ganito, ang tagal na nong huli nating bonding na kasama ang lahat diba? Ang saya pa natin noon tapos ngayon parang biglang nagbago ang lahat. Maibabalik pa kaya ang dati nating samahan, Jami?" Mahaba kong salita at tanong sa kanya.

Totoo, miss ko na ang mga kalokohan namin lalo na kung paano ka-gulo ang AKRIS tapos parang walang mga problema kasi mas mahalaga mental health namin. Naglaho bigla eh, kabaliktaran na ang nangyayari ngayon at hindi ko na ito nagustuhan.

"Mako, you don't have to hide your problems from me. Always remember that I'm here for you, ready to listen and do everything I can to help." Tumango ako kasunod ang pag inom.

"Alam ko naman 'yun at thankful ako palagi kasi nandyan ka, hindi ako iniwan sa lahat ng problema." Sagot ko at lumipat sa kabilang side para tumabi sa kanya.

"Jami, paano pag dumating 'yung panahon na mangyari sa atin ang ganyan?" Tanong ko. Nakita ko ang kanyang paglingon at titig sa akin ng seryoso pero hindi ko ito pinansin at diretso lang ang tingin sa madilim na dagat.

"What do you mean?" Tanong niya.

"I mean," sabi ko at lumunok, "paano pag may nalaman kang masama tungkol sa akin. Like, may balita na dumating sayo pero ang totoo ay kasinungalingan ang lahat ng 'yun- paniniwalaan mo kaya ako kapag sinabi kong nagsasabi ako ng totoo?" Seryosong tanong ko at sa pagkakataon na ito ay lumingon sa kanya.

Bahagyang nakataas ang kanyang mga kilay at tulala lang ilang segundo bago ngumiti. "May dahilan ba para saktan mo 'ko?" Tanong niya at agad akong umiling.

"What if lang po, paano kung mangyari 'yun kasi may taong gusto sumira sa relasyon natin?" Muling kong tanong, gusto ko malaman kung ano ang sagot niya.

"Are you worried?" Bakit hindi na lang sagutin ni Jami ang tanong ko at puro tanong din ang sagot?

"Jami naman, sagutin mo." Nguso ko at muling uminom.

Narinig ko ang kanyang mahinang tawa bago isinandal ang ulo sa aking balikat. "Mako, I trust you, mahal na mahal kita at paniniwalaan ko lahat ng sasabihin mo. Alam kong hindi mo ako magagawang saktan." Malambing niyang sagot bago ako ninakawan ng halik sa pisngi ko.

Alam ko naman 'yun ang isasagot niya pero hindi pa rin ako mapanatag, maniniwala kaya siya kapag sinabi kong hindi ako ang nasa litrato? Alam kong edited pero para kasing totoo at hindi halatang gawa-gawa lang. May tiwala rin ako sa kanya, may tiwala kami sa isa't-isa pero hindi mo talaga maiaalis sa sarili minsan ang mangamba sa kahahantungan.

"Pangako yan? Ako lang ang paniniwalaan mo? Kahit na pamilya mo pa makalaban ko?" Tanong ko, parang pinapili ko na rin siya sa tanong ko.

"Of course, kapag alam kong tama ang ginagawa mo." Mabilis niyang sagot at ngumiti. So, paano kapag nakagawa ako ng desisyon na tulad kay babe? Yung akala ko para sa akin ay tama tapos para sa kanya pala ay mali, hindi niya ako susuportahan at kakalabanin lang din?

"Pero Jami, paano kapag wala ako ibang choice? Nakagawa ako ng mali dahil 'yon ang alam kong tama, anong gagawin mo?" Sunod kong tanong sa kanya.

Huminga siya ng malalim at uminom muna. "Then kailangan mo ipaliwanag sa akin ang dahilan kung bakit mo 'yun nagawa para maintindihan ko ang sitwasyon mo. Mako, it's important to have a calm and understanding conversation. It requires proper communication and a wide perspective to see things from each other's point of view so that we can truly comprehend and reach common ground." Mahaba niyang explanation sa akin at ngumiti ng matamis.

Napakagat labi ako nang marinig ang kanyang sinabi, tama naman si Jami at talagang ang lawak ng isipan niya. Napakaswerte ko talaga at siya ang ibinigay ni Lord sa akin, lahat nasa asawa ko na at sobrang proud ako sa sarili dahil akin siya.

"Thank you, Jami, wag ka mag-alala at walang makakasira sa relasyon nating dalawa." Sagot ko.

Aaminin ko rin sa kanya ang tungkol sa mga litrato, hindi nga lang muna ngayon at sinigurado ko talagang nakatago ito ng mabuti sa lugar na alam kong hindi pinaghihinalaan ni Jami.

"Kamusta pala takbo ng negosyo mo?" Tanong ko.

"You don't have to worry about my business, Mako. I must admit, I was in a tough spot and lost a lot due to the situation, but a miracle happened. A relatively unknown company made a massive three-fold investment in mycompany, allowing us to quickly recover what was lost..." Lihim akong ngumiti sa kanyang ibinahagi.

"That investment was alifeline during the hardest time of our lives. That company, though anonymous and perhaps lesser-known, displayed immense kindness by granting us that opportunity." She smiles more genuinely this time.

"If not for this unexpected blessing, my business would have been in grave danger." Sunod niyang salita at mas lumambing ang boses niya.

"Mabuti naman kung gano'n. I'm happy for you, Jami." Sabi ko at mahinang humagikhik.

Kumuha siya ng cake at nag umpisa sa pagsubo sa akin, kaagad ko 'yun kinain. "Kamusta pala ang date ninyo ni Bern, Jami? Nag enjoy ka ba?" Tanong ko at mukhang hindi niya iyon inaasahan.

Bahagya siyang yumuko at ngumiti. "Yes, I enjoyed our date kahit sa konting oras na kasama ko siya." Sagot niya kaya napaisip ako ng malalim.

"Jami, gusto mo ba makasama ng matagal si Bern at Kb?" Tanong ko na hindi niya inaasahan at kaagad din itinago ang excitement na kanyang ekspresyon.

Mahina akong natawa. "Ayos lang, hindi mo kailangan itago sa akin kung gusto mo at isa pa tanggap ko na kaya ang tungkol sa mga alter ko Jami, kung iniisip mo na baka magselos ulit ako ay pinapangako ko- hindi na at iisa lang naman kaming lahat." Maligalig kong paliwanag sa kanya.

"Tatlo kaming asawa mo, kaya may karapatan silang dalawa at hindi lang ako." Sabi ko, "kaya wag ka mahiya magsabi sa akin kung gusto mo sila makasama kasi papayag naman ako." Dagdag ko pa sa kanya.

"Thank you, Mako." Ngumiti ako at pinakita sa kanyang masaya.

Nag-usap lang kami ni Jami ng may konting inuman, pinagaan ang aking sarili at nagpasya rin umuwi dahil lumalalim na ang gabi. Pagdating ng bahay ay natulog ako kaagad, hindi na ako naligo at bukas nalang dahil tinatamad na ako.

-

Kinabukasan

Gabi na naman kami natapos ng exam, nagpaalam ako ulit kay Jami na sasabay kay Rochelle at uuwi sa malaking bahay. Nagulat pa kami pagdating namin dahil gising na si Iris, halos sumabog ang puso ko sa tuwa pero 'yung takot na baka malaman n'yang kasal na si ma'am ay mas lalong lumala.

Nagkasagutan na naman sila babe at donkey, mabuti nalang at hindi sila nag away sa harapan ni Iris. Lahat kami masaya sa pag gising n'ya pero ramdam ko talagang may nagbago sa lahat.

Sa sumunod na araw ay pumasok na ulit si Riri ng school, dapat ma-excite ako pero hindi ko magawa. Nandito na kami sa loob ng classroom at tahimik akong nanalangin na sana hindi iniba ni ma'am ang kanyang last name.

Ngunit nadismaya ako, dahil iba na ang tawag sa kanya ng mga kaklase ko. Kaagad kong nilingon si Iris, bigla syang tumayo at tumakbo palabas kaya agad kaming sumunod sa kanya.

Naabutan namin ito sa may hagdan, luhaan at nagmamakaawa na tulungan siyang alisin ang sakit sa kanyang puso. Tahimik akong lumuluha sa likod ni babe, nakonsensya dahil hindi ko talaga nagawang aminin sa kanya.

"Iris, please." Pagmamakaawa ko habang pinapahid ang mga luha.

"Mako?" Narinig ko ang boses ni Jami at nakita itong kasama si ma'am Pixie.

Hindi nagtagal ay dumating na rin ang babaeng dahilan kaya nagkaganito ang kapatid ko. Mabilis

kumilos si Iris at kumapit kay babe, ngunit nagulat ako sa malakas niyang pagsigaw kay ma'am Pixie dahil sa hindi sinasadyang pag hawak nito sa sugat ng kapatid ko na ngayon ay dumudugo.

Pinagbantaan kami ni babe na walang susunod sa amin at siya na ang magdadala kay Riri.

Makalipas ang ilang minuto ay bumalik si babe para kunin ang mga gamit ni Iris, gusto ko sana siyang kausapin kaso naunahan ako ni Jami. Hinintay ko silang matapos pero ang tagal nila kaya pinuntahan ko si Iris sa clinic

Papalapit ako ng papalapit ay may naririnig akong humihingi ng tulong, umiiyak. Familiar ang boses kaya agad akong tumakbo at hindi makapaniwala sa nakikita ko. Nakita ko si ma'am Eve umiiyak at yakap-yakap ang kapatid ko, walang malay at maraming gamot ang nagkalat. Hindi to maaari, no, hindi.

"P-Please, help me, I-Iris..." hagulgol ni ma'am at pinipilit gisingin ang kapatid ko.

Wala akong nagawa, hindi ako naka kilos at naging bato sa kinatatayuan ko hanggang sa narinig ko ang boses ni babe at naramdaman ang mahigpit na yakap ni Jami.

Sinubukan ni ma'am Eve hawakan si Iris ngunit marahas itong itinulak ni babe at binuhat si Iris. Dumating na rin sila R at A, mabilis inalalayan si babe at tinakbo kaagad nila sa malapit na hospital.

"J-Jami, kailangan ko sundan mga kapatid ko." Nanginginig kong paalam sa kanya.

"I'm sorry, mako." Wala naman siyang kasalanan pero sya itong humihingi ng tawad sa akin.

Umiling ako at malungkot na ngumiti, "magkita na lang tayo mamaya." Sabi ko at tuluyang nilisan ang clinic, kailangan din sya ng pinsan at mas makabubuti kung doon nya muna ibuhos ang atensyon.

-

Sa hospital ay nagkaharap ulit sila babe at ma'am Everleigh, kasama nito si Jami. May mga sumbatan pero nagpapasalamat parin ako dahil walang sakitan na nangyari.

Kinausap kami ng doctor, hindi rin sigurado kung kailan magigising ang kapatid namin dahil sa daming gamot na iniinom at puro mga high dosages pa.

Late na ako umuwi sa bahay ni Jami dahil nanatili ako sa hospital upang i-monitor si Riri, ligtas na siya sa kapahamakan pero 'yun nga- hindi alam kung kailan siya muling magkakaroon ng malay.

"Mako?"

Matamlay kong sinalubong ang yakap ni Jami, sobrang pagod na ako masyado at stress na dahil sa pamilya. Thankful pa rin ako, dahil may asawa akong naghihintay sa pag-uwi ko. Niyakap ko siya ng mahigpit at ipinikit ang mga mata, gumagaan ang kalooban ko kapag siya ang kasama.

"Jami, I'm so tired. Hindi ko na alam ang gagawin. Ginawa ulit ni Riri, hindi ba kami mahalaga sa kanya? Tinangka niya ulit tapusin ang buhay para lang sa babaeng nanakit sa kanya?" Ayaw ko magalit, ayaw ko isumbat lahat kay ma'am pero kung hindi naman talaga dahil sa kanya ay hindi magpapakamatay ang kapatid ko.

"Mako, don't get mad at me, okay? But why didn't you tell Leigh about this?" Tanong niya at hindi ako kaagad nakasagot.

"Mako," tawag niyang muli.

Nagpakawala ako ng isang malalim na hininga. "Kasi pinagbantaan kami ni babe, nakakainis Jami kasi bakit kailangan humantong sa ganito ang lahat? Ang liit nong misunderstanding nila ni Riri pero mas grabe 'yung naging resulta." Sumbong ko sa kanya. Ayaw ko sisihin si babe pero kasalanan niya talaga lahat ng ito, kainis!

"If you had explained to Leigh from the beginning what had happened to Iris, there would have been a huge possibility that Leigh wouldn't have gone through with the marriage to Brenton. Even if it was just a contractual marriage, it still would have had a significant impact, especially on your sister." Mahaba niyang paliwanag.

"Kasalanan ng bestfriend mo ang lahat, hindi ko magawang kontrolin si babe lalo na pag alam kong malaki galit niya. Kahit nga si Bern hindi siya pinigilan at hinayaan lang at ewan ko bakit hindi niya pinagalitan 'yun." Sumbong ko at ngumuso. Kaya naman sana ni Bern kalabanin si babe pero wala siyang ginawa.

"Mako, you can't rely on your alter persona to solve your problems forever. Love, if you're capable of doing it, don't be afraid. You know the difference between what's right and what's wrong, so please, make your choices carefully." Ang lambing niya pa rin kung sermonan ako.

Nanahimik na ako at hindi nakasagot kasi wala akong makuha na tamang isasagot. Ayaw ko rin mag dahilan sa kanya at isa pa ay tama naman ang sinabi ni Jami sa akin, ang problema lang sa akin minsan ay mahina ang loob.

"Have you eaten already?" Mabilis akong umiling sa tanong niya.

"Wala akong gana, gusto ko na magpahinga." Sagot ko. "Inaantok na po ako." Dagdag ko.

"Alright,"

Hindi na niya ako kinulit na kumain at sinamahan kaagad sa aking kwarto. Dito na rin siya matutulog kasi alam niya nagkakaroon ako ng nightmare tuwing stress, lalo na kapag pagod na pagod ang isipan at katawan. Hindi ko na masyadong kinulit si Jami at kaagad natulog pagkatapos kong mag half bath at mag palit ng pajamas.

"Jami, una na po ako." Paalam ko sa kanya na mauuna ng matulog.

"Goodnight, mako." Sagot niya at hinila ako pina pwesto sa bandang dibdib niya.

Ang bango niya, sana managinip ako ng masaya.

-

Sa mga sumunod na araw ay tulog parin si Riri, mas lumala ang alitan nila R at S tapos itong si babe hindi na namamansin at hindi na rin sumasabay sa amin.

Nagpatuloy ang ganyang set-up hanggang sa lumipas ang isang buwan, ang magandang samahan namin dati na puno ng tawanan at kalokohan lang ay napalitan ng lungkot at katahimikan.

Sinubukan ko sila kausapin isa-isa, pero talagang wala silang balak magkasundo na dalawa. Kinausap ko rin si Ag pero pati siya ay ayaw makialam sa away nong dalawa.

Yung routine ko sa lumipas na buwan ay bahay-school-hospital-bahay lang. Hanggang sa lumipas ang dalawang buwan, mas naging malungkot ako pero hindi ako nawalan ng pag-asa at malaki ang pasasalamat ko dahil hindi ako iniwan ni Jami.

Isa-dalawa-tatlong buwan na ang lumipas pero tulog pa rin ang kapatid ko. Wala na ito sa ospital dahil inuwi namin siya sa bahay ng Albrecht, pati si dad galit na sa amin dahil hindi namin nagawang pigilan si Riri. Binalak nga nila maghiganti ulit sa angkan nila Jami pero nanlaban kami ni RL, bakit kailangan nila idamay ang iba? Bakit hindi si Brenton ang pahirapan nila.

Isang gabi, nagtipon kami sa malaking bahay ngunit nagulat dahil sa paggising ni Iris at nagwawala, gusto makita si ma'am. Nagbanta ulit sasaktan ang sarili kapag hindi pinagbigyan makita si ma'am Everleigh.

Masakit makita si Riri na nahihirapan, umiiyak at nagmamakaawa sa amin, lalo na kay dad. Pero sa huli ay pinagbigyan pa rin ito sa kanyang hiling na makita ang minamahal, si babe ang sumama sa kanya para makita si ma'am at kami ay naiwan.

Pagbalik nila sobrang nag-aalala ako dahil namamaga ang mga mata ni Iris, kita ko talaga kung gaano siya nasaktan. Sinubukan namin siyang kausapin pero ikinulong niya ang sarili sa loob ng kanyang kwarto.

Simula sa araw na 'yun ay hindi na siya lumabas, laging nanatili sa silid at kahit isang beses ay hindi kami hinarap. Ilang ulit kami nagmamakaawa na bumalik na siya pero wala, ayaw niya humarap sa kahit na sinong tao- kahit sa amin na pamilya niya.

Yung takot ko mas naging triple dahil baka may gawin siyang masama ulit sa kanyang sarili, paulit-ulit akong bumabalik upang tingnan kung ayos lang ba siya.

Na cancel ulit ang foundation week hanggang sa natapos ang 1st semester. Nagdaan ulit ang maraming araw ay gano'n pa rin ang sitwasyon ni Iris, hindi lumalabas sa kwarto at tuluyan na talagang inisolate ang sarili.

2nd semester, nasa gym kaming lahat para sa gagawing orientation. Wala ulit si Riri at mukhang titigil na siya sa pag-aaral, mabuti na lang nagawan namin ng paraan ang 1st sem n'ya kaya makaka-proceed parin siya kasama kami pero mukhang malabo mangyari.

Nalulungkot ako na kinausap si R, nagplano pa kami dadalawin kaagad si Riri after school pero nagulat kami nang bigla itong sumulpot kasama si Ag. Lahat kami na sorpresa at tulala habang sinusundan siya ng tingin.

Naiyak ako kasi kita ko ang malaking pagbabago niya, wala na 'yung kislap sa kanyang mga mata at napalitan ng lamig ang ekspresyon ng mukha niya. Pero kahit gano'n ay masaya akong makita siyang muli at mukhang handa na siya harapin ang lahat.

Kinabahan ako nang magkaharap sila ni ma'am at baka kung ano ang gawin ni Riri pero ikinagulat ko ang hindi niya pagpansin dito at tiningnan lang na parang hindi kilala at nagpatuloy sa paglalakad.

Tahimik namin inobserbahan si Iris, maraming pagkakataon na nakaharap niya si ma'am pero wala talaga siyang ginawa at siya na mismo ang umiwas. Itong isa parang nananadya pa talaga, bakit hindi niya hayaan ang kapatid maka move-on ng tuluyan sa kanya.

*

Kakauwi lang namin galing field trip, naging maayos naman at walang naging problema- 'yun ang akala ko dahil hindi ko inaasahan ang confrontation nila babe at Iris sa isa't-isa. Hindi ko na nga kinaya at pinaubaya kay Bern ang lahat para ayusin ang problema. Akala ko magkakagulo ulit at masisira na ng tuluyan ang samahan, pero malaki ang pasasalamat ko dahil mas nanaig ang pagiging positive ni Riri at pagmamahal kay Sj- inintindi kung bakit niya 'yun lahat nagawa.

Hinarap na niya kaming lahat, humingi ng tawad sa lahat ng ginawa niya sa sarili at ang epekto na binigay nito sa amin. Pinatawad ang isa't-isa at ngayon nagkaayos na.

"Nakita nyo si Iris?" Tanong ko sa mga kapatid.

Medyo may pagbabago na konti simula nong nagbalik si Riri, sabay na ulit kaming lahat pero 'yung tensyon sa pagitan ni babe at R ay nanatili pa rin.

"Hoy, magbati na nga kayong dalawa! Papataasan kayo ng pride ha? Kung si Iris nga nagpatawad kaagad dahil mas iniintindi kayo!" Sumbat ko sa kanila, sasampalin ko talaga sila pag hindi pa sila nagkabating dalawa d'yan.

Hinila ko ang kamay ni babe at kinaladkad patungo sa upuan ni Aaar eeeL. "Magbati na kayo utang na loob, okay na si Iris kaya magkaayos na rin kayong dalawa!" Inis kong sabi at pinag harap sila.

Walang nagsasalita sa kanila at nanatili na tahimik, naghihintay kung sino ang una hihingi ng tawad. Narinig ko ang buntong hininga ni babe at inabot ang kamay kay R, "I'm sorry." Sabi nito at mukhang hindi naman siya napilitan.

Tumango si R at tipid na ngumiti bago nakipag kamay kay babe, "I'm sorry din, huwag na tayo mag away at baka malaman pa ni Iris at sisihin sarili niya. Sorry kung sa tingin mo hindi mahalaga sa akin ang pamilya, pero kasi kung alam natin na may ibang paraan- bakit natin idadamay ang mga walang kinalaman." Pahayag ni R at niyakap si babe ngunit saglit lang 'yun at naghiwalay din sila kaagad.

"Hindi ko na kailangan magpaliwanag kung bakit ko 'yun ginawa, kilala nyo na ako at minsan ko na rin ginawa dahil sayo." Sagot ni babe at sabay kami tumango.

Hinila ko si Ag at nakipag group hug sa kanila, "Please, wag na tayo mag away at sobrang stress na ang beauty ko. Hindi na kayo naawa sa akin." Sabi ko sa kanila at muling hinanap si Riri pero bigla itong nawala.

"Nasaan ba si Iris?" Tanong ko ulit.

"Baka nasa clinic." Biglang sagot ni Ag.

"Akala ko ba wala na siyang lagnat, bakit ganyan katawan niya at pabalik-balik ang sakit kapag nagka-lagnat?" Tanong ko sa kanila pero as if naman may alam sila duh.

"Gano'n na talaga siya, para ka namang hindi sanay." Sagot ni babe sa akin.

"Oo nga pala, kailangan natin mag set ng new date para sa foundation week kasi nangungulit na ibang departments." Paalala ni R sa amin.

"OMG! oo nga pala at hindi natin pwede patagalin ng sobra, kasalanan n'yo kasi kaya na moved ulit ang schedule. Sige, mamayang 5pm magpatawag tayo ng meeting." Sabi ko.

Kasalukuyan naming tinatahak ang daan patungong clinic, malapit na sana kami nang biglang lumabas si ma'am Everleigh. Nakita niya kami at bigla itong umiwas, tumalikod si ma'am at sa kabilang daan sana siya dadaan ngunit bigla itong tinawag ni RL at hinarangan. Si babe dumiretso na pumasok ng clinic habang kaming tatlo ay naiwan dito sa labas kasama si ma'am.

"Ma'am, gusto ko lang humingi ng tawad sa ginawa ng kapatid ko sayo. Nagawa niya ang lahat ng 'yun dahil sa pagmamahal kay Iris, alam ko po mabigat ang kasalanan niya at hindi madadala sa kapatawaran-"

"Enough, you don't need to say sorry. I understand." Putol ni ma'am Everleigh at ngumiti kay Aaar eeeL.

"Salamat po. Kung may magagawa at maitutulong kami sayo, please sabihan mo kami para makabawi man lang." Sabi ulit ng kapatid ko at sumang-ayon kaming dalawa ni Ag.

"No, it's not necessary. I can handle this problem on my own. Just keep an eye on Iris and make sure she doesn't harm herself again." Sagot ni ma'am.

Tinawag ko ito at sa akin naman tumingin. "Nag usap na ba kayong dalawa?" Seryoso kong tanong at binigyan ako nito ng isang tipid na ngiti.

"Yes, I appreciate your concern again, and can I ask you for a favor?" Bigla niyang tanong sa amin kaya tumango na lang din kami bilang tugon.

"Can you please make sure that no other woman gets close to her? And if there are any women who try to flirt with her, can you not allow that to happen? I know I'm married to Brenton, but you're well aware that I don't hold any romantic feelings for him. Just give me enough time, and I promise I'll fix things with your sister." Paghingi nito ng pabor sa amin.

Nagpalitan kami ng tingin nila R at A bago muling tumango upang sumang-ayon sa pabor na hiling ni ma'am. Halata naman mahal niya ang kapatid ko, pero dahil sa ginawa nga ni babe ay mas lalong nagkagulo.

"Makakaasa ka, ma'am." Sagot ni Ag sa kanya.

"Thank you." Sagot nito, sinabi kung anong room si Riri natutulog at nagpaalam.

After umalis ni ma'am ay pumasok kami ng clinic upang dalawin si Riri kaso tulog naman ito kaya hindi na lang namin ginising para makapag pahinga siya ng maayos. Nag desisyon sila na pumunta ng restaurant ni ma'am Pixie pero hindi na ako sumama dahil sasabay ako kay Jami mag lunch.

Tanaw ko si Jami ngayon sa labas ng kanyang opisina, kausap ang kapatid niya, lumapad ang ngiti ko sa labi at tatawagin na sana ito nang biglang tumunog ang phone ko at may natanggap akong notification na nagmumula sa pangalang TXK. Bago ko binuksan ang inbox ko ay nag stalk ako sa profile niya pero naka private ito at wala rin naman kahit anong litrato.

"Kaloka." Sambit ko at may nag t-troll yata sa akin.

Pag bukas ko ng message nito at tumambad sa akin ang maraming mga litrato, hindi ibang tao kundi ako. Litrato ko na may kasamang iba't-ibang mga babae, kahalikan na maraming babae at may iba pa na kuha galing hotel. Nanlamig ako sa aking kinatatayuan at hirap lumunok lalo na nong tinawag ni Jami ang pangalan ko at ngayon papalapit na sa akin.

Kaloka, ako ba talaga 'yun? Hindi at ayaw ko maniwala pero 'yung katawan ay parehong-pareho sa akin. Sino sa dalawa? Bern at Kb? Ayaw ko humusga lalo na at wala akong alam sa mga nangyayari.

"Mako?" Napaigtad ako sa paghawak ni Jami ng braso ko.

Dali-dali kong pinatay ang cellphone at ibinalik ito sa bulsa bago ngumiti sa kanya. "Sorry, tapos ka na po ba? Sabay na tayo lun- mamaya nga pala Jami may meeting ang lahat ng department para sa foundation week na lagi na lang nauudlot." Mabilis kong paliwanag sa kanya para hindi ako paghinalaan.

"Alright. Yes, I'm done. Saan mo gusto kumain?" Tanong niya sa akin.

"Sa office mo nalang po, tinamad na ako maglakad." Sagot ko.

"Okay, I'll order food." Mabilis niyang sagot at hinatak ako papasok ng kanyang opisina.

Hindi ako kinakabahan sa mga natanggap kong litrato, curious ako kung kanino o kung sino ang nagpadala nito. Para saan? Sirain ang relasyon ko sa asawa ko? No, hindi mangyayari at alam ko na ako lang ang paniniwalaan ni Jami. Kaloka siya, humarap siya sa akin at kakalbuhin ko kung sino man ang punyetang yan.

Sige, subukan niya lang sirain ang masayang relasyon namin.

Makikita niya kung sino ako.

CHAPTER 24.5

-

Ang ganda ng araw ko, magising ka ba naman na katabi ang pinakamagandang asawa mo? Sa muling pagkakataon ay naging host ako ng katawan na ito, hindi alam ng iba ang tungkol sa akin kaya kailangan ko pa rin magpanggap bilang si Krystal sa harapan nilang lahat.

"Ang saya mo keyboard ah, may nangyari sa inyo ni ma'am?" Tinaasan ko kaagad ng kilay si Rochelle.

"Anong sinasabi mo? Loka ka, wala no at masaya ako dahil ngumiti si Riri." Sagot ko at tinuro ang kapatid namin na naglalaro ng basketball kasama ang dalawa.

Nandito kami sa Inner quadrangle kung saan may court, naglalaro silang tatlo habang kami ni R nandito lang sa tabi at nanonood.

"Tingnan mo sa 4th floor, kanina pa yan nanonood si ma'am kay Riri." Bulong niya sa akin kaya tumingala ako upang hanapin ito.

Totoo nga, kasama rin nito si Jamila nanonood. Ngumiti ako at kumaway sa asawa ko. "Ang ganda ni Jami ko hehe." Pagmamayabang ko sa katabi.

"Maganda rin kitten ko." Tiningnan ko siya at tinaasan muli ng isang kilay, isisingit pa talaga girlfriend niya.

"Oo nga pala, kailangan ulit natin mag set ng date. Sobrang delayed na ng foundation week natin at kinukulit na ako ng buong departments." Sabi ko sa kanya. Ilang beses na hindi natuloy dahil sa panay extend ang ginawa namin.

"Sige, magpapatawag ako ng meeting mamaya. Matutuloy na siguro to ngayon? Nakikita ko naman na medyo okay na at walang problema kay Iris." Sabay kami tumingin kay Iris.

"Hindi natin alam kung okay na ba talaga siya, pero sa nakikita ko ngayon ay nanunumbalik na lakas niya." Sagot ko sa kanya.

"Keyboard, what if bumawi tayo sa kanya?" Bigla niyang tanong sa akin.

"Ano ibig mo sabihin?" Sagot ko at sumandal sa pader.

"Alam naman natin na malaki ang pagkakamali natin kay Iris diba? Hindi natin nagawa hadlangan si Sj at dahil doon lumala ang sitwasyon. Wala man pinapakita si Riri pero alam ko na mahal niya parin si ma'am, ibalik natin ang alam natin ay sa kanya." Napaisip ako bigla sa kanyang pahayag, may punto si Rochelle pero baka kapag nangialam kami ay baka magkagulo ulit.

"Sige na keyboard, hindi naman natin pipilitin si Iris kung ayaw niya na talaga pero subukan lang natin. Alam naman ng lahat kontrata lang kasal nila ni Brenton, I don't know the real reason behind ng kasalan- ang alam ko lang ay napilitan si ma'am at walang pagmamahal do'n." Pangungumbinsi niya sa akin, mukhang hindi titigil si Rochelle hanggat hindi ako mapapapayag.

Pinagmasdan ko si Iris at tumingin ulit kay ma'am Everleigh, "hmm, sige at go ako sa gusto mo. Subukan natin, pero kapag sinabi ni Iris na tumigil tayo- huwag na nating ipagpilitan." Sagot ko sa kanya

at tumango si Rochelle kasabay ang isang ngiti.

Pagkatapos nilang maglaro ay umakyat kami kaagad ng opisina para makapag bihis na rin ang tatlo dahil puno ng mga pawis ang katawan. Nasa may hagdanan palang kami ay nakasalubong na namin ang dalawang guro na nanonood sa kanila kanina.

"Good afternoon po." Bati namin sa dalawa.

"Good afternoon. Change your shirts at puro kayo pawis." Paalala ni Jamila sa tatlo kong kapatid.

"Excuse me," lahat kami napalingon kay ma'am Everleigh. "If it's alright with you, may I speak to your sister for a moment?" Nahihiya nitong tanong sa amin at mabilisang ninakawan ng tingin si Iris na nasa aking likuran.

"Tanong mo siya." Bigla nataranta si Rochelle dahil sa kung paano ito sinagot ni Sj, sumenyas ako sa kanya na mag relax lang at walang gagawin si Sj.

"Mauna na kayo, susunod ako." Sagot ni Iris, hindi na nagsalita si Sj at nauna maglakad- okay na siguro sa kanya?

"Sige, take your time." Sabi ko at hinila si R at A.

Ngunit bago kami umalis ay lumapit ako kay Jamila upang bumulong. "Hi, miss kita, Jamila." Ngumiti ako at nakitang tumaas ang kanyang mga kilay, kinindatan ko ito bago tuluyang umalis hatak-hatak ang dalawa sa magkabila kong kamay.

"Okay lang ba iwanan si Iris?" Tanong ni Ag.

"Oo, okay lang at wala na gagawin 'yun sa sarili. Ako tatapos sa kanya kapag ginawa niya ulit." Mabilis kong sagot.

Pagdating sa opisina ay nagpasya silang maligo. Habang naghihintay ay kinuha ko ang phone dahil may nagpadala ng mensahe at nakita ko ang pangalan ng aking asawa, may message ito.

Wife :
I miss you so much. ?

I giggle matapos mabasa ang kanyang mensahe, ang cute ng asawa ko- gusto magpalambing nito kapag ganyan ang emoji niya eh.

Me :
Sino muna ako?

Wife :
K.B

"Haha, alam at kilala niya talaga kaibahan naming tatlo." Pailing-iling kong saad habang tumatawa.

Me :
Miss din kita, wala ba akong kiss d'yan?

Wife :

Where are you?

Me :
Nandito sa office pero naliligo ang tatlo.

Ni-last message ako ng asawa ko, seen lang at hindi na nag reply. Kapag ganitong style ay alam kong susulpot siya bigla. Hindi nga ako nagkamali dahil may kumatok sa labas ng pinto, pagbukas ko ay isang ngiti ang gumuhit sa aking labi dahil tama ako sa hula.

"Hi, mahal." Tawag ko at matamis siyang nginitian.

Instead of answering me, she pushes me gently, closes the door, and wraps her arms around my neck. "I'm here." She whispers to me and presses her lips against mine. The kiss is filled with tenderness and heat, and I swiftly respond to her kiss, encircling her waist with my arms.

"Dito n'yo pa talaga nagawa mag lampungan, doon nga kayo sa opisina mo, Athy." Naputol ang aming halikan nang marinig ang boses ni Sj, kakatapos lang maligo at ngayon bihis na.

"Ara, are you still mad?" Biglang tanong ni Jamila sa kanya. Hinila ko ito papunta sa sofa at pinaupo sa lap ko bago yakapin ang kanyang katawan.

"Galit? Kanino?" Tanong ni Sj, as if hindi alam kung ano tinutukoy ng asawa ko.

"You know-"

"Hindi, nangako si Iris kaya alam ko hindi na siya uulit." Putol nito kay Jamila at tipid ngumiti.

"Pwede magtanong?" Ako naman ang kumausap sa kanya.

"Ano?" Nagtungo siya una sa ref at kumuha ng paborito niyang pudding bago umupo sa katapat na sofa namin ni Jamila.

"Hindi ba kayo nag away ni ma'am Pixie? Hindi ba siya galit sa ginawa mo? Alam niya naman siguro na ikaw ang dahilan kaya muntik bumagsak negosyo nila?" Direkta kong tanong, nakipagtitigan ito sa akin at nagpakawala ng malalim na hininga.

"No, una palang sinabi ko na sa kanya ang gagawin ko. Hindi nagalit si pie, sinuportahan pa desisyon ko at wag ko na raw siya isipin. Swerte ko sobra sa kanya no? Gagawin lahat para sa akin- pero ang totoo ay hindi ako ang may kagagawan kung bakit bumagsak lahat ng negosyo ng Ponferrada." Kalmado niyang pahayag habang kumakain. Naguluhan ako at nagsalubong ang mga kilay nang marinig ang kanyang sinabi, anong hindi siya ang may kagagawan?

"Wait, sinasabi mong hindi kayo ni dad ang dahilan sa lahat ng kaguluhang nangyari sa kumpanya nila Jami?" Tanong ko upang klaruhin ang lahat.

She nods. "Aminado akong plinano ko talaga kasama si dad, pero bago pa man namin gawin ay nangyari na. Nagkagulo sila at isa-isa nag pull-out lahat ng investors. I heard that someone bought half of the company's stocks at lahat ng investors ay isa-isang nag pull-out dahil utos ng taong ito." Bahagyang nanlaki ang mga mata namin ni Jamila sa natuklasan. So mali sila Krystal sa lahat? Ang buong akala nila ay si Sj at dad ang gumawa.

"Sino?" Tanong ko.

"I'm not sure, but they must be pretty influential if they can drive away all the investors like this." Kaagad nitong sagot. Tumango ako bilang tugon dahil tama ang kanyang sinabi, hindi naman siguro magsisi-kansela lahat ng investors nila kung hindi makapangyarihang tao ang nasa likod nito.

"If no one invests in the company anymore, it might go bankrupt- muntik na nga mangyari sa kanila." Sagot ko. Muntik ng malugmok negosyo ng asawa ko, mabuti ginawan kaagad ni Bern ng paraan.

Napaisip ako bigla at tinawag si Sj. "Hold on a second. Wouldn't it be possible for us to buy all the investors' stocks? If we all put our money together, we could buy enough stocks to gain control of the company." Suhestyon ko.

"That's a risky move, pero naisip ko rin 'yan. Sa totoo lang patago kami ni dad nag iimbestiga at tumulong para unti-unti mabawi ng pamilyang Ponferrada ang mga nawala sa kanila. Ang lakas ng kalaban na 'to, masasabi kong pantay sila ni dad." Pero sino ang gagawa ng lahat ng 'yun? Hindi naman gano'n kayaman ang lalaking pinakasalan ni ma'am Everleigh sa natatandaan ko.

"What if hadlangan tayo ng new owner?" Pumagitna na si Jamila sa usapan namin ng kapatid ko.

"We'll have to be stealthy about it. We can't let them know what we're planning. Sinimulan na nga namin ni dad, hindi lang namin pinaalam para hindi kayo mag-alala." Ngiting paliwanag ni Sj. Hindi ko lubos akalain sila ang palihim tumutulong, ang buong akala ng mga kapatid namin ay sila ni dad ang dahilan kaya nagkaganito ang lahat- kabaliktaran pala.

"Pero bakit hindi ka nagpaliwanag? Hindi mo sinabi sa lahat ang totoo? Inangkin mo pa na kasalanan mo." Nag-aalala kong tanong. Naging masama pa siya sa paningin nila Iris dahil sa pangyayaring hindi niya naman ginawa.

"Hayaan mo na, malalaman din naman nila ang totoo." Sagot niya at nagpakawala ng mahinang tawa. Pati ako hindi ma-predict takbo ng utak ni Sj.

"Hmm, sige at sasali ako sa plano mo. Ikaw, Jami?" Tanong ko at kanina ko pa pansin ang ngiti niya sa labi, tumango ito bilang tugon.

"Alright, we're in agreement then. Let's start gathering our resources and forming a secret coalition of investors. We'll need to be careful and discreet in order to avoid the new owner from finding out what we're up to. Once we have enough shares, we can work together to vote and change the course of the company. It's a risky plan, but it might just be our only chance to take control back." Napaisip ako bigla bakit marami siyang alam tungkol sa ganito tapos naalala ko ang kurso niyang kinuha bago nag crim.

"But what if someone leaks our plan?" Tanong ni Jamila.

Hindi sumagot si Sj, ngumisi lang ito at pinakita sa amin ang mangyayari- gilitan sa leeg bilang banta.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA game." Hagalpak ko at nakiisa sa plano.

"Ang lakas ng tawa mo keyboard- hello ma'am." Naputol ang usapan namin dahil sa biglang pagdating ni R kasunod si A.

"Okay, I have to go to class now. We'll continue this later." Sabi ni Jamila at tumayo na.

"Ingat po." Paalam namin sa kanya.

Saktong paglabas ni Jamila ay siya namang pagpasok ni Iris, tiningnan namin ito, nagpalitan kami ng tingin ng mga kapatid ko dahil sa namumula ang buong mukha ni Iris- I'm sure may nangyari sa kanila ni ma'am Everleigh.

"Namumula ka?" Diretsong tanong ni Sj na ikinatigil ni Iris at dali-dali naghanap ng salamin.

"May nangyari ba na maganda?" Ako ang sunod na nagtanong at mabilis itong umiling.

"Wala, wait lang at maliligo ako." Sagot nito at mabilis pumasok ng banyo.

Nagkibit-balikat ako dahil sa akin nakatingin si Rochelle, tinatanong ng kanyang mga mata kung may alam ako. Paano ko malalaman kung alam niyang nandito lang ako sa loob ng opisina kasama ang dalawa kanina, lutang yata siya.

Hinintay namin matapos si Iris at kaagad umakyat ng classroom, subject pa talaga ni ma'am Everleigh. Kanina ko pa napapansin mga nakaw tingin niya sa kapatid ko na ngayon ay nasa labas ng bintana ang atensyon, hindi niya talaga tinatago at halatang in-love si ma'am.

Binato ko si Sj ng scratch paper at ngumuso sa harap ng pisara. "Kulang nalang matunaw si Iris sa mga titig niya." Bulong ko at bigla itong ngumisi saka nagtaas-baba ng mga kilay.

"50 students tayong nandito, pero ang atensyon ni ma'am nasa isang estudyante lang." Naubo ako at muntik na tumalsik laway ko dahil sa biglang sinabi ni Sj, loko to at inasar pa si ma'am Everleigh.

"Hindi ko sinasabing si Iris." Humirit pa talaga ulit at nag mentioned pa ng pangalan.

Nagsimula umingay at tinukso ng mga kaklase si Iris, "tumigil kayo hoy, kasal na si ma'am" Natigil ang lahat dahil sa sinabi ni Jake ba ang pangalan nito?

"Kung tahiin ko yang bibig mo para hindi ka na makapag salita?" Saway sa kanya ni Tanvi at binatukan ang binata sa ulo.

"Enough, have you finished reviewing? We have a 20 item quiz today." Pagpapatigil ni ma'am sa kanila. "Put away your things and get a half-lengthwise sheet of paper." Dagdag pa nito.

"Lengthwise ma'am?" Tanong ulit ni Jake.

"Bungol ka ba ha? Kakasabi lang na lengthwise." Kanina pa sila ni Tanvi nagtatalo na dalawa, para silang Krystal at Iris minsan.

"Keep quiet. Number one."

-

Pasado alas otso ng gabi natapos ang meeting kasama ang ibang guro na tutulong mag facilitate para sa foundation week, final na at kailangan matuloy na ito this time.

"Keyboard, gusto n'yo sumabay mag hapunan? Sasama rin ang iba." Tanong ni Rochelle sa akin paglabas ng meeting room. Lumingon ako sa gawi ni Jamila at nakitang kausap nito ang ibang mga guro.

"Sige, matagal na rin nong huli nating pagtitipon." Sagot ko at kumaway sa asawa ko.

"Lapitan ko lang." Paalam ko kay Rochelle at lumapit kay Jamila.

"Excuse me." Sabi ni Jamila sa mga pinsan at nilapitan ako.

"Mahal, wala ka na trabaho ngayon? Sabay daw tayo maghapunan kasama ng iba." Tanong ko sa kanya.

"Sure. By the way, hindi ba natin ipapaalam sa iba ang tungkol sa pinag usapan natin kanina?" Napaisip ako bigla sa kanyang tanong at agad din napagtanto kung ano ito.

"Hindi ko alam, hintayin nalang natin si Sj."Sagot ko sa kanya. Baka kasi may plano 'yun tapos masira namin kung bigla-bigla kaming magsasabi sa iba.

"Hmm, alright."

"Ma'am, pwede ba sumama na lang din kami ni Jake?" Lahat kami na nandito sa labas at napalingon kay Tanvi at Jake, bakit nandito pa silang dalawa? Hindi naman sila kasali sa meeting kanina- pero anong ginagawa nila rito?

"Hindi halatang wala kayong pera." Joke ko.

"Pogi lang ako pero wala talaga akong pera." Mabilis na sagot ni Jake.

"Habulin lang ako ng mga babae pero never naman ako nangutong sa kanila." Isang tango ang ginawa ko bilang pagsang-ayon kay Tanvi, mabuti kung gano'n.

"Tara na." Tawag ni Rochelle sa amin dahil nauna na maglakad ang iba.

"Tingnan mo pinsan mo mahal, dati si Iris ang habol nang habol sa kanya, ngayon kabaliktaran na." Mahinang tawa na bulong ko kay Jamila at sabay kaming dalawa sinundan ng tingin ang mga ito.

Nasa unahan kasi si Iris at si Everleigh nasa likod ng kapatid ko, palihim niya pa nga hinawakan ang kamay ni Riri, but since kami ni Jamila ang nasa likod nila ay malaya naming napapanood kung ano ang ginagawa nito sa kapatid ko. Hahawakan niya ang kamay, sunod naman mangangalabit kaya napapatingin sa kanya si Iris at taas ng mga kilay.

"May ganyang katangian din pala ang pinsan mo, mahal." Sabi ko.

"I guess? Ngayon ko lang din siya nakitang ganyan." Sagot niya.

"Siguro talaga nagbabago ang tao kung tunay na nagmamahal." Patunay na d'yan si Bern, ang dati na hindi mo makikitaan ng ngiti sa labi ay ngayon ngumingiti na dahil kay Jamila. Hindi rin 'yun mahilig sa mga lakad-lakad pero napapayag nitong isa.

Sa restaurant lang kami ni ma'am Pixie nag hapunan, wala naman masyadong ganap at kumain lang. Minsan may palitan ng insulto sila Tanvi at Jake pero tumatahimik din naman kaagad lalo na kapag sinasaway. Tapos si Everleigh na todo asikaso at papansin kay Iris, ano kaya pinag-usapan nila at biglang ganyan trato ni ma'am sa kanya.

Lumipas ang mahabang minuto at nasa kalagitnaan ng usapan ang lahat nang bigla tumunog ang cellphone ni Everleigh, tumigil kami sa pag-uusap para sana bigyan siya ng space para sagutin ito ngunit agad niya pinatay ang phone pagkatapos makita ang caller.

"Tumawag na asawa ni ma'am." Minsan talaga kailangan patahimikin ang lalaking ito at sobrang daldal niya.

"Ang ingay mo! Kapag ikaw binagsak ni ma'am, pagtawanan kita." Sermon ulit ni Tanvi sa lalaki, hindi ko alam kung pang ilang sermon na yan.

"Bakit hindi mo sinagot? Baka sinusundo ka na." Tanong ni Iris at nagpatuloy sa pagkain.

"I don't have time." Sagot kaagad ni ma'am.

"Marami kang time, ayaw mo lang." Bato ulit na salita ni Iris, sa obserbasyon ko ay parang ginagalit niya ang guro.

"Stop worrying about unimportant things and just eat." Naaasar na yata ito pero pinipigilan lang ang sarili.

"So mas mahalaga si Iris kaysa sa asawa mo, ma'am?" Nasapo ko ang aking noo dahil sa muling tanong ng lalaki, bakit ang daldal ng batang ito.

"YES." Ang bilis nakasagot ni ma'am at hindi man lang pinag-isipan. Kinagat ko ang ibabang labi para pigilan ang ngiti at nakita ko si Rochelle na kinilig dahil sa sinagot ni ma'am.

"Yun oh! Legal mistress ang Iris namin." Mabilis na lumipad ang palad ni Iris sa ulo ni Tanvi dahil sa sinabi nito at tumawa ng malakas. Kalokohan, ginawang legal kabit ang kapatid ko.

"Pero serious question ma'am, ano nagustuhan mo kay Iris? Babaera yan tapos puro lang kalokohan." Nandito na tayo sa mga tanong na hindi maiiwasan, bilib ako sa lalaking ito at ang lakas ng loob niya.

"Honestly, I'm not really sure what I see in Iris. She used to be a playgirl, always trying to get attention and messing around with other girls. It's annoying, but admittedly she has a certain charm. And as much as she teases me and makes fun of me, I can't deny that she's got a smart mouth and a sharp wit. Plus, I guess it's just refreshing to have someone who's not scared to speak their mind and challenge me every once in a while." Hindi ko inaasahan aamin siya sa harapan naming lahat, lalo na at kasama rin ang kanyang mga pinsan. Malalaman mo talaga wala siyang gusto sa asawa dahil kahit isang segundo hindi nito pinag isipan ang sagot at natural lang na lumabas sa kanyang bibig.

Ninakawan ko ng tingin si Iris, tahimik nakikinig habang tuloy sa pagkain. "What is it about Iris that you find so appealing?" Tanong na nagmula kay ma'am Lorelei.

"I don't know. I mean, she can be pretty infuriating at times, but there's something about her that's hard to ignore. Maybe it's her confidence. Or her witty comebacks. Or the fact that she's not afraid to go after what she wants." Bahagya ko inangat ang mga kamay at nag thumbs up kay Sj, bigla kasi siyang tumingin sa akin at sakto rin napatingin ako sa kanya.

"Pero ma'am, player siya dati. Hindi ka ba nag-alala na baka gamitin ka lang ni Iris tapos maghanap ulit ng iba?" Ayos mga tanungan ng lalaking ito.

"Of course it crosses my mind. But the truth is, I trust her. She may be a flirt, but deep down she's really not that bad. She's just confident and knows what she wants. And as for using me, well, I'm not afraid to stand up for myself. I know I'm not just some easy target for her. Plus, I think it's kind of thrilling to have someone as fiery and unpredictable as her around." Ganda ng mga sagot ni ma'am. Nagtaas ako ng isang kamay, ako naman magtatanong sa kanya.

"Sabi mo you trust her, pero bakit hindi mo siya pinagkatiwalaan nong panahon na sinubukan niyang magpaliwanag sayo dahil sa nakita mo siyang kahalikan ang ex niya?" Biglang tumigil sa pagkain si Iris at tingin sa akin dahil sa naging tanong ko, si ma'am naman panandalian natulala at agad din naman bumalik sa huwisyo nito.

"I guess I was just too caught up in my emotions at that moment. I saw her with her ex and it just set off this jealousy and anger inside me. I didn't want to listen to her explanation, I just wanted to be mad. But now, looking back, I realize I should have given her a chance to explain things from her perspective. It's not fair to assume the worst in someone without listening to their side of the story." Nakakalungkot nga lang kasi kung kailan niya na realized ang lahat ay do'n din nagsimula ang lahat ng kaguluhan, pero sana ngayon ay maayos na ang sa pagitan nilang dalawa.

"Yeah, I can understand that. Seeing someone with their ex can be a gut punch. But still, you could have at least heard her out instead of just assuming she was betraying you." Sagot ni Sj, kapag talaga nagsalita si S ay bigla nalang namumutla si R- ano ba kinakatakot at wala naman gagawin si Sj.

Tipid na ngumiti si ma'am, hindi matingnan sa mga mata si Sj at tumango. "I know, my gut reaction was too strong. I let my emotions get the best of me. I'm trying to work on that, to be more understanding and less quick to judge. I guess I just need to learn to trust her more, and not let my insecurities get the best of me." Seryoso nitong sagot kay Sj.

"Kung may assurance naman, pagkatiwalaan mo kahit magkagulo ang buong mundo." Sabi ko. "Diba?" Tanong ko kay Jamila at mabilis niya akong sinang-ayunan.

"Confession ba yan, ma'am?" Direktang tanong ni Ag.

"I guess you could say that. I'm finally realizing that I do have feelings for Iris. I've been trying to ignore them and push them down, but they're there. And seeing and holding her again made me realize that I didn't want to lose her again." Bigla itong nahiya at namula ang kanyang mukha matapos namin binigyan ng nakakatuksong ekspresyon sa mga mukha. Nakita ko rin ang mabilisang pagngiti ni Iris bago pa man makita ng iba.

"It's scary, honestly. Admitting that I have feelings for her is like putting my heart out there. I don't know if she still feels the same way, or if she's even interested in me. But I can't keep pretending like she doesn't affect me. She's been on my mind constantly, even if I've been trying to deny it." Napapahampas na ako ng mahina sa legs ni Jamila dahil sa kilig, kinilig ako at the same time natatawa kasi feeling ko iiyak na si ma'am Everleigh dahil sa mga ipinagtapat nito.

"Paano kung tuluyan na naka move-on si Riri? Anong gagawin mo?" Tanong ni Rochelle. Hotseat na talaga si ma'am at todo na ang mga tanungan.

"If Iris has truly moved on and doesn't have any feelings for me anymore, then I guess I'll have to accept that. It'll hurt like hell, but I can't force someone to feel something for me if they don't. It wouldn't be fair to either of us. But honestly, I don't want to think about that possibility. I hope that she still cares about me, even a little." Bilib na ako sa mga sagot ni ma'am, akalain mo na ang isang katulad ni Everleigh mapapaamin mo ng ganito kadali dahil lang gusto niya ipakita sa kapatid ko na seryoso siya at gusto bumawi sa pagkakamali.

"Iris o ang asawa mo?" Tanong muli ni Sj.

"I don't love my husband. Our marriage was arranged for business reasons, not for love. I've never felt any deep emotional connection or attraction to him. It's all just a contract, a means to an end. But that

doesn't change the fact that I made a commitment to him and our marriage. Even if I don't love him, I can't betray the agreement we made." Hmm, ano ba talaga ang dahilan kung bakit bigla silang ikinasal at bakit hindi niya kaya bumitaw sa kontrata nila? Gano'n ba talaga kahirap ang pinagdadaanan niya ngayon.

"Pero bakit humihingi ka ng chance kay Iris kung hindi mo naman kaya hiwalayan si Brenton?" Tanong na nagmula ulit kay Sj, ginigisa niya talaga ng todo si ma'am.

"I know it doesn't make sense. It's a contradiction. I'm asking for a chance with Iris but also trying to continue my agreement with my husband. I'm torn between my desire for a genuine connection with Iris and my commitment to my marriage. It's like my heart is pulling me in two different directions. I want to be honest with myself and with Iris, but I also don't want to break my marriage with Brenton either. I'm just stuck in a difficult situation that I created myself." Halos pabulong na nito kung sagutin ang dulo pero narinig pa rin namin 'yun. Mahal niya si Iris pero hindi niya kaya makipaghiwalay kay Brenton? Isa lang ibig sabihin kung ganyan, may something sa lalaking 'yun na kailangan ni ma'am o baka may threat kaya gano'n?

"Ikaw Iris, what is love for you?" Sj n'yo ayaw paawat.

Tumikhim si Iris bago uminom ng tubig at nakipagtitigan kay Sj. "Love is hard to define in just a few words, but for me, it's about connection. It's about finding someone who understands you, supports you, and brings out the best in you. Love is about accepting someone for who they are, flaws and all. It's about care, loyalty, and knowing that you can count on each other. Love is also about taking risks and making sacrifices for each other, and most importantly, it's about a bond that lasts through good and bad times." Mukhang di nakailag si ma'am sa sagot ni Iris at napayuko ito ng ulo.

"If love is a thing, ano ito at bakit?" Ako naman sunod nagtanong.

"I would say it's like a beautiful garden. Just like a garden, love requires time, care, and patience to grow. And just like a garden, love can be fragile. It needs constant nurturing and attention to stay alive and thriving. But when you put in the effort, a garden can produce beautiful and vibrant flowers. Similarly, when you put in the effort to nurture love, it can bring so much joy, happiness, and fulfillment into your life." Di mo talaga aakalain may ganitong pag-iisip at mindset mga kapatid ko dahil puro lang kalokohan nila ang nakikita ng ibang tao. Gusto ko ang sagot ni Iris, nababagay sa sitwasyon niya ngayon.

"May ideya ka na ngayon ma'am." Biglang singit ni Ag.

"Tigil na nga kayo, seryoso n'yo masyado." Singit ni Iris sa seryosong usapan. "Wag n'yo na ako masyado alalahanin at alam ko ang ginagawa ko." Dagdag niya pa.

Tumigil na sila at nagpatuloy ubusin ang mga pagkain hanggang sa natapos ang mahaba naming dinner. Naging maayos naman at walang awkwardness sa pagitan ng lahat, okay din naman si Iris after dinner at kinakausap niya rin paminsan-minsan si ma'am kung may tanong ito sa kanya.

Nauna na kaming umuwi ni Jamila dahil sumakit ang puson niya. Tama nga ang sinabi niya dahil pagdating namin ay niregla siya. Ginawan ko siya ng champorado at nag crave siya bigla, ganito talaga siya pag may period at cravings malala.

"Mahal," Tawag ko pagpasok ng kwarto at inilapag ang tray sa tabi ng kama. "Working?" Tanong ko.

"Yes, thank you." Sagot niya at binigyan ako ng halik sa aking pisngi bilang pasasalamat sa paggawa ko ng champorado niya.

"You're welco-" May biglang lumitaw na caller sa kanyang iPad, pagtingin ko ay- kung hindi ako nagkakamali ay ito 'yung babaeng nangungulit sa kanya, manliligaw niya dati.

"Wala ba balak yan na tigilan ka? Hindi niya siguro kilala kung sino kinakalaban niya?" Tanong ko at sumandal sa headboard.

"Just ignore her. I didn't block her kasi sabi ni Krystal, hindi ko rin tinanggap ang offer niyang investment dahil galit si Bern, nagseselos ka rin ba?" Tanong niya na ikinagulat at tawa ko lang.

"Hindi ako nagseselos, inis oo. Bakit ako magseselos sa mga ganyan at alam ko naman walang pag-asa ang babae na yan." Buong yabang kong sinabi ito sa kanya.

"Bakit ka tumatawa, mahal? Totoo sinasabi ko. Hindi ako gano'n ka selosa tulad ni Krystal, hindi rin ako powerful tulad ni Bern, siguro kung mag b-base tayo ng ugali ay pareho ko lang si Rochelle." Paliwanag ko sa kanya.

"I know, I was just laughing dahil nagpapaliwanag ka." Tinaasan ko siya ng mga kilay, wala naman nakakatawa sa sinabi ko at pinagtitripan lang ako nitong asawa ko.

"Miss mo na ba si Krystal? Pwede ko siyang tawagin para sayo." Umiling kaagad ito at niyakap ang braso ko.

"No, miss kita. Ikaw pa rin naman si Krystal at Bern para sa akin, gano'n din sa kanila. Stay with me kahit isang araw pa, please?" Nagpupumilit na salita niya.

"Aysus, nagpapalambing ang mahal. Sige na, subuan kita habang nagtatrabaho. Tapusin mo kaagad para may oras ka pa lambingin ako." Demand ko sa kanya at hindi ito kumontra, cute ng asawa ko at masunurin.

"Wag ka mag-alala mahal at ako pa rin ang host kinabukasan." Akala niya yata mawawala ulit ako ng walang paalam.

"Hmmkay." Sabay tango ng kanyang ulo.

"Mahal, diba na mentioned kanina tungkol sa auction? Paano kapag binenta ako ng mga kapatid ko? Ano gagawin mo?" Seryoso kong tanong, pero what if lang naman.

"Kailangan mo pa talaga itanong yan?" Nagtatanong lang ako pero tinaasan ba naman ako ng isang kilay nito.

"Oo, what if lang naman?" Sabi ko.

"Even before anyone else can raise their number or say a word, I've already wagered a large sum of money on you." Palaban ang boses nito, mukhang nainis ang mahal ko sa tanong.

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHA sabi ko na. I love you, wag ka na mainis at alam kong hindi ka papayag mapunta ako sa iba." Hagalpak ko ng makita ang namumula niyang mukha.

"No other woman is allowed to touch you. No other woman is allowed to go on a date with you. You're mine, and I won't let you be with anyone else. What's mine is mine only." Mas lalo akong natawa, ganyan talaga siya at lumalabas pagiging masungit pagdating na sa kanyang asawa.

"Sayo lang mahal, wag na magalit HAHAHAHAHA." Binigyan ko siya ng malalim na halik sa kanyang labi at kinagat ito, mukhang nahimasmasan kaagad sa halik ko si mahal.

"Hmm, I love you too." Ungol niya at muling sinakop ang labi ko.

Nakakatakot magalit ang anghel ko.

CHAPTER 24.6

-

“Pres, may bigay sayo.” Tiningnan ko ang isang box na naglalaman ng chocolate cake.

“Kanino galing?” Tanong ko bago nag angat nang ulo sa babaeng hindi ko kilala, hindi isa sa mga kaklase ko.

Nandito kami ngayon sa labas ng crimlab, hinihintay matapos ang klase ni Jamila. Nagdadalawang isip ako kung tatanggapin ba ito dahil hindi naman ako mahilig sa tsokolate. Napatingin ako sa direksyon ni Jamila, nagkatitigan kaming dalawa ngunit agad niya ako iniwasan.

“Sa kabilang department.” Turo nito sa katabi naming building kung saan ang mga nursing students.

“Hindi mo ba tatanggapin?” Tanong ni Iris.

Kinuha ko ang box at ngumiti. “Salamat, paborito ko.” Sabi ko.

“Alam naman ng buong campus tungkol d’yan.” Bulong ni Ag sa kabilang tenga ko.

Umalis ang babae at ngayon hindi ko alam kung ano ang gagawin sa cake na ito, kung si Krystal pa lang ngayon ang host ay baka bago pa maibigay nang babae ang cake ay kinuha na niya kaagad. Muli akong napatingin sa direksyon ni Jamila, sa muling pagkakataon ay nagtagpo ang aming mga mata bago dahan-dahan bumaba ang paningin niya sa hawak kong box.

Selos yan siya, sigurado.

“Busog pala ako, Sj—babe… sayo na lang.” Tawag ko kay Sj na kausap si Rochelle, hindi ko alam kung sinabi niya ang tungkol sa plano namin basta ang alam ko ay hindi na muna namin sasabihin kay Iris kasi mukhang may plano naman si ma’am Everleigh aminin sa kapatid namin ang lahat.

“Bakit hindi mo na lang kainin? Kahit naman busog ka kinakain mo yan, diba?” Binawi ko kaagad ito dahil sa kanyang sinabi, hays alangan naman itapon ko?

Isa-isa lumabas ang mga students ni Jamila kaya sa tingin ko tapos na sila, kaagad ako pumasok at ibinigay sa kanya ang hawak kong box. “Mahal, bigay daw sa akin ng taga-nursing department.” Pagbabahagi ko at inangat ang box.

“Bakit hindi ka nagsasalita? Galit ka? Tampo? O ano? Selos? I’m sorry, ayaw ko lang maging bastos at alam mong hindi alam ng mga kapatid ko ang tungkol sa akin, diba?” Mahinang salita ko at ngumiti bago tapikin ang ulo ni Jamila, pakiramdam ko nga rin nakakakutob na si Iris sa akin.

“Jamila,” seryosong tawag ko. What’s wrong with her? Ang lalim masyado ng iniisip.

“Just give it to your classmates.” Sagot niya sa akin. Lalambingin ko pa sana nang bigla naman pumasok ang pinsan niyang si Lorelei.

“Good afternoon, ma’am.” Bati naming lahat sa kapapasok lang na guro at nagpaalam kay Jamila.

“Where’s Sy?” Tanong nito, hindi ba nito makita ang kapatid kong nasa kanyang likuran lang?

“Behind you.” Sagot ko.

“Keep quiet. How's the preparations for the foundation going?” Tanong nito sa akin habang naglalakad patungo sa aking upuan.

“The preparation for the foundation is going well. We're putting in a lot of work to ensure everything is perfect.” Sagot ko at tumango.

“We've already started gathering the resources we need, and we're in the process of organizing the schedule and timeline for every task that needs to be completed. Right now every team member is focused on their roles.” Napanguso ako at taas ng mga kilay kasabay ang pagtango ng aking ulo dahil sa sinabi ni Iris.

“Seryoso ka na niyan?” Panunukso ko at ngumisi.

“Okay, that's enough.” Saway agad sa amin dahil nagsimula na umingay ang klase.

C.A. pala subject ni ma’am sa amin, habang nagkaklase ito ay bigla ako nakaramdam ng antok. Maaga at sapat ang tulog ko kagabi, hindi naman boring ang klase ni ma’am at sadyang inantok lang ako dahil sa sobrang lamig at lakas ng aircon.

“Buti hindi ka binato ni ma’am, ilang beses ka kaya niya nahuling pumikit.” Pailing-iling na saad ni Ag pagkatapos ng klase.

“Duh, sobrang lamig at inantok ako.” Sagot ko.

“Ha? Malamig na ‘yun sayo? Hindi ka nga nagkukumot sa tuwing pumapasok sa kwarto ko tapos naka on pa fan.” Hilaw akong natawa sa pag sabat ni Iris, bakit kasi ang dami naming pinagkaiba.

“Sj–babe! Wait.” Kinikilabutan talaga ako sa tuwing tinatawag ko ito sa kung paano siya tawagin ni Krystal.

“Bakit?” Tanong niya.

“Kailan natin sisimulan? May plano ka sabihin sa iba? May karapatan sila malaman lalo na si Iris.” Mahinang bulong ko dahil baka marinig ang usapan noong tatlong nasa likod lang namin.

“No, hindi muna ngayon. Bibigyan ko ng pagkakataon si Everleigh, hayaan nating siya ang umamin kay Iris at pagkatapos no’n sasabihin ko sa iba.” Sagot niya.

“Okay, mauna na pala kayo at pupuntahan ko pa si Jami, message n’yo ako kung saan tatambay.” Sabi ko sa kanila at tumakbo sa kabilang direksyon kung saan nagkaklase ang aking asawa.

Pagdating ko sa labas ng classroom ni Jamila ay sumilip ako, hindi pa sila tapos at mukhang matatagalan pa konti kaya nagpasya akong umupo sa gilid ng pintuan ng front door.

“Pres,” may tumawag sa akin at nakita ang presidente ng fine arts.

“Yes?” Sagot ko at tumingala.

“Kanina pa kita hinahanap— by the way, ito theme namin para sa foundation.” Aniya at ipinasa sa akin ang dalang folder.

Agad ko kinuha at tiningnan kung ano ang plano nila. “Halloween PU Music?” Sambit ko matapos itong basahin.

“Yes,”

“Wait, kailan ba magaganap ang foundation week?” Tanong ko kasi sa totoo lang ay nakalimutan ko na.

“Last week ng Oktubre, ikaw ang nag set ng date na yan.” Sagot niya at nasampal ko ang noo dahil sa kahihiyan.

“Aahh, yas, sorry. Okay na yan at maganda, kausapin mo si Ag para sa budget at gusto ko wag niyo tipirin ang gastos.” Sabi ko sa kanya bago tiningnan ang susunod na pahina.

“So, lahat dapat nakasuot ng halloween costume? Saan n’yo i-seset ang stage?” Tanong ko.

“Sa event hall ng building namin, mas malawak at malaki kaya marami ang makakapasok. Yes, lahat ng papasok ay dapat naka halloween costume—”

“Sinasabi dito na kung sino ang pinakamaraming gifts na makuha ay siyang mananalo?” Tanong ko at tumango ito. Hindi ba parang unfair naman no’n sa iba kung hindi patas ang magiging laban? I mean, paano kung sintonado ‘yung kakanta pero sikat sa campus ang sasali?

“Pres?” Tawag nito.

Umiling ako at nagpakawala ng malalim na hininga. “Sige, kausapin mo si Ag.” Sabi ko.

“Aprobado mo na?” Mabilis akong tumango sa kanyang tanong. “Thanks.” Sabi nito at nagpaalam.

“Who was that?” Napaigtad ako nang marinig ang boses ni Jamila, pagtingin ko sa aking gilid ay nakita ko itong nakasandal at kaharap ako.

“President ng fine arts, pina-aprobahan sa akin ang theme nila. Mahal, tapos na klase mo?” Paliwanag ko at ngumiti ng matamis.

“Not yet. Malamig d’yan, bakit hindi mo nalang ako hintayin sa office?” Mabilis akong umiling bilang pag kontra.

“Ayos lang, sige at dito lang ako maghihintay.” Sagot ko.

“Alright. Stay here, malapit na kaming matapos.” Nagkatitigan kami ng ilang segundo bago ito ngumiti sa akin.

“Okay, go na po.” Sabi ko.

Makalipas ang mahabang minuto ay sunod-sunod lumabas ang mga estudyante ni Jamila, nakaidlip pa nga ako dahil sa kakahintay pero sulit naman kapag ang asawa ko ang dahilan. Tumayo ako at sumilip sa loob, si mahal nalang mag-isa ang natitira at abala ito sa pagliligpit ng mga gamit niya.

“Mahal,” tawag ko saka lumapit upang tulungan siya.

“Hi, I’m sorry kung natagalan. Nakatulog ka ba?” Malambing niyang tanong at hinila ako para sa isang mainit na yakap.

“Oo, nakatulog pero okay lang kasi ikaw naman ang dahilan. Last class mo na to mahal o may susunod na klase ka pa?” Tanong ko at inamoy ang kanyang buhok, bango ng asawa ko.

“Yes, until 8pm—”

“Wait,” putol ko at tumingin sa aking relo, 6:00pm pa naman, “ano oras susunod mong klase?” Tanong ko.

“6:30,” sagot niya. Balak ko sana lumabas kasama siya pero may klase pa pala.

“Sige, canteen muna tayo? Kumain ka ba kanina?” Tanong ko. Pakiramdam ko hindi dahil sa matamlay ito. Nameywang ako nang makita ang kanyang pag-iling nang ulo, sinasabi ko na nga ba at minsan kailangan din bantayan si Jamila.

“Tara, kailangan mo kumain at ayaw ko bigla ka mahimatay sa gitna ng klase.” Gusto ko sermonan kaso sobrang ganda ng mahal ko, next time nalang.

Isa sa mga nagustuhan ko kay Jamila aside sa pagiging vocal niyang babae ay ang kung paano niya ako tratuhin sa public, tingnan mo ginagawa sa akin ngayon at sobrang higpit ng hawak sa kamay ko—para bang walang mga students ang nakakakita at wala siyang pakialam sa opinyon ng ibang mga tao.

“Good evening, ma’am and pres.” Bati ng mga nakasalubong naming students.

“Eve,” tipid kong sagot.

“Dito ka lang, ako na o-order.” Sabi ko kay Jamila at iniwan ito sa isang lamesa bago bumili ng makakain.

Hindi nagtagal nakuha ko ang order at kaagad bumalik sa aking asawa, ngayon naman abala siya sa kanyang laptop. Dahan-dahan akong lumapit, hindi ko na tinawag at baka maabala ko pa sa kanyang ginagawa. Tumabi ako at sumilip sa kanyang screen. Anong story itong ginagawa niya ngayon?

“Mahal, kailan mo balak i-publish ang libro sa story nila Rochelle at Sj?” Tanong ko. Kung hindi ako nagkakamali ay ang alam ko tapos na siya sa dalawa.

“Not yet.” Sagot niya.

Busy ang mga kamay niya kaya ako na mismo ang kumuha ng pagkain upang subuan siya. “Kaninong story yan? Atin?” Tanong ko at umiling siya.

“Eve and Iris.” Nanlaki ang mga mata ko at muling napatingin sa kanyang screen. Binasa ko ito at hindi alam kung iiyak ba ako o kikiligin sa chapter na ito.

“Ang laki ng character development ni Iris ah, pero totoo at malaki talaga pinagbago niya simula nung nagkalabuan sila ng pinsan mo. Hindi lang pala si Iris, gano’n din si ma’am Everleigh, akalain mo at inamin niya ang totoong feelings sa harap nating lahat? Hindi halata sa mukha.” Mahina akong natawa sa sarili kong sinabi bago muling sinubuan si Jamila.

“It's true that when you love someone truly and deeply, even if you have a bad or disagreeable

personality, you will develop a new side of yourself. Love has a way of transforming us in unexpected yet beautiful ways.” I nod bilang pagsang-ayon sa sinabi niya, totoo at isa na nagpapatunay no’n ay walang iba kundi ang personalidad ni Bern.

“Tulad ng ginawa mo kay Bern, mahal,” bigla ito napatigil at tingin sa akin. “Bern was once seen as a serious and unsmiling person, rarely expressing humor or happiness. Her presence often brought on a stoic atmosphere, as she didn't laugh or smile much. But then you came… bringing warmth and happiness. It took some time, but eventually even Bern, who used to give only cold stares, began to smile more at masaya sa tuwing kasama ka.” Malambing kong bulong at palihim na humalik sa kanyang balikat.

“If you ever find out something negative about our relationship, trust your instincts. Rely on your brain rather than just following your heart. You're smart, and I want you to make decisions based on logic instead of emotions. Letting your heart guide you without thinking can lead us down a path that could be very harmful. It's better sometimes to use your brain and common sense to make important decisions.” Buong seryoso kong payo sa kanya, natatakot lang ako dahil sa sobrang lambot niya pagdating kay Krystal ay baka makagawa siya ng desisyon na hindi maganda para sa kanila— sa kanya.

“Why are you saying that? Is there something you know or want to tell me?” Napabuga ako ng mahinang tawa sa biglang sagot ni mahal, ang bilis niya talaga makakutob pagdating sa amin.

I shake my head at marahan na tinapik ang kanyang pisngi. “Wala mahal, sinasabi ko lang na kapag dumating ang panahon na gano’n ay sana tama ka sa magiging desisyon.” Sagot ko at sinubuan siyang muli para hindi na makapagsalita.

“Mahal, baka bukas si Krystal na ulit ang maging host.” Tipid akong ngumiti at malambing na hinimas ang kanyang kamay.

“I see, makakasama pa naman kita ulit, diba?” May lungkot sa kanyang boses, hindi niya talaga maitago kahit na anong tatag ng ipinakita niyang ekspresyon.

“Oo naman, wag ka mag-alala at magsasabi kami una sayo kung kailan magpapalit ng host.” Paliwanag ko, gusto ko pa sana makasama si Jamila kaso nanghihina ako kapag nagtagal sa pagiging host.

“Wag ka malungkot mahal, ako pa rin naman kahit iba ang personalidad na makakasama mo. Mahal na mahal ka namin.” I gently assure her, wiping away the tears that fall from her eyes.

“I know, and I’m sorry.” I shake my head and smile softly.

“Wag ka mag sorry, sige na at tapusin natin to dahil may klase ka pa. Hintayin kita matapos sa klase, okay?” Ayaw ko na mag isip pa siya ng kung ano, mas gugustuhin ko makita siyang ngumiti kaysa umiyak.

“Mhm,” sagot niya at tumango.

6:20pm ay hinatid ko si Jamila sa susunod niyang klase, and after ay nagtungo sa cafeteria kung saan tumambay ang mga kapatid ko. Hindi ko pa man tuluyan nararating ang cafeteria ay nakita ko si Iris, akala ko mag-isa lang ito ngunit nagulat ako sa biglang pagsulpot ng lalaki at sinuntok ang kapatid ko.

Uminit kaagad ang aking ulo, tumakbo ng mabilis at binigyan ng malakas na sipa ang lalaki sa kanyang likuran. “Dude, what the hell are you doing? Sino ka— Oh, asawa ni ma’am Everleigh? Asawa o Aso niya?” Insultong tanong ko matapos mapagtanto na ito pala ay walang iba kundi si Brenton.

Nanlilisik ang mga mata nitong sumugod at sasampalin ako nang biglang pumagitna ang babaeng hindi ko inaasahan, hindi lang ako ang natulala kundi pati ang lalaking nanakit dahil ang babaeng nasampal nito ay walang iba kundi si ma'am Everleigh.

"Leigh! Anong ginagawa mo?!" Bulyaw nito at natarantang lapitan si ma'am, gumilid ako at nakita ang pisngi niyang may marka at namumula.

"What are you doing here and causing a commotion again? Just because you have money and power doesn't mean you're above the law. Nag usap na tayo na hindi ka pupunta rito, so why are you here?" Hindi ito sinagot ni ma'am at sa halip ay kwinestyon niya ito.

"Dahil hindi mo sinasagot ang tawag ko. May karapatan ako at asawa mo ako." Malamig nitong sagot kay ma'am at masamang tiningnan si Iris.

Lumapit ako kay Iris at tinulungan itong tumayo, ang buong akala ko magagalit ito lalo na at nakita niya harap-harapan kung paano saktan ni Brenton si ma'am.

"Kalmado mo yata?" Mahinang saad ko.

"Walang dahilan para uminit ulo ko, hindi rin masakit suntok niya." Sagot niya sa akin at pinahid ang dugo sa kanyang labi, halata ngang hindi masakit kasi pumutok labi niya.

"Oo, halata nga." Sarkastiko kong sagot.

"Oi, aalis ka na?" Habol ko dahil bigla nalang itong umalis ng hindi lumalaban? Gano'n nalang?

"May dahilan ba para manatili?" Sagot niya bago sulyapan si ma'am.

"Leigh!" Napalingon ako sa lalaking sumigaw at ngayon nakikita ko si ma'am na papalapit sa amin at puno ng pag-aalala ang mga mata. "Everleigh!" Galit na tawag ng lalaki ngunit hindi ito pinansin ni ma'am at agad hinila sa braso si Iris saka kinaladkad palayo.

"Block him." Narinig ko ang boses ni ma'am bago pa man sila tuluyang makalayo ni Iris, mabilis akong kumilos at hinarangan si Brenton.

"Kung ako sayo hindi ko tatangkain habulin sila. You have the nerve to still show your face here? Just because you're married to her on paper doesn't mean she loves you, bro. She loves my sister, not you. Aren't you ashamed of yourself, chasing someone who wants nothing to do with you? She doesn't even wish to see you." Nag angat ako ng ulo kasunod ang isang mapanghamon na ngisi, tingnan ko nga kung susuntukin niya rin ang isang katulad ko.

"Ito tandaan ninyo, nagsisimula pa lang ako." Unang beses may dumuro sa akin, saan niya nakukuha ang tapang? Hindi ko man lang namalayang wala na ito dahil sa napaisip ako sa huling sinabi nito, nagsisimula? Don't tell me may kinalaman siya?

Nagpatuloy ako sa paglalakad at sa unahan nahagip na naman ng mga mata ko si ma'am at Iris, nasa may bandang cottage sila, medyo madilim na pero klarong-klaro silang dalawa ngayon kung saan ako nakatayo.

"Oh," reaksyon ko, kusa na lang kumilos ang aking ulo at tumango nang makita kung paano yakapin ni ma'am si Iris at ang paghalik nito sa kapatid ko.

“Patay na patay sa kapatid ko, halata.” Bulong ko sa sarili at ngumiti saka nagpasyang hayaan silang dalawa, obvious naman na mahal nila ang isa’t-isa, problema lang may sagabal na kailangan pang ibasura.

Pagpasok ko ng cafeteria ay si Sj nalang ang nandito, wala na si Rochelle— ano naman dahilan no’n para manatili pa rito kung wala si Ziallyn? Si Ag umuwi na rin kasama si ma’am Lorelei kasi binabantayan niya ito.

“Babe, pa imbestigahan mo nga ‘yung asawa ni ma’am Everleigh.” Sabi ko bago umupo at dinukot ang phone para magpadala ng mensahe kay Jamila.

“Tungkol?” Tanong niya pabalik.

“Kung may koneksyon siya sa taong ‘yun.” Nagsalubong ang kanyang mga kilay.

“Taong nagpabagsak sa Ponferrada?”

Tumango ako. “Oo,” sagot ko.

“Actually ay naisip ko na rin yan.” Sabi naman niya.

“Bigla lumakas loob nong Brenton ah? Kaya malaki talaga ang pagkakataon na may koneksyon sila.” Mayaman sila oo, pero kung kumpara sa angkan ng Ponferrada ay wala sa kalingkingan ang pamilya ng lalaking ‘yun.

“Nakita mo si Iris?” Sunod niyang tanong.

“Nando’n sa labas, sinapak ng asawa ni ma’am.” Sabay turo ko sa entrance door.

“Hindi lumaban?” Umiling ako kaagad sa tanong.

“Hindi, inilayo siya kaagad ni ma’am tapos nakita ko sila sa may cottage kanina naghahalikan,” sabi ko, “ayos lang talaga sayo to? Hindi ka na kokontra? Paano kapag may nangyari ulit na masama sa kapatid natin?” Ilang beses na nagtanong si Krystal ng ganito pero heto ako ngayon, nagtatanong ulit para makasiguro sa desisyon niya.

“Sabi ko naman sayo, hahayaan ko muna sila para ayusin ang relasyon nila. Also, hindi magtatagal magiging okay na rin yan sila.” Kampante siya masyado sa sagot, pero bakit parang nag-aalala ako bigla?

“Hmm sige, mukhang hindi rin naman tutol si Iris base sa reaksyon niya at pagpapaubaya sa lahat ng gustong gawin ni ma’am sa kanya.” Tulad na lang kanina, hinayaan lang na halikan siya.

Sa sobrang daldal at sa daming pinag-usapan ay hindi na namin namalayan ang oras, malapit na mag 8pm kaya nagpaalam na ako sa kanya upang sunduin si Jamila. Sa office na ako ni mahal nagtungo kaagad at nagtaka dahil may brown envelope sa ilalim ng kanyang pintuan.

Tumingin ako sa paligid, nagmasid kung may tao pero wala, yumuko ako at mabilis itong kinuha saka binuksan. Alam kong may mali at hindi nga ako nabigo dahil pagbukas ko ay nahulog ang napakaraming mga litrato— mga litrato ko, halos hindi na ako makalunok sa sobrang kaba at lamig ng nararamdaman ko sa katawan.

“P-Paanong nandito to?” Nanginginig kong boses at tiningnan isa-isa ang mga litrato, mga litrato ng mga taong—

“Love?” Napalundag ako at mabilis na itinago sa aking likuran ang mga litrato, shit.

“M-Mahal.” Humakbang ako paatras nang makita itong papalapit sa akin.

“P-Pwede mo ba ako ikuha ng tubig sa loob? Dito nalang kita hihintayin sa labas.” Alam ko sa mga oras na ito ay nagdududa na si Jamila lalo pa’t kakaiba ang kinikilos ko.

“Please?” Sabi ko.

“Alright, wait here.” Tumango ako at nakahinga ng maluwag nang makitang pumasok si Jamila, binilisan ko ang kilos at itinago sa dala kong bag ang mga litrato saka nagkunwari na sumisilip sa kanya.

“Pst, mahal, saan mo gusto mag dinner?” Tanong ko para hindi na niya isipin ang kanina.

“I’m still full.” Sagot niya at ngayon ay pabalik sa akin na may bitbit na baso ng tubig. “Here.” Sabay abot sa akin.

“Salamat, kung busog ka ay mamasyal nalang tayo? May bagong bukas na peryahan akong nakita sa downtown, pasyal tayo?” Hindi pa ako nakapasok ng peryahan, ibig ko sabihin ay ‘yung ako mismo ang host nitong katawan.

“Okay, but I need to change first.”

“Gogo, dito lang ako maghihintay sa labas.” Sabi ko.

-

“Love, what’s that?” Turo niya sa mga taong naglalaro, hindi ko rin alam kung ano ang tawag nito, basta ay may bola tapos may mga numero ka na pagpipilian na tatayaan.

“Gusto mo subukan, mahal? May cash akong dala kaya wag ka mag-alala.” Natawa ako ng mahina dahil mukhang nag-aalala siya, hindi kasi kami nakapag withdraw dahil offline ‘yung atm machine.

“Alright, I want to try it.”

Pumunta kami doon kaagad at binigyan siya ng isang libo, wala kasi akong maliit na halaga. “Mahal, sigurado ka? Itataya mo yan lahat? Paano kapag hindi ka nanalo?” Sayang at maraming games na yan oh.

“Then give me more money if I don’t win.” The way her eyes held a hint of mockery, the way her lips curled up in a cunning smile. It was all part of her teasing playfulness, such a cutie.

I lift my chin up and smile back at her, mirroring her expression. “Do you see me as your sugar baby?” Laban ko at dumila.

She nods. “Of course, you're way richer than me.” Nagpakawala ako ng mahinang tawa matapos marinig ang sagot ni Jamila.

“Okay, game.” Sabi ko at hinayaan siya sa lahat ng kanyang gusto.

Unang subok ay hindi siya nanalo, binigyan ko ulit si mahal at tulad kanina ay isang libo ulit tinaya niya ang kaso ay sa ikalawang pagkakataon bokya parin ito. Nasundan pa ‘yun ng nasundan hanggang sa sumuko na siya dahil kahit isang beses ay hindi man lang nanalo si Jamila.

Panay ako tawa sa tuwing natatalo siya, panay kasi pacute si mahal na parang bata para bigyan ko ng pera. Hindi ko binilang kung magkano ang nagastos ni mahal, kailangan pa ba magbilang ng pera kung siya na ang gagastos?

“Love, stop laughing.” Saway na niya sa akin dahil wala akong tigil sa tawa.

“Hahaha, sorry at ang cute mo lang kapag ganyan ka mahal. Ano pa gusto mo laruin? Wag ka sumuko at goal natin tonight ay ang manalo ka kahit isang beses.” Pagpapalakas ko sa kanyang kalooban pero mukhang para kay mahal nang-aasar lang ako sa kanya.

“I want that.” Turo niya sa pula o puti ba tawag sa larong to?

“Tara—”

“Wait, do you have any more money left?” Humagalpak ako sa naging tanong sa akin.

“Kb,”

“Oo meron pa kaya wag ka mag-alala kahit ubusin mo pa.” Sagot ko at muling tumawa. “Maliit pa ba tong hundred thousand sayo, mahal?” Tanong ko, 150K lang dala ko.

“I guess?” Sagot ni Jamila at nagkibit balikat, mukhang balak niya ubusin allowance ko today.

I let out a soft chuckle. “Sige, goodluck mahal.” Sabi ko at hinila siya patungo sa susunod na pasugalan.

Malaki ang tiwala ko mananalo na siya kasi dalawang kulay lang naman choices niya, nagkamali ako dahil nakailang taya na si mahal ay malas pa rin ito. Sinabihan ko siya na bakit hindi na lang dalawa tayaan niya para manalo, pero ang sinagot ba naman sa akin ay walang challenge kung gano’n. Akala ko nandito siya para manalo ng pera? Gusto lang pala alamin kung gaano siya kamalas sa sugal.

“HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.” Malakas kong tawa at hindi napigilan ang sarili. “Okay lang at may iba pa.” Tumatawang salita ko kahit alam kong naiinis na ito sa akin ngayon.

“It’s not funny.” Pinaningkitan niya ako ng mga mata pero tuloy pa rin ako sa pagtawa.

“Lakas ng kapit ng kamalasan sayo mahal ah, buti nalang sa sugal lang HAHAHAHAHAHAHA.” Hagalpak kong muli at nakatikim ng isang kurot galing sa kanya.

“I hate you.” Hinampas niya ako sa braso at nang-iwan, nagtampo na.

“Haha,” tawa ko bago siya hinabol at sapilitan hinawakan sa bewang. “I love you, wag na magtampo at mas lalo kang gumaganda.” Bulong ko saka pasimpleng humalik sa kanyang pisngi.

Nagpatuloy kami ni Jamila sa paglilibot, sa dami niyang nilaro ay isang beses lang ito nanalo pero okay na ‘yun at goal lang namin ay manalo siya kahit isa. “Galing ng mahal ko, ito na ‘yung premyo mo oh.” Pumalakpak ako bago kinuha kay manong ang teddy bear at binigay kay mahal, ‘yung baril-barilan kasi naipanalo niya— magaling tumantsa ang asawa ko.

Makita ko lang ang tamis ng ngiti sa labi ni Jamila ay talagang napapawi lahat ng pagod ko sa katawan. Iba-iba talaga ang personalidad niyang pinapakita sa bawat isa sa amin. Hindi ko maipaliwanag ang nararamdaman ko, gusto ko umiyak sa tuwa pero ayaw ko naman ipakita sa kanya at baka kung ano isipin.

“It’s cute, I’m so happy.” Malambing niyang bulong at niyakap ito.

“Nag enjoy ka ba kahit sandali, mahal?” Buong tamis niya akong pinagmasdan at tumango ng marahan.

“I always enjoy spending time with you, even when we're not doing anything special.” Ayaw ko sana ipakita na kinilig ako sa sinabi niya pero sobrang lakas ng epekto.

“Are you feeling embarrassed now?” Nakuha pa mang-asar nakita na nga niya nakatakip ako ng mukha.

“Oo, salamat kasi lagi mo binubuo ang araw ko.” Sabi ko saka inalis ang kamay na harang at nakipag titigan sa kanya.

After perya ay sa inuman ako sunod inaya ni mahal, tinanong ko kung may problema pero sabi feel niya lang uminom. Imbes na sa labas ay sinabi kong sa bahay na lang kami uminom at kahit papaano ay safe kahit malasing man kaming dalawa. Nasa pool ngayon si mahal, lumalangoy habang ako ay nakaupo sa gilid at nakamasid sa kanyang sumisisid.

“Mahal, wag ka masyado sa malalim at nakainom ka na.” Tawag ko sa kanya.

Nasamid ako sa iniinom nang bigla itong lumitaw sa pagitan ng aking mga binti. “Give me.” Kinuha ko ang kanyang baso ngunit hinila niya ako sa ulo at mismong nasa bibig ko ang ininom ni mahal, nakakakiliti masyado lalo na ang pagpasok ng kanyang dila.

“J-Jamila,”

“I love you so much.” Bulong niya sa pagitan ng aming mga labi at hinaplos ako sa pisngi pababa sa aking leeg.

“May problema ba?” Seryosong tanong ko, kanina ko pa pansin pero hindi ko lang sinasabi.

“Hmm,” sabay iling at ngiti niya. “Come on, let's spend the remaining time we have together.” Hinila niya ako kaya tuluyan akong nahulog at ngayon yakap-yakap na siya.

“Gusto mo lang magpa-baby kasi hindi mo magawa sa dalawa eh.” Nagsimula ulit akong tuksuhin ito, kita mo ngayon nakanguso na siya.

“Sa sobrang ganda, maalaga at mapagmahal mo Jamila, hindi ko alam kung kakayanin ko kung mawala ka man. Kaya mangako ka, hindi ka mawawala sa akin— sa amin.” Inangat ko ang isang kamay at nag pinky promise sa kanya.

“I promise.” Sagot niya at sinunod ang ginawa ko.

“Yeeee, namumula si mahal at kinikilig. Kilig ka sa sinabi ko?”

“Stop teasing me.” She smiles and playfully splashes some water in my face.

“Yan ang gusto mo ha.” Ganti ko at nagsimula itong lumangoy palayo sa akin.

I chase after her, sinusulit ang natitirang oras na kasama siya, hindi ko alam kung kailan ulit ako magiging host ng katawan na ito.

Isa lang masisiguro ko…

I will miss her.

CHAPTER 25

-

“Kalokang quiz yan.” Umagang-umaga naiinis ako kasi hindi ko alam kung pasado ako sa test kanina, wala kasing review-review akala mo sinong matalino hmp.

“Natatawa ako sa pakulo nyo ni Iris,” saad ni Aaar eeeL at tumatawa.

“Syempre no, puro na lang tayo problema kaya mas maganda kung may gawin na bago.” Sagot ko at nakipag high five kay Iris.

Pag dating sa classroom ang gugulo na nilang lahat, nakakatawa at may naisip na naman si babe na kalokohan. Okay na ang lahat sa side namin, medyo nakikitaan ko na rin ng improvement si Riri at ngumingiti na ito ngayon kumpara dati.

“Oh isa isa papasok ha! Ag, record mo na!” Sigaw ni babe mula sa labas ng classroom.

Nandito kami sa labas at isa-isang papasok upang irampa ang mga gamit naming dala. Kanina pa kami hindi matigil sa kakatawa dahil ang lala ng mga ginamit nila upang paglagyan ng mga libro.

"Hoy, sa likod! last tayo." Tulak ni babe sa amin at pinauna ang ibang kaklase.

"Game!" Sigaw ni Ag sa loob. Nagsimula rumampa una isa-isa ang mga kaklase papasok ng classroom.

"Wooooooooo." Hiyawan ng mga taong nasa unahan.

"Hoy Riri! Dito ka na nga at sino ka text mo ha?” Tanong ko at hinila siya sa kwelyo.

"Si Che, hinahanap daw ako ni Shang." Sagot niya.

“Ano ginawa mo sa mga litrato?” Sunod niyang tanong.

Hindi pa nga kami tapos sa problema ni Iris may panibagong problema na naman. Pwede bang magmahalan na lang ang mga tao ng hindi nagkakasakitan? Yung mga pictures na natanggap ko, hindi ko sinunog at gusto ko kausapin tungkol dito si Jami.

Naisip ko lang kasi na kahit sunugin ko ang mga ito, may chance din na maulit at malaman nya. Kaya instead na sa iba pa malaman ang tungkol dito, mas mabuting sabihin ko na hanggat mas maaga pa at upang maiwasan ang malaking gulo na gustong sirain ang relasyon ko sa kanya.

“Tinago ko, aaminin ko rin sa kanya.” Sagot ko.

"Hoy Jake! Ikaw na!" Sigaw ni babe at sinipa ang pwet ni Jake.

Sa lahat ng mga lalaki na nakilala ko sa paaralan na to, si Jake lang ang may ugaling katulad namin. Makapal ang mukha, magulo, pasaway, maligalig, daig pa babae kung makatili at kulang nalang pagkamalan syang bakla.

"Tangena mo Jake! Bakit yan ang dala mo hayop ka BAHAHAHAHAHAHAAHHAHA." Bulyaw ni babe at humahalakhak. Hindi ko mapigilan ang tuwa, bumabalik na kasi sila sa dati at talagang na miss ko ang

ganitong trip namin.

Tinignan ko ang ginamit nitong bag at laking gulat ko na ginawa niyang bag ang isang brief?!

"Punyeta ka!" Saway ko saka sinapak ang kanyang ulo.

"President naman, bagong bili naman yan." sagot nya habang kamot kamot ang kanyang ulo.

"Pasok na hoy!" Sabay tulak sa kanya ni tansan.

Pwede maging model si Jake kung tutuusin. Matangkad, matipuno, moreno, makapal ang kilay at labi, matangos ang ilong na nababagay sa kanyang mukha, perfect Jawline at gwapo. Ayaw ko talaga sa mga lalaki pero hindi na rin masama kung may kaibigan na katulad niya.

"Tarantado ka Jake HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." Pinagmumura na sya sa loob ng classroom at tinutukso, anong klasi ba naman ang trip at bakit brief!

"Tanso ikaw na." Tawag sa kanya ni Aaar eeeL.

Nanlaki ang mga mata namin nang naglakad sya patungo sa likod ko at may pinasan na washing machine? Hindi naman kalakihan pero bakit yan pa ang dinala?

"Potangena mo tansan!" Mura sa kanya ni Jake.

"Hoy gago ampota! BAHAHAHAHAHAHAHAAHHAAHAHAH."

"Lalabhan mo mga notes mo tanso?" tanong ni Aaar eeeL saka humagalpak ng tawa.

Kung magpapatuloy pa tong event na ganito baka soon makakabuo na kami ng bahay sa loob ng classroom. Kubo nalang ang kulang pwede na yun!

"Chillax lang kayo, ako lang to." Mayabang na nilagpasan kami nito at kaagad na inirampa ang bitbit na washing.

"Woaaaaaaa HAHAHAHAHAHAAHAH." Amaze na salubong sa kanya ng mga kaklaseng nasa loob at nagtatawanan.

"Sunod ka keyboard.” Tawag ni babe at hinawakan ang kamay ko saka itinulak, atat naman masyado.

"Asan ang sayo?" Tanong ni empakta.

"Ayan oh." Turo ko at nagtatawanan na naman sila.

"Langya ka horsey BAHAHAHAHAHAHA."

Kinuha ko ang hindi ko alam ano tawag dito, basta yung karton na lalagyan ng manok tapos may mga butas-butas sa gilid.

"Naknampucha."

Naglakad na ako papasok ng classroom habang nirarampa ang bitbit ko na tawagin nalang nating tahanan ng manok.

"Angas president! wala bang sabong jan!" sigaw ni Jake.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHA." Kami lang siguro ang classroom at batch na maingay. Pwede na rin sa buong school dahil kung ano na lang kasi trip na gagawin, tapos nadadamay pa mga kaklase.

Kumaway kaway pa ako na parang nasa pageant bago tinungo ang aking upuan.

"Aaar eeeL ikaw na sunod!" Sigaw ko sa kanya.

Pumasok ito at mababaliw na yata kami sa kakatawa dahil sa dala nya. Isang electric fan tapos nasa loob yung mga libro, bwesit.

"Punyeta ka Aaar eeeL HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Ay kabog ang lola nyo, may pa kinding ang donkey ko BAHAHAHAHAHAHAH." kung nandito lang sana si Ziallyn, itatakwil siguro kaagad tong fiancee nya.

Bati na nga talaga silang dalawa kasi tinawag na ito ni babe na donkey.

"Ikaw na sunod empakta!" Sigaw ko kay Iris. Sila nalang kasi ni babe ang naiwan sa labas.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." malakas naming tawanan dahil ginawa niyang bag yung case ng redhorse bwesit na empakta to. May laman pa na mga beer!

"Dapat kay Sj yan e HAHAHAHAHAHAHAHAHAHHAHA." Sabi ni Aaar eeeL sa kanya.

Mabuti nalang wala pa si Jami at may oras pa kaming mag record ng ganito. Pero kahit naman siguro nandito na sya hindi naman kami no'n sasawayin sa mga trip.

"Babe ikaw naaaaaa!" Tawag ko.

"Okay wet lungs!" sagot nya at hindi pa sya kaagad pumasok.

Kung may paligsahan lang siguro kami para dito, sure akong mananalo si babe! Hindi na natigil ang hiyawan, bulyawan at tawanan pagpasok nito na…

May bitbit na small size na kabaong!

"Gago!" Sabay naming lahat na mura pagpasok nya.

"Gago babe! HAHAHAHAHAHAHAHA"

"Pambihira ka Sj, sinong nasa loob nyan HAHAHAHAHAHAHAHAAHHAAHAHAH."

"Shuta, gold pa ang coffin na dala!" si tansan di makapaniwala e.

Hinika na kami sa walang tigil na tawanan, kaloka naman ang event na to. Tapos si Ag na may hinatak na isang stroller for baby, omg!

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHA."

"Akala nyo papatalo kami ni doraemon ko? no way! BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Are you done with your show?" boses ni Jami na nakasandal sa gilid ng pinto at krus ng mga kamay saka ngumiti sa akin nang makita ako.

Ang sexy ng asawa ko…

"Tapos na po ma'am." sagot ni empaktong Jake.

Akala ko mag rereview pero si Jami sinabihan kami na actual examination ang magaganap. Hindi man lang nya ako sinabihan, effort pa naman kami masyado sa mga bitbit namin.

Nagpaalam na si Jami at pumasok lang sya upang e inform kami. Kaagad ko syang sinundan dala ang envelope na naglalaman ng mga litrato.

"Jaaaaaaami," tawag ko at yumakap mula sa kanyang likuran.

"Hey, do you need something?" Sabay haplos ng aking braso, lambing niya sobra. Tinanggal nya ang braso ko na nakapulupot sa kanyang bewang at humarap. Matamis siyang ngumiti the moment na nakita nya akong ngumuso.

"May gusto sana akong sabihin pero wag dito, sa office mo nalang." Kaagad nya hinawakan ang kamay ko at sabay namin tinungo ang daan patungong opisina.

Kabado ako nong makapasok na sa opisina, paniniwalaan kaya niya ako kapag sinabi ko na hindi ako ang nasa mga litrato? Paano kung dahil dito ay masira ang relasyon naming dalawa? Sasabihin ko ba? Wag nalang kaya?

"What's on your mind?" Nagising ako sa malalim na pag-iisip dahil sa tanong niya.

"Jami, ano kasi…"

Hindi ako mapakali lalo nang biglang dumapo ang mga mata nya sa hawak ko na envelope.

"What's that mako?" Curious na tanong nya, may aircon naman sana bakit ang init ng katawan ko.

"May I see?" Inilahad nya ang kanyang palad sa harapan ko. Nagdadalawang isip ako kung ibibigay sa kanya ito.

"Krystal."

Napapikit ako at hugot ng malalim na hininga bago inabot sa kanya ang envelope, abot langit na ang kaba ko nang buksan nya at nakita ang mga litrato.

Bigla nalang nag iba ang ekspresyon sa kanyang mukha, parang galit at handang manapak ng isang Krystal Miller.

Gulped.

"Krystal."

Iniyuko ko ang ulo at nagsimulang mangilid ang mga luha, ang lamig ng pagkaka-tawag nya sa pangalan ko. Sinasabi ko na nga ba, dapat tinago ko nalang sa kanya pero nangyari na kaya dapat harapin ko mag-isa.

"J-Jami, hindi ko alam kung ako ba yan. Wala akong alam sa litrato na yan at mas lalong hindi ko matandaan na ginawa ko yan." Paliwanag ko nang hindi tumitingin sa kanyang mga mata, natatakot ako baka iba na kung paano niya akong tingnan.

"Yan yung laman ng box na dumating, hindi ko kasi kaagad nasabi sayo dahil naunahan ako ng takot… plano ko sanang sunugin pero natakot ako na baka malaman mo pa sa iba at masaktan ka," paliwanag ko bago ngumuso at hinayaan ang mga luha sa pagpatak.

"Jami, hindi talaga ako yan…" Napaangat ako ng ulo dahil sa biglang pag hawak nya sa pisngi ko.

"Why are you crying?" mas lalo tuloy akong naiyak dahil sa worried nyang boses.

"Galit ka." Singhot ko.

"Silly, I'm not mad at you. I'm angry at the person who sent this to ruin our relationship." sabi nya at pinahid ang mga luha ko.

"What do you mean po?"

She gives me a warm smile and kisses me softly, whispering, "I believe in you, and I trust that you won't do anything to hurt me because you love me. I pay attention to everything you do, even when you don't speak. You have no idea how much I love you. I would eliminate anyone who dares to stand in your way." Natigilan ako sa sinabi ni Jami, 'yung kaba at takot na naramdaman ko bigla nalang nawala.

"Waaaaa Jami, hindi ko alam kung sino ang gustong sumira sa akin." Niyakap ko sya ng mahigpit. Ang swerte ko talaga sa kanya!

"Thank you for being open and honest with me, Krystal. I trust you and have complete faith in you." ubos na ang lahat ng berde sa mundong to. Sana naman tinirhan nya ang pinsan nya kahit kaunti.

"Huhu sana tinirhan mo naman ng kulay green mga pinsan mo Jami, grabe ka na talaga. Sa sobrang berde mo mas lalo akong natatakot na baka masaktan kita, iba pa naman masaktan ang isang green flag na kagaya mo." Lampas na sa gate ni san pedro ang taas ng standards ko dahil sa asawa ko.

Pinisil niya ang aking pisngi bago ako binigyan ng isang halik at ngumiti ng pagkatamis.

Wow!

"Jami, you know that i'm not good at math right? but according to my calculation, the more you smile the more I fall." bagay na bagay sa kanya ang linyang minsan ko na nabasa.

Kinagat niya ang ibabang labi bago ako itinulak paupo at umupo sa lap ko. Sobrang pula ng mukha nya, si Jami kinikilig at halatang hindi kayang maitago dahil kitang-kita naman sa ekspresyon nya. She wraps her arms around my neck at mas idiniin ang dibdib sa akin. My god, natataranta talaga ako kapag ginaganito nya ako.

"May humaharot sayo? How's Annallyn?" Speaking of Annallyn, hindi na sya dumalaw simula nong nalaman nyang asawa ko si Jami, marahil ay busy sa business nila.

"Hindi na, baka busy… wala naman lumalandi sa akin ngayon." Sabi ko at ngumiti sya.

"That's good. Don't forget to study for the exam next week." Bakit pa nya pinaalala.

"May nakita akong video at sabing… when you study, you pass and when you pass, you get happy. When you get happy, you play. When you play, you get tired and when you get tired, you get sick and when you get sick, you'll die… So don't study." mahabang paliwanag ko sa kanya.

Iniisip siguro nito kung nasa tamang pag-iisip pa ba ako dahil nakakunot na ang kanyang noo, kung anu-ano nalang kasi sinasabi. Natatawa na lang sya dahil sa kagagahan ko.

Itinukod nya ang kanyang siko sa balikat ko habang inaayos ang bangs ko, "I want to spend the whole day with you tomorrow. I'll be gone for two days. I'm going to miss you so much.” Tipid siyang ngumiti at bakas sa kanyang mukha ang lungkot.

Oo nga pala, two days sila mawawala dahil sa business trip. Sayang lang at may mga pasok kami kaya hindi makakasama sa kanila, pero pwede rin naman umabsent kung gugustuhin ko. Sabihan ko nga sila babe mamaya na palihim namin silang susundan, magdadala nalang kami ng mga notes at doon nalang mag rereview kasi sa wednesday ang exam!

"Oo tama!" Muntik pa mahulog si Jami sa sahig dahil sa bigla kong pagkilos, nagulat ko yata siya.

"Sorry Jami, ay pwede naman pero diba may gathering kayo bukas?" Pagkakatanda ko lang.

"Sa gabi pa." Dinner nga kasi Krystal, tanga mo talaga.

"Sige, kung saan mo gusto Jami. Gutom na ako, baka hinahanap na ako ng mga kapatid ko." Hinalikan nya muna ako bago tumayo ay inayos ang kanyang maikling skirt.

May natanggap akong mensahe na sa labas kumain sila babe kasama ang demogons. Nakalimutan ko na wala na pala kaming pasok, dinala kaya nila ang kabaong?

Hala! muntik ko na makalimutan si chairman! Muntik ko pa makalimutan ang tungkol sa utos ni dad. Susugod nalang kami sa bahay niya after exam.

"Jami, iniisip ko lang. Sino kaya ang nagpadala ng mga litrato, baka si Trisha?" Tanong ko habang nakatuon sa labas ng bintana ang atensyon ko at sya nagmamaneho.

"I don't know, perhaps?" Akala ko pa naman ipagtatanggol nya.

Si Trisha lang naman ang hadlang sa relasyon naming dalawa sa pagkakatanda ko. "Pero pwede rin ang ama ko." Simula nung nangyari sa mall ay wala na akong balita sa kanya, pati si Troy hindi na rin ako kinukulit which is good pero nakakapagtaka.

"Pero paano kung totoo ang litrato? kung ako talaga ‘yun? Paano kung may panibago akong alter? Pero wag naman sana. Kung ganun lang din ang maidadagdag sa amin, wag na lang dahil hindi ko ‘yun matatanggap." Siguro edited lang ‘yun, maniniwala ako na may gustong sumira sa aming relasyon.

Sasabihan naman siguro ako nila KB at Bern kung merong panibagong alter na makakasama sa amin.

"That will hurt me a lot, Krystal. I don't want you to kiss another woman, and I don't want her to ruin our relationship…" hindi ako nakasagot dahil ramdam ko yung lungkot sa kanyang boses.

"But I, I know it's just edited because I'm watching you." dagdag pa nito. Watching me?

Hindi na ako umimik at nanatili nalang na tahimik hanggang narating namin ang restaurant kung saan

sila babe.

"Horsey ko!" Tawag ni babe nang makapasok kami.

"Nasan si Ag?" Tanong ko.

Ipaghihila ko sana ng upuan si Jami kaso naunahan ako tapos pinaupo.

"Grabe ka na Athy,"

Napansin ko na wala rin si ma'am Lorelei, oo nga pala may lagnat sya. Pero bakit wala si Ag? may lakad ba ang babae na ‘yun at himalang hindi sya sumabay sa kanila?

"May lakad daw si Ag kaya nauna na siyang umalis." Sagot ni Aaar eeeL.

"Keybold, naalala mo pa ang pustahan natin tapos natalo ka? Hindi ko pa naipagawa sayo ang dare ko." Biglang tanong ni babe na ikinagulo ng isipan ko, meron ba?

"Diba nagawa na nya? Yung utos mo na e-piggyback ka?" Tanong naman ni Iris sa kanya.

Susubo na sana ako nang magsalita si babe, "Hindi naman ‘yun ang dare ko, punta ka nga davao ngayon horsey, bili mo ko durian." Literal na napatigil ako dahil sa naging utos nito, Davao?!

"What? dahil lang sa durian? bakit hindi ka nalang magpautos ha?" Sabi ko.

"Kaya nga inuutusan kita?" Bwesit naman nito ni babe, kung ano na naman pinapagawa.

"Ito plane ticket mo, alis ka na." I look at her in disbelief, seryoso ba sya?!

Hindi man lang nya muna ako pinakain bago palayasin, wala man lang consideration bilang isang kapatid— ano ba kasing meron sa durian na yan! Sa inis ay kaagad kong kinuha ang ticket at umalis. Letche, 1pm pala ang flight at medyo may kalayuan pa naman ang airport! Hindi ko na rin tuloy nagawa ang makapag paalam kay Jami.

Buti nakahabol pa ako, ang traffic naman kasi masyado! kaagad kong hinanap ang upuan at may isang babaeng nakaupo sa katabing upuan ko.

Gusto ko sana sa bandang may bintana…

Pero bakit parang familiar ang kanyang mukha? Sa tingin ko ay nakita ko na sya ngunit nakalimutan ko kung saan at kailan.

"Excuse me?" Tawag ko dahil nakayuko ito at abala sa kanyang cellphone.

Inangat nya ang kanyang ulo at laking gulat ko nalang nang makita ang babaeng kaharap. "Zane?" Sambit ko.

Pati rin naman sya nagulat matapos akong makita, medyo matagal na rin nong huli naming pagsasama sa palawan.

"Krystal?"

"Zane waaa ikaw nga! Hindi ko inaasahan na ikaw yan.” masayang bati ko at kaagad umupo sa tabi nito.

"Hey, it's been awhile. How are you?" Ngumiti ito at pinatay ang kanyang cellphone saka marahan na tinapik ang aking ulo.

Ngumuso ako at nagpakawala ng buntong hininga. "Medyo nakakapagod dahil sa school at may mga problema na dapat lutasin. Tapos ‘yung kapatid ko bigla akong pinadala sa davao para lang bumili ng durian." Sumbong ko at biglang tumunog ang aking tiyan.

Hindi pa pala ako nakakakain!

"You haven't eaten yet?" Tumango ako.

"Ikaw Zane, anong gagawin mo sa davao? hindi mo kasama ang apat?" Balik kong tanong sa kanya.

"May site akong kailangan puntahan to check, tumakas lang ako." Oooh, kaya pala nagtataka ako anong ginagawa nya sa flight na to.

Susugod ako sa davao ng wala man lang akong alam sa lugar na ‘yun,hindi ko alam kung saan ako maghahanap ng durian. Mas lalong problema ko ngayon wala pala akong dala na pera! Yung bag ko naiwan sa restaurant punyeta.

"Why are you pouting?" Tanong niya.

"Wala kasi akong alam sa lugar na ‘yun tapos nakalimutan ko wala akong dala na pera, baka mawala ako." Paliwanag ko at nagpakawala ng malalim na hininga.

"Ay! Zane, may pera ka? pahingi naman." Sabay lahad ng aking mga kamay, mayaman naman sya kaya hihingin ko nalang instead na umutang.

She let out a soft chuckle before pinching my cheek, "I really like your personality, you're so cute." alam kong cute ako, nginitian ko nalang sya pabalik.

"Alam ko na po yan hehe."

"If you want, you can come with me. I'll take care of you." suhestiyon nito dahilan upang mabuhayan ako ng loob. Mabuti nalang talaga may grasya na biglang sumulpot upang tubusin ako.

"Okay, thank you!"

"Krystal, is that a wedding ring?" Tanong nya at itinuro ang aking singsing. Ngumiti ako nang maalala ko kung paano ako naging asawa ni Jami.

"Yup," nakangiting tumango ako habang pinagmamasdan ang singsing.

"I can see na mahal na mahal mo ang asawa."

"Who wouldn't fall in love with the one and only Kathlyn Jamila Ponferrada? She's the epitome of sweetness." Mabilis kong sagot, miss ko na agad si Jami.

Patay! Hindi ko man lang na message si Jami, baka magalit ‘yun— mamaya na lang pagkalapag ng

eroplano.

"Y-Your professor?" Inangat ko ang ulo at binalingan sya.

Ay, hindi nya pala alam noon na may ka relasyon ako at sa professor ko pa. Wala pa naman din namamagitan sa amin ni Jami sa panahon na ‘yun.

"Yup, hehe."

"Isn't that forbidden?" tanong nya.

"Kung sa iba oo, pero iba kasi ang pamamalakad at rules ng PU, as long as hindi nakakasira sa acads at pagtuturo ng guro ang relasyon ninyo ay susuportahan kayo ng administration." Seryosong sagot ko sa kanya. Tumango naman sya at sa tingin ko na gets naman ang ibig kong sabihin.

Ang galing ko talaga mag explain…

"I see, hmm." tahimik ko syang pinagmasdan. ano kaya ang iniisip nya at parang nasa malalim na pag-iisip sya.

Sa tingin ko okay na ang sa pagitan nila ni Lolo, mukhang nag usap na rin sila tungkol sa problema nila ni Everleigh at sa status nito ngayon na kasal kay Brenton. Nakikita ko talaga nagbalik na ang empakta sa dati, 'yung puro lang kalokohan ang alam at walang magawa kundi ang manggulo sa buhay. Masaya ako para sa kanya, para sa kanila ni ma'am pero may kailangan pa rin kaming lutasin. Hindi pa rin namin alam kung sino ang may hawak sa P'Group, at patuloy pa rin namin itong inaalam.

"May utak ka rin pala Riri?" Tanong ko.

"Mas mautak ako kumpara sayo unggoy." Sarkastiko niyang sagot, hinahamon ba nya ako?

"Gusto mo sampalin kita?" Banta ko.

"Hindi na kayo nahiya sa mga tao na nandito at sa harap pa kayo ni lolo nagbabangayan, tumigil nga kayo." Sermon ni babe at pumagitna sa aming dalawa ni empakta.

"I agree with Iris' suggestion." Biglang salita ni ma'am Everleigh kaya napatingin kami sa kanya.

Napansin ko lang, mas lalo yata syang gumanda? Bakit na naman sya naka turtleneck aber? Don't tell me araw-araw silang nag aano?!

Tinanong naman ni lolo ang iba pa at lahat naman sila sumang-ayon, sino naman ang maglalakas loob

na kalabanin sya?

"Meron pa ba?" Tanong ulit nito sa amin.

"Lo, balita ko may fashion runway na magaganap sa festival? Pwede ba mag suggest?" Sabi ko at tumango naman ito.

"Para maiba naman at mas entertaining, gusto ko mga participants sa runway ay ang mga nag out na sa community na gays/trans, bi, and lesbians. Then switch attire po, gays/trans for feminine, bi and les naman po for masculine. 2 participants kada kurso lolo para duo." Seryosong paliwanag ko at sa huli ay sinulyapan si Jami na matamis ang ngiting nakatitig sa akin.

"I'm sure po maraming matutuwa lalo na mga students ng PU." Pagtatapos ko at mahinang tumikhim.

"Oo nga po lo, mas maganda 'yung naisip ni horsey ko. Pumayag na po kayo at ngayon lang yan naging matino, iiyak yan kapag tumanggi kayo." Loko to si babe at kung ano ang pinagsasabi kahit hindi naman totoo.

"Magandang idea yan Krystal, sige pumapayag ako." Oh, no sweats.

Matapos 'yun ay nag excuse na kami at lumabas, ayaw namin manatili do'n at nakakabagot masyado dahil hindi pa pala sila tapos sa meeting. Papasok palang sana kami ng cafeteria ng marinig namin ang tawanan ng mga kaibigan at nakita si tansan na pinagtutulungan nila.

"Problema ni tanso at malungkot yan?" Agad na tanong ni Aaar eeeL.

"May babae na binasted nya at siniraan sya sa department nila HAHAHAHAHA." Hagalpak ni hell kasabay ang iba.

"Ina nyo! Tulungan nyo nga ako, ano pwede gamitin na other term sa dahil sayo, nasira ang buhay at pagkatao ko." Sabi nya at bumuntong hininga.

"Reckless imprudence resulting in serious physical injuries and damage to properties." Biglang lumabas sa bibig ko.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Pwede rin reckless imprudence resulting to homicide." Wala talagang sense kausap si empakta.

"Ba't ka napunta sa homicide?" Tanong ni tansan.

"Para ka kasing namatay dahil sa babaeng yun HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Nullum crimen, nulla poena sine lege." Bigla namang singit ni Ag.

"Means?" Tanong ulit ni tansan.

"No punishment without law." Sagot ni Ag.

"Hindi ko nalang sana kayo hiningan ng opinyon, wala naman kayong maitulong." Ang bilis talaga mainis ni tansan, may anger issues din siguro sya katulad ko.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Kapal mo, panget mo na nga ikaw pa may ganang mambasted." Hirit ni hell sa kanya.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHHAAHA."

"Oo nga pala, wala si Caddie? Diba wala na syang pasok?" Tanong ko sa kanila bago inagawan si Naddyn ng pagkain.

"Umalis din kaagad dahil may trabaho raw na kailangan gawin." Sagot ni Louis.

Trabaho?

"Oh okay, by the way babe, naipadala nyo na ba kay dad?" Tanong ko sa kanya.

Kakaupo lang namin pero naka dalawang plato na sya kaagad, "Oo, sabi nya ano raw gusto nyo reward." Sagot nito.

"Donate nya nalang 'yung pera instead na gastusin sa mga bagay na alam ko namang mabibili nyo." Sagot ni Ag at tumango naman kami.

"Okay,"

Matapos kumain ay bumalik kami sa classroom. Mabilis dumaan ang oras at ngayon uwian na, hindi daw makakasabay si Jami pauwi dahil kailangan nya pumunta sa kanyang kompanya. Nasa kalagitnaan ako ng pagmamaneho nang biglang may tumawid na bata sa kalsada kaya agad kong naapakan ang preno.

"Letche!" Diin na sambit ko at kaagad na bumaba upang tingnan kung nasaktan ba ang bata.

"Bata okay ka lang?" Tanong ko sa nakaupo na bata sa kalsada. Hindi sya nagsasalita at iyak lang ng iyak kaya pilit ko itong pinapatahan. Saan ba ang mga magulang nito at pinabayaan nilang mag isa sa kalsada ang bata na to!

"Bata tahan na, anong gusto mo? May masakit ba sayo?" I love kids pero naiinis ako kapag hindi ito tumitigil sa pag iyak. Babalik sana ako sa sasakyan upang kunin ang cellphone ko ngunit napansin ko na may dalawang bata na hawak ang aking mga gamit at kumaripas ng takbo.

"H-Hoy!" Sigaw ko at hahabulin sana sila pero hindi ko naman pwede iwanan ang isang bata kaya agad akong huminto at ito'y tiningnan. Nagtaka ako dahil ang bata na walang tigil sa pag-iyak kanina ay bigla nalang naglaho na parang bula. Nasapo ko na lang ang aking ulo matapos mapagtanto na nauto nila ako.

"Bwesit, pag minamalas ka nga naman." Mainit ang ulo ko bumalik ng sasakyan hanggang sa makauwi ako ng bahay. Okay lang sana kung 'yung phone lang at pera kinuha, kaso pati mga IDs ko tinangay nila!

Since hindi pa naman nakakauwi si Jami nagdesisyon ako na umalis nalang muna upang magpalamig ng ulo. Dumiretso ako sa seaside at saktong pagbaba ko ng sasakyan, nakita ko si Caddie naglalakad at may kasamang mga bata

"Caddie." Tawag ko sa kanya.

"Krystal, anong ginagawa mo dito?" Tanong nya.

"Nagpapahangin lang, ikaw? Bakit nandito ka?" Balik ko sa kanya.

"Hinanap ko tong mga kapatid ko dahil bigla nalang tumakbo kanina." Sabi nya kaya napayuko ako upang tingnan ang mga bata na tinutukoy nya. My eyes widen in shock nang makita ang mga kapatid nya. Sila 'yung mga bata kanina!

"Caddie, alam mo ba na ninakawan ako ng mga kapatid mo?" Direktang saad ko na ikinagulat nya.

"H-Ha? Paano ka nila ninakawan?" Nagtataka na tanong nito. Yung tatlong bata naman ngayon ay takot at nagtatago sa likuran nya.

"Bigla kasing tumawid ang isa sa kanila, lumabas ako ng sasakyan upang tingnan sya ngunit pagbalik ko sa sasakyan ko ay tinangay na ng dalawa ang mga gamit ko. Okay lang sana kung pera at cellphone ko kinuha, pero pati IDs ko natangay nila." Mahabang paliwanag ko na mas lalong ikinagulat at laki ng kanyang mga mata.

Yung tatlong bata nag unahan sa pag iyak at walang balak na tumahan, "Totoo ba ang sinabi nya? Nagnakaw kayo?!" Sigaw nya sa mga bata at pinalo.

"Atee, sorry po. Naiinggit lang kasi kami sa ibang bata, nakakain nila lahat ng gustong pagkain. Gusto lang po namin mag Jollibee." Paliwanag ng isa sa kanila habang patuloy sa pag iyak.

"Hindi ba sinabi ko na wag kayo gumawa ng ikakapahamak ninyo?! Ibalik nyo sa kanya ang mga kinuha ngayon din!" Sermon nito at agad naman nila inilabas ang mga gamit at inabot sa akin.

"S-Sorry po, wag nyo po saktan si ate." Naiintindihan ko rin naman sila dahil napagdaanan ko na rin ito noong bata pa kami.

"Sorry Krystal, tuturuan ko ng tamang disiplina ang mga kapatid ko. Sana mapatawad mo sila, hindi ko rin inaasahan na makakaya nilang gawin ang magnakaw." Paghingi ng paumanhin ni Caddie at pinayuko ang mga kapatid nito.

Binuksan ko ang wallet ko, parang hindi naman nila nagalaw ang mga pera ko. Kinuha ko ang lahat ng laman nito saka inabot sa kanya.

"A-Ano to?"

"Ibili mo sila ng mga gusto nila, bumili ka narin ng pangangailangan nyo sa bahay at school, sayo na lahat. Mabuti nalang at ako ang naging biktima nila, paano na lang kung ibang tao?" Sabi ko at pilit na binigay sa kanya ang mga pera bago tiningnan ang mga bata.

"Wag na ulitin ha? Baka mapahamak pa si ate nyo kapag ginawa nyo ulit ang ganito." Paalala ko. Tumango naman sila at alam kong hindi na nila ito uulitin, sana nga.

"Krystal, wag na at kunin mo na ang pera. May trabaho naman ako at malapit ko narin makuha ang allow-"

"Wag ka na magsalita Caddie, binigay ko na kaya tanggapin mo." Putol ko sa kanya. Hindi naman mukhang masama ang mga bata. Siguro nagawa lang talaga nila 'yun dahil sa inggit at pagnanais na makuha ang gusto nila.

"Alis na ko, ingat kayo." Sabi ko at bumalik sa sasakyan ko. Tinamad na kasi akong maglakad kaya umuwi na lang din ako. Pagdating sa bahay ay nakita ko ang sasakyan ni Jami, mukhang kakauwi lang nya.

"Krystal, where have you been?" Salubong nya sa akin sa living room.

"Nagpahangin lang saglit Jami, ang bilis mo yata nakauwi?" Akala ko mamaya pa sya uuwi.

"Miss kita." Sabi nya at hinila ako patungo sa sofa.

"Kumain ka na Jami?" Tanong ko at umiling sya.

"You didn't miss me?" Kunot noo na tanong nya. Kaloka at bigla nalang nagtataray si Jami.

"Miss po, tampo ka naman kaagad." Pinisil ko ang kanyang ilong at hinalikan ito sa kanyang labi.

"I didn't expect you to suggest that." Sabi nya at sinimulan suklayin ang aking buhok. Ano tinutukoy niya? Yun bang tungkol sa runway?

"Para maiba naman Jami, talino ko no?" Pagmamayabang ko at nagtaas baba ng mga kilay.

"Can I ask a favor?" Biglang tanong nya.

"Ano po?"

"I want you to participate in the show. I would like to see you in masculine attire." Medyo nagulat ako do'n ha, hindi ko inaasahan na sasabihin niya 'yun.

"Hindi naman bagay sa akin ang mga g-"

"Please? Love?" Sino ba ang hihindi kung may isang Jamila ang biglang ngunguso sa harap mo?

I heave a sigh.

"Okay, pero ipagluto mo muna ako ng spaghetti?" Hindi pwedeng walang bayad.

"Alright, come here." Malambing na bulong nya at tumayo saka binuhat ako patungong kitchen.

Biglang gumaan ang loob ko dahil sa kanya, "Jami, alam mo ba na ikaw ang pahinga ko?" Tanong ko habang abala ito sa paghahanda.

Nasa countertop lang ako nakaupo at pinagmamasdan ito. Kahit pagod ay may oras parin ito para sa akin upang ipagluto.

Tumigil siya sa kanyang ginagawa, nilapitan at nginitian ako, "I know mako, I love you." Bulong nya at pinaulanan ng halik ang aking mukha.

"Hehe, mabuti naman at alam mo Jami. Ang swerto ko sayo, kaya mahal na mahal kita eh." Ipinulupot ko ang mga binti sa bewang nito at marahan na hinila ito.

I cup her cheek at buong puso na hinalikan ang kanyang labi.

Akin lang ang asawa ko.

CHAPTER 29

-

Umagang-umaga masakit ang ulo ko dahil sa mga bwisit na papel na ito. "Punyeta, ang sakit sa ulo nito. Nasan na ba sila Ag!" Wala pa kasi sila at mas nauna pa akong dumating.

Papalapit na ang araw ng PU festival, mas mababaliw ako nito dahil in-charge kami sa pag monitor and assist sa students lalo na sa mga booth. Ang dami naman nadagdag sa events ngayon, meron ding confession via broadcasting tapos ito pa ang mas nakakaloka, may magaganap na miss Ponferrada 2022!

Kahit ako nagulat matapos i-broadcast sa buong paaralan ang tungkol dito. Ang ibig lang sabihin no'n hindi lang mga guro ang sasali kundi pati narin ang apat na kambal tapos dagdag na rin 'yung Ex ni empakta.

"Hala!" nakalimutan kong Ponferrada rin pala si hell letche.

"Horsey ko! nababaliw ka na ba at bigla ka nalang nagsasalita mag-isa?" Napatingin ako sa pinto at nakita ang mga kapatid kasunod ang iba na bagong dating lang.

"Saan ba kayo galing? Ag, ikaw na dito sa budget for clubs please? Ayaw ko sa numbers." Sabi ko at inabot sa kanya ang listahan.

"Nag submit na ba lahat ng departments para sa booth?" Tanong ko kay empakta na malawak ang ngiti, monggoloid.

"Oo, criminology nalang ang hindi pa." Sagot nya.

Kami itong criminology students na member ng SC pero hindi namin alam ang nangyayari sa department.

"Tansan, tawagin mo nga ang department president and offic- wag na lang at ako na ang pupunta." Sabi ko at kaagad na tumayo.

"Bakit kayo ang pupunta? Artista ba sila?" Tanong ni hell.

Piningot ko ang tenga ni Iris at hinila bago tinapunan ng tingin si hell, "They're our seniors at kahit na mas mataas ang posisyon namin, kailangan parin namin silang galangin." Simpleng sagot ko.

"Woooo alam mo horsey minsan naiisip ko ibang tao ka na talaga. Ang matured mo na ngayon kumpara nong Pixie era pa BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Ewan ko kay babe kung ano nasa utak nya.

"Hoy naknampucha 'yung tenga ko!"

"Gano'n talaga babe pag katulad ni Jami ang naging asawa mo. Matured, understanding, reasonable at marami pang iba. Kulang pa ang nilalaman ng dictionary upang i-describe sya." Sagot ko sa kanya.

"I'm so proud of you, my horsey! Sige lumayas na kayo at bumalik kaagad." Bugaw nya kaya kinaladkad ko na si empakta palabas habang pisil-pisil ang kanyang tenga.

Nagtungo kami kaagad sa criminology building at sumakay ng elevator. Meron na kaming elevator, sinabi ko talaga kay Jami na sabihan si lolo na unahin ang department namin! Sa nakalipas na buwan ay wala naman naging problema sa amin ni Jami, si Trisha hindi ko na rin nakita pagkatapos looban ang bahay nila.

Talagang hindi na 'yun magpapakita, sa isang buwan, pamilya nila ang halos laman ng mga balita. Thanks to daddy, dahil sa ginawa nya lumabas ang tinatagong baho ng pamilya ni Trisha.

Napatunayan na ang pamilya nito, ang S&K group ay sangkot sa isang organised crime, firearms trafficking, organised immigration crime and human trafficking including modern slavery and child sexual exploitation.

Kaya pala marami kaming nakita na mga bata nong sumugod kami sa building ng S&K corp. nasa flashdrive lahat ng mga evidences, videos, illegal activities and transactions na ginawa nila.

Saan kaya nagtatago ang babae na 'yun ngayon?

Si Jami naman, napansin ko na naging selosa at possessive na sya sa mga nakaraan na linggo dahil kay Annallyn, mabuti nalang at napag-uusapan din namin ng maayos.

"Hoy! Wala ka pa balak lumabas? Nandito na tayo." Pukaw ni empakta mula sa aking malalim na pag-iisip.

Unlike before, ang ginawa namin this year ay by department ang gagawin na booth kaya kailangan kong kausapin ang seniors tungkol dito. Naglakad kami patungo sa pinakadulong classroom. Hindi mawawala ang side step kapag may nakasalubong kang senior.

Hindi ko alam pero parang naiilang sila at kinakabahan, wala naman kaming ginagawa ni Riri para matakot sila, kaloka.

Agad ko tinawag ang president namin at tinanong tungkol sa booth na gagawin. Hindi pa raw sila nag me-meeting tungkol dito at bukas nalang sila mag sa-submit which is okay lang din naman dahil next week pa ang deadline.

Hindi narin kami nagtagal ni empakta, kaagad din umalis at bumalik sa opisina.

"Gago BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." Malakas na tawa kaagad ni babe ang sumalubong sa amin pagpasok ng opisina.

"Hoy, anong dahilan at tumatawa ka babe?" Tanong ko sa kanya, bahala na yang school paper works na yan at tinamad ako.

"Gage! about kasi sa auction, nag uusap kami kung sino maganda ibenta since hindi naman tayo makakasali dahil bawal ang SC officers BAHAHAHAHAHAHAHA." Hindi naman talaga totoo na bawal kami sumali dahil officers, hindi kami pwede sumali kasi sa utos ng demogons.

"Riri, kunin mo rin 'yung cake ko," utos ko kay empakta na nasa tapat ng refrigerator.

"Sino ang isasali nyo babe?" Tanong ko at kumandong sa kanya.

"Tanga, kaya nga pinag uusapan pa horsey!" Sagot nya at marahan na pinitik ang aking noo. Napahimas ako at nguso dahil sa ginawa nito.

"Unggoy oh, dapat banana kinakain mo at hindi cake." Sabay abot sa akin ng cake. Kontrabida na lang palagi sa buhay ko ang empaktang to.

"Si tansan naman, total habulin sya ng mga babae at dinaig pa ang empakta sa dami ng nilalandi. I'm sure marami ang mag aagawan sa kanya." Suhestiyon ko na ikinagulat nya.

"Bakit na naman ako?!" Oa nito, kung maka naman akala mo talaga nakasali na sa auction noon.

"Wag ka na magreklamo tanso at utos ni bunso." Sabi naman ni Aaar eeeL at kinuha ang tinidor ko saka sinubuan ako.

"BAAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Aside from tansan, gusto ko rin isali si Caddie dahil alam kong kailangan nya ng pera. May matatanggap din kasi sila at 40% mapupunta sa kanila, hindi nga lang namin inanunsyo ang tungkol do'n.

"Tsk, sige na nga pero wag nyo hayaan mapunta ako sa anak ni mayor!" Hindi ko alam kung bakit ayaw nya sa anak ni mayor. Maganda naman ito at maraming manliligaw, problema nga lang ang pagiging spoiled brat nya.

"Caddie sumali ka narin, alam kong marami ka rin manliligaw. Yang mukhang yan? Dapat d'yan binebenta sa auction." Biglang sumabat si empakta at itinuro ang babaeng nanlalaki ang mga mata sa gulat.

"Ako? Hindi pwede at may trabaho a-"

"40% mapupunta sayo Caddie. Hindi natin alam at baka umabot din sa millions ang halaga mo, sayang din." Sabi naman ni Ag.

"Like kung umabot ka ng 50m, instant millionaire ka na rin no'n." sunod naman ni Aaar eeeL, tinutukso na naman nila ito.

Sa tingin ko naman papayag sya base sa kumikinang niyang mga mata. Mukhang excited na nga yata si Caddie sa auction.

"Sige payag na ako." Ayun naman pala.

"Gago!" Kaloka tong tansan at bigla nalang sisigaw.

"Ano na naman tanso?" Tanong ni Aaar eeeL, nahulog tuloy cake ko hmp.

"Naalala ko, may miss Ponferrada na mangyayari diba? Edi kasali ang walang kwenta na to?" tanong nya sa amin at itinuro ang katabi nito na si hell.

"Ay tanga, Ponferrada ka pala hell? BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Sobrang layo ng ugali nya kumpara sa mga kalahi nya. Ampon lang talaga siguro tong si hell at napulot lang sa kalsada.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Wag mo na ipaalala at hindi ko talaga gusto ang sumali sa pageant na yan. Sino ba kasi nakaisip sa

event na yan!" Gigil na sagot nito.

"Wag kang mag-alala, malay mo may magkagusto sayo pag rumampa ka sa stage HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Panunukso naman ni empakta dito.

Sino nga kaya ang nag suggest nyan at bakit ngayon lang nila naisipan ang ganito? Excited tuloy ako makita si Jami na rumampa sa stage.

"Hoy, gumawa kaya tayo book of events ng CCB?" Biglang singit ni babe sa usapan kaya napunta ang atensyon namin sa kanya.

Ano ang naisip nya? Anong book of events ang sinasabi nito? Kunot noo na nilingon ko sya at pinisil ang magkabilang pisngi nya.

"Ano na naman naisip mo babe? What kind of events yan?" Tanong ko bago kainin ang cake na sinubo ni Aaar eeeL.

"Langya ka horsey masakit!" Inalis nya ang mga kamay ko saka hinaplos ang magkabilang pisngi nya, "Para may remembrance tayo, lagay natin do'n lahat ng mga kagaguhan natin simula nong nag aral tayo dito sa PU. Kaya ko nga pinarecord kay Ag lahat ng mga trip natin para dito." Paliwanag nya at nagtaas baba ng mga kilay.

Kaya naman pala lahat ng mga kalokohan na mangyayari sa amin ay ready palagi si Ag upang mag record o kumuha ng pictures.

"Pwede HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Mabilis na sumang-yon ang empakta na agad naman sinundan ng iba.

"Hoy doraemon! Ikaw gumawa ha?" Tingnan mo tong si babe, sya nakaisip pero si Ag ang inutusan.

"Langya ka babe HAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ako naman talaga palagi," sagot ni Ag na para bang nagtatampo.

"Halaka! Nagtatampo si Ag, babe." Sabi ko at inagaw ang tinidor kay Aaar eeeL at lumipat sa tabi ni Ag.

"Say aaaaaaah," sabi ko at isinubo ang pagkain ko sa kanya.

Kawawa si Ag at tambak sa kanya lahat ng mga trabaho na dapat ginagawa namin. Hindi naman sya nagrereklamo, mas gusto nya rin daw 'yung may gagawin kaysa manatili at walang gawin.

"Ahhhhhh." Natawa ako sa ginawa nyang pagsunod sa utos ko. Childish din kaya sya minsan at ang cute nya tingnan.

Kumuha ako ng tissue at pinunasan ang labi nya, "Gusto mo pa? Sayo nalang to." Tumango sya kaya binigay ko na.

"Ano ba yan unggoy! Kung ako hihingi ayaw mo ko bigyan! Tapos ngayon ikaw pa mismo nagbigay kay Ag ha?!" pagtatampo ni empakta kaya agad ko syang inirapan.

"Ikaw ba si Ag para bigyan ko ha? feeling kang empakta ka." Sagot ko at binato sa kanya ang tissue na hawak.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Natigil ang tawanan namin dahil sa baklang sumisigaw sa labas ng opisina, "Buksan mo nga Louis," utos ni Aaar eeeL sa kanya since sya ang malapit sa may pinto.

"Hoy! tangena buhay ka pa? AHAHHAAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Tanong ni empakta sa lalaking kakapasok lang.

Ang tagal din namin hindi nakita ang lalaking to, ang balita kasi nag stop sya nong 4th yr college na kami dahil kinailangan nya alagaan ang ina na may sakit.

"Bogart! Pota ka, welcome back! BAHAHAHAHAHAHAHAHAAHHAAHA."

"Akala ko si Jake." Bulong ni Ag na abala sa pagnguya.

"Totoo nga! Nag-aaral ulit kayo? Ngayon ko lang nabalitaan dahil kakabalik ko lang!" Masiglang tanong nya bago tiningnan ang mga bagong mukha na ngayon lang nya nakita, "Wow! ang dami nyo na, marami siguro akong namissed na mga kalokohan nyo HAHAHAHAHAHAHA." Dagdag pa nya at tumawa.

"Presideeeeeeeeeeeeeeent!" at ayan na nga ang malaking bunganga na si Jake.

Nagkatitigan pa silang dalawa ni bogart nang makapasok na sya sa opisina, shocked ang baklang empakto.

"Nawala lang ako isang araw pinalitan nyo na ako kaagad? Gano'n nalang ba kadali para sa inyo na palitan ako?" Gusto kong mainis sa pagdadrama ni Jake at the same time tumawa, para talaga syang abnormal.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Sino ka ba?" tanong ni bogart sa kanya.

Binigyan naman sya kaagad ni Jake ng isang malamig na ekspresyon, "Ikaw sino ka? bakit nandito ka?" iritadong tanong nya.

Kami naman na nanonood sa kanilang dalawa ay kumakain at pinagtatawanan lang sila. Anong nangyayari at bakit parang nagbabangayan silang dalawa?

"Nag iisang kaibigan nila na lalaki, ikaw sino ka?" sagot ni bogart dahilan upang magulat ang empakto.

Totoo naman, si bogart lang talaga ang tinanggap namin na kaibigang lalaki. Ayaw nga kasi namin sa mga lalaki dahil hindi naman namin sila kailangan, pero iba na ngayon dahil napamahal na rin sa amin ang empakto na to kahit minsan ang sarap nyang ipabarang.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." Malakas na tawanan namin nang makita ang pagnguso ni Jake at para bang iiyak na.

"Past tense ka lang, ako present and future tense nila." Nag aamok na sagot ni Jake na mas lalong nagpalakas sa aming mga tawanan.

"Tangena HAHAHAHAHAHAHHAAHAH."

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Omaygas! bebeboi namin natuto na BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Ang saya din pala magkaroon ng mga lalaking kaibigan na katulad nila, yung ka vibe and ugali lang din namin.

"Inaangkin mo sila? Kung isumbong kita sa mga Ponferrada na may gusto ka sa mga jowa nila?" seryosong banta ni bogart ngunit hindi na maipinta ang pagmumukha ni Jake.

Hindi nya alam ang tungkol sa demogons!

"Tae ka bogart HAHAHAHAHAHAHAH." Binato sya ni empakta ng tissue.

Tawa nalang kami ng tawa dahil sa gulat ng pagmumukha na ipinakita ni Jake. He's totally shocked! Akala nya kasi sisters bonding lang namamagitan sa amin ng demogons.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Hoy Jake, humihinga ka pa ba?" Tanong ni hell sa kanya.

"J-Jowa nyo ang mga professors?!" singhal nito.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." Tawanan namin.

"See? Hindi mo nga alam ang tungkol d'yan." Pagmamayabang ni bogart at nginisihan ito.

"Tatampo na bebeboi namin na yarn BAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH." Bwesit tong si babe at mas lalo pa nga inasar.

"HAHAHAAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ay ay ay, nagtatampo HAHAHAHAHA." Pang-asar ni empakta, ang pula na ng mukha ni Jake, mukhang iiyak na ewan ko.

19 years old lang si Jake kaya binibaby minsan dahil gusto namin ma experience ang may kapatid na lalaki. "Wag ka ng umiyak Jake, mas lalo ka pumapangit. Wag mo pansinin ang baklang bogart na yan." Sabi ko sa kanya at hinila ang kanyang braso.

"Libre mo ko pagkain," sabi nya. Ang kapal pero hindi ako busog sa kinain ko at mas gusto ko kumain ng kanin!

Nilingon ko ang iba upang magpaalam, babalik din naman kami kaagad. "Cafeteria muna kami, hindi ako busog sa kinain ko at gusto ko ng kanin," paalam ko sa kanila at hinila na sya palabas ng opisina.

"President sabi mo ayaw mo na may humahawak sa'yo na lalaki?" biglang tanong nito habang naglalakad kami sa hallway.

"Oo pero hindi ko sinabing bawal ako humawak sa lalaki, choosy ka Jake?" Balik ko sa kanya.

"Kung hinawakan mo ako, so okay lang din na hawakan kita ha?" Tanong niya kaya napaisip ako saglit.

"Dalian mo na nga! Pinag-iisip mo pa ako e gutom na ko." Sabi ko at piningot tenga nya.

"Pres! bitawan mo tenga ko, nagmumukha akong kawawa sa ginagawa mo. Baka pagkamalan pa tayo na mag nobyo nyan!" tiningnan ko naman ang paligid at napansin ang mga tingin na pinupukol sa amin.

"Nobyo? yuck ka," sabi ko at binitawan sya.

Bigla itong dumikit at inilapit ang mukha sa tenga ko, "President sino girlfriend mo sa professors? Secret lang natin to promise," bulong nya.

"Si miss Kathlyn." Agad na sagot ko.

"What?! Seryoso ka?!" Sigaw niya kaya siniko ko tagiliran nya.

"Wag ka sumigaw at ang sakit mo sa tenga, oo, seryoso bobo."

"Pres! nakita ko si miss Kathlyn kanina nong palabas na tayo ng inner quadrangle, nakatingin sa atin!" Sumbong nya kaya nagtaka ako dahil wala naman akong nakita.

Pinagloloko lang ako ng empakto na to.

"Manahimik ka nga at may klase 'yun si miss! hindi nalang kaya kita i-libre?" Agad naman sya umiling sa naging tanong ko.

Kaagad kami nag order ng pagkain pagdating sa cafeteria. Medyo nakakairita lang dahil 'yung ibang tingin ng mga students parang binibigyan nila ng meaning ang pagsasama namin ni empakto.

"Ano ba yan president! Ikaw tong matanda sa atin pero ang kalat mong kumain," biglang salita nya at inabot ang bibig ko upang punasan gamit ang daliri nya.

Nagulat ako sa ginawa nya kaya bahagya akong natigilan, bwesit na empakto at disturbo sa pagkain ko!

"Okay na, teka sayang," sabi nya at dinilaan ang daliri nito kaya agad ko syang sinabunutan.

"Aray! ano na naman ang kasalanan ko! kumakain lang naman ako president!" kainis.

Luminga linga ako sa paligid at tiningnan kung may nakakita sa ginawa nya, thankfully ay mukhang wala naman dahil abala na sa pag-uusap ang mga tao.

"Wag mo akong hahawakan, puputulin ko talaga kamay mo sa susunod empakto." Banta ko bago nilantak ang pagkain ko.

"Oo na, sorry na nga."

Nagpatuloy kami sa pagkain hanggang sa matapos at bumalik din kami kaagad sa opisina. Pagdating namin ay wala na ang iba!

"Kaasar naman! iniwan na naman ako ng mga 'yun."

Wala naman kaming mga regular classes, abala na kasi lahat sa preparations para sa festival at mangyayari 'yun next week Bumalik ako sa table ko para sana ayusin ang makalat kong lamesa nang mapansin ang isang note at tsaa na katabi nito.

"Ano to?" Tanong ko at binasa ang nakasulat.

Mako,

Drink this. It will help you relax :)

Ah kay Jami pala galing to. Kaagad kong kinuha ang tasa at inubos ang tsaa na hinanda nito. It's her first time na ipaghanda ako ng ganito.

Napatingin ako sa pinto dahil bigla itong bumukas at pumasok si Jami.

"Krystal," tawag nya at nakangiting naglalakad palapit sa akin.

"Jaaaaaaami, bakit ngayon ka lang? Miss po kita." Nagklase ba siya?

Kaagad nya niyakap ang bewang ko at hinalikan ang leeg ko, "Nainom mo na ba?" malambing na tanong nya.

Napahikab ako kaya tumango nalang ako. Bigla yata ako nakaramdam ng antok.

Sunod-sunod ang paghikab ko at pilit nilalabanan ang antok dahil gusto ko sulitin ang oras kay Jami.

"That's my wife."

Hindi ko na sya nasagot dahil bigla nalang sumuko ang aking mga mata. Bago yun ay ramdam ko ang buong lakas na pagkagat sa aking leeg at tuluyang nakatulog na.

-

Nagising ang aking diwa at pakiramdam ko para akong nahuhulog. Hindi ako makakilos lalo na ang aking mga kamay at paa kaya agad kong iminulat ang mga mata.

Wala akong makita sa sobrang dilim at wala akong makita na ilaw kahit isa. Saan ba ako? nananaginip ba ako?

Sasampalin ko sana ang aking sarili ng mapagtanto na nakatali ang buong katawan ko.

Buong pwersa kong iginalaw ang aking katawan hanggang sa maramdaman ko na para na akong nag s-swing. Hindi ko rin maabot ang sahig, wala akong maapakan!

"Omg! na kidnap ba ako?!" malakas na sigaw ko.

Halos masilaw ako sa biglang pagbukas ng ilaw sa aking harapan at nakatapat pa mismo sa akin.

"Punyeta! gusto nyo ba ako bulagin?!" singhal ko at ipinikit ang mga mata kasi sobrang nakakasilaw talaga!

Muli akong nagmulat at nakita na sa ibang direksyon na nakatuon ang spotlight. Yumuko at tumingala ako upang tingnan kung ano ang aking kalagayan. Laking gulat ko nalang nang makita ang sarili na nakabitay, medyo may kataasan din kung ibabagsak nila ako!

Napansin ko ang mga tao na nasa ibaba, sa harapan ngunit hindi ko makita ang mga mukha.

May babaeng nakaupo at krus ng mga binti at dalawang lalaki na nagbabantay sa kanyang likuran.

"Sino ka?" Kahit kinakabahan ay nagpakatatag ako.

Hindi ako dapat mag panic sa mga ganitong sitwasyon dahil kahit anong mangyari o gagawin ko ay sila parin ang may hawak ng buhay ko.

"Kung ako sayo pakawalan mo na ako kung mahal mo pa ang buhay mo. Hindi kita pinagbabantaan, sinasabi ko lang na pag nalaman to ng asawa at mga kapatid ko ay mananagot talaga kayo," may halong banta talaga yun kahit na anong deny ko.

Napalunok ako kasi may inabot na case ang isang lalaki sa kanya at nakita ang baril na inilabas nya.

Papatayin ba nila ako?

Seryoso ba sila?!

Ang sakit na ng katawan ko, hindi ko alam kung ilang oras na akong nakabitay dito. Ang higpit naman ng pagkakatali nila sa katawan ko.

"P-Pwede naman siguro natin pag-usapan kung may nagawa man akong kasalanan? sure na ba talaga yan at papatayin nyo ako?" kanina pa ako nagsasalita ngunit wala man lang akong nakukuhang sagot!

Waaaaaaa naiiyak na ako punyeta, sino ba tong babae na to!

"Ikaw ba yan trishcan? akala mo ba mapapasayo si Jami kung mapatay mo man ako-"

Namatay yata ako mga ilang segundo dahil sa ginawa nyang pagbaril at dumaan ang bala sa gilid ng leeg ko.

Huhu.

"Waaaaaa isusumbong kita kay Jami ko! punyeta ka, patayin mo na ako dahil sa oras na makawala ako dito ng buhay ay ako mismo papatay sayo!" umiiyak na sigaw ko sa kanya, ang sakit na ng katawan ko at gutom na gutom na ako huhu.

"Hindi nyo man lang ako hinandaan ng pagkain!" dagdag ko at sa ikalawang pagkakataon sa kabilang side ng leeg ko naman nya pinadaan ang bala.

Napapaisip ako kung sino to, ang galing nya humawak ng baril at alam nya kung ano at paano ang gagawin. Mahahalata mo talagang bihasa sya sa paggamit nito.

Magsasalita pa sana akong muli nang may ilaw na bumukas at nagbigay liwanag upang makita ko ang kanilang mga mukha.

Hindi ko alam kung matutuwa o masasaktan ako sa babaeng nagpakidnap at bumaril sa akin.

"Jami," sambit ko at nag unahan sa pagpatak ang mga luha.

Ano ba ang nangyayari? naguguluhan ako bakit nasa ganitong sitwasyon ako.

"I warned you, Krystal. I told you not to test my patience, and I'm not sure what I'm going to do when I

can't control my jealousy any longer." Hindi ko alam pero nakakatakot tingnan si Jami. Kahit nakangiti at kalmado lang itong nagsasalita ay kinikilabutan ako.

"Waaaaa Jami, wala naman akong ginawa na masama bakit mo naman ako ginaganito." Nangangalam na tiyan ko punyeta.

"I let you do whatever you want. What irritates me the most is when someone flirts with my wife." Hindi nya ako naririnig o sadyang hindi lang sya nakikinig at patuloy lang sa pagsasalita.

"Mako, pinalampas ko ang selos na nararamdaman sa pinsan ko pero hindi ako makakapayag na may lalaking humawak sayo lalo na sa labi mo at sa harap mo pa mismo dinilaan ang daliri nito. I was offended, Krystal. It was an indirect kiss you know?" nakakatakot magselos si Jami at literal na mapapa-fly high bakla ka talaga.

Si Jake ba ang tinutukoy nya? Nakita nya ang nangyari kanina?! Hindi ko naman sya nakita sa cafeteria at hindi ko rin naman ginusto ang ginawa nya sa akin kanina!

"J-Jami, hindi ko naman ginusto 'yun. Nagulat din ako sa ginawa ni empakto, waaa Jami please ibaba mo na ako at gutom na gutom na ako." Sagot ko habang abala sa kakasinghot.

"Sorry na po, hindi ko naman talaga ginusto. Please naman pakawalan mo na ako at ang sakit na ng katawan ko huhu." Pagmamakaawa ko at mas lalong umiyak.

Punyetang empakto yun at mapapatay ko talaga sya. Nakakatakot si Jami magselos at ayaw ko na muli maranasan ang ganitong sitwasyon, nakakatakot!

"Sorry na Jami, ibaba mo na ako please? Nahihirapan na ako." Seryoso talaga ako at masakit na ang katawan ko, baka mahimatay ako dahil sa pinaggagawa ni Jami sa akin.

Ibinalik nya ang baril sa case at ibinigay sa tauhan nito, may sinabi sya na hindi ko naman marinig. Napansin ko ang sarili na dahan-dahan ibinababa at si Jami na nakaabang sa ibaba. Iyak lang ako ng iyak hanggang sa nasalo na niya ako at kaagad na inalis ng mga lalaki ang mahigpit na pagkakatali sa katawan ko.

"Nakakainis ka Jami, pwede mo naman akong sabihan kung may hindi ka gusto. Bakit kailangan humantong pa sa ganito, kung sayo ko kaya gawin ang ginawa mo?" humihikbing salita ko at marahan na tinabig ang kamay nito.

Nakakainis!

"Mako, stop crying. I'm sorry, nadala lang talaga ako sa selos." Malamyos na bulong nya at muling hinawakan ang mukha ko upang pahiran ang mga luha na walang tigil sa pagpatak. Bwesit naman na pagseselos yan at nakakamatay.

"I hate you Jami! Rason ba yan para saktan mo ko? Paano kung natamaan ako kanina at namatay ha?!" Bwesit! naiintindihan ko naman kung nagseselos sya pero sana ilugar nya sa tama ang ganito.

Aalis na sana ako kaso kusang bumigat ang mga tuhod ko. Grabe 'yung pamamanhid at wala akong maramdaman letche, ilang oras ba akong nakabitay!

"Bwesit, bwesit, bwesit!"

"Mako, I'm sorry. I will accept your punishment but for now let's go home."

Hindi ako umimik at hinayaan nalang sya na buhatin ako, wala rin naman akong lakas maglakad dahil nanghihina parin ako. Hindi ko sya kinausap hanggang makarating kami ng bahay at pasok ng kwarto.

Hindi ko gusto mainis pero sa tuwing naiisip ko ang pamamaril kanina at kung tinamaan ako ng bala, ano na lang ang magyayari kung namatay ako? Bumukas muli ang pinto at may dala na syang pagkain, bigla ako nawalan ng gana. Nawala na ang gutom na nararamdaman ko kanina.

Kumain syang mag-isa.

"Mako," tawag nya ngunit nanatili lang ako nakatingin sa malaking screen ng TV.

"Love,"

"Hindi ako gutom, wag mo kong kausapin at ayaw kitang makita," direktang salita ko sa kanya.

Nagselos din naman ako pero hindi ko naisip na saktan ito para lang ma satisfy yung sarili ko. Hindi naman ako dismayado sa kanya dahil sa ginawa nito, nagtatampo lang talaga ako kasi mas pinili nya ang paraan na alam nyang masasaktan ako kaysa pag-usapan nalang.

Nasa malalim ako ng pag-iisip ng makarinig ako ng hikbi ni Jami sa gilid ko kaya agad akong napalingon dito.

Bwesit at nanlalambot ako!

Para syang bata na pinapagalitan ng magulang, nagpipigil ng iyak ngunit hindi nya naman mapigilan at kagat-kagat ang kanyang ibabang labi.

"Ba't ka umiiyak?" Tanong ko at nagkrus ng mga kamay bago isinandal ang likuran sa headboard.

Suminghot sya at iniyuko ang ulo saka nilaro ang mga daliri tulad ng isang bata.

"Tinatanong kita Kathlyn Jamila Ponferrada." Diin kong salita sa kanya.

Mas lumala yata ang nangyari at humagulgol na sya ng iyak. She raised her head and pouted.

"M-Mako, I-I'm sorry. P-Please don't be mad. I won't do that again." Hirap na sambit nya at parang bata na pinapahid ang mga luha.

Letche.

"I-I was just j-jealous. I-I love you so much at natatakot lang ako na maagaw ka ng iba. M-Mahal na mahal kita," ano na ba ang nangyayari kay Jami, wala naman aagaw sa akin mula sa kanya.

Pinagmasdan ko lang sya na patuloy sa pag-iyak hanggang sa nawala na ng tuluyan ang inis na nararamdaman ko sa kanya. Hindi sya tumigil sa kakaiyak at mas palala pa ng palala.

"Wag mo na uulitin okay?" Tanong ko. Ngumuso sya at agad na tumango.

"I-I'm sorry, bati na tayo please?" pagmamakaawa nya at hinawakan ang aking kamay.

I spread my arms at nginitian sya. Kaloka si Jami at humagulgul na naman muli saka ako dinaganan ng yakap at ibinaon ang mukha sa aking leeg.

Kaagad ko syang niyakap ng mahigpit at hinagod ang likod, ngayon ko lang sya nakita ng ganito. Para talaga syang bata dahil sa kilos nya ngayon.

"Tahan na Jami, hindi na ako galit." Malambing na bulong ko at kaagad na hinarap ako.

"Promise?" Suminghot siya at muling ngumuso.

"Opo, wag mo na ulitin at kung magseselos ka sabihin mo kaagad sa akin para maiwasan ko agad." Sagot ko habang abala sa pagpahid ng kanyang mga luha.

"I love you," bulong niya, nanlalambot talaga ako dahil sa lamyos ng tinig niya.

Ngumiti ako at marahan na pinisil ang kanyang pisngi, "Jami, sayong sayo lang naman po ako. Wala rin akong plano na magloko dahil para sa akin, ikaw lang ang nakikita kong kasama hanggang sa pagtanda ko. I love you too," buong puso na pahayag ko at inangkin ang labi nito.

Marahan nya akong itinulak at pinahiga sa kama saka sya umakyat at dumapa sa aking dibdib.

Inabot din ng ilang minuto bago ko tuluyan napatahan si Jami hanggang sa nakatulog na ito. Tumagilid ako upang ihiga sya sa kama at para maging comfortable ang pagtulog nya.

It's almost 10pm na pala.

Hinaplos ko ang kanyang pisngi at inalis ang mga buhok na humaharang sa mukha nya. Namamaga ang kanyang mga mata dahil sa kakaiyak.

Sino ang mag-aakala na ang katulad ni Jami, isang mabait, greenflag, tahimik at kalmado na babae ay kaya pala gumawa ng nakakatakot na pangyayari?

Nagagawa nga talaga pag in love. Lahat gagawin para hindi lang mawala ang taong minamahal nya, kahit naman ako magagawa ko ang mga imposible na bagay lalo na kapag nilamon na ako ng galit.

"Ang swerte ko naman po sayo," nakangiting bulong ko at pinaulanan ng mga halik ang mukha nito.

"Goodnight Jami," sabi ko at niyakap ito ng mahigpit saka ipinikit ang aking mga mata.

Mas nakakatakot pa pala sya kumpara sa akin.

CHAPTER 30

-

"Anong iniisip mo horsey ko?" Tanong ni babe habang nasa kalagitnaan ako ng malalim na pag-iisip.

Kaming tatlo lang ni babe at Aaar eeeL ang magkasama ngayon dahil abala ang iba, may mga trabaho din naman kami ngunit break time muna. Si Ag at empakta umalis upang kunin ang 50 pieces of book of events kuno namin.

"Iniisip ko kung ano magandang regalo kay Jami at sa ibang professors ngayon, teachers day kaya today hindi nyo alam?" Tanong ko sa kanila ngunit mukha hindi nga yata nila alam dahil hindi sila umimik.

"Sarili mo nalang bigay mo." Suhestiyon ni babe, kung alam nya lang!

"Babe naman! Seryoso ako dito tapos ganyan sagot mo?" Pagtataray ko sa kanya at kinuha ang pudding saka sinaksak sa bunganga nya.

"Mahirap nga naman magbigay ng regalo, sa tingin ko rin hindi na nila kailangan ng mga materyal na bagay dahil kaya naman nilang bilhin." Sagot ng isa. Mabuti pa to si Aaar eeeL, matino kausap minsan.

"Lumalaban ka na sa akin ngayon horsey?!" Singhal ni babe, ay ewan ko sa kanya. Hindi ko nalang pinansin si babe at nag focus kay donkey.

"May naisip ka bang magandang idea Aaar eeeL?" Tanong ko.

Hindi sya agad nakasagot at mukhang nag iisip pa, mahirap nga naman kasi mag isip lalo na at hindi mo alam kung ano ang ibibigay.

"Gusto ko sana gumanti bilang sorpresa pero hindi naman professor si pusa ko." Sabi nito. Medyo na curious ako sa naisip ni Aaar eeeL kaya lumipat ako ng upuan sa tabi nya.

"Ano yan Aaar eeeL? Dali dali! Share mo na sa amin ni babe." Tanong ko at inalog mga balikat nito.

"Gusto ko rin sana iparanas sa kanya ang pakiramdam ng makidnap." Sagot nito ngunit nanatiling tulala.

"Your idea is bery bery hooman Aaar eeeL!" Amazed na bulaslas ko. Napaisip ako sa sinabi nito, naalala ang ginawa ni Jami na pagdukot at bitay sa akin.

"Hala bwakinangsheyt! magandang idea yan donkey! payag ako BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH magandang regalo yan kay pie, revenge time!" Si babe na sobrang excited sa sinabi ni Aaar eeeL.

Nagdadalawang isip ako kung sasali ako sa plano nila, ayaw ko kasi masaktan si Jami at baka magalit sya.

Sasali ba ako?

"Hoy horsey!" Nagising ako sa malalim na pag iisip dahil sa sigaw ni babe.

"Wag ka nalang sumali at wala naman sa itsura ni athy ang ipadakip ka." Sabi nya at tumawa, lihim nalang akong umirap dahil sa sinabi nya.

"Pwes, d'yan ka nagkakamali kasi nagawa na nya dahil sa selos kay Jake." Wala sana akong balak pansinin sya ng isang araw pero nadaan ako sa iyak ni Jami.

"Hoy hala! di nga?! AHAHAHAHAHAHA." Sabay pa sila ni Aaar eeeL at mukhang hindi naniniwala.

"Oo duh, sige sali ako. Mamayang gabi natin gawin hehe." Sali nalang ako, bigyan din natin konti ng light warning si Jami.

"Sabihan din natin si Iris, malay natin diba? Baka belong din sya BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Tumango nalang ako bilang tugon sa kanya. Excited na excited sya, kawawa si miss Pixie.

"Sige sige! paano naman pag nakuha na natin sila? Anong gagawin at saan natin dadalhin?" Tanong ko sa kanila kasi wala akong alam sa mga ganito.

"Bobo mo horsey, hindi tayo ang dudukot sa kanila. Kailangan natin ng mga tauhan upang i-execute ang plano natin." Sagot niya, ang bobo din ni babe at hindi na gets ang ibig kong sabihin.

"Gaga babe, ang ibig kong sabihin paano kung nadukot na sila? Saan nyo balak dalhin ang demogons at ano naman ang kapalit ng kalayaan nila?" Hindi ko alam kung anong set-up nila.

"Hmmm," tingnan mo tong si Aaar eeeL, nagpaplano ng ganito tapos walang plano!

"Sa underground dalhin tapos hingan natin ransom, mga 500m lang." Nagulat ako sa sinabi nya, gano'n kalaki ang hihingin nya?!

"Ang laki naman nyan S, babaan mo." Sabi ni Aaar eeeL.

"Aanhin mo naman ang pera ha? Seryoso ka babe?!" Progressing pa ang utak ko dahil sa plano nya. Seryoso kami ni Aaar eeeL dito tapos sya mababaliw na sa kakatawa.

"Okay lang yan, barya lang daw yan sa kanila tapos yung perang makukuha natin iwanan natin sa labas ng bahay ampunan, talino ko no? BAHAHAHAHAHAHAHA." Kaloka tong si babe at hindi ko maintindihan ang pag-iisip minsan.

"Anong tawag d'yan? Bad deeds with a great goal? Tama ba? kahit naman mali ako dapat tama pa rin yan." sabi ko at tumawa na naman sila.

"Pambihira HAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Oo tama ka, lahat sayo tama, tangena BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Naalala ko ang sinabi ni Jami sa akin na baka gabihin sila matapos ngayon kasi sa monday na ang festival.

"Hala sakto! Gagabihin sila sa practice nila ngayon, paano naman natin sila ipapadukot?" Ang dami kong tanong, si babe kasi ayaw nalang direktahin ang binabalak.

"May naisip na akong dahilan, wag ka na mag worry tungkol d'yan monkey ko." Agad na sagot ni babe at nagtaas baba ng mga kilay.

Biglang bumukas ang pinto at pumasok ang dalawa na kanina pa namin hinihintay.

"Seryoso nyo naman masyado, may problema ba kayo ha?" Tanong ni empakta at tumabi sa akin.

Ang bilis naman nila nakarating, parang wala pang 1 hr mula nong umalis sila. Saan naman ang mga libro na kinuha nila at bakit wala silang mga dala?

"May regalo kami sa demogons kasi teachers day ngayon BAHAHAHAHAHA." Sagot ni babe.

Dahil nga sa chismosa ang empakta ay nangulit sya. Sinabi namin sa kanila ang planong pagdukot sa mga propesora at ang balak na gawin sa pera. Sumang-ayon naman sila sa naisip namin na plano at mukhang excited na rin sila. Si empakta na raw ang bahala sa mga tauhan at plano na pagdukot sa kanila.

"Ganito na lang para hindi sila magduda dapat may isang sumama sa kanila." Biglang suhestiyon ni empakta.

Naisip kasi namin na baka malaman nila na kami ang nagpadukot, kaya para mas magmukhang makatotohanan ay nag suggest ito na dapat may sumama sa kanila.

"Ikaw nalang sumama Iris, manonood na lang kami sa mangyayari." Sabi ni Aaar eeeL.

"Yun lang? sure! HAHAHAHAHAHAHAH." Ang saya lang ni empakta.

"Oh asan ang book of events na pinakuha ko?" Tanong ni babe.

"Binigay ni Iris sa mga estudyante." Sagot ni Ag.

"Langya, hindi man lang kayo nagtira ng isa? bakit nyo naman binigay lahat mga bobo." Kaloka si babe, damay pa tuloy si Ag sa kabobohan ni Iris.

Hinarap ko si Iris at hinila ang buhok, "Diba sabi namin wag muna ipamigay, paladesisyon ka ha empakta?" sabi ko kasabay ang pagkurot ng pisngi nya.

"Ano ba! bitawan mo buhok ko naknampucha, magkapatid ba kayo ni uno? Buhok at pisngi ko palagi target ninyo!" Reklamo nya at gumanti ng pisil sa pisngi ko.

"Okay lang, 100 pieces naman 'yun at may 50 pa na kukunin." Biglang salita ni Ag kaya binitawan ko na ang empakta.

Lumipat ako sa tabi ni Ag at niyakap ang kanyang katawan, "Mabuti pa si Ag may initiative, ikaw empakta wala! puro kalibugan lang alam mo." Pagdidiin ko sa kanya saka binigyan ng halik sa pisngi si Ag.

Tumikhim si Aaar eeeL at mukhang may sasabihin kaya tinanong ko kung anong gusto nya.

"Guys mas mukhang convincing yata kung si keyboard nalang ang ipasama natin sa demogons? Huwag si Iris dahil alam naman nila na kaya nya labanan ang mga kidnappers." Nagkatinginan naman kami sa isa't-isa dahil sa sinabi nya. Pwede rin kung ako, sabagay at may point din si Aaar eeeL sa sinabi nya. Baka nga kidnappers pa yung makidnap nila.

"Ay ay ay, ikaw nalang unggoy kasi mukha ka namang lampa." ang sarap lang sakalin nitong empakta.

"Pota BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Sige sige, ako nalang para goal kami ni Jami hehe." Sagot ko at nagtawanan na naman sila.

"So ang plano, sa paanong paraan natin sila dudukutin?" Tanong ni Ag kaya nagulat kami.

"Hoy! Sino ipapadukot mo sa kanila? Si miss Lor? Wag mong sabihin may relasyon kayo?!" Bulaslas ni babe.

Nakakagulat naman kung sasabihin nyang may relasyon sila no? Hindi naman sila gaano nag uusap pag magkasama kami at bilang lang din ang mga salita nilang dalawa!

"Kaloka, ano na lang mangyayari sa relasyon nyo Ag? puro kayo tahimik at walang imikan, utot na lang siguro ang bubuhay sa conversation nyo." seryosong sabi ko.

"Naknampucha."

"Pambihira ka keyboard."

"Langya ka horsey BAHAHAHAHAHAHA."

Totoo naman kasi diba? Curious kaya ako ano ang gagawin nila kung silang dalawa lang magkasama.

"True naman kasi." Sabi ko. Si Ag hindi naman sumagot kaya hindi ko na lang din kinulit. Malalaman din naman namin kung may relasyon ba talaga sila o wala.

"So paano nga natin sila ipapadampot? Bwesit kanina pa tayo sa problema na to." Balik ko sa topic kasi wala parin silang sinasagot. Sa ganitong mga pagkakataon lang talaga namin nagagamit ng maayos ang mga utak sa pag iisip.

"Ganito nalang, ayain mo sila mamaya mag dinner sa restaurant ni miss Pixie unggoy. Tapos pag nakalabas na kayo do'n natin sisimulan ang operasyon." Suhestiyon ni empakta.

Ang gandang operasyon naman nyan.

"Sige ayan nalang BAHAHAHAHAHAHA."

Matapos ang mahabang usapan ay nagpasya kaming lumabas upang umikot at mag monitor sa campus.

"Tangena ka Iris! Ano 'tong pinost mo? Gago ka, kahit hindi kita ang mukha alam kong si miss Everleigh to." Bulaslas ni babe at ipinakita sa akin ang larawan na pinost ni empakta.

"Omg hoy! Seryosohan na talaga tong inyo? Paano na lang ang asawa ni ma'am? Kaloka, kulang na lang sakalin ka ni ma'am para hindi makawala." Sabi ko sa kanya pagkatapos makita ang picture.

Hindi ko pa rin lubos akalain na sila na ni ma'am kahit na kasal ito kay Bentong, ang bilis ng pangyayari at parang kailan lang nangyari 'yung insidente kay Riri.

"Si evertot ko kaya nag utos nyan. Sabi nya sa akin kanina na kunan ko ng litrato at i-post sa twitter ko para malaman ng lahat na taken ako." Proud sya ha.

"Hindi halatang patay na patay si miss sayo, Riri." Natatawa na sabi ni Aaar eeeL.

"Palihim kaya ako nilalantak ni mommy vixen ko kung alam nyo lang." Pagmamayabang niya kasabay ang pagtaas ng kanyang kilay.

"Kawawa naman si bentong." Sabi ko at umiling.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHHAA."

"Swerte mo empakta," sabi ko sa kanya.

"Payaso ka, kung may pinakamaswerte sa ating lahat dito horsey siguro ikaw na 'yun." Hindi gumana ang utak sa sinabi ni babe.

"Duh, matagal na akong swerte." Sabi ko nalang.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAA."

Habang tinatahak ang hallway ay masaya kaming nag uusap kung ano ang mga kalokohan na gagawin namin ngayong festival nang bigla kaming may narinig na mga tawanan.

"Ang toxic ng CCB, bad influence hahahaha." Sabi ng babae na nakatalikod mula sa amin.

Natigilan kami sa paglalakad at tahimik lang nakikinig sa kanya habang ang mga kaharap nito na kaibigan ay namutla na dahil sa kaba?

"That's true at walang halong false, pero bakit ka nakikitawa? Bobo ka ba?" Sagot ko habang nakakrus ang mga kamay. Agad itong humarap sa amin at nanlaki ang mga mata pagkakita sa amin, humakbang ako palapit at inagaw ang libro na hawak nya.

"I hate being ignored, especially when I'm talking." Diin na salita nya at buong lakas na kinagat ang leeg ko kaya naitulak ko ito.

"Are you craz-" naputol na naman ang sasabihin ko dahil sa pagbukas ng elevator at ang mga tao na sunod-sunod pumasok.

Sa daming tao na pumasok, napuno ang elevator at pag minamalas ka nga naman, sya pa ang kaharap

ko ngayon at nakadikit sa katawan ko ang mga dibdib nito. Iniwas ko ang mga mata at tumingala, ayaw kong yumuko at iba ang nakikita ko! Gusto ko sana syang sigawan pero maraming tao.

Naninindig ang mga balahibo ko matapos maramdaman ang pagyakap nya sa katawan ko at ramdam ang mainit na hininga nya sa leeg ko. Kainis! Ang tagal makarating sa groundfloor. Kakabihis ko lang ng damit at sa tingin ko may masusunog ulit si Jamila.

"Hey," rinig kong tawag nya.

I bite my lip hard sa biglang paghigpit ng yakap nito at nagsimulang halikan ang leeg ko.

"M-Miss, tumigil ka!" Diin kong salita at pilit inalis ang mga braso nito ngunit sobrang higpit talaga, bakit ang lakas nya?!

Napangiwi nalang ako sa sakit ng sinimulan nyang sipsipin ito at paulit ulit na kinagat.

Noo! Kb! magagalit si Jami! pigilan mo!
I'm trying! Pero sobrang sikip at hindi ko maalis ang mga braso nya!
Waaaa kapag yan nalaman ni Jami bwesit ka!

"Tumigil ka na bago pa kita masaktan, may asawa ako at hindi mo gugustuhin na makalaban sya," banta ko sa kanya.

Tumigil sya at inangat ang ulo, akala ko matatakot ito ngunit nagkamali ako. Ngumisi lang ang babae na nakayakap parin sa katawan ko.

"Hmm really?" tumango ako at muling iniwas ang aking ulo.

She let out a soft chuckle at inayos ang kwelyo ng damit ko. Wala na akong narinig na salita mula sa kanya hanggang sa bumukas ang pinto at nag labasan ang mga tao.

"See you again, little pervert," she said and smirked.

Mabilis akong umalis upang takasan sya dahil baka ano pa ang sunod na gawin ng babae na 'yun.

Bumili muna ako ng bagong damit, 'yung turtleneck para hindi kita ang leeg bago bumalik ng school. Ang init pero suot ko ganito, wala kasi ako mahanap na concealer sa mga nadaanan kong store! Bakit ngayon pa sila naubusan kung kailan kailangan na kailangan ko?

Almost 6pm na nang makarating ako, nasaan kaya ang asawa ko?

"Horsey!" Tawag ni Sj kasama si love. Bakit silang dalawa lang?

"Saan ka galing keyboard at kanina ka pa namin hinahanap?" Tanong ni love.

"Dinalaw ang anghel kong ama sa hospital dahil nag aagaw buhay daw kuno sya." Direktang sagot ko sa dalawa.

"Ano balita? Humihinga pa ba? BAHAHAHAHAHAHAHAAHAHHAHA."

"Bakit naka turtleneck ka keyboard?" Ang dami nilang tanong, mahirap lusutan ang dalawang to.

"Buhay pa at nadumihan ang damit ko kanina kaya dumaan nalang ako sa isang store para bumili nito." Paliwanag ko at sana naman paniwalaan nilang dalawa.

"Ooo, may outdoor cinema mamaya sa field." Pagbabahagi ni Sj, dami naman nilang alam.

"Anong oras?" Tanong ko.

"9pm." Sagot ni love.

"Okay, manonood kayo?" Dagdag ko pa.

"Yup kasi horror ang palabas, ako mismo naghanda nyan BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Mga mukhang horror talaga.

"Sige babe, sunduin ko lang si Jami for dinner. Next time na kami sasabay sa inyo." Akala ko aangal sila pero mukhang may mga plano narin sila tonight at hinayaan nalang ako.

Dumiretso ako kaagad sa opisina nya dahil alam kong buong hapon sya nagkulong doon para lang sa trabaho. Akala ko nasa office sya pero pagpasok ko ay walang tao kaya umalis nalang ako upang hanapin ito. Mag isa akong naglalakad at hinahanap siya hanggang sa natagpuan ko ito sa bandang may cashier at may kausap na babae.

"Mahal." Tawag ko at niyakap sya.

"Right on time." Bulong nya at pinaharap ako sa babaeng nilagpasan ko ngayon lang.

Nanlaki ang mga mata ko nang makita ang babaeng nakangisi ngayon sa akin.

Shit!

"This is my high school friend, and business partner, wife. Cindy Arnault." Pakilala ni Jamila sa aming dalawa.

Hindi ako makapagsalita dahil sa kaba, bakit sya pa? paano kung sabihin nito ang ginawa nya sa akin kanina at paano kung malaman ni Jamila na sya ang babaeng humalik sa akin kanina?

Ngayon lang ito may ipinakilala na kaibigan sa akin at ayaw kong mag away sila dahil lang sa nangyari kanina.

"Cindy was the one I was talking about earlier. My wife, Krystal Bern," pakilala nya sa akin sa kaibigan nya.

Masama ang kutob ko.

"Hi," matamis na ngiti ni Cindy at inabot ang kamay nito pero tiningnan ko lang ito. Dapat ko ba tanggapin yan?

"Love?" bulong ni Jamila kaya napatingin ako sa kanya. Lihim akong napabuntong hininga nang makita ang matamis na ngiti nya.

"Nice to meet you, Miss." Bati ko sa babaeng kaharap at naki

[Content truncated due to length]

CHAPTER 35

-

Mabuti at hindi ako ang host. Ano kaya gagawin ni Jami sayo Kb? ibitay ka rin kaya nya?

Perhaps.

"Ingay nyo naman, pwede ba tumahimik kayo?" Sagot ko habang papasok ng opisina ni Jamila.

"What's wrong?" Salubong niya kaagad pagkapasok ko.

Feeling ko tuloy gusto ko kumain ng popcorn.

Tell her.

Sabihin mo na Kb.

"Oo na, tumahimik na kayo please lang at iniisip ko kung saan mag uumpisa." Sumasakit ang ulo ko dahil sa kanilang dalawa, kanina pa nila ginugulo ang isipan ko.

"Kb?" Tawag ulit sa akin ni mahal bago ako pinaharap sa kanya.

"Mahal, may aaminin ako." Lakas ng tibok ng puso ko, ngayon lang ako kinabahan ng ganito.

"Yes?" Hinila niya ako sa sofa, umupo sa legs ko bago inayos ang mga buhok na nakaharang sa mukha ko.

"Do you have a problem?" Tanong niya, tumango ako.

"Tell me?"

"Kiss mo muna ako." Ngumuso ako at agad niyang hinalikan ang labi ko.

"There, so tell me what's your problem."

Tumikhim ako at mapaklang ngumiti, kabado ako dahil inaasahan ko talagang magagalit sya.

"Diba sabi ko sayo may babaeng humalik sa akin kanina?" Panimula ko, tahimik lang sya at marahang tumango.

"Tapos pumunta ako ng hospital, diba?" Dagdag ko at tumango ulit sya. Kahit sobrang kaba sinalubong ko talaga ang kanyang mga mata, ayaw ko pagdudahan nya ako sa sasabihin ko.

"Yung humalik sa akin mahal nakasabay ko ulit kanina sa elevator…" hindi sya nagsasalita at hinihintay lang na matapos ang aking kwento.

"Then sobrang dami pumasok kaya siksikan na kami sa loob. Yung babae na humalik sa akin niyakap ako, hindi lang yakap…" tigil ko at ipinakita sa kanya ang leeg ko na may chikinini nong Cindy. "Ayan, nilagyan nya ako. Hindi naman kasi ako makakilos ng maayos kasi sobrang sikip talaga sa loob at hindi

ko rin sya magawang maitulak…" mabubuhay pa naman siguro ako pagkatapos ng gabing to?

"Sinabihan ko sya na may asawa ako… Nagulat na lang ako kanina kasi yung babaeng tinutukoy ko ay kaibigan mo pala mahal." Her eyebrow flinched pagkatapos ko banggitin ang kaibigan nya.

"You mean Cindy?" direktang tanong nya. Kaagad akong tumango ng maraming beses at bahagyang ngumuso.

Baka isipin ni Jamila na ginusto ko ang nangyari. Hindi ko ginusto at kaya ko nga inaamin sa kanya ang totoo kasi ayaw ko pagdudahan nya ang pagmamahal ko.

"I'm sorry, hindi ko sinasadya at mas lalong hindi ko ginusto ang nangyari. Sisihin mo ang kaibigan mo kasi ang landi nya." Prangka na sabi ko sa kanya. Landi kasi masyado ng babae na yun.

"Why are you scared?" tanong nya. Sa tono ng pananalita hindi naman mukhang galit. Hindi ba sya galit sa ginawa ng kaibigan nya?

"Kasi alam kong magagalit ka." Agad na sagot ko.

Tipid nya akong nginitian at hinaplos ang aking pisngi, "I know," sambit nito dahilan upang mapakunot ang aking noo.

"Huh?"

Hinalikan nya ang magkabilang pisngi ko at ngumiti, "Cindy told me earlier that she kissed a PU student but couldn't remember her name. I know you're the woman she was talking about because you told me what happened between the two of you."

"She also mentioned that you met again at the hospital and teased you so much that she left a kiss mark on your neck."

"Cindy confessed to me, so I know everything. Ang hindi niya lang alam ay ikaw ang asawang tinutukoy ko."

Natulala at napanganga ako sa kanyang sinabi habang abala sa paghaplos ng aking pisngi. Alam nya pero hindi ba sya galit? May reason din naman para magalit siya sa akin.

"Hindi ka galit, mahal?" Tanong ko, ngumiti siya at umiling.

"I understand the situation. Maybe I'd be upset if she already knew I was your wife and still kissed you. I've known her since high school, so I'm very familiar with her demeanor. She looks exactly like Pixie." Paliwanag ni Mahal sa akin.

Safe ako?

"I was just waiting for you to admit it. I hoped you would tell the truth, and I am glad you did." Napabuga nalang ako ng hangin dahil sa mga narinig ko mula sa kanya.

She lifted my chin with her forefinger. She kissed my lips first, then sofly sucked on the part of my neck where the kiss mark remained. Napatingin ako sa kisame at tapik sa kanyang ulo. Hindi ko na pala kailangan sabihan si Jamila dahil alam na kung anong gagawin nito.

Matapos ng usapan namin ay inaya na nya akong umuwi dahil may gagawin daw kami. Hindi na rin tuloy ang outdoor cinema dahil sa nangyaring pag sunog namin ni Iris sa broadcasting room kanina.

Pagdating ng bahay ay dumiretso kami kaagad sa kwarto. Iniwan nya ako saglit dahil may kukunin daw ito, nagulat na lang ako pagbalik niya dahil may bitbit ng suitcase ang asawa ko.

"Ano yan mahal?" tanong ko.

Hindi sya sumagot. Binuksan niya ang suitcase at napalunok nalang ako ng makita ang nilalaman ng suitcase nito.

"Let's play a game," sabi nya. Kinuha ang isang revolver, dalawang bala at inabot sa akin.

Anong laro gagawin namin? kinakabahan ako sa binabalak ni Jamila.

"A-Anong laro mahal?" Kabadong tanong ko.

"I'll forgive you if you make it through this game." Napanganga nalang ako sa sinabi nya, anong game? Diba sabi nya hindi sya galit?

"A-Anong game po?"

"It's known as a luck game. If you're still alive after I shoot twice. I will excuse you." Mas naging doble yung kaba ko matapos nya ni rotate ang cylinder at magkasunod na pinasok ang bala sa chamber nito.

"M-Mahal, diba sabi mo hindi ka galit? Sabi mo naiintindihan mo ang sitwasyon. B-Bakit may ganitong laro tayo?" Bakit ganito, seryoso ba talaga sya sa larong to?

"I explained that I understood pero hindi ko sinabi na pinapatawad kita dahil sa selos na nadarama ko." Ito yata ang magiging dahilan ng kamatayan ko.

"Mahal, bakit naman gan—" I was in the middle of a sentence when she suddenly pulled back the hammer and pointed the gun at me.

"I'll give you a chance. You're the first to move," she said and smiled.

Diba dapat yung kaibigan nya ang barilin nya dahil ito naman ang may kagagawan ng lahat? Bakit ako na nananahimik lang bigla nalang nadamay.

"H-Hindi ko kaya, paano na lang kung pumutok yung un—" hindi ko na naman natuloy ang aking sasabihin. Napayuko nalang ako matapos nya kinalabit ang gatilyo at napatingin sa gilid ng paanan ko.

Feeling ko ang putla ko dahil sa sobrang panlalamig. Seryoso nga talaga sya sa gusto nitong mangyari. Paano kung magkamali kami at mamatay dahil sa kalokohan ni Jamila.

"Mahal."

She spun the cylinder, pulled the hammer back once more, and aimed the gun at me.

"Hindi ko gagawin ang pinapagawa mo, kung gusto mo ikaw nalang. Iputok mo pero wag kang umiyak pag namatay ako." Direktang salita ko at inilapag ang revolver sa kama.

Nilapitan ko ito, hinawakan ang kanyang kamay at ako mismo ang nagtutok sa aking noo, "Go, pull the trigger po." Hamon ko pero sa totoo lang sasabog na talaga ang puso ko sa sobrang kaba.

Hindi nya naman siguro ipuputok yan?

Hindi ka sure, nakakatakot magselos si Jami! Waaaa paano nalang kung iputok nya talaga yan?! Bwesit ka Kb!

Let's just see.

Edi patay tayong tatlo kung may bala ang susunod nyang tira.

I closed my eyes and swallowed hard, my pulse hammering in my ears. Despite the cool air from the air conditioning, a thin layer of sweat formed on my brow. Minutes felt like hours until I finally heard Jamila sigh. Cautiously, I opened my eyes—only to be caught off guard as she suddenly pulled me into a tight embrace and pushed me onto the bed.

"I'm sorry," she whispered, her voice barely audible as she buried her face against my stomach, nuzzling it gently.

I patted her head at inagaw sa kanya ang baril. Itinutok ko ito sa TV bago kinalabit ang gatilyo at pagkatapos umalingawngaw ang ingay sa loob ng kwarto.

What the fuck?!

Patay na siguro kaming tatlo ngayon kung pinutok ni Jamila ang baril sa ulo ko.

"Gusto ko na magpalit ng host," bulong sa sarili ko.

Ayaw ko!

Nope.

"Love," tawag nya at inangat ang kanyang ulo.

"P-Po?" kinakabahan parin ako, baka mamaya may palaro sya na mas malala pa rito.

"I said I'm sorry." She sat up, her eyes searching mine before she slowly crawled up, closing the distance between us. Then, without hesitation, she pressed a soft, lingering kiss on my lips.

Ngumiti nalang ako at niyakap sya ng mahigpit. Ang angas ko sa iba pero tiklop naman pagdating sa asawa, pati si Bern takot sa kanya.

"Wala ka naman dapat ikaselos mahal dahil tatlo kaming nagmamahal sayo. Para sa amin ikaw na ang pinaka perpektong babae sa buong mundo."

Sinasabi ko lang ang totoo, lahat nasa kanya na at wala na talaga kami mahihiling pa. Kahit pa siguro ipagtabi sya sa thousand of women, sya parin ang pipiliin ko at wala ng iba. Ngumiti si Jamila, pinaulanan ng matatamis na halik ang labi at mukha ko. Ang swerte at sweet ng asawa ko kaya malabong ipagpapalit ko sya sa ibang tao.

"Mahal na mahal kita Jamila, kung dumating man ang panahon na mawala ako o kung sino man sa

aming tatlo sana walang magbabago sayo." I whispered and hugged her tightly.

Nagtataka ako kasi bigla na lang ito tumahimik. Napagtanto ko nalang na umiiyak na pala ito matapos ko iangat ang kanyang ulo.

"Mahal? Why are you crying?" nag-aalala na tanong ko.

Umiling sya at tipid na nginitian ako, "I love you so much." Mahinang bulong nya. Parang nasasaktan ako para sa kanya.

"Wag ka na umiyak, alam mo na ayaw kong umiiyak ka. Hindi ka na talaga nagbago at napakaiyakin mo parin sa tuwing kasama ako." Pagpapatahan ko sa kanya saka dinampian ng halik ang kanyang magkabilang mata. Alam ko na ayaw ni Krystal mag fuse kami pero alam ko rin na darating ang panahon na isa nalang sa amin ang mananatili.

Wag mo kasing sabihin na may mawawala dahil nasasaktan sya! Ikaw talaga lagi ang dahilan kaya umiiyak si Jami!

Hindi ko naman sinasadya at nagsasabi lang ng totoo.

"Tahan na po, nagagalit na si Krystal sa akin kasi umiiyak ka," sabi ko sa kanya.

Hindi nya ako sinagot, ibinaon nalang nito ang kanyang mukha sa aking leeg at mas lalong hinigpitan ang kanyang yakap. Marahan kong hinaplos ang kanyang ulo, hinayaan ko sya dahil sa tingin ko pagod na pagod sya. Nagpasya nalang ako na kantahan si Jamila hanggang sa namalayan na tulog na pala sya.

I know sinabi nya kay Krystal na okay lang sa kanya kung mawala kami ni Bern, pero deep inside alam kong nahihirapan at nasasaktan siya ngunit ayaw lang ipakita dahil takot sya na baka masaktan ulit si Krystal.

Hindi ko alam kung bakit tinatago ni Jami ang totoong nararamdaman nya?

Because she doesn't want to hurt you.

Pero nasasaktan sya? Ayaw nya ako masaktan kaya sarili na lang ang sinasaktan nya? Gano'n ba?

"Kasi mahal niya tayong tatlo at ayaw nya na may mawala ni isa sa atin," sagot ko.

Sinabi ko naman sa kanya na tanggap ko na ang lahat at wala akong plano na mag fuse sa inyo.

"Oo nga pero baka dumating yung panahon na may mawala. Natakot siguro dahil sa sinabi ko kanina kaya umiyak si Jamila."

Oh edi kasalanan mo! Bobita.

She's too soft.

"Don't leave me… stay with me," rinig kong mahinang salita ng asawa ko.

Nananaginip na si Jami.

"Matulog na tayo," sabi ko sa dalawa.

Hinalikan ko muli ang kanyang pisngi, "Goodnight mahal," bulong ko bago tuluyang ipinikit ang aking mga mata.

—

Kasama ko si Iris, nakasalubong ko sya kanina kaya sabay na lang kami kumain ng agahan. Si Jamila maaga rin umalis at hindi ko alam kung saan nagtungo. Susulitin ko nalang ang araw na ito dahil bukas si Bern na ang magiging host namin.

"Pero ano nga kasi ginawa ni miss sayo, Kb?" kanina pa nya ako kinukulit tungkol d'yan.

I'll just make it short, "Binaril paanan ko," sagot ko, bigla nalang ako tinawanan.

"Parehas lang pala sila ni uno HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAH." hindi na ako magtatanong at halatang binaril na rin sya.

Hindi pa namin nakikita ang iba, hindi rin namin alam kung saan sila. Sana walang katulad ni Cindy ang makaharap ko ngayon at baka hindi lang baril ang itutok ni Jamila sa susunod.

"Hoy!"

Sabay kami napatingin kay Sj na kakapasok lang ng booth.

"Nandito lang pala kayo! iwanan nyo na ang pagkain at kanina pa namin kayo hinahanap!" sabi nya bago hawakan ang braso naming dalawa ni Iris.

"Bakit? kita mo naman kakasimula lang namin!" sagot ni Iris. Hindi na ako umangal at alam ko na kukulitin lang ako, isa pa, I'm trying to pretend na si Krystal at the moment.

"Ano ba yan!" padabog na tumayo si Iris at wala ng nagawa kundi ang sumunod nalang.

Sinundan lang namin sya hanggang sa makita namin ang ibang kaibigan at may kasamang mga bagong mukha. Hindi ko sila kilala at sa tingin ko mukhang close naman nila ang isa't isa.

"Luh gago! anong ginagawa nyo rito ha?" tanong ni Iris sa mga bagong mukha.

"Dumadalaw, hindi nyo man lang kami inimbitahan sa festival nyo," sagot nong isa.

Matatangkad at magaganda sila, hindi yata sila students ng PU.

"Hindi ka naman gold Pax?" agad na sagot ni Iris sa babae. Tahimik lang ako dahil wala naman akong kilala sa mga ito, gusto ko sumabay pero wala akong gana.

Hala hoy! Kb palit tayo! Miss ko na sila.

Finally at makakapagpahinga na ako, kagabi ko pa gusto magpalit matapos ng ginawa ni Jamila sa akin. Hindi ko ba alam pero nanghihina ako ay basta hindi ko maipaliwanag, pagod at kulang sa tulog lang siguro.

Sige, tulog muna ako.

"Hoy horsey!"

"Hoy!"

"Nag loading na naman siguro utak ni unggoy."

"Halakaaaaa! Mabuti at naisipan nyo dumalaw sa festival. Si babe sisihin nyo kasi hindi nya kayo inimbitahan," sagot ko.

Wala talaga akong plano mag host pero bigla nalang sumulpot ang mga bruha. Ang tagal kaya namin hindi nagkita kaya nagpasya nalang akong mag host dahil sa tingin ko pagod din si KB. Sa susunod ko nalang sya ipapakilala kapag okay na ang lahat.

"Beanini hindi ka yata tumangkad?" gaga tong si empakta at si Bea agad ang inaasar.

"Bakit ba height ko pinoproblema mo? Kapal mo, halos same height lang tayo?" sagot nito sabay erap kay empakta.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Bakit hindi nyo kasama si Kai?" tanong ni empakta.

"Lumipad sa mars," sagot naman ni Pax.

"Sayang naman, sana sinamahan nyo at baka nawala pa.” Pang-aasar ni empakta.

"Since nandito kayo papakilala namin ang ibang miyembro ng CCB sa inyo." sabi naman ni Aaar eeeL.

"May nadagdag sa grupo nyo? kayong lima pa lang nga sakit na sa ulo, bakit nag dagdag pa kayo?" direktang sagot ni Bea.

"Gano’n talaga Beanini, kailangan namin minimum of 10 members para sa club BAHAHAHAHAHAAHAHAHAHA." happy naman masyado ni babe, maganda siguro bungad nito kanina paggising.

"Tangena naalala ko, after festival acceptance pala ng first year students!" Singit ni empakta.

"Oo nga no, gage." pati yata si Aaar eeeL nakalimutan.

“Tara, punta tayo cafeteria baka nando’n sila Pie." sabi ni Babe.

Dumiretso kami ng cafeteria, tinawagan na rin namin ang iba at sinabing may ipapakilala kami sa kanila. Kasalukuyan kaming naglalakad ng bigla nalang kami pinatigil ni babe at nilapitan ang isang malaking box na parang size ng refrigerator?

"Ano gagawin mo d’yan, Babe?" tanong ko.

"Hoy Tansan at Pax, dito kayo, try nyo buhatin dali!" tawag nya sa dalawa. Ano gagawin nila d’yan? baka isa ulit sa mga kalokohan ni Babe, kung ano nalang talaga ang trip nya sa buhay.

"Ano ba gagawin?" tanong ni Pax pagbalik nila sa amin at bitbit na ang malaking box.

"Basta BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Hoy si Jake yun diba?" turo ko sa kanila ang nasa unahan na lalaki at mag isang naglalakad.

"Kawawang bebeboi namin na yan at mag-isa, lungkot naman ng buhay nya kaya pasayahin natin pansamantala." sabi ni Babe.

"Tansan at Pax, kita nyo yung bebeboi namin?" sabi nya sa dalawa, "Bitbitin nyo tong box tapos ikulong nyo sya BAHAHAHAHAHAHAHAAHHAHA." utos nito at humagalpak ng tawa, kaloka.

"Bungad agad Sj, kakakita lang ulit gusto mo agad dogshowhin." sabi ni Bea at sumabay sa tawanan.

"Dali dali, BAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

So ayun nauna na silang dalawa habang kami nasa likod at mahinang nagtatawanan habang sinusundan sila. Hindi naman siguro mahihirapan ang dalawa since mas matangkad sila kaysa kay empakto. Bitbit ang malaking box ay kaagad nila itong nilapitan, inangat ang malaking box at mabilis na ibinagsak kay empakto dahilan upang makulong ito.

"Hoy! alisin nyo to!" sigaw ni empakto, umikot-ikot na parang sumasayaw at sinusubukan makawala.

"Kawawang bata, umagang-umaga napagtripan nyo na." Lungkot siguro ng buhay ni Bea kasi palagi nalang seryoso sa buhay.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Mabilis kaming tumakas, iniwan si empakto na nagsisigaw at nasa loob pa rin ng box. Sa sobrang likot nya ay nabubundol na sya sa pader, pwede naman yun maalis kung inaangat nya! Tanga.

Pagpasok ng cafeteria akala namin nandito sila Jami pero wala pala. Dumiretso nalang kami kaagad sa itaas at hinintay ang ibang CCB upang ipakilala ang mga bagong kaibigan.

"Buti pa Doraemon mag order ka na habang wala pa sila, para hindi na tayo maghintay ng mas matagal pa." suhestiyon ni Babe sa kanya.

"Okay."

"Akala ko nagbibiro lang kayo. Nag-aaral pala talaga ulit kayo." Kanina pa paulit-ulit si Pax.

"Mukha ba kaming joke? yung mukha siguro ni unggoy, yan ang legit na joke." mabilis kong sinabunutan ang buhok ni empakta dahil sa sinabi nya.

"Ako trip mo ha? gusto mo ihulog kita empakta?" banta ko.

"Kasalanan kasi yan ni horsey ko, gusto nya mag-aral ulit edi sumabay na lang din kami BAHAHAHAHAHAHAAHHAAHHA."

"Dami nyo namang time, parang walang problema ha." sagot ni Bea.

"Ganyan ang buhay, ini-enjoy lang habang bata pa Beanini." sabi naman ni Aaar eeeL

Habang abala sila sa usapan ay ako naman abala sa pag scroll ng aking socmed. May nakita akong

prank at sa tingin ko bagay to para sa kanila.

"Hoy! tingnan nyo to, gawin nga natin to." tawag ko sa kanila at pinakita ang video na aking nakita.

Habang abala sila sa panonood ay bigla namang sumulpot ang iba naming mga kaibigan. Isa-isa namin sila pinakilala at sa tingin ko good vibes naman silang lahat.

"Bwakinangsheyt bet ko to horsey BAHAHAHAHAHAHAAHAHAHA dalawa sa kanila at CCB para patas." pagsang-ayon ni Babe sa pinakita ko.

"Anong gagawin ha? Siguro pinatawag nyo lang kami para ipagawa ng mga kalokohan na naisip ninyo." ang talino ni hell sa mga ganito, agad nya nahulaan ang gusto ko.

"Tumahimik ka at ang baho ng hininga mo!" halaka, ang tapang ni tanso at baka nakalimutan nya na Ponferrada yan kaso hindi nga lang halata.

"BAHAHAHAHAHAHAHAAHHAHAAHA."

"Huh?! ako mabaho ang hininga?! kamusta naman ang putok mo sa kili-kili?!" singhal ni hell sa kanya.

"Pota HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"HAHAHAHAHHAHAHAHAHAHAHAHA." hitsura ni tansan sasabog na yata sa sobrang pula.

"May putok ka pala e HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA." tawa ko.

"Ano ba yan Pax! Para kang bata kung kumain!" napatingin kami kay Pax na kasalukuyang pinupunasan ni babe ang bibig nito dahil sa nagkalat na icing.

"Para ka namang tanga Sj, tingnan mo mukha mo. Para ka rin bata, hindi ka na talaga nagtanda." sunod naman si Aaar eeeL. Kaloka tong si babe at sya rin pala may nagkalat na icing sa bibig.

Kailan pa sila kumain ng cake?!

"Tangena ka Tansan, harap ka saglit! ano ba kayo kung kumain! dinaig nyo pa si unggoy sa pagkaburara." inis akong napatingin kay empakta ngunit bigla rin nawala. Half sa mukha ni Tansan napuno ng icing pero ang buong mukha ni empakta sinakop ng icing, punyeta.

"Baliw na yata kayo." lahat kami tumango sa sinabi ni Bea.

"Tangena nyo HAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ang kalat nyo kumain ano ba! HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Ang lakas ng tawanan namin, nag record pala sila at sumasabay don sa trend ngayon. Hindi pa ba full storage yang cellphone ni Ag?

"Maghilamos nga kayo don, ang lagkit nyo tingnan." sabi ni Caddie sa kanila.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA tara na, balik din tayo kaagad."

Umalis ang apat upang maghilamos ng mukha, naiwan kami at sakto dumating ang mga inorder naming

pagkain. Ang dami pala inorder ni Ag! Well, okay lang at mauubos naman lahat ng to. Matapos kumain ay naglibot kami ng campus, puro nalang kain ginawa namin hanggang wala na kaming magawa at nagsimula na sila babe sa gagawin.

"Sige na hell, mag confess ka na dali! ito o singsing. Kung sinong unang babae na nakasuot ng black ang dadaan sa harapan natin ha." sabi ni babe at inabot sa kanya ang isang onion ring, gage.

"Teka lang." kinuha nya ulit ito kay hell at kinain.

"Tangena HAHAHAHAAHHAHAHAHAHA."

Nasa cottage kasi kami nakatambay ngayon. So yung dare nya kailangan gawin ay mag propose sa stranger na nakaitim na dadaan.

"Oh ito onion ring mo BAHAHAHAHAHA."

"Bakit ako pa? hindi ba pwedeng kayo nalang? O kaya sila?" maktol nito, itinuro sila Pax at Bea.

"Hindi pwede at mas bagay sayo. Sige na, para naman may thrill buhay mo HAHAHAHAHAHAHAHAHAH." sagot ni Aaar eeeL

"Tangena naman oh." kahit labag sa loob ay pumayag na rin ito sa gusto namin mangyari.

Mag sasampung minuto na pero wala pa ring nakablack na babae ang dumadaan. Puro kasi hotdog at wala masyadong babae na nakasuot ng itim.

"Pati kapalaran ayaw kayo pagbigyan, tingnan nyo at walang dumadaan." sabi ni Bea.

"Chill ka lang Beanini at may dadaan din BAHAHAHAHAHAAHHAA."

Masaya kaming nag uusap at hihintay ng bigla nalang tumayo sa gitna si Tansan at empakta.

"Gagawin nyo?" tanong ko.

"Eeeeef, uuuuuu, ccccccc, kkkkkk." sabay nila at bigla nalang sumayaw.

"One thing about us ay tayo ay bading…" punyeta akala ko pa naman kung ano ang gagawin nila.

"Pangarap hotdog ba't ngayon ay pandesal natin…" ako nahihiya sa ginagawa nila pero wala, tawa nalang kami ng tawa.

May hotdog naman si Iris at Pandesal kaya hindi na lugi si ma'am Everleigh.

"Meron syang asawa ngunit sa 'kin siya ay bumigay…" kaloka ng mga lyrics nila, ito siguro dahilan kaya magkadikit pa sila simula kanina.

"Pota kayo HAHAHAHAHAHAHAHAHAA."

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Galing naman at may twerk twerk pa nalalaman BAHAHAHAHAHAHA."

"Medyo manyakis, masarap kumpara sa kanyang hotdog guy." on beat talaga silang dalawa pero mas natawa ako sa huling birit ni empakta.

"E-E-E-EFFF FUCK MEEEEE."

"HAHAAHHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Tangena nyong dalawa."

Ang ingay dahil sa lakas ng mga tawanan namin. Ganda naman ng advertisement na yun at sobrang havey.

"Ayos ba performance namin? HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak ni empakta at nag high-five kay Tansan.

"Oo, pwede na kayo sa ph animal talent." sabi ni Bea kaya nagtawanan kami.

"Hoy may babae na nakaitim!" tawag ni Pax sa amin at tiningnan ang babae na papadaan ng cottage namin.

What the hell?

"Gorabels na hell BAHAHAHAHAHAHAH." Hinawakan nila empakta ang kanyang braso bago itinulak palabas ng cottage, muntik pa tuloy syang madapa.

"Go hell yeah, go hell ahhh, go hell ayeah." Pag cheer namin sa kanya.

Sinamaan nya lang kami ng tingin at hinintay ang babae na makadaan sa amin.

"Tulak mo R," bulong ni Bea kay Aaar eeeL kaya nilapitan nito si hell at malakas na itinulak dahilan upang mapaluhod ito at hawak sa legs ng babae.

"Omaygas BAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"I had no idea there were so many perverts at this school." sabi nong babae sa kanya bago ito yumuko upang tingnan sya.

"Gage HAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Yung babaeng niluhuran nya, ang babae naging dahilan kung bakit muntik na kami bawian ng buhay kagabi. Cindy Arnault, ang kaibigan ni Jami.

"Oooooo."

"Miss, this is for you." hindi nya pinansin ang sinabi ni Cindy at inabot sa kanya ang onion ring nito pota.

"HUHUBAHAHAHAHHAAHHAAHAHA."

"What am I gonna do with that?" taas kilay na tanong ni Cindy sa kanya.

"Kainin mo, kasi proposal ko?"

Puro nalang kami tawanan sa gilid habang pinapanood silang dalawa.

"Do you have a car?" tanong ni Cindy.

Narinig ko nalang na may pumapapak sa gilid ko at hindi nga ako nagkakamali, sila babe may nilalamon na, kasama si Pax at Bea.

"Yes."

"Do you have money?"

"Yes."

"Are you rich?"

"Yes."

"Can you spoil me in any way I want?"

"Yes."

"Ooooooo ulala mamamiya."

Kinuha nya ang onion ring ni hell at yumuko, hinawakan ang kanyang baba at bahagyang ibinuka saka nito isinaksak ni Cindy ang onion ring sa bunganga ni hell.

"Pucha HAHAHAHAHAHAHAAHAHAH."

"Then I'm sorry, but I have to decline your offer because I want to be the dominant one." nakangising direkta na sagot nito, tinapik ang pisngi ni hell at iniwan syang mag-isa.

Tulala ang Ponferradang hilaw.

"AHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAH."

"Rejected kawawa BAHAHAHAHAHAHA."

"Naniniwala talaga ako hell na wala kang pag-asa sa lahat ng babae HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." nagsalita ang tansan.

"Kapal mo tansan, wala ka rin naman pag asa. Isipin mo nakailang ulit ka binasted ni Jemama?" sabat ko kaya natahimik sya.

"Oh tameme ang tanga HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAA." saya ni Aaar eeeL, mukhang walang problema.

Si hell hindi parin naka move on at tulala parin si gaga. First time nya siguro na reject ng bongga at sa harap pa ng mga kaibigan nya.

"Kawawa kayong dalawa." itong si Caddie medyo malakas din mang asar.

"Tangena, ako? tinanggihan nya?!" ngayon lang yata natauhan si hell at padabog na tumayo.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHAH."

"Tanggapin mo nalang na pangit ka, wala na tayong magagawa pa." bwesit tong empakta na to.

"Tara bumawi ka hell, si tansan naman ipagawa mo ng dare HAHAHAHAHAHA." sabi ko at kaagad na hinawakan nila babe si tansan dahil mukhang tatakas pa.

Aalis na sana kami kaso biglang dumating sila Jami at sino itong kasama nila?

"Jaaaaaaami," salubong ko at niyakap sya una.

"Hello, po.” Bati ng mga kaibigan namin sa kanila.

"Is this your baby, Kathlyn?" tanong ng babae.

"Yes, my wife." sagot ni Jami sa kanya.

"Cute."

"You can't, she's mine." si Jami bigla nalang mambabakod kahit wala naman ginagawa si miss.

"I know." sagot nito at ngumiti sa akin. Sino kaya siya?

"Sino po kayo?” Magalang na tanong ni Babe.

“Oh, just a friend who came to visit PU.” Sagot ni Jami.

“Kate Monroe,” pagpapakilala ng babae sa amin. Halaaaaaa ang ganda niya at sobrang puti! Nabighani agad ang mga bruha kong kaibigan dahil sa ganda ni Miss Kate.

“Welcome po sa PU festival, sana nag enjoy ka.” magalang kong sabi sa kanya.

“Thanks,” tipid nito sumagot hmp.

"Alam nyo ba na nag propose si hell pero binasted sya?" nananadya talaga tong si empakta.

"Oh?" anong klasing reaksyon yan mula sa kanyang ate.

"Opo, kaso lang hindi umepekto charm nya kasi wala naman sya non kaya ayan ni reject proposal nya." segunda ni tansan.

"Pwede ba manahimik ka tanso? basagin ko mukha mo eh, makikita mo." asar talo si hell.

Hinila ko si Jami upang bumulong, "Si Cindy yung babae Jami, napadaan sya dito kanina at sya ang babae na nakatanggap ng proposal ni hell." sabi ko.

"She saw you?" ang layo naman ng sagot nya!

"Hindi yata? kasi focus lang ang mga mata nya kay hell kanina, bakit nandito sya? may business ulit kayong pag uusapan?" tanong ko.

"No it—"

"Presideeeeeent!" lahat kami napatingin kay empakto na sumisigaw.

"Anong kailangan mo?" tanong ko, hingal na hingal parang aso hmp.

"P-Pinapatawag kayo ng director!"

"Ha? Bakit?" tanong ni babe.

"Hindi ko alam? hindi naman ako ang director para masagot ang tanong nyo?" yung mga sagutan talaga ni empakto ang magiging dahilan sa mabilis niyang kamatayan.

"Pilosopo kang bakla ka." sabay batok sa kanya ni empakta.

Nagkatitigan bigla si Jami at ang Asteroid ni empakta, ngeeeeeee ano kaya ang meron?

"Dali na!" atat bwesit!

"Oo na! Kami bang lahat?"

"Hindi, ikaw lang at si VP." turo nya sa amin.

"Halaka baka— tara na unggoy! mauna na po kami at kita nalang tayo mamaya. Uno tawagan mo ako kung saan kayo!" punyeta at bigla nalang nanghihila, hindi pa ako nakapagpaalam kay Jami!

"Dahan-dahan lang empakta!" singhal ko bago hilahin ang buhok nya.

"Gago, baka ano! nalaman ni lolo yung ginawa natin kagabi? patay ka KB, ikaw ang nagpasabog non." kapal ng mukha nito, planado nya naman lahat ng yun!

"Hindi ako si KB! tulog na sya, sampalin kita e." sabay irap sa kanya.

May nagsumbong ba kay lolo? malabo na sinumbong kami nila Jami sa kanya. Malabo rin na yung mga estudyante kasi sabi ni empakta binayaran ni ma'am Everleigh ang mga yun para manahimik. Dumiretso kami kaagad sa director's office. Medyo kabado at baka pagalitan kaming dalawa ng empakta na to. Pagpasok namin ay nakita namin si lolo na abala sa kanyang lamesa. Seryoso nya masyado.

"Lo, pinatawag mo raw po kami?" agad na tanong ko.

"Oh nandito na pala kayo, maupo kayo." sabi nya.

"Bakit lo? may nagawa ba kaming kasalanan?" tanong ni empakta sa kanya.

"Gusto ko lang ipaalam sa inyo na kayo ang maglalaro mamaya para sa volleyball exhibition game kalaban ang mga apo ko.” diretsong sagot nya na ikinabigla naming dalawa.

Halaka, bakit kami? ang alam ko naka set na ang team at school na makakalaban ng PU. Anong dahilan at nagbago bigla ang isip nito?

"Bakit lolo? ano ba nangyari at kami? Kalaban ang demogons?" tanong ko.

"Hindi ako ang nag desisyon nito, galing dito ang mga apo ko. Sila mismo ang nag suggest sa akin na kayo ang maglalaro mamaya." sagot nito.

Kaloka naman sila, bored na ba sila masyado at may panahon pa silang mag suggest ng ganito kay lolo. Napakamot nalang kami ni empakta sa aming mga ulo.

"Sige na nga, ano pa ba magagawa namin kung sa kanila na mismo nanggaling. Yun lang po ba lolo?" tanong ni empakta.

"May nabalitaan din ako, may nahuli sa cctv camera na may nagtatalik sa paaralan ko." Jusko at biglang kinabahan ako.

Baka kami ni Jami yun? nahuli kami ni ma'am Everleigh pero hindi niya nakita at nasa opisina kami ni Jami sa mga panahon na yun.

"Hala lolo sino yan? dapat ipatawag ang mga estudyante na yan." sabi ko nalang.

"Hindi ko pa alam kung sino pero mamaya malalaman ko, sige na at makakaalis na kayo. Basta wag ninyo kalimutan mamaya, 3pm magsisimula ang exhibition ninyo." dagdag pa nito. Tumayo ako at aalis na sana nang mapansin na nakaupo parin ang empakta.

"Hoy! tulala ka d'yan, wala ka balak umalis ha?" sabi ko.

"H-Ha? tapos na?" parang baliw to.

"Oo, tara na at baka naghihintay na sila."

Nagpaalam kami at agad umalis. Itong si empakta napansin kong tulala simula noong pag alis namin ng opisina.

"Hoy! Ano ba problema mo at nagkakaganyan ka?" naiinis na ako ha.

"Gage unggoy, may problema yata ako." sabi nya.

"Ano?"

"Baka kami yung nahuli sa cctv na tinutukoy ni lolo." nag loading ang aking brain, anong sinasabi nito.

"Ha?"

"Wala! Tara na nga at miss ko na si uno, kailangan ko rin sya makausap." sagot nya at inunahan na ako.

Naguguluhan ako sa sinabi nya, pero napagtanto ko rin kaagad ng makalayo na sya.

Omg?!!

Sila?!!

Wag mong sabihin na nag jugjugan sila sa harap ng camera?!

HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

Halaka, patay talaga silang dalawa.

CHAPTER 36

-

"Unggoy, kanina ka pa nakasimangot d’yan!"

"Do I really need to wear this dress?" Tanong ko habang tinitingnan ang sarili sa kaharap na malaking salamin habang inaayusan ng katulong.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHHA."

"Ang unfair! Bakit kayo mga naka suits tapos ako naka dress?!" Inis kong sinigawan sila na nakaupo sa long sofa habang tinatawanan ako.

"Bagay naman sayo ang red dress keyboard, mas mahuhulog ng husto sayo si Miss pag nakita ka mamaya." Sabi ni Aaar eeeL at nag thumbs up kaya inikutan ko nalang ng mga mata.

Ang daya naman! Bakit kasi ngayon pa naisipan ni daddy tumawag ng family gathering.

"Keyboard, invited ba ang mga Miller?" Biglang tanong ni Ag.

"Siguro?" Hindi ko rin kasi alam at wala akong pakialam kung dadalo sila o hindi, ang mahalaga sa akin ay pormal na ipakilala si Jami sa buong pamilya.

"Ikaw doraemon, pupunta ba si miss Lorelei?" Tanong ni babe sa kanya.

Sinenyasan ko ang maids na okay na at makakaalis na sila. Naglakad ako palapit sa kanila at tumabi ng upo kay Aaar eeeL.

"Ha? Sa anong dahilan?" tanong nya.

"Wala ba kayong relasyon?!" bulaslas ko.

"Wala at malabong mangyari." sabi nya.

Tiningnan namin sya at mukhang wala namang problema sa kanya? Siguro nga walang namamagitan sa kanilang dalawa ni Ma'am Lorelei at nag assume lang kami?

"Ah gano’n ba?" Sabi ko.

Bakit parang kinakabahan ako, ‘yung kaba na parang may hindi magandang mangyayari? Basta ‘yung gano’n na feeling at ang hirap e explain!

"Mahina ka pala doraemon BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Sumilip ako sa phone at quarter to 8 na pala. Hindi pa rin ba dumarating ang mga pamilya namin at sila Jami?

"Hindi talaga maganda ang kutob ko sa gathering na to." Sabi ko at sabay silang lahat tumango.

"Ano pa ba inasahan nyo sa kanila kapag nagkita-kita na?" Sabi naman ni Aaar eeeL.

"True, no false."

Biglang may pumasok na katulong at sinabing nasa dining room na ang mga pamilya namin. Sakto rin ang pagsulpot ng isa at sinabing dumating na sila Jami kaya dali-dali namin silang sinalubong sa main door.

"Ano kaya ang pasabog ni daddy tonight?" Tanong ni babe habang tinatahak ang daan upang sunduin sila Jami.

"Meron nga ba?" Tanong ni Aaar eeeL.

"Let's see." Sabi ko

Siguro maganda ang surprise ni dad sa amin tonight kung may binabalak nga sya. Malapit na kami sa main door nang bigla itong bumukas at tumambad sa amin ang apat na naggagandahang demogons.

"Grabe ang expensive masyado ng mga babaeng to." Bulong ni empakta bago tumakbo at sinalubong ang kanyang nobya.

Lumapit ako kay Jami na nakasuot ng black sleeveless spaghetti dress. Uminit ang mukha ko dahil sa sobrang ikli ng kanyang suot at sexy back strap. Ang kinis talaga ng katawan lalo na ang mukha.

"Mako?"

Tiningnan ko sya at nginitian.

"Ang ganda mo sobra Jami, lalo na ang brown eyes mo… sobrang ganda." Pagpuri ko bago hinalikan ang pisngi niya.

"Look at you. The red dress you're wearing looks elegant on you." Bulong nya bago ako nginisihan at tiningnan ang aking katawan. Ngumuso ako bago tingnan ang mga kapatid ko na abot langit ang mga ngiti liban lang kay Ag na nasa gilid.

"Madaya nga sila, sabi mag dress kami pero tingnan mo… mga naka suits." Sumbong ko sa kanya.

"Mako,"

"Po?"

Ngumiti siya at pinisil ang aking pisngi.

"You're so beautiful tonight, I love you." Imbes na kiligin ako medyo sumimangot ako dahil sa sinabi nya.

"Tonight lang Jami? Hindi ba araw-araw?" Tanong ko at mahina naman itong natawa.

"Hoy unggoy! Mamaya ka na mag drama at pinatawag na tayo." Tawag ni empakta.

Umiling ako at hinawakan ang kamay ni Jami, "Tara, oras na para makilala nyo sila hehe." Hawak kamay namin sinundan ang iba.

Sabay kaming lahat nagtungo sa dining room. Pagbukas ng pintuan ay ang mukha ng mag asawang Miller agad ang aking nakita.

"Oho! Nandito na sila." Nakangiting salubong ni daddy at binati sila Jami.

"Pixie."

"ZB."

"Fay."

Tawag sa kanila ng mga magulang ng kapatid ko except lang sa mag asawang Miller na tahimik at walang emosyon. Hinila ko si Jami at sa mismong tabi ni daddy ito pinaupo, ako naman sa kabilang side nya.

Pinisil nya ang aking kamay kaya napalingon ako sa kanya, "You okay?" Tanong niya, agad akong ngumiti at tumango.

"Mimi, tigilan mo na po si kitten at baka hindi na makahinga."

"Ikaw din mommy! Ako tong anak mo tapos si Uno lagi mong niyayakap at hindi ako."

"Mommy, mamaya mo na po pisil-pisilin ang mukha ni Pie at baka mamaga pa yan."

Kawawa ang demogons dahil hindi makapalag sa mga mother-in-law nila. Lihim na lang akong natawa dahil sa mga reaksyon nilang tatlo matapos ambushin nila tita. Kami lang yata ni Ag ang tahimik sa aming lima, hindi kami maka relate at wala rin akong plano ipakilala si Jami sa mag asawang Miller.

"Bridgette hindi mo ba babatiin ang in-law mo?" Tanong ni Mimi sa ina ko kuno.

"In-law?" Taas kilay na tanong nya.

"Hindi mo ba—" Naputol ang sasabihin ni Mimi dahil sa pagtikhim ni dad.

"Mamaya na kayo mag usap at kumain na muna tayong lahat." Sabi ni daddy kaya tumahimik ang lahat.

Nasa kalagitnaan kami ng hapunan nang biglang magsalita ang aking ina-inahan.

"So anong ibig mong sabihin sa in-law kanina?" Tanong nito kay Mimi.

"Well…" kahit hindi ko tingnan ay alam kong sa akin nakatingin si Mimi.

"Please give me Krystal and leave her… ALONE." Biglang sabat sa usapan ni Jami kaya hindi natuloy ang sasabihin ng magaling kong ina.

Tahimik lang kaming kumakain ng mga kapatid ko habang nakikinig. Hindi ko na kailangan sumabat dahil kaya na yan ng asawa ko.

"What do you d—"

"I owned the Philippines' largest firearms manufacturer." Putol ni Jami sa kanya.

"What's your profes—"

"A licensed criminologist, a prestigious university professor, and a well-known author." Naubo ako sa muling pag sagot nya. Hindi pa nga natatapos ang tanong nakasagot na sya.

Binalingan ko si Jami at parang wala lang sa kanya ang mga taong kaharap. Patuloy lang ito sa pagsubo ng pagkain pagkatapos uminom ng tubig.

"What's your ba—"

"A Ponferrada." Putol nyang muli sa kanya dahilan upang humalakhak na ng tuluyan si daddy at ang iba.

Tinapunan ko ng tingin ang aking ina na namumula na pala sa sobrang inis ang kanyang mukha. She leans back and crosses her arms before opening her mouth.

"What makes you think I'd give you Krystal?" Hamon nito.

Susubo na sana ako nang biglang hinila ni Jami ang braso ko, hinawakan ang magkabilang pisngi at mabilis na binigyang halik ang labi ko sa harap ng maraming tao.

My eyes widen in shock, agad akong nagbaba ng ulo at takip ng aking mukha dahil ramdam ko na ang init, kahit hindi ko tingnan ay alam kong namumula na ako!

"That's because she's now my wife and a Ponferrada." Buong tapang na anunsyo nya sa harap nila daddy!

Katahimikan…

"And you have no right to refuse because you did nothing right for her to begin with." Dagdag pa ni Jami bago ito nginisihan.

"PWAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH," hagalpak ng baliw kong daddy kasabay ang tatlong kalalakihan liban lang sa ama kong masama ang tingin sa akin.

"Albrecht, bakit kayo tumatawa? Papayagan mo ba na ganito nalang?" Finally at nagsalita na sya, akala ko kasi hindi na marunong magsalita ang ama ko kuno.

"PWAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Baliw na.

"Daddy, alam mo ba nung mga bata pa kami kinukulong nila si horsey ko sa punishment room at doon nilalatigo?" Awtomatiko akong napalingon kay babe dahil sa sinabi nya! bibig nito!

"Talaga?" Pagkumpirma ni daddy sa kanya.

Napatingin ako sa kamay ni Jami na biglang humigpit ang hawak sa legs ko. Hindi ko nga pala sinabi sa kanya ang tungkol d'yan.

"Opo dy." Segunda ni empakta. Wala akong plano magsalita, mukhang hindi ko na rin kailangan dahil sila na ang bahala.

"Anong ginawa nyo pagkatapos?"

"Wala dy kasi ayaw ni keyboard at magagalit siya kapag nagsumbong kami sayo, pero si Iris po pinasabog ang opisina nya." Sagot ni Ag at itinuro ang namumutlang si Miller.

"PWA/BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA." Sabay na tawa nila daddy at babe, saya naman nila.

Tandang tanda ko pa nung pumunta kami ng opisina at may dalang bag si empakta. Akala ko kung ano, bomba na pala. Mabuti nalang walang napahamak dahil sa madaling araw naman nya pinasabog.

"Then nong highschool kami daddy, mas lalong lumala ang pagtrato nila kay unggoy matapos matuklasan ang tungkol kay Bern. Bobo kasi si unggoy dy kaya kay Bern sila umasa upang lumago ang negosyo nila. Kapag tumanggi ito at ayaw makipagpalit kay Bern nilulublob nila ito sa drum, tanda ko pa yun dahil muntik na mamatay si unggoy non sa pagkalunod." I bit my lower lip matapos magsumbong ni empakta.

Sya lang ang sinabihan ko noon, akala ko nakalimutan na nya pero hindi pala.

Ang kanina na tumatawa ay biglang tumahimik. Nilingon ko si babe at laking gulat ko na lang ang bigla niyang pagdampot ng tinidor at buong lakas na sinaksak sa kamay ng walang kwenta kong ama.

Kaya siguro ako kinabahan kanina dahil ito ang mangyayari. Mukhang planado na nila lahat ang gagawin, hindi man lang nila ako sinabihan para naman aware ako hmp.

Dinampot kong muli ang tinidor at tinusok ang steak saka isinubo kay Jami habang umalingawngaw ang sigaw ng lalaking sinaksak ni babe.

"Say aaaah Jami." Sabi ko sa kanya at nginitian.

Ngumiti ako nang makita ang pagbuka nya sa kanyang bibig at kinain ang isinubo kong steak.

"Albrecht!" Biglang sigaw ng tang-INA ko.

"Stay quiet." Saway ni daddy sa kanya.

"Pie! Close your eyes dahil nakakadiri tingnan to." Sabi ni babe sa kanya pero parang wala lang naman kay Ma'am Pixie ang nakikita.

Kumuha si Pixie ng tissue at pinunasan ang kamay ni babe na may dugo. Binalingan ko rin si Ziallyn at Ma'am Everleigh upang tingnan ang kanilang mga reaksyon pero katulad lang din kay Pixie, mga wala silang paki sa nakikita.

"Don't speak until I say so." Babala ni daddy sa mag asawa.

"Dad pinaso din po nila ang balikat ni keyboard, yung dalawang peklat sa balikat nya, gawa ulit ng sigarilyo nya." Sumbong naman ni Ag at itinuro muli ang lalaking naluluha at tinitiis ang sakit sa kanyang kamay.

"Maganda, may decoration na ang kamay mo." Sabi ko pero ang atensyon ko ay nasa pagkain at muling sinubuan ang aking asawa.

"Oh?"

"Yup, kaya bilang ganti pina pull out ko majority ng investors ng kompanya nila. Hindi naman mahirap

gawin lalo na kapag pangalan mo ang dinala ko," sagot ni Ag sa kanya at tipid na ngumiti.

"Magaling magaling! PWAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Itinulak ng kaibigan mo sa hagdan si keyboard dad kaya na hospital na naman." Nakikisali pa to si Aaar eeeL.

"Oho? Ano ulit ang ginawa nyo?" Tanong ni daddy.

"Paglabas ko ng kulungan dumiretso kami sa bahay nila at sinunog para tapos ang problema." Agad na sagot ni empakta at nagtaas ng kanyang ulo saka ngumisi, proud na sya nyan?

"PWAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Nakulong ka?!" Bulaslas ng magulang niya.

"Opo tita, pinakulong ni R BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Why?"

"She beat Brenton and suffered serious physical injuries, but don't worry, mom, she was only taken into the interrogation room." Sagot ni Everleigh.

"Nakipag away pa nga ako sa police kasi ayaw nila akong ikulong hays," abnormal ang empakta.

"Baliw kang bata ka." Sabay hampas ni tita sa ulo niya.

"Ang ibig sabihin puro lang pananakit ang natamo ng bunso ko sa inyo simula pagkabata?" muling salita ni daddy sa nakakatakot na tono kaya tumahimik ang lahat.

Hindi sumagot ang mag-asawa.

"Sumagot kayong dalawa!" Napaigtad ako sa lakas ng sigaw nya, ngayon ko lang sya nakitang ganito kagalit parang kanina lang tawa pa sya ng tawa.

"Bakit walang sumasagot sa inyo? Ngayon nagtatanong ako walang sumasagot?" Banta ulit ni dad sa dalawa.

Nanatiling tikom ang mag asawa.

"I see. Krystal, tell me kung ano ang ginawa nila sayo." Tanong nito ng direkta sa akin.

Wala sana akong balak magsalita dahil nasabi na nila babe ang halos lahat, but knowing him hindi sya titigil hanggat hindi ko sinasabi ang lahat. Humugot ako ng malalim na hininga at mahigpit na hinawakan ang kamay ni Jami sa ilalim ng lamesa.

"Lagi nila akong pinapahiya, pinapaluhod sa harap ng mga bisita at sinasampal. Pinagbantaan din po pala nila ako na kapag hindi ko sinunod ang gusto nila mapapahamak ang mga kapatid ko. Pinalayas din ako kahit ang lakas ng ulan, mabuti nalang nakita ako ni Jami. Simula non sya na ang naging gabay ko at nagtatanggol sa akin mula sa mga taong itinuturing kong mga magulang." Mahabang litanya ko at iniyuko ang aking ulo.

Gusto ko umiyak kasi naalala ko ang paghihirap na dinanas ko mula sa kanila pero pinigilan ko ang aking sarili.

"Miller…"

Ano kaya ang gagawin nya?

"Iniwan ko ang mga anak ko sa inyo hindi para saktan at abusuhin. Malinaw ang utos ko na alagaan nyo sila at ibigay ang lahat ng pangangailangan. Sinabi ko sa inyo na walang magiging problema basta lang tratuhin nyo sila ng tama…" ang lakas ng kabog ng puso ko, ngayon ko lang nakita si daddy na ganito kaseryoso. Mas nakakatakot pa pala sya kaysa kay lolo.

"A-Abrecht magpapaliwanag ak—"

"Paliwanag kamo? Sasabihin mo na nagsisinungaling ang mga anak ko?! Don't you fucking lie to me Miller! Lahat ng gusto at perang hiningi mo binigay ko dahil sabi mo para sa ikabubuti ng bunso ko, pero ano ang nalaman ko? Puro kabaliktaran ang ginawa ninyong mag-asawa!" Sigaw niya at buong lakas na hinampas ang lamesa.

Huminga ako ng malalim at tinapik ang balikat ni dad.

"Wag kang sumigaw, tinatakot mo sila Jami." Saway ko sa kanya.

Sabay namin tiningnan ang demogons na nanatiling tahimik at mga nakayuko ang ulo. Tingnan mo at natakot tuloy sila.

"Ehem," tumikhim sya at inayos ang sarili bago muling tiningnan ang mag asawa.

Tumayo ito at pumwesto sa aking likuran, ngumiti ako nang maramdaman ang kamay nya na tinatapik ang aking ulo.

"Hiniram ko ang mga apelyido nyo para itago silang lima mula sa mga kalaban. Hindi magtatagal babawiin ko na ang lima dahil oras na upang ipakilala sila sa publiko…"

"Glen, pinagkatiwalaan kita dahil sabi mo aalagaan at ituturing na tunay na anak ang bunso ko. Hindi ka na talaga nagbago, ilang beses kitang pinatawad at binigyan ng maraming pagkakataon…" He paused and placed his chin on top of my head.

"Ngayon bunso, sabihin mo kay daddy kung anong gusto mong mangyari sa mag asawa?" Tanong nya.

Tiningnan ko sila na pareho ng namumutla ang mga mukha. Ano nga ba ang dapat gawin sa kanila? Ngayon makakaganti na ako sa lahat ng pananakit nila. Matatapos na rin ang mahabang panahon na pagtitiis ko sa kanila.

"Sabihin mo Krystal, wag kang matakot dahil si daddy ang bahala sayo." Ulit nito.

Naikuyom ko ang kamao at ngumiti.

"Gusto ko pabagsakin nyo sila hanggang sa walang matira, ipatapon sa isla at ikulong don hanggang sa mamatay sila? I want them to suffer, iparanas sa kanila ang dinanas kong paghihirap mula sa mga kamay nila." Simpleng sagot ko sa kanya.

"Very good!" Bulaslas ni daddy.

Pumalakpak sya at biglang bumukas ang pintuan, pumasok ang mga nakaitim na lalaki at dinampot ang mag asawa.

"Albrecht! What's the meaning of this?!" Sigaw ni Glen, yeah that's his fucking name. Glen Miller.

"Narinig mo ang utos ng bunso ko, simula ngayon hindi nyo na ulit masisilayan ang liwanag. Alisin nyo na sila, ayaw ko makita ang mga pagmumukha nilang dalawa." Sabi ni dad.

Agad na kinaladkad palabas ang mag asawa habang nagsisigaw sa galit at nagmamakaawa na sana bigyan pa sila ng huling pagkakataon. Hindi na sila pinansin at pinakinggan ni daddy dahil buo na ang kanyang desisyon.

"Ah, stop." Tawag ko sa mga bantay.

"Why bunso?" Tanong ni daddy.

"Bago nyo sila dalhin…" sambit ko at walang gana na tinapunan ng tingin ang mag asawang Miller.

"I want them to kneel while asking for forgiveness, malay nyo magbago ang desisyon ko?" malamig na saad ko at itinuro ang sahig na kinatatayuan nila.

Ngayon lang to kaya dapat sulitin ko na dahil ito na ang huling pagkakataon na makikita ko ang mga pagmumukha nila.

"Ano pang ginagawa nyo? Luhod?" sabi ni daddy at sinenyasan ang mga lalaki na paluhurin sila.

"You have the audacity to humiliate us?!" Nanggagalaiti sa galit na sigaw ni Lora, asawa ni Glen.

"On your knees," banta ko.

"Hindi ako luluhod sayo!" Kahit anong gawin nila ay nakaluhod na ang mag asawa dahil sapilitan ko silang pinaluhod.

Tumayo ako at nilapitan silang dalawa, huminto ako mismo sa tapat ng mag asawa na nakaluhod at masama ang tingin sa akin.

Una kong hinarap si Glen at buong lakas na sinampal ang magkabilang pisngi.

"Thank you sa maraming taon na pagtitiis ko." Sabi ko at sunod na sinampal si Lora, "Salamat sa maraming taon na pananakit ninyo." Dagdag ko bago sila tinalikuran saka bumalik sa aking upuan.

"Okay, alisin nyo na sila sa harapan ko." Utos ko.

Kaagad silang dinampot at tuluyang kinaladkad palabas ng dining room habang sumisigaw. Biglang tumawa si daddy at hinarap ang ibang mga magulang.

"Sino pa sa inyo ang sinaktan at pinahirapan ang mga anak ko? Magsabi na kayo para isasabay ko nalang kayo ipatapon sa isla." Tanong nito sa kanila.

"Baliw po ang mga magulang ko dy kaya safe ako sa kanila," sagot ni empakta.

"Mahal na mahal po ako ng mag asawa, ako nga tong pasaway sa kanila BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Lagi pong wala si Mimi at Dada kaya malabo na saktan nila akong dalawa." Sunod si Aaar eeeL.

"Never nila akong sinaktan." Sabi ni Ag.

"Ooh, PWAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Bumalik ka na nga sa upuan mo daddy, hindi mo pa pinakilala ang demogons sa kanila." Saway ko dahil nababaliw na sya kakatawa, parang kanina lang gusto na nya magwala sa galit.

"Bago ang lahat gusto ko lang tanungin si bunso… Krystal, masaya ka na ba?" Tanong nya.

Ngumiti ako at tumango. "Sobra, thank you dad."

"Ito ba ang dahilan kaya pinatawag mo kaming lahat? Albrecht?" Tanong ng ama ni Ag.

"Oo at para na rin ipaalam sa inyo ang mangyayari sa nalalapit na event. Una sa lahat, gusto ko kayong pasalamatan sa mahabang panahon na pag-aalaga ninyo sa aking mga anak. Alam kong mga pasaway at hindi madaling alagaan sila. Pangalawa, gusto kong humingi ng tawad sa bunso ko dahil napunta sya sa mga walang kwentang pamilya. Kung nalaman ko lang ng maaga ang lahat—"

"It's okay, okay na po ako at masaya na 'ko kung anong meron ako ngayon." Putol ko sa sasabihin nya dahil baka maiyak na ako ng tuluyan.

"I'm sorry bunso." Ngumiti nalang ako at tumango.

"Gusto kong ipaalam na sa nalalapit na pasko ay ipapakilala ko na silang lahat sa publiko bilang mga anak ko. Ibabalik ko na sa inyo ang hiniram kong mga apelyido at dadalhin na nila ang apelyido ko, bilang isang Albrecht. Wag kayong mag-alala dahil mananatili parin naman kayong mga magulang nila"

Patuloy lang sya sa pagsasalita habang kaming lahat ay tahimik lang na nakikinig sa kanya.

"Sinabi ko na sa inyo ang dahilan kung bakit, kaya hindi ko na kailangan ulitin pa." Oo nga, ipapakilala kami para gawin nyang bait sa kalaban.

"Baka mapahamak sila sa desisyon mong yan." Sabi ni Dada.

"No need to worry, alam na nila at may plano kami para d'yan." Sagot ni dad at kinindatan ako kaya napaikot na lang ako ng mga mata.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Bago matapos ang gabing to!" Masiglang sabi nya.

"Gusto kong ipakilala sa inyo ang mga babaeng napili nila. Ang mga babaeng binigyan nila ng heirloom rings na bigay ko sa kanila." Dagdag pa nya at nginitian ang demogons.

"Ring?" tanong ni ma'am Everleigh.

"Yes anak, hindi pa ba pinasuot ni Iris sayo?" Sagot ni dad, biglang lumingon si Everleigh kay Iris.

Mukhang hindi pa yata, patay yan mamaya sa asteroid nya.

Kinuha ko ang kamay ni Jami. Sabay namin inangat nila babe at Aaar eeeL ang kamay ng demogons upang ipakita sa kanya ang tinutukoy ni daddy na singsing.

"Ito po," sabi ko.

"Hindi na pala pyesa ang suot mo Pixie?" tanong ng mommy ni babe.

Si ma'am biglang pinamulahan kasunod ang pagtango ng kanyang ulo.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Pyesa?" Tanong ni daddy.

"Pyesa po ang ginamit niyang singsing na proposal dad," sagot ni Aaar eeeL.

"PWAHAHAHAAHAHAHHAHAHAHAHA," sabi na e, tatawa lang yan.

"Gusto ko sana e prank si pie kaso lang po may nangyari hehe." Ang awkward ni babe, anong prank kaya ‘yun?

"Bakit wala sayo, anak?" Tanong ni tita kay Ag.

"Wala po akong karelasyon," simpleng sagot nya.

"Paano magkakarelasyon si doraemon tita? Saka lang yan nagsasalita kung kinakailangan at kung feel nya lang magsalita." Sabat ni babe.

"Maghanap ka na Ag, hindi pwedeng wala kang ipakilala sa amin ng mama mo," sabi naman ni tito at tumawa.

Akala ko talaga may relasyon sila ni ma'am Lorelei o hindi kaya si Cassandra? Mukhang mali ako.

"Don't worry pa," nakangiting sagot ni Ag sa kanya.

"Attention please." Sabi ni daddy kaya napunta ulit sa kanya ang atensyon naming lahat.

"Hindi nyo pa siguro alam pero lahat sila ay Ponferrada, mga apo ni Steve…" at sinimulan na nga nya ipakilala sila Jami.

"This is Pixie," pakilala nya kay ma'am sa mga magulang at sunod binalingan si Jami, "Kapatid ni Kathlyn," sabi nya at ngumiti naman si Jami.

Sunod nya binalingan si Ziallyn na kanina pa tahimik, "Her name is Ziallyn at ang huli ay si Fay, ang kinababaliwan ni Iris," dagdag pa nito at tumawa.

"Mas baliw po si Sj at R dy," singit ni empakta.

"Mga understanding po sila," sabi ko at nginisihan ang tatlo. Ako lang siguro ang hindi under sa aming lima, pusta ko pa ang cake ko.

Si daddy tumawa ulit ng malakas bago nagpatuloy sa pagsasalita.

"Mga anak, gusto ko ipakilala sa inyo ang mga tumayong magulang nila. Siguro naman alam nyo na hindi talaga nila totoong mga anak ang mga babies ko?" Tanong nya sa demogons at sabay tumango ang apat.

"Good," sambit nito at itinuro ang mag asawang De La Fuente.

Una nya pinakilala ang mag asawang De La Fuente at ipinakilala sa kanila ang bagong business na proposal ni tito sa kanya.

Sunod na ipinakilala sila Mimi at Dada. Si Mimi ay isang sikat na Hollywood actress at si Dada naman isang direktor sa isang kilalang kompanya sa America.

Kasunod non ay ang mag asawang Smith. Bigatin si empakta lalo na ang kompanya nila. A company among the top ten insurance companies in the world. An insurance company based in Italy. Also, It operates around the globe in over 50 countries and boasts a very impressive 67 million customer base.

Huli nito pinakilala ang mag asawang Sy. They had a large number of hotels and restaurants in the Philippines.

Syempre hindi na kailangan ipakilala ang akin dahil wala na sila. Wala rin akong pakialam at hindi naman sila mahalaga.

Medyo naiinggit lang ako sa kanila dahil may mga mabait at mapagmahal silang magulang. Magkasundo na rin ang demogons at ang tumayong mga magulang. Gusto ko rin sana ang ganyan kaso wala naman ako, tanging si daddy lang ang meron ako.

Gusto ko rin makaranas ng pagmamahal ng isang ina.

"Mako?" Bulong ni Jami.

Right, bakit pa ako maghahanap kung nandito naman ang asawa ko na kayang ibigay ang lahat ng pagmamahal na gusto ko.

"Are you okay?" Tanong niya, tumango ako.

"Yup, masaya lang kasi malaya na talaga ako. Thank you Jami," sabi ko at tiningnan ang mga taong masayang nagtatawanan sa harapan ko.

Matapos ang hapunan at mahabang oras ng usapan ay nagpasya na kaming magpaalam. Medyo late na rin at may kailangan pa pag usapan sila daddy at ibang pamilya.

"Talaga bang iiwanan nyo na si daddy? ipagpapalit nyo ako sa mga babae nyo?" ewan ko nalang sa kanya at nagsisimula na naman magdrama sa harap ng maraming bisita.

"Daddy parang sira! Anong oras na o at may big event pa bukas sila pie." Saway ni babe sa kanya kaya wala na siyang magawa kundi ang ngumuso nalang.

"Halaka! Bukas din pala magaganap ang runway natin mga shunga." Bulaslas ko matapos maalala na hindi lang pala ang demogons ang may event bukas.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Punta nalang kayo bukas dy kung bored ka na sa buhay mo." Sabi ni empakta.

"Tama tama."

"Okay PWAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Fay! I'll see you again tomorrow, baby, manonood kami ng pageant at mag ingat kayo. Sabihan mo ako kung may ginawang kalokohan si Riri, okay?" Itong si tita hindi ko alam kung si ma'am Everleigh ang anak nya o si empakta, halos ayaw niya na ito pakawalan.

"Yes mom, don't worry."

"Luh, edi sabaok lahat all. Swap parents nalang kaya tayo uno? Total mukhang mas gusto ka pa nila kaysa sa akin at mas gusto ako ng mga magulang mo kaysa sayo?" Walang sense na suhestiyon ni empakta.

"Mommy, bumitaw ka na at aalis na sila Riri." Saway sa kanya ni tito, ayaw kasi talaga nya pakawalan si ma'am. Napailing nalang ako habang sunod-sunod tiningnan ang ibang pamilya. Katulad kay ma'am Everleigh, sobrang close na ng iba ang mga parents.

"See you again, Mi," paalam ni Ziallyn at niyakap si Mimi.

"Take care po," paalam naman ni ma'am Pixie kasunod ang paghalik sa pisngi ni tita.

"Bunso," tawag ni daddy at nilapitan kami ni Jami.

"Po?"

"Mag ingat kayo, tawagan mo 'ko pag may kailangan ka." Sabi nito.

"Okay, salamat dy." Nakangiting sagot ko.

"Kath, ikaw na ang bahala sa bunso ko. Maraming salamat at hindi mo sya pinabayaan." Pasalamat nya kay Jami at niyakap ito.

"I love Krystal. I will do anything for her," sagot ni Jami at hinigpitan ang hawak sa kamay ko.

"Sige na at baka gabihin pa kayo ng tuluyan." Sabi ni daddy bago tapikin ang kanyang ulo.

Nagpaalam na kami sa mga parents at kanya-kanya na tinungo ang aming mga sasakyan. Si Jami na raw ang magmamaneho kaya hinayaan ko nalang din. Natawa ako dahil bago ako tuluyang makapasok ng sasakyan ay nakita ko pa ang pagpingot ni ma'am Everleigh sa tenga ni Iris.

"Patay talaga ang empakta pag uwi nila." Natatawang saad ko habang inaayos ang seatbelt.

"Why?"

"Siguro kasi hindi pa niya binigay ang singsing kay ma'am?" Hindi rin ako sure kung 'yun nga ba.

"Silly."

"Hehe yaaaay, uwi na tayo!" Masiglang saad ko.

Nagulat ako sa biglang pagkuha nya ng kamay ko at dinampian ng halik kaya nagtataka ako na nilingon sya.

"Jami?"

"I will not allow anyone to hurt you in the future. I love you so much and will do anything to ensure your happiness." Malambing na bulong nya bago muling hinalikan ang kamay ko.

"Thank you, alam ko at malaki ang tiwala ko sayo. Uwi na po tayo." Sagot ko.

Tumango sya at sabay kaming ngumiti.

"Right, let's get you back to your rightful place…"

"Our home," matamis na bulong nya.

Siya ang pahinga ko kaya kung saan siya dapat doon din ako.

Jami is my sweetest and precious home.

-

"Baaaaaaaaaaaabe!"

Kaloka at kanina pa ako tumatakbo upang hanapin sila babe dahil may natanggap akong balita. Naikot ko na rin ang field pero nandito lang pala sila sa cafeteria!

Letche!

"Horsey, anong problema mo? Pawis na pawis ah, nag exercise ka ba?" Wala rin yata silang alam dahil pa chill-chill lang habang lumalantak.

"Unggoy tubig oh, baka pagkamalan pa kami ng animal abuse." Kinuha ko ang sunod na inabot na juice ni empakta, pinukpok sa kanya bago ito buksan at inumin.

"Ang aga mo nagwawala keyboard, may problema ba?" Tanong ni Aaar eeeL.

"Halaka! Alam nyo na ba ang balita?!" Sabi ko pero binigyan lang nila ako ng confused na hitsura.

"Sirit na unggoy, dami mong alam." Inirapan ko si empakta dahil minamadali nya ako, e sa gusto ko may pa suspense.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Gaga, sabay magaganap ang runway at Miss Pon mamayang gabi!" Sabi ko pero walang nagbago sa kanilang mga ekspresyon.

"Bakit ganyan reaksyon nyo? Sabi ko sabay ang runway at Miss Pon mamaya!" Sarap pag-uuntugin ang mga ulo kainis.

"Ano bang meron kung sabay horsey?"

"Onga, parang baliw ka unggoy."

Inaamin ko na ako ang slow sa amin pero mas bobo talaga silang dalawa kung ikukumpara sa akin.

"Kasali tayo sa runway mamaya at the same time pageant ng demogons?" Nag thumbs up ako kay Ag dahil na gets nya ang ibig kong sabihin.

"Pambihira, oo nga pala at kasali tayo. Paano yan ngayon? Gusto ko panoorin si Kitten ko." Sabi ni Aaar eeeL.

Gusto ko rin panoorin si Jami kaso nga sabay ang event. Ang dami kasing naisingit na events today at hindi kakayanin ng oras.

"Oh tapos? Kailangan pa ba tanungin yan?" Tumaas ang kilay ko sa naging tanong ni empakta bobo.

"Syempre hindi tayo sasali at hindi naman mahalaga sa atin ‘yun. Do'n tayo sa Miss Pon at suportahan sila mameeh ko BAHAHAHAHAHAHAHAHA." Hagalpak ni babe.

"Tama, akala ko pa naman kung anong problema mo unggoy, yan lang pala."

"Sige, Ag ikaw na ang bahala ha? Hindi tayo sasali at kung papalag sila sabihin mo nalang nag approved na si lolo hehe." Baling ko kay Ag na tahimik kumakain.

"Okay,"

Hindi namin kasama ang demogons dahil naghahanda na sila para sa magaganap na pageant nila mamaya. Marami pa kaming time upang maghanda sa mga gagawin mamaya.

"Hoy, gawa tayo banner." Suhestiyon ni babe.

"Anong banner?"

"Memes ng demogons, marami sa folder ni doraemon. Nakita ko mga stolen pictures BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA," sabi nya at tumango naman si Ag.

"Luh, gusto ko yan sana marami kay uno HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHAH."

"Baka sakmalin ako ni kitten,"

"Meron kaya kay Jami? Sa tingin ko wala." Tanong ko.

"Kung kasali si hell marami sana syang memes mamaya." Sabi ni Ag kaya mas lalo kaming nagtawanan.

Sayang at bakit hindi sumali ang hilaw?

Kinapa ko ang bulsa upang hanapin ang phone ko pero iba ang nakapa ko. Halaka! Ito ‘yung laruan na bigay ni empakta sa akin. Sabi nya sa akin masarap daw sa pakiramdam gamitin kasi nagustuhan daw ni Everleigh? Magustuhan din kaya ni Jami kapag ginamit ko ito sa kanya?

Nag excuse ako sandali sa kanila upang tawagan si Jami. Curious kasi ako dito sa laruan na binigay ni Iris. Sinabi nya rin naman sa akin kung paano gamitin, hindi ba mukhang uncomfortable nito kapag naglalakad ka?

"Mako?"

"Jami, nasan ka po?"

"My office, why?" Ay nasa office pala, akala ko naghahanda na sya. Sabagay at umaga pa, mamayang hapon pa siguro sila maghahanda.

"Miss po kita, may gusto ako ipasuot sayo Jami." Sabi ko at tiningnan ang mukha ni empakta.

Demonyo kung makangisi ang gaga.

"I miss you too. What's that?" Tanong nya.

"Puntahan nalang kita?"

"Alright,"

Pinatay ko ang tawag at nagpaalam sa kanila na pupuntahan si Jami sa kanyang opisina. Tinakbo ko na, ayaw ko magsayang ng oras at medyo excited ako kung paano gamitin itong laruan.

"Jami?" Tawag ko sa kanya pagpasok.

Kaagad nya akong nginitian pagpasok ko at pinalapit sa kanya. Dumiretso ako sa kanyang harapan, kumandong at pinulupot ang mga kamay sa leeg niya.

"Hello po," bati ko at bahagyang inatras ang katawan upang tingnan ang kanyang sinusuot.

Ang sexy ni Jami sa suot na white cropped top and low waist jeans.

"Do you like it?" Tanong nya.

Mabilis akong tumango at hinalikan ang kanyang labi. Sino naman ang taong hindi magugustuhan ang kanyang kasuotan?

"Opo, sexy mo hehe."

"Do you need something?" Tanong nya.

Naalala ko ang rason kung bakit ako pumunta rito kaya kaagad ko dinukot sa bulsa ang laruan ni Iris na binigay sa akin at pinakita sa kanya.

"What's that?"

"A toy po."

Tumaas ang kanyang mga kilay at tiningnan ako na parang curious sya sa laruan na pinakita ko sa kanya.

"Toy?"

"Yes, suotin mo hehe," sabi ko.

"What kind of toy is this?"

Ano nga ulit tawag dito? Hindi ko sya kaagad nasagot dahil inaalala ko pa ang tawag ni Iris dito.

"Ah! Ano Jami, vibrator?" Hindi rin ako sure kung ‘yun kaya patanong ko nalang din sinagot. Nagulat yata sya? Alam niya ba kung paano gamitin to? Si Jami kasi mukhang nakakita ng multo sa reaksyon nya.

"Tama ba? Vibrator?" I asked and tilted my head. Si Jami biglang napalunok ng pilit.

"Y-You want to what?" Hindi niya ba na gets ang sinabi ko?

"Ang sabi ko gamitin natin to," pagklaro ko at inabot sa kanya ito.

"Are you serious? Mako?" Kumunot ang noo ko sa sagot nya.

"Mukha ba akong nagbibiro?" Tanong ko.

Kinuha niya ang laruan at remote, nagulat ako sa malakas na pag vibrate matapos nya pinindot ang 3.

"Hala! Ang lakas nyan." Bulaslas ko.

Nagtataka ako dahil si Jami bigla na lang ngumiti kahit wala naman sana nakakatawa sa sinabi ko.

"Bakit Jami?"

"Okay, let's try this." Biglang sabi nya.

Tumayo ako at hinintay sya na ibaba ang suot na jeans, nagulat ako nang bigla nya nalang ako hinatak muli palapit sa kanya at hinawakan ang suot ko na shorts.

"Sige na Jami, suotin m—"

"Lower your shorts." natigilan ako at napanganga sa kanyang sinabi.

Ano?!

"H-Ha?" Bakit mukhang hindi maganda ang kutob ko?

Ngumisi sya at nagsimula na e unzip ang suot ko na shorts ngunit kaagad kong pinigilan ang kamay nya.

"J-Jami anong ginagawa mo?" Kabadong tanong ko.

"You said we should use it?"

"O-Oo, pero gusto ko ikaw ang magsuot at hindi ako?" Mukhang hindi nya naunawaan ang sinabi ko.

"Mako, since you're curious it's better to use this sayo para malaman mo ang pakiramdam," direktang saad nya.

Biglang uminit ang mukha ko at ramdam ko na rin ang pawis kahit naka aircon naman sana. Seryoso ba sya na sa akin nya ipapasuot yan? Ang gusto ko si Jami ang magsuot at ako ang hahawak ng remote!

"N-Naaalala ko may gagawin pa pala ako. Kita nalang tayo mamaya." Nataranta akong kumilos at tumalikod para sana tumakbo pero nahuli nya ang kamay ko.

"Why are you trying to escape mako? Come on, let's try it because I'm curious as well."

Abot langit ang pasasalamat ko sa taong tumatawag sa akin ngayon. Maliligtas rin ako mula sa binabalak nitong asawa ko.

"Wait lang po, may tumatawag." Sabi ko at kinuha ang phone.

CHAPTER 37

-

Tapos na ang festival. Nanalo kami sa palaro kaya natupad ang hiling ni babe na ilipat ang mga kaibigan naming nasa slums. Matatalo na sana kami kasi nahuli ako ng mga pulis pero biglang umaksyon si Jami. Kaloka siya, biglang naglabas ng revolver at itinutok sa kanila kaya ang nangyari nagsi-takbuhan sila.

Pagkatapos ng festival ay sunod ginanap ang acceptance namin ng first years. Naging maayos naman ang lahat at enjoy na enjoy pa kaming sumisid sa putikan, masakit sa katawan pero sobrang saya. Focus na ulit sa studies ngayon dahil dinagsa kami ng maraming projects tapos sinundan pa ng exam. Of course, marunong din kaya kami mag-aral at hindi lang puro kalokohan!

Napapadalas na rin ang uwi ni Jami ng hating gabi, minsan nga hindi uuwi. Nagtatampo na ako sa kanya kasi nangako sya sa akin manonood kami kagabi ng movie tapos naghintay ako, inabot ng midnight hanggang sa makatulog mag-isa.

Mas lalo akong nainis pagkatapos ko tanungin si manang kung umuwi ba ito kagabi pero ang sabi ay hindi. Hindi ko rin sya tinatanong kung anong dahilan kasi naghihintay lang ako na sabihin nya pero wala!

"Hoy unggoy!" Bwesit na empakta.

"Alam mo Iris, hindi maganda ang gising ko ngayon kaya kung ayaw mong ipakain ko tong hawak na libro, wag mo akong bwesitin." Ihahampas ko talaga sa kanya tong RPC na hawak ko kung di nya ako titigilan.

"Luh, ba't badtrip ang unggoy ko na yan? Gusto mo saging, say aaaaa." Aksyon ko na sana ibabato ang libro sa kanya ang kaso pinigilan ako ni Ag.

"Sayang ang libro, upuan mo nalang ibato." Suhestiyon nya sa akin.

"Hoy donkey, anong nangyari sayo? Parang pasan mo ang mundo." Tanong ni babe kay Aaar eeeL na kanina pa parang basang papel na nakadikit ang mukha sa desk.

"Paano kasi si kitten..." Ano nanaman ginawa ni Ziallyn sa kanya?

"Binato ka ulit ng santol? BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"May tinanong kasi sya." Nasa kanya ang atensyon naming apat. Wala si hell at hindi ko alam kung saan naglalandi ang bruha na ‘yun kahit may pasok pa.

"Ano?" Tanong ni Ag.

Umayos sya ng upo saka nilaro ang hawak na ballpen. Pinaikot-ikot ito gamit ang kanyang daliri. Gusto ko rin sana matuto ng ganyan kasi wala lang, ang cool tingnan.

"Basta, wag nyo nalang itanong." Ba't pa sya nagkwento kung ayaw din pala sabihin.

"Kawawa naman BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ay speaking of the demon." Sabay kaming lima tumingin sa entrance ng cafeteria dahil ngumuso si babe sa ibaba.

Yung babae na pinag-uusapan namin kakapasok lang kasama ang tatlong demogons. Tatlo lang kasi wala si Jami, nadagdagan ang inis na nararamdaman ko para sa kanya. Pati sa school hindi siya magpapakita?

"Kainis, bwesit!" Bago pa ako tuluyan mawalan ng gana ay kumain nalang ako ng cake pampakalma.

"Sexy ng uno ko naknampucha alagang-alaga ko ba naman hays." Naiirita ako sa empakta na to, nananadya.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Goodmorning po." Bati nila sa mga guro pagkaakyat dito sa table namin. Oo namin, amin narin to dahil inangkin na namin lahat ng pagmamay-ari nila.

"Kitten, napadalaw ka?" Bobo talaga ni Aaar eeeL.

"Why do you ask that question every time I visit? Is there anything I should know, Rochelle?" Ayan buti nga sayo, ba't kasi nagtatanong pa.

"Kitten naman, nagtatanong lang ako eh." Napaka understanding na bata.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA, pie dito ka sa tabi ko."

"Uno, lika laplap ka sa akin." Bastos ng bunganga nitong empakta na to.

Hoy, pero grabe talaga ang changes sa kanilang dalawa lalo na ang empakta na to. Parang kailan lang kaliwa't kanan mga nilalandi tapos ngayon puro nalang uno ang lumalabas sa bunganga.

"Pie, bakit kayo lang? Asan si Athy? Tingnan mo ang horsey ko, kanina pa masama ang mood nyan." Tanong ni babe sa kanya kaya mas nag focus ako sa kanila, baka kasi alam nila kung saan pumunta si Jami.

"I don't know, didn’t she go home last night?" Tanong ni Ma'am sa akin kaya umiling ako.
Pati nga kapatid nya walang alam kung saan sya nagpupunta.

"Napapadalas na ang hindi nya pag uwi, minsan inaabot pa sya ng madaling araw." Sagot ko sa kanya at inis na tinusok-tusok ang cake gamit ang hawak na tinidor.

"You're murdering your food." Saway ni Ma'am Lorelei, ay nandito pala sya sa tabi ko.

"Opo kaysa naman tao saksakin ko." Dahil sa init ng ulo ay hindi ko na napipigilan ang bibig ko.

"Saksakin mo sarili mo unggoy." Mabilis ko syang tinapunan ng nakamamatay na tingin. Baka gusto nya sya saksakin ko.

"What if ikaw nalang saksakin ko?" Hamon ko sa kanya.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Saan ko ba pwede ilabas ang sama ng loob ko? Sasabog yata ako kapag hindi ko nailabas itong lahat sa araw na to. Bumuntong hininga ako at muling ipinagpatuloy ang pagsaksak sa chocolate cake ko na durog na durog na.

"Why are you not wearing your type A?" Tanong ng uno ni empakta.

"Gage naman kasi si Maddyn, nilabhan nya kagabi tapos yung white lower namin hinalo sa ibang kulay na mga damit kaya ayun, naging baklang rainbow ang kulay." agad na sagot ni empakta sa kanya.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Sila-sila lang din ang tumatawa dahil wala ako sa mood.

Kami lang yata ang naka type B ngayon imbes na M-W-F dapat suotin ang type A but it's okay dahil valid naman ang reason.

"Rochelle, I have a question for you." awtomatikong tumutok ang mata namin sa kanya matapos sya sinabihan ni Ziallyn.

Kawawa ang Aaar eeeL, wala pa ngang tanong namumutla na sya at hirap sa paglunok ng pagkain.

"Sure kitten." Duh, kunyari matapang tiklop naman.

Lihim ko nalang sya pinag panalangin na sana malampasan nya ang panibagong gulo na kinakaharap.

"Alright, so here's the question. Would you kiss your EX to save my life?" punyetang tanong yan, kahit saan walang takas.

"Luh, pag isipan mo mabuti ang sagot R HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Kita na nga nya namumutla pinapalala pa nitong empakta.

"Langya, walang takas sa tanong na yan BAHAHAHAHAHAHAHAHAAH."

Ano bang trip ni Ziallyn at lagi nalang tinatanong ng mga weird questions si Aaar eeeL, don't tell me bored lang sya kaya gusto nya maghanap ng away?

"Kung ako nasa posisyon mo, hindi ako sasagot." Payo ni Ag sa kanya but knowing Ziallyn, hindi tumatanggap yan ng walang sagot.

"Kung ako yan hindi kita gaganyanin." Hirit ko rin sa kanila. Kung ano na lang iniisip niya sa kapatid ko.

"What now? Why are you taking so long to answer?" iksi naman ng pasensya nito, kakatanong lang nya. Malamang nag iisip pa yan kung ano ang tamang isasagot.

"Kung ako tinanong ni uno ng ganyan pipiliin ko yung second choice." Epal ang empakta gusto pa sumingit.

"Second? So you want me dead?" Malala na talaga silang dalawa.

"Kasi pag pinili ko yung first choice which is ang halikan si EX para iligtas ang mahal ko, isa lang din ang ending nyan." May utak pa pala sya.

"Sige ano?" Tanong ko.

"Ako ang mamamatay HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." hindi ko gets, magulo sya sumagot.

"Paki explain kung bakit ikaw?" Mukhang safe si Aaar eeeL ngayon, pasalamat sya kay empakta at niluwas sya.

"Kasi kung pipiliin ko halikan ang ex tapos naligtas si uno, ako naman ang papatayin nya kasi hinalikan ko si ex? Kaya sa second option nalang ako. Dadalawin ko nalang sya buwan-buwan at didiligan sa sementeryo." wala talaga akong balak tumawa dahil masama ang mood ko pero dahil sa sagot ng empakta napa hagalpak ako ng malakas.

"Omg HAHAHAHAHAHA." Pati sila Ma'am Pixie natawa dahil sa may sense naman talaga ang sagot ni empakta.

"Haaaaaaay jisaaaaas BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Aray uno! Ayaw mo no'n? Mamamatay kang loyal ako?" Wala na at puro pasa ang katawan nyan mamaya dahil sa kakakurot ni Ma'am Everleigh sa kanya.

"Yun na lang din siguro ang sagot ko kitten." Patay ka, bakit may LANG pa Aaar eeeL! bobita.

"Really?" Nah, ‘yung tono palang ng pananalita delikado na.

"O-Oo?" hays.

"So you want to get rid of me in order to find someone else?" kaloka! kahit saan wala syang takas, mautak ang pusa nya at nakakahanap ng pang encounter.

"I mean—kitten naman, bakit kasi kailangan mo ako tanungin ng mga ganyan." sadgirl na ang donkey at namumula na ang mga mata.

"Langya iiyak na yan Zi BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Maganda na sana ang mood ko dahil sa nangyayari ngayon nang bigla ako makatanggap ng message mula sa Intel ko na pinasusundan si Jami. Sabi nito kailangan nya ako kausapin dahil may kailangan akong malaman. Sinabi nito na magkita kami sa parking lot ngayon kaya sumang-ayon ako dahil mahaba pa naman ang oras bago ang susunod na subject.

"Saan ka pupunta horsey ko?" Tanong ni babe kasi bigla nalang ako tumayo sa kalagitnaan ng tawanan nila.

"May kukunin lang, balik din ako kaagad." Sagot ko sa kanya.

"Unggoy, kaya mo na ba maglakad mag isa?" Kung lumpuhin ko sya para hindi makalakad?

"Anong akala mo sa akin, walang paa? sampalin kita e." Irap ko sa kanya bago bumaba at lumabas ng cafeteria saka dumiretso sa parking lot.

Pagpasok ng parking lot hinanap ko ang kotse na sinabi nitong sinasakyan at kaagad na sumakay sa backseat.

"Ma'am, kailangan mo po 'tong makita." May inabot syang envelope, kinakabahan ako dahil baka masama ang balitang dala nito.

Dahan-dahan ko itong binuksan at kinuha ang nilalaman. Halos mapunit ko na ang mga litrato ni Jami kasama si Trisha sa isang restaurant. Meron din na magkasama sila sa isang charity event at ang masakit ay nakunan din sila na magkasama papasok ng hotel.

"Kailan to?" Nagdidilim ang paningin ko, ‘yung mga mata ko na nag uumpisang maging malabo dahil sa mga luhang naipon na.

"Last week po, magkasama sila sa isang restaurant at inabot ng isang oras bago natapos. Ang charity event nong last saturday, siya rin ang kasama ni Ma'am sa gabing ‘yun. Ang huli naman kagabi, magkasama sila pumasok ng hotel at lumabas kaninang umaga pasado alas otso." Halos bumaon na ang kuko ko sa aking palad sa sobrang diin ng aking pagkakakuyom.

May pinakita rin siyang video mula sa kanyang cellphone na nagpapatunay na totoo ang lahat. Si Jami ba talaga to? Hindi ako makapaniwala, bakit magkasama sila? Pumasok sa hotel at magdamag na magkasama? Ito ba ang dahilan kung bakit hindi sya umuwi ng bahay? Kung bakit madaling araw na kung umuwi? Si Jami? Pinagtaksilan ako?

Krystal, control yourself. You might lose yourself again.

Krystal kumalma ka! Nagkakagulo na ang buong system mo.

"Paano ako kakalma kung ito ang aking makikita?!" Sigaw ko sa aking sarili. Wala akong pakialam kung may ibang tao at isipin na baliw ako, gusto kong magwala.

"Labas," utos ko sa lalaki at agad itong lumabas.

"N-Nangako sya sa akin, nangako sya na hindi ako sasaktan, na ako lang ang mamahalin. She promised me to light my way!"

Kb, take the host.

"Shut up!"

Hindi ko magawa, ayaw nya pumayag! Nangingibabaw na ang galit sa buong system.

"Punyeta sabing manahimik kayo!" wala akong ibang ginawa kundi ang e-untog ang ulo sa aking likuran at mahinang sinusuntok ang aking ulo.

"Masasaktan nanaman ba ako?" Hindi ko na napigilan ang pag hagulhol.

Baka hindi totoo ang larawan na yan. Paano kung edited lang ang mga litra—

"Are you even thinking? You saw the two of them together in the video that was shown, and you're saying it was edited? Do you think my men will betray me?!" gusto ko syang makausap upang alamin ang totoo. Kailan pa to? Kailan sila nagsimulang lokohin ako. Kailan sila muling nagkita!

Sinubukan ko syang tawagan pero walang sumasagot. Nakailang ulit na ako sa pagtawag pero gano’n pa rin ang resulta. Hindi na tulad ng dati na kahit isang ring palang nasasagot na nya.

Lahat nagbabago…

Pinahid ko ang mga luha't bumaba ng sasakyan, mabigat ang loob ko na bumalik ng cafeteria. Pinilit ko

pakalmahin ang sarili lalo na't mabilis lang makaramdam ang iba kapag may nangyari sa akin.

Jami, nangako ka sa akin. Hindi ko matatanggap pag nalaman ang katotohanan na pinagtaksilan mo ako. Naniniwala ako at pinanghahawakan ang lahat ng mga pangako mo. Hindi ko kakayanin at baka tuluyang mawala sa sarili kapag nalaman ang totoo.

"Ang pagbabalik ng unggoy!" Tinapunan ko lang sila ng blangkong ekspresyon bago bumalik sa aking upuan.

"Iris, tumigil ka." Kahit anong tago ko, sa isang tingin palang ni Sj nababasa agad ako.

"Ano yan unggoy, patingin nga." Kukunin sana nito ang envelope na kakalapag ko lang sa lamesa nang bigla kong dinampot ang tinidor at sasaksakin sana ang kamay nya pero mabilis itong nakaiwas.

"Gago! Gusto mo ba putulin daliri ko ha!"

"Di kita binigyan ng karapatan na galawin ang gamit ko. Puputulin ko nga sana kaso bigla mong binawi. Subukan mo ulit kunin, makikita mo ang hinahanap mo." Wala akong pakialam kung nandito ang mga guro o mga kasintahan nila, basta wag lang akong bigyan ng dahilan para hindi magwala.

"What happened, Krystal?" Tanong ng kapatid ng mahal kong asawa.

"Tanong mo nalang po kapatid mo, baka sakali masagot nya ang tanong mo." marahas kong dinampot ang aking envelope at iniwan silang lahat. Bahala na sila kung anong isipin, gusto ko mapag-isa.

Krystal, you should—

"Shut the hell up." putol ko kay bern habang papalabas ng cafeteria.

Nagpasya akong umuwi ng bahay at hindi na pumasok sa mga sumunod na klase. Nagbabakasakali na nakauwi na si Jami pero ang sabi ni manang hindi parin ito umuuwi.

Kinagabihan nagpasya akong uminom sa may poolside. Hinihintay ang pagbabalik ng asawa ko hanggang sa lumalim ang gabi ay wala parin ito.

Naghihintay pa rin ako hanggang sa nararamdaman ko na lasing na ako. Kanina pa pabalik-balik si manang kaya sinabi kong hayaan na akong mag-isa. Papasok na sana ako ng bahay nang biglang bumukas ang gate at pumasok ang sasakyan ni Jami.

"Great, may balak pa pala siyang umuwi." Hindi ako nag aksaya ng panahon na tumayo upang salubungin sya at nanatili lang na umiinom mag-isa.

"Krystal?" Nakakamiss, kailan niya ba ako huling tinawag sa malambing na tono?

Gusto ko sana siyang awayin, sumbatan, pero naunahan ako ng takot at kaba kaya naiyak nalang.

"What's wrong? Why are you drinking? Bakit nandito ka sa labas?" Tanong niya. Nasubsob ko ang mukha sa aking palad bago tumayo, kinuha ang envelope na kanina ko pa gusto punitin saka kumuha ulit ng alak at agad inubos.

"Jami, sabihin mo sa akin na hindi totoo ang lahat ng yan." Mapait ko syang nginitian. Nagsimulang pumatak ang mga luha dahil wala man lang akong nakuha na sagot sa kanya.

Inasahan ko na magsasabi sya ng HINDI ngunit naging tikom ang kanyang bibig.

"Kailan pa? Kailan mo pa ako niloloko? Kailan mo naisipan na pagtaksilan ako? Kailan mo naisipang paglaruan ako? Simula ba sa umpisa?" Ramdam ko ang panginginig ng boses at katawan, natatakot ako sa aking malalaman.

"Krystal,"

"Bakit hindi mo magawang sagutin tulad ng pagsagot mo sa akin noon? Dahil ba sa totoo ang lahat ng nasa litrato?" Huli ko na napansin na nabasag ang wine glass na hawak dahil sa sobrang pwersa na ginamit ko.

"Y-Your hand." Lalapitan sana ako kaso umatras ako.

"I'm sorry." Wasak na wasak ako sa sinabi nya. Nanginginig na ako sa galit, nagdidilim na naman ang paningin ko.

Krystal, no!

Wag mong saktan si Jamila, mahal mo yan!

"Krystal," bakit ganyan nya ako kung tingnan? Bakit walang pagmamahal sa kanyang mga mata tulad ng palagi nyang pinapakita?

"This marriage…" natatakot ako. Ayaw kong marinig!

"Let's end it. Please forget about me." tuluyan na akong napaluhod sa sinabi nito.

Hindi ko alam ang sasabihin, wala akong magawa at lakas kundi ang patuloy lang sa pag-iyak.

Diba pangako nya mamahalin ako habang buhay? Sabi nya poprotektahan ako sa lahat ng bagay. Nangako sya na hindi ako iiwan at ako lang ang mamahalin habang buhay. Ano pala ang lahat ng mga pinakita at pinadama nya sa akin? Pawang kasinungalingan lang?

Bakit gano'n lang kadali sa kanya ang sabihin na kalimutan sya? Laruan lang ba ako at ngayon tinatapon na?

Sinabi ko lahat sa kanya ang masasakit na pinagdaanan ko. Alam nya kung gaano ka miserable ang naging buhay ko. Siya ang nag ahon sa akin mula sa kadiliman ngunit siya rin pala ang magiging dahilan sa muling paglubog ko.

B-Bern, she's losing it.

"Paano naman ang mga sinabi mo na mamahalin kaming tatlo habang buhay? Hindi mo na ba masikmura ang makasama ang isang tulad ko na may iba't-ibang pagkatao?" Pinahid ko ang mga luha bago muling tumayo at hinarap sya.

We need someone to stop her.

Pero paano! hindi nga natin maagaw ang host sa kanya!

"Manahimik kayo, sa tingin nyo kaya kong saktan ang babaeng mahal ko?" bulong ko.

Ako na walang alam kundi ang magmahal ng totoo, naghahanap ng totoong pagmamahal na kayang tanggapin ang buong ako.

"I cannot do that." Nakita ko ang pagyuko niya ng ulo at pagkagat ng ibabang labi.

I gently touched her cheek and gave her my sweetest smile. "I cannot give up on you." pulling her closely… "You are mine." diin ko at ikinulong sa mga bisig ko.

"Even if it's Trisha o kung sino pa ang hahadlang sa ating dalawa, hindi kita ibibigay. Mag kamatayan muna tayong dalawa, I will never hand you over to someone else." mas hinigpitan ko pa ang yakap sa kanya, dinampian ng mumunting halik ang leeg.

"You cannot escape me anymore, Jami." sa pagkakataon na ito ay narinig ko ang mahinang hikbi nito at niyakap ako ng mahigpit.

"I'm a bit tired, can you hold me tight and help me back?" I nodded and lifted her up.

I, who couldn't control my love for her. Muntik na ako mawala sa sarili ng maalala ko lahat ng mga pinagdaanan namin.

May bigla akong naalala na sinabi nya sa akin noong gabing nag usap kami sa dalampasigan.

"Kapag dumating ang panahon na pagod ako, please hold me tight." yan ang sinabi nya sa gabing yun.

Noong una hindi ko gets ang ibig niyang sabihin pero ngayon na dumating na kami sa ganitong sitwasyon, malinaw na ang lahat.

"That night, I promised you that I would hold you and never let go of your hand…" ikaw ang dahilan kung bakit naging ganito ako, patayin mo muna ako kung gusto mo maghiwalay tayo.

"Darating ang panahon na hindi na kita mayayakap ng mahigpit dahil sa kulubot na ang mga balat natin but until that day comes...I'll always be by your side, saying I love you so much that you'll never have to worry again." tuluyan na itong humagulgol habang yakap-yakap.

Hindi ko alam kung ano ba talaga ang dahilan kung bakit biglang nagbago ang lahat. Kung bakit gusto na nya tapusin ang sa aming dalawa.

"I-I'm sorry but we have to end our relationship." nanginginig ang mga kamay ko na yakap-yakap ito, umiiling at mas lalong hinigpitan upang hindi makawala sa mga bisig ko pero siya mismo ang gumawa ng paraan para makaalis sa pagkakayakap ko.

"Jami, sabihin mo nga ang totoo kung bakit mo ginagawa sa akin to? Mahal mo ko, diba? Itatapon mo na lang ba lahat ng mga pinagsamahan natin?" parang kailan lang halos gawin na nya akong mundo nya, sa bilis ng panahon bakit ganito na?

"M-Minahal mo ba talaga ako? Ipaliwanag mo naman, ipaintindi sa akin ang lahat kung bakit bigla kang nagbago." pagmamakaawa ko sa kanya at muling tinangka na hawakan siya ngunit natigilan ako sa pag atras nito na para bang natatakot na mahawakan ko.

"I thought it was fine, but as time passed, I realized something…"

"I can't love a murderer." yung puso ko na parang sinaksak ng paulit-ulit sa sobrang sakit. Hindi ko

inaasahan na ang salitang kinakatakutan ay manggagaling mula sa taong aking pinakamamahal.

Tuluyan na akong nilamon ng kadiliman, para akong nahuhulog sa malalim na balon at hindi alam kung saan ang hangganan.

Ako? Mamamatay tao? Ako pumapatay ng tao? Hindi ako ang pumapatay kundi ang isang pagkatao ko!

Krystal, wake up!

"R-Right, sino nga ba naman ang taong gusto magmahal ng mamamatay tao. Tama ka, ang katulad ko ay dapat magdusa." naging kampanti ako masyado, hindi ko namalayan may nangyari na palang pagtataksil sa likod ko.

"Handa naman akong lumaban at ipaglaban ka kahit mag kamatayan, pero paano ako lalaban kung ikaw mismo ang aking kalaban? H-Hindi ko kayang kalabanin ka lalo na't mahal na mahal kita, Jami." ang dami ko pang gusto malaman, marami akong tanong na walang kasagutan.

Tiningnan ko sya sa kanyang mga mata na puno ng luha. Anong ibig sabihin ng mga luha na yan? Awa?

"Jami—" awang ang labi ko ng hubarin nya ang singsing na bigay ko.

Ang bilis ng pangyayari, nananaginip lang ba ako? Hindi to totoo, hindi nya magagawang iwanan ako.

Pilit kong sinasabi sa isipan na panaginip lang ang lahat ng mga nangyayari sa amin ngayon. Doon lang ako natauhan nang hawakan nya ang aking kamay at muling ibinalik ang singsing na sya lang ang bukod tanging pinagbigyan.

"I-I'm so sorry, hindi ako ang babae na nakatadhana para sayo. My lawyer will send you the divorce paper tomorrow, palayain mo na ako." ganun na lang ba yun? ang sikip na sobra ng dibdib ko, nahihirapan ng huminga na para bang sinasakal ako.

Nagiging blangko na ang isipan ko, sa bilis ng pangyayari ay wala akong iba nasabi kundi ang umiyak na lang ng umiyak hanggang sa tuluyan na nya akong nilisan.

Nanatili ako sa aking pwesto, nagbabakasakali na babalikan ako. Naghintay ako hanggang sa naramdaman ko ang pagpatak ng malamig na ulan kaya tumingala ako sa madilim na kalangitan.

"Hindi nya ako binalikan, ako lang pala ang tunay na nagmamahal sa aming dalawa. Ilang beses ba ako dapat masaktan para tuluyan makamtan ang kasiyahan?" kasabay ang buhos ng malakas na ulan ay ang muling pag buhos ng mga luha kong nag uunahan.

"Ang galing mo talaga lagi sa timing, kung kailan ako sobrang nasasaktan doon ka pa bumubuhos upang ako'y samahan." kahit nanghihina ay pinilit ko ang tumayo, muling pinagmasdan ang tahanan na akala ko tinanggap ang buong pagkatao ko.

"Pinaniwala mo ako sa mga kasinungalingan mo, Jami. Pero kahit sinaktan mo ako'y hindi ko parin magawa ang kamuhian ka dahil para sa akin, ikaw ang tahanan ko. Papalayain kita, ibibigay ang hinihiling mo pero pinapangako ko sa sarili na sa akin pa rin ang bagsak mo. I love you so much my wife, mali ka ng taong kinalaban mo." bulong ko sa sarili bago tuluyan lumabas ng bahay at nilisan ang lugar nya.

Para akong patay na naglalakad mag isa sa madilim na daan habang bumubuhos ang malakas na ulan.

Naalala ko ‘yung pinalayas ako ng mga Miller, ganitong-ganito rin ‘yun at hindi inaasahang mapadpad sa bahay ni Jami.

Nadaanan ko rin ‘yung kubo kung saan umiyak ako sa gabing takot ako aminin sa kanya ang tungkol sa ibang persona ko. Sumilong ako dahil mukhang wala na plano huminto ang ulan. Mabuti nadala ko ang cellphone at bag kung saan naglalaman ng mahalagang gamit.

Tatawagan ko na sana si Iris nang biglang may isang lalaki na hindi ko kilala ang pumasok ng kubo, pwersahan akong tinatangay at pilit ipinasok sa sasakyan.

"Bilisan mo! Bakit hindi mo agad makuha! Nag iisang babae lang yan!"

Ah, sino pa ba ang taong may kakayahan na ipadakip ako? Sino ba ang kalaban ko na gustong mawala ako? Katapusan ko na ba to? Kung sumama na lang kaya ako para malaman kung sino ang puno't dulo ng lahat ng 'to.

"Ang lakas ng kapit! Hindi ko mahatak! Yung isang kamay nya, nasa sa pinto!" Sigaw ng isa sa dalawang lalaki.

Ano kaya ang iisipin ni Jami kapag nawala ako? Iiyak kaya sya? Pagsisisihan ang ginawang pananakit sa taong totoong nagmamahal sa kanya?

"Patulugin mo!" Nagising ako sa malalim na pag-iisip dahil sa sigaw ng kasamahan nito.

Nakita ko ang pagkuha nito ng isang taser kaya bumitaw ako sa pinto, mabilis na ginamit ang mga daliri upang tusukin ang kanyang mga mata, dahilan kaya kaagad akong nabitawan.

Nagsisigaw ito sa loob ng sasakyan hawak-hawak ang kanyang dumudugong mata. Hindi ako tumakbo at nanatili lang nakatayo.

Ilang segundo pa ay humakbang ako paatras dahil bumaba ito upang muling subukan na ipasok ako.

I gave him a smile bago binunot sa bag ang gamit na matagal ko ng iniingatan.

"Bilisan mo at may sasakyan na paparating!" Sigaw muli ng driver.

He was about to run towards me when I shot him with my gun. Total balak naman nila akong patayin kaya uunahan ko nalang.

Nang makitang nakabulagta na ito sa malamig na kalsada ay sunod kong pinaputukan ang lalaki na nasa loob ng sasakyan, ngunit hindi ko natamaan dahil pinaharurot na nya ito at iniwan ang kanyang kasamahan.

Naiwan akong mag-isa hawak-hawak ang baril at isang lalaking wala ng buhay. Hindi ko sinasadyang sa ulo sya patamaan.

"I'm a murderer indeed. Again, nakapatay na naman ako ng hindi namamalayan." nanghihinang bulong kasabay ang mainit na mga luhang nag uunahan na naman sa pagpatak.

Tumingala ako at ipinikit ang mga mata. Hinayaan ang malamig na buhos ng ulan na bumagsak sa aking mukha.

Pagod na ako.

Time for you to sleep, everything will be fine. Just take a long long nap, and leave everything to us.

Bern, anong gagawin mo ngayon? Aakuin mo na naman ba na ikaw ang pumaslang?

"Yes."

Hanggang kailan mo balak pagtakpan ang lahat ng pamamaslang ni Krystal?

"Hanggang sa tuluyan nya na matanggap ang lahat sa kanyang sarili."

Bern, tungkol kay Jamila.

"I know."

Sa tingin ko may mali sa lahat ng sinabi niya kanina. Sa tingin ko matatagalan pa bago muli magising si Krystal.

"I'll handle this problem."

"K-Keyboard!"

I turn to face Shara, who calls out to me in a trembling voice. Even without asking, I know Kathlyn called her to pick up Krystal. Something is fishy, and I need to solve the problem right away before things worsen.

"B-Bern? Anong nangyari? Sino ang lalaking tulog na yan at apak mo pa sa ulo—teka buhay pa ba yan?!"

After seeing the gun I was holding and the blood being washed away by the rain, she realized the person was dead.

"Tinawagan ako ni Athy at sinabing umalis ka ng bahay ng walang paalam. Ano ba ang nangyari? Bakit umiiyak siya kanina? Nag away ba sila ni Krystal?"

May hindi talaga tama Bern.

"Sinong may gawa nyan?" Isn't it obvious?

"Me."

"T-Teka lang at tatawagan ko si Iris, pumasok ka sa kubo. Kailangan ko itago tong katawan bago pa man may dumaan na sasakyan." I hide the gun before returning to the hut and watch as Shara drags the body to the darker part of the area.

"Naknampucha HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA pero kung ganung rejection letter naman pala matatanggap mo, mas mukhang kikiligin ka pa imbes masaktan." I’ve been telling Iris to finish her work for a while now, but how can she get anything done when all she does is talk?

"Tapos naalala nyo yung auction? Ang ganda no'n, apat ang nag agawan sa kanya HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Tanvi bursts into loud laughter.

"Pero sinong nanalo sa apat? Professor din ng PU yung isa na nag bid HAHAHAHAHA."

Their laughter makes it impossible for me to focus. "If you're just going to make a mess here, then leave. I can't get my work done with all this noise." I say.

Bern, kanina pa may tumatawag sayo, sagutin mo kaya?

Their voices are so loud that I don’t even notice my phone ringing. SJ is calling me on a video call. I signal for them to quiet down before answering.

"Hello? Hello? Naririnig mo ba ako? Nakikita mo ba ako? Hello? Langya, ang hina ng signal!" They hear her voice and immediately rush behind me.

"Naririnig ka namin, kamusta? Luh, sabaok lahat all naka uniform! Kailan ko kaya ulit masusuot ang akin." I immediately push Iris’ face away as she suddenly presses it against my cheek.

"Hoy may chika ako!" I start to wonder what they’re doing as I hear gunfire in the background.

"What?" I ask.

"May tama si donkey BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA— hoy doraemon! Marunong ka ba talaga mag first aid?! Bakit mo inaangat ang ulo ni Maddyn? May nosebleed yan kaya ipayuko mo!" They’re so chaotic, are they on a mission already? When will this woman ever take things seriously?

"Gago, baka matigok yan si donkey, baka pasabugin kayo ng kitten nyan." Is Heaven truly worried, or just putting on an act?

"Hoy alam nyo ba, so ganito ang nangyari—" Unbelievable. She still managed to call me even in the middle of a gunfight.

"Parang sira kasi tong si daddy, ang sabi maliit na isda lang huhulihin pero gago—pota, mga bigatin pala

to BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." We can barely see anything because the camera keeps shaking. She's running while exchanging gunfire with their enemies.

"Angas mo naman, tumatawag ka kahit nasa bingit na kayo ng kamatayan. Kailan ka kaya ulit mag seseryoso? Kinareer mo na masyado ang pagiging sinto-sinto." Iris replies. Speaking of which, when was the last time I saw her take herself seriously? I think it was seven years ago.

"Pota ka Sj!" Rochelle's angry voice yells from the background.

"What's the catch?" I ask.

"Drug cartel."

"Which org?"

"Darkpulse." I can barely see her, she seems to be hiding in a dark corner.

"Isn't that our main target?" This is the criminal organization my dad has been hunting for a long time.

"Oo, may iba pa namang buhay sa kanila, susubukan naming kumuha ng impormasyon pag nakalabas ng buhay dito." She lowers her voice, trying to stay quiet so the enemy won't hear her.

"Asan ba kayo?" Heaven asks.

"Nasa barko BAHAHAHAHAHAHAHA." No wonder I spotted so many cargo shipments earlier while she was escaping from the enemies.

"Luh, sige goodluck at sana makabalik pa kayo ng buhay."

"Have you requested backup from headquarters?" I ask, faking a death stare. I know they can handle this, but I don't want them to get hurt.

"Tapos na. Tawag ulit ako kung buhay pa. Kailangan pa namin ma secure ang barko para makasampa ang iba." I can't stay still, what if something happens to them? If I had known they'd be facing Dark Pulse, I never would have sent them.

"Be safe, Shara. You guys—come back alive, okay?"

"Oo naman Bern, baka sundan agad ako ni pie habang paakyat palang ng gate ni San Pedro. Salamat." How can she still joke around in a situation like this?

She hung up, but I kept staring at my phone, my thoughts racing. God… does he even know that the Dark Pulse organization is behind all of this? Is he really that desperate to send his own children on such a dangerous mission?

He's insane.

"Bern, bakit nasa hongkong ang darkpulse? Ilang taon tayo dito sa pinas to gather all the information tapos sa hongkong sila?" When I glance to my side, only Iris is left. I hadn't even noticed that the others had already left.

"I don't know."

"Ano kaya binabalak ni big boss nila? sino ba kasi ang big boss na yan. Yung big boss ni benten at ng darkpulse, iisa lang kaya? Ano sa tingin mo?"

"I don't know."

"Puro ka I don't know—hindi ka pa ba uuwi?" Because I also have no idea who the big boss is, and only Dad knows their true identity.

"You can go home. I have something to finish." I glance at the wall clock, it's almost 7 PM?

"Sige, akala ko isang linggo ka pa sasakay sa wheelchair mo, nakalimutan ko hindi ka nga pala si unggoy."I am still her… the same person, just with a different personality.

"Just leave."

"Oo nga! paalam."

As soon as she walks out the door, I lean back in my swivel chair, exhaling deeply. The truth is, I just don't want to go home. I don't want to see Kathlyn. She's probably still mad at me and I can't blame her. I told her I was in love with someone else when I wasn't.

If only Krystal had spoken up about the problem with Trisha, she wouldn't have locked herself in the void again. If she had just told me from the start, I could have solved everything without forcing them apart.

After finishing my work, I leave the office. As I walk down the hall, I suddenly feel a small tug on the hem of my shirt. I look down and see a child, someone I don't recognize. Who is she? How did she get here alone? And where are her parents?

"Hewooo, ate kwystal. I miss you." Oh, I guess Krystal knows this child.

"Hi, what brought you here?" I ask, gently patting her head while she clings tightly to my leg.

I hear her sniffle and wonder why she suddenly bursts into tears. "T-Tita Kath is getting mawwied, but not to you, accowding to mommy. I don't want her to mawwy someone, ate Kwystal. P-Pwease, do something to keep their mawwiage fwom happening. Tita obviouswy woves you so much." She's crying, rubbing her face against my stomach as she struggles to finish her sentence.

I give her a gentle smile before kneeling to her level. Cupping her small face, I carefully wipe away her uncontrollable tears.

"Do you want Krystal to marry Tita Kath?" I ask softly. She nods without hesitation.

"Ate kwystal, pwease don't give up. I don't wike tita Trisha." I guess even a child doesn't want her. Where the hell is her mother?

Bern

Krystal?

Salamat sa lahat pero kaya ko na.

Are you sure? You don't have to force yourself.

Bern, alam ko na lahat dahil hindi naman ako nawala simula ng ikaw ang pumalit na host. Alam ko ang katotohanan at plano mo. Gusto ko sabihin na lubos akong nagpapasalamat sa inyo ni KB dahil nandiyan kayo palagi sa oras ng pangangailangan ko pero oras na upang harapin at tanggapin ang reyalidad.

You know we will do everything for you. Have you made up your mind?

Oo, hayaan mo akong ayusin ang problema ko.

That's my girl. Alright, as you wish.

I slowly close my eyes, and Kathlyn's face appears in my mind. I guess... I'll face you another time.

"Ate kwystal—"

Makalipas ang isang linggo nakabalik na rin ako sa pagiging host. Isang linggo naging tahimik at mapagmasid sa lahat ng mga kilos niya upang alamin ang katotohanan at mag handa para sa kasal ni Jami.

"Hi baby, I miss you." Sabi ko at nginitian sya.

Sa isang linggo ng pananahimik at pag iisip ay nagising ako sa katotohanan. Lahat ng pamamaslang na inako ni Bern dahil hindi ko matanggap sa sarili na ako ang pumapatay.

Kailangan kong harapin ito ng mag isa dahil hindi habang buhay aasa lang ako sa kanila. Gusto ko rin ipakita na kaya ko rin kahit wala ang mga tulong nila. Kaya kong lumaban mag-isa ng hindi nagtatago sa kanila.

Nabulag ako sa katotohanan. Paano ko naisip na kaya akong pagtaksilan ni Jami? Siguro dahil nagpalamon ako sa emosyon at dala na rin ng alak.

Tama na ang pagpapanggap. Hindi magtatagal mabubunyag din ang buong katotohanan.

"Shang!" Habang yakap ang bata ay dinig ko ang tawag mula sa kanyang ina.

Pag angat ko ng ulo ay si Jami agad ang nakita ko na nakasunod sa kanya. Na miss ko sya, lahat sa kanya ay sobrang miss ko na.

Gusto kong maiyak pero pinigilan ko ang mga luha.

"Your mom is here." Marahan kong pinisil ang kanyang pisngi. Hindi pa rin sya tapos sa kakaiyak.

"Don't worry baby. It's a promise." Sabi ko. Tumango sya bago nakipag pinky promise sa akin.

"Baby, we need to go home now. Hindi pa magaling si ate Krystal mo kaya sa susunod na kayo maglaro, okay?" Sabi ni Che, ngumuso sya sa kanyang ina bago ako tiningnan.

"Pwamis, okay?" Ulit ng bata kaya tumango ako.

Hindi na sila nagtagal na dalawa, nagpaalam din kaagad matapos sunduin ang bata dahil may pasok pa

bukas. Kaming dalawa ni Jami ang naiwan, walang imikan at hindi alam kung sino ang unang magsasalita.

"Done with everything?" Tanong niya, tumango ako.

Naging awkward nalang bigla ang lahat sa amin. I don't know kung paano sisimulang sabihin sa kanya na nagbalik na ako. Mas mabuti siguro kung hindi niya muna malaman.

"We won't be able to go home if you keep staring at me, honey."

Bern.

Silly. Well, as long as you're happy.

"You're still calling me honey after telling me you're in love with someone else?" Ngayon ko lang nakita si Jami nagtaray. Si Bern yata ang bumasag sa pagiging kalmado nya.

"Tinawag mo rin akong wife kahit hiwalay na tayong dalawa." Mukhang sapol si Jami sa sinabi ko dahil namumula ang kanyang mukha.

Kung noon ako palagi ang tinutukso nya, ngayon naman pagkakataon ko na.

"I'm not sure why you chose Trisha over me. You're about to get married, yet here you are, still flirting with me." Dagdag ko pa kaya mas lalong hindi sya nakasagot.

"Me? Flirting with you? Asa ka." Pagtalikod niya ay mahina akong natawa.

Sinundan ko sya at alam kong kahit nagtatampo ay binabagalan nya ang paghakbang para hindi ako tuluyan mapag-iwanan. Masakit pa kaya ang sugat ko at sa tingin ko nga bumukas na naman ang tahi.

"Pres!" Huminto ako dahil sa babaeng tumawag. Kung hindi ako nagkakamali sya ‘yung babaeng ginamit ni Bern para pagselosin si Jami.

"Hi, kamusta ka na? Uuwi ka na ba?" Tanong nya.

"Yes, why?"

"Ihahatid na ki—"

"Excuse me, she's with me." Biglang sumulpot si Jami na kanina lang medyo malayo na sya sa akin.

"Hello ma'am, good evening. Gano’n po ba—"

"Yes." Hindi man lang pinatapos ang senior ko sa pagsasalita at agad hinila ang aking kamay palayo.

"I thought you don't care about m—"

"Bern, shut your mouth." Hala! galit na siya agad non?

Kahit kinaladkad niya ako ay ramdam ko pa rin kung gaano siya ka ingat para hindi lang ako masaktan.

—

Nasa kalagitnaan kami ng biyahe pauwi nang bigla kong maisip na kumain sa labas, malapit lang sa seaside dahil gusto ko lang makita ang dagat sa ilalim ng maliwanag na buwan.

Naglalakad akong mag isa sa dalampasigan habang siya ay nagtungo sa restroom pagkatapos namin kumain.

"Bern, Kb, tingnan nyo ang mga bituin sa langit, ang ganda diba? Sabi nila kapag namatay daw ang isang tao magiging bituin sila." Bulong ko sa sarili habang nakatanaw sa maliwanag na kalangitan.

Hindi naman totoo ‘yun, na scam ka lang nila Sj.

Do you really believe that?

Mahina akong natawa. "Alam nyo ba sa tuwing nakatingin ako sa kalangitan. Hinihiling ko na sana wala nalang kayo. Na sana hindi lang kayo isang parte ng personalidad ko. Na sana naging totoong tao kayo para mayakap ng mahigpit at sabihin kung gaano ako nagpapasalamat sa lahat ng ginawa nyong pagsalo sa lahat ng kasalanan ko." Kung naging totoong kapatid ko sila siguro masaya kaming lahat ngayon at hindi nag aagawan sa isang katawan.

Napapahid ako ng mga mata dahil naramdaman ko ang init na pagpatak ng aking mga luha.

Krystal, ginawa lang namin ang tama para sa ikabubuti natin tatlo.

Umupo ako sa buhangin, tiningnan ang bilog at sobrang liwanag na buwan. "Lagi nalang ako umaasa sa inyo. Kahit ang problema namin ni Jami kayo pa rin ang sumalo. Hindi ko man kayo mayakap at mahawakan pero gusto ko lang sabihin na mahal na mahal ko kayong dalawa." Nagiging emosyonal na naman ako masyado. Pero kasi, walang katumbas ang lahat ng ginawa nila.

Pinapaiyak mo ako. Dapat masaya tayo ngayon kasi handa ka na harapin ang lahat at tanggap na kung ano ka talaga.

"Bern? Bakit hindi ka sumasagot?" Tawag ko sa kanya ng mapansin nanahimik sya.

I'm just happy that you finally opened your eyes to reality.

"May sasabihin ako." Ngumiti ako habang sinusulat sa buhangin ang pangalan naming tatlo at kay Jami.

What?

"Alam kong nag usap tayo at sinabi nyong hindi gagawin kay Jami ang mga bagay na ginagawa naming dalawa. Hindi nyo kailangan tuparin yun. Gusto ko sabihin, sana wag nyo patayin o pigilan kung ano man ang tunay na nararamdaman para sa kanya. Lalo ka na Bern, alam kong mahal mo si Jami. Hindi mo kailangan itago yun dahil asawa mo sya, asawa natin sya. May karapatan kayong gawin lahat tulad ng mga ginagawa kong paghalik sa kanya. Ayaw ko maging makasarili sa inyo, sobra-sobra na ang ginawa nyong dalawa para sa akin. Kaya gusto ko naman kayo ang sumaya, gawin ang mga bagay na hindi magawa dahil nililimitahan ang mga sarili. Maging masaya kayo para tuluyan na akong mapanatag." Habang sinasabi ko ang napakahabang salita na yun sa kanila panay na ako hikbi kasi sobrang saya ko lang talaga.

Hindi mo alam kung gaano ako kasaya ngayon para sayo Krystal. Nawala ka lang ng isang linggo pero mukhang ibang pagkatao ka na ngayon.

The truth is—yes, I love her.

Napangiti ako.

"Alam ko, hihintayin ko dumating ang araw na ikaw mismo ang magsabi nyan sa kanya." Ayaw ko rin mamili si Jami sa aming tatlo dahil alam kong masasaktan sya.

Nagpakawala ako ng isang malalim na hininga. Ang gaan ng pakiramdam ko ngayon na malinaw na ang lahat sa kanila. Masaya ako at magpapakatotoo na sila sa tunay nilang mga nararamdaman sa kanya.

"Malapit na pala, konting araw nalang mabubunyag na lahat ng mga itinatago natin. Ano kaya sa tingin nyo ang magiging reaksyon ng iba?" Malapit na mag pasko.

Siguro mababaril ulit si Iris? O di kaya itatapon sa wild forest si Rochelle? Wala naman magiging problema kina Shara at Axel.

Humagikhik ako sa sagot ni KB, siguro nga tama at ‘yun talaga siguro ang mangyayari sa kanila sa oras na nalaman nila ang totoo.

Biggest scam of the year talaga ang mangyayari. Iba pa naman ang pagkilala nila sa inyo HAHAHAHA.

"Kasalanan kasi ni daddy, ayaw nya ipaalam sa kanila para raw may thrill sa pasko." Kamusta kaya sila babe? Ang sabi tatawag ulit pero hanggang ngayon wala pa akong natatanggap.

"Bern," awtomatiko akong napalingon sa kanya.

May isang dahilan din ako kaya nagbalik. Dahil espesyal ang araw na to para sa kanya at ayaw kong maging malungkot sya.

"Hi, tabi ka." Nakangiting tawag ko sa kanya. Nagulat pa sya sa alok ko pero agad din tumabi ng upo sa akin.

"Aren't you cold? We have to go home." Umiling ako at itinuro sa kanya ang malaking buwan.

"See that? Kasing ganda mo ang buwan ngayong gabi," bulong ko.

"Araw-araw akong maganda." Napahagalpak ako ng tawa sa kanyang sinabi pero agad din tumigil dahil masakit ang sugat ko.

Paglingon ko muli sa kanya ay tulala itong nakatitig sa akin. Oo nga pala, hindi naman tumatawa ng malakas si Bern.

"I had no idea you could laugh so hard." Gumuhit ang matamis na ngiti sa kanyang labi. Ipinagpahinga ko ang ulo sa aking mga tuhod at malaya itong pinagmasdan.

"I miss you." Mahinang bulong ko habang nakatuon ang atensyon nya sa buwan. Hindi niya siguro narinig ‘yun sa sobrang hina ng pagkasabi ko?

Nakita ko ang pagpatak ng kanyang mga luha, agad ko itong pinahiran at marahan na hinaplos ang kanyang pisngi. Dahan-dahan na lumingon ito sa akin hanggang sa magtama ang aming mata. Mga mata na mararamdaman mo kaagad sa unang tingin ang pangungulila. Mukhang hindi ko na kailangan

sabihin sa kanya na nagbalik na ako.

"Why are you crying, hmm?" Sinabi ko ‘yun pero heto ako, lumuluha na rin habang pinupunasan ang kanyang mga luha.

Hinawakan nya ng mahigpit ang kamay ko na nasa kanyang mukha at dinampian ng halik bago may binulong. "I-I miss you too. I miss you so much. I miss you so so much." Hindi na tumigil ang mga luha nito sa pagpatak.

"I-I'm so sorry, I made the wrong decision. I-I was hopeless." Hindi na nakayanan at humagulgol na sya sa pag iyak.

"Everything is fine now. You don't have to say anything. It's not your fault, so don't blame yourself." Ganito rin kami noon kaso baliktad na ngayon.

"I-I did everything, but it wasn't enough."

"I know." I whisper.

"I'm sorry kung nagpadala ako sa tindi ng emosyon at hindi nagtiwala sayo. Patawad, nagdurusa ka ngayon dahil sa akin—dahil sa pagmamahal mo sa isang katulad ko na mamamatay tao." Umiling sya at biglang ikinulong ako sa kanyang mainit na mga bisig.

"Don't say that! I love everything about you. Lahat lahat!" Siya lang talaga ang nagbibigay ng kapayapaan sa puso ko.

Umayos ako ng upo bago sya hinila padikit sa akin at isinandal ang ulo sa kanyang balikat. "Naalala mo noong una tayong nagtagpo?" Ramdam ko ang kanyang pagtango habang nilalaro ng mga daliri ko ang kamay nya.

"Dumalaw ako no’n kay babe sa ospital at nakita kitang lumabas ng kanyang kwarto—umiiyak at nasasaktan."

"W-What do you mean?"

"Jami," mahinang bulong ko.

"M-Mako?"

FLASHBACK

"Anong room nga ni babe! KB? Punyeta kasing Iris yan, sabi ko number ng kwarto hindi number ng babae nya! Papatayin ko ‘yun mamaya."

Agad ako sumugod ng ospital ng tawagan ni tita at sinabing nagkamalay na si babe. Hindi na ako nag aksaya hintayin ang mga walang kwenta kong kapatid at mag isang sumugod

Room 5, ano ba Krystal, kanina ka pa kaya lumagpas–nasa room 105 na tayo.

Napahinto ako at tingin sa pintuan na may numero, tama nga, ang layo ng nilandas namin!

"Ugh, bwesit!" Ang sakit na ng paa ko but no choice, kailangan kong bumalik ng daan.

Malapit na sana ako sa kwarto ni babe nang may isang babae akong nakita na lumabas. Panay ang punas nito sa kanyang mga luha habang naglalakad palayo sa kwarto. Wala naman talaga akong pakialam sa kung sino sya pero hindi ko maipaliwanag, basta ang sabi ng isipan sundan ko raw ang babae kaya ginawa ko.

Natagpuan ko ito sa ilalim ng malaking puno, nakayuko, umiiyak at sa tingin ko nasasaktan.

"Hoy, dapat ko ba lapitan?" tanong ko kay KB.

Lapitan mo, itanong mo kung anong ginawa nya sa kwarto ni Sj at bakit sya umiiyak.

Madali akong kausap, dinukot ko ang panyo saka lumapit sa babaeng tahimik na umiiyak. Nang makalapit sa kanyang tapat, niyakap ko ang mga tuhod habang nakatingala sa kanya.

"Hi, bakit ka umiiyak? Ang ganda mo, sayang naman ang mga luhang yan, gusto mo iligpit ko ang nanakit sayo?" Kahit pumapatak ang mga luha ay halata ang pagkagulat ng kanyang mga mata dahil sa biglang pagsulpot ko.

"Y-You?" Itinuro ko ang aking sarili.

"Oo, ako–meron ka pa ba ibang kausap bukod sa akin?" Hindi sa pagiging pilosopo pero obvious naman diba?

"Broken ka ba?" Seryosong tanong ko bago itinagilid ang ulo. Hindi sya sumagot, kaya inabot ko nalang ang panyo.

"Pakipunas ng mga luha. Hindi ko alam kung paano mag comfort ng isang sawi sa pag-ibig pero kaya mo yan. Marami pag ibang tao na mas makikita ang tunay mong halaga, tingin ka lang sa paligid mo–hindi mo alam kasama mo na pala sya." Dire-diretso kong salita bago nagkibit-balikat sa kanya.

Krystal, kailangan mo na umalis.

Tumayo ako at inabot sa kanya ang aking kamay.

"Kailangan ko na umalis." Hindi ko na sya hinayaan magsalita at minabuti nalang makinig sa lahat ng sasabihin ko.

She shook my hand so I smiled. "My name is KB, sa susunod na magkita tayo dapat magpakilala ka na–dapat wala na akong luha na makita sayong mga mata." Binitawan ko rin kaagad ang kanyang kamay, muling nagpaalam at agad na nagtungo sa kwarto ni babe.

Pagpasok ko ng kanyang kwarto ay kumakain na ito ng mansanas, sarap ng buhay nya rito sa ospital samantalang ako nagtitiis sa bahay ng mag asawang Miller.

"Hoy, sino ‘yung babae na nakasalubong ko?" Agad na tanong ko sa kanya at kumuha na rin ng pwede lantakin.

"Kapatid ni Pixie."

"Oh?" Napaisip ako bigla at inalala ang kanyang mukha, kaya pala may hawig silang dalawa.

"Kawawa ka naman, muntik ka pa mamatay sa kagagahan nyong dalawa ni Rochelle." Nagpakawala

ako ng buntong hininga bago sya ikutan ng mga mata.

"Tapos? Bakit umiiyak ang kapatid ni Pixie kanina?" Hindi nya naman siguro inaway no?

"Sabi ko hindi ko siya kilala." Mabilis akong napalingon sa kanya, literal na nahulog pa ang mansanas dahil sa gulat ko.

"Ha? Wag mong sabihin nagpanggap ka na may amnesia?" Tumaas ang kilay ko matapos makita ang pagtango nya sa naging tanong ko.

"Nasaktan ako keyboard, hindi ko matanggap na kayang gawin ni Pixie sa akin ang lahat ng yun—tapos balak nila ako bilhin sa halagang sampung milyon? Hindi ko kailangan ng pera nila. Kaya pala hindi magawang aminin ni Athy ang totoo sa akin kahit ilang beses kong paulit-ulit na tinanong sa kanya–kaya naman pala, kasi magkapatid at kasabwat silang lahat." Sa tingin ko, hindi mukhang manloloko ang babaeng nakita ko kanina. Hindi naman siguro siya masasaktan ng sobra at iiyak ng ganun kung niloko sya.

"Bakit hindi mo pa imbestigahan ang totoo?"

"Hindi na kailangan, okay na rin ‘yung wala sila sa buhay ko para hindi sila madamay ng tuluyan. Mas may kailangan pa tayo pagtuunan ng atensyon." Hindi ko inalis sa kanyang mga mata ang tingin hanggang siya na mismo ang umiwas kaya napabuntong hininga ulit ako.

Sinungaling, kung nakikita niya lang ang sarili sa salamin ngayon. Hindi nya alam kung gaano kalungkot ang kanyang mga mata.

"Keyboard, gusto kong ipagpatuloy to at huwag ipagsabi sa iba–kahit na sa mga kapatid natin." Ano ba pinaplano nya? Hindi ko talaga mabasa ang takbo ng kanyang isipan.

"You mean? Ang pagiging may amnesia?" Tumango sya. Napahilot ako ng batok, bigla akong na stress sa kanya.

"Nasan pala si R?"

"Umalis na." Hindi nga pala alam nito na bumalik na sa Amerika ang isa.

"Ha? Saan?"

"Amerika, pinauwi ni dad dahil nalaman ang nangyari sa inyo. Doon na rin sya mag-aaral." Sinagot ko lang ang kanyang tanong, bakit nakasimangot sya?

"Bakit ganyan mukha mo?"

"Hindi ako galit sa kanya," mahinang bulong nya.

"Hindi kailangan umalis ni R. Nasaktan ako, pero naiintindihan ko kung bakit nagawa niya ‘yun. Siya naman kasi talaga ang nauna at isa pa, hindi mo natuturuan ang puso." Nataranta ako dahil bigla nalang bumuhos ang kanyang mga luha.

Agad ko syang nilapitan at niyakap. "K-Keyboard, ang sakit–mahal na mahal ko si Pixie pero bakit nila ako niloko? Ang tanging ginawa ko lang naman ay ang magmahal at ma

[Content truncated due to length]

CHAPTER 40

-

Pinalipad kami ni dad pabalik ng HongKong sa walang dahilan at nagpasya na mag club na lang bago sana bumalik ng pinas pagkatapos ng laro ni R kanina. Dapat nagsasaya lang kami ngayon pero humantong pa sa away nila S at R. Kanina pa umiinit ang ulo ko sa kanila at kahit si Jami nadadamay na. Nagulat din ako nang makita ang pagdating nila. I didn't expect susunod sila agad dahil lang sa hindi kami nakapag-paalam sa kanila na aalis.

"Mako, please relax." Kanina pa ako pinapakalma pero ayaw mawala ng init ng ulo ko, dagdag pa na nakainom ako.

Nag message ako kay Iris at sinabing umalis sila ni Everleigh, ayaw ko silang madamay dahil ako lang naman ang may alam sa amin tungkol sa pagpapanggap ni babe na may amnesia. Wala rin ‘yun maitutulong at baka lumala lang ang sitwasyon kaya mas mabuting lumayas sya.

Sinabihan ko rin si Ag na lumabas muna silang lahat at hintayin na lang kami matapos. Kaming anim na lang ang natitira ngayon dito sa loob, hindi ako umalis dahil kasalanan ko talaga lahat ng ito at una palang alam ko na ang tungkol sa sitwasyon nya.

Tahimik ang lahat, nagpapakiramdaman at walang may lakas ng loob magsalita. "Rochelle, naiintindihan ko kung galit ka pero sana hinintay mo munang magpaliwanag si Sj, bago ka gumawa ng aksyon na alam kong pagsisisihan mo dahil gano’n ka. Nasaktan sya nong nakita nya kayo ni Pixie."

"Wag mong isisi lahat sa kanya kasi alam mong may kasalanan ka rin naman. Lahat tayo may mali kaya dapat ayusin natin to. Pero alam mo ba ang unang tanong ni babe sa akin simula no’ng magkamalay sya? Nasaan si R? Bakit umalis siya? Hindi nya kailangan umalis dahil naiintindihan ko sya at hindi naman natuturuan ang puso. Yan, para malaman mo." Walang nangahas na magsalita sa kanila. Kahit ang mga kasintahan namin ay tahimik lang nakikinig.

"Galit ka na nag sorry si Ziallyn? Bawal ba humingi ng tawad kapag may nagawang kasalanan? Normal lang mag sorry lalo na kung pinagpustahan, diba? Sabihin mo sa 'kin R, simula no’ng sinagot ka niya naramdaman mo ba na may kulang? Naramdaman mo ba na laro lang ang lahat sa kanya? Naramdaman mo ba na mahal pa rin nya si babe? Naramdaman mo ba na ginawa ka lang nyang panakip butas sa lahat? Sagutin mo ang tanong ko." Pilit kong pinigilan ang mga luhang nagbabadyang pumatak.

Nagtitigan kaming dalawa at naiyak na ng tuluyan ng makita ang pagpatak ng kanyang luha at marahan umiling. "N-No." Mahinang sambit nya bago iniyuko ang ulo.

"Kung aaminin mas ikaw ‘yung naging doubtful sa kanya dahil sa biglang pagsagot sayo. Hindi kita masisisi dahil biglaan nga talaga, pero naging okay at masaya naman ang inyong pagsasama. I'm sorry sa inyo, kung nasaktan man namin kayo." Dagdag ko.

"I know nadala ka lang sa tama ng alak. I know mahal na mahal mo si Ziallyn kaya hindi ka na nakapag-isip at kaagad nasuntok si babe. R, wag naman sana ganito. Ayaw kong nagkakaganito tayo. Okay na eh, masaya na sana tayong lahat kaso nagkaganito pa tayo." Humugot ako ng malalim na hininga.

"Wag mo sana isipin na we're invalidating your feelings. May mga pagkakataon ka mang nakita na akala

mo mali o unfair sayo ay kaagad ka naman namin nilalapitan to confront diba? Pinag-uusapan at pinapagaan ang pakiramdam dahil ayaw natin may nalulungkot isa sa ating lima."

"Tulad nalang nong nag untugan kayo ni babe sa field, diba nauna kami? Bumalik kami agad ng daan no'n kaso nakasalubong namin si Jemama, humingi ng pabor na sya kukuha sayo dahil gusto ka rin nya makausap mag-isa. Yung nasaktan ka sa panahon ng paghahabol mo kay Ziallyn, sino ba ang una lumapit sa amin sayo para e comfort ka? Diba si babe? Ano ba, gumising kayong dalawa at wag puro pride kasi nakakasakit na." Tipid ko silang nginitian, ako 'yung nasasaktan sa ginagawa nila.

"Ipinaliwanag ko na sayo ang dahilan kung bakit nagawa niyang magpanggap diba? Wag mong sabihin na sya na lang palagi ang mahalaga at kinakampihan dahil una palang ginawa ko na ang makakaya ko para maging patas. Hindi mo lang kasi makita dahil una palang tinatak mo sa isipan na hindi ka mahalaga. May mga pagkakataon man na nakakalimutan ka pero sinasadya namin 'yun para magkaroon kayo ng pagkakataon na magsama o mag-usap ni Ziallyn kasi alam namin may gusto ka sa kanya. Sabi ni babe tumulong kami ng patago para mapalapit kayo sa isa't-isa." Hindi ko inalis ang mga mata sa kanya at naramdaman ang higpit ng kapit ni Jami sa braso ko.

"Hindi ako tanga, lampa, inosente o bobo para walang alam sa paligid ko. Ikaw na rin mismo nakiusap sa akin noon na ingatan at alagaan sya tapos ngayon ikaw pa mismo nanakit sa kanya. Hindi ko binabalewala ang nararamdaman mo, gusto ko lang itatak sa utak mo na puno ng alak ngayon na sana tanggapin mo dahil mismong kasintahan mo tanggap at ngayon masaya na sa piling mo. Alam nating cold, nonchalant at hindi showy na babae si Ziallyn pero dahil takot siya ngayon sa pinapakita mo, tingnan mo ang itsura ng babaeng mahal mo. Paano na lang kung may nalaman ka rin na sikretong tinatago namin? Sasaktan mo rin ba kami kaagad ng hindi inaalam ang totoo?" Ayaw ko ng ganito, okay na sana ang lahat nagkagulo pa ng hindi inaasahan.

"M-Mako, stop." Binalingan ko si Jami at binigyan ng blangkong ekspresyon.

"Sinabihan kita na wag makialam." Ulit ko sa kanya bago tiningnan ang mga baril sa lamesa.

"Gusto nyo mag patayan? Ayan, pulutin nyo at iputok sa isa't-isa. Ayaw nyo papigil diba?" Kapag talaga uminit ulo ko hindi ko napipigilan ang sariling magsalita pero gusto ko pa rin maging maingat sa bawat salita.

Ganito naman kami simula pagkabata, kapag may awayan na nangyayari hindi kami basta-basta nakikisali dahil gusto namin kami lang din ang aayos ng away. Minsan kapag malala talaga ay saka lang sumasali ang iba lalo na ang dalawang wala rito ngayon na talagang neutral lang kahit alam nila kung sino ang may mali. Bida-bida kasi ako kaya lagi nangunguna sa pakikialam ng gulo.

"Kung tutuusin parehas tayo kasi hindi lang naman si Ziallyn ang nagkagusto sa kanya. Pati asawa ko, ang babaeng itinago ni Shara sa atin na bestfriend nya ay nagkagusto rin sa kanya." Sabay silang lahat lumingon sa akin ng may gulat sa mga mata ngunit hindi ko pinansin at muling binalingan si Jami na ngayon ay tulala na.

Alam ko dahil narinig ko ang usapan nilang dalawa ni babe nong umamin sya kay Jami nagbalik na ang alaala nya. Nasaktan ako no'n dahil buong akala ko bestfriend lang sila pero mas nanaig ang kagustuhan ko na magpatuloy upang tuluyan maging akin sya.

"Alam ko nasaktan ka pero may dahilan si babe. Madali para sa atin sabihin kasi hindi naman tayo 'yung nasa sitwasyon nya. Bakit hindi ka mag focus ngayon sa kasalukuyan? Where your fiancee, who is crying in front of you, loves you. Nasaktan ka? But don't you realize she's hurting much more because you doubt her love for you? Pagkatapos ng lahat ng mga pinagdaanan nyo?" Unti-unti lumambot ang

kanyang ekspresyon ng makita si Ziallyn na umiiyak habang mahigpit na nakahawak sa kanyang kamay at nakayuko ng ulo.

"I'm sorry for everything R, kung may pagkukulang man ako sayo bilang kapatid at kung nasaktan kita pero gusto ko lang sabihin na mahal ko kayo at pinapahalagahan bawat isa." Binigyan ko sya ng matamis na ngiti bago binalingan si babe na kumalma na ngayon sa bisig ng kanyang kasintahan.

Tumayo ako hawak-hawak ang kamay ni Jami, ayaw ko na magsalita at baka kung ano pa masabi ko. Walang imik na hinila ko sya at kinaladkad palabas. Tapos na ako at oras na nilang apat mag usap para may closure na ang nakaraan nila.

"Okay na ba?" Tanong agad ni Ag pagkalabas namin.

"Ewan ko, lumabas kami para bigyan sila ng oras makapag usap. Hintayin nyo sila at mauna na kami sa sasakyan." Sagot ko saka tinungo ang nakaparada naming sasakyan at unang pinapasok si Jami bago sumunod.

Pagkasarado ko ng pinto ay agad akong napasandal at hinga ng maluwag. Para akong hindi makahinga kanina sa loob, ayaw ko man nakikitang may nag-aaway sa amin pero hindi ko na hawak ang mga desisyon nila sa buhay.

"M-Mako." Binalingan ko sya at kita ko ang pangamba sa kanyang mga mata. Tipid ko syang nginitian bago yumuko at niyakap ang kanyang tiyan.

"Jami, hindi ko na kontrol ang sarili kanina. I'm sorry kung kailangan mong makita ‘yun at kung nasaktan ko ang damdamin mo." Malambing kong salita sa kanya, aminado ako na parang na offend ko talaga sya sa sinabi kong wag makialam sa gulo kanina.

Pero imbes na sagot ang makuha ay isang hikbi ang narinig ko mula sa kanya. Mabilis kong inangat ang aking ulo at nakitang nag unahan sa pagbagsak ang mga luha ni Jami. "I'm sorry, love." Napaisip ako kasi para saan ang sorry nya.

"Why are you crying po?" Tanong ko bago pinahid ang kanyang mga luha.

"H-Hindi ko sinabi sayo ang tungkol sa nararamdaman ko sa kapatid mo noon. B-But nakalipas na ‘yun, please mako sana wag mo isiping hindi totoo ang pagmamahal ko sayo." Hala, hindi ko naman iniisip na hindi totoo ang pagmamahal niya sa akin. Akala siguro magiging tulad ng reaksyon ni R kanina ang gagawin ko.

"I-I'm scared." Nakita ko ang panginginig ng kanyang labi kaya mas lalo kong hinigpitan ang yakap sa kanya.

"I'm not mad, Jami, naiintindihan ko naman at nakaraan na ‘yun. Alam ko at ramdam ang pagmamahal mo sa akin kaya wag kang umiyak, hindi po ako galit at hindi pinagdududahan ang pagmamahal mo." Ang mahalaga sa akin ngayon ay ang kasalukuyan at hinaharap. Kailangan kalimutan ang nakaraan kung gusto ko sumaya ng walang pag aalinlangan.

"I'm so proud of you, love, ang matured mo na."

"Alam kong concern si R sa pag aakala na nasaktan si Ziallyn dahil sa pagpapanggap ni babe, pero sa tingin ko naman wala na sa kanya ‘yun at talagang mahal ang donkey namin. Kita mo naman siguro kung paano nya hawakan at iyakan si R kanina, ngayon ko lang nakitang natakot ng gano’n si Ziallyn,

mas takot pa ang mga mata nya kanina kaysa mismo nong gabing nadatnan namin sila ni Loraine sa hotel. May kasalanan din kasi ako, aminado ako Jami, kung noon palang sinabi namin sa kanila edi sana hindi nagkagulo." Kaloka, imbes na sa kasal ako ni Jami ma-stress mas na stress ako sa mga kapatid ko.

She cupped my cheek at inayos ang buhok ko. "It's fine mako, kilala ko si Ara at alam kong magkakaayos sila hindi man ngayon pero baka bukas maging okay na." Sana nga.

Nagdaan ang ilang minuto ay nakita ko ang paglabas nila. Kaagad kong sinabihan si Jami na sasabay ako sa sasakyan ni R, lumabas ako ng kotse at kinausap si Ziallyn na samahan si Jami sa kabilang sasakyan bago pumasok ng backseat at tinabihan si R. Pinagmasdan ko sya ng ilang minuto, walang kibo at nakayuko lang ang ulo bago hinila palapit sa akin upang yakapin. Agad sya humagulgol at mahigpit akong niyakap kaya ang tanging nagawa ko na lamang ay marahang tinapik ang kanyang ulo.

"I-I'm sorry bunso kung hindi ako nag iisip kanina. Nadala lang ako sa emosyon at dala narin ng alak, hindi ko intensyon sirain ang masayang gabi natin at suntukin si S. I'm sorry sa mga nabitawan kong salita." Naiyak na rin tuloy ako dahil sa kanya. Mas hinigpitan ko ang yakap para ipahiwatig na magiging okay din ang lahat.

"I'm sorry din sa mga masasakit na salitang binitawan ko at pagbato ng bote sayo. Alam mo naman ang ugali ko kapag nagalit na diba? Pero kahit gano’n sinusubukan ko pa rin kontrolin ang sarili ko." Mabilis na sagot ko sa kanya at sinuri ang kanyang mukha na muntik matamaan ng hinagis kong bote sa kanya.

"Hindi ka ba nasugatan sa binato ko kanina? Sorry kung itinago namin sa inyo. Lahat naman tayo may mali eh, kailangan lang natin tanggapin, magpatuloy at kalimutan ang nakaraan lalo na at masaya na kayo sa piling ng mga kasintahan. Marami rin akong tinatago R, kaya sana kapag sa oras na may natuklasan ka please lang pakinggan mo muna ako bago mo awayin. Pwede ba?" Pilit akong ngumiti bago pinahid ang kanyang nangingilid na mga luha.

Ilang ulit syang tumango at sumilay ang isang ngiti bago ulit ibinaon ang kanyang mukha sa aking leeg. "I-I'm sorry po, sa pag aakala na hindi ako mahalaga at wala kayong pakialam sa akin. Hindi ko naman alam may dahilan kayo sa likod ng lahat ng yun kasi hindi nyo pinaalam sa akin. Promise hindi na mauulit at mag iingat sa mga susunod kong kilos. Patawad K, sorry for being a childish sister. W-Wala akong lakas harapin si S at Kitten, nahihiya ako sa ginawa kong panunumbat sa kanila." Nawala na yata ang epekto ng alak sa kanya.

"Hayaan mo magkakabati rin kayo, wag ka mahiya kay Ziallyn kasi alam kong maiintindihan ka nya. Maaayos mo yan R, nakaya mo nga syang paamuhin sa sobrang sungit nya diba? Mahal ka no’n, usap lang kayo pagdating natin sa paliparan. Kalimutan na natin ang nakaraan tungkol sa inyong apat kasi nahanap nyo na ang para sa isa't-isa. Nag-usap ba kayo pagkalabas ko?" Ngayon lang siya naging ganito sa akin, hindi kasi talaga gano’n ka open si R pagdating sa feelings nya kaya madalas silang dalawa ni babe ang nagbabangayan.

Marahan syang tumango at suminghot. "Oo, sinabi na sa akin ang lahat-lahat at humingi ng sorry sa naidulot nyang pagkakamali. H-Hindi ako nakakibo kasi hindi ko alam ang sasabihin sa kanya, Gusto ko rin sana mag sorry. Unang beses namin to nagkasakitan kaya wala akong mukha na maiharap. Kinausap nila akong tatlo at ipinaintindi ng mabuti ang sitwasyon saka binigyan ng closure. Natatakot ako bunso, p-paano kung magbago ang pagtingin ni kitten sa akin?" Ramdam ko ang panginginig ng kanyang boses at katawan.

"No, magtatampo ‘yun pero hindi magbabago ang feelings para sayo. R, nakita mo ba kung gaano ang

takot sa mga mata ni Zb kanina? Mata ‘yun ng taong takot mawalan ng minamahal, alam ko kasi naranasan ko na rin ang gano’ng tingin. Wag ka na umiyak, ang dapat mong gawin pagkababa ng sasakyan ay agad siyang yakapin at kausapin. Tungkol kay babe, kilala natin ugali nya kaya isang sorry lang magiging okay na ulit ang lahat para sa kanya." Pagpapagaan ko ng kanyang kalooban, tanging ako lang ang kasama niya ngayon sa byahe kaya ako lang ang masasandalan sa mga oras na to kahit kanina halos magtakwilan na kami.

"I'm sorry again R," dagdag ko bago isinandal ang ulo sa kanyang balikat.

"Peace na po tayo bunso, wag ka na magalit sa akin." Hindi ako galit sa kanya. Well, nasigawan ko sya dahil sa gulat ng pagsuntok nya kay babe. Hindi naman kasi required mag sapakan silang dalawa at unang beses ko rin nakitang magkaganoon sila.

"Hindi mo kailangan humingi ng sorry sa akin, ako nga dapat mag sorry sayo. Gusto ko lang magkaayos kayo R. Alisin mo’ yung mga negative thoughts about sa relasyon nyo ni Zb kasi wala talagang magandang maidudulot yan. Maging masaya ka, okay?" Dinampian ko ng halik ang kanyang pisngi para ipahiwatig na okay na kaming dalawa.

"I love you, bunso, you've matured now and I'm so happy for you. Ikaw lang naglakas loob magsalita kanina sa ating lahat." Wala naman akong aasahan sa totoo lang kina Ag at Iris dahil hindi talaga sila nakikialam ng away nilang dalawa ni babe.

"Bati na tayo, okay lang ba mukha mo? Tingnan mo at nasapak ka rin tuloy ni babe, syempre sasapakin ka no’n kasi pinagdudahan mo si Zb kahit alam mo namang hindi nya magagawang paglaruan ka. Yang ulo mo hindi ba sumakit? Dala mo ba gamot mo?" Pag check ko ulit sa kanyang mukha, isang suntok lang nga natanggap nya pero grabe putok labi agad.

"Okay lang ang mukha ko, di ko na kasi talaga nakontrol ang sarili kaya nakabitaw ng gano’n na mga salita. Masakit ulo ko bunso, pero na'kay kitten ‘yung gamot ko." Ngumungusong paliwanag nya. Kaagad ko hinilot ang kanyang ulo at noo para bawasan ang sakit.

"Masakit pa rin?" Mahinang tanong ko dahil nakapikit ang mga mata niya.

"Oo, mukhang kailangan na gamot ko. Kanina ko pa talaga kasi iniinda tong sakit at nilalabanan lang." Tumango ako.

"Brod, stop the car." Utos ko at agad nya dinala sa gilid ng kalsada ang sasakyan.

"Dito ka lang, tatawagin ko si Ziallyn. Hindi na kita kailangan pagsabihan, alam mo na gagawin diba?" Ngumiti sya at tumango bago ako hinila at niyakap ng mahigpit.

"Bitaw ka muna para makuha ko gamot mo." Sabi ko, mabilis siyang kumalas sa akin. Bumaba ako kaagad ng sasakyan at tinungo ang sasakyan na kinaroroonan ni Ziallyn na kasunod lang naming huminto.

Tinungo ko ang ikatatlong sasakyan na kasunod namin at binuksan ang backseat. Medyo nagulat ako pagbukas dahil yakap ni Jami si Zb at umiiyak. "Zia, kailangan ka ni R ngayon, inaatake sya ng migraine." Sabi ko sa kanya at walang salita na nagmamadali itong bumaba ng sasakyan at tinakbo ang kinaroroonan ni R.

Bumalik na rin ako sa tabi ni Jami at isinara ang pintuan. "Anong nangyari po, Jami?" Tanong ko.

"Hmm naglabas lang ng saloobin. My cousin really loves your sister, takot mawala dahil mahal na mahal kapatid mo. I told her kausapin nya at humingi ng tawad, pareho silang may pagkakamali kaya dapat tanggapin nila at pag-usapan ng mahinahon." Paliwanag niya. Tumango ako, pareho pala kami ng iniisip.

"Kinausap ko na rin si R, magiging okay din sila at may tiwala naman ako sa kapatid ko." Pagtitiyak ko at nginitian sya.

Kinuha ko ang phone to chat Iris.

Baklang horsey ?
Bitch, wya?

Juts na riri ?
Hanapin mo ako.

Baklang horsey ?
Sige wag ka na magpakita stupida madafakah. ?

Juts ni riri ?
Wag kang disturbo, busy sa pag laplap ngayon sa akin si uno.

Baklang horsey ?
Malibog kang letche ka. Dumiretso kayo sa paliparan, enjoy sa laplapan nyong dalawang malilibog.

Juts ni riri ?
Oo naman! Enjoy na enjoy ako sa ginagawa ni uno. Laplap din muna kayo ng asawa mo bago kasal, bakit hindi mo subukan maging top kahit ngayon lang? ?

Sinulyapan ko si Jami na nakatingin sa labas ng bintana bago ibinalik ang paningin sa screen.

Baklang horsey ?
May problema na nga nagawa mo pang lumandi bwesit ka.

Juts ni riri ?
Okay BOT. ?

"Mako, nandito na tayo." Tawag ni Jami kaya hindi ko na nagawang sagutin ang mensahe ni empakta.

Halos magkasabay lang kaming anim bumaba ng mga sasakyan. Binalingan ko si R na ngayon inaalalayan ni Zb bago si babe na gano'n din ang ginawa ni Pixie. Una kaming umakyat ni Jami sa eroplano para makapag pahinga sya kahit papaano. Gamit pala ang sasakyang himpapawid nila kaya mabilis na nakasunod sa amin.

Ang tagal din ng hinintay namin bago nakabalik ang dalawang malilibog. Saya nilang dalawa samantalang kami namomroblema, naiirita ako sa pagmumukha nitong empakta at sarap pakainin ng granada.

Mahimbing ang tulog ni Jami sa aking tabi, nagpasya na lang din akong matulog para may lakas ako mamaya sa kasal nila. Sa totoo lang wala pa akong planong naisip dahil biglang nag iba ang set-up ng kasal nila, bahala na at sugurin ko nalang mansion nila Trishcan mamaya.

Sa bahay kami nila Jami umuwi kasama sila pixie at babe. Birthday ni Jami ngayon kaya dapat gandahan ko ang regalo sa kanya mamaya.

***

Maaga kami umalis ni babe, isang oras lang kami nanatili sa bahay nila Jami at umalis din dahil may kailangan pa akong asikasuhin. Hindi ko na muna sya tinanong tungkol sa kanila ni R at binigyan siya ng space.

"Ma'am, mahihirapan po tayong pasukin ang mansion ni Trisha dahil sa higpit at dami ng mga bantay na nagkalat sa paligid ng mansion." Ulat ni Brod habang abala ako sa pagkain.

"Ilan lahat?"

"20 po lahat, hindi pa kasama ang sa loob." Yun lang.

"Maghanda ka ng 20 sasabay sa atin. May police tayong kasama at dalang warrant. Ipahanda mo na ang Lion squad, gusto ko malinis nila ang nagkalat sa labas bago ako makarating sa location." Utos ko. Kamusta na kaya si empakta ngayon? Tapos na ba sya sa plano nya?

"Affirmative."

6am na, nandito ako sa villa, payapang kumakain habang nagbibigay ng mga utos na kailangan gawin nila Brod nang biglang bumukas ang pinto at sumulpot ang dalawang kagabi lang ay nagsuntukan. Lihim akong nasorpresa at natuwa dahil sa tingin ko nagkaayos na sila.

"Bunso." Naubo ako sa malambing na tawag nila, letche.

"Parang walang nangyaring sapakan kagabi no? Nag-usap na kayo? Okay na ba ang lahat?" Salubong kong tanong sa kanilang dalawa.

"Oo okay na kami, sorry last night sa gulong ginawa namin." Sabi ni babe at sinuklay ang dulo ng buhok ko habang si R tinatapik ang aking ulo sa kabilang side.

"It's fine, ang mahalaga nagkabati na kayong dalawa. Okay na rin ba kayo sa mga kasintahan nyo?" Nakangiting tumango ng sabay ang dalawa. Mabuti kung gano’n. Maayos naman ang lahat kung pag uusapan lang ng walang sakitan.

"Bakit hindi ka pa naghahanda? Hindi pa ba tapos ang plano mo?" Napahikab ako sa tanong ni R, wala kasi talaga akong tulog at pinipilit lang hindi pumikit ng tuluyan tong mga mata ko.

"Hmm tapos na, hinihintay ko na lang ang tawag ng Lion squad. Pinaligpit ko kasi muna ang mga nagkalat na bantay sa labas para palitan nila." Sagot ko at ipinakita ang laptop kung saan malaya naming nakikita ang kilos nila sa pamamagitan ng drone.

"Sama kami mag gatecrash ng wedding?" Niyakap ko ang tiyan ni R ng hindi inaalis ang paningin sa laptop.

"Sama kayo? Pwede rin total nando’n naman mga kasintahan ninyo." Private wedding at relatives lang ng both parties ang makakapasok.

Nagsimulang kumilos ang Lion squad, sabay-sabay inatake at pinatulog ang dalawampung katao na

nagbabantay sa labas. Wala rin problema sa CCTV camera na nagkalat sa labas dahil napasok na ni Louis ang security system nila.

"Bakit nandito ang Lion squad? Humingi ka ng tulong?" Tanong ni babe.

Umiling ako. "Hindi, pinadala sila ni dad dahil halos na'kay riri lahat ng mga bata. Kasama nya si Zen, si Brod ang nasa akin." Paliwanag ko, required ba talaga 50 katao dalhin nya para lang mang gatecrash ng wedding? Balak yata ambushin si Bentong.

"Hmm tingnan mo, they're dragging the bodies. Anong plano mo?" Dami naman tanong ni R at babe.

"Sila papalit magbantay, just in case lang may back-up si Trishcan na dumating." Hinubaran nila ng damit ang mga bantay na pinatulog, di naman siguro nila binaril no? Utos ko lang patulugin at itali, hindi patayin.

"Ready na ba mga ebidensya mo?" Tumango ako. Buti nagawa ni Jami ang pinagawa ko sa kanya kahapon. "Pag na present ko tong hawak mamaya, mabubuksan ulit ang kaso nya tungkol sa kaso nilang mag ama at may dagdag pa." Dagdag ko sa sinabi.

"Galing ng bunso namin, maghanda na tayo at aabutin ng kalahating oras ang byahe patungo sa mansion ng hangal na yan. Secured na ang labas," sabi ni babe at itinuro ang monitor kung saan itinali nila sa tagong bahagi ang mga bantay. Secured na nga talaga dahil tumatawag na si Brod sa akin para ibalita ang resulta.

"Sige,"

Kahit walang tulog ay naligo pa rin ako, di naman siguro ako mamamatay kahit ginawa ko to isang beses. Pagkatapos maligo hirap akong mamili sa susuotin pero si Bern na mismo ang tumulong sa akin kung anong babagay sa akin.

Pinagsuot ako ng white chiffon blouse, pinares sa high waist fitted black skirt na hanggang legs ko lang haba at black stiletto heels na 2 inches para hindi ako mahirapan sa paglalakad. Gusto ko sana talian ang buhok pero pinagsabihan ako mas maganda kung bagsak lang ito kaya hindi na ako kumontra.

Nag apply lang ako ng light make up since hindi talaga ako mahilig pero syempre dapat maganda ako pag humarap kay Jami ko. Pagkatapos ayusin ang sarili ay napa wow nalang ako. Bagay na bagay nga talaga ang ginawa ni Bern, nagmukha akong matured sa paningin ko at na miss ko to.

"Keyboard, tapos ka na?" Tawag ni babe mula sa labas ng aking pinto bago binuksan.

"Wow naman, ang ganda ng bunso namin! Hindi kita nakilala. Hindi ka na mukhang bata sa paningin namin." Agad ko sila inikutan ng mga mata ni R dahil sa panunukso at tawa.

Mga naka semi formal attire sila, kahit anong isuot babagay sa kanilang dalawa kahit pa magsuot sila ng basahan ay lalabas pa rin ang taglay na kagandahan.

"I'm done, tara na." Sabi ko at lalabas na sana kaso pinigilan ako ni R,

"May kulang." Sambit nya bago binuksan ang closet ko at kinuha ang itim na blazer bago bumalik sa tapat ko.

"Suot mo to para mas lalong maging badass ka sa paningin nila mamaya." Napabuga ako ng mahinang

tawa sa sinabi nya at agad itong kinuha, naisip nya pa pala ‘yun? Akala ko all set na 'ko sa lahat eh.

"Thank you. Tara, baka wala na tayong maabutan pag nagtagal pa." Nauna akong lumabas at sumunod ang dalawa.

Paglabas ng villa maraming nakaabang at nakaparadang mga itim na sasakyan. Nasa sampu ang bilang at kami na lang ang hinihintay.

"Pasok ka na, may dala kaming sasakyan. Nasa likod mo lang kami nakasunod." Tumango ako sa sinabi ni R.

Habang nasa kalagitnaan ng byahe ay nakatanggap ako ng mensahe mula sa isang empakta.

Juts na riri ?
Tangena unggoy!

Kumunot ang noo ko, anong problema nya at minumura ako ng bobitang to.

Baklang horsey ?
Ano? Bobo.

Justs na riri ?
Maling kasal napigilan ko naknampucha HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.

Nanlaki ang aking mga mata at inulit ang pagbasa dahil baka mali ako sa nabasa. Pero totoo nga, maling kasal ang napigilan nya? Gaano sya katanga?

Baklang horsey ?
Tangena mo, iyak ka talaga pag natuloy kasal ni benten sa asteroid mo.

Juts na riri ?
Sa kabilang resort pala, pareho kasi ng name naknampucha. ? Kamusta naman lakad mo? Patungong hell ka na ba?

Baklang horsey ?
Oo, isusunod kitang empakta ka. Wag mo sirain umaga ko at baka pasabugin kita, asikasuhin mo yang asteroid mo. Goodluck!

Juts na riri ?
Sungit mo carabao!

Dapat sa mga oras na to kinakabahan na ako pero ngayon mas nanaig ang excitement sa kasal ni Jami, di na ako makapaghintay makita ang pagkasawi ng mukhang ipapakita ni Trishcan mamaya. Ang dami namin napagdaanan noon at ngayon hindi na talaga ako papayag na may humadlang pa sa kaligayahan ko.

"Hmm, akin lang si Jamila," nakangiting saad ko habang tinatanaw ang daan sa labas ng bintana.

Makalipas ang kalahating oras ay narating namin ang tuktok kung saan matatagpuan ang mansion nila Trishcan, kaagad bumukas ang malaking gate at sunod-sunod pumasok ang mga itim na sasakyang dala namin. Isang beses lang kami nakapunta rito, noong panahon na nilooban namin sila para kunin ang mahalagang flashdrive na inutos ni dad. Walang pinagbago, ang pangit pa rin ng lugar na to.

Bumaba ng sasakyan si Brod para pagbuksan ako ng pinto. Pagkababa ko ay nakita ko sila babe at R na papalapit sa direksyon ko kasunod ang mga armadong kasamahan namin at iilang pulis upang dakpin ang kriminal na si Trishcan.

Pwersahan nilang binuksan ang malaking pintuan ng mansion at sumalubong ang mga armadong kalalakihan sa amin. Ngunit bago paman nila kami paputukan ay naunahan na sila ng aking mga tauhan. Hindi umalingawngaw ang tunog sapagkat naka suppressor lahat ng mga baril naming dala.

Habang tinatahak ang daan patungong garden kung saan nagaganap ang wedding ay parami nang parami ang sumalubong sa amin. Mabuti at maliksi at well trained tong mga batang pinadala ni dad, hindi pa man nakakalabit ng mga kalaban ang gatilyo ay napapatumba na nila.

"Hmm, magagaling tong pinadala ni dad. Mukhang hindi namin kailangan makisali ni S," sabi ni R habang dinadaanan namin ang mga katawang nakahandusay sa daan.

"Pwede na rin." Segunda ni babe.

Hindi ako nagsalita at patuloy lang sa paglalakad hanggang sa narating namin ang malaking garden sa likod ng mansion nila. Walang tao nakapansin sa aming pagdating dahil nahaharangan ng mga pananim ang kinatatayuan namin.

"Brod, ipakalat mo silang lahat. Palibutan nyo ang buong garden at siguraduhin walang matitira na makakasagabal sa aking gagawin." Utos ko.

"Roger,"

Mabilis silang nagkalat sa buong paligid ng garden. Hinintay ko muna ma secured ang lugar bago harapin ang mga taong hindi pa rin nararamdaman ang presensya namin. Makalipas ang ilang minuto ay bumalik siya sa akin.

"It's all clear, ma'am." Ulat nya.

Tumango ako at maglalakad na sana nang biglang hinawakan ni R ang balikat ko kaya napalingon ako sa kanya.

"Wear this." Sambit nya at inilagay sa magkabilang balikat ko ang blazer na akala ko ay naiwan sa sasakyan.

"Thank you, tara." Bulong ko.

Nauna akong maglakad, mabagal at maingat ang bawat paghakbang habang nakakrus ang mga kamay na tinititigan ang babaeng may suot na wedding dress.

"Should anyone present know of any reason that this couple should not be joined in holy matrimony, speak now or forever hold your peace—" salita ng pari at inilibot ang mga mata sa paligid hanggang sa napunta ang kanyang paningin sa amin na papalapit sa kanila.

"Who in their right mind would let their wife marry someone else?" Kaswal kong salita, dahilan para lumingon ang mga tao, pero mas naunang lumingon ang mahal ko pagkarinig nya palang sa unang bigkas ko.

Tiningnan ko ang mga taong nandito. Nandito ang mommy nya, ang quadruplets at mommies nila, si ate

Niks na matagal ko ng hindi nakita at ang iba ay hindi ko na kilala dahil baka relatives ni Trishcan na basura.

"Y-You?!" Singhal ni Trisha at may tinawag pero walang sumagot sa kanya.

"Sinong tinatawagan mo? Yung mga basura mong mga bantay na katulad mo? Wala, niligpit ko na lahat ng mga basurang nagkalat kanina pa." Seryosong salita ko sa malamig na tono bago nagsimulang maglakad ulit palapit sa kanilang dalawa ni Jami kasunod ang dalawang kapatid ko.

"K-Kathlyn, what's the meaning of this? Baka nakakalimutan mo kung anong hawak meron ako?!" Galit na sigaw nya kay Jami at akmang hihilahin ito upang ipitin ako ngunit kaagad kong ibinato sa kanyang mukha ang blazer at hinila palayo sa kanya ang aking asawa.

"Ah," sambit ko bago kinuha ang inabot na flashdrive ni R, "Ito ba kamo? Yung video ng pamamaslang ko ipagkakalat mo? Sa totoo lang, walang problema sa akin kung ipagkalat mo pero syempre ayaw ko bahiran at dungisan ang pangalan ng asawa ko sa publiko. Isa pa, nararapat lang silang patayin kung una palang mga mamamatay tao at masama na sila. Gusto mo police? Meron akong kasama rito pero sa tingin mo aarestuhin nila ako? May kapangyarihan ka bang gawin ‘yun sa estado mo ngayon at hulog ka na sa mga bitag ko? Hmm, oh, ito pala ‘yung flashdrive na bigay mo sa kaibigan mong akala mo na hindi ko makikilala. Hindi mo alam pero kinanta ka na nya. Nasa mga pulis na ang karagdagan na katibayan." Mahabang salita ko at nilakasan ang boses para marinig ng ibang tao.

"Hindi mo nga kilala ang totoong pagkatao ko tapos nagawa mong pagbantaan ako? Paano ako makukulong kung may sapat na katibayan ako laban sa mga binabato mo? Nagtataka ako sayo Trisha, paano nyo nakuha to at bakit konektado kayo ni Brenton sa nangyaring insidente sa gabing ‘yun? Hindi naman siguro coincidence lang ang lahat diba? Pero wag mo ng sagutin dahil alam ko namang hindi ka kakanta. Mag focus nalang tayo sa mga krimen na ginawa mo, hmm?" Dagdag ko at pagkatapos nginisihan sya kasunod ang pagyakap sa bewang ng aking asawa.

"Louis, play the video." Utos ko sa kabilang linya.

Lahat kami tumingin sa malaking screen. Ito ang pinagawa ko kay Jami bago ang araw ng kasal nila. Nasa isang kwarto sila ng hotel habang nag uusap. Sabi ko sa kanya patagong kunan nya ng video ang usapan nila para maging malinaw sa lahat na tinakot lang siya.

"I want to cancel our wedding." Sabi ni Jami sa monitor at tinawanan lang sya ni Trisha.

"Kathlyn, ngayon ka pa ba aatras kung kailan kasal na natin bukas? Baka nakalimutan mong hawak ko ang katibayang magpapakulong sa babaeng mahal mo."

"I don't love you. You forced me to do things I shouldn't have, even though you're involved in your father's crimes. You even sent people to kill her. I warned you—never lay a hand on Krystal!" Naalala ko ‘yung gabing naghiwalay kami at may huli akong napatay sa ilalim ng malakas na ulan.

"Dahil hindi ka marunong tumupad sa usapan! Malinaw ang sabi kong layuan mo sya kung gusto mong magtagal ang buhay nya. Kaya kong magpadala ng maraming tao mapatumba lang ang babaeng kinababaliwan mo." Baliw ang babaeng to, dapat sa kanya dinadala sa mental hospital.

"I'm warning you Kath, sa oras na may ginawa ka ulit na hindi ko gusto ay hindi ako magdadalawang isip ipagkalat ang video ng estudyante mo. Malalaman ng lahat kung gaano kawalang awa nyang pinagbabaril sa ulo ang dalawang lalaki." Banta nya kay Jami at ginamit ang daliri nito para barilin siya sa ulo. What if iputok ko sa utak niya itong nakatagong baril ko?

Pinilit nyang halikan si Jami pero nanlaban ito at nasampal sya. Kawawa naman ang Trishcan na to, sinayang ang buhay sa maling daan.

"Okay lang at bukas mahahalikan din kita. Ihanda mo ang sarili dahil sa oras na mag asawa na tayong dalawa, hindi mo na muli makikita ang pinakamamahal mong si Krystal." Huling salita nya bago iniwan si Jami at namatay ang monitor.

Si Trisha, halos naliligo na sa sarili niyang mga pawis at napasalampak sa sahig. I look down at her at binigyan ng isang matagumpay na ngiti. Ano pa ba ang laban nya sa akin ngayon kung hulog na sya sa tinanim kong bitag para sa kanya?

Lumapit ang mga pulis na may dalang warrant, isinaulat ang mga krimeng nagawa bago pinosasan at bigkasin ang miranda rights. Ang mga katulad niya dapat mabulok sa kulungan, aminado akong pumapatay pero kahit anong gawin nya ay hindi ako makukulong lalo na at sinusunod lang namin ang order.

"Mako," binalingan ko si Jami at ngayon lang napansin kung gaano ito kaganda sa suot na wedding dress. Gusto ko rin maikasal balang araw sa kanya sa harap mismo ng altar. "Thank you, for saving me." Mabilis ko syang nginitian, sabi ko naman sa kanya na ililigtas ko sya.

Hindi talaga ito ang original plan ni Bern, kinapos ako sa oras kasi nga nag iba ang plano ni Trisha. Akala ko sabay talaga sila ni Everleigh ngayon, pero kahit gano’n maganda pa rin naman ang kinalabasan ng ginawa ko at ngayon tuluyan na syang napalaya mula sa pagbabanta ni Trisha,

"Welcome Jami, lahat gagawin ko para sayo. Umalis na tayo sa lugar na to, hindi ka nararapat sa ganitong lugar. Bagay ka sa akin, sa pamilyang Albrecht," marahan kong hinawakan ang kanyang kamay at dinala sa kanyang pamilya.

Si mommy Irene sinalubong kaagad ako ng mahigpit na yakap habang lumuluha. "Thank you, anak, akala ko hindi ka darating para sa anak ko." Kahit bumagyo pa siguro susugod ako mailigtas lang si Jami.

"Lahat po gagawin ko sa kanya, kung gaano ako kamahal ni Jami mas higit pa do’n ang pagmamahal ko sa kanya." Tapos naalala ko paano nya alam ang tungkol sa amin? Akala ko walang alam ang ina nya sa relasyon namin ng kanyang anak. "Alam nyo po ang tungkol sa amin?" Gulat kong tanong at paulit-ulit siyang tumango.

"Sinabi ng anak ko bago ka pa man nya inalok ng kasal noon." Sobrang shocked talaga akong napalingon kay Jami, wala naman kasi siyang sinabi sa akin at akala ko wala syang balak ipaalam. "Payag kayo? Sabagay at maganda naman po ako at cute, hindi na rin kayo lugi sa akin." Pagbibiro ko at natawa nalang ang ginang.

"Basta kung saan sasaya ang mga anak ko. Ayaw ko ng maulit ang pagkakamali na nagawa noon, gusto kong sumaya ng tuluyan ang aking dalawang anak." Nakakalambot masyado sa puso ang kanyang pagtanggap sa akin.

"Salamat po, alis na po tayo sa lugar na to." Sabi ko sa mag-ina bago nag excuse at nilapitan ang dalawa kong kapatid, kasama ang mga mahal nila.

"Uy, alis na tayo." Sabi ko at babalik na sana kina Jami nang bigla akong tawagin ni Pixie at Zb,

"Ano ‘yun?" Tanong ko.

"I just want to say thank you for what you did last night." Awang ang labi ko, si Ziallyn nagpasalamat? Wow, it's a miracle.

"May kasalanan talaga tayong lahat. Ang mahalaga nagkaayos na kayo ngayon. Mahal na mahal ka ng kapatid ko, alam kong ramdam mo ‘yun." Sagot ko sa kanya at nakita ang matamis na ngiti sa kanyang labi. Kaloka na talaga at himala ang pinapakita nya ngayon sa akin.

"Yes, and I love her very much." Letche, itsura ni R namumula, parang baliw to ang lawak ng ngiti sa likod ni Zb.

"Thank you for everything Krystal, especially sa ginawa mo para sa kapatid ko." Sunod namang salita ni Pixie.

"Gano’n talaga pag mahal mo, kahit naman siguro kung sa inyo nangyari ‘yun siguro pinaulanan na ng bala ng mga kapatid ko ang buong lugar." Seryoso akong nagsasalita tapos tatawanan lang nilang apat, pft. "Alis na tayo, ay kailangan ko pa pala makibalita sa pag gatecrash ni empakta sa kasal ng asteroid nya. Normal lang tong ginawa ko pero questionable na masyado pag si Iris ang pag uusapan." Dagdag ko pa na mas ikinatawa nila.

Binalikan ko sila Jami at sabay nilisan ang lugar. Mga relatives ni Trishcan hindi nagawang lumapit at salita sa amin dahil sa sobrang kahihiyan. Wala naman silang kasalanan kaya labas sila sa gulong to, basta wag sila tumulad sa kapamilya nilang masasama.

Mahina akong natawa pagkalabas ng main door, gulat kasi masyado ang mga Ponferrada sa daming sasakyang naghihintay. Mga bata naming may bitbit na mga baril at nagkalat sa buong paligid.

"Tara na po, uwi na kayo sa lugar kung saan nararapat ang mga katulad ninyo." Magalang na salita ko sa mga ginang at sa mga anak nila.

Sa sa

[Content truncated due to length]

CHAPTER 41

-

Masakit ang katawan at ulo kong pumasok ng school. Hindi ako tinigilan ni Jami simula nong makauwi kami kagabi galing lesfem. Sabi ko celebrate namin ang kaarawan nya pero hiniling sa akin na mag bar daw kami kasama ang demogons at mga kapatid ko kaya pumayag na lang din ako. So ayun, nalasing kami at inangkin na naman ako magdamag.

"Aaaaaaa, tangina ang sakit ng balakang ko." Si babe daig pa ang natira sa pwet sa sitwasyon nya ngayon habang hinihilot ang kanyang ulo. Lahat kami naka turtlenecks pumasok kasi puno ng lovemarks ang mga katawan.

"Caddie, tawagan mo nga si tansan, sabihin mo gusto ko coffee tiramisu at pudding." Utos niya kay Caddie na kasalukuyang ginagawa ang weekly budget imbes na di naman sana sya member ng council.

"Okay, bakit pumasok kayo? Sana nag halfday nalang kayong apat." Sagot niya.

"Di pwede, dadalaw si kitten ko ngayon sa school kaya dapat nandito ako." Hindi ko na matandaan ang ginawa nila kagabi.

"Nanghihina ako pag di ko nalalamas dibdib ng asteroid ko." Puro lang talaga kamanyakan laman ng utak ni empakta.

"Kamanyakan mo." Irap ko.

"Presideeeeeeeent!" Letcheng Jake to bigla na lang papasok.

"Anong dahilan at sumugod ka empakto?" Tanong ko. Parang bahay lang nya, agad nagtungo sa ref at kumuha ng maiinom.

"M-May karen na naghahanap sa inyo." Sinong karen tinutukoy nito? Tinuro niya ang nakabukas na pinto at nakita namin ang isang magandang babae ang pumasok.

Mabilis namin sya pinaupo at inasikaso. Tinanong ko kung anong sadya pero sagot nya ay sabi ng principal kami ang hanapin kung may gusto pa syang itanong tungkol sa PU dahil sa susunod na taon dito na sya mag-aaral. Panay english ang babae, lalong sumakit ang ulo ko.

"Empakto, dito ka at translate mo sa kanya mga tanong. Ubos na engrish ko." Tawag ko sa kanya na ngayon abala sa pagkain kasama si babe.

Mabilis syang tumayo at umupo sa tapat ng babae. "Matalino ako sa english pres kaya hindi ka nagkamali ng nilapitan. Anong gusto mo tanong ko sa kanya?" Confident si empakto.

"K, translate mo tanong namin sa kanya." Natatawang salita ko dahil seryoso masyado ang mukha nito.

"Okay! Dapat may bayad to ha." Kapal. "So, what is the question to her?" Tanong nya sa akin.

"Tanong mo saan siya lumaki." Utos ni empakta sa kanya at hinarap ni empakto ang babae.

"Miss, where did you grown?" Seryoso nyang tanong ha pero si Caddie tumawa sa pag translate nya.

"Did you grow up? Where?" sunod nyang tanong at sumakit ulo ko sa bigla kong pagtawa ng malakas.

Hindi ko alam kung naiirita ang babae sa kanya o kung nagpipigil ng tawa. "Tanong mo Jake, ano hobbies niya kapag rest day." Sunod na utos ni R.

Tumikhim pa una ang empakto bago muli ibinuka ang bibig. "Uhh,uhh, in rest day?? What you do?" habang tumatawa lumalala yata sakit sa ulo ko, bwisit na empakto to. Naintindihan naman ng babae at sinagot nya ito kung anong ginagawa pag rest day.

"Sunod, tanong mo kung bakit sya nandito. Bakit PU napili nyang school." Nag eenjoy din tong empakta sa nangyayari.

"Ah okay, miss, what is your uhhhm.." maypa gesture pa sya ng kamay na parang pilit pinapaintindi sa kausap. "What is your role playing?" letcheng translator yan.

"Ggwp BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Naknampucha."

"Next question empakto at hindi niya gets. Tanong mo pang ilan siya sa magkakapatid." Utos ko habang nagpapahid ng mga luha dahil sa kakatawa.

"Uhhh, in your family tree–are you the branch? the roots or the leaves?" kaloka, akala ko kami lang mga boploks sa english dito, sa amin siguro nagmana tong si empakto.

"I'm the flower." Pagsakay naman ng babae sa kahangalan ni empakto.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Aaah she's the flower. Flower? So you are the… you're the eldest?" excited na tanong nito kasabay ang pagpalakpak na parang batang binigyan ng candy.

"Yes."

"Ooo! Tama ako tama ako!"

"Tae HAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Ano ang pangarap mo sa susunod na isa, dalawa o limang taon." Sunod kong utos kay empakto.

Humarap syang muli sa dalaga. "What is your dream nightmare after 3 to 5 years from now on and go on?" bwesit na yan.

"Shit, BAHAHAHAHAHAHAHAAHAHA."

"Nevermind. You can speak tagalog, nakakaintindi ako." Umalingawngaw ng lubusan mga tawanan namin sa opisina dahil sa biglang pag tagalog ng babae.

“HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.”

Biglang dumating si Ag na seryoso ang mukha. "Kailangan natin mag usap na lima." Mukhang mahalaga ang pag uusapan namin.

Tumayo kami at isa-isang lumabas ng opisina. "Kayo na ang bahala sa bisita. Lock nyo kung sino ang mahuling lumabas." Bilin ko kina Caddie at sumunod sa apat.

Umakyat kami sa rooftop kung saan ang regalong tambayan ni Pixie sa amin noon.

"May problema ba?" Tanong namin sa kanya pagpasok ng crib at isa-isang umupo sa sofa.

"Mag ingat kayo at bantayan lagi ang mga kasintahan, lalo na kayong dalawa." Kumunot ang noo namin ni babe dahil sa biglang pagtingin ni Ag sa amin. Tinuro pa namin mga sarili para makasigurado na kami tinutukoy nya.

"Bakit? May natuklasan ka ba?" Tanong ni empakta. May kinuha syang envelope at ipinakita sa amin ang mga litrato ng sasakyan na palihim kaming sinusundan.

"Kailan to?" Tanong ko.

"Kagabi at kanina." Nakakaloka at kakatapos lang nga ng problema namin. Don't tell me si Trisha ulit ang may pakana nito? Pero bakit pati si babe nadamay? Hindi naman sya kasali sa gulo namin.

"Kami lang ba dalawa ni babe?" Kunot noo kong tanong habang tinitingnan ang bawat litrato sa magkabila kong kamay.

"Oo." Sagot niya.

Kami? bakit kami sa dami namin? Hindi ba to kagagawan ni Trisha at Brenton? Kung sila ang may gawa nito diba dapat si empakta at hindi si babe?

"May nakaaway ba kayong dalawa?" Tanong ni R at mabilis umiling si babe.

"Kayo lagi kong kasama at malalaman nyo naman kaagad kung may kaaway ako. Hindi ko alam kung sino sila pero may ideya na ako kung sino ang pakay nila." Sagot ni babe. Ibinaba ko ang mga litrato at hinarap sya. Gumagana talaga ng mabilis utak ni babe sa mga ganito.

"Anong ibig mong sabihin?"

"Sa tingin ko hindi tayo ang pakay nila." Mas lalong nasira ang ekspresyon ko sa kanyang sinabi at napagtanto ang ibig sabihin ni babe.

"You mean? si Jami at Pixie?" Tanong ko, marahan syang tumango.

"Ha? Bakit?" Sabay naming tanong sa kanya.

Sinabihan kaming pakinggan ang kanyang kwento. Sinabi ang naging dahilan kung bakit sila pinaglayo ni Pixie at kung anong koneksyon nito ngayon sa dalawa.

"Sigurado ka bang sya ang nasa likod ng to? Ang sabi patay na ang ama nila diba?" Tanong ko.

"Hindi ako sigurado pero sya lang ang tanging suspect na naiisip ko. Sa ating apat na may relasyon sa Ponferrada, bakit ako at si Krystal lang sinusundan nila? Kasi kami ang kasintahan ng magkapatid."

Tanong nya sagot nya, kaloka.

"Pero sabi mo napatay sya ng mga pulis?" Tanong ni R.

"Oo pero hindi natin alam. Baka buhay pa talaga, nagtatago at peke ang pagpatay sa kanya." Palaisipan ang sinabi ni Ag, malaki rin ang chance na buhay pa talaga ang ama nila Jami.

Hindi ko alam kung anong background ng ama nila Jami pero alam kong makapangyarihan ito kaya hindi malabong totoo ang sinabi nila, na baka buhay, peke ang kamatayan nito at ngayon ay nagtatago.

"Paano kung balikan kayo? Paano kung gawin din sa inyo ang ginawa sa babaeng mahal ni tita Irene? Ang daming problema, isa-isa ng nagsusulputan ang mga kalaban." Nag-aalalang salita ni R.

"May Benten at Trishcan pa ngang pinoproblema may panibago na naman. Pero sabi mo isa siya sa most wanted noong kapanahunan niya dahil sa illegal drugs? Magka edad lang ba sila ni dad? Naalala nyo sabi ni dad na kailangan natin mahanap si Big Boss dahil alam niyang buhay ito at nagtatago sa pinas? Paano kung ama nila at si Big Boss ay iisa?" Lahat ng ulo namin ay napalingon kay empakta. Marunong nga rin pala mag isip kahit papaano ang malibog na to.

"Paano kung totoo ang sinabi ni Iris? Malaking problema to at paniguradong madadamay ang magkapatid." Segunda ni Ag.

"Kung totoo mang buhay sya, gagawin ko lahat maprotektahan lang mga mahal ko sa buhay." Seryosong saad ni babe at ang pagkuyom nito ng kamay.

"Ingatan mo rin sarili mo, wag kang maging pabaya at hindi natin alam kung may binabalak na silang masama." Paalala ni R.

Kailangan kong bantayan lalo si Jami, hindi pwedeng matulad kay mommy Irene ang relasyon namin. Hindi ko hahayaan ang taong nagbabalak ng masama na wasakin ang relasyon naming dalawa.

"Hays naknampucha sumakit lalo ulo ko, nasaan kaya ang asteroid ko at miss na miss ko." Mas stress pa si empakta sa amin dahil lang sa di kasama si Everleigh.

"Nasa school gym sila." Sagot ni A,

"Ginagawa nila ron? Sila?" Sagot ni empakta.

"Rehearsal nila, baka nakakalimutan nyo nang this week magaganap ang miss Ponferrada?" Napabalikwas kaming apat sa pinaalala ni Ag at nanlaki ang mga mata.

"Luh, oo nga pala tangena at nakalimutan ko. Tara sugurin natin at miss ko na si asteroid ko." Sumang-ayon kami kay empakta at nagdesisyon umalis para magtungo sa school gym.

Gusto kong makita si Jami pero inaantok ako, masakit ang buong katawan lalo na ang aking ulo. Gusto ko munang magpahinga at mukhang naabuso masyado katawan ko. Tinawag ko ang dalawa pero walang sumagot kahit isa sa kanila, marahil ay tulog sila.

"Keybold?" Tawag ni R habang naghihilot ng aking noo.

"Hmm?" Binalikan nya ako at marahan inakbayan.

"Wag ka masyado ma stress, pag may problema nandito lang kami." Tumango ako, mabilis niyakap ang kanyang bewang habang sumusunod sa iba.

"Iniisip ko lang ang mga bagay na pwede mangyari, paano kung tama lahat ng mga hinala natin tungkol sa kanilang ama? Nag-aalala ako kay Jami, kasi alam ko lahat gagawin nya para sa akin. Kung totoo man ‘yun lahat, makakaya kaya ni Jami kalabanin ang ama para sa akin?" Nag ooverthink ako kasi alam kong madadamay talaga sya kahit pa bali-baliktarin ko ang mundo.

Marahan nyang tinapik ang aking ulo. "Ipaglalaban ka no’n, alam natin kung gaano ka kamahal ng asawa mo." Medyo gumaan pakiramdam ko sa sinabi nya.

"Hmm tama ka. R, piggyback mo ako please? Masakit katawan ko." Malambing kong suyo at agad nya ako pinasakay sa kanyang likuran at tumakbo para sumabay sa mga kapatid naming nasa unahan.

Pagdating namin sa school gym ay breaktime nila, kaagad kong hinanap si Jami at kumunot ang aking noo nang makitang may kausap itong magandang babae.

"Thank you, lapit ka na sa kitten mo." Sabi ko kay R pagkababa mula sa kanyang likod.

Nagtungo ako sa gilid at umupo kung saan may babae ring nakatingin sa kanila at mukhang hindi rin maganda ang nakikita base sa ekspresyon ng kanyang mukha. Ngayon ko lang sya nakita sa PU at mukhang hindi naman estudyante ng paaralan ang babaeng to lalo na ‘yung kausap ni Jami na ngayon ko lang din nakita.

"Kulang na lang mabali ang ballpen na hawak mo." Sabi ko sa babaeng katabi, halos mabali na ang hawak niyang ballpen habang titig na titig sa dalawang babae.

"Estudyante ka ba ng PU? Ngayon lang kita nakita." Sunod kong tanong. "Baka isaksak mo yang ballpen sa 'kin ha, ipapa salvage talaga kita sa asawa ko." Dagdag ko pa kaya napalingon na ito sa direksyon ko.

"Asawa mo?" Tumango ako.

"Oo, ‘yun." Sagot ko sabay nguso sa direksyon ni Jami na masayang nakikipag usap sa babae.

"Estudyante ka ba? Diba professor asawa mo? Sinamahan ko lang ang babaeng kausap nya." Oh, kasama nya pala ang babaeng kausap ni Jami ngayon.

Tumango ako. "Oo, asawa ko ang professor ko. May gusto ka ba sa babaeng sinamahan mo?" Hindi sya nagulat sa sinabi ko, ‘di tulad sa iba na gulat sa tuwing inaamin kong kasal ako kay Jami.

"Professor ko yan. Mahal ko at asawa ko rin." Bahagyang umuwang ang labi ko sa pag amin nito. Wow, same pala kami pa sikretong kasal sa guro namin.

"Galing, ka vibes tayo. I'm Krystal," pakilala ko sa sarili at inilahad ang kamay sa kanya.

Kaagad nya itong sinalubong at nakipagkamay. "September, Ember for short." sana pala ginawa ko nalang December pangalan ko.

"Ganda ng pangalan ha, papalitan ko nga pangalan ko at gagawin kong December." Sabay kaming natawa sa pagbibiro ko sa kanya. "Asawa mo pala kausap ni Jami, buti sinabi mo hehe nagselos pa naman ako." Dagdag ko pa at napakamot ng kilay.

"Same, same." Sabi na nagselos din sya e, si Jami siguro gusto nyang saksakin kanina. What if sya saksakin ko?

Sabay kaming napailing at nagtawanan. Ilang sandali pa ay napansin kami ng mga asawa namin at agad kaming nilapitan. Mabilis akong tumayo at niyakap si Jami, miss ko sya.

"Hello po, miss kita." Tanong ko sa kanya bago sulyapan ang asawa ni Ember at marahan na tumango.

Okay lang maging PDA, total kami lang nandito at ilang tao na may alam tungkol sa relasyon namin.

"I miss you more, love," sagot nya saka ako binigyan ng halik sa pisngi.

"Mako, this is Zahira, my childhood friend." Pagpapakilala ni Jami sa akin ng asawa ni Ember, "This is my wife, Krystal," pakilala naman nya sa akin sa kaibigan nito.

Ngitian nya ako kaya gumanti rin ako ng ngiti sa kanya. Marahan nyang hinila si Ember at hinawakan sa likod ng bewang nito. "Gusto ko rin ipakilala ang asawa ko, her name is September," parang kanina selos na selos sya tapos ngayon hindi na mawala ang pula sa mukha ni Ember,

"Love, meet my friend, Kathlyn," tama yan ma'am, ipakilala mo at baka may masaksak yang asawa mo. Baka mag saksakan nalang kaming dalawa.

"I didn't know kasal ka na." Gulat na tanong ni Zahira kay Jami,

"Hindi ko alam kasal ka rin sa student mo." Balik naman ni Jami sa kanya at sabay nagpakawala ng mahinang tawa.

"Magkakilala na kayo?" Tanong ni Jami,

"Oo, kulang na lang nga may masaksak si Ember kanina." Mabilis kong sagot sabay ngisi sa babaeng yakap na rin sa bewang ang asawa.

Tirador ng students pala ang magkaibigan na to. Sa feature, tindig, boses at kung paano kumilos si Zahira parang nakikita ko sobrang mapagmahal at ubod ng greenflag din sya katulad ng Jami ko. Friendship goal siguro sila at sinakop lahat ng green sa mundo.

"Let's go?" Biglang aya ni Zahira kay Jami kaya nagtaas ang mga kilay ko.

"Oh right, baka kanina pa naghihintay si Kate," sagot ni Jami at nilingon ako. Sinong Kate na naman ang tinutukoy nya?

Familiar, hmmm, saan ko nga nakilala ang babaeng yan? Ay hindi ko na matandaan.

"May lakad po kayo?" Tanong ko kay Zahira at marahan syang tumango.

"Yes, malapit lang dito ‘yung pinuntahan namin ng asawa ko kaya nag decide akong sunduin si Kathlyn para sabay makipagkita sa isa pa naming kaibigan." Sagot nito sa akin. Ngumuso ako, hindi pwedeng umalis si Jami ng hindi ako kasama lalo na at nalaman kong may nagmamatyag sa kanya.

"Pwede po sama?" Malambing kong bulong kay Jami,

"Of course, love," yay!

"Sama po ako, kawawa naman si Ember baka ma op sa inyong tatlo." Pang asar ko sa asawa ni Zahira at agad ako nitong tinaasan ng isang kilay.

"Oo, para may mapagtripan din ako." Balik nya kaya ako naman ang napataas ng kilay. Ah gano'n?

Hindi na kami nagpaalam sa iba at kaagad lumabas ng gym dahil abala rin naman sila kakalandi sa mga partners nila. Dumaan muna kami saglit sa office ni Jami para makapagbihis sya.

"Ma'am Zahi, may gusto ka pong kainin o inumin?" Alok ko sa kanya habang ni r-raid ang refrigerator ni Jami sa kanyang opisina.

"No, it's fine." Kahit hindi ko sya makita ay tumango parin ako.

"Wala ka bang balak e offer sa akin?" Hindi ko sinagot si Ember, malaki na sya. "Bakit asawa ko lang inalok mo?" kumuha nalang ako ng tubig at binigay sa kanya.

"Ayan tubig." Bago nya ako pagtripan unahan ko na sya no.

"Ito lang?" Ay demanding?

"Malaki ka na, kaya mo na sarili mo." Sagot ko at nagsumbong siya sa kanyang asawa. Ngeee, palaban, halatang bottom rin. "Kuha ka nalang sa ref Ember, may paa at kamay ka naman." Dagdag ko pa at ngumisi dahil mukhang inis na sya.

Padabog syang tumayo at nagtungo sa ref. "Pinikot mo siguro asawa mo Krystal." Si Jami kaya pumikot sa akin no.

"Paano ka napikot ni Ember ma'am?" Tanong ko naman sa kanyang asawa.

"Hoy! Hindi ko sya pinikot no." Defensive masyado.

Nanlaki ang mga mata ko dahil sa hawak nyang pagkain. "Hoy ember, cake ko yan. Ang daming pagkain sa ref yan pa kinuha mo."

"Sayo to?"

"Oo."

"Wala naman pangalan nakalagay kaya walang owner to." Sabi nya at sinimulan kainin ang chocolate cake ko hmp.

Abala lang ako sa cellphone habang si Ember abala rin kakalandi sa kanyang asawa. Ilang minuto ang nakalipas ay lumabas na si Jami. Fresh na fresh ang asawa ko at bagong ligo, naka tube na red dress at may slit sa kanyang kaliwang legs.

"Sorry, ayaw ko humarap kay Kate na pawisan." Sabi ni Jami kay Zahira,

"No problem." Sagot ni Zahi at hinila ang kanyang asawa patayo. Aalis na raw kasi kami at baka kanina pa naiinip 'yung kaibigan nila.

Nagtungo kami sa isang chinese restaurant na bagong bukas. Maraming tao at halos puno ito pagpasok namin, buti nauna kaibigan nila Jami kundi wala talaga kaming table. Nasa unahan namin ang dalawa at

nasa likod naman kaming dalawa ni Ember.

"Mahilig ka ba sa ganito?" Bulong niya, mabilis akong umiling.

"Hindi ako kumakain ng spicy, pero depende." Mahilig pa naman sa spicy ang mga chinese. "Inubos mo kasi chocolate cake ko, kakainin ko pa sana ‘yun mamaya pagbalik namin." Dagdag ko at inirapan nya ako kaya ginantihan ko rin sya.

"Mayaman asawa mo, magpabili ka na lang sa kanya. Para ka namang mamamatay pag di nakakain ng cake." Kainis to sarap batukan, naku!

Inilapit ko ang mukha sa kanyang tenga. "May tanong ako." Bulong ko.

"Ano?"

"Bottom ka no?" nanlaki ang kanyang mga mata at mabilis tinakpan ang bibig ko dahil medyo napalakas yung sinabi ko. Narinig yata nila Jami dahil napalingon silang dalawa ni Zahira.

"Hinaan mo nga boses mo!" Iritadong bulong nya bago inalis ang kamay sa bibig ko.

"So bottom ka?" Mahinang bulong ko.

"Bakit ba tinatanong mo? Bakit ikaw ba?" Taas kilay na tanong nya.

"Hehe bot." Proud kong sagot, bakit ba e sa totoo naman.

"Proud ka pa."

"Masarap naman kahit masakit." Honest kong sagot sa kanya at biglang nanahimik si Ember.

"Hoy!" Mahinang hampas ko sa kanyang balikat.

"Oh? Sabagay tama ka." Mabilis niyang sagot at mas binilisan ang paghakbang na tila may iniiwasan. Anong sabagay sinasabi nya?

Nagulat ako nang makita ang kaibigan nila at muling ipinakilala ni Jami sa akin.

"Halaka! Hello po, nagkita ulit tayo." Nakangiting bati ko sa kanya.

Sya yung professor na humingi ng tulong kay Jami at asawa rin ng estudyante sa PU, si Kris Cadell yung babaeng ni reject ang hilaw na Ponferrada naming kaibigan.

"Jami, dito ka." Pinaghila ko siya ng upuan na katabi ni Kate bago umupo sa kabilang side. Si Zahira naman ay nakaupo sa kabilang side ni Kate at ngayon katabi ko rin sa round table si Ember,

Pipili na sana ako ng pagkain pero wala akong magustuhan na kahit ano sa menu board at mukhang pati si Ember nahihirapan pumili.

"Ember may napili ka na ba?" Tanong ko at mabilis siyang umiling.

"Di ko gusto mga pagkain."

"Jami, ma'am Zahi, pwede po labas nalang muna kami ni Ember? Pareho kasi kaming hindi gusto ang mga nasa menu." Paalam ko sa dalawa. Hanap na lang kami ng malapit na shop o restaurant na babagay sa taste namin.

"Alright, bumalik kayo kaagad." Sagot ni Jami at sumang-ayon naman si Zahira, mukhang may mahalaga rin silang pag uusapan at baka hindi kami makagets nitong isa.

"Opo, tara Ember, hanap tayo malapit na cakeshop." Aya ko sa kanya at nagpaalam sa kanyang asawa bago nilisan ang lugar.

May nakita kaming cakeshop, isang block ang layo mula sa chinese restaurant. Hindi ako totally gutom kaya cake nalang muna at gano'n din naman si Ember,

"Ember, anong feeling maging asawa si Zahira?" Tanong ko matapos sumubo ng cake at dilaan ang tinidor.

"Masaya at masarap sa pakiramdam magkaroon ng asawa na tulad ng asawa ko. Parati inuuna at ginagawa ang lahat para sa akin. Mas mahalaga ang kaligayahan ko kaysa sa sarili nya." Pagbabahagi nya sa akin at mabilis akong tumango para sumang-ayon.

Magkaibigan nga talaga sila ni Jami, kasi gano'n din ang nararamdaman kong pagmamahal niya sa akin.

"Ikaw?" Balik nya sa akin.

"Parehas lang din sa sagot mo, mas inuuna kaligayahan ko." Magaan sya sa pakiramdam pag kasama, ipakilala ko rin nga sya sa iba para maging kaibigan din nila.

"Pag nagkita tayo ulit papakilala kita sa mga kaibigan at kapatid ko. Actually kung napansin mo, sila 'yung kasama ko pagpasok sa school gym kanina pero mukhang di mo napansin 'yun dahil titig na titig ka sa asawa mo." Titig na titig na parang may sasaksakin na tao.

"Sure, by the way, kilala mo 'yung babae na kasama nila?" Bakit tinatanong nya?

"Halaka, crush mo? Isusumbong kita sa asawa mo." Mabilis nasira ang ekspresyon ng kanyang mukha dahil sa biro ko.

"Bawal ba magtanong ha?" Malditang tanong nya at ang sabay na pag ikot ng mga mata.

"Joke lang, you mean Kate Monroe? Oo, kasal na rin sa estudyante nya at taga PU lang din asawa no'n." Mukhang nagulat ko sya sa sinagot ko.

"Ano bang meron sa paaralan na yan? Ang daming prof at student na mag asawa?" Confused na siya masyado, sabagay kahit kung ako first timer magugulat din ako.

"Hindi kasi bawal ang gano'n sa school nila Jami." Kibit-balikat na sagot ko at mas ipinaliwanag sa kanya para mas malinawan siya.

"Nakakaloka, pwede pala ganyan?"

"Siguro?" Hindi naman siguro hahayaan na magpatuloy ang PU kung pinagbawalan.

"Kakaiba, unang beses ko malaman may ganyang school. Tanggap ang relasyon ng student at professor." Sagot niya. Napatingin ako sa kinakain nyang cake na halos ubos na?!

"Kapatid at pinsan ni Jami kasintahan din ng mga kapatid ko."

"Ano yan? Tirador kayo ng professors?" Lumakas ang naging pagtawa ko sa pagbibiro nya kasi may katotohanan naman.

"Pwede HAHAHAHAHAHAHAHA, aside sa pagiging professor, may business ba si Zahira?" Balik ko ulit sa kanya, palitan lang kami ng tanong para di mapanis mga laway namin.

"Yup, nasa real estate industry field nya. Sa asawa mo?" BigBoss ang mommy ni baklita.

"Firearms manufacturer, pag gusto mo baril bigyan kita." Natawa ulit ako sa kanyang reaksyon dahil sa biglang pagkasamid nya.

"Kaya ko naman bumili."

"Choosy ka pa hmp."

Sabay kaming nag tawanan at nagpatuloy sa kwentuhan hanggang sa may dalawang babae ang lumapit sa amin bitbit ang dala nilang mga pagkain.

"Hi, kung okay lang sa inyo pwede maki share ng table?" Tanong ng isa sa kanila dahil may dalawa pang bakante sa table namin.

Nagkatitigan kami ni Ember, hindi sya sumagot kaya mabilis akong tumayo para lumipat sa kanyang tabi. "Okay, sure." Sagot ko.

"Thanks" nakangiting pasasalamat ng dalawa bago inilapag ang mga pagkain nila. Halaka! bakit ang dami nilang inorder? Mauubos nila yan? At ang sasarap ng mga binili nila, naglalaway tuloy ako.

"Hoy, makatingin ka sa pagkain nila para kang gutom na gutom. Bumili ka nalang kaya ulit?" Saway ni Ember.

"Ubos na pera ko, wala ako dalang extra. Pautang nga Ember," sabay lahad sa kanya ng mga palad ko pero nagtaasan lang ang kanyang mga kilay.

"Same? Kaya nga ito lang order ko kasi naiwan wallet ko sa sasakyan?" Ay letche.

"Kung gusto mo sayo na lang to? I don't really like chocolate cake." Offer ni girl na kaharap ko at inabot sa akin ang cake.

"Talaga?" Binigyan ko sya ng malawak na ngiti, ginantihan nya ako at marahang tumango.

"Yay! thank you!" Pasasalamat ko.

"Gusto mo rin?" Sabi naman ng katabi nito kay Ember at inabot din ang minatamis na muffins.

Nagpasalamat kami at kukuhanin sana ang mga pagkaing offer nilang dalawa nang bigla may yumakap sa leeg namin ni Ember mula sa likuran at dinampian ng halik aming mga pisngi. Mabilis akong lumingon sa aking kanan at muling sinalubong ng kanyang mainit na labi ang labi ko sa harap ng maraming tao.

"Wife, I'll buy you a lot of cakes. Will you still eat that?" malambing na tanong ni Jami kaya mabilis akong umiling at ibinalik sa babae ang pagkain, ayaw ko maranasan ang nangyari kay KB no!

"Love, enjoying?" tanong naman ni Zahira sa kanyang asawa.

"H-Hindi–tapos na talaga kami kumain ni Krystal, diba?" sagot nya sa kanyang asawa at sabay namin nilingon ang isa't-isa. Tumango ako kaagad matapos makita ang pagtaas ng kanyang mga kilay.

"Opo, tapos na. Busog na kami at babalik na nga sana pero bakit nandito kayo? Tapos na kayo? Ang bilis naman?" Pag iiba ko ng topic na tanong kay Jami at baka magselos pa sya sa babae.

"Tumawag ang asawa ni Kate, sa susunod na ulit kami magkikita." Bakit ganyan naman makasagot si Jami, biglang nanlalamig.

Tahimik nalang kami ni Ember nang biglang tiningnan nila Jami at Zahira ang mga babae. Ang lakas ng tibok ng puso ko, bakit bigla akong kinabahan?

"T-Tara na, may pupuntahan pa tayo diba?" Si Ember na kinakabahan at nagmamadaling tumayo saka hinila ang kamay ng kanyang asawa. Agad ko sila sinundan at hinatak din si Jami palabas ng shop.

"Jami, wala lang ‘yun okay? Wag ka po magselos at nakakatakot." Depensa ko sa sarili paglabas namin. Si Ember naman ayun at kausap din ang kanyang asawa sa kabilang side.

Malalim nya ako tiningnan bago naglakad palapit sa mag-asawa. "Zahi, we have to go back to school now. Thank you, magkita tayo sa susunod." Nagtago ako sa likod ni Jami at nagwave ng kamay kay Zahira bago binelatan si Ember.

"Take care and thank you. Mag ingat kayo. Goodbye, Krystal." Paalam nya rin sa amin bago makipag beso kay Jami.

"Byebye po ma'am, bye Ember, sa susunod ipapakilala kita sa mga kapatid ko. Ingat kayo!" Paalam ko at nag wave ulit sa kanilang dalawa.

"Ingat!" Balik nya sa akin bago kaming apat naghiwalay ng landas.

Pinagbuksan nya ako ng pinto bago umikot sa driver's seat. "Jami, sa Friday pala Miss Ponferrada?" Ngayon ko lang naalala ang event na’to.

"Yes,"

"Galingan mo po, cheer kita." Paglalambing ko sa kanya at yumakap sa kanyang gilid.

"Didn't I tell you? Don't smile at strangers?" Iritado niyang salita, si Jami nagseselos kahit walang dahilan.

"I'm sorry po."

"Ibibili kita sa lahat ng gusto mo. Wag kang humingi kahit kanino, kaya kong ibigay lahat sayo." Malamig na salita nito.

"Okay, sugar mommy." Ngumuso nalang ako habang inaayos ang seatbelt, nanatiling tahimik at tingin sa labas ng bintana.

Si Jami gusto yata paliparin ang sasakyan sa bilis magpatakbo! Pag kami talaga naaksidente dahil sa selos nya mumultuhin ko rin ang multo nya. Dahil sa bilis ng pagpapatakbo ay wala pang 20 minutes nakabalik kami agad ng PU. Hindi man lang ako hinintay at iniwan mag-isa sa loob ng kotse!

Kaagad ko syang hinabol kasi ayaw ko may sama sya ng loob sa akin. "Kathlyn Jamila Ponferrada, subukan mong humakbang pa ng isang beses makikita mo." Seryosong banta ko kaya napatigil ito sa paglalakad at nilingon ako.

Pagkahinto ko sa kanyang tapat ay agad ko sya binigyan ng yakap. "Sorry na po, wag ka na magselos Jami at sayo lang ako." Malamyos kong bulong bago dampian ng halik ang kanyang leeg.

Ayan at mahigpit narin ang yakap nya, siguro naman okay na sya. "I'm sorry mako. I love you." Papalambing lang pala asawa ko.

"Hehe, I love you more. Wag ka na magselos kasi walang iba makakaagaw sa akin mula sayo. Okay? Tara hatid na kita sa gym." Napangiti ako nang sumilay ang matamis na ngiti sa kanyang labi saka marahan tumango.

"Alright,"

Pagbalik namin sa gym ay nagsimula na pala, nandito pa rin mga kapatid ko at todo suporta sa kanila.

"Hoy! Saan kayo nagpunta aber? Kanina pa kayo wala unggoy." Salubong agad na tanong ni empakta paglapit ko sa kanila.

"Sinamahan lang namin kaibigan ni Jami, ay may ipapakilala ako sa inyo na bagong kaibigan na nakilala ko." Sabi ko sa apat pero wala man lang pumansin, sarap pagsasampalin.

Nagulat ako nang makita si hell sa stage letche.

"Shuta, sasali sya? BAHAHAHAHAHA." Tanong ni babe habang tumatawa.

"Ponferrada nga pala si hilaw, naknampucha HAHAHAHAHAHAHAHA."

"Pambihira, minsan nawawala sa isip ko na magkapatid sila ni Everleigh."

"Haleeeer, matalino naman si hell ewan ko ba't naging bobo yan." Sunod ko sa tatlo at si Ag na tahimik lang nanonood sa tabi ko.

"Hala!" Si babe bigla nalang sisigaw parang baliw.

"Bakit babe?"

"Gage naiwan sa bahay ‘yung report natin para sa LEA." Jusko sa daming pwede kalimutan bakit ‘yung report pa talaga namin.

"Alis muna ako, malapit na time!" Parang may humahabol sa kanya dahil sa hindi mapakali. "Tangena, wala nga pala akong dalang sasakyan!" Ay tanga.

"Tara samahan kita, kagrupo naman tayo." Alok ni R.

Palabas na sana sila kaso hinabol ko ang dalawa. "Sandali!" Tawag ko sa gate ng gym.

"Bakit horsey?"

"Sama ako, kagrupo nyo rin naman ako no. Wala pa naman akong ambag kaya bigyan nyo ko marereport." Sabi ko sa kanila.

"Nakalimutan ko gage, di tuloy kita nasali sa list of members BAHAHAHAHAHAHAH."

"Babe naman!"

"Oo na, tara para malagay kita."

"Yes! Yes!" Tumalon ako at sabay inakbayan ang kanilang mga leeg.

Nag message nalang din ako kay Jami, aalis saglit kasama ang dalawa. Isang kotse lang dala namin at gamit namin ngayon ang sasakyan ni R, nasa harap ang dalawa at ako naman sa backseat.

"Pa music ka babe."

"Play mo yan S, your call by secondhand." Utos ni R dahil siya ang nagmamaneho.

Intro palang ng music naghiyawan na kami, favorite kasi namin ang nasa unang playlist ni R. Payapang nasa byahe habang may konting jamming, nakakamiss ang ganitong bonding kaso wala naman ang dalawa.

?
"Waiting for your call, I'm sick, call, I'm angry
Call, I'm desperate for your voice
Listening to the song we used to sing in the car
Do you remember? Butterfly, Early Summer
It's playing on repeat, just like when we would meet…. Like when we would meet." Sabay naming kanta sa unang linya.

"Eyyy." Mga ulo na isinasayaw kasabay ang beat ng musika. "Nakakamiss!"

"HAHAHAHAHA." Masayang tawa nilang dalawa.

? "I was born to tell you I love you
And I am torn to do what I have to
To make you mine, stay with me tonight." Ang sarap pakinggan ng boses ni babe, ramdam yung feelings sa bawat linya nyang kinakanta at sa lamig saka lambing ng boses.

?
"Stripped and polished,
I am new, I am fresh, I am feeling so ambitious, you and me, flesh to flesh
'Cause every breath that you will take when you are sitting next to me
Will bring life into my deepest hopes, what's your fantasy?
What's your, what's your, what's your
What's your " Natatawa ako kasi sinubukan namin ni R sumabay at abutin ang high notes pero pumiyok kami.

"HAHAHAHAHAHAHAH aaar eeeL. Sige ikaw na next chorus, gorabels!" Masayang turo ko sa kanya.

? "I was born to tell you I love you
And I am torn to do what I have to
To make you mine, stay with me tonight." Talented ng mga kapatid ko, magaling sa sports, pakikipaglaban tapos ngayon magaling din sa kantahan.

"Naks, baka donkey namin yarn." Humagikhik ako sa pagpuri ni babe, ganito na lang sana kami lagi walang problema.

"Keyboard, ikaw na sunod!"

"Go horsey!"

Tumikhim pa ako para bumwelo, sana makuha ko ang saktong tono at tyempo. Ipinikit ko ang mga mata kasabay ang pagsayaw ng aking ulo at iniisip si Jami,

? "And I'm tired of being all alone
And this solitary moment makes me want to come back home
And I'm tired of being all alone
And this solitary moment makes me want to come back home
And I'm tired of being all alone
And this solitary moment makes me want to come back home
And I'm tired of being all alone
And this solitary moment makes me want to come back home." Malakas na palakpak mula kay babe at hiyaw ang narinig ko kay aaar eeeL kasi nakuha ko ng tama.

? "I was born to tell you I love you
And I am torn to do what I have to
And I was born to tell you I love you
And I am torn to do what I have to
To make you mine, stay with me tonight." Magaan sa feeling at tawanan ang ginawa namin matapos ang kanta.

"Galing natin do'n ha, langya nakalimutan ko na may banda pala tayo noon BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Paalala ni babe at ngayon ko lang din naalala letche, nakalimutan ko rin kasi.

"Gage ka babe, nakalimot din ako."

"Naalala ko ‘yung nakipaglaban si aaaR eeeL para sa vocalist na posisyon tapos napiyok sya huhu." Kwento ko pero nagtatawanan silang dalawa.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Tapos humirit din si Iris kaso kinanta pusong bato pota BAHAHAHAHAHAHAH." Bwesit talaga si Riri at puro lang kabalastugan alam.

"Wala talagang ginawang tama si Riri." Pailing-iling na saad ko.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA—"

Natigil ang tawanan naming tatlo dahil sa pagbundol ng aming sinasakyan. Paglingon ko sa kanan ay may kotse ng nakadikit sa amin, gano’n din sa kaliwang bahagi ng sasakyan.

"Kapit kayong mabuti." Utos ni R, kaagad kumambyo at inapakan ang accelerator pedal, sinubukan makaalis sa pagitan ng dalawang sasakyan pero naipit kami ng tuluyan.

"Shit! Dala nyo ba mga baril?" Natataranta na tanong ni babe nang mapagtanto na hindi niya dala ang kanyang baril.

"Hindi ko dala, nasa office." Sabi ko at gano'n din ang naging sagot ni R, wala kaming ibang magagawa kundi ang manalangin na sana matakasan ni R ang gusto magtangka sa buhay namin.

Mabilis ko kinuha ang cellphone, binuksan ang location at pinadalhan ng mensahe sila empakta. Sinakto talaga kami atakihin kung saan lubak-lubak, mabato at wala gaanong sasakyan na dumadaan.

"No! Makinig kayo sa master, huwag kayo makinig kay Iris! Puro lang kalibugan alam niyan!" Sigaw ni SJ habang pilit na ipinaglalaban ang punto niya sa iba.

"Ang ingay niyo, anong problema ha?" Napalingon sila sa akin, halatang nagulat sa bigla kong pagsulpot.

"Nandito si keyboard! Tingnan mo 'tong text ng babae kay Loli. Basahin mo at sabihin sa amin opinyon mo," tawag sa akin ni Love, kaya agad akong tumabi sa kanya at inagaw ang iPad.

Kumunot ang noo ko nang makita ang nickname ng babae sa chat. Malamang si Louis ang naglagay nito, hindi ang babae mismo.

Do you like someone?
Are you free this weekend?

Wanna go out and watch a movie?

Yun lang, at hindi man lang ni-replyan.

"Sinasabi ko sayo, Loli, may gusto sayo yan! Hindi magtatanong ang babae ng ganyan at mas lalong hindi ka aayain manood ng sine kung hindi naman kayo close!" Pinagpipilitan ni SJ.

"Wala yan, hindi porket inaya may something na. Malay mo, gusto lang niyang landiin si Lolicon. Luh, uso kaya FUBU ngayon," kontra naman ni Iris. Ano ba ginawa ni Everleigh sa kapatid ko at puro sex na lang ang nasa utak?

"May gusto nga kasi! Landi nang landi, doon din naman pupunta yan. Parang ikaw lang, panay ka landi sa asteroid mo, tingnan mo ngayon, naging balloon ang tiyan!" Banat ulit ni SJ.

Ibinalik ko ang iPad kay Love at hinayaan ko na lang silang magtalo.

"Tang ina nyong dalawa HAHAHAHAHAHAHHAHAHAHAHAH." Hagalpak ni Tanvi sa tawa.

"Lalakas ng boses nyo, bakit ba kayo nagsisigawan potek." Saway ni Heaven sa kanila.

"Pwede naman magtanong si Louis ng diretso sa babae? What if replyan mo yan para matapos silang dalawa sa pagtatalo?" Sabi ni Caddie kay Louis, na mukhang nag-eenjoy sa gulo ng dalawa.

Humagalpak ako ng tawa at tiningnan ang dalawa. "Oo nga naman, may point si Caddie. Ba't ba kayo nagtatalo? Siraulo na siguro talaga kayo, AHAHAHA."

"Para namang di ka sanay sa kanila," dagdag pa ni Axel kaya mas lalo akong napatawa.

"Saan ka pala galing, keyboard? Bakit di ka pumasok kanina?" Tanong ni Love.

"May pinuntahan lang. Wala ba kayong pagkain, puro kwentuhan lang? Bili mo nga ako ng pagkain, S." Palipat-lipat ang tingin ko sa kanila matapos kong utusan si Shara. Bakit, bawal ba?

"Inuutusan mo ako, horsey?" Tanong ni Shara, hindi makapaniwala.

"Malamang? Bili mo na rin ako ng iced cappuccino," sagot ko, wala pa ring pagbabago ang tono.

"Luh, sinong masamang elemento ka at unang beses namin narinig inutusan mo si Sj?" Tanong ni Iris, parang nagtataka. Hindi ko alam kung nagpapanggap siya na walang alam o baka nakalimutan niyang tatlo kami sa katawan na to.

Mas mabuti na rin siguro kung makalimutan ako. Gusto akong ipakilala ni Krystal sa kanila tulad ng kay Bern, pero ayaw ko. Sapat nang may tao na nakakaalam tungkol sa akin.

"Ba't reklamador ka? Ikaw na lang bumili kung gusto mo pala. Dali, kanina pa ako nagugutom!" Utos ko kay Iris at marahan sinipa ang upuan niya na katapat ko lang.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Malapit na pala ang araw," salita ni Axel pagkakita kay Iris na umalis.

"Araw ng?" Tanong ni Maddyn.

"Kagitingan," sagot ng kambal niyang si Naddyn.

"Tae HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Araw ng Pasko tinutukoy ko," pagtatama ni Axel sa biro ni Naddyn.

"Anong meron sa Pasko?" Tanong ni Tanvi.

"Ipapako ka sa krus," sarkastikong sagot ni Heaven. Kailan kaya titino mga to sa seryosong usapan? Puro kalokohan lang ang alam nilang ibato.

"Tang ina mo!"

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Engagement party nilang apat." Sumulyap ako kay Axel, mukhang mas excited pa yata siya kaysa mga kapatid namin.

"Ikaw? Wala kang balak?" Tanong ko.

"Akala ko crush mo si Lorelei? Wala ba kayong relasyon, A?" Sunod na tanong ni love, mukhang magkakaroon ng hotseat ngayon.

Umiling siya. "Wala." Tipid na sagot nito.

"Okay lang yan, Doraemon. Hindi mo kailangan no'n dahil si Nobita lang ang kailangan mo. Kaso wala ka pang nahanap na Nobita, pwede rin si Ma'am Lor tapos tawag sa kanya Lobita." Humalakhak ako ng malakas dahil kay Shara. Ang babaw ng kaligayahan ko pero benta masyado sa akin 'yun.

"Pambihirang Lobita yan."

"Diba, galing ko? BAHAHAHAHAHAHAH." Self-compliment pa siya.

"Oo ikaw na HAHAHAHAHAHAHAHA." Pagpuri ko para manahimik na siya.

"Kb, may tanong ako sayo." Tawag ni Caddie habang nasa kalagitnaan kami ng tawanan.

"Ano?"

"Paano mo gagawin pag nag-decide kayo maging isa ng alter mo? Madali lang ba?" Napaisip ako ng wala sa oras sa kanyang tanong.

"That's a complicated question. It usually happens gradually, as the various alters begin to cooperate and communicate with one another. The distinctions between the alters can slowly fade away, making it possible for all the different personalities to eventually merge into one unified identity. There's no way to force the process or control it; it requires a lot of time and patience. But if the alters work together and put in the effort, it can eventually happen."

"It's typically a slow process. Over time, the alters begin to understand each other more and develop a kind of mutual understanding. The core personality may start to align more with the alters, and the alters might begin to reflect aspects of the core personality. It's not something that happens quickly. Even after merging, there are still times when certain personalities stand out more than others, depending on the

situation. But for me, I have no desire to merge, because my other personality plays a vital role in my life." Mahabang paliwanag ko. Sinabi ko lang din kung paano ipinaliwanag sa akin ng therapist noon ang sitwasyon ko.

"Panis! Nag-English ang horsey ko, shit! Nagpaturo ka kay Bern no?" sagot ni Shara, sabay tawa.

"Marami bang kinds of personalities, keyboard?" tanong ni love.

"There are many different personality types. Some people are more introverted, while others are more extroverted. People also express themselves in various ways-some are very sensitive and emotional, others are more logical, some might appear tough and resilient, while others seem more delicate. Not everyone fits neatly into these categories, though. Many people have a mix of traits and vary in different ways. But in the end, we're all unique." Sagot ko. May isa nga na inabot ng thousand personalities.

"Halatang ikaw 'yung fragile tapos si Bern ang tough sa inyong dalawa. Ikaw yung extrovert tapos si Bern introvert," sabi ni Caddie habang marahan akong tumango sa kanyang pahayag.

"What if meron ka pa palang other personalities na hindi mo sinasabi sa amin?" Tanong ulit ni Caddie kaya sandali akong hindi nakasagot.

"Hoy, naknampucha unggoy! Ito na pagkain at iced coffee mo!" Sabay abot sa akin ni Iris ng mga pinamili. Mabuti at dumating siya at hindi natuloy ang usapan namin tungkol sa tanong ni Caddie.

Tiningnan ko ang pagkain. Hindi ako kumakain ng chocolate cake kaya binigay ko ito sa kanila at sinabing sabay na lang kami ni Jamila. Dahil sa tagal, sinundo ko nalang siya sa opisina at naabutan kong kausap ang mga pinsan niya. Kaya pala nagwawala mga kapatid ko sa cafeteria dahil pinapabayaan nila ang mga baliw na 'yun.

"Mahal, kanina pa kita hinihintay. Gutom na ako, kayo rin asikasuhin nyo na mga alaga ninyo at nagwawala na sa cafeteria." Sabi ko sa kanila na may kaunting inis sa boses.

"I'm sorry, may pinag-usapan lang kami," sagot ni Jamila, halatang abala pa.

"Kamusta ka na? Diba dapat nagpapahinga ka at nagpapagaling ka ngayon? Paano pag nabinat ka sa ginagawa mo?" Tanong ko kay Everleigh. Akala ko magtatagal pa siya sa hospital kaya nakakagulat na nandito na siya. Bakit ba ang titigas ng mga ulo nilang dalawa ni Iris? Naghahanap lang sila ng sakit sa katawan.

"I'm actually fine," sagot niya.

"Ano ka, may superpower at agad gumaling yang saksak mo sa katawan?" Medyo sarkastiko pero nag-aalala lang ako sa kanya.

"Leave her alone. No matter what you say, she won't listen. She's already influenced by your sister, she's hard-headed." Sabi ni Pixie sabay buntong hininga. Nainis ako sa pagsaway niya, pero alam kong may point siya.

"Hintayin nyo ko at sabay na tayo pumuntang cafeteria," sabi ko sa tatlo at kaagad na nagtungo sa clinic.

Pagpasok ko ay walang tao kaya hindi ko na hinintay ang nurse at kaagad kinuha ang wheelchair at bumalik sa opisina ni Jamila. Nagtaka pa sila sa dala ko.

"What's that for?" Tanong ni Pixie.

Tiningnan ko si Everleigh. "Upo ka, alam kong iniinda mo yang sakit ng tiyan mo. Bakit ba kasi pumasok ka imbes na magpahinga sa hospital? Takot ka ba na may landiin si Iris? Sa tingin mo ba maghahanap pa 'yun ng iba kung patay na patay sayo ang kapatid ko?" Marahan ko siyang hinila at pinaupo sa wheelchair habang sinisermonan.

Tuliro ang babae at tiningala ako. "Are you Bern?" Tanong ni Everleigh kaya napakunot ako ng noo.

"Mukha ba akong si Bern? Walang pakialam 'yun sa ibang tao liban lang sa mga kapatid namin." Sagot ko, kahit alam ko na grabe ang pag-aalala ni Bern kay Everleigh noong dinukot ito. "Wag ka na maraming tanong," dagdag ko at nauna lumabas habang tulak-tulak ang wheelchair na sinasakyan niya.

-

Kinagabihan, nagpalit ulit kami ng host. Kaloka at muntik ko nang makalimutan si Emmett, kailangan ko rin siyang makausap para sa nalalapit na Pasko. Nagpaalam ako kay Jami na bibisita ako sa kapatid ko, hindi ko siya pinasama at sinabing uuwi rin ako agad pagkatapos namin mag-usap.

"Emmett," tawag ko pagpasok ng red room.

"Krystal!" Mabilis siyang bumangon mula sa kama at tumakbo upang salubungin ako ng yakap. Kaloka talaga, siya ang panganay pero mas bata kung tingnan sa amin.

"Kamusta kayo? Nabawi niyo ba si Everleigh?" Agad niyang tanong. Tumango ako at dinala siya pabalik sa kama at umupo sa malambot na kutson.

"Oo, nabawi namin at okay lang ang lahat. Malapit na ang pasko, ilang araw na lang at makakaalis ka na rito." Balita ko at nakita ko ang kislap ng kanyang mga mata kasabay ng malawak na ngiti sa kanyang labi.

"Talaga?! Hindi mo na ako ikukulong ulit dito?" Kinagat ko ang ibabang labi ko at saka marahang tumango.

"I'm sorry, Emmett, alam mo naman ang dahilan kaya itinago muna kita, diba? Para sa sarili mo at para tuluyan kang gumaling mula sa mapait na nakaraan." Malambing kong paliwanag at niyakap siya ng mahigpit.

"I know, Krystal. Di mo kailangan mag-sorry dahil alam kong may dahilan lahat ng mga ginawa mo. I'm so excited, makakaalis na rin ako rito pagkatapos ng matagal na pananatili." Natawa siya sa biglang pag-nguso ko sa kanya at mabilis na humalik sa aking pisngi.

"Oo, tapos ipapasyal ka namin sa lahat ng lugar na gusto mong puntahan. Bibilhin natin lahat ng mga gusto mo, lahat-lahat ibibigay namin sayo." Deserve niya ang lahat lalo na't siya ang tunay na anak ni Dad.

"Gusto ko lang makasama kayong lahat. Sapat na 'yun at walang anumang bagay ang makakapantay doon." Lambing ng panganay namin. Gano'n pa rin siya simula no'ng makilala ko siya.

Ilang minuto ang nagdaan ng makatanggap ako ng tawag kay Jami, tinatanong kung pauwi na ako. Nag-aalala siya dahil baka mapahamak ulit ako at balikan ng mga kalaban.

"Emmett, hindi na ako magtatagal. Hinahanap na ako ni Jami, babalikan kita, okay? Tapos pagbalik ko ay magiging malaya ka na ng tuluyan dito." Sabi ko. Tumango siya ng ilang beses bago ako binigyan muli ng huling mahigpit na yakap.

"Okay, take care Krystal, hihintayin kita."

Hinatid niya ako sa labas ng underground. Kaya ko naman, pero gusto niya kaya pinagbigyan ko na lang. "Bye, mag-ingat ka sa pag-drive." Paalala niya sa akin.

"Bumalik ka na. Alis na ako, bye ate!" Paalam ko sa kanya at kumaway bago tuluyang pinaandar ang sasakyan.

Naging tahimik at balik ulit sa normal ang mga araw namin. Hindi pala normal, dahil nag simula ulit manggulo sila babe sa buong campus, kaloka. Balik ulit sa mga kalokohan ang CCB at konti na lang, susuko na ang principal dahil di na kayang pigilan ang mga kapatid ko. Sino ba kasi may lakas ng loob kalabanin sila e ang backer puro Ponferrada.

Nagpatuloy ang mga kalokohan hanggang dumating ang araw ng engagement party, ang pinakahihintay ng lahat. Araw ng pagpapakilala ni Dad sa amin at araw na makikilala na ni Emmett ang buong pamilya. Nasa restaurant kami ni Pixie, nagkita-kita upang pag-usapan kung ano ang isusuot. Mga shunga pa sila, ayaw mag-dress.

"Kung gusto nyo, kayo na lang mag-dress at wag akong idamay. May binili akong engagement suit, 'yun ang isusuot ko mamayang gabi." Sabi ni babe matapos tumutol sa pahayag ni Aaar eeeL kung susuutin nila ang mga dress na binili ni Dad.

"Luh, lalo naman ako hindi nagsusuot ng ganyan no. Pass, si asteroid pumili ng suit na susuotin ko kaya siya masusunod." Sagot ni Iris sabay tawa. Sabagay at hindi naman bagay kay Iris ang dress.

"Gusto ni kitten mag-tux ako kaya pass din sa dress," sabi pa ni Aaar eeeL.

Kaloka, mukhang ako lang ang mag d-dress mamaya. What if gayahin ko na lang din sila? Bagay ba sa akin? Baka magmukha akong katawa-tawa pag hindi, at ayaw ko mapahiya si Jami. Siguro mag-stick na lang ako sa dress.

"Hoy, unggoy! Lalalim ng iniisip mo, wala ka naman no'n. Ano sayo ha? Kanina pa kami nagtatanong at lutang ka d'yan." Pang-aasar ni empakta.

"Dress, duh," maarteng sagot ko, sabay ikot ng mga mata.

"Ba't tinatanong pa yan. Hello, Bot?" Tanong ni babe, nagsisimula na naman siya mang inis.

"Naknampucha, si idol pala to HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

Naalala ko na kailangan ko pa palang sunduin si Emmett, kaya imbes patulan ang mga kabobohan ng kapatid ko, niligpit ko ang gamit ko at tumayo. "Alis na ko, wala akong time sa nonsense na tulad mo empakta," sarkastikong saad ko, kasunod ang hampas sa batok niya.

"Ingat bunso, see you," biro ni Aaar eeeL.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Padabog akong lumabas ng restaurant at nagmadaling pumasok sa sasakyan. Binuhay ko agad ang makina at nagtungo sa underground para sunduin si Emmett at asikasuhin siya ng maaga.

-

Magkakasama kami ng mga kapatid ko sa iisang table, abala sa kwentong barbero si empakta at babe, parang baliw na kakatawa sa pinag-uusapan nila. Ay, mali, baliw naman talaga sila matagal na. Kanya-kanyang pindot naman si doraemon at Aaar eeeL sa phone, habang ako ay palingon-lingon sa entrance ng hall. Ang tagal naman nila Jami, hindi sila sumabay sa amin para raw makapag-handa kami kasama si daddy at para surprise raw ang mga damit nila. Hindi nila alam na sila ang masu-surprise mamaya sa announcement na gagawin ni dad.

"Tagal naman ng Uno ko, siguradong sobrang ganda niya, pero lagi namang maganda sa paningin ko ang mommy Uno ko na 'yun, lagot sakin 'yun mamaya at laplap siya sakin." Parang tangang sabi ni empakta, sinundan ng tawa ni babe.

"BAHAHAHAHAHA-halaaa! Ang gagandaaaa!" Napahinto si babe sa pagtawa nang tumama ang mga mata niya sa entrance. Napalingon din ang lahat sa table namin. Saktong pag-ikot ko, parang huminto ang mundo ng ilang segundo, ganoon na rin ang tibok ng puso ko. Hala! Buhay pa naman ako, pero bakit parang anghel na yata ang nasa harap ko ngayon? Ang gaganda nilang lahat, pero napako ang tingin ko kay Jami na sobrang hinhin sa ginagawang lakad papunta sa pwesto namin, kasabay ng mga pinsan niyang parang mga model sa sikat na magazine ang itsura. Palagi naman namin silang kasama at nakikita, pero parang kakaiba ang ganda nila ngayong gabi.

"Hi," bati sakin ni Jami nang malapit na sila sa amin. Tulalang napatingin ako sa kabuuan niya. Para siyang diyosa na bumaba mula sa langit para ipares sa isang magandang tulad ko. Pinasadahan ko ng tingin ang suot niya mula ulo hanggang paa.

Nagtama ang paningin namin at kita ko ang paghanga sa mga mata niya, napalunok ako bigla. Umatras ako ng kaunti at pinagmasdan siya. Mula sa kanyang buhok na naka-chignon curl bun style, sa kanyang maamong mukha na parang walang make-up pero litaw na litaw ang ganda, humagod ang tingin ko pababa sa kanyang collarbone na kitang-kita dahil nakasuot siya ng divine white one-shoulder French satin temperament dress na pinarisan ng skin-tone ankle strap heels. Ang ganda ng fit sa kanya ng dress, parang gusto ko maging tela bigla, oh my goodness! Mas napalunok pa ako nang bumaba ang tingin ko sa slit ng suot niya na halos umabot na sa upper thigh niya!

Grabe naman 'tong suot ni Jami, parang hindi yata ako malalayo sa tabi niya tonight. Marami pa namang bisita si daddy.

"Jami, ang ganda mo po sobra. Check mo heartbeat ko, oh, bilis diba?" Sabi ko matapos kinuha ang kanyang kamay at nilagay sa aking dibdib.

"Thank you love," matamis niyang ngiti at humalik sa aking pisngi. "You look absolutely gorgeous tonight. Your skin glows like porcelain and the white dress with the bow suits you perfectly." Bulong niya kasunod ang pagyakap sa bewang ko.

Kasunod ng pagpasok nila Jami ay ang pagdating ng mga parents liban lang sa akin, sinalubong namin si mommy Irene at nagkwentuhan bago siya inalalayan patungo sa kanilang table. Dito lang din sa mansyon ng Albrecht ginanap ang party kung saan may malawak na ballroom. Maraming bisita at halos lahat sa kanila mga negosyante, nakita ko rin ang ilang opisyal na kaibigan at kasamahan ni dad noon.

"Congratulations sa inyo mga anak, masaya ako nakita ninyo ang taong magpapasaya sa inyo habang

buhay," bati ni mommy Irene sa amin ni babe at sa kanyang dalawang anak.

"Thank you po," sabay na pasasalamat namin ni babe.

Ang kanina pa hinihintay ng lahat ay sa wakas dumating na rin. Si daddy kasama si lolo, na ngayon ay may malawak na ngiti sa kanilang mga labi habang papalapit sa direksyon namin.

"Mga anak, pasensya natagalan kami. Nandito na ba ang lahat?" Tanong niya sa akin bago hinanap ng kanyang mga mata ang iba ko pang mga kapatid.

"Opo, kayo nalang kulang ni lolo," sagot ko.

Marahan niyang tinapik ang aking ulo at ngumiti. "Ganda ng bunso ko, swerte ni Jamila sayo," panunukso niya kay Jami at nagtaas-baba ng mga kilay.

"You're right." Pagsang-ayon ng asawa ko at ngumiti ng matamis.

"Alright, let's start." Tumango kami.

Mabilis siyang umalis at lumapit sa host na kanina pa panay salita. Kinuha ang mikropono na inabot nito sa kanya sabay tingin sa direksyon namin at ngumiti.

"What an incredible evening. It's heartwarming to see everyone come together to celebrate this exciting news. We've poured so much love and effort into organizing this event, and we're overjoyed to have everyone here to share in this special moment. Tonight is filled with excitement and joy, and we're thrilled to experience it with all of you. I'm Ford Huxley Albrecht, a former director general of PDEA and the chairman of Black Enterprise." Ramdam ko ang pisil ni Jami sa aking kamay. Paglingon ko sa kanya, puno ng katanungan ang kanyang mga mata. Nilingon ko rin ang iba niyang pamilya at may bahid ng pagkagulat ang mga ekspresyon sa kanilang mga mukha. Hindi nga pala nila alam ang tungkol dito.

"This night is incredibly important because it will be the first time I introduce my children to the public, along with their future brides," sunod na salita ni dad at tumingin muli sa direksyon namin saka sinenyasan kaming lumapit sa kanya. Mabilis kaming tumayo ng AKRIS at lumapit sa kanya, pinagitnaan siya, ngunit ang mga mata ko ay nakatuon pa rin kay Jami.

"Now, I would like to introduce to you all my heirs," he continues. "Rochelle Love Albrecht, Iris Albrecht, Axel Grace Albrecht, Shara Jane Albrecht, and my beloved youngest, Krystal Bern Albrecht." pagpapakilala niya sa amin kasunod ang malawak na ngiti sa kanyang labi at niyakap kami isa-isa. Binigyan kami ng masigabong palakpakan ng mga panauhin. Sa wakas, ang matagal na naming hinihintay ay nangyari na.

"And their future spouses, the Ponferrada sisters." Sunod niyang salita kaya tumigil ang lahat. Sinundan ang tingin ni dad sa table nila Jami. "Being engaged is such an exciting time! You are officially committed to one another, starting a new life together. This party is a symbol of that love, commitment, and celebration. Make sure to savor the moment and enjoy this wonderful occasion with the people you care about most. Congratulations and best wishes for your upcoming wedding! Cheers!" Mensahe niya para sa aming lahat kasabay ang pag-angat ng hawak niyang champagne glass na sinundan ng lahat.

"Cheers!" Umingay muli ang paligid ng ballroom sa mga palakpakan at mga bating natanggap namin mula sa mga bisita.

"Empakta, palit tayo. Don ka sa gilid! Shu shu!" Bugaw ko sa kanya at tinulak upang makatabi si dad.

"Mamaya ka sakin, unggoy!" Inikutan ko lang siya ng mga mata bago tinapik ang balikat ng aking ama.

"Dad, hindi pa po tapos. May surprise ako para sa inyo." Bulong ko sa kanya at inagaw ang hawak niyang mikropono.

"Good evening. Salamat sa pagdalo ninyong lahat ngayong gabi para sa double celebration, ngunit hindi pa tapos ang sorpresa." Muling napunta ang atensyon ng mga tao sa akin dahil sa sinabi ko.

Ngumiti ako bago tumingin sa malaking pintuan na nakasara sa likuran namin.

"Gusto ko ipakilala sa lahat ang panganay sa aming magkakapatid. Ang nag-iisa at tunay na anak ni dad," nakangiting anunsyo ko at binalingan ang iba kong mga kapatid. Puro pagtataka at gulat na mga reaksyon ang nakuha ko sa kanila, lalo na si dad, tila nalilito sa sinabi ko.

Napunta ang spotlight sa backdoor at ang fog smoke na nagsimulang kumalat sa paligid nito. Kinakabahan ako at sabay napuno ng excitement ang nararamdaman. Bumukas ang malaking pinto, nanginginig ako habang hawak ang mikropono, kasunod ang pagpapakilala ko sa napakagandang babae na nasisilayan naming lahat ngayon sa gabing ito.

Tulala at tutop ang kanilang mga labi, hindi maalis ang paningin sa babaeng galanteng naglalakad papalapit sa amin suot ang black satin wrap dress, revealing her waist and chest while being modest.

"Emmett Donita Albrecht," buong puso kong pagpapakilala sa kanya kasunod ang pagpatak ng luhang hindi ko inaasahan sa aking mata.

Huminto sya sa aking tapat at yumakap bago binalingan ang aming mga kapatid na naging tuliro.

"Hello, we've finally met...again." She sweetly utters.

"N-Nerdy?"

CHAPTER 44

-

"Ma'am, may resulta na po ako tungkol kay Emmett." Ani ng lalaking kaharap ko ngayon habang iniaabot ang isang folder.

"Ano 'to?" Kunot-noo kong tanong habang kinukuha ito. "Order mo nga muna ako ng cake, Brod. Gusto ko kumain ng matamis bago pumasok sa school." Utos ko sa kanya bago ko sinimulang basahin ang laman ng folder.

Tahimik kong pinag-aralan ang dokumento.

Donita Rodriguez, 20 years old, BS Criminology, graduating student at nag-aaral sa PU. Patay na ang mag-asawang Rodriguez na kinilala niyang mga magulang. Inampon siya ng isang katulong na matagal nang nagtatrabaho sa pamilyang Rodriguez simula pagkadalaga.

Tumaas ang kilay ko matapos malamang sa PU din siya nag-aaral. May kasama pang paternity test result sa folder, at malinaw ang nakasaad-99.9% match. Ibig sabihin, siya nga ang panganay namin.

Sa huli, may nakalakip na litrato ni Donita, at hindi ko maiwasang mamangha sa taglay niyang kagandahan. Kutis at mukha pa lang, halatang mula siya sa isang mayamang pamilya. Pero sa kasalukuyang sitwasyon niya, isa lang siyang scholar sa paaralan. Agad kong kinuha ang phone at tinawagan si Babe. Wala pang pangalawang ring, sinagot na niya ang tawag.

"Hello, horsey ko? What is your problem, monkey horse?" Pang-aasar niyang bati sa kabilang linya.

"Babe, may favor ako." Sabi ko nang hindi na nagpaligoy-ligoy.

"Ano yan, ha? Dapat may bayad yan na pudding kung may pabor kang hihilingin. Wala nang libre sa panahon ngayon, monkey."

Kainis! Ang dami naman niyang pera, mabibili niya lahat ng gusto niya, pero pudding talaga ang gusto niyang singilin?

"Diba anim dapat sa isang kwarto? Lima lang tayo ngayon, kaya kailangan natin ng isa pa, diba?" Sabi ko habang kinukuha ang cake na bagong bili ni Brod. "Sabihan mo si Pixie na ipasok si Donita Rodriguez sa atin. Kapag tinanong ka kung bakit, sabihin mo gusto ko siyang isali sa grupo."

"Who da pak is da girl?" Nag-iinarte si Babe sa kabilang linya.

"Basta, please?" Suyo ko sa malambing na tono.

"Sige na nga. Dalhan mo ako ng pudding pag papasok ka na." Sagot niya sa wakas.

Pudding lang pala katapat nito.

"Yaaay, thanks!" Mabilis kong pinatay ang tawag, inayos ang sarili, at tumingin kay Brod.

"Tell me, paano mo nalaman na si Donita si Emmett?" Seryoso kong tanong habang sinimulan kong kainin ang cake.

"Nakuha ko ang impormasyon mula mismo sa lalaking dumukot sa kanya noong sanggol pa lang siya. Pumanaw siya last week dahil sa cancer, pero bago 'yun, sinabi niya sa akin ang lahat ng mahahalagang impormasyon. Hindi ko muna pinaalam sayo dahil kinumpirma ko muna kung totoo ang mga sinabi niya," paliwanag ni Brod.

Ito ang gusto ko sa kanya-alam na alam niya ang gagawin kahit hindi ko pa iutos.

"Alright, wag mong ipaalam sa mga kapatid ko kahit kay Dad, maliwanag?" Bilin ko kay Brod habang inaabot sa kanya ang folder. Ayokong ako ang may hawak nito-baka kung saan ko lang mailagay, makakalimutin pa naman ako.

"Yes po," sagot niya agad.

Lumipas ang ilang araw, at natupad na rin ang pabor na hiniling ko kay Babe. Kasama na namin si Emmett sa kwarto, at agad naman naming nakagaanan ng loob. Mula pa lang sa unang kita ko sa kanya, parang ang gaan na agad ng pakiramdam ko. Kaya naman inalagaan at pinamper ko siya nang sobra-parang baby, kahit na siya ang mas matanda sa amin.

Okay na sana ang lahat at handa na akong aminin sa mga kapatid ko ang totoo-na si Donita ang matagal na naming nawawalang kapatid. Pero nagbago ang desisyon ko nang may natuklasan kami kinabukasan, matapos gumanti sa grupo nila Kokey na bumugbog kay Tanso.

"Anong sabi mo?!" Bulyaw ko sa babaeng kasama ni Ag, agad na kumuyom ang mga kamao ko. Ramdam ko ang malamig na pawis sa noo ko, hindi ako makapaniwala sa sinabi niya.

"Totoo ang sinabi ko," sagot niya ng diretso. "Si Donita, ang kaibigan ninyo, ang nag-utos sa grupo ni Loraine na gulpihin si Tanvi."

Mas lalong lumakas ang kabog ng dibdib ko. Hindi... Hindi pwedeng totoo 'to.

"Kung ayaw mong maniwala-" huminto siya saglit at may inabot sa amin na pen recorder. "Pakinggan nyo."

Dahan-dahan kong pinindot ang play button, at sa sandaling umalingawngaw ang boses ni Emmett, nanindig ang mga balahibo ko.

"Gusto mo makaganti kay Rochelle? Hahayaan mo na lang maagaw si Ziallyn sayo? Kung gusto mong makaganti, unahin mo ang kaibigan. Hindi mo kayang galawin ang lima sa kanila, kaya mas mabuti kung unahin mo si Tanvi, ang bagong recruit sa grupo nila."

Sunod-sunod akong lumunok ng laway. Hindi... Hindi ko kayang tanggapin 'to.

Sumagot si Loraine, ang tinig niya may halong pag-aalinlangan. "Akala ko kaibigan mo sila? Paano kung pagtaksilan mo ako? Anong makukuha ko sayo? Isa ka lang namang hamak na scholar ng PU."

Sumunod doon ang tawa ni Emmett-hindi na ito ang kaibigang nakilala ko. May kung anong kasamang lamig at yabang sa boses niya, na para bang ibang tao na siya ngayon.

"Tsk, Loraine, sinasabi ko sayo 'to dahil may iisa tayong layunin. Pareho tayong nawalan at inagawan ni

Rochelle. Anong mapapala ko kung pagtataksilan kita? Dapat nagtutulungan tayo para itumba sila, diba?"

Natutop ko ang bibig ko, at nanghihinang napaupo. Hindi ko matanggap na ang babaeng nagsasalita ay ang kapatid ko. Paano na lang kung malaman 'to ni R? Alam kong gaano kahalaga si Donita sa kanya-itinuturing na niyang kapatid. Ano ang dapat kong gawin?!

Krystal, calm down.

I can't! Hindi ko kayang kalabanin ang kapatid ko! Bern, anong gagawin mo sa ganitong sitwasyon?

Don't worry, leave it to me.

May plano ka ba?

Yes, so relax.

"Ako lang ang kakampi mo ngayon na malapit sa kanila. Advantage 'yun sayo, diba? Makipagtulungan ka sa akin, at tutulungan kitang makuha si Ziallyn."

Napalingon ako sa pen recorder.

"Sige, tinatanggap ko ang alok mo," sagot ni Loraine at doon natapos ang lahat.

Lahat kami ay tulala-walang makapaniwala, walang alam kung paano magre-react matapos marinig ang buong katotohanan. Tahimik. Walang gustong magsalita. Hanggang sa ako na mismo ang pumutol sa mahabang katahimikan.

"Wag nyo muna ipaalam kay R," sabi ko.

"Pero may karapatan siyang malaman ang lahat. Paano kung matuklasan niyang itinago natin ang totoo at magtanim siya ng galit sa atin?" Agad na pagtutol ni Babe sa sinabi ko.

"Ipapaalam naman natin sa kanya-pero sa tamang panahon. Alam nyo ba kung gaano kahalaga si Donita sa kanya? Isipin nyo kung ano ang mararamdaman niya kung malalaman niya ang lahat ngayon ng wala tayong sapat na ebidensya. Huwag muna tayong magpadalos-dalos. Kailangan nating mahulog si Donita sa sarili niyang patibong. She's a manipulator, pero hindi niya alam na mas magaling tayo ro'n. Please, huwag nyong sasaktan si Donita. Hayaan nyo akong lumutas sa problemang 'to." Hindi ko kayang ipaubaya sa kanila ang problemang ito dahil baka may gawin silang masama kay Emmett.

Nagpalitan sila ng tingin. Ilang segundo ang lumipas bago nagpakawala ng buntong-hininga si Babe at pilit na ngumiti sa akin.

"Sige, ikaw ang bahala. Hindi ko alam kung ano ang dahilan mo, pero hahayaan kita-basta siguraduhin mo lang na hindi mapapahamak si R."

Paulit-ulit akong tumango bilang pagsang-ayon nila sa hiling ko.

"S-Salamat."

Nagpatuloy kami sa pagiging inosente, na parang walang alam tungkol kay Donita. Nag-aalala ako na

baka mag-iba ang trato nila sa kanya matapos malaman ang totoo, ngunit sa halip ay mas naging doble pa ang atensyon at lambing na ibinigay nila rito. Binigyan din siya ni Bern ng gadgets na may tracker upang ma-monitor ang bawat kilos o lakad niya.

Matapos ang klase, nagtipon kami sa likod ng paaralan habang hinihintay ang susunod naming subject. Hindi maalis sa isip ko kung ano o sino ang inagaw ni R-bakit gano'n na lang kalaki ang galit ni Donita sa kanya?

"May alam ba kayo na posibleng inagaw ni Aaar EeeL kay Donita? Kaloka, wala akong maisip na iba," tanong ko sa apat habang sapo-sapo ang aking noo.

"Baka may gusto rin siya kay Ziallyn? Baka si Ziallyn din ang dahilan?" Sagot ni Iris, pero parang wala namang sense at malabo 'yung mangyari.

"Baliw ka ba? Ni hindi nga 'yun kumakausap ng ibang tao, maliban lang sa pamilya at grupo natin. Paano naging si Zi? Bobo ka ba, ha, Iris?" Sagot ni Babe, halatang naiinis. Mahina akong natawa sa pang-iinsulto niya, puro babae kasi ang laman ng utak ng Iris na yan.

"May kutob ako." Biglang singit ni Doraemon sa usapan, kaya sabay-sabay naming binalingan siya.

"Ano?" Sabay naming tanong.

"Baka si Jem? Si Jem lang naman ang naging best friend ni Rochelle simula noong lumipat siya sa PU. Malabo rin naman kung si Tanvi... pero baka rin si Tanvi?" Maski siya ay naguluhan na rin sa sinabi niya.

"Malabong si Jem at Tansan dahil saka niya lang nakilala ang dalawa noong pinakilala natin sila sa isa't-isa." Sagot naman ni Babe kay A.

"De La Fuente!" Biglang sigaw ni Pixie kaya dali-dali kaming bumalik sa mga upuan.

Lumipas ang mga araw, linggo, at buwan, pero hindi pa rin namin matukoy kung sino o ano ang inagaw ni Rochelle mula kay Donita. Hindi ko malulutas ito kung hindi ko malalaman ang ugat ng lahat.

Dumating ang kaarawan ni Jem, at nagkagulo kami nang biglang sumulpot ang mga armadong kalalakihan habang paalis na sana kami upang puntahan ang hotel na tinutukoy ng unknown number na nagpadala ng mensahe kay R. Mabuti na lang at ligtas ang lahat-walang nasaktan sa amin. Nang masigurong secured na ang paligid, agad kaming umalis at nagtungo sa hotel.

Nanlumo ako at nadurog ang puso ko nang makita ang kalagayan ni Ziallyn pagpasok namin sa kwarto. Wala siyang suot na kahit anong saplot, binalak siyang gahasain ni Loraine.

Paano kung sangkot si Emmett sa lahat ng ito? Paano kung plano nilang dalawa ni Loraine ito upang saktan si R? Gulong-gulo na ang isip ko. Hindi ko lubos akalain na magagawa ito ng kapatid ko. Kung totoo mang may kinalaman siya sa lahat ng kaguluhan ngayong gabi, hindi ko na alam kung ano ang susunod kong gagawin.

"Putangina ka! Papatayin kita, gago ka! Paano mo nagawa 'to kay Ziallyn?! Gusto mo bang mamatay, ha?! Baboy kang putangina ka!!" Luhaang sigaw ni R habang walang tigil sa pagsuntok sa mukha ni Loraine. Halos puro dugo na ang kanyang kamao, pero patuloy pa rin siya sa pagbugbog sa walang malay na si Loraine.

Kumalma lang siya ng tawagin siya ni Ziallyn. Dali-dali niya itong nilapitan at niyakap. Pinagmasdan ko si Loraine, sira na ang kanyang mukha dahil sa brutal na ginawa ni R. Dapat lang sa kanya 'to. Dapat lang siyang mamatay. Pero hindi pa ngayon. Hindi pa ito ang tamang panahon dahil marami pa akong katanungang kailangang masagot.

Dinala namin si Loraine sa underground. Doon namin siya muling pinahirapan para aminin ang totoo, pero matigas siya at nanatiling tikom ang bibig. Paulit-ulit niyang sinasabi na hindi niya kilala ang taong kapalitan niya ng mensahe at tawag. Lalo akong nalito. Totoo kaya na wala siyang alam, o sadyang ayaw lang niyang aminin ang katotohanan?

"Hindi ko na alam ang gagawin, Bern. Tama ba ang naging desisyon kong itago lahat sa kanila? Kung inamin ko ba ang lahat, may magbabago?" Ang sakit ng ulo ko. Parang sasabog na sa sobrang bigat ng lahat.

***I don't know**.*

"Sabagay, kahit inamin ko sa mga kapatid ko, hindi pa rin mababago ang lahat... si Emmett pa rin siya."

Dumating ang araw ng graduation ni Emmett. Akala ko tapos na ang lahat ng problema-hawak na namin si Loraine, kaya inisip kong wala nang ibang banta. Pero nagkamali ako.

May dumukot kay Jem at Ziallyn.

Agad kaming kumilos para sagipin sila, pero ibang sasakyan ang nasundan namin. Sobrang gulo ng isip ko. Nagdilim ang paningin ko. Hindi ko namalayan na nakapatay na naman ako ng mga tao. Doon kami muling nagpalit ni Bern ng host, siya ang umako sa pagpaslang sa tatlong lalaki.

Pagbalik sa sasakyan, kinuha ni Bern ang iPad para i-locate ang cellphone ni Emmett. Wala siya sa villa. Nasa biyahe siya papunta sa isang lugar na hindi namin alam. Kinutuban akong siya ang nasa likod ng kaguluhan ngayong gabi, pero pilit ko pa ring sinasabi sa sarili ko na baka nagkakamali ako.

Hanggang sa natunton namin ang kinaroroonan nina Ziallyn.

Mas nadurog lalo ang puso ko nang makita si Emmett, may hawak siyang baril at nakatutok kay Jem. Doon ko nalaman ang buong katotohanan, kung ano talaga ang problema at kung bakit malaki ang galit niya kay R at Ziallyn. Nang magsimula siyang magsalita, ramdam ko ang sakit sa kanyang boses. Kahit ako ay nasaktan sa mga narinig ko.

Nataranta ako nang biglang ipag-utos ni Bern kay Ag na barilin si Emmett, ngunit mabilis 'yung pinigilan ni R.

"Nababaliw ka ba?! Kapatid natin yan!"

"No need to remind me."

"Oh, ayun naman pala! Bakit mo pa rin gustong ipatumba si Emmett?! Hibang ka na ba?!"

"Not really."

Patuloy kaming nagtatalo sa isipan, hanggang sa bigla na lang siyang tumalon habang mahigpit na nakakapit sa lubid. Sinipa niya ng malakas ang glass window at walang alinlangang binaril ang isang tao. Napasigaw ako, buong akala ko si Emmett ang tinarget niya.

Pero hindi.

Si Loraine ang pinaputukan niya.

Paano siya napunta rito?!

Nilingon ko si Emmett. Nakahandusay siya sa malamig na sahig, walang malay. Natakot ako. Paano kung patay na ang kapatid ko? Paano kung hindi ko na siya mailigtas? Hindi ko alam kung mapapatawad ko pa ang sarili ko kapag tuluyan siyang nawala.

Bern! Out!

Sa sobrang galit at determinasyon kong malaman ang kalagayan ni Emmett, muli kong naramdaman ang sariling kontrol sa katawan. Ako na ulit ito. Kaagad kong sinabihan ang lahat na lisanin na ang lugar, ngunit nanatili sa tabi ko si Babe.

"Keyboard, anong gagawin ko sa katawan niya?" Tanong sa akin habang yakap-yakap ko si Emmett. Hindi ko hinayaan kahit isa sa kanila makalapit sa katawan nito, gusto kong ipalabas na patay na siya kahit ang totoo ay may pulso pa, ngunit mahina na.

"Alam kong buhay pa yan." Hindi ako sumagot.

"B-Babe, ilalayo ko si Donita. Sa lugar na walang makakakita sa kanya. P-Please, wag mong ipagsabi sa iba ang totoo, u-umalis ka na. Hayaan mong ako ang magtago sa kanya." Pakiusap ko, tumingala sa kanya at nakipagtitigan ng ilang segundo.

"Pero paano pag nalaman nilang buhay siya? Paano kung balikan sila Zi at R? Hindi habang buhay kaya kitang pagtakpan." Kinagat ko ang ibabang labi at umiling ng maraming beses saka tinawagan si Brod.

"N-No, I promise hindi na mauulit 'to. Please, kahit ngayon lang pagkatiwalaan mo ako." Pagmamakaawa ko.

Hindi siya sumagot, nagpakawala lang ng malalim na hininga bago ako tuluyang iniwan mag-isa kasama si Emmett na halos hindi na humihinga. Wala akong magawa kundi umiyak, paulit-ulit humingi ng tawad habang yakap siya, hanggang sa dumating si Brod kasama ang iba.

Dinala ko siya sa underground, kung saan may nakaabang na doktor, sa red room na balak kong pagtaguan kay Emmett. Ako lang ang may access sa kwartong ito kaya alam ko magiging ligtas siya at walang makakaalam na nandito siya.

-

Isang buwan. Isang buwan akong naghintay bago magpasya harapin muli ang kapatid ko. Ni isang beses hindi ko siya dinalaw matapos iwan sa red room. Sapat na siguro ang isang buwan, at oras na para sabihin sa kanya ang buong katotohanan.

Pagbukas pa lang ng pinto, may kung anong bagay na lumipad sa mukha ko. Kung hindi lang ako nahila agad ni Brod, malamang ay tumama ito sa mukha ko.

"Ano pa bang kailangan niyo sa akin?! Dapat hinayaan niyo na akong mamatay! Para saan at ikinulong niyo ako?! Para pahirapan?!" Nagwawala sa galit na sigaw ni Emmett, at pinagtatapon sa amin ang mga bagay na mahawakan.

"Emmett," sambit ko.

"Fuck! Wag mo akong tawagin sa pangalang hindi ko kilala!" Ang bigat sa pakiramdam ng ganito. Hindi ko alam kung dapat ba siyang kaawaan o balewalain na lang.

"Dahil yan ang totoo mong pangalan. Emmett Donita Albrecht, ikaw ang nawawalang kapatid namin ng AKRIS. Hindi mo totoong mga magulang ang mag-asawang Rodriguez," tumigil siya sa pagwawala matapos kong ibunyag sa kanya ang totoong pagkatao.

Lalapitan ko sana nang magsimula siyang sumigaw at magwala, pinagsusuntok ang kanyang ulo na tila wala sa kanyang sarili. Kaagad siyang pinigilan nila Brod at tinurukan ng pampatulog.

Sinabihan ako ni Brod na ipatingin si Emmett sa psychiatrist, pero minabuti kong habaan ang pasensya. Gusto ko ako mismo ang tumulong sa kanya, ngunit di ko kinaya kaya nagdesisyon akong kumuha ng therapist para sa ikababuti niya. Hindi naman baliw ang kapatid ko, nabulag lang siya sa maling katotohanan. Pabalik-balik ako sa kanya hanggang sa lumipas ang isang taon. Walang pagbabago, at patuloy lang akong tinataboy nito, pero kahit gano'n ay hindi ko siya sinukuan.

After class, bumisita ulit ako sa kanya. Tumawag ang therapist at sinabing gusto akong makausap ni Emmett. Hindi ako nagdalawang-isip iwanan si babe dahil mas kailangan ni Emmett ang presensya ko ngayon. Nasa tapat na ako ng pintuan, nagdadalawang-isip kung papasok o hindi, nang bigla itong bumukas.

"Miss Krystal, kanina pa naghihintay ang kapatid mo." Sinilip ko ang kanyang likod at nakita si Emmett na nakatingin sa akin ng seryoso, kaya mas tumaas ang kaba ko sa dibdib.

"O-Okay lang ba lapitan siya, doc? Paano kung magwala ulit siya pag lumapit ako?" Tanong ko sa psychiatrist.

Ngumiti siya at umiling. "Don't worry, Miss Krystal-"

"Anong kailangan kong gawin?" Putol ko sa kanya.

"Just listen to her story, understand her thoughts and feelings. Ang pagiging nandiyan para sa kanya at pagpapaalam na tanggap mo siya nang buo ay makakatulong sa kanya. You don't have to try and give any advice or push her to do anything she doesn't feel ready for. Just being there and listening is already a huge help." Paalala niya sa akin at ngumiti.

Tumango ako. "Salamat po."

Pumasok ako sa kwarto at agad isinara, dahan-dahan lumapit sa kanya at umupo sa tabi ng kama. "Kamusta ka?" Tanong ko.

Hindi siya sumagot, parang ang lalim ng iniisip niya habang tulalang nakatitig sa flower vase na nasa harapan niya.

"Bata pa lang, pangarap ko nang magkaroon ng kapatid. Ilang ulit ako humingi sa mga magulang ko, pero tanging sagot lang nila ay hindi ko kailangan at mag-focus sa pag-aaral. Hindi sila naging masamang magulang, hindi rin gano'n kabuti. Tinrato nila ako na parang totoong anak at binigay ang lahat ng materyal na bagay, pero hindi binigyan ng sapat na atensyon at pagmamahal." Tahimik lang akong nakikinig habang isinasalaysay niya ang kwento mula pagkabata.

"Si Nanay lang palagi kong kasama kasi walang panahon sa akin ang parents ko dahil abala sila parati sa negosyo. Ginawa ko lahat para mapansin nila, nag-aral ng mabuti at nakakuha ng malalaking grades pero gano'n pa rin, kahit konting oras, hindi nila binigay sa akin.
Pati kaarawan ko kinalimutan." Nalungkot ako sa mga narinig ko. Naiintindihan ko siya at dama ko ang sakit' 'yung halos nasayo na lahat pero walang pagmamahal at suporta mula sa mga magulang mo.

"Then one night, nagising ako sa kalagitnaan ng gabi at lumabas ng kwarto. Hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng mga paa, but then I realized, nasa tapat na ako ng pintuan. My parents told me bawal ako pumasok do'n at babalik na sana sa kwarto nang biglang may narinig akong umiiyak sa loob. Tulog na lahat ng mga tao kaya tinangka ko pumasok sa ipinagbabawal na kwarto. Alam mo ba kung sino ang nakita ko sa loob? Si Ziallyn." Nagtaas ang mga kilay ko sa huling binanggit niya. So matagal na pala silang nagkakilala ni Ziallyn? Mula pagkabata, gano'n ba 'yun?

"I was afraid to approach her, pero iyak siya ng iyak kaya lakas-loob ako lumapit sa kanya. I asked her kung paano siya napunta sa bahay namin, at sabi niya, di rin daw niya alam. Nagising na lang daw siya at nasa hindi siya pamilyar na kwarto. Wala akong kaalam-alam sa nangyayari dahil bata pa lang ako noon, kaya naisip ko baka guest lang siya ng parents ko at nakatulog kaya pinasok sa kwarto. Sinabi ko na wag mag-alala at tumigil sa pag-iyak dahil walang mananakit sa kanya at safe siya sa bahay namin. Inosente pa lang ako noon kaya di ko alam na kinidnap pala siya ng parents ko." Kung matagal na pala silang magkakilala, malamang natatandaan siya ni Ziallyn. Kaya ba galit sila? At kung makatingin si Ziallyn sa kanya noon, parang may malaking kasalanan si Emmett? Dahil alam nila ang nakaraan?

"Para mabawasan ang takot, nagpakilala ako at nakipagkwentuhan sa kanya. Hindi rin ako nagtagal dahil baka mahuli ako ng parents ko na pumasok sa kwarto. Bago umalis, sinabi ko sa kanyang babalik ako, pero kinabukasan, wala na siya sa kwartong pinagtaguan ng parents ko sa kanya. Wala na akong balita sa kanya pagkatapos noon."

"Then isang araw, kaarawan ko noon. Hinintay ko makauwi silang dalawa para i-celebrate ang birthday ko dahil for the first time, makakasama ko sila, at sobrang excited ako. I thought tuloy-tuloy na 'yung saya, pero dumating si Nanay ng may masamang balita-naaksidente ang parents ko at dead on arrival na pagdating sa hospital." Bigla lumungkot ang boses niya at lumingon sa akin, saka pilit na ngumiti.

"Alam mo 'yung pakiramdam ng mawalan ng minamahal sa buhay? Ang sakit ng malaman ko na patay na sila at wala na akong mga magulang. Paulit-ulit kong tinatanong sa sarili, paano na ako? Bakit iniwan nila ako mag-isa? Paano ako mabubuhay kung wala sila sa piling ko?" Akala ko naging maganda ang buhay niya simula pagkabata dahil mayaman ang kumuha sa kanya, pero mali ako. Sobrang miserable rin pala ang pinagdaanan niya.

"Kasunod ng pagkawala ng mga magulang ko ay ang pagbagsak ng pamilyang Rodriguez. Lahat nawala sa amin-mga negosyo na pinaghirapan ng mga magulang ko, bahay, kayamanan, lahat-lahat, at walang natira kahit konting katiting. I thought magiging palaboy na ako ng tuluyan, but Nanay decided to adopt me. Dinala ako sa kanilang probinsya, inasikaso, pinalaki, at tinuring na totoong anak nila. Sa kanila ko naramdaman ang pagmamahal ng magulang na hindi ko naramdaman sa mag-asawang Rodriguez."

"Lahat ginawa nila para makapagtapos ako ng high school. I'm so thankful to them dahil hindi nila ako pinabayaan kahit hindi naman nila ako totoong anak. Sumubok akong kumuha ng scholarship sa PU pagtungtong ng college, at nakapasa sa exam kaya na-secure ko ang slot. Hindi naging madali para sa akin ang pag-aaral doon dahil iba ang turing ng ibang students sa aming mga scholars-sabit lang daw kami at hindi nababagay makapasok sa PU. Ilang beses din akong naging target ng bullying hanggang sa nakilala ko si Jemima." Tumango ako, naalala ko na may nakaraan pala sila ni Jemima, at 'yun pala ang naging ugat kung bakit kinamuhian niya si Aaar EeeL.

"She's the only person na tumulong sa akin sa daming students ng PU. Bagong lipat lang din siya ng school at walang kaibigan nang magkakilala kami. After that, sa tuwing nagkakasalubong kami, lagi niya akong tinatawag hanggang sa naging consistent siya at naging magkalapit kami." Sumilay ang matamis na ngiti sa kanyang labi, ngunit kita parin ang lungkot sa mga mata niya. "She's sweet, caring, laging nandiyan kapag kailangan ko, inaalagaan ako. Alam niya ang tungkol sa nakaraan ko dahil sinabi ko, kaya lahat ginawa niya para mapasaya ako. Di ko namalayan, unti-unti na akong nahulog sa kanya hanggang sa hindi ko na kayang pigilan ang totoong nararamdaman ko para kay Jem."

"But yeah, biglang nagbago lahat nang dumating si Rochelle sa buhay niya. Ang dating samahan namin ay hindi na tulad ng dati. Lagi silang magkasama at parang bigla akong naglaho sa buhay ni Jem dahil nakay Rochelle na lahat ng kanyang atensyon. Nasaktan ako at umasa, ang sikip sa dibdib every time nakikita ko silang dalawa magkasama. I-I love Jem, that's why I decided to confess my feelings, but she rejected me. S-She rejected me because of R, she likes her, she told me she likes me-as a friend." Maingat akong lumapit sa kanya at marahang hinaplos ang likuran ng katawan niya habang nagsimula siyang lumuha.

"Gabi 'yun, pauwi ako galing trabaho nang bigla may kotseng huminto sa tabi ko. I was so confused, dahil pagbukas ng backseat, may isang lalaking puro itim ang kasuotan. Hindi ko pinansin at nagpatuloy ako sa paglalakad, pero bigla niya akong tinawag sa pangalan. Sinabi nito kung gusto kong malaman ang totoo sa likod ng pagkamatay ng parents ko. I asked him kung ano ang ibig sabihin no'n, and yes, he told me hindi aksidente ang nangyari at may nagplano ng aksidente ng parents ko kaya nahulog sa bangin ang sasakyan. Inimbitahan niya akong sumama sa kanya kung gusto kong malaman ang totoo, di ako nagdalawang isip at sumakay agad sa sasakyan niya." Kumunot ang noo ko, sino ang lalaking tinutukoy ni Emmett? Malabong si daddy, diba?

"Hindi ako dinala sa anumang lugar at nanatili lang kami sa loob ng sasakyan. Ang lolo, ang lolo ni Ziallyn ang binanggit niyang pangalan." Si lolo? I can't imagine it kung gano'n talaga ang nangyari, pero hindi, hindi masama ang headmaster ng Ponferrada.

"Ang malaman na hindi pala aksidente ang pagkamatay nila ay talagang tumatak sa isipan ko at nagdulot ng galit dito sa aking puso. Marami pa siyang sinabi na mas lalong nagpadagdag ng galit ko sa mga Ponferrada, lalo na kay Ziallyn, k-kaya pinatay ang parents ko d-dahil sa kanya." Kaloka, bakit si Ziallyn ang sinisi kung biktima lang din siya ng kidnapping noon? Sino ba kasi ang lalaking kumausap kay Emmett?

"Inalok ako ng tulong. Sinabihan ako na tutulungan niya akong maghiganti basta sundin ko lang lahat ng kanyang ipag-uutos. Di ko siya kilala, mas lalong unang beses lang namin 'yun na pagkikita, pero agad ko tinanggap ang offer sa akin, dahil gusto kong ipaghiganti ang pagkamatay nila." Muli siyang tumigil at iniwas ang mata, iniyuko ang ulo.

"Pero dumating ako sa punto na gustong itigil ang paghihiganti dahil nakita ko kung gaano kabuting tao si Ziallyn, lalo na si Rochelle. Ayaw ko siyang masaktan. Naisip ko, ano makukuha ko sa lahat ng ito? Maibabalik ba nito ang mga buhay na nawala mula sa akin? Diba hindi? That's the time I decided to talk to him. I told him ayaw ko na ituloy ang plano, pero nagalit siya. Pinagtangkaan ako, at sinabi niya na kapag binawi ko ang kasunduan ay mapapahamak ang mga taong mahal ko-si nanay at tatay. N-Natakot ako, dahil sa akin mapapahamak ang mga inosente at walang kasalanan. Ayoko na may mawala ulit sa buhay ko kaya wala akong ibang nagawa kundi sumunod at magpakontrol sa kanya tulad ng isang puppet."

"H-Hindi ko alam bakit pinipilit akong maghiganti, parang ang nangyari ginamit lang ako upang maisakatuparan lahat ng kanyang plano. I was wondering, bakit mas apektado at galit siya sa lolo

ni Ziallyn at kay Rochelle?" Tanong niya, na hindi ko rin mabigyan ng kasagutan dahil palaisipan pa rin sa akin kung sino ang lalaki.

"I know, wala na akong takas sa kanya at anumang oras, kung gugustuhin man ay pwede niyang kitilin ang buhay ni nanay at tatay. Takot man sa kanya, pinili ko pa rin na tumulong ng patago. Lihim ko pinapadalhan ng mensahe si Rochelle bilang babala na mag-ingat at bantayan si Ziallyn," I gasped. So, totoong siya si Unknown? Buong akala namin palabas lang din 'yun ni Donita o baka nahibang na dahil nagbalak siya ng masama, at the same time, tumutulong siya? Ngayon, ito pala ang kwento sa likod ng lahat ng 'yun?

"I admit, di nawala 'yung galit ko kay Ziallyn pero di ko rin kaya gumawa ng masama. Kasabay ng kaarawan ni Jem, nalaman ko ang plano tungkol sa gagawin nito kay Ziallyn. Talagang kinilabutan ako at di lubos makapaniwala sa naging desisyon ko noon na pagpayag sa tulong na alok sa akin. Yung mukha niyang sobrang saya habang sinasabi sa akin hawak na ni Loraine si Ziallyn at nasa hotel. Lihim ko agad pinadalhan ng mensahe si Rochelle, nanalangin sana mabasa agad bago mahuli ang lahat."

"But nahuli ako kaya agad niya inutusan ang mga tauhan niyang abangan kayo sa labas at paputukan. S-Siya, siya mismo nagplano at ginamit ako upang magawa ni Loraine ang plano nila. W-Wala akong nagawa, he's too powerful at ano ang laban ko sa kanya? Kaya naging sunod-sunuran ako. I was so scared, Krystal. Naisip ko magsumbong at humingi ng tulong sa inyo, pero ayaw ko ibuwis ang buhay nila nanay. Nilamon ako ng konsensya ng malaman kong muntik matamaan si Jem ng bala at muntik din magahasa si Ziallyn. K-Kasalanan ko 'yun lahat, dahil nabulag at nagpagamit ako sa taong di ko lubos na kilala." She burst into tears. Mabilis ko siyang niyakap upang pakalmahin siya, dahil nanginginig na ang katawan niya.

"A-Araw ng graduation, s-siya rin ang nasa likod ng pagdukot kay Ziallyn at Jem. N-Nong umalis kayong lahat, may sumugod na mga armadong lalaki sa villa at ikinulong sila nanay at tatay. D-Dinampot nila ako, dinala sa lugar kung saan naroroon ang dalawang babae. N-Nando'n din sa lugar na 'yun ang mastermind sa lahat ng kaguluhan. I-Inutusan akong akuin lahat ng mga kasalanan kapalit ang buhay nila nanay. W-Wala akong magawa, h-hindi ko kakayanin kung pati sila mawawala, kaya kahit alam ko na ako ang magmukhang masama ay sinunod ko at inako lahat para maligtas ang natitira kong pamilya. P-Pinagmukha kong masama ang sarili ko sa harap nila Rochelle upang maging makatotohanan at isipin nilang ako ang nasa likod ng lahat." Oh my God! Isa lang din siyang biktima at inosenteng babae na gagawin lahat para sa minamahal! Kailangan ko malaman kung sino ang lalaking tinutukoy niya.

"Hindi ko inakala mabubuhay pa matapos barilin ni Loraine," nagsimula siyang magpahinga, ngunit tanging sakit ang nararamdaman ko sa kanyang mga salita. "I-Inisip ko noon ba-"

"Emmett, shhh, it's okay, you're safe now at pinapangako ko wala nang makakapanakit sayo. T-Tama na, sapat na lahat ng mga sinabi mo at nalaman kong biktima ka lang din katulad nila Ziallyn. Thank you dahil sa loob ng mahabang panahon, napagdesisyonan mong aminin sa akin ang totoo. Sapat na 'yun, wag mo na balikan ang nakaraan, at alam ko kung gaano kasakit 'yun alalahanin para sayo. Wag kang mag-alala at tutulungan kita. Pero pwede mo ba sabihin sa akin ang pangalan ng lalaking tinutukoy mo? Kailangan mahuli ang taong 'yun para matigil na lahat ng kaguluhang to." Pilit ko siyang pinapakalma, may trauma na ang kapatid ko dahil sa nangyari noon sa kanya. Mahigpit ko siyang niyakap nang maramdaman ko ang pagyakap niya sa aking katawan.

"L-Luis, h-hindi ko alam ang apelyido, pero pinakilala niya ang sarili bilang si Luis." Nanigas ako at tila naging bato matapos marinig ang pangalang binanggit sa akin. Luis? Sino ang lalaking ito at anong atraso ng dalawang pamilya sa kanya?

"T-Tumahan ka na, ligtas ka na sa akin. Wag kang mag-alala dahil ligtas sila nanay at tatay mo. Sinabi ko na nasa ibang bansa ka at uuwi pag okay na ang lahat. Emmett, gusto kong sabihin sayo na hindi ka nag-iisa. May totoo kang pamilya na matagal ng naghahanap sayo, kami 'yun at ikaw ang matagal na naming hinahanap na kapatid." Pag-amin kong muli sa kanya, nanalangin na sana matanggap niya ang katotohanan.

"K-Kapatid? K-kayo?" Nangininig na tanong niya.

Marahan akong tumango. "Oo, sinabi ko na sayo noon diba? Hindi mo totoong pamilya ang mga Rodriguez. Ikaw ang nag-iisang kadugo at anak ni Ford Huxley Albrecht, ang totoo mong ama. Siya ang umampon sa amin ng AKRIS at nag-utos hanapin ang isa pa naming kapatid, walang iba kundi ikaw, Emmett Donita Albrecht." Ramdam ko na konti na lang susuko na siya at tatanggapin ang katotohanan.

"T-Talaga? M-Mga kapatid ko kayo?" Tumango ako at tuluyan ng humagulgol ng iyak si Emmett. "I-If you're telling the truth, ibig sabihin nasaktan ko ng sobra si Rochelle? Na kapatid ko?" Lumuluhang tanong sa akin at muli akong tumango.

Ngumiti ako at hinaplos ang kanyang pisngi. "Hindi galit si R, ang lungkot nga niya ng sabihin kong wala ka na. Kung iniisip mong kinamumuhian ka no'n ay nagkakamali ka. Walang may galit sayo at nagsasabi ako ng totoo." Kailangan kong alamin kung sino muna si Luis at anong parte niya sa buhay nila Ziallyn at Rochelle, kung bakit ginawa niya 'yun sa kanila... O baka may iba pang dahilan?

Umiling siya. "N-Natatakot ako magpakita sa kanila, w-what if, kung totoo lahat ng sinabi mo, paano pag nalaman nila ako ang kapatid na matagal nyo ng hinahanap? Matatanggap ba ako bilang isa sa inyo?" Di ko siya masisisi kung ganito ang pag-iisip, pero alam kong matatanggap nila lalo pa at biktima lang din siya.

Binigyan ko siya ng matamis na ngiti. "Oo naman! Bakit di ka tatanggapin ng mga baliw na 'yun? Sampalin ko sila. Isa pa, wala silang karapatan dahil ikaw ang totoong anak. Biktima ka lang din, Emmett. But I'm sorry, kailangan mo manatili sa kwartong to. Hindi ko alam hanggang kailan, pero gusto kong ihanda ka muna bago iharap sa iba. Okay lang ba?" Kailangan ko siyang ihanda, lalo na ang kanyang mental health at katawan. Hindi pwedeng wala siyang matutunan, kailangan niyang matutong lumaban kahit sa self-defense lang, para makatulong sa sarili.

"Pero di kita pipilitin kung hindi ka pa handa. I'm willing to wai-"

"Okay." Oh, I didn't expect her to agree right away. Mabuti na lang at para sa kanya rin naman ang ginagawa ko.

"But before that, kailangan muna natin tanungin ang therapist mo tungkol dito. By the way, ikaw ang panganay sa magkakapatid at ako ang bunso." Sabi ko, sabay turo sa sarili. Kaloka, ako tong bunso pero ako ang maraming ginagawa!

"Not Sj?" Mabilis umikot ang mga mata ko sa kanyang tanong. Lagi nalang napagkakamalan na bunso si babe, sobrang bossy naman kasi masyado at spoiled!

"Di, no. Ako kaya ang bunso, fake bunso lang si babe. Ako bunso nyo, ako, ako, ako." Paulit-ulit kong sabi hanggang sa narinig ko ang kanyang mahinang tawa. Nakita ko na rin siya muling ngumiti makalipas ang mahabang taon!

"Alright, bunso."

"Okay ate, kailangan ko na pala bumalik dahil baka hinahanap na 'ko nila babe. Babalik ako bukas tapos pag wala nang naging problema, sisimulan kitang sanayin."

Tahimik siyang tumango. "Huling tanong, anong pangalan ng ina ko?" Saglit akong natigilan, hindi ko alam ang gagawin kung sasabihin ko sa kanya na wala na kaming ina. Napansin niya ang pagbabago sa aking ekspresyon kaya't nasundan pa niya ang tanong. "M-May ina pa ba ako?"

Tinapik ko ang kanyang ulo saka dahan-dahang umiling at ngumiti. "I'm sorry, matagal nang wala si mommy. Jennifer, Jennifer Albrecht ang pangalan niya." Pag-amin ko, lumungkot siya.

"I see. Sige na, umalis ka na." Taboy niya sa akin.

"Babalik ako bukas," huling sabi ko bago siya niyakap ng mahigpit at nagpasyang umalis ng tuluyan.

Kinabukasan, gaya ng pinangako, ay binalikan ko siya. Naglibot sa underground at dinala sa mga silid kung saan ko siya balak sanayin. Ipinakita ko rin ang mga taong nakakulong sa iba't-ibang kwarto na katabi lang ng redroom at

[Content truncated due to length]

EPILOGUE

-

Bagong taon at balik school na kami. Successful ang engagement party at kompleto na rin kaming magkakapatid. Sobrang saya ng mga kapatid ko, pero mas abot langit ang saya ni dad dahil sa sorpresa naming dalawa ni empakta sa kanya. Ngayon, malinaw na lahat sa mga Ponferrada at alam na kung sino talaga ang tunay na kalaban.

Gumagawa na ng paraan si lolo at dad upang mahanap kung saan nagtatago si Luis. Naging peaceful ang mga nagdaang araw sa dalawang pamilya, wala ng mga demonyo na nanggulo, at mukhang matatagalan pa bago ulit magparamdam ang mga 'yun, lalo na ang dalawang basurang nakatakas dahil mga wanted sila.

Si Emmett, unti-unti na rin nasasanay ngayon kay dad at mas naging open sa pamilya. Magkasama silang dalawa sa bahay, kami naman ng AKRIS ay balik sa bahay ng mga minamahal. Sinabi ni Emmett sa akin na araw-araw dumadalaw si mommy Irene upang dalawin si mommy sa greenhouse. Mahal na mahal niya talaga ang ina namin kahit matagal na itong wala. Gusto ko tuloy malaman ang love story nila, pero ang tragic masyado-mahina ako sa masasakit na kwento.

"Mako? What are you thinking?" Tanong ni Jami habang abala sa paggawa ng chocolate cake ko.

Naghahanda kasi kami dahil papunta na ang iba rito sa bahay namin. Ewan ko kung ano naisip ni empakta at bigla na lang nag-aya manood ng movie. Dito pa talaga? Pwede naman sila manood sa sarili nilang pamamahay! Inimbitahan niya ang iba, pero hindi makakasipot si Ag at Emmett. Di ko alam anong dahilan, pero sabi ni Doraemon may lakad daw siya, at si Dora naman may dinner kasama si dad.

"Jami, pupunta ba si ma'am Lor?" Tanong ko. Mabilis siyang umiling ng hindi inaalis ang atensyon sa cake.

"Do you like Lorelei that much kaya ang lalim ng iniisip mo?" Iniisip ko kung masarap ba ang cake, bakit napunta ang topic kay ma'am Lor at bakit ganyan ang tono ng pananalita? Kalmado at malumanay naman, pero parang may mali.

"Oo, gusto ko siya para sa kapatid ko?" Sabay tagilid ng ulo ko para silipin ang mukha ni Jami.

Mabilis siyang lumingon sa akin, may gulat sa mga mata. "You want her... what?" Umikot ako sa kabilang side ng kitchen island, ipinatong ang baba ko sa mga palad ko at tumango sa kanya.

"Kasi Jami, mukhang bagay sila ni Ag. Tahimik kasi sila pareho most of the time at bihira lang magsalita, diba? Bagay?" Excited kong sinabi habang nagtaas-baba ang mga kilay ko. Ngunit nagtataka ako sa pagkunot ng noo ni Jami, parang hindi niya nagustuhan ang idea ko?

"Your sister is too good for her, and I doubt you're familiar with Lorelei's lifestyle. She's the worst." Ako naman ngayon ang nalito sa sinabi ni Jami.

"The worst? Mas grabe pa ba kalandian ni ma'am Lor kumpara kay empakta? Gano'n ba ang ibig mong sabihin?" Wala akong ibang maisip, kaya 'yun na lang ang tinanong ko. Hindi ko inaasahan na tatango siya.

"Talaga? As in marami siyang kalandian?" Tanong ko ulit.

"Well, let's not talk about that. By the way love, I made a promise to Bern," sabay subo sa akin ng cake at ngumiti matapos kong kainin ito.

"Hmm? Tungkol sa date ninyo?" Dumukot ako ulit ng cake at sinubuan siya.

"Mhm," marahan siyang tumango.

"Okay, di mo na kailangan magpaalam sa akin, Jami. Gawin niyo lahat at mag-enjoy. Gusto ko sumaya rin ang dalawa, at hindi 'yung puro na lang kaligayahan ko ang iniisip ninyo." Ayos lang, at gusto ko talaga na maging masaya rin sila sa dami ng natulong nila sa akin. Oras na para sila naman ang suportahan ko.

"Really?" May dapat ba ikagulat sa sinabi ko?

"Yup-" naputol ang sasabihin ko nang marinig ang tunog ng doorbell.

"Nandito na sila, ako na magbubukas," sabi ko at iniwan siya panandalian sa kitchen. Nagtungo ako sa labas upang salubungin ang iba.

"Horsey! Buksan mo ang pinto! Anong ginagawa niyo, nakailang pindot na ako sa doorbell! Horsey!" Ingay ni babe, hindi makapaghintay at atat masyado!

"Wait lang!" Sigaw ko habang papalapit sa kanila.

"Bayan unggoy! Bagal bagal talaga, diba dapat maliksi kilos pag unggoy?" Hmp, kung wala lang ang mga kasintahan nila, hindi ko talaga sila pagbubuksan!

Dali-dali kong binuksan ang gate at pinaningkitan sila ng mga mata. "Gumagawa kami ng cake! Wag nyo ko itulad sa inyo na manyak, please," iritado kong sabi kay empakta bago umatras upang papasukin sila.

"Good evening po, nasa kitchen si Jami at gumagawa ng midnight snacks," bati ko sa tatlong magpinsan na magkasunod pumasok.

Mabilis kong sinarado ang gate pagkatapos nila Pixie, Everleigh, at Ziallyn pumasok. "H-Hoy unggoy! Papasukin mo kami!" Sigaw ni empakta mula sa kabilang side.

"Ayaw ko, kung gusto nyo pumasok ay maghanap kayo ng paraan." Sagot ko bago hinarap ang tatlong kasama. "Tuloy na po tayo, hayaan nyo sila d'yan." Sabi ko.

"Shuta BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Kitten! Bakit nadamay ako?" Tawag ni Aaar eeeL kaya natigilan ako at lumingon sa kanya. Akala ko pagsasabihan ako na papasukin si donkey, pero tinaasan lang ako ni Ziallyn ng kilay bago nagpatuloy sa paglalakad papasok ng bahay.

"Naknampucha, okay lang yan donkey at akyat bahay ka naman." Sabi ni empakta, magaling mag-comfort.

"True, no false." Pagsang-ayon ko at tuluyan silang iniwan sa labas.

Pagpasok ko, agad akong sumilip sa bintana kung anong gagawin nila. Di nga ako nagkamali at inakyat nila ang malaking gate para lang makapasok. Nagpakawala ako ng mahinang tawa dahil nang tumalon si empakta, sumabit ang kanyang damit, dahilan para mawalan siya ng balance at tuluyang bumagsak ang pwet sa semento.

"Tanga amp BAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Di kasi nag-iingat Riri."

"Gago naman kasi! Tangenang unggoy yan, pinapahirapan tayo!" Reklamo niya habang tinutulungan makatayo at hinimas ang pwetan.

"Love? Where are your sisters?" Biglang tanong ni Jami. Itinuro ko sa kanya ang tatlo na papalapit na sa pintuan ng bahay.

"What happened to Iris?"

"Nahulog, umakyat kasi sila ng gate hehe. Tara Jami at hayaan mo sila." Sagot ko at hinila pabalik si Jami sa kanyang mga pinsan.

Nag-dinner muna kami, walo lang kami kasi nga wala si Emmett at Ag. Ngayon ko lang napansin, by partners pala kaming lahat dito. Konti lang kinain ko kasi baka mabusog, sayang naman mga inihandang snacks ni Jami kung walang kakain no'n mamaya. Iniwan ko sila at nagtungo sa kwarto upang maligo. Nagpalit ako ng pajamas kasi mas comfortable pag ganito ang suot.

"Tao o animal!"

"Punyeta!" Bulalas ko nang biglaang sinipa ni empakta ang pintuan ko.

"Gago, akala namin nalunod ka na kaya pinasundo ka ng asawa mo." Sabi niya at pumasok, mukhang gusto lang mang bwisit sa akin.

"Tapos na, lika nga Riri at patuyuin mo muna buhok ko." Tawag ko sa kanya at binigay ang blower.

"Talikod ka." Utos niya sa akin matapos kunin ang blower.

"Unggoy, may nanggugulo pa ba sa inyo ni Kathlyn?" Seryosong tanong niya.

"Wala, sa tingin ko matagal pa bago ulit sila lumabas dahil kalat na ang wanted posters nila Trisha at Brenton. Tungkol naman kay Luis, wala siyang paramdam after no'ng aksidente namin. Sa inyo ba? Dapat bantayan mo si Everleigh, buntis pa naman 'yun." Paalala ko sa kanya, nakakatakot lang kasi baka mangyari ulit ang pagdukot.

"Hmm, same lang. Siguro tama ka at nagtatago sila, pero di natin alam kung kailan ulit sila kikilos. Wag ka masyado mag-alala, at bantay sarado si uno sa akin." Sagot niya. Mabuti naman kung gano'n, ayaw ko na mapahamak ang mag-ina at pamilya ko na rin sila.

"Ang mahalaga ngayon bunso ay okay at masaya tayo, lalo't kasama na si Emmett. Sabi mag-eenroll siya sa review center kasi gusto mag exam. Umalma pa si dad kasi para saan daw 'yun kung siya naman magmamana sa lahat? Pero syempre, walang palag si dad kasi 'yun gusto ni dora." Dagdag niya.

"Oh? Hindi niya sinabi sa akin tungkol dito." Sagot ko, medyo naguguluhan.

"Ano balak niya? PNP? BFP? BJMP? Hayaan niyo na siya, wag kayong sagabal, pasabugin ko kayo ni dad."

"Wala sa tatlo, gusto raw magturo sa PU, sabi niya?"

"Ha? PU? Bakit gusto niya magturo doon?" Tanong ko. May dahilan ba para magturo siya doon? Wala akong nakikitang dahilan, maliban kung nando'n si Jemama.

"May tanong ako, empakta. Nasan pala si Jemama? Hindi ko na alam kung kailan huling pagkikita namin," sabi ko. Sa haba ng panahon, nakalimutan ko na talaga kung kailan kami huling nagkita.

"Di ko alam. Baka abala sa firm niya. Gusto mo ipahanap ko? Pero para saan?" Tanong niya.

"No, wag na at mas mabuting wag na siya magpakita, tapos na ba? Baka hinahanap na tayo." Sagot ko.

"Oo, diretso na tayong movie room at kanina pa sila nando'n." Sabi niya.

Mabilis akong tumayo at kinaladkad siya palabas ng kwarto saka nagtungo sa movie room. Kaagad akong humiwalay sa kanya upang lapitan si Jami, na nakaupo sa pinakalikod habang ang iba ay nasa unahan. Walang pag-aalinlangan akong kumandong sa kanya at isinandal ang ulo ko sa kanyang dibdib.

Mahigpit niyang niyakap ang tiyan ko bago dampian ng halik ang pisngi ko. "Hi love, you smell so good," bulong niya sa akin.

"Of course, naligo kaya ako." Sagot ko.

"Anong movie papanoorin?" Tanong ni Aaar eeeL, pero nagulat kami kasi may na-play na pala si empakta.

"When Night Is Falling. Lesbian movie?" Sambit ko.

"Maganda ba yan, Riri?" Tanong ni babe.

"Di ko rin alam, kaya nga papanoorin natin. Wag na maingay at manood na lang kayo." Sabi niya at dali-daling gumapang palapit kay Everleigh.

Naglatag lang kami ng malaki at malambot na kutson sa sahig para mas comfortable ang panonood, at nasa gitna ang mga pagkain na inihanda kanina.

"I love you," bulong ni Jami, hindi ako sumagot kasi gusto ko mag-focus sa pinapanood namin. Lesbian movie, so may bold dito? Timing at gusto ko rin matuto kung paano.

Nag search ako ng synopsis nito dahil baka boring at di ko ma gets ang flow. Camille (Pascale Bussières) is a mythology lecturer at a conservative Christian college. She's engaged to be married and is on the path to a stable career. But, when her dog dies, Camille finds her life unraveling. At a low ebb, she crosses paths with fiery circus performer Petra (Rachael Crawford) in a laundromat, and sparks fly. With Petra pursuing her ardently, Camille experiences a sexual awakening and must confront the daunting prospect of changing her entire existence.

Mukhang maganda nga talaga 'to, kaloka si empakta at ang kapal ng mukha niya e-play to sa harap

namin lahat. Wala talagang lugar ang pagiging malandi niya kahit kailan.

"Love, would you like to drink while watching?" Malanding bulong ng aking asawa. Tumango ako at sinabing pagkain din para maging abala ang bibig ko.

Lahat kami focused sa pinapanood, walang nagsasalita at talagang tutok na tutok sa malaking screen sa harap.

"Kyaaa!" Sigawan nila.

Si Everleigh na sinabunutan ang ulo ni Iris no'ng hinila ni Camille si Petra papasok ng bahay at hinalikan ito. Kaloka, ramdam ko rin ang kilig ni Jami dahil sa higpit ng pagyakap sa aking bewang. Ang labi niya nagsimulang maglakbay sa batok ko at mapanuksong dinilaan ako. Hindi ako makafocus sa pinapanood dahil sa kanya.

"J-Jami, behave," saway ko at marahang hinaplos ang kanyang pisngi ng hindi inaalis ang mga mata sa pinapanood. Malamig naman sana kasi naka-aircon, pero bakit ang init ng mukha at katawan ko?

"Hmm, love, can we-"

"No, behave," ulit ko kasi hindi pa tapos 'yung movie no! Bigla niyang inagaw ang baso ng wine ko at nilaklak lahat.

Nakarinig ako ng parang may nagtutukaan sa tabi. Paglingon ko sa gilid, ang kapatid ko at kapatid niya pala. Kaloka, kung bakit kasi Red Horse pinainom niya sa kapatid ko, edi ayan, lasing agad.

"J-J, stop," mahinang bulong ni Pixie, pero rinig ko pa rin.

"Hehe," hmp.

"Sabaok lahat, all sinasakyan habang minamasahe-"

"Tumahimik ka nga, empakta!" Kainis, kay ingay-ingay ng babaeng 'to.

"Hala hala! Omg! Required ba hubarin 'yung bra?" Sabay takip ng mga mata ko sa ginawang pagsakay ni Petra sa likod ni Camille, at mukhang may binabalak na kabalbalan.

"Of course, love," ugh! Bwesit, nakuryente ako bigla sa pagdila ni Jami sa tenga ko.

"Jami, sabi ko mag-behave." Saway ko ulit sa kanya, di naman siguro siya lasing?

"Naknampucha, Uno! Parang relasyon lang pala natin 'to? Si Benten, yang pangit mong fiancé tapos ako si Pogandang Petra na nilalandi mo, ugh ugh." Letching empakta, but true naman 'yung sinabi niya, bagay sa kanila ang movie na 'to.

"Right right." Pagsang-ayon ng isa at maginhawang natawa.

"Pambihira ka Riri at proud na proud." Biglang singit ni Aaar eeeL habang abala sa pag-cuddle sa kanyang pusa.

Nagtilian na naman sila sa ginawang kaharutan ni Petra, pero agad napalitan ng pagkadismaya dahil imagination lang pala 'yun ni Camille. Kaloka, at mukhang nahuhulog na siya sa kabit... parang Everleigh

at Iris lang.

Maya-maya pa, namuo na naman ang init sa aking katawan.

"Tanginang yan! Sumugod para lang makipag-kantutan!" Balikwas na sigaw ni empakta at biglang tumawa ang kanyang katabi.

"Grabeng bunganga yan, napakabanal." Pagpuri ni Aaar eeeL sa kanya.

"Oh, walang pipikit! Panagutan niyo yang pinanood niyo!" Sigaw naman ni babe sa gilid.

"Oh my!"

Nagulat kaming apat na nasa likod nila Aaar eeeL sa biglang pagtulak ni Ziallyn sa kapatid ko at patong niya sa tiyan nito. Ininom ang hawak na alak bago sinunggaban ang labi ng kapatid ko. Omg! Anong alak ba 'tong pinainom nila at ang bilis makalasing?

Buong higpit ko hinawakan ang mga kamay ni Jami dahil nagiging malikot na masyado hanggang sa natapos ang movie. Okay lang naman ang movie, hindi nga lang pinakita ang bed scenes at puro intimate moments lang, pero so far, maganda pa rin.

Biglang tumunog ang malakas na disco music. Nagulat kami sa pagtayo ni Everleigh at may hawak na itong glass of wine at sa kabilang kamay naman, bote ng alak. Anong gagawin niya?

"Kiddo, look at me!" Sigaw ni Everleigh dahil malakas ang background music.

"Hoy! Empakta! Buntis yan tapos pinainom mo?!" Singhal ko sa tulirong gaga.

Si Everleigh nagsimulang gumiling pataas at ibaba sa harap ng kapatid ko at buong akit itong tinitigan.

"Go little pornstar!" Kaloka si Pixie, nag-iiba talaga mga ugali nila pag lasing.

"My God! HAHAHA," itong si Ziallyn, parang minutes ago lang nilaplap niya si Aaar eeeL, tapos ngayon panay na tawa.

"Naknampucha! Mommy vixen! Saan mo nakuha yan?! Ibigay mo sa akin ang bote-pero teka, sige, gilingan mo muna ako!" Sarap barilin ng kapatid ko. Diba nakakasama sa buntis pag uminom ha?!

"Again..."

"Music please!" Sigaw ni Everleigh.

"Jami, okay lang ba yan? Bawal siya uminom diba? Sawayin mo nga." Sabi ko sa kanya. Nag-aalala lang ako sa baby.

"It's okay mako, that's a juice." Sagot niya. Juice pala yan? Akala ko alak, kaya kinabahan ako.

"Okay, mabuti naman kung gano'n." Yung image ni Everleigh sa isipan ko nagbago na.

Kaloka at kinabayo na niya si empakta. Kapag yan talaga pinatulan siya, baka hindi ulit makalakad. Alam niya naman kung gaano kalandi ang empakta na yan.

"Ma'am, tigil na po kayo. Oras na para sa seryosong topic," saway ko kay Everleigh, pero pinatapos muna namin ang pagsasayaw niya at baka magalit pa.

Nag-form kami ng circle by partner. Ayaw nila humiwalay sa amin, edi go na lang kami. Nilipat namin ang mga inumin at pagkain sa gitna. Ito siguro ang unang beses na mag-uusap kami ng seryoso ng magkakasama.

"Okay unggoy, anong gusto mong pag-usapan?" Tanong ni R.

Kumuha ako ng fried squid at pinapak bago sumandal kay Jami, "Hmm, random topics lang, walang biruan at kalokohan." Sagot ko bago isinubo kay Jami ang hawak kong pusit.

"May tanong ako sayo, Ziallyn. Is it better to share your emotions or keep them to yourself?" Direktang tanong ko sa kanya. Sa kanila kasi, siya lang 'yung parang magdadalawang-isip ka talaga at pag-iisipan ng mabuti kung lalapitan siya o hindi dahil sa sobrang intimidating 'yung personality niya.

Inubos niya muna ang alak bago tumingin sa aking mga mata. "I am a person who does not share my emotions with others. But everything changed when I met Ja. I eventually learned how to convey my feelings, especially when I couldn't keep them to myself any longer. But I've been more honest with Rochelle. I want to tell her everything because I don't want her to worry." Puno ng seryosong sagot niyang sinabi. Hindi ko alam kung magiging awkward sa sagot niya dahil kay babe siya unang naging open, but understandable naman kasi totoo lahat ng sinabi niya.

"Hindi ka ba nagsisi sa relasyon nyo ni R?" Sunod kong tanong.

Mabilis siyang umiling, nilingon si R-nagtaasan ang mga kilay ko sa ginawa niyang paghalik sa labi ng kapatid ko at pagkatapos binalik sa akin ang paningin nito. "Nope. I love her so much." Sagot ni Ziallyn.

"Yeeeeee shuta, namumula ang donkey! BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Pati ako kinikilig, letche.

"Ako naman may tanong para sayo, ma'am Eve." Sabi ni babe.

"Sure,"

"Kailan ka nagkaroon ng interes sa kapatid namin?" Agad niyang tanong.

"When she kissed me outside the station. Even though I can't explain it to myself, I'm not ashamed of what she did to take my first kiss." Station? Saan doon? Wala akong maalala.

"Naalala ko na naman kung gaano kayo kalasing, huhu. Si Iris sinayawan si ma'am tapos ninakawan ng halik, tapos si horsey todo giling naman kay Athy," paliwanag ni babe at doon ko lang naalala ang ibig nilang sabihin.

"Naalala ko na! Sinampal mo pa ako tapos nagustuhan mo naman pala! Tingnan mo, dahil sa kaharutan mo Uno ay buntis ka na-kaharutan ko kasi, kako lablab." Pagbawi agad sa sinabi nito dahil aksyon ihahampas ni Everleigh sa kanya ang boteng hawak nito.

"Ako naman may tanong ako para sayo, ma'am Kath. Kung dumating ang panahon na kailangan mong mamili sa dalawa... sino pipiliin mo? Ang kapatid ko o ang ama mo?" Tumaas ang isang kilay ko sa naging tanong ni empakta. Sa daming pwedeng itanong, bakit yan pa?

I giggled nang maramdaman ang yakap ni Jami at dampian ng halik ang leeg ko. "Of course, my wife." Buong lambing na sagot niya.

"Yeeeeee, sabaok, sabaok."

"Ikaw pie? Same question, sino pipiliin mo?" Tanong naman ni R kay Pixie na abala sa pagpisil ng pisngi ni babe.

"My J, my J, my J," naloka at lasing na talaga.

"My turn. Are you still keeping something from us? Is there anything else we should know about you?" Tanong ni Ziallyn. Sabay umiling ang tatlo kong kapatid at napunta sa akin atensyon nilang lahat dahil sa hindi ko pagsagot.

"Krystal?" Tawag ni Pixie.

"Hmm, kung tungkol sa pamilya, kalaban, at etc., wala na. Lahat alam niyo na, pero yes, may tinatago pa ako sa mga kapatid ko." Mahina kong sagot.

Alam kong ayaw niya ipakilala ang sarili, pero ayaw ko rin siyang itago mula sa kanila. Gusto ko siyang maging malaya at ma-recognize ng iba.

"Ang alin, horsey?"

"Actually, hindi lang si Bern ang alter ko. Dalawa sila at may isa pa kayong hindi nakikilala. Hindi niyo namamalayan, pero minsan niyo na siyang nakausap at nakasama bilang host ko." Sagot ko, tiningnan ang reaksyon nila, inaasahan ang mga dismayado nilang ekspresyon ngunit bigo akong makita 'yun sa mga mukha nila.

"Alam namin," sagot ni Aaar eeeL na ikinagulat ko.

"H-Ha?"

"Bungol ka na yata, horsey. Alam namin na hindi lang si Bern alter mo. Di naman kami gano'n kabobo para hindi mapansin ang kaibahan ninyo, pero minsan nalilito talaga kami kung sino ang host dahil sa mga pagpapanggap niyo." Paliwanag ni babe sa akin.

"Eh? Kailan pa?"

"Matagal na at inamin din ni Iris sa amin no'ng lasing siya." Sagot niya. Agad ko binalingan si empakta na nagtatago sa likod ni Everleigh. Gusto ko sana siyang sampalin, pero naisip ko, wag nalang.

"I'm sorry. Ayaw niya kasi talaga magpakilala sa inyo. Ayaw ko rin naman siyang itago mula sa inyo-"

"It's okay, keybold. Naiintindihan naman namin at hinintay lang namin na ikaw ang kusang mag-open sa amin. Kapag handa na, gusto namin siyang makilala." Putol ni R sa akin. Marahan akong tumango at gumaan ang pakiramdam dahil sa kanila. Akala ko magtatampo mga kapatid ko kasi itinago ko ng matagal sa kanila ang tungkol kay KB.

"Okay, ipapaalam ko kapag gising na siya," sabi ko.

Nagtagal ang pag-uusap namin tungkol sa mga bagay-bagay at future plans. Hindi na rin namin sila

pinainom ng sobra dahil may mga pasok pa kami bukas. Pasado alas-onse ng gabi umuwi sila, mabuti hindi lasing mga kapatid ko at nahimasmasan din agad si babe sa isang basong red horse niya. Sila na lang nagmaneho kasi puro lasing na mga kasintahan nila.

Pagpasok ko ng kwarto, akala ko tulog na si Jami, kinabahan ako kasi naka-bra at panty lang siya. Hindi naman niya siguro balak pahirapan ako ngayong gabi, diba? Haler, may pasok kami bukas!

"Bakit gising ka pa, Jami?" Tanong ko at ni-lock ang pinto.

"I'm waiting for you. Hindi ako nakakatulog pag wala ka sa tabi ko. Come here, love," tawag niya at tinapik ang malambot na kama.

Hindi ako nag-inarte at kaagad gumapang palapit at humiga sa kanyang tabi. "Thank you." Bulong ko.

"For?"

"Sa lahat, hehe," sagot ko't yumakap sa kanya.

"My duty is to protect and love you, because I am your wife. Oh, I remember..." kikiligin na sana ako kaso may kasunod pa pala.

"Po?"

"Tomorrow..."

"Ha?"

"Tomorrow-I mean, may company dinner kami bukas kaya baka late ako makauwi." Paalam niya sa akin.

"Sunduin na lang kita." Sabi ko.

"You don't need to-"

"Susunduin kita. Hindi mawawala ang inuman, kaya alam kong iinom ka. Ayaw ko mag-drive ka ng lasing kaya susunduin kita, period." Maawtoridad kong sabi at hindi na siya nakapalag pa.

Ngumiti siya at niyakap ako ng mahigpit. "Okay love, tatawagan kita." Mabuti na magkaintindihan kami.

"Wag kang didikit sa iba. Wag ka rin kumausap sa kahit na sino kung hindi related sa business ang pag-uusapan, maliwanag?" Sabi ko.

"Mhm mhm, yes boss." Mahina niyang tawa bago ako pinaulanan ng mga halik sa mukha.

"Hehe nice, sleep na po tayo. Goodnight Jami." Inaantok na kasi ako dahil sa alak kanina.

"Goodnight love." Binigyan niya ako ng malalim na halik, ngumiti, saka ikinulong ang ulo ko sa kanyang mainit na dibdib at mga braso.

Payapa talaga ang mundo ko sa piling ng asawa ko.

-

Nagtipon kaming lahat ngayon sa bahay ng Albrecht, pinatawag kasi kami ni dad dahil hinahanap kami ni Emmett, lalo na ako. Dito na lang din kami nag-dinner. Siguro sa mga oras na 'to, nag-eenjoy na si Jami doon sa company dinner nila.

"Krystal?" Tawag ni Donita.

"Ay, sorry, ano ulit tanong mo?"

"I'm asking kung free ka bukas? Gusto ko magpasama sayo mag inquire sa review center." Sabi niya.

"Ano ba schedule bukas?" Tanong ko sa ibang kapatid.

"Thursday bukas? Hapon pa schedule natin. Ang bobo mo unggoy, di mo memorized sched mo ha?" Kung hindi na lang kaya siya sumagot para di ako ma-badtrip sa kanya?

"Kung ibato ko tong tinidor sayo?" Iritado kong sagot kay empakta.

Pasalamat siya biglang tumikhim si dad. "Gusto nyo pa ba magpatuloy sa pag-aaral? Hindi nyo na kailangan manatili sa PU ngayon." Tanong ni dad sa amin.

"Isang school year pa po, dad, hindi pa tapos mission ni Doraemon namin." Sagot agad ni babe. Anong mission sinasabi niya? Meron pa ba?

"Meron ba?" Tanong ni Aaar eeeL sa ama namin na magulo rin ang pag-iisip.

"Ha? Meron ba?" Tanong naman nito kay A.

"Kaloka kayo." Sabay iling ng aking ulo.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Meron pa yan, dad. Kailangan niya muna landiin 'yung isang Ponferrada. Di naman pwede kami lang may Ponferrada, no?" Sagot ni Riri. Sinong Ponferrada? Si Lorelei o Cassandra?

"Wag ka maniwala sa kanila. Wala po akong mission." Depensa ni Ag sa sarili.

"Hmm, sige bahala kayo kung gusto nyo magpatuloy. Mas mabuti na rin para mabantayan ang mga magiging asawa ninyo. Basta mag-ingat kayo palagi." Paalala nito sa amin.

"Opo."

"Ikaw anak? Anong gusto ng prinsesa ko? Gusto mo rin ba pumasok sa PU?" Nakakadiri talaga si dad minsan, sa totoo lang. Kaya lumalayo ang loob ni Emmett dahil ang creepy niya minsan. Hmp.

"Gusto ko po muna mag-review for board exam. Sa susunod ko na iisipin pag nakapasa ako." Sagot ni Emmett sa kanya.

"Hmm okay, kung saan kayo sasaya ay gawin nyo lang." Dapat lang, bawal harangan kaligayahan namin.

Naramdaman ko ang pag-vibrate ng phone ko. Kaagad ko 'yun kinuha at nakita ang notification mula kay Jami. Alas nuwebe pa lang at nagpapasundo na siya? Hindi naman siguro siya lasing, no?

"Kailangan ko na umalis," sabi ko.

"Saan ka pupunta, horsey?"

"Susunduin ko si Jami sa company dinner, sabi ko kasi ako susundo sa kanya. Ay Emmett, susunduin kita bukas ng umaga at sasamahan sa review center. Bye dad at kitakits mga hangal." Paalam ko sa kanila at nagmadaling lumabas ng bahay.

Binigyan lang ako ng address ni Jami at hindi na muling nagparamdam pagkatapos kong replyan ang message niya. Hindi ako nag-aksaya ng oras at pinaharurot ang sasakyan upang mapabilis ang pagdating ko sa lugar nila.

Pagdating ko sa address na binigay ni Jami, nakita ko ang isang Chinese restaurant na sinabi niya. Nasa may tapat lang ako nakahinto at lalabas na sana nang makita ko siyang lumabas at may lalaking nakasunod sa kanya.

"At sinong lason ka na dumidikit sa asawa ko?" Base sa kilos ni Jami, mukhang naparami ang inom nito.

Hinarangan siya ng lalaki at pilit kinakausap. Siguro nairita na siya kaya tinulak niya ito ng malakas. Ayaw tumigil kahit tinulak na, at bumabalik pa rin sa pangungulit. Bababa na sana ako nang bigla sampalin ng asawa ko ang lalaki. Halaka! Gaano kalakas ang sampal at parang narinig ko ang impact hanggang dito sa loob ng sasakyan?

"Deserve, malandi."

Bumusina ako at binuksan ang bintana.

"Jami!" Tawag ko at kumaway sa kanya.

"Ah, love!" Bigla ba naman siya tumakbo. Mabilis akong bumaba ng sasakyan upang salubungin siya, buti nasalo ko kaagad bago pa siya matumba.

"Lasing ka? Ngee, bakit naman naglasing ka? Tara uwi na tayo." Bakit ko pa siya tinatanong, e lasing nga. Maingat ko siyang binuhat at ipinasok sa sasakyan. Si Jami hindi makapaghintay at tinadtad ang mukha ko ng mga halik.

"Hi love. I missed you." Hanggang sa pagsuot ko ng seatbelt sa kanya, hindi pa rin ako tinigilan ng asawa ko.

"Teka lang, wag ka malikot at di ko maayos 'yung seatbelt." Sumunod naman siya agad pagkatapos kong sawayin. After ko siyang suotan ng seatbelt, umikot na ako at pumasok sa driver's seat.

"Uwi na po tayo. Bakit ka naglasing?" Tanong ko.

"Because I missed you." Kaloka namang sagot yan.

"Rason ba 'yun para lasingin ang sarili?" Nakakadistract naman tong kamay niya at pababa na sa legs ko.

"Yes, love." Hmp, mamaya na kaya ako landiin pagdating sa bahay.

"Nap ka muna Jami, gisingin kita pag nasa bahay na." Sabi ko.

"Hmm." Mahina niyang ungol.

Wala na akong narinig mula sa kanya after noon kaya akala ko tulog na siya. "Love, please don't leave me. Dapat ako lang mahalin mo... ako lang at walang iba." Mahina pero rinig ko.

Binagalan ko ang pagpapatakbo at binalingan ang asawa kong nakapikit ang mga mata. Buong tamis kong hinaplos ang kanyang namumulang pisngi at ngumiti.

"I love you so much, Mako." Bulong niya. Ang sweet ni Jami kahit lasing, ako pa rin ang iniisip.

Kinuha ko ang isa niyang kamay at mainit na hinalikan. "Leave you? Akala mo ba ipagpapalit kita sa iba? Kaloka ka Jami," sagot ko kahit na alam kong tulog na siya.

Muli kong ibinalik sa kalsada ang mga mata at patuloy dinadampian ng mainit na halik ang kanyang kamay.

"Sa dami ng masasakit na pinagdaanan natin, sa lahat ng sakripisyo at pagtitiis mo para lang sa akin. Hindi ko 'yun sasayangin..."

"Leave you? Pft, that will never happen." Kamatayan lang ang tanging makapaghihiwalay sa atin.

Itinabi ko at hininto ang sasakyan. Buong pagmamahal pinagmasdan ang natutulog kong lasing na asawa. Matamis akong ngumiti, dahan-dahang inilapit ang mukha ko sa kanya, at tuluyan inangkin ang malambot at mainit niyang labi.

"I love you so much, Kathlyn Jamila Ponferrada."

Muli kong pinaandar ang sasakyan, ngunit bago ko pa man ito pinatakbo, narinig ko ang malambing na sagot ng mahal ko.

"I love you too, love."

I don't want our story to end.

I will always love you.

Forever.

The End.

-

A/N :

Hello, my dear readers, I want to say that this is where Krystal and Jamila's story ends, but this is not the end of the plot. Thank you to everyone who loved them and tirelessly returned to their story over and over again.

The entire plot of the PU series can be found in Ag's story (PU4), so for those who have finished reading Ag's story, please refrain from sharing any spoilers hehe. Thank you. ?